

GONZALO A. CAMPOAMOR II

# **WIKA AT PASISMO:**

**POLITIKA NG WIKA  
AT ARALING WIKA  
SA PANAHOON NG DIKTADURA**

**WIKA AT PASISMO**  
**POLITIKA NG WIKA AT ARALING WIKA**  
**SA PANAHOON NG DIKTADURA**

**Gonzalo A. Campoamor II**

Wika at Pasismo: Politika ng Wika at Araling Wika sa Panahon ng Diktadura

©2018 Gonzalo A. Campoamor II at Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman

Hindi maaaring kopyahin ang anumang bahagi ng aklat na ito sa alinmang paraan – grapiko, elektroniko, o mekanikal – nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-sipi.

The National Library of the Philippines  
CIP Data

Recommended entry:

Campoamor, Gonzalo A., II. Wika at pasismo: politika ng wika at araling wika sa panahon ng diktadura / Gonzalo A. Campoamor, II. -- Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas, [2018], c2018. pages ; cm

ISBN 978-971-635-060-9

1. Filipino language – Political aspects.  
I. Title.

499.211 PL6051 P820180105

Zarina Joy Santos  
Maria Olivia O. Nueva España  
Tagapamahalang Editor

Sabine Banaag Gochuico  
Disenyo ng Pabalat

Ang disenyo ng pabalat ay reimahinasyon ng pabalat ng *Today's Revolution: Democracy* (1971) ni Marcos na ginamit sa kasalukuyang pag-aaral bilang batis at lunsaran ng politikal na pagsusuri ng wika sa panahon ng rehimeng batas militar.

Maria Laura V. Ginoy  
Rizaldo Ramoncito S. Saliva  
Disenyo ng Aklat

Kinikilala ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman ang Opisina ng Tsanselor ng Unibersidad ng Pilipinas para sa pagpopondo ng proyektong ito.

Inilathala ng:  
Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman 3/Palapag Gusaling SURP E. Jacinto St. UP Campus Diliman, Lungsod Quezon  
Telefax: 924-4747  
Telepono: 981-8500 lok. 4583

# PAG-AALAY

*Para kay Prop. Monico M. Atienza  
at sa mga biktima ng dahas ng wika at pasismo.*

Gonzalo A. Campoamor II  
May-akda



# PASASALAMAT

**T**aos-pusong pasasalamat sa UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman (UP SWF-Diliman), sa Direktor nito na si Rommel Rodriguez, at sa mga tauhan ng SWF para sa paglathala ng tesis masteral na ito. Ang bulto ng pananaliksik at pagsusulat ay naganap noong bago mapatalsik sa pagkapangulo si Erap. Malaki ang pasasalamat ko sa sumusunod noong mga panahong iyon: Lety Abreu Campoamor, Leezl Campoamor-Olegario, at Eina Campoamor-Olegario. Kina Judy Taguiwalo, Roland Tolentino, Bien Lumbera, Danny Arao, Tonchi Tinio, Lani Abad, Joi Barrios, Sarah Raymundo, Johnatan Pimentel, Ginny Dañguilan, Roselle Pineda, at Elyrah Salanga, mahuhusay na kasama sa Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND) at matatalik na kaibigang walang-kapagurang nagpatalas ng kamalayang susi sa pananaliksik na ito. Kay Monico M. Atienza, tunay kong hinahangaan at nais pamarisang palaisip at tagapagtaguyod ng pag-aaral sa wika at sa simula't simula'y itinuring ko nang tagapayo ng pananaliksik na ito dahil wala nang iba pang aakma. Yumao si Sir Nic noong 2008, habang nag-aaral ako sa ibang bansa at bago pa man masaksihan ang paglathala ng libro. Kay Bomen Guillermo, masipag, masinop, at matalas na tagapagtaguyod ng araling wika, kaopisina at kakuwentuhan ko sa pananaliksik na ito. Kina Susan Alcantara, Rolly Tagaban, at Boyet Bascon. Kina Jess Ramos at Pam Constantino, mga gurong nag-atas sa aking pag-aralan ang ugnayan ng wika at lipunan, nagbigay ng payo, at ni minsang hindi nagdamot ng mga libro. Kina Lilia Quindoza-Santiago at Nilo Ocampo, mga gurong nagbigay ng mahahalagang payo sa pananaliksik. Kina Regie Murillo, Wilma Azarcon, at Christine Manglal-Ian, matitiyagang librarian ng UP Diliman Main Library na nagpahintulot na makakuha ako ng kopya mula sa aklatan ng mga manipesto noong panahon ng batas militar (at inilakip ko

ang ilan sa apendiks) at makakuha rin ng electronic copy ng mga artikulo at libro tungkol kay Marcos at sa batas militar. Lubos na pasasalamat din sa mga naglaan ng pinansiyal na suporta sa pananaliksik na ito: sa Opisina ng Bise-Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad-Unibersidad ng Pilipinas Diliman (Grant No. 00001.1 SSHT); sa Belmonte Foundation, para sa Research Grant; at sa Unibersidad ng Pilipinas, para sa Local Faculty Fellowship Thesis Grant. Taos-pusong pasasalamat.

# AKLATANG BAYAN-ONLINE

**B**ilang patuloy na pagtalima ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman sa misyon nitong palaganapin ang Filipino bilang wika ng saliksik, inilunsad nito ang proyektong Aklatang Bayan Online, isang online resource na proyektong naglalathala ng mga tesis at disertasyong nakasulat sa wikang Filipino.

Pumili ang SWF-UPD ng mga pag-aaral mula sa iba't ibang disiplina gaya ng Araling Pilipino (Philippine Studies), Kasaysayan, Isports, Sikolohiya, Kalusugan at iba pa upang maging panimulang mga materyal na ilalathala sa pamamagitan ng librong digital. Bukod sa layuning mailathala ang mga pag-aaral na isinulat sa Filipino, ginamit din ang anyong digital sa paglalathala nito upang mas madali, mabilis at mas malawak ang desiminasyon ng pag-aaral. Ang pagdownload ng mga tesis at disertasyong ilalathala ay libre din. Maaari itong i-download ng mga nagnanais na gamitin itong sanggunian sa kanilang mga sariling pananaliksik at pag-aaral.

Bukod sa mayaman ang nilalaman ng mga pag-aaral na tampok sa proyektong ito, maganda rin maging sanggunian ang mga ito para sa paghango ng mga batayang kaalaman, idea at metodolohiya kung sa paanong paraan isinulat ang mga pananaliksik gamit ang wikang Filipino. Mapalad ang Unibersidad ng Pilipinas sapagkat mayroon tayong mga miyembro ng akademya (kapuwa mga guro at mga nagtapos na mag-aaral) na matagumpay na napanghawakan ang paggamit ng sarili nating wika upang makabuo at makalikha ng kani-kanilang mga pananaliksik na nasa yugto ngayon ng paglalathala upang higit na mapakinabangan ng mga mambabasa hindi lamang sa loob at labas ng Unibersidad kundi ng bansa.

Hindi magiging matagumpay ang proyektong ito kung wala ang tulong at suporta ng Opisina ng Tsanselor ng UP Diliman, Opisina ng Bise Tsanselor



para sa Gawaing Saliksik at Pagpapaunlad, UP Main Library, higit lalo ang mga manunulat at mananaliksik ng bawat pag-aaral na tampok sa proyektong ito.

Sa ngalan ng lahat ng mga bumubuo ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, pagbati sa lahat ng mga tampok na pag-aaral at mananaliksik sa proyektong Aklatang Bayan Online. Hangad namin na sa pamamagitan ng publikasyon ng mga pag-aaral na ito, patuloy na nakapag-aambag ang Unibersidad ng Pilipinas sa layunin nitong lumikha ng mga kaalamang pakikinabangan ng ating mamamayan at bayan.

#### Aklat Sanyata (Liwanag o Ganda)



Serye ng mga teksbuk sa arte, literatura, wika, at humanidades. Sa wikang Iloko nagmula ang salitang “sanyata,” ibig sabihi’y “liwanag” o “ganda.” Inililimbag sa serye ang mga aklat na magpapayaman sa kultura at diwang Filipino.

# LISTAHAN NG APENDIKS

- I-1 “Radical Papers”
- I-2 Mga talumpati ni Marcos hinggil sa wika
- II-1 Retrato ni Marcos noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig bilang sundalo
- II-2 Kuha ng ilan sa mga medalya ni Marcos
- II-3 Kopya ng Proclamation 1081
- II-4 Proklamasyon ng batas militar
- II-5 Mga susing salita sa rehimeng batas militar
- II-6 Timeline ng rehimeng batas militar
- II-7 Mga susing tao sa rehimeng batas militar



# PAUNANG SALITA

**S**a loob ng napakatagal na panahon, iisang uri ng araling wika at tunguhin sa araling wika ang gumanap ng pangunahing papel sa mga pamamaraan ng mga intelektuwal at intelihensiya. Bilang sintomas ng masidhing pagpapatindi ng panunupil ng mga imperyalistang bansa at ng kaakibat nitong pagpapatupad ng mga mapagsamantalang uri ng lalong represibong aparato ng estado, maituturing na pasista rin ang tunguhin ng dominanteng wika at araling wika. Malaki ang naging impluwensiya at gabay rito ng mga tunguhin ng abstraktong obhetibismong nanaig simula pa noong maagang siglo 19 at pangunahing pinangatawanan ng estruktural na lingguwistika. Samantala, bilang isang kolonya, at kalaunan, bilang isang bagong kolonya (neocolony), sa tulong ng lokal na mapagsamantalang uring sumusunod sa dikta ng imperyalista, nanaig sa Pilipinas ang araling wikang hindi nagpapahalaga sa mga materyal na elemento ng lipunan at sa mga batayang kondisyon nito na mahalagang hakbang sana sa ideolohikal na pagpapalaya sa mga produktibong puwersa at pinagsasamantalang mga uri.

Gayumpaman, bilang bahagi at ideolohikal na manipestasyon ng tunggalian sa lipunan kaalinsabay ng mga kontradiksyon sa loob at labas ng bansa at ng patuloy na pagtindi ng pandaigdigang krisis pang-ekonomiya, naging larangan din ang dominasyon sa araling wika ng matindi at sunod-sunod na pagbatikos at pagsusuri. Ilang mga oryentasyong pang-akademya ang hindi nangiming salungatin ang dominasyon bagaman karamihan sa mga ito ay hindi nasasapol ang mga batayang suliranin sa araling wika, kung hindi man naglalayong makatulong pa nga sa pagpapanatili ng kalakaran sa lipunan.

Natutugunan lamang ng pilosopiya sa wika na nakabatay sa diyalektikong materyalismo at sa materyalismong historikal ang araling wika na makatutulong sa ideolohikal na pagpapalaya ng pinagsasamantalang uri dahil sa ang naturang pilosopiya sa wika lamang ang naghahangad at nagpapamalas ng isang makabayan, siyentipiko, at makamasang pamamaraan ng pagsusuri ng wika. Mahalagang paunlarin ang nabanggit na pilosopiya sa wika lalo na sa bansang Pilipinas dahil angkop at napapanahon. Mahalaga rin ang pagpapaunlad nito hindi lamang para masabayan ang malaon nang praktika ng paggamit ng wika sa antas-ideolohikal na kontra-hegemonya gaya ng ipinamalas ng mga rebolusyonaryong sulatin, kundi para makabuo rin ng araling wika na lampas sa pag-aaral ng tunog, salita, at ayos ng pangungusap na gaya ng isinagawa sa pagsusuri sa politika ng wika sa ilalim ng rehimeng batas militar.

Noong Setyembre 1972, ginamit ng reaksyonaryong pamahalaan ang wika, partikular ang makauring terminolohiya at jargon, para maipahatid ang walang kapararakang demagohiya nito. Dahil sa katangiang kumon sensikal ng wika at ng iba pang anyo ng semyotika, malaki ang naging papel nito hindi lamang para gawing lehitimo ang pananaig sa lipunan, kundi para maibsan ang lantarang mapanupil na paggamit ng militar at karahasan na pangunahin nitong instrumento sa pagpapanatili ng kapangyarihan. Kaya nga mahalagang mabatid na wika rin ang susi sa pagtuklas sa mga hindi nakikita at pagbaklas sa animo'y pagkamanhid ng tao sa kalagayang kinapapalooban nito. Bukod sa pag-analisa sa araling wika, sinuri din ng pananaliksik na ito, na nagsimula bilang tesis masteral at ngayo'y inilalathala ng Sentro ng Wikang Filipino, ang isang panlipunang penomenon na napapailalim sa represibo at ideolohikal na rehimen. Wika sa loob ng isang klima ng takot at pananakot. Pananaliksik na naniniwalang ang panahon ng digmaan ang "pinakamabisang laboratoryo" para pag-aralan lalo't higit ang wika. Sinasang-ayunan ng pananaliksik ang paniniwalang hindi maaaring ipaghiwalay ang wika at ideolohiya. Kaya't pinag-aralan nito ang mga ideolohikal na teksto at diskurso para tukuyin ang mga paraan kung saan ipinapanatili ng kahulugan o signipikasyon ang ugnayan at dominasyon. Binasa ang mga katangiang lingguwistiko bilang senyas sa isang sistemang ideolohikal. Kaakibat nito ang paniniwala na ang diskurso ay nagpapahayag ng at inoorganisa ng espesipikong ideolohiya. Isinapraktika ang paniniwalang ito sa pag-aanalisa ng diskurso para tukuyin ang ideolohiyang napapaloob dito. Sa gayo'y, pinag-aralan ang diskurso ng batas militar para matukoy ang pasistang ideolohiyang nasa likuran nito.

# NILALAMAN

## WIKA AT PASISMO

### Politika ng Wika at Araling Wika sa Panahon ng Diktadura

- 1**    Introduksiyon
- 7**    Dominante at Tradisyonal na Araling Wika
- 21**   Apat na Bugso ng mga Tugon sa Araling Wika
- 81**   Marxistang Pilosopiya ng Wika bilang Angkop at Napapanahong Paraan ng Araling Wika
- 123**   Kalagayan ng Araling Politika ng Wika sa Pilipinas
- 135**   Politika ng Wika at Araling Wika sa Kaso ng Rehimeng Batas Militar
- 199**   Mga Kongklusyon at Implikasyon
- 205**   Apendiks
- 447**   Sanggunian



# I

## INTRODUKSIYON

**B**ilang pangunahing panlipunang institusyong inatasan, kung hindi man mayroong disposisyon, na sumuri sa wika sa pamamaraang siyentipiko, hindi bagong usapin sa publikong akademyang Pilipino ang araling wika at patunay dito ang maraming gradwadong tesis na nagsusuri sa iba't ibang wika. Gayumpaman, sa kahabaan ng kasaysayan (partikular mula sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano, o kung kailan naging publiko ang edukasyon) at dulot na rin ng sistemang pensiyonado na nagbunga ng mga lingguwista na nasanay sa isang estruktural na lapit sa pagsusuri ng wika, iilan lamang ang pag-aaral na lumalampas sa singkroniko at gramatikal na pagturing. Iilan lamang ang araling wika na tinaguriang “suprasentensiyal” o pag-aaral ng wika nang hindi nalilimita ng estruktura ng pangungusap at pagbuo ng salita, tunog, o pangkalahatang imaheng batay sa nakatakdang sistema. Dadalawa pa nga lamang sa larang ng politika, o partikular sa aralin ng ugnayan ng wika at ng estado, ang nakapaglaan ng mahalagang ambag sa antas ng teorya at paglalatatag ng mga praktikang may direktang kinalaman sa wika.<sup>1</sup> Dagdag pa, walang isang tiyak na sangay sa pamantasan na maaaring hirangin o tukuyin bilang tagapagpadaloy o tagapagtakda ng mga tunguhin ng araling wikang lumalampas sa antas ng pagsusuri sa anyo o hugis ng mga pangungusap. Kahit ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) ng Unibersidad ng Pilipinas (UP), na sentro ng kahasayan sa araling wika, ay nalilimita sa mga akademikong programang estruktural na pag-aaral, pagsasalin, at pagmamapa o pagpaplano ng wika<sup>2</sup> bagaman sa paglipas ng panahon mula halimbawa sa pagtatakda noong 1935 ng estado

---

<sup>1</sup> Tatalakayin pa sa teksto ang mga kontribusyon nina Ela Atienza (ugnayan ng wika at ng makakanang elemento ng lipunan) at Monico Atienza (ugnayan ng wika at ng makakaliwang elemento ng lipunan).

<sup>2</sup> Ang tatlong larang na ito ay ang mga pangunahing digring gradwado sa DFPP hanggang sa kasalukuyan.



ay marami nang panlipunang kaligirang dapat na limiin at iteorisa hinggil sa pambansang wika. Ito ay sa kabila ng katotohanang hitik at hinog ang anumang magiging pagtalakay rito gayundin ang mahuhusay na kaguruan para bumuo ng progresibong kaisipan sa araling wika na nakakonteksto sa kasaysayan at tunggalian sa lipunan. Sa katunayan, marami sa kaguruan nito, malay man o hindi, ang paisa-isa at unti-unting nag-aambag sa ganoong tunguhin, partikular ang mga nagsusuri ng panitikan at ang mga manunulat. Panghuli, ang ibang departamentong labas sa Departamento ng Lingguwistika ng UP ay panaka-naka lamang na naglalabas ng publikasyon at pananaliksik hinggil sa tunggalian sa wika. Lalong hindi makakaasa sa mga departamentong iyon para bumuo ng malinaw, bago, at progresibong tunguhin sa araling wika, lalo pa nga't ang mas pinagtutuunan ng pansin ay ang kani-kanilang larang na patuloy pang nagkakawatak-watak at umiimpis batay sa kumikipot na espesyalisasyong malayo sa pag-aaral ng wika—kumbaga'y hindi tulad ng pagtutok ng isang departamento ng Filipino. Kaya nga nakatutuwang makadiskubre ng mga mananaliksik mula sa mga disiplinang musika at inhenyeriya na sinusuri ang wika, bagaman kadalasa'y limitado lamang sa tunog—kumbaga'y hindi ukol sa tunog-imahe o sound-image na tinuringan ni Saussure.

Ito ang konteksto at dahilan ng pagkakabuo ng kasalukuyang libro, na nagmula sa isang pananaliksik para sa digring masterado. Tinatangka nitong buksan ang posibilidad ng pagkakaroon ng lehitimo at katanggap-tanggap na uri ng araling wikang higit sa pag-aaral ng tunog ng salita, estruktura ng pangungusap, at sistemang gramatikal ng wika. Hindi naman malayong isipin na kakambal ng ganitong tunguhin ang peligro ng subhetibismo, o ng kawalan ng obhetibong pamantayang kay tagal nang inalagaan ng mga kilalang lingguwista magmula kay Saussure hanggang kay Chomsky, sa dahilang hindi nalalayong isipin o madaling palabasin na walang kontrol ang mananaliksik sa pinag-aaralan nitong wika kung hindi nito pinag-aaralan ang itinuturing na mga pinaka-obhetibo nitong anyo—tunog, salita, at pangungusap. Batay sa mga pagtingin na nabanggit, at alinsunod lalo na sa mga realisasyon nito, napagbatid ang kahalagahan na suriin hindi lamang ang realidad ng wika bilang lugar ng politika at tunggalian, kundi ang kapuwa mahalagang pagsusuri ng araling wika bilang lugar ng politika at tunggalian.

Upang maisakatuparan ang mahahalagang pagsusuring ito, inaral ang pag-unlad at tunguhin ng iba't ibang uri ng araling wika sa labas ng bansa at ang impluwensiyang dulot nito sa loob ng bansa. Magiging detalyado ang

pagtalakay lalo na sa politika ng araling wika at politika ng wika sa panahon ng dekada sitenta sa dahilang sa panahong ito rin naging pinakaproduktibo ang mga nabanggit na aralin. Dulot na rin iyon ng matinding pandaigdigang krisis sa ekonomiya na nag-udyok pa sa mga naghaharing uri at imperyalistang bansa na unti-unting ipataw ang pasismo dahil sa internal (loob ng bansa) at eksternal (kaugnay sa ibang bansa) na pakikitunggali nito, hanggang sa rurok ng karahasan noong dekada sitenta. Nasabing pinakaproduktibo ang naging pag-unlad dahil sa realidad na sa mga panahon ding iyon lantarang nagkaroon ng ideolohikal na tunggalian sa mahalagang usapin ng ugnayang wika-lipunan na nakasalalay sa kongkretong tunggalian sa mismong lipunan. Samakatwid, hindi lamang nagkataon ang kapansin-pansing paglaki ng guwang sa pagitan ng mapagsamantalang uri at pinagsasamantalang uri na naranasan ng mga mamamayan at ng Pilipinas. Kaalinsabay, sa gayon, ng kahalagahan ng pag-aaral ng kalakaran sa araling wika ang pag-aaral sa politika ng wika sa ilalim ng rehimeng batas militar. Ito ang magsisilbing aplikasyon o praktika, bilang mas angkop na termino, ng mga tunggalian sa kaisipan at sa realidad na tutukuying kalakaran sa araling wika noong mga panahong iyon. Ang mga ito ay tututok sa pag-aaral sa paggamit ng wika bilang instrumento ng kapangyarihan at wika bilang materyal na manipestasyon ng pasistang ideolohiya ng reaksyonaryong pamahalaang Marcos sa ilalim ng balatkayong kilusang demokratiko at palinghenetikong kinilala bilang “Bagong Lipunan.” Bukod sa pagiging kakontemporaneo ng pag-unlad at pag-usbong ng iba’t ibang paraan ng pagsusuri ng wika, mahalaga ring talakayin ang politika ng wika sa panahong nabanggit dahil sa ipinapamalas nito hindi lang ang lugar ng wika sa matinding krisis panlipunan kundi maging ang papel nito sa pasistang anyo ng pamamahalang pangunahing ginagamit sa pagpapanatili ng kapangyarihan.

Pangkalahatang layunin ng libro ang tukuyin ang politika ng wika at politika ng araling wika sa konteksto ng pandaigdigang krisis pang-ekonomiya ng mga dekada sitenta at ng pasismong dulot ng rehimeng batas militar. Kaakibat na mga espesipikong layunin ang sumusunod: (1) Alamin ang realidad ng pagkakaroon ng dominasyon sa larangan ng pandaigdigang araling wika; (2) Isa-isahin ang mga araling wikang humamon sa dominante at tradisyonal na araling wika; (3) Pahalagahan ang pilosopiya ng wikang nakabatay sa makauring teorya ng lipunan; (4) Tantiyahin ang lugar at patutunguhan ng araling wika, partikular sa Pilipinas, sa konteksto ng politika ng wika; (5) Suriin, sa pamamagitan ng pinahalagahang pilosopiya ng wika, ang diskurso ng batas militar / bagong lipunan bilang repleksiyon ng

pasistang anyo ng pamamahala at repraksiyon ng wika bilang lehitimasyon ng hegemonya at pagpapanatili nito; at, (6) Tiyakin ang posibilidad na gamitin ang wika bilang lugar ng kontra-hegemonya o kontra-kultura.

Dahil sa ang pag-aaral na ito ay relatibong bago kung pagbabatayan ang mga pag-aaral na tumatalakay sa politika ng wika at sa araling wika, pangunahing limitasyon ang kasalatan ng mga kaugnay na teksto at pananaliksik na maaaring balik-aralin. Bukod sa hindi tuwirang nauugnay sa kasalukuyang pananaliksik, karamihan sa mga natagpuang teksto at pag-aaral ay mas angkop na talakayin hindi bilang pagbabalik-aral o pagsusuri kundi bilang direktang ugnay at bahagi ng mismong pananaliksik—dahil na rin sa isa sa mga pangunahing tunguhin nito ay ang imapa ang iba't ibang tunguhin, magkasalungat man o hindi, sa araling wika sa loob at labas ng bansa.

Dahil sa bahagi naman ng mga tunguhin ng pananaliksik ang pagsalungguhit sa anyo ng araling wikang nagtuturing dito bilang panlipunang penomenon, ang pagtalakay ng metodolohiya at pagtalakay ng batayang teoretikal ay bahagi, at hindi lamang itinuturing bilang panimulang pangangailangan o panimulang kondisyon, ng pagtalakay at kaalinsabay sa pagtalakay ng kalakaran sa araling wika.

Ang mga ito ang dahilan kung bakit hindi madaling sumunod sa tradisyonal na pamantayan at anyo ng pagsulat at pagbalangkas sa kasalukuyan. Sa katunayan, ang sumusunod na tsapter ay ilang bahagi ng pananaliksik kung saan kaakibat na tinatalakay ang pagsusuri ng kaugnay na mga pag-aaral. Isa pa, ipinagpapaliban sa ikatlo at ikaapat na kabanata ang pagtalakay ng batayang teoretikal dahil isinasapraktika na ang mahalagang kaisipang ito kaalinsabay ng diskusyon sa pag-unlad ng mga araling wika.

Pangalawang tsapter ang maikling pagtalakay sa dominante at tradisyonal na aralin sa wika o araling wika. Ang bahaging ito, na sususugan pa ng mga susunod na tsapter, ang dahilan kung bakit maituturing ang kasalukuyang pag-aaral hindi lamang bilang pag-aaral ng (politika ng) wika kundi maging pag-aaral ng at pagtugon sa (politika ng) araling wika. Pangatlong tsapter ang diskusyon sa mga “reaksiyon” o tugon sa nabanggit na dominante/tradisyonal na araling wika. Bilang direktang kaakibat ng pangatlong tsapter bagaman hindi direktang produkto nito, pang-apat na tsapter ang pagtalakay sa hindi lamang batayang teoretikal ng pananaliksik na ito kundi ipinapanukala at pinaninindigang napapanahong paraan ng araling wika sa pamamagitan ng Marxistang pilosopiya.

Dahil naman sa lawak ng sakop at sa gayo'y dami ng bilang ng posibleng lunsaran ng pagtalakay sa politika ng wika sa ilalim ng rehimeng batas militar, nilimita ko ang mga araling wika gamit ang mga kilalang makauring salita at makauring jargon ng reaksyonaryong pamahalaan. Matutunghayan ang mga pagtalakay na ito sa mga kabanata bilang lima, anim, at pito. Umaasa ako na magsisilbing pintuan at lunsaran ang mga pagtalakay na ito sa mga susunod pang pagsusuri ng wika, gamit man o hindi gamit ang ipinapanukalang paraan ng araling wika.



## II

# DOMINANTE AT TRADISYONAL NA ARALING WIKA

Sa kontemporaneong panahon, itinuturing na dalawa ang pangunahing sangay sa larang ng araling wika at pilosopiya ng wika. Hindi na tatalakayin ang mga araling wika sa mga mas naunang panahon dahil maaari namang ipagpalagay na bahagi na ang mga iyon ng mga nabuong aralin sa loob ng nakaraang siglo; alalaumbaga’y bahagi na ng sentido kumon. Ang dalawang batayang “trend” o eskuwela ng pag-iisip na tinutukoy ay, una, ang Vossler School, at pangalawa ang Geneva School. Isa sa mga pangunahin at naunang gumawa ng ekstensibong pagtalakay sa dalawang ito ay ang relatibong di-kilalang Rusong palaisip na si Valentin Nikolaevic Volosinov.<sup>3</sup> Sa pangkalahatan, sinusuma ng mga kataga o pantawag na ginamit ni Volosinov sa dalawang iskul ang kaniyang pananaw sa mga ito. Ang unang trend ay tinawag niyang “indibidwalistkong subhetibismo” (individualistic subjectivism)<sup>4</sup> at ang pangalawang trend, “abstraktong obhetibismo” (abstract objectivism) (Volosinov 1973, 48). Sa kasalukuyan, patuloy pa ring malakas at nagbibigay ng makabuluhang impluwensiya ang abstraktong obhetibismo samantalang may mga labi pa rin ng impluwensiya ang indibidwalistkong subhetibismo lalo na sa larangan ng usapin ng (indibidwal na) sikolohiya at iba pang aralin sa psyche ng tao.

---

<sup>3</sup> Binibigkas ito na nikolaevich at voloshinov

<sup>4</sup> Mahalagang banggitin na tinuturing nina Ladislav Matejka at I. R. Titunik, ang mga tagasalin ng libro ni Volosinov na *Marksizm i filosofija Jazyka / Marxism and the Philosophy of Language*, na hindi sapat ang katagang “individualistic subjectivism” at wala na silang mahanap na mas angkop na gamitin. Wala namang binanggit na kahinaan ng katagang “abstraktong obhetibismo”. Sinususugan ko rin ang paggamit ng mga salitang ito.

## Indibidwalistikong Subhetibismo

Ayon kay Volosinov, itinuturing ng indibidwalistikong subhetibismo ang indibidwal na malikhaing pagsasalita (act of speech) at ang paglikha sa wika (language creativity) bilang batayan ng wika. Dagdag dito, pinapamahalaan ng mga batas ng indibidwal na pag-iisip/sikolohiya ang mga batas ng paglikha sa wika. Ang mga batas na ito aniya ang pinag-aaralan ng mga lingguwista at pilosopo ng wika sa unang trend. Si Wilhelm von Humboldt (Humboldtian linguistics) ang tinuturing na nagtatag ng trend na ito. Gayumpaman, itinuturing na ang Vossler School ang nagkamit ng pinakamakapangyarihang pag-unlad at may pinakamalawak na sakop ng pagkaunawa sa unang trend (Volosinov 1973, 50). Tinukoy ni Volosinov na ang apat na pundamental na pananaw ng unang trend ay tumutugon sa sumusunod na mga batayang panuntunan (Volosinov 1973, 48; akin ang salin):

1. Aktibidad ang wika, isang walang katapusang proseso ng paglikha (energeia) na naisasakatuparan ng mga indibidwal na pagsasalita (speech act);<sup>5</sup>
2. Batas ng indibidwal na sikolohiya ang batas sa paglikha ng wika;
3. Mapakahulugang paglikha ang paglikha ng wika, tulad ng paglikha ng sining;
4. Ang wika bilang yari nang produkto (ergon), bilang matibay na sistema (lexicon, grammar, phonetics), ay ang hindi kumikilos na pabalat (inert crust), tumigas na lava ng paglikha ng wika [na siyang ginagawang abstraktong konstrak ng lingguwistika para lang sa interes ng praktikal na pagtuturo ng wika bilang isang yari nang instrumento].<sup>6</sup>

Ang Vossler school, na tinatawag ding “ideyalistikong bagong pilolohiya” (Idealistische Neuphilologie),<sup>7</sup> ay kinabibilangan nina Karl Vossler,

<sup>5</sup> Hindi ako kampante na gamitin o hiramin ang katagang “speech act” sa mga sipi kay Volosinov. Bagaman hindi ko pa nakikita ang orihinal na teksto ng libro ni Volosinov sa wikang Ruso, na inilathala noong 1929, hindi ako naniniwalang “speech act” ang ginamit na salita ni Volosinov. Pinakamalapit na marahil ang paggamit niya ng dalumat nito—kaya minarapat kong gamitin ang salin na “pagsasalita” o “pananalita”. Sa palagay ko’y naimpluwensiyahan lang sina Matejka at Titunik, noong mga taong sisenta, ng teoryang Speech Act ni Austin noong mga taong sisenta.

<sup>6</sup> Minabuti kong ipaloob sa braket ang huling pahayag sa #4 una, dahil, walang relatibong kahalagahan ito sa apat na alituntunin, maliban lang sa pagbubukod o paghihiwalay ng naturang alituntunin kumpara sa alituntunin ng pangalawang trend; pangalawa, ayaw kong bigyang-diin ang bahaging ito dahil sa ganang akin, dependisibo ang oryentasyon nito laban sa pangalawang trend na wala namang sandigang kronolohikal o batayang historikal, maliban lang marahil sa paggigirian ng mga tagasunod ng bawat trend. Pansinin din na ang ginamit na salita ay “lingguwistika” na tinutukoy ang uri ng pag-aaral sa “abstraktong obhetibismo”.

<sup>7</sup> Unang sumulpot sa kalagitnaan ng siglo 18 ang sa kalauna’y tatawaging komparatibong pilolohiya

Leo Spitzer, Eugen Lorck, at Gartraud Lerch. Bukod sa pinaniniwalaang pagsunod ng Vossler school sa apat na nabanggit na panuntunan, kilala rin ang teoretikal na pundasyon nito sa pagbasura sa linggwistikong positibismo, dahil sa kawalang-kakayahan nito (ng linggwistikong positibismo) na pag-aralan ang anumang lalampas sa porma/anyong linggwistiko (linguistic form) (Volosinov 1973, 50). Mas madalas kaysa hindi, pinaka-“positibo” o pinaka-“siyentipikong” uri na ng pag-aaral na naisasagawa ng Vossler school ay ang pag-aaral ng mga anyong ponetiko (phonetic form). Dagdag pa rito, ang tanging mahalaga para sa purong estetikong pagkakaunawa ni Vossler sa wika ay ang artistikong pagpagpapahalaga sa anumang penomenong linggwistiko—“Linguistic thought is essentially poetic thought; linguistic truth is artistic truth, is meaningful beauty (sa katunayan, kaisipang patulâ ang kaisipang linggwistiko; mapakahulugang kagandahan ang katotohanang artistiko, ang katotohanang linggwistiko)” (Volosinov 1973, 51; Akin ang salin). Nakita ni Volosinov na naniniwala si Vossler na hindi dapat tangkilikin ang wika bilang isang sistemang yari na, kagaya halimbawa ng pagturing ni Saussure sa konsepto niya ng langue, kundi bilang indibidwal na malikhaing pagsasalita (Sprache als Rede). At alinsunod dito, mula sa pananaw ng paglikha ng wika, hindi kinabibilangan ng mga pormang gramatikal (matibay, di-nagbabago, maaaring gamitin ng ibang tao) ang pagsasalita. Bagkos, isang napakahalagang katangian ng bawat pananalita ang istaylistikong kongkretisasyon at modipikasyon ng mga abstraktong pormang gramatikal, na siyang mag-iindibidwalisa at tiyak na magkakarakterisa ng anumang pagbigkas (utterance) o pananalita (Volosinov 1973, 51).

### **Abstraktong Obhetibismo**

Kaiba sa unang trend, tinutukoy naman ng abstraktong obhetibismo ang sistemang linggwistiko bilang sistema ng ponetiko, gramatikal, at leksikal na mga porma ng wika. Ang sumusunod naman ay ang mga batayang panuntunan nito (Volosinov 1973, 57; Akin ang salin):

1. Ang wika ay isang matibay at hindi nagbabagong sistema ng karaniwang hawig na mga anyong pangwika (normatively identical linguistic forms) na nakikita ng indibidwal na kamalayan bilang yari na at hindi na maaaring tutulan ng nasabing kamalayan.

---

(comparative philology). Nakabase ito sa paniniwalang napapailalim ang wika, tulad ng iba pang produkto ng kultura ng tao, sa pangkalahatang kamalayan ng kasaysayan. Dito na nga magmumula ang paniniwala na ang wika ay repleksyon ng kasaysayan/lipunan/kultura. Binanggit ito sa artikulo ni Tony Crowley na “That Obscure Object of Desire: A Science of Language” na nasa Joseph at Taylor 1990, 28.



2. Ang mga espesipikong batas ng lingguwistika, sa mga koneksiyon ng mga sign sa loob ng isang saradong sistemang lingguwistika, ang batas ng wika. Obhetibo ang mga batas na ito kumpara sa anumang subhetibong kamalayan.<sup>8</sup>
3. Walang kinalaman sa mga kahalagahang ideolohikal (artistiko, kognitibo, at iba pa) ang mga espesipikong koneksiyong lingguwistika. Hindi inuugat sa mga motibong ideolohikal ang penomenong wika. Sa pagitan ng salita at ng kahulugan nito, walang nakukuhang koneksiyon na natural sa at nauunawaan ng kamalayan, wala ring koneksiyong artistiko.
4. Mula sa punto de bista ng wika, nagkataong/di-sinasadyang mga repraksiyon at mga baryasyon lang, o malinaw at simpleng distorsiyon lang ang mga indibidwal na pagsasalita ng mga pormang “normatively identical”; ipinaliliwanag ng mga indibidwal na diskursong ito ang mga pagbabago ng mga pormang lingguwistika, [pagbabago na irasyonal at walang saysay sa pananaw ng sistema ng wika].<sup>9</sup> Walang koneksiyon, walang nagsasalo o nagkakaisang mga motibo sa pagitan ng sistema ng wika at ng kasaysayan. Dayuhan ang mga ito sa isa’t isa.<sup>10</sup>

Marahil ang pagtukoy sa mga alituntunin ng dalawang tunguhin (trend) sa modernong pilosopiya ng wika ang pinakamalaking kontribusyon ni Volosinov na hindi gaanong nakilala sa buong mundo, maging hanggang sa kasalukuyan. Marahil ay dahil sa limitadong sakop ng pagkakabasa ng kaniyang libro o marahil dahil na rin sa pagkakatago o pagkakasunog ng mga kopya ng libro niya noong inilathala ito noong 1929 noong panahon ng pamumuno ni Stalin sa Rusya, kaya hindi ito gaanong lumaganap sa ibang larangan ng akademya.<sup>11</sup> Nito na lamang nabasang muli ang akda ni Volosinov sa pamamagitan ng saling 1973 nito.<sup>12</sup> Ano’t anuman, pinakamahalaga para sa akin hindi lamang ang pagtukoy sa mga alituntunin ng una at pangalawang trend, kundi higit ang pagkilala sa mga alituntunin

<sup>8</sup> Nagbigay ng elaborasyon ukol dito si Volosinov (1973, 54).

<sup>9</sup> Sa palagay ko, ang mga pahayag na ipinaloob ko sa braket ay mas pormulasyong reaksiyon ni Volosinov kaysa mga artikulo ng tinutukoy niyang alituntunin ng abstraktong obhetibismo. Sa salin nina Matejka at Titunik sa libro ni Volosinov, hindi naka-italics ang mga pahayag na nakabraket (nasa Volosinov 1973, 57). Kung magkagayo’y ang tinutukoy na sistema ng wika rito ay hindi ang sistemang gramatikal ng pangalawang trend kundi isang kumon sensikal na sistema ng wika.

<sup>10</sup> Maganda ring basahin ang detalyadong paliwanag at kritik ni Volosinov sa pangalawang trend na ito sa mga pahinang 52 hanggang 63 ng libro.

<sup>11</sup> Tatalakayin pa sa susunod na bahagi ng diskusyon ang implikasyon ng “pagpupurga” (purge) kasama ang mga sulatin ni Volosinov noong panahon ng pamumuno ni Stalin sa Rusya.

<sup>12</sup> Salin nina Ladislav Matejka at I. R. Titunik.

ng abstraktong obhetibismo bilang mga antithesis na umuukol sa nauna. Sa gayon, umuukol din sa diyalektikal na ugnayan ang dalawang tunguhin.

Hanggang ngayon, walang malinaw na matutukoy na personaheng nagtatag ng pangalawang tunguhin—hindi tulad ng unang tunguhin na mayroong Humboldt. Naniniwala naman si Volosinov na bagaman walang representatibo at walang nagtatag, maaaring iugnay ang ugat ng pangalawang tunguhin sa rasyonalismo ng siglo 16 at siglo 17, sa kaisipang Cartesian. Kinakitaan naman ito ng matalas na ekspresyon sa pagkaunawa ni Leibniz sa unibersal na grammar. Ano't anuman, tinuturing din niya na makikita ang pinakakapansin-pansing ekspresyon nito sa mga panahong iyon (maagang siglo-19) sa Geneva school ni Ferdinand de Saussure (Volosinov 1973, 58).

Inilathala ang pinakamaimpluwensiyal na libro ni Saussure noong 1916. Pinamagatang *Cours de Linguistique Générale* (Kurso sa pangkalahatang lingguwistika, o CLG), kompilasyon ang libro ng tatlong set ng mga tala ng mga naging estudyante niya noong nagturo siya sa University of Geneva noong 1907 hanggang 1911—lumalabas na dinidispatsa ni Saussure ang mga tala niyang ginagamit sa klase, pagkagamit na pagkagamit ng mga ito (Saussure 1916/1959, xiii-xv). Hindi pa agad na naging matunog si Saussure sa akademikong mundo maliban marahil sa ilang piling lugar sa Europa—halimbawa, kung babasahin ang libro ni Volosinov, mapapansing di-birong malaki ang naging impresyon ni Saussure kay Volosinov. Pero noong mga taong sienta, lubos at halos naging ganap ang impluwensiya ni Saussure, hindi lamang sa larangan ng mga araling wika kundi maging sa larangan ng aghamtao. Hindi iilang intelektuwal sa Europa pa nga ang tumangkilik sa kaniya bilang ama, hindi lang ng lingguwistika, kundi maging ng estrukturalismo. Kung tutuusi'y higit pa rito ang impluwensiya ni Saussure kung isasaalang-alang ang impluwensiya ng kaniyang simulain sa iba't ibang sangay ng aghamtao. Kaya nga minsan nang namutawi ng isang manunulat na maging ang mga lingguwista ay hindi na makilalang estruktural na lingguwistika ang pinagmulan ng mga ilang sangay ng aghamtaong gaya ng estruktural na antropolohiya, estrukturalistang poetika, at sikoanalisis.<sup>13</sup>

Ilan sa mga pinakamakapangyarihang pananaw ni Saussure ay may kaugnayan at tumutukoy sa lingguwistikong *sign* (senyas o tanda), pagiging arbitraryo ng wika, at sinkronikong salik ng wika. Binigyan at binibigyang-din si Saussure ng atribusyon sa mga pananaw niya sa panlipunang aspekto ng wika.

---

<sup>13</sup> Si Ann Banfield ang nagbanggit nito sa introduksiyon niya sa salin ng librong *L'amour de la langue* (Ang pagmamahal sa wika) ni Jean-Claude Milner (nasa Milner 1978/1990, 2).

Pangunahing konsepto niya sa linggwistikong sign ang *signifier* (signifiant) at *signified* (signifié). Ang signifier aniya ay ang materyal na sangkap o ang salita o marka o patern ng tunog, kaya nga tinawag niya rin itong *sound-image* o tunog-imahe na representasyon (ng konsepto) (Saussure 1916/1959, 67) na kadalasang nauunawaan ng tao sa pamamagitan tainga o mata. Ang signified naman ay ang mental na konsepto o dalumat.<sup>14</sup> Kaiba sa tradisyonal na araling wika—na mga napag-aralan at kinalakhan ni Saussure—hindi naniniwala si Saussure na ang esensyal na ugnay ng wika ay sa pagitan ng salita at ng (materyal na) bagay. Nangangahulugan na ang dalumat ni Saussure ng sign ay ang pagkakaroon ng wika ng relatibong awtonomiya sa realidad. Hindi naman ito kataka-taka dahil lumalabas na ang pangunahing layon niya sa pagpormulisa ng wastong paraan ng pagsusuri ng wika ay sa pamamagitan ng pagsusuri mismo sa wikang internal (internal linguistics). At gaya ng nakagawian ng larang ng siyensiya noong maagang siglo 19, anumang labas sa organismo, o sa kaso ng wika, sa sistemang linggwistiko (grammar), ay hindi niya layong pag-aralan (cf. Saussure 1916/1959, 9-18). Ikalawa, naniniwala siya na arbitraryo ang ugnayan ng signifier at signified at ipinapalagay niyang hindi na sa pamamagitan ng tinagurian niyang tradisyonal na etimolohiya o pilolohiya mababatid ang batayang estruktura ng wika. Bagkos, pinakamabisa aniyang makakamit ito sa pamamagitan ng pagkakaintindi o pag-unawa sa kung papaanong nagbabago ang estado ng wika o kung paano nagbabago ang mga espesipikong kumpigurasyon at kabuuang linggwistiko nang hindi sumasalalay sa kasaysayan, lipunan, politika, heograpiya at iba pang panlipunang salik. Dagdag dito, ipinapalagay na walang natural na ugnayan sa pagitan ng signifier at signified, maliban lang sa isang ugnayang kumbensiyonal (nakagawian at nakasanayan) at walang motibo o layon sa isa't isa kung kaya't itinuturing niyang arbitraryo. Nangangahulugan na ang wika (partikular ang kaibuturan nitong tinukoy ni Saussure na *langue*) ay isang nagsasariling sistema ng mga sign, na kaalinsaba'y ay itinuturing niyang pangunahing obheto ng siyentipikong pagsusuring lingguwistika, at sa gayo'y, ayon nga kay Paul Copley, walang pananagutan sa konteksto nito (Copley, 1996: 2) at maituturing na isang siyentipikong pag-aaral ng wika para sa wika. Pangatlo, inilatag ni Saussure ang dalawa pang magkatambal na konseptong patuloy na ginagamit ng mga

---

<sup>14</sup> Madalas malito ang mga mambabasa sa idea ng signifier at signified. Kapuwa nasa antas ng linggwistikong pag-unawa ang dalawa, at wala pa sa antas ng katotohanan o tunay na mundo (sa ganitong kaso, ang upuan sa isang silid o mga upuan sa isang silid-aralan). Halimbawa, ang signifier na “upuan” ay tumutukoy (lamang) sa signified na konsepto ng isang bagay na kadalasang ginagamit para maupuan. Hindi sa anumang partikular na pisikal na upuan sa paligid-ligid natin.

mag-aaral ng wika: ang *langue* at ang *parole*. Ayon kay Saussure, ang *langue* ay ang indibidwal at natural na bahagi ng wika (langage) na ipinapalagay na umaayon sa isang estruktura o isang buong sistema o “koleksiyon ng mahahalagang kumbensiyon” (Saussure 1916/1959, 9). Ang *parole* naman ay ang indibidwal na pananalita o pagsasalita gamit ang sistema’t pamantayan ng wika bilang at naaayon sa isang proseso. Ayon kay Paul Copley, ang *langue* ay isang sistema ng mga pagkakaibang pinagsasaluhan ng isang komunidad para makalikha ng mga pagkakataon ng *parole* (Copley 1996, 2; Tignan din ang Copley at Schulz ed. 2013, 224). Gayunpaman, hindi rin naman mapapasubalian ang kontensyon ni Saussure na ang basehan ng katotohanang panlipunan ng wika ay eksklusibong makakamit lamang sa antas ng estruktura (Lechte 1994, 151).<sup>15</sup> Iginigiit man ang antas estruktural, kinikilala pa rin ng hindi iilang awtor si Saussure sa pagdadala niya ng pokus ng araling wika tungo sa pag-aaral ng lipunan at kultura sa isang estado ng pag-unlad nito. Dito marahil ihinihiwalay si Saussure sa mga naunang pagpokus sa mga pag-aaral ng mga indibidwal na pagkilos o gawi, partikular sa “indibidwalistikong subhetibismo” sa usapin ng araling wika. Gayumpaman, kung may kontribusyon si Saussure sa pagpokus sa pag-aaral ng lipunan at kultura, nananatiling aspekto lamang ito. Ang kontribusyong ito ay isang di-direktang impluwensiya nito sa mga ibang pagkilos sa araling wika. Mahihinuha ito sa anyo ng mga reaksiyon sa estrukturalismong kadalasang iniuugnay kay Saussure ng mga estrukturalistang naimpluwensiyahan niya at nag-alok ng mga bagong interpretasyon dito—Levi Strauss, Roland Barthes, Emile Benveniste, Jacques Lacan, at kasama na si Pierre Bourdieu—o kaya’y ng mga reaksiyon at ng kilusang kontra-estrukturalismo.

Bago pa man talakayin ang mga nabanggit, hindi naman dapat kaligtaan ang pang-apat na makapangyarihan at kapuwa kontrobersyal na pananaw ni Saussure. Binibigyang-pribilehiyo din ni Saussure ang sinkronikong lingguwistika (viz-a-viz diyakronikong lingguwistika) na naglalayong bumuo ng “mga pundamental na prinsipyo ng sistemang idiosinkroniko,” kasama na ang pangkalahatang grammar (Saussure 1916/1959, 101).<sup>16</sup> Ayon

---

<sup>15</sup> Marahil ay sa pagkakataong ito ko lamang maisisingit ang aking sapantaha sa nosyon at dalumat ng “estruktura” lalo’t higit sa usapin at pagkakaiba ng estruktura ng wika at estruktura ng lipunan. Maaga pa ma’y dapat nang ipagbukod ang estruktural na konstruksiyon sa antas ng wika at ang estruktural na konstruksiyon sa antas ng lipunan. Tunay nga namang napakalaking limitasyon para sa progresibong araling wika ang pananatili sa isang estruktural na antas ng pag-aaral nito—bagaman kasabayang kinikilala ko ang kahalagahan ng naturang gawain. Lalo pang magiging makabuluhan ito kung iaangat ang argumento sa antas ng panawagan na hindi dapat maipit o paipit sa limitadong (pag-aaral ng) estruktura ng wika dahil sa ganang progresibong aralin, mayroon pa ring malinaw na estrukturang panlipunan na kailangan at mas mahalagang aralin.

<sup>16</sup> Isa sa mga pinakamatutunog na kritik sa ideang ito gayundin sa iba pang idea ni Saussure ay ang kontemporaryong iskolar na si Tony Crowley, awtor din ng *The Politics of Discourse: The Standard*

nga kay Volosinov, itinuturing ni Saussure ang kasaysayan bilang isang “irasyonal na puwersang sumisira sa lohikal na kalinisan ng sistema ng wika” (Volosinov 1973, 61). Dagdag pa niya, ang sistemang sinkroniko, sa obhetibong punto de bista, ay hindi umaayon sa tunay na prosesong historikal. At para sa isang historyador ng wika na may diyakronikong pananaw, hindi tunay ang sistemang sinkroniko. Nagsisilbi lamang ito aniya bilang “timbangang ng kumbensiyon na magrerehistro ng anumang paglihis [sa kumbensiyon] sa anumang pagkakataon” (Volosinov 1973, 66; Akin ang salin). Pinaniniwalaang binabangga ng sistemang sinkroniko ni Saussure ang dalawang impluwensiyal pa ring pananaw sa wika. Una na rito ang paniniwalang ang wika ay salamin ng pag-iisip at nakabatay sa lohikang unibersal. Pangunahing nagpausbong ng kaisipang ito sina Antoine Arnauld at Claude Lancelot sa akda nilang *Grammaire de Port-Royal* (Grammar sa Port-Royal, 1660; Tingnan ang Arnauld at Lancelot 1975). Para sa mga tinaguriang grammaristang Port-Royal, ang wika ay rasyonal. Pangalawa ang linggwistikong pananaw noong siglo 18 na ginagamit ang kasaysayan ng isang partikular wika para maipaliwanag ang kasalukuyang katayuan o estado nito (Lechte 1994, 149). Kung tutuusin, malay naman si Saussure sa mga kilusang linggwistikong nabanggit. Sa katunayan, ikinumpol niya ang mga ito sa pangkalahatang araling semiolohiya na aniya’y isang siyensiya na umaaral sa “búhay ng mga sign sa loob ng isang lipunan” (Saussure 1916/1959, 16). Pero giit niya, ang wika lamang mismo ang dapat na pag-aralan (ibid.).

Pansamantala muna nating lilisanin ang direktang diskusyon kay Saussure hanggang sa makatuntong na tayo sa ikalawang tsapter na tatalakayin naman ang mas mahahalagang implikasyon ng sakop ng impluwensiya ni Saussure at ng estrukturalismo sa larangan ng araling wika. Sa ngayon, pasadahan muna natin ang dalawang impluwensiyal na personahe sa araling wika. Pahapyaw na matatalakay ang dalawa sa dahilang mahalaga ang kanilang kontribusyon hindi lamang sa pilosopiya ng wika kundi maging sa pagtukoy sa ilang mga kahinaan ng internal (kung minsa’y itinuturing na “pormal”) na lingguwistikang inanak ni Saussure.

Taliwas kay Saussure, at taliwas sa naunang apirmasyon ni Banfield na malawakang pagsunod sa inumpisahan ni Saussure, naniniwala si Claude Levi-Strauss, estrukturalistang antropologong Pranses, na wala na sa uso, lalo na sa disiplina ng antropolohiya ang lapit na sinkroniko. Gayumpaman,

---

*Language Question in British Cultural Debates* (1989). Isa sa kaniyang mahahalagang kontribusyon sa kritik sa tangka ni Saussure na ihiwalay (kung hindi man pawalambisa) ang baryasyong historikal at panlipunan sa araling wika ay ang sanaysay na “That Obscure Object of Desire: A Science of Language.” Nasa Joseph at Taylor (1990, 27-50).

sa kabila ng pag-aatubili ni Levi-Strauss na sundin si Saussure sa lapit na sinkroniko sa mga pag-aaral niya, litaw naman sa hindi iilan niyang mga aralin ang impluwensiya nito, at kalaunan, ang impluwensiya rin nilang dalawa sa araling wika. Pinakakilala si Levi-Strauss sa paghubog niya ng isang ponemikong analisis ng mga mito at seremonya. Naglaan si Levi-Strauss ng apat na bolyum ng libro (may mga petsa mulang 1967 hangang 1971) para sa mga pag-aaral niya ng mga mito. Kaya nga tulad ng nauna nang binanggit, malaki ang naging impluwensiya ni Saussure hindi lamang sa larang ng araling wika kundi gayundin sa mga larang ng aghamtao. Makikita halimbawa sa mga aralin ni Levi-Strauss ang impluwensiyang estruktural ni Saussure sa pamamagitan ng mga modelong linggwistikong ginamit niya. Halimbawa, sa pag-aaral niya ng mga mito, mayroon siyang tinutukoy na isang master code ng mga mito (na maaaring ikumpara sa *langue*) kung saan maipapadron ang lahat ng mga indibidwal na mito (na maaaring ikumpara sa konseptong *parole*) (cf. Cobley 1996, 4).<sup>17</sup> Sa pag-aaral naman niya ng mito ni Oedipus, mayroon siyang tinatawag na mga *mytheme* na umano'y mga yunit ng mito (kumbaga'y mga yunit ng isang kabuuang sistema). Bagaman masyadong simplistiko, maaari itong ikumpara sa ponema at morpema sa lingguwistika. At tulad ng mga batayang yunit ng lingguwistika, mayroon ding oposisyong binary ang mga nasabing *mytheme* (Selden 1997, 73). Naniniwala si Levi-Strauss na ang estruktural na padron ng mga mito ang nagbibigay o nagtatakda sa mga ito ng kahulugan. Sa makabuluhang pagsusuma sa pananaw ni Levi-Strauss nina Raman Selden, Peter Widdowson, at Peter Brooker:

Hinahanap niya ang ponemikong estruktura ng mito. Naniniwala siya na maisisiwalat ng modelong lingguwistikong ito ang batayang estruktura ng pag-iisip ng tao—ang estrukturang namamahala sa kung papaanong hinuhubog ng tao ang kanilang mga institusyon, mga artepakto, at mga anyo ng kaalaman. (Selden et al. 2005, 68; Akin ang salin)

Kaya nga hanggang sa kasalukuyan, napakalaki pa rin, lalo na sa araling wika, ng implikasyon ng pananaw na ito na “prinograma ang pag-iisip ng tao ng mga nauna nang tinukoy na set ng mga coordinate: wika.”<sup>18</sup>

---

<sup>17</sup> Mayroon ding lokal na pagtatangka sa kahalintulad na pamamaraan si Isagani Cruz sa akda niyang “Si Lam-ang, Si Fernando Poe, Jr. at si Aquino”. Sa sanaysay na ito na nagwagi ng ikalawang gantimpala para sa sanaysay sa Carlos Palanca Memorial Awards noong 1984, inilista niya ang master code ng mito at ginamit ito bilang pamantayan ng modernong konsepto ng kabayanihang Pilipino.

<sup>18</sup> Direktang sipi mula kay Levi-Strauss (Nasa Cobley 1996, 4). Puwede rin itong ihambing sa teorya nina Sapir at Whorf. Samantala, bukod kina Sapir at Whorf, tatalakayin naman sa ikatlong tsapter ng pag-aaral na ito, ang impluwensiya at problematisasyon sa papel ng wika sa pag-iisip ng tao.

Tulad ng kapuwa niya estrukturalista na si Levi-Strauss, pinag-aralan ni Roland Barthes ang sistema ng tao sa pagpapakahulugan para mahanap ang grammar, sintaks, at ponemikong patern nito. Kilala at mas naiuugnay, lalo na noong mga taong singkwenta at taong sienta, si Barthes sa larang ng semyotika lalo na dahil sa libro niyang *Mythologies* (1957/1972). Pinag-aralan niya rito ang pagpapakahulugan na tinawag niyang “signipikasyon”—partikular, analisis at kritik ng burges na kultura at lipunan—sa pamamagitan ng mga mensahe at imahe na ginagamit sa kulturang popular gaya ng patalastas at mass media, at kulturang pampanitikan sa kaniyang panahon. Pero maging ang nasabing libro ukol sa semyotika ay itinuturing na estrukturalista, na oryentasyong ginamit din niya sa iba pang librong gaya ng *Système de la mode* (Wika ng fashion, 1967). Gamit ang simulain ni Saussure, sinubukan niyang unawain ang signipikasyon sa lipunan gamit ang estruktura nito. Kaalinsabay nito ang pagsandig din niya sa ilang katangian ng estruktura ng wika kagaya ng kaniyang kontribusyon hinggil sa “denotasyon” at “konotasyon”. Aniya, ang konotasyon ay ang kakayahan ng litaw na denotatibong sign na ipamalas o ipabatid ang pangkalahatang sistematikong gamit nito, o kumbaga’y isang master code ng mga halagahin at paniniwala. Ito ang dahilan kung bakit itinuturing ni Jean-Jacques Lecercle si Barthes na “medyo Marxista” sa dahilang sa kabila ng estruktural, kung hindi man kadalasa’y mekanistikong reduksiyon sa estruktura, ng paniniwala ni Barthes, nalalapit sa konsepto ng ideolohiya ang konsepto nito ng konotasyon (cf. Lecercle 2006. 169-170).

Sa tinagal-tagal ng panahon at maging hanggang sa kasalukuyan, naging impluwensiyal ang mga pananaw ni Saussure. Hindi mahirap paniwalaan ang realidad na ito lalo pa’t sa paglilipat-lipat ng kamay ng mga nasabing pananaw ukol sa wika, iba-iba ang naging pagbasa at pagpuna kay Saussure. Isang bagay ang malinaw, hanggang sa kasalukuyan, nananatiling impluwensiyal ang estrukturalistang turing sa penomenong wika na pinangunahan ni Saussure. Tigib ang sakop ng impluwensiyang ito, halimbawa, sa mga terminong ginagamit na, direkta o di-direkta mang iniuugnay sa lingguwistika ni Saussure, pamalit o alternatibo nito. Una sa lahat ay ang pinakapopular at kadalasang panawag dito, “structural linguistics” o estruktural na lingguwistika. Minsa’y tinatawag rin itong Linguistic Analysis.<sup>19</sup> Kinikilala rin ito bilang “formal linguistics” o pormal na lingguwistika. Malaki ang politikal na implikasyon nito dahil sa paggamit ng salitang “pormal,” maaaring pagbukurin ang mga bagay sa pamamagitan ng pagtatakda ng

<sup>19</sup> Ginamit ni Volosinov bilang kasingkahulugan ng tinutukoy sa papel na ito bilang “linguistics” (Volosinov 1973, 4).



lugar na paroroonan ng mga ito bilang: nasa sentro o nasa gilid halimbawa. Samakatwid, sa pamamagitan ng nasabing pagtatakda, lumalabas na sentral at pangunahing kalakaran ang pormal na lingguwistika samantalang marginal ang ibang uri ng araling wika. Kaakibat nito ang katagang “internal linguistics” o panloob na lingguwistika. Ito ang terminong ginamit mismo ni Saussure sa paghahambing niya sa tinatawag niyang eksternal na lingguwistika, o anumang nasa labas ng isang tiyak na sistema. Aniya, ang internal na lingguwistika ang dapat tangkilikin bilang wasto at siyentipikong araling wika. Ang lingguwistikang ito ay walang iba kundi iyong mga naaayon sa panuntunan ng pinaniniwalaan niyang siyentipikong pamamaraan ng araling wika. Sa kasalukuyang kalagayan, ito ay ang pilosopiya sa wika na tinawag at pinuna-kinilala nga ni Volosinov na abstraktong obhetibismo, o pagsusuri ng wikang itinuturing na siyentipiko sa dahilang lubhang nilimita nito ang parametro ng mga susuriing bagay, hanggang sa puntong wala nang materyal na batayan ang pagsusuri, kung hindi man ipinilit ang materyalidad nito (gaya ng sa kaso ng “bulgar na materyalismo” o “reduksiyonismong pisikal”<sup>20</sup>).<sup>21</sup> Naniniwala si Saussure na kabilang sa araling wika na itinuturing niyang eksternal (external linguistics) ang sumusunod: ang ugnayan ng kasaysayan ng wika at kasaysayan ng isang lahi o sibilisasyon; ang ugnayan sa pagitan ng wika at ng politikal na kasaysayan; ang ugnayan ng wika at anumang anyo ng institusyong panlipunan gaya ng simbahan at paaralan; anumang heograpikal na pagkalat ng mga wika at pagsasangay-sangay ng mga ito (cf. Saussure 1916/1959, 20-21). Dagdag pa ni Saussure, na alalaombaga’y nagtatakda ng awtentisidad ng internal na lingguwistika at, sa kabilang banda, pagiging huwad ng eksternal na lingguwistika, tanging ang mga siyentipiko sa internal linguistics ang ituturing na “tunay.”<sup>22</sup>

<sup>20</sup> Kadalasang ginagamit ang mga katagang ito upang ilarawan ang metodolohiya ni Noam Chomsky sa pagsusuri ng wika. Bagaman ang normatibong lingguwistika ni Chomsky ang masasabing nagmana ng dominanteng posisyon ng estruktural na lingguwistika, limitado ang pagtalakay ko sa kaniya sa librong ito dahil mas napapabilang ang programang pananaliksik niya sa mas makabagong panahon. Lampas ito sa tinutudlang panahon ng batas militar.

<sup>21</sup> Sa artikulo ni Tony Crowley na “That obscure object of desire: A science of language”, ipinamukha niya ang disbentahe ng pagturing sa pag-aaral ng wika sa pamamaraang sikoanalitikal na “pagnanais” (desire), o mas angkop na “pagnanasa”. Sa palagay ko, hindi makatarungang ilapat kay Saussure ang pamamaraang ito dahil ang validity ng konseptuwalisasyon ng internal na lingguwistika ay nakasalalay sa konteksto ng panahong nagteorya si Saussure nito. Panahon iyon ng maraming kagila-gilalas na tuklas sa siyensiya. Kung tutuusin, panahon din iyon kung kailan pinaka-angkop na maisalang ang panlipunang penomenong gaya ng wika sa isang siglo-19 na pagturing sa “siyentipiko”. Mas maaaring gamitin ang anyong-Crowley na kritika sa mga katulad halimbawa ni Jean-Claude Milner (partikular ang libro niyang *L’amour de la langue*) o kaya ay ang mga pagsusuri ni Jacques Lacan sa, partikular na idea niya ng “lalangue”.

<sup>22</sup> Si Tony Crowley ang isa sa mga unang umalma hinggil dito (nasa Joseph at Taylor 1990, 36). Pansining ang mga pahayag na tulad nito ang siyang nagiging mitsa ng mainitang pagtatalo hinggil sa usapin ng araling wika. Madalas kasing itinuturing ng hindi iilang akademisyan na gahibla ang nipis ng pagitan ng “tunay” at “di-tunay” na aralin; “siyentipiko” at “di-siyentipiko”; “matigas/mahirap/hard” at “malambot/madali/soft” na siyensiya.



Kinikilala rin ang estruktural na paraan ng araling wika bilang “linguistics proper” o mismong lingguwistika.<sup>23</sup> Tinukoy ito ni Norman Fairclough sa librong *Language and Power* (1989) sa pagtatangka niyang ikumpara ang lingguwistika—na minsa’y ibinabansag sa mga sangay ng mga araling wika na nasa disiplinaryang akademiko ng “linguistics”—sa sangay na pinaglalaanan ng matayog na pagtanaw (kaya tinawag na “linguistics proper”). Alalaombaga’y ito ang lingguwistikang wasto, tumpak, tama, angkop, karapat-dapat, bagay, natatangi, at nauukol. Sa depinisyon ni Fairclough, ito ay ang pag-aaral ng grammar, o sa malawak na pagkakaunawa, pag-aaral ng “mga sistema ng tunog (ponolohiya), ng estrukturang gramatikal ng mga salita (mopolohiya) at mga pangungusap (sintaks), at ng mas pormal na mga aspekto ng kahulugan (semantika)” (Fairclough 1989, 6; Akin ang salin).

Kahanay ng “linguistic proper” ni Fairclough at ng “abstract objectivism” ni Volosinov—bagaman mas mabalasik sa una at mas mahinahon sa pangalawa—ay ang pantawag na ginamit ni Crowley na “mythological monoglossic”. Hindi talaga ito ginagamit ng mga matatawag nating pangkalakarang linggwista para ipakilala ang intensiyon nila sa akademikong mundo dahil derogatoryo ang pantawag na ito—gaya ng at hindi nalalayo sa “abstract objectivism” ni Volosinov. Ginamit lamang ito ni Crowley bilang delimitasyon ni Saussure sa wika at para ihambing ito sa idea ni Bakhtin na “at any given moment of its historical existence language is heteroglot from top to bottom” (sa anumang pagkakataon sa historikal na pag-iral nito, heteroglot ang wika mula ulo hanggang paa) (Sipi ni Crowley kay Mikhail Bakhtin; Joseph at Taylor 1990; Akin ang salin). Nakabatay ang monoglosya sa paniniwalang walang tunggaliang nagaganap sa wika dahil mayroon itong kaisahan (tulad ng unibersal na oryentasyon ng langue ni Saussure at ng “competence” ni Chomsky) na ano pa’t nakabatay naman sa diskurso ng paghihiwalay, pagbubukod, o eksklusyon.<sup>24</sup>

Samantala, dahil sa mga modipikasyon ni Noam Chomsky sa pamamagitan ng tinatawag na transformational generative grammar, ginagamit na rin sa kasalukuyan ang “syntactic theory” o teoryang sintaktiko.<sup>25</sup>

<sup>23</sup> Bukod sa pagtukoy sa sinonimong “wasto”, sa tradisyong “Fr. English, C.Ss.R”, puwedeng bigyan ng praktikal na sinonimo ang salitang “proper” bilang “oo, ito na nga, ito na nga ang dapat na pag-aralan, ito na nga ang bukod-tanging siyensiyang lingguwistika.”

<sup>24</sup> Maganda ring sumangguni sa librong inedit ni Stephen Harold Riggins na *The Language and Politics of Exclusion: Others in Discourse* (1997) na ano pa’t hindi maikakailang isa ring antas ng politika ng wika.

<sup>25</sup> Mahalagang banggitin din na sa pamamagitan ng transformational generative grammar, nakapagbigay ng mahalagang kontribusyon si Chomsky sa larangan ng araling wika sa pamamagitan ng pagpapakilala niya sa idea ng competence, performance, at malalim na estruktura (deep structure). Nangangahulugan ito na ang estruktural na araling wika ay hindi dapat nagtatapos sa antas ng “walang katapusang pag-catalogue ng mga bigkas/pagsasalita”. Pangalawa, muling ibinubukas nito ang malikhaing kakayahang

Bagaman hindi talaga ginagamit o inaakò ng mga tagapagtaguyod ng estruktural na lingguwistika ang terminong “tradisyunal,” inilalahok ko na rin ito dahil tinawag naman ni Chomsky sa libro niyang *Language and Mind* (1968) na “Modern Linguistics” ang sumusulpot pa lamang noong pag-aaral sa pangunguna ng mga behavioral scientist (Hodge at Kress 1979, 3).<sup>26</sup> Sa librong ito, pinuna niya ang umuusbong pa lamang (kaya ipinasyang bansagang “moderno”) noon na “behavioral” na oryentasyon sa araling wika. Ayon kay Chomsky:

*Modern linguistics shares the delusion...that the modern ‘behavioral sciences’...achieved a transition from ‘speculation’ to ‘science’...the ‘behavioral sciences’ are merely mimicking the surface features of the natural sciences; much of their scientific character has been achieved by a restriction of subject matter and a concentration on rather peripheral issues...it would be very difficult to show that the narrowing of scope has led to deep and significant results.* (Nasa Hodge at Kress 1993, 3)

Samakatwid, tumindi rin ang mga kontradiksiyon sa mga usaping akademiko sa mga panahong ito, mga taong sienta at sitenta, kaalinsabay ng pagtindi ng mga kontradiksiyong panlipunan lalo’t higit sa Indotsina. Hindi maaaring hindi makabilang dito ang araling wika.

---

ng tao sa wika, alalaombaga’y naramdaman niya ang pangangailangan sa pagbabalik sa mga sinaunang tradisyon—ikumpara sa indibidwalistikong subhetibismo. Pangatlo, dahil sa paniniwala niyang mayroong likas na kognitibong abilidad—na kung hindi pa nga ako nagkakamali ay minsang isinalin niya sa paniniwalang mayroong espesipikong organ o bahagi sa utak—ang tao na dahilan ng pagkakamit niya ng competence sa wika, inilalayo nito ang isang mekanistiko at estatikong pananaw na “stimulus-response” at “tagabigay-tagatanggap” (cf. Lechte 1994, 49), sa kabila ng tendensiya rin naman nitong maging kapuwa mekanistiko at estatiko.

<sup>26</sup> Kapansin-pansing malaki ang yamot ni Chomsky sa oryentasyong “behavioral” na nauna na niyang tinutulan noong mapansin niyang may aspektong behavioral ang teorya ni Saussure dahil na nga sa mekanistiko at pasibong pananaw nitong komunikatibo na may prinsipyong “stimulus-response”.



### III

# APAT NA BUGSO NG MGA TUGON SA ARALING WIKA

**H**indi ko alam noong una kung ano ang itatawag sa pangunahing katangian ng kabanatang ito. Nauna ko nang binanggit na tatalakayin ko rito ngayon ang mga “reaksiyon” sa nabanggit sa nagdaang kabanatang dominante at tradisyonal na mga araling wika. Gayumpaman, alangan ako sa ganitong pormulasyon sa dahilang baka kailanganin pang magpasintabi sa mga awtor ng iba’t ibang pananaw o araling wika na hindi sumusunod sa alituntunin ng dominanteng oryentasyon sa pag-aaral nito. Hindi naman lingid sa kaalaman ng lahat ng iskolar na hindi iilan sa mga likha nilang pormula o kaisipan ay nabubuo, kadalasan, dulot ng pagkakataon lamang. Isa bagang mahusay o matalas na pagkakahabi nang walang anumang kinalaman sa ibang naunang kaisipan. Alangan, samakatwid, na magmistulang pinaliliit ang mga pananaw na ito bilang simpleng reaksiyon lamang. Hindi iilan sa mga pananaw na gagamitin sa ibaba ay may nababanggit na direktang pagtutol sa teorya ni Saussure, kumbaga’y binabanggit mismo si Saussure habang isinasagawa ang kanilang pagtutol. Ang iba naman ay hindi lamang sumasalungat sa estruktural na pag-unawa sa wika at estruktural na pag-aaral nito, kundi maging o estatiko at metapisikal na pagturing sa pag-aaral ng kultura at lipunan. Mahirap kung gayon na ilugar ang karamihan sa mga ito bilang reaksiyon lamang; kumbaga, maaaring itinuturing na sekondaryong usapin ang estrukturalistang araling wika dahil may mas malalim na ugat ang di-kawastuhan nito, o mas masahol, wala kasing elemento ng pagkukusa na matatagpuan dito. Pero, para sa kagaangan na lamang ng retorika at argumento, pansamantala ko munang gagamitin ang naturang salita at sa susunod na mga bahagi na lamang lilinawin. Ipaliliwanag din naman kasi kung nakatutok sa araling wika o sa malawak na konteksto ang mga reaksiyon at tugon.

Sa pangkalahata'y mahahati sa apat na grupo ang mga naging reaksiyon sa tradisyonal na araling wika, sa pangkalahatang araling wika, at sa malawakang aralin sa kultura at lipunan. Ang una ay ang pangkat ng mga palaisip na umusbong ang mga paniniwalang kaalinsabay ng pagputok ng estrukturalismo ni Saussure noong mga taong sisenta, bagaman hindi nila kakontemporaneo si Saussure. Karamihan sa kanila ay hindi nakatuon sa wika ang mga pananaw kundi mas higit sa araling panitikan o aghamtao—hindi ba't paradoksikal dahil binuhay ng maraming palaisip ang mga pananaw ni Saussure sa wika para gamiting hulma at sukatan ng mga pag-aaral sa panitikan at aghamtao. Kabilang sa grupong ito ang mga tinukoy bilang post-estrukturalista (Benveniste, Lacan, at Derrida), mga teoristang speech act (Austin at Searle), teoristang reader-response (Fish), at mga teoristang panlipunan (Volosinov, Bernstein, at Halliday).

Pinagsama-sama ko naman sa isang grupo ang apat na pangunahing tagapagbunsod ng mga usaping panlipunan at pangwika na kung hindi man umuukol at tumutugon ay umaakma (at sa gayo'y gamitin ang kanilang mga pananaw noon) sa mga sigaw at susing salita ng mga dekada 60 at 70—kamalayan, ideolohiya, politika, puwersa/kapangyarihan at iba pa. Kabilang dito sina Pierre Bourdieu, Mikhail Bakhtin, Michel Foucault, at Louis Althusser. Binigyan ko ng bukod-tanging konsiderasyon sa kasalukuyang pag-aaral ang mga pananaw ng apat na taong nabanggit. Ito ay sa dahilang sila ang malinaw na naghabi ng landas na tatahakin ng progresibong pagkaunawa sa araling wika at araling panitikan sa konteksto ng pagkukulang ng unang tinukoy kong grupo—samakatwid, malaki ang pagkukulang ng unang grupo sa malinaw na pagtatakda ng kahinaan ng tradisyonal na lingguwistika. Halimbawa, mas malinaw na tinahak nina Bakhtin at Foucault sa pamamagitan ng usapin ng diyalogo at diskurso na may implikasyong progresibo at mapagpalaya laban sa estatiko at limitadong uri ng araling wika ng tradisyonal na lingguwistika. Bukod sa mga naging impluwensiya ng kanilang mga sulatin sa mga nakaraan kong mga pag-aaral sa wika, binalikan at inaral kong muli sila para sa kasalukuyang pag-aaral. Gusto ko rin naman ipauna na nananatiling sa antas ng impluwensiya lamang ang kanilang partisipasyon sa pag-aaral na ito—maliban marahil kay Althusser na may malaking kontribusyong teoretikal na ipapaliwanag ko pa sa susunod na ikatlong tsapter—bagaman sa katunaya'y leksiyon ito sa sinumang petiburges at intelektuwal. Hindi lamang nakatutuwang isipin kundi kakatwang isipin din na kahit noong hindi ko pa man nababasa ang kanilang mga akda o naririnig man lamang ang kanilang mga pangalan ay may idea na ako sa kung paano dapat na

pag-aralan ang iba't ibang elemento ng kultura at lipunan kasama na ang wika—"tabi-tabi po" na lamang sa determinismong kultural at indibidwal. Kumbaga'y komfirmasyon lamang ng mga pananaw ko ang nababasa kong mga sulatin ng apat na teoristang nabanggit. Posible ring penomenong "shaman" ito—o yun bang naririnig ko na ang mga pananaw sa ibang tao pero sa mga panahong (mulí kong) naiisip ang mga ito ay pinaniniwalaan o inaangkin kong sarili ko nang mga pananaw. Kaya nga lamang, may bahid ng indibidwalistikong sikolohiya ito. Mas maigi pang tanggapin ang mga pangyayari bilang likas na pagkaunawa sa kung ano ang dapat at kung ano ang progresibo at makatarungang bunga ng karanasan sa lipunan. At ang produkto na nga ng pagkaunawang ito ay ang kasalukuyang pinaniniwalaang progresibong pag-aaral nang walang pag-aatubili sa ugat ng pagkakabuo nito.

Ang ikatlong grupo ng mga teoretista sa wika na bagaman mas bago-bago o mas bata sa dalawang grupong nauna ay may bahid pa rin ng reaksiyon sa tradisyonal na araling wika. Nakabukod ang grupong ito dahil sa malinaw na pagtatangka ng mga tagapagtaguyod nito na bumuo ng isang malinaw na hakbang ng pagteteorya na pinaniniwalaan nilang progresibong araling wika. Kung mayroon mang pagkukulang sa araling wika na makikita sa dalawang naunang grupo, ito na nga ay ang paglikha ng pilosopiya ng wika na, una, magbubuo o magbubuklod sa mga simulain sa "di-tradisyonal" na araling wika noong mga taong sienta, at pangalawa, maghahain ng isang pilosopiya ng wika na maaaring gamitin upang makumpirma sa praktikal na pamamaraan ang kaangkupan nito, at kaalinsabay nito, mapasubalian o makuwestiyon man lamang ang gahum ng dominanteng araling wika na nagpapanatili ng kalakaran/kalagayan (status quo) hanggang sa kasalukuyan. Kabilang sa grupong ito ang mga tagapagbunsod ng: una, pragmatiks at, pangalawa, ang tinatawag na critical language study (CLS) ni Norman Fairclough (1989 at 1995). Samantala, katulad ng pragmatiks at CLS, ang ikaapat na grupo ay lumunsad din sa mga naunang pananaw sa wika (sa tinukoy kong dalawang naunang mga grupo). Kabilang sa ikaapat na grupo ang disiplina ng discourse analysis at ng politika ng wika (politics of language). Kapansin-pansin sa grupong ito ng mga palaisip ang pagkakaroon ng malawak na pagtatanghal ng mga impluwensiyang kadalasan ay nakikita/namamasid sa mismong pagbanggit nila ng mga espesipikong pangalan ng iba't ibang teoretista.<sup>27</sup> Bukod dito, kapansin-pansin sa huling grupo

---

<sup>27</sup> Kung sa bagay, kahit naman noong huling bahagi pa lang ng mga taong sienta ay ginagawa na ito ng mga awtor sa araling wika, iyon bang pagbabanggit ng iba't ibang pangalan na alalaombaga'y eklektik ang kanilang pag-aaral. Pansinin ang pahayag nina Hodge at Kress sa *Language as Ideology* (1979, xi; Akin ang salin) habang inilalarawan nila ang teorya nila sa araling wika: "...isa itong teorya ng grammar na dapat

ang pagiging watak hindi lamang ng impluwensiya kundi lalo't higit ng sakop ng pag-aaral. Una sa lahat, wala tayong mapapangalanang isang pangunahing proponente ng diskursong analisis. Ang tanging alam ko lamang ay modipikasyon ito ng kinikilala noong mga taong sitenta na critical linguistics—bilang tugon sa tradisyonal na lingguwistika<sup>28</sup>—at ngayon nga'y kinikilala na bilang diskursong analisis o analisis ng diskurso. Hindi rin naman direktang mamamapa bagaman nakapang-aakit na iugat ito kay Foucault. Pero ang pinakamahalaga sa lahat, walang malinaw na batayang paninindigan ang diskursong analisis maliban na lamang sa halo-halong impluwensiya rito ng mga naunang teoretista. Ukol naman sa “politika ng wika,” hindi iilang awtor ang mariringsan ng mga katagang ito, samantalang kapansin-pansin na ito ang paksa ng kasalukuyan kong pag-aaral. Hindi naman nangangahulugan na dahil ito ang ginagamit kong kataga ay watak-watak na rin hindi lamang ang impluwensiya ng pag-aaral ko kundi eklektik na rin—na malinaw na papabulaanan sa susunod na mga kabanata. Bagkos, naninindigan pa nga ang pag-aaral na ito sa kaangkupan ng mga katagang “politika ng wika” bilang ekonomiko at tiyak na mga terminolohiya sa ugnay ng wika sa politika ng lipunan at ugnayang panlipunan. Gayumpaman, hindi gloripikasyon at lalong hindi paglilina at pagpapatuloy ng mga simulain ng ikaapat na grupo—na unang gumamit ng katagang “politika ng wika”—ang pag-aaral ito. Dapat na ituring na proposisyong ideolohikal ang paggamit ko rito ngayon ng “politika ng wika” habang wala pang napag-iisipang mas angkop na terminolohiyang hihigit pa sa kaangkupan nito.<sup>29</sup>

## Mga Palaisip ng Dekada Sisenta

Nakilala si Emile Benveniste (1902-1976) sa libro niyang *Problèmes de linguistique générale* (Mga suliranin sa pangkalahatang lingguwistika, 1966) (cf. Benveniste 1966/1971). Katulad ng mga nauna sa kaniya, itinuturing ni Benveniste ang wika bilang lingguwistiko at semyotikong bagay at isang instrumento ng komunikasyon. Pero ang tampok sa kaniyang pananaw ay

---

ay mahigpit na nakaugnay sa mga akda ng mga manunulat na tulad nina Bernstein at Labov, Althusser at Habermas, Foucault at Pecheux, Marcuse at Lacan, Schutz at Bourdeiu, Baudrillard at Williams, Kristeva at Tannen, Derrida at Said.” Naniniwala na nga yata ako na kasabay nga ng tradisyong hippie, flowerchild, at flower power ang manerismo ng mga aktibista at kuwasay-aktibista noon na pagtataas ng dalawang kamay at sabayang pagkuwit ng hintuturo at hinlalato para magsilbing panipi habang binabanggit ang litanya ng mga paborito nilang palaisip.

<sup>28</sup> Marahil ay hindi nila itinuturing na kritikal o sapat sa pagkritik o hustong kritikal ang tradisyonal na lingguwistika.

<sup>29</sup> Naniniwala rin naman ako na walang pangangailangan para lumikha ng neolohismo para rito gayong mayroon namang maaaring hiram. Kailangan lamang panindigan at pandayin para mahubog sa mas angkop na anyo ng progresibong araling wika.

ang pagturing sa wika bilang isang penomenong panlipunan at kultural, at ang pagiging behikulo ng subhetibidad. Ayon nga sa kaniya:

Kailangang pakatandaan ang katotohanang mabunga lamang ang pag-iisip hinggil sa wika kung una munang iisipin ang mga totoong wika. Ang pag-aaral ng mga organismong empirikal at historikal na mga tunay na wika ay nananatiling tanging paraan upang maunawaan ang pangkalahatang mga mekanismo at mga larga nito. (Benveniste 1966/1971, vii)

Sa kabilang banda marahil, ang kaniyang pagsandig sa mga internal na mekanismo ng mga wika ang dahilan kung bakit sa iba't ibang pagkakataon sa mga akademikong libro ng wika at kritisismong pampanitikan ay kinikilala si Benveniste bilang isang estrukturalista, at sa mas madalas na pagkakataon, isang post-estrukturalista dahil naman sa diyakronikong lapit sa pagsusuri ng wika. Ano't ano pa man, kinikilala naman ni Lacan si Benveniste hindi lamang sa paghamon kundi sa tuwirang pag-alipusta nito sa interpretasyong "behaviorist" noong mga panahong inilathala ang *Problèmes* partikular sa pagtanggap niya sa simpleng pagkaunawa na ang komunikasyon at wika ng tao ay hindi isang simpleng sistema ng stimulus-response (Lechte 1994, 42). Malaki ang kinalaman dito ng subhetibismong isinusulong noon ni Benveniste.<sup>30</sup> Ayon sa kaniya, sa pamamagitan ng mga kategoryang lingguwistik (linguistic categories), hindi lamang naphihintulutan ng tao na tukuyin ang kanilang sarili, bagkos, nakalilikha din sila ng mga parametro ng kamalayanang pantao (Cobley 1996, 8). Binigay niyang halimbawa ang kategoryang lingguwistikong "ako" ("I") na umano'y posible lamang matukoy ang kamalayan na ito kung mararanasan ito sa pamamagitan ng pagpaparis o paghahambing nito sa kategoryang lingguwistikong "ikaw" ("you").<sup>31</sup> Sa kalauna'y kinilala rin ni Julia Kristeva ang tambalang panghalip na "I-you" na ito nilang susing bahagi ng idea ni Benveniste sa subhetibidad at realidad ng diskurso (Lechte 2013, 70-71). Naging kritikal din si Benveniste sa arbitraryong pagkaunawa ni Saussure sa ugnayan ng signifier at signified. Mas angkop aniya na ituring na di-maiiwasan o di kaya'y isang kinakailangang kondisyon ang ugnayan ng dalawa. Aniya, sa madalas na pagsasanay ng tao, noong bata pa man, sa paglikha ng konsepto sa pag-iisip na ginabayan<sup>32</sup> ng

<sup>30</sup> Sa mga pagkakataong tulad nito marerealisa ang kahusayan at talas ni Volosinov na lumalabas na biktima ng sarili niya panahon nang tukuyin niya ang partisyonang "indibidwalistikong subhetibismo" at "abstraktong obhetibismo." Makabuluhan ding ihambing ang usaping ito sa nosyon ni Benveniste sa pagtukoy sa pagkakaiba ng *histoire* (naratibo) at *discourse* (diskurso).

<sup>31</sup> Sa kasalukuya'y aaminin ko na hindi ko pa batid kung ano ang implikasyong akademiko-transnasyunal ng pagtatangka kong isalin ang mga kategoryang lingguwistikong "I" at "you" bilang "ikaw" at "ako."

<sup>32</sup> Pansinin na hindi stimulus-response ang oryentasyon ng pormulasyon ng pahayag.



materiyal na sign, halos nagiging prosesong madalian ang ugnayan ng sign at ng konsepto (Cobley 1996, 8). Panghuli, mahalaga rin ang kontribusyon ni Benveniste—bagaman hindi naging sentro ng lahat ng kaniyang mga aralin kaya hindi siya lubos na kinilala sang-ayon dito<sup>33</sup>—na ang wika, sa katunayan, ay isang pag-uusap ng dalawa o higit pang partido, hindi tulad ng sistemang sign na walang nagaganap na pag-uusap (Lechte 1994, 43) at hindi tulad ng pagkaunawang “behaviorist” na unilateral ang direksiyon ng pag-uusap (o sa mas espesipikong pahayag, unilateral ang direksiyon ng daloy ng mensahe). Malaki ang implikasyon ng relatibong maagang pagkaunawa na ito ni Benveniste. Una na rito ay ang pagpapakilala ng isang araling wika na humuhulagpos sa sistema ng sign. Kasunod nang implikasyon ang pagkalas sa paniniwalang nagtatapos sa tagatanggap ng mensahe ang proseso ng pagpapadala ng mensahe. Kaakibat na implikasyon din ang pagbubukas sa pagpapakahulugan nang hindi nakakulong sa itinakdang hangganan ng grammar at ng sistema ng sign. Ito marahil ang dahilan kung bakit mas kinikilala si Benveniste bilang isang post-estrukturalista (sa halip na estrukturalista). Isinasakonteksto kasi ng post-estrukturalismo ang araling wika. Sa puntong ito, mahalaga ring banggitin na sa punto de bista ng post-estrukturalista, hinuhulma at ginagabayan ng wika ang ekspresyon ng pag-iisip ng tao, dahil sa paniniwala nito na kung may herarkiya sa pagitan ng tao at wika, nauuna ang wika.<sup>34</sup>

Sa larangan ng mga araling wika, kilala si Jacques Lacan (1901-1981), isang sikoanalistang Pranses, sa kaniyang estrukturalistang oryentasyon sa pag-unlad ng taong kaakibat ang wika at ang kaalinsabay na reoryentasyon at pagbabaligtad sa dalumat ni Saussure ng signifier at signified. Taliwas kay Saussure, ayon kay Lacan, tinutukoy ng signifier ang signified (cf. Cobley 1996, 10). Inihain niyang halimbawa ang mga signifier na ginagamit sa mga banyo gaya ng “ladies” (babae) at “gentlemen” (lalaki) o kahit maging ng mga simbolong pigurang tao ng mga ito. Sa kasong ito, ang signified ay iyong

<sup>33</sup> At bagaman relatibong napakaaga para sa kaniyang panahon—lalo na noong nagsisimulang propesor pa lamang si Benveniste ng lingguwistika sa Collège de France kung saan nagturo siya mulang 1937 hanggang 1969—o kung kailan hindi pa lubusang ikinatutuwa ang anumang taliwas sa monologong pagkaunawa sa komunikasyon.

<sup>34</sup> Sa pahina 98 ng *Foucault for Beginners* (1993) na sinulat ni Lydia Alix Fillingham, makikita ang ilustrasyon (ni Moshe “Mosh” Süsler) ng magkahawak-kamay na babae’t lalaki at sa pagitan nila’y may puso—nag-iibigan sila. Iyong babae ay ipinapalabas na representasyon ng Marxismo samantalang yung lalaki ay representasyon ng estrukturalismo. Nakasulat sa dibdib ng babae ang katagang “ekonomiya” samantalang sa lalaki ay nakasulat ang “wika.” Animo’y ipinalalabas na kung ang sentro ng usapin sa Marxismo ay ang estruktura (o mas angkop, impraestruktura) ng ekonomiya, sa estrukturalismo naman ay wika. Hindi ko lang lubos na maintindihan kung bakit magkahawak-kamay na mistulang nagsusuyuan ang dalawang nilalang maliban na lamang sa pagbanggit sa libro na halos lahat ng mga intelektuwal noon na kahenerasyon ni Foucault ay sumanib sa partido Komunista. Matatalakay din sa diskusyon kay Derrida ang ukol sa dalumat ng herarkiya sa pagitan ng wika at pag-iisip.

mga entidad na makikita kapag binuksan ang pinto ng mga banyo at silipin ang mga taong nasa loob nito. Samakatwid, ang signifier ang responsable sa subhetibidad.

Kung pagtutuunan ang etimolohiya ng terminong “subhetibidad,” matatantong may ilang pakahulugan ang salitang “subject” na salitang-ugat nito. Kabilang na rito ang subject bilang sangkap (substance) o bagay (matter) (Williams 1976, 260). Kabilang sa maagang paggamit nito ang pakahulugan ng “subject” bilang “tao na nasa ilalim ng dominasyon ng isang panginoon o soberanya” (ibid.). Sa mga mas bago-bagong development ng termino, partikular sa klasikal na pilosopiyang Aleman at idealismo, nuhubog ang kahulugan ng subjek bilang aktibong pag-iisip o isang entidad na nag-iisip na taliwas naman sa naunang mga pakahulugan, partikular sa “subject” na pagmumungkahi ng elemento ng dominasyon (Williams 1976, 261). At higit na kamakailan lamang na pagbabago sa pagpapakahulugan ang “subhetibidad” na may oryentasyong positibista—base sa impresyon (“lamang”) sa halip na sa katotohanan—samakatwid, naiimpluwensiyahan ng mga damdamang personal at sa gayo’y relatibong hindi mapagkakatiwalaan (Williams 1976, 263). Sa mga pagkaunawang ito at batay sa aking pagkaunawa kay Lacan, at dahil na rin sa mga obhetibong kondisyon noong mga panahong<sup>35</sup> inilalatag pa lamang ni Lacan ang pundasyon ng responsibilidad ng wika sa subhetibismong halos tumutungo sa pagbigay ng responsibilidad sa wika sa pagluluwal o paglalalang mismo sa mga tao, kapansin-pansin na ang “subject” na itinuturing sa kaniyang mga sulatin ay “bagay” o “sangkap,” at sa posibleng pinakamahusay na pagkaunawa, “subject” na akibong nag-iisip na batay nga sa idealistikong oryentasyon. Isang pinakamahusay na patunay sa ganitong pagkakaunawa ni Lacan hinggil sa wika ang tinawag niyang “mirror stage” (yugto ng salamin) na pinaunlad niya noon pang 1936 hanggang dekada 40.<sup>36</sup> Aniya, sa yugtong ito ng buhay ng tao, sa edad anim hanggang 18 buwan, umuusbong ang kakayahan o kapasidad ng sanggol (infant) bago ito makapagsalita, at bago nito makontrol ang mga pagkilos nito, para makilala niya ang kaniyang imahe sa salamin. Para makilala ng sanggol ang imahe sa salamin bilang kaniya, kailangang makilala niya iyon bilang siya (repleksiyon niya) at hindi siya (dahil repleksiyon nga lamang iyon). Mahigpit na naniniwala si Lacan na kailangang makamit ng sanggol

---

<sup>35</sup> 1930s ang tinutukoy kong panahon dito.

<sup>36</sup> Dito pinaniniwalaang pinahalagahan ni Lacan ang wika sa tulong ng mga simulain ni Freud (cf. Lacan 1966/2001, 1-6).

ang pagkakakilanlan na ito bago niya matunton ang wika<sup>37</sup> at mga elementong simbolikal, sa gayo’y nagiging pundamental ang papel ng wika—at hindi na nga ng biolohikal o natural na salik—bilang batayan ng subhetibidad ng tao (Lechte 1994, 68). Sabi nga ni Lacan, “Nagsasalita ang tao...dahil sa ginawa siyang tao ng simbolo” (Lechte 1994, 68). Gayumpaman, mahigpit na nakatali ang pormulasyong ito sa sikoanalitikal na nosyon ng “pagnanasa” na nagsisilbing mahinang kawing sa teorya ni Lacan. Pinapahalagahan ni Lacan sa pahayag niyang “isinisilang ang bata sa wika sa saglit na maging tao ang pagnanasa” (Lacan 1966/2001, 76)—o, nakapagsasalita ang bata kaalinsabay ng pagtanto niya sa pagnanasa—ang naunang giit ni Saussure.

Bagaman nabanggit ko na nga na nilimita marahil ng mga obhetibong kondisyon<sup>38</sup> ang pagkaunawa ni Lacan sa wika, nakapanghihinayang na hindi pa rin niya ginamit—o kahit nilang mga tagasunod ni Lacan—ang pagkakataon lalo na noong mga taong sienta para iangat ang wika sa larangan ng politika o ng subjek bilang entidad ng dominasyon. Kaya naman ngayon ay lubhang subhetibista—sa perspektibang positibista—ang turing ko sa pananaw ni Lacan sa wika. Gayumpaman, nananatiling relatibong malaki ang naging impluwensiya ni Lacan sa pag-aangat sa wika sa mas mataas na antas na mahalaga para gawin itong susing larangan ng mga pag-aaral noon at maging hanggang sa kasalukuyan. Naniniwala si Lacan na kaiba sa konsepsiyon sa wika bilang bahagi ng mga institusyong panlipunan, ito ay mas dapat tangkilikin bilang may punong papel o susing gampanin sa komplikadong larang ng lunggati o pagnanasa (desire) at ng di-malay (unconscious), at may mahalagang papel, lalo na ang herarkiyang simboliko (sa gayo’y hindi lamang ang wika) sa pagbubuo ng alaala (Cobley 1996, 10). Dangan ay mas napalayo si Lacan bilang direktang impluwensiya sa usaping politika ng wika dahil sa mariin niyang pagsandig sa indibidwal na sayki.<sup>39</sup>

Kilala si Jacques Derrida (1930-2004) sa konsepsiyon niya ng dekonstruksiyon na popular lalo na sa sirkulo ng mga burges at petiburges

---

<sup>37</sup> Kaya nga halos tumutungo ang pananaw ni Lacan sa pagbigay ng responsibilidad sa wika sa pagluluwal o paglalalang mismo sa tao. Halos nililikha ng wika ang tao, kumbaga. “Halos,” dahil lubhang metapisikal ang batayan nito.

<sup>38</sup> Dahil pangunahin ng mariin pa rin niyang pagsandig sa estrukturalismo.

<sup>39</sup> Gaya ng maraming lingguwista, naniniwala si Lacan na ang wika ang pasilitador ng pag-iisip ng tao. Nagambala si Lacan sa realisasyon niya na pare-pareho lang nga naman ang ginagamit nating sign sa pagpapahayag ng iba’t ibang bagay, nangangahulugan aniya na tiyak na mayroon tayong nakaliligtaang ilang bagay kaya hindi natin naipahahayag ang anumang dalisay o taal na personal para sa atin. Dahil sa dalumat na ito ni Lacan ng posibilidad na mayroon tayong “nakaliligtaang ilang bagay” sa proseso ng pag-unawa ng wika (nasa Cobley 1996, 9), inaamin ko na noong una’y nailagay ko sa mga notecard ko na maaaring iugat dito ang tinatawag ni Fowler na “constitutive practices,” na tatalakayin pa, at maging ang Ideological State Apparatus ni Althusser, na tatalakayin din. Mabuti naman at maaga pa ma’y narealisa ko na malayo pala ang posibilidad ng matrimonyal na pagkakawing na ito.

na intelektuwal. Dulot ng kaisipang ito ang nosyon ng tekstuwalidad at ang pagkakaroon ng kapasidad ng wika na likhain ang realidad ng sangkatauhan. Kaakibat nito, samakatwid ang pagkakaroon ng kamalayan ng multiplisidad ng mga teksto<sup>40</sup> o ang paniniwala na ang isang bagay o isang teksto ay maaari at mayroong iba't ibang kahulugan (Cobley 1996, 13). Malaki ang implikasyon nito sa araling wika, bagaman mas pangunahing nabigyang-pansin ito sa literaryong pag-aaral, dahil sa pagpapakilala nito ng kaisipan, lalo na sa Europa na marahil ay kasing-popular ng mga idea ni Bakhtin sa bandang Silangan naman, na ang teksto ay lagi't laging nagbabago at mayroong kapasidad para sa polisemi (pagkakaroon ng maraming kahulugan).<sup>41</sup>

Dalawa ang pangunahing kontribusyon ni Derrida sa mga araling wika na kapuwa naman mga direkta niyang puna kay Saussure.<sup>42</sup> Pinabulaanan niya, una, ang paniniwala ni Saussure na may pangunahing papel ang pag-iisip sa wika, at pangalawa, ang mga dalumat ni Saussure na *value* at *difference*, na kung tutuusi'y kabilang sa mga pangunahin at batayang idea sa kaisipang Saussurean. Sa libro ni Saussure na *Cours de Linguistique Générale*, sa seksiyon na “Grapikong Representasyon ng Wika” (“Graphic Representation of Language”), nagtakda siya ng herarkiya ng pinaniniwalaan niyang “mundo ng lipunan” (social world). Sa isang payak at simpleng pagpapaliwanag, binibigyan ang pag-iisip ng pangunahing papel sa pagtukoy sa pagsasalita, at ang pagsasalita sa pagtukoy sa pagsusulat. Alalaombaga’y pag-iisip→pagsasalita→pagsusulat.<sup>43</sup> Nagsisilbing representasyon ng isip ang salita. Nagsisilbi namang representasyon ng salita ang sulat, kaya nga itinuturing ng kaisipang Saussurean ang pagsusulat bilang *pulubing* anyo ng pagsasalita (Cobley 1996, 12).<sup>44</sup> At kung susundan ang lohika, itinuturing din ng kaisipang ito ang pagsasalita at ang wika bilang anyong pulubi ng pag-iisip. Kaugnay sa naunang binanggit, naniniwala si Saussure na ang pagsusulat ay depormasyon ng wika dahil sa, una, representasyon lamang ito, at pangalawa, naniniwala siya na ang esensiya ng wika ay matatagpuan

---

<sup>40</sup> Dulot na rin ng nosyon ng “intertekstong” sosyal at kultural. Gayumpaman, kung sisipatin ang isang teksto, at ang wikang gamit nito, mula sa isang punto de bista na mayroong tiyak na paninindigan, hindi ako naniniwala sa kahit sa maliit na posibilidad ng “misreading” o maling pagbasa ng teksto o maling pagkaunawa nito. Tanging ang eklektikong lapit lamang ang mabibitag ng nasabing pagkakamali.

<sup>41</sup> Kung paghahambingin ang mga idea at kontribusyon sa araling wika nina Derrida at Bakhtin, tunay na mas kakikitaan ng direktang kawing sa nosyon ng palagiang pagbabago at ng kapasidad sa polisemi ang mga kontribusyon ni Bakhtin.

<sup>42</sup> Kung sa bagay, kilala naman din si Derrida sa pakikisagupa niya sa idea ng iba't ibang pilosopiya sa Kanluran, simula pa kay Plato.

<sup>43</sup> Ang bahaging pagsusulat ang pinaka-hindi mahalaga sa dinamika ng sign ni Saussure sa dahilang para sa kaniya ay wala itong kinalaman sa internal na sistema ng langue, sa kabila ng patuloy nitong pagrepresenta sa wika (cf. Saussure 1916/1959, 30-31).

<sup>44</sup> Pansinin ang elitistang paggamit ng salitang “pulubi” ni Saussure.

sa buháy na pananalita. Sa katunayan, sa pambihirang pagkakataon na sumansig siya sa tunggaliang panlipunan, nabanggit ni Saussure na kung hindi itinatago ng pagsusulat ang wika, nagbabalatkayo ito bilang wika, lalo pa't "tiraniko" ito sa anyo ng pagpapataw lamang sa sambayanan ng "wastong" pamamaraan/pagsulat (Saussure 1916/1959, 31). Ang mga paniniwalang ito ang tinangkang pabulaanan ni Derrida.<sup>45</sup> Napansin ni Derrida na masyadong kolokyal ang turing ng lahat ng mga estrukturalista at ni Saussure sa pagsusulat, at kinakaligtaan ang anumang maaaring matagpuang kompleksidad sa isang gawain na itinuturing lamang nina Saussure bilang purong grapiko o simpleng representasyon lamang.<sup>46</sup> Sa pagturing nina Saussure na representasyon ng pananalita ang pagsusulat, nangangahulugan na representasyong ponetiko ang pagsusulat—halimbawa, nababasa natin ang salitang ito upuan dahil ito ang paraan ng pagsulat ng mga tunog na /u/, /pu/, at /an/.<sup>47</sup> At dahil sa mas orihinal ang pananalita, lalabas na gamit ang lingguwistikang Saussurean, mas mataas ang posisyon nito sa herarkiya kaysa sa pagsusulat. Pinaniniwalaan din na mas malapit ang pagsasalita sa pag-iisip—sa emosyon, mga idea, at mga intensiyon—ng tagapagsalita.<sup>48</sup> Nakita ni Derrida ang suliranin sa paggigiit ng mga estrukturalista na ponetiko lamang

<sup>45</sup> Mayroon ding pormulasyon si Copley na nagpapahayag na hindi konsistent ang mungkahing herarkiya na ito ni Saussure kung ikukumpara sa idea niya ng pagiging arbitrario ng wika. Kung babasahin aniya si Saussure, lumalabas na dalawa ang pamantayan pagka-arbitrario sa dahilang pilit nitong ikinakawing sa kumbensiyonal na paraan ang signified sa signifier (pagkasalita at pagkasulat) gayong nasa magkaibang antas ito ng superyoridad (cf. Copley 1996, 12). Gayumpaman, wala rin namang matibay na batayan ang pormulasyon na ito ni Copley. Ni hindi niya tinangkang sapulin ang inconsistency na kaniyang tinutukoy. Halimbawa, sa diyalektikal na pagkaunawa, maaaring magkaugnay pa rin ang dalawang bagay sa kabila ng superyoridad ng isa sa isa. Pero, bilang paglilina, hindi rin naman nangangahulugan na ang tinutukoy ko ritong dalawang bagay ay ang signifier at signified.

<sup>46</sup> Malaki rin ang kinalaman dito ng atake ng dekonstruksyon sa logosentrismo.

<sup>47</sup> Ito rin ang dahilan kung bakit kinailangang banggitin ni Saussure na may dalawang sistema ng pagsusulat: ideograpiko (gaya ng sa Tsino) at ponetiko (gaya ng silabikong pagsulat sa Hiraganang Hapon at alpabetikong pagsulat sa Filipino o Ingles) (cf. Saussure 1916/1959, 25-26 at 34).

<sup>48</sup> Isa pang halimbawa na napulot ko naman sa klaseng Panitikang Pilipino 210 ni Roland Tolentino—ang materyal na upuan (bangko o silya o anumang) na sa interpretasyong Saussurean ay mababang uri dahil representasyon lang ng salitang "upuan" na mababang uri kapuwa dahil representasyon lamang ng idea ng mauupuan. Minsan, nakakaloko tuloy isipin na halimbawang pagod na pagod ka na sa kakalakad at kailangan na kailangan mo ng mauupuan, ano kaya ang mas bibigyan mo ng halaga sa herarkiya ng iyong mga batayang pangangailangan, ang idea na uupo ka, ang pagmumutawi mo na "kailangan ko ng mauupuan," o ang mismong pagkakalapat ng iyong puwit sa isang upuan para makapamahinga? Dagdag-kaalaman na lamang: Sa akdang *Philosophical Notebooks*, Vol. 38, sa ilalim ng pamagat na "From the Conspectus of Aristotle's Book *Metaphysics*," napakainteresante ang pananaw ni Lenin ukol sa dalumat ng "pagkokopya ng isip ng tao." Aniya, "The approach of the (human) mind to a particular thing, the taking of a copy (= a concept) of it is not a simple, immediate act, a dead mirroring, but one which is complex, split into two zig-zag-like, which includes in it the possibility of the flight of fantasy from life; more than that: the possibility of the transformation (moreover, an unnoticeable transformation, of which man is unaware) of the abstract concept, idea, in to a fantasy (in letzter Instanz=God). For even in the simplest generalisation, in the most elementary general idea ("table" in general), there is a certain bit of fantasy. (Vice versa: it would be stupid to deny the role of fantasy, even in the strictest science: cf. Pisarev on useful dreaming, as an impulse to work, and on empty day-dreaming.) Nasa *Lenin on Language*, 1983: 42-43. Mas makikilala ang ingay na nalilikha ng argumentong ito kung papansining ineekeyt pa nga ni Lenin ang kopya at ang konsepto, i.e. "copy(=concept)."

ang basehan ng pagsusulat at ang pagsasalita ay tunog lamang. Aniya, hindi na maipapaliwanag ng mga estrukturalista ang mga panandang gaya ng ? at ! na grapiko at hindi ponetiko, o kahit ang mga espasyo at katahimikan sa pagitan ng pananalita (Lechte 1994, 108).

Gayumpaman, ang implikasyon ng mga punang ito ni Derrida ay maaaninag sa tila hindi niya pag-alpas sa mga parametro o bitag na dulot ng kaisipang estrukturalistang lingguwistika—na puno't dulo ng kaniyang mga puna. Una sa lahat ay hindi lamang usapin ng pag-iisip at pananalita, at lalo't higit, ng pagsusulat, ang wika. Kung hindi rin lang aalpas sa pagtatakdang ito ang anumang pilosopiya sa wika, maiipit at maaantala ang progresyon sa argumentong simbolong “?” at “!” at argumentong “rotten silences” sa pagitan ng pananalita na bagaman tunay ngang hindi maipapaliwanag ng estrukturalistang lingguwistika, pagbali-baligtarin man ang mga sinulat ni Saussure.<sup>49</sup> Mas makikita ang esensiyang argumento sa pag-alpas sa makitid na pagtatakda ng herarkiyang pag-iisip→pagsasalita→pagsusulat na nananatili at naiipit sa mundo ng sarili. Gayundin, kuwestiyonable ang apirmasyong kahigtan o primasiya ng wika sa realisasyon sa indibidwal na tao. Maisasakatuparan lamang ang pag-alpas tungo sa makabuluhang araling wika sa pamamagitan ng panlipunang paggiit sa nasabing aralin na kung tutuusin ay ang pagpapaloob sa mundo ng lipunan at sa mundo ng tunggalian.<sup>50</sup>

Samantala, kapuwa asosyal ang pangalawang kontensiyon ni Derrida kay Saussure. Bilang tugon sa idea ni Saussure ng value at difference, ipinakilala naman ni Derrida ang idea ng *trace* at *différance* (Pranses). Ang ideang ito ay binuo niya noong huling bahagi ng mga taong sienta bunsod ng mga pag-aaral niya sa mga teoryang Saussurean at estrukturalista.<sup>51</sup> Gamit ang dalumat ng pagkakaiba ng estrukturalismong Saussurean, magkaiba ang x at y dahil sa mayroon silang magkakaibang espesipikong katangian. Naaalala ko pa noong nag-aaral pa ako ng di-gradwadong sikolohiyang lingguwistika na mayroon kaming aktibidad kung saan nililista namin ang lahat ng katangian

---

<sup>49</sup> Hindi insidental ang pagkakasingit ko ng “rotten silences.” Hiniram ko ito sa tula ni Rolando Tinio na “Sa Poetry.”

<sup>50</sup> Sa kaugnay na usapin, noong 1993 ay naglabas ng libro si Derrida na pinamagatang *Spectres de Marx* na pinaniniwalaan ng marami na nagbibigay ng elementong politikal sa gramatolohiya ni Derrida sa isang panahong naimpluwensiyahan ng pagguho ng pader sa Berlin, pagkalusaw ng Unyong Sobyet, at pagprotesta laban sa estado sa Tiananmen Square (Derrida 1993/2006). Tunay nga naman kasing walang paninindigang makauri kahit ang animo’y mapagpalayang konotasyon ng katagang “dekonstruksiyon” at interteksto ni Derrida.

<sup>51</sup> Tinukoy ni Lechte ang 1968 bilang eksaktong panahon (Lechte 1994, 107). Noong 1967, inilathala ni Derrida ang mga librong *Speech and Phenomena and Other Essays on Husserl’s Theory of Signs* (1967/1973), ang *Of Grammatology* (1967/1976), at ang *Writing and Difference* (1967/2001).



ng isang salita para maikumpara ito sa katangian ng isa pang salita at sa gayon ay maipaghambing o maipag-iba ang dalawa at matukoy ang pagkakaiba ng mga ito. Alalaombaga ay paglilista nga ito ng mga katangian ng isang bagay o salita nang sa gayon ay matukoy ang “identidad” nito. Dito nagkaroon ng suliranin si Derrida kaugnay sa teoryang Saussurean. Hindi naniniwala si Derrida na sa pamamagitan ng identidad matutukoy ang pagkakaiba ng dalawang bagay at sa gayon ng kahulugan ng mga ito. Naniniwala siya na ang pagkakaiba ay pagkakaiba na ipinagpaliban (ang diferens ay diferens na *dinifer*).<sup>52</sup> Sa isang halimbawang pangungusap na “The cat sat on the mat,” ang salitang “cat” ay may dala-dalang, batay kay Derrida, trace o bakas ng mga sign na nakapaloob na rito (Cobley 1996, 12). Nangangahulugan na ang “The cat sat on the mat” ay isa nang kumon sensikal na pangungusap sa wikang Ingles, o, kung hindi man, palaging minumutawi ng mga likas na tagapagsalita ng Ingles.<sup>53</sup> Samakatwid, ang mga salitang “mat” at “sat” ay itinuturing ni Derrida na nakakawing na “simula’t sapul” sa pagkakaunawa sa “cat.” Nakakatulong naman sa pagbibigay ng value (na dalumat ni Saussure) sa kahulugan ng “cat” ang pagkukumpara o pag-iiba (differ) nito sa ibang mga sign sa *syntagm*.<sup>54</sup> Nabanggit na sa itaas ang kontensiyon ni Derrida sa gawaing pagdidifer na ito na itinuturing niyang hindi sapat. Para kay Derrida, magsisimulang makamit lamang ang isang komprehensibong kahulugan ng salita o bagay kung ang kasalukuyang kahulugan nito—na natutugunan ng “value” ni Saussure—ay ipagpapaliban o idedefer habang hinihintay ang mga susunod na salita o sign sa *syntagm*. Gamit ang halimbawa sa itaas, lubos na makakamit ang kahulugan ng “cat” kung “hihintayin” ang mga salitang “sat” at “mat.”<sup>55</sup>

<sup>52</sup> Hindi ko madaling ihalili bilang salin kay Derrida ang pangungusap na “ang pagkakaiba ay pagkakaiba na ipinagpaliban.” Maaaring alternatibo ang “ang diferens ay diferens na *dinifer* (ihambing sa *dinifer*)” dahil ang salitang *différer* sa Pranses ay nangangahulugan kapuwa ng “pag-iiba” at pagpapaliban. Kaya nga sabi ni Derrida: “Iniiba ng buhay ang sarili nito batay sa sarili nito, ipinagpapaliban niya ang sarili, at sinusulat ang sarili bilang *différence*” (Derrida 1967/2001, 95). Sumangguni rin sa Lechte 1994, 107.

<sup>53</sup> Kahit nga sa Pilipinas, ilang librong pambata na nakasulat sa Ingles ang kinakitaan ko na ng “The cat sat on the mat.” Mayroon pa ngang mas sikat na “little Miss Muffet, sat on a tuffet” at “three little kittens lost their mittens.” Sa Filipino kaya, puwedeng gamitin sa ganitong set-up ang “heto na si kaka bubukabukaka?”

<sup>54</sup> Ayon kay Saussure, ang *syntagm*, na tinatawag ding *syntagma*, ay ang kombinasyon ng mga yunit nang may kaakibat na lohika at wastong anyo ng pagkakasunod-sunod.

<sup>55</sup> Nakakatuwa rin ang iba pang halimbawa ni Derrida sa isa pang antas ng *différance* na mga salita na mayroong hindi “matinag-tinag na dobleng estruktura” o kahulugan, gaya ng *pharmakon* (lason at antidot), *supplement* (sobra at mahalagang pandagdag), *hymen* (loob at labas) (Nasa paunang salita ng Derrida 1967/1976, lxxii). Sa isang kaugnay na usapin, dahil nga sa pagbibigay ng Primacy sa wika sa pagtukoy ng realisasyon ng tao, pinupuna ng mga kontemporaneong dekonstruksiyonalista ang polaridad sa wika gaya ng “man-woman” na nagpapahiwatig anila ng kapangyarihan ng nauunang salita (man). Kakatwa nga lamang isipin na sa wikang Filipino, o kahit sa Tagalog man lamang, mas madali yatang imutawi ang babae’t lalaki kaysa lalaki’t babae kahit wala naman itong materyal na basehan—dominanteng grupo ang kalalakihan sa Pilipinas dahil na rin sa piyudal-patriyarkal na sistema at oryentasyong burges dito (bagaman maaaring igiti na matriyarkal ang lipunan bago dumating ang mga Espanyol).

Relatibong malaki ang implikasyon ng pormulasyon ni Derrida sa itaas dahil sa bahagyang pinalalaya nito ang sarado at makipot na pag-aanalisa ng wika gamit ang estrukturalistang pag-aaral. Gayumpaman, natatapos ang kahalagahan at makabuluhang argumento ng hakbang na ito ni Derrida kapag sinagot na ng sintaktika—isang antas-pangungusap na pag-aanalisa—ng estrukturalistang lingguwistika ang nabanggit na mga puna niya. Sa pormulasyon ni Derrida na: nakakamit ang kahulugan ng isang pangungusap hindi lamang sa pamamagitan ng paghahambing o pag-iiba (pagdidifer), kundi sa pamamagitan din ng pagpapaliban (pagdedefer) o pagpapaliban ng pagbibigay ng kahulugan ng mga bahagi o salita nito sa iba pang bahagi ng pangungusap; hindi naman awtomatikong nangangahulugan na inaangat na ni Derrida sa pagkokonteksto ang proseso ng pagbibigay ng kahulugan. Samakatwid, masasabing limitadong pagkokonteksto lamang ang kinakabig sa prosesong ito ng pagpapakahulugan.<sup>56</sup> Limitado at asosyal din ang pagpapakahulugang ito dahil wala rin dito ang hinahanap nating pagkokonteksto sa antas ng lipunan (e.g., kalagayan ng mga manggagawa at magsasaka). Hindi rin naman maaaring sisihin si Derrida at ang mga tagasunod niya dahil hindi naman ito ang tunguhin ng kanilang programa at anyo ng pananaliksik.

Ayon sa isang napakamakabuluhang puna ni Paul Cobley, dapat na maging dahilan ng pagpapanik ang dekonstruksiyon sa dahilang iminumungkahi nito na hindi natin kailanman makakamit ang establisado at tiyak na kahulugan ng mga bagay-bagay. Dalawa ang implikasyon ng obserbasyong ito ni Cobley. Una, sa positibong turing dito, at gamit ang politikal na pagkakaunawa sa wika, nagiging bentahe para sa dominanteg ideolohiya—ipinapasok ko na ito dulot na rin ng pangangailangan pero mas matatalakay sa mga susunod pang tsapter—ang pagkakaroon nila ng kapangyarihan na mapasakamay nila ang prerogatiba sa kawalang-tiyakang pagtatakda (nila) ng kahulugan sa pagpapakahulugan. Sa negatibong turing, nililito ng punang ito ni Cobley ang lugar at papel ng polysemy at ng poliglott at ng karapatan at maging ng kakayahan ng nakararami na makapagbigay ng pagkakataon na maipahayag ang kontekstuwalisado nilang pakahulugan sa mga bagay-bagay. Gayumpaman, kung ikokonsidera ang nanaig na sistemang panlipunan, mas mabigat ang kiling ko sa una. Kaya nga nilinaw ko na kaakit-akit ang dekonstruksiyon, pangunahin, sa mga intelektuwal na burges at petiburges sa dahilang nakapagbibigay ito ng relatibong laya at puwang

---

<sup>56</sup> Sa mga mas kontemporaneong analisis ng wika, ang tawag dito ay analisis ng teksto.



sa subhetibismo, at sa gayo’y, naipapalitaw ang (aktuwal o di-aktuwal man) kapangyarihan sa pagbabasa at pagtatakda ng kahulugan.

Isa naman sa maituturing na makabuluhang ambag, direkta man o hindi, ni Derrida sa kasalukuyang pananaliksik at sa pangkalahatang araling wika ay ang pagtatanggal ng pribilehiyadong papel at turing sa interaksiyong personal—o yung pribilehiyadong antas ng interaksyon kung saan napakahalaga ang presensiya ng hindi bababa sa dalawang tao (tagabigay ng mensahe at tagatanggap) sa isang takdang panahon ng interaksyon. Sa ganang Derrida, sapat na ang diferans para matukoy ang signipikasyon o kahulugan kahit wala ang tagabigay at tagatanggap nito (Cobley 1996, 19). Muli na namang pinapabulaanan sa pagkakataong ito ang isinasalikas-na-anyo ng interaksyon na pinangunahan ng mga behaviorist.

Kasabayan pa rin ng mga naunang personahe, si J.L. Austin<sup>57</sup> (1911-1960) naman ang pangunahing proponente ng tinatawag sa kasalukuyang teoryang “speech act.” Isang Ingles na palaisip na tumutok sa pilosopiya ng wika, kinikilala rin si Austin bilang isa sa mga tinatawag na pilosopo hinggil sa “ordinaryong wika.” Sa pangkalahata’y dalawa ang mga pangunahing ambag ni Austin na tutol sa mga dominanteng idea ng estrukturalistang lingguwistika noong mga panahong iyon. Una, sa paniniwala ni Austin, mas mahalagang pag-aralan ang kung ano ang “ginagawa” ng wika sa halip na sa kung ano ang komposisyon nito. Konsistent ito sa mga sentimiyentong idinidikta noong mga panahong iyon bagaman nasa ibang panig ng daigdig si Austin. Noong inilathala ang libro ni Austin na pinamagatang *How To Do Things with Words* (1962) kasabayan na umiigting ang tensiyon sa Indotsina samantalang pinadarami ng pamunuan ng bansang Estados Unidos ang komposisyon ng mga tropa nito sa Timog Vietnam. Sa mga panahong iyon, hindi iilang intelektuwal ang mayroong malinaw na paniniwalang dapat na mas maging priyoridad ang kung ano ang maidudulot ng mga espesipikong pagkilos kahit pa man nasa antas lamang ito ng wika o iba pang anyo ng semiyotika.<sup>58</sup> Noong 1962, malaki ang naging epektong pangamba at pag-aalinlangan ng mga Amerikanong sibilyan nang makumpirma at makita nila sa pamamagitan ng mga retrato ang mga armas nukleyar sa gitna ng bansang Cuba, na umano’y ginagabayan ng Unyong Sobyet. Marami sa mga sibilyang Amerikano ang naghukay ng mga bomb shelter sa antisipasyon ng Ikatlong Digmaang Pandaigdig. Sa mga pagkakataong ito, naaaninag ang halaga ng pag-

<sup>57</sup> John Langshaw (*GrolierMultimedia* 2000).

<sup>58</sup> Para sa detalyadong paliwanag hinggil sa yugtong iyon ng araling wika, sumangguni sa artikulong Constantino, Gonzales at Ramos 1985, 2-38.

aaral ng semyotika sa isang antas na umaalagwa sa antas na komposisyonal. Sa gayon, hindi mahalaga kung tama ba o mali ang pagkakabigkas sa salitang “armas” at “nukleyar,” o kaya ay kung ano ang mas wastong sintaks. Sa isang yugto ng araling wika sa Pilipinas, partikular sa panahon ng pananakop ng mga Hapon, preokupado ang mga grupo-grupo ng iskolar na Pilipino (grupo nina Ronquillo, Lope K. Santos, Sevilla, at Tolentino) sa relatibong mabababaw na usaping pangwika—wastong paggamit ng *pang-* o *pam-*, paggamit ng diptonggo na katinig (consonant cluster), at paggamit ng mga salitang salipawpaw at tingwirin imbis na airplane at radio—sa halip na sa pagpapalaganap ng mismong wikang pambansa. Ano kayang implikasyon ng yugto ng araling wikang ito sa Pilipinas?

Ito sa palagay ko, at sa pinakamabait kong pagpapalagay kay Austin, ang pangkalahatang gabay sa pagkakahabi niya ng nasabing teorya. Sa pinakamadali at pinakaobhetibong pagpapalagay naman, masasabing nanaig sa kabilang banda, kay Austin ang kaisipang trasaksiyonista-behaviorista sa mala-merkadong oryentasyon nito at sa patuloy nitong pagsandig sa set-up na stimulus-responce.

Kung ang tutok ng mga Saussurean ay ang sinkronikong pagtitilad-tilad ng mga alituntunin ng wika (*langue*), naniniwala naman si Austin na ang dapat na pag-aralan ay ang mga paraan kung paanong nailalarawan, nagpeperform, at nakakalikha ng tugon ang mga pagkakataon ng parole (Cobley 1996, 18). Ang mga pagkakataong ito ang tinatawag niyang *speech act*.<sup>59</sup> Tinatawag niyang *lokusyon*, *ilokusyon*, at *perlokusyon* ang tatlong anyo ng *speech act* batay sa kung ano ang ginagawa ng mga ito. Ang *lokusyon* ay ang aktong naglalarawan. *Constative* naman ang tawag sa uri ng pahayag na naglalarawan. *Ilokusyon* ang tawag sa akto mismo ng pagsasalita at *performative* naman ang tawag sa pagpapahayag nito. Panghuli, *perlokusyon* ang tawag sa produkto ng pagpapahayag o sa madaling salita, *perlokusyon* ang tawag sa tugon sa mensahe. Isang kongkretong halimbawa ang patalastas ng isang produkto sa telebisyon.<sup>60</sup> *Lokusyon* ang tawag sa deskripsiyon ng produkto. *Ilokusyon* naman ang aktong panghihikayat na bilhin ang nasabing produkto. *Perlokusyon* naman kapuwa ang pagkakarohistro ng mensahe sa mga manonood, at ang mismong pagbili ng manonood ng inilalakong produkto. Ito ang dahilan kung bakit ko nasabing transaksiyonista ang teorya ni Austin. Ito ay sa kabila ng sa unang tingin ay wala namang masama sa

---

<sup>59</sup> At ito na nga ang dahilan kung bakit alangan akong gamitin ang mga katagang “*speech act*” sa mga naunang bahagi ng pananaliksik na ito.

<sup>60</sup> Adaptasyon ng pagtatalakay sa Cobley (1996, 18).

ganoong oryentasyon, dahil sa kung tutuusin, animo'y transaksyon nga naman ang lahat ng anyo ng komunikasyon ng tao sa dahilang parang mayroong ipinagbibili na nasa atin kung bibilhin natin o maiintindihan natin. Ang problema lamang dito ay hindi maaninag, kahit sindihan pa ng maliwanag na sulo, ang kahihinatnan ng nasabing teorya ng transaksyon kung wala namang tinutukoy at isinisiwalat na batayang mga puwersa ng produksiyon at relasyon sa produksiyon! Kaakibat naman nito ang atake ni Derrida kay Austin, na nabanggit ko na kanina, na nagsapantaha at naglagom na hindi nga naman kailangan ng presensiya ng tagatanggap ng mensahe para maisakatuparan ang komunikasyon dahil sa sinasagot na ng diferans ang signipikasyon.

Naniniwala si Austin na sa pangkalahatan ay pangkaraniwang performative o gumaganap o kumikilos ang mga pahayag ng tao—samakatwid ay ilokusyonari ang oryentasyon (Cobley 1996, 18). Dalawa ang implikasyon ng kongklusyon na ito ni Austin. Una, sinusubukan nitong iangat ang antas ng wika mula sa isang sistema ng sign tungo sa isang materyal na karanasang nasasaksihan at maaaring masaksihan (at maaaring pag-aralan kung sa gayon). Pangalawa, iniaangat nito ang gawaing araling wika mula sa isang makitid na pag-intindi sa mababang-antas ng signipikasyong deskriptibo tungo sa isang kritikal na analisis ng mga performance.<sup>61</sup> Dagdag na implikasyon na lamang, na nauukol naman sa perlokusyon, ang pagtatangka ng speech act theory na pumaimbabaw sa tradisyong behaviorista dahil sa ang response ay hindi lamang basta huli at katapusang bahagi ng signipikasyon kundi lugar pa rin ng signipikasyon. Ito ay sa dahilang kahit ang perlokusyon ay maaaring analisahin o maging lunsaran pa ng ibang signipikasyon at pagpapakahulugan. Pumapaimbabaw din ang teoryang speech act sa sinundan nitong tradisyon sa dahilang hinihikayat nito na kumalas sa limitadong pag-aaral sa antas ng tunog, salita, at pangungusap ng wika tungo sa suprasentensiyal na pag-aaral ng kung sino ang nagsasalita, ano ang sitwasyon, ano ang ginagamit na awtoridad, ang institusyon at iba pa.<sup>62</sup> Kung tutuusi'y hindi lamang pumaibabaw ang teoryang speech act sa perspektibang pormal at estruktural ng komunikasyon dahil nagbibigay din ito ng pahintulot na mapag-aralan ang iba pang anyo ng semyotika dahil sa ambag nito sa pagpeperform. Kumbaga

---

<sup>61</sup> Matutunghayan sa susunod na bahagi ang talakay at karagdagang paliwanag ko ukol sa usaping ito, lalo na sa pagtatalakay ng pormal na lohika/signipikasyon at diyalektikal na lohika/signipikasyon sa tulong ng mga pananaw nina Lenin at Mao.

<sup>62</sup> Ang mga espesipikong katanungang ito ay hango ko sa Cobley 1996, 18. Kung minsan tuloy, hindi maiiwasang gunigunihin na sa mga simulaing ito ni Austin umusbong ang tatalakayin pa sa ibaba na "Pragmatics" na ano pa't kamukhang-kamukha nito.

sa teatro o sa pelikula, hindi nga lang props ang ibang anyo ng semyotika bukod sa wika, bagkos napakalaki pa ng kontribusyon nito sa signipikasyon. Karagdagang implikasyon pa ang pagtatangka nito na maibsan ang mala-logophobic na pagturing sa ibang anyo ng semyotika maliban sa wika (ng sinasalita), sa kabila ng pagturing ng mga naunang dominanteng asersyon na *representasyon*, *kopya*, at *pulubing* anyo lamang ang mga ito.

Kung para kay Derrida, ang pagpapakahulugan ay makikita sa teksto, at kay Austin, sa konteksto, naniniwala naman si John Searle (1932-) na nasa hangarin o kagustuhan naman ito ng isa o bawat indibidwal. Si Searle, na awtor ng *Intentionality: An Essay in the Philosophy of Mind* (1983)<sup>63</sup> ang pinaniniwalaang nagrebyu at nagpaunlad ng mga pinangunahang dalumat ni Austin (Tignan din ang Searle 2002 para sa mga mas bagong pagturing niya).<sup>64</sup> Ayon kasi kay Austin, kumbensiyonal at sirkunstansiyal, at sa gayo'y apersonal, ang mga alituntunin ng mga speech act. Samakatwid, walang kinalaman ang indibidwal na mga tagapagsalita sa mga alituntunin ng mga speech act. O, walang kinalaman ang intensiyon ng tagapagsalita. Kung tutuusin ay kabuntot at kamag-anak pa rin ang usaping ito ng mga nauna nang tinalakay partikular sa ipinakilala sa unang tsapter na tinawag na indibidwalistang subhetibismo ni Volosinov. Bumabalik si Searle sa argumento ukol sa usaping ito sa pamamagitan ng kaniyang kontra-argumento na ang “kapangyarihan ng isang pahayag na ilokusyonari,” o yung performative at mapanghikayat na salik ng pagsasalita, “ay hindi nakasalalay sa kumbensiyon kundi sa naisin ng indibidwal na tagapagsalita” (Cobley 1996, 20). Kung susuriing mabuti, talaga namang nasa wastong kalagayan kapuwa ang argumento nina Austin at Searle, maliban nga lamang sa pagtatangka nilang ikahon sa usapin ng kumbensiyon at, sa kabilang banda, indibidwalismo ang sakop ng kanilang talakayin. Napakadali tuloy, halimbawa, na tuligsain ang intensiyon ng “intensyonalidad” ni Searle sa puntong nagiging wasto lamang ang kaniyang argumento kung mahihimlay ito sa usapin ng “conversational analysis” o pagsusuri ng mga indibidwal na pakikipag-usap. Sa kasong ito, malaki ang ginagampanang papel ng intensiyon ng tagapagsalita. Pero, hindi rin naman maaaring iisangtabi na lamang ang salik ng kumbensiyon at konteksto na argumento naman ni Austin, kung kaya lalabas namang awtoritatibo ang pananaw ni Searle. Malaki ang kumbensiyonal at kolektibong presyon na inihahain kahit ng iisang salita lamang sa bawat pagmutawi ng iisang tao, gaya

---

<sup>63</sup> Awtor din ng mga librong *Speech Acts: An Essay in the Philosophy of Language* (1970), *Expression and Meaning* (1985), at *Construction of Social Reality* (1995).

<sup>64</sup> Hindi rin iilan ang naniniwala na inatake niya lamang ang mga ito.

halimbawa ng unang ginang ng isang bansa—halimbawa, ang salitang “love” na pinaniniwalaan ni Imelda Marcos na susi sa kaunlaran at kapayapaan ng bansa. Hitik sa kumbensiyon, sirkunstansiya, at intensyonalidad ang penomenong ito. Marahil ito at ang iba pang mga pangyayari ang dahilan kung bakit pilit pa ring ipinagyayakap ang mga pananaw nina Austin at Searle—dahil sa mas epektibo ang teoryang speech act kung pagsasamahin ang mga pananaw ng dalawa. Gayumpaman, dahil sa pagkukulang ng teoryang ito na ilugar ang speech act sa konteksto ng tunggalian sa lipunan, nilalansag nito ang sarili nitong intensiyon na mabigyan ng elemento ng pagkilos ang wika. Kumbaga, nasaan ang pagkilos o akto sa speech act? Ang pagturing sa wika bilang isang anyo o kaya’y isang lugar ng apirmatibong pagkilos ang unang-unang hinahanap sa teoryang ito.

Ano’t anuman, tinangka ni Stanley Eugene Fish (1938-) na palawigin ang mga simulain ng teoryang speech act noong dekada 80. Sa isa niyang sanaysay na “How to do Things with Austin and Searle: Speech Act Theory and Literary Criticism” (Paano gumawa ng bagay-bagay kasama sina Austin at Searle: Teoryang speech act at kritisismong pampanitikan, 1976), tinangka niyang tibagin ang dominanteng kaisipan ng panahon sa direksiyon ng analisis ng wika—pagtutukoy sa mga pahayag bilang “totoo” at “hindi totoo.” Bunsod pa rin ang paniniwalang ito ni Fish sa pandaigdigang trend ng kaisipan na mayroong lugar ang liberatibong pag-iisip para sa mga tao o bansang may relatibong kahinaan kumpara sa isang super-lakas.<sup>65</sup> Ngunit higit sa kadahilanang ito ang pagtatangkang tibagin ni Fish ang pormalistang lapit sa analisis ng panitikan (at ng wika).<sup>66</sup> Sa pamamagitan ng kaniyang dalumat, natugunan niya ang dalawang pangunahing dahilan na nabanggit. Sa pamamagitan ng nasabing sanaysay, ipinaabot niya ang pahayag na mahahanap ang kahulugan at pagpapakahulugan sa puwersa ng mga komunidad ng speech act (Cobley 1996, 21). Pinapalawig pa ang ideang ito ng isang libro na pinamagatang *Is There a Text in This Class? The Authority of Interpretive Communities* (1980) na sa esensiya ay nagsasabing sa pamamagitan ng interpretatibong komunidad (interpretative community) ng mambabasa nabibigyan ng kahulugan ang mga komunikasyon. Nagaganap ang signipikasyong ito hindi sa pamamagitan ng paghimpil sa mga hangganan ng teksto. Sa dalumat na ito nakilala si Fish bilang pangunahing proponent ng teoryang mambabasang-tugon (reader-response) o tugon-ng-

---

<sup>65</sup> Tandaan, awtor din si Fish ng *There’s No Such Thing as Free Speech: And It’s a Good Thing, Too* (1994).

<sup>66</sup> Hindi ko itinuturing na usapin ang ugnayan ng wika at panitikan.

mambabasa lalo na sa larangan ng panunuring pampanitikan. Binibigyang-implikasyon naman sa ngayon sa usapin ng pag-aaral pangwika ang kaisipan ni Fish sa pamamagitan ng pagtatangka nito na ibalik sa tao (mambabasa), at hindi lamang sa iisang tao, ang kapangyarihan, bagaman wala pa ring apirmatibong aksiyon, ng signipikasyon. Samakatwid, naaabot nito ang isang antas ng progresyon sa usapin ng araling-wika. Gayumpaman, nananatiling problematiko ito kung bibigyang-diin ang perspektibang gagamitin ng mga tao sa signipikasyon. Malaki ang pangamba, samakatwid na maakit at mahibo ang mga tinuringang “interpretatibong komunidad” ng tao tungo sa eklektikong signipikasyong humihigit sa isa ang wastong pagpapakahulugan, dagdag pa ang subhetibistang iklinasyon ng mga intelektuwal. Samakatwid, kabilang na sa mga ito ang pagpapakahulugang reaksiyonaryo at regresibo ng dominanteng ideolohiya, gayundin ang mga pagpapakahulugang oportunistang

Ganap lamang na mararanasan ang integrasyon ng dalumat ng komunidad, o ng mas gamitíng termino na lipunan, sa pag-aaral pangwika noong nagsimulang umusbong—o muling umusbong para sa kaso nina Volosinov at Bakhtin<sup>67</sup>—ang panlipunang teorya ng wika.

Ang mga limitado, estatiko, elitista, eksklusibo, regresibo, at reaksiyonaryong (at sa kasalukuya’y ipinagpapalagay na ring pasista) pananaw sa araling wika ang naghudyat ng hindi iilang reaksiyon laban sa estruktural/pormal na lingguwistika. Sa katunayan, hindi lang ang mga post-structuralist (Benveniste, Lacan, at Derrida), speech act theorist (J.L. Austin at Searle), at reader-response theorist (Fish) ang naglunsad ng opensiba rito. Noong 1973 inilathala ang salin sa libro ni Volosinov na *Marxism and the Philosophy of Language* (Marxismo at ang pilosopiya ng wika). Speech act din ang ginagamit na termino ni Volosinov (o ng mga nagsalin ng libro mula sa Ruso) na naniniwalang ang pag-aaral nito ang magbibigay-liwanag hindi lamang sa mga misteryo ng psyche ng tao kundi maging ng penomenong sikolohiyang panlipunan sa Marxismo na itinuturing na kawing sa pagitan ng batayang materyal at malikhaing isip ng tao (Nasa “Translators’ Introduction”

---

<sup>67</sup> Naantala ang paglabas ng mga idea nina Volosinov at Bakhtin dahil sa kalagayang politikal noong mga panahong iyon sa Rusya na sa kasalukuya’y kinikilala ng hindi iilan bilang opresyong politikal ng pamunuan. Ano’t anuman, mga taong sienta nang muling umusbong at naging bida ang pangalang Bakhtin sa Rusya. Sa kahalintulad na pangyayari, 1929 pa noong sinulat ni Volosinov ang *Marxism and the Philosophy of Language* pero noong 1970 lang ito “natagpuan.” Nailathala noong 1973 ang salin nito sa Ingles, kasabay ng mga haka-haka na ang “Volosinov” ay *nom de guerre* lamang ni Bakhtin—dumano’y mayroon ngang nabuhay noon na taong nagngangalang Volosinov na kaibigang matalik ni Bakhtin at pinaghiraman niya ng pseudonym. Sa mga pagbabasa-basa ko, ilang awtor ang nagsabi na iisang tao nga lang sila. Pero mas madalas kaysa hindi, magkaibang entidad sila na kinumpirma nina Cobley (1996) at Selden, Widdowson, at Brooker (1997). Ano’t anuman, pinaglalaanan ng higit na atensyon ng hindi iilang mananaliksik ang mga pananaw ni Bakhtin, at kahit sa mga akda ng kasaysayan at kritik pampanitikan, binibigyan ng higit na halaga si Bakhtin—Bakhtin School—kung saan ipinapabilang si Volosinov (cf. Selden 1997, 41-42).

ng Volosinov 1973, 3).<sup>68</sup> Iminumungkahi niya na analisahin ang wika bilang isang prosesong patuloy na nabubuo at ginagamit sa sosyal-berbal na interaksyon ng mga nagsasalita. Binabalaan niya ang mga (estruktural na) lingguwista sa ano pa't "deskriptibong pag-catalogue lamang nila ng mga anyo at padron, mekanistikong sistemasyon lang, at, sa pangkalahata'y, mga pang-aakit ng isang mababaw na empirisismo na...napakamakapangyarihan sa siyensiya ng lingguwistika" (Volosinov 1973, 2). Noong 1920 pa ito sinulat ni Volosinov sa orihinal na Ruso at hindi nga lamang nailathala hanggang sa madiskubre ito ng ibang mananaliksik.

Ano pa't "reaksiyon," direkta man o di direkta, ang diyalektikal na pag-aaral ni Volosinov sa *Cours* ni Saussure noong 1916. Reaksiyong muling nagsagawa ng ingay at patuloy na iginigiit noong mga taong sitenta, at patuloy na ginagamit hanggang sa kasalukuyan. Dalawa pa ang implikasyon ng paglalagat ng mga panahong ito. Una, noong mga taong sitenta pa lamang nagsimulang gumawa ng ingay ang mga pag-aral sa behavioral communication, sosyolohiya, at critical linguistics, na sa kalauna'y tatawagin namang discourse analysis. Panahon naman ito ng batas militar sa Pilipinas. Pangalawang implikasyon nito, sa Pilipinas, madalang, kung hindi man wala, ang kritikal na araling wika hanggang sa kasalukuyan. Kaya nga kinikilala ko rin at ng pananaliksik na ito ang maselang lupang kinatatayuan nito sa dahilang ang mga proposisyon nito ay tumatampok hindi lamang sa pagtukoy sa pinaniniwalaang ugnayan ng wika at siyensiya kundi, lalo't higit, sa hindi direktang pagtukoy sa mga espesipikong limitasyon at kahinaan, bagaman kapuwa mahalagang aralin, ng establisado nang pormal at estruktural na teorya ng wika.

Sa pinakasimpleng pagpapaliwanag, nangangahulugan ang panlipunang teorya ng wika bilang pag-imbetiga at pag-analisa o pagsusuri ng wika batay sa, at sa gayo'y hindi inihihwalay sa, sitwasyon at kalagayan sa pagsasalita—kasama na ang ibang anyo ng komunikasyong gaya ng pansarili, pang-kausap, at panggrupo—maging ang mas malawak na estrukturang panlipunang humulma sa wika bilang isang penomenong kultural.<sup>69</sup> Isa sa

---

<sup>68</sup> Nililina ko na hangon ito sa introduksiyon ng mga tagasalin mula sa wikang Ruso—Matejka at Titunik. Nangangahulugan na dapat ding bigyang-konsiderasyon ang kinabibilangang "interpretatibong komunidad" ng mga tagasalin lalo pa't ginagamit nila ang mga katagang "speech act," "psyche," at "social psychology." Inirekomenda ko sa mga gustong umintindi kay Volosinov na basahin ang buong libro kahit hindi pa nababasa ang introduksiyon ng mga tagasalin. Gayumpaman, itinuturing kong magiging higit na makabuluhan naman ang diskusyon sa usaping Marxistang teorya ng wika sa ikatlong kabanata ng panaliksik na ito. Halimbawa, mas mabibigyang-linaw ko ang binabanggit na "kawing sa pagitan ng batayang materyal at malikhaing isip ng tao."

<sup>69</sup> Tulad ng mga naunang teorya ng wika, may limitasyon pa rin ang panlipunang teoryang ito. Mas maiintindihan ang tinutukoy kong limitasyong ito sa susunod pang kabanata (ikatlong kabanata).



mga personaheng sapilitang kinanonisa sa kategoryang ito ng araling wika at panitikan ay si Volosinov.<sup>70</sup> Una ko nang naipakilala sa unang tsapter ang mga kritismo ni Volosinov sa mga estrukturalista at pormal na teorya sa wika gayundin ang mga subhetibistang pagtingin dito. Bibigyang-tuon ko naman dito ang mga makabuluhang pananaw ni Volosinov sa araling wika na umaayon sa pagtukoy sa mga ito bilang makapanlipunang teorya. Si Volosinov ang isa sa pinakaunang awtor na nagdala ng wika sa antas ng ideolohiya, o ng ideolohiya sa antas ng wika (alinman ang mas mamarapatin). Naniniwala siya na ang wika ay wika ng ideolohiya. Aniya, “sa pamamagitan lamang ng materyal na mga sign nagmumula at nagiging buhay na katotohanan ang kamalayan” (Volosinov 1973, 11). Binibigyang-kredit naman ni Copley (1996, 23) si Volosinov sa paglulunsad niya ng teoryang diyalojika (dialogic theory) bagaman mas kinikilala ng karamihang intelektuwal si Bakhtin para dito. Ano’t anuman, nangangahulugan na dahil nga sa iniuugnay ang mga sign at ang wika sa malawakang konteksto ng lipunan, maaaring bigyan ng maraming posibilidad ang proseso ng signipikasyon. Gayumpaman, mas malinaw ang itinuro ni Selden (Selden et al. 1997, 41; akin ang diin) na sentral na idea ni Volosinov na “ang mga *salita* ay mga aktibo, dinamikong sign ng lipunan, na may kakayahang magdulot ng iba’t ibang kahulugan at konotasyon para sa iba’t ibang uri sa lipunan, at iba’t ibang sitwasyong panlipunan at pangkasaysayan.” Pansinin na minabuti ni Selden na gamitin ang *salita* at dalumat ng “*salita*” sa halip na “wika.” Tinatanggap ko ito bilang pagkilala sa kahalagahan pa rin ng analisis sa antas ng *salita* (kumbaga sa semiotika) at hindi lamang ng analisis sa antas ng pangungusap o maging ng antas na suprasentens.<sup>71</sup> Sa ibang kultura at ibang akademikong sirkulo, ang prosesong ito ay tinatawag na “keyword analysis” na sa unang tingin ay, at naipagkakamali bilang, semantikong analisis. Iyon nga lamang, hindi ito

---

<sup>70</sup> Duda akong masaya si Volosinov sa kaniyang kinahihimlayan ngayon dahil sa reduksiyong panlipunang teorya sa kaniyang mga pananaw. Kung babasahing maigi ang libro niyang *Marxism and the Philosophy of Language* (1973), matatantong higit sa panlipunang determinasyon ang kaniyang mga pananaw. Nakatutuwa ring isipin na mismong ang mga nagkakanonisa sa kaniya ay hindi nabigyan ng sapat na pagpapahalaga ang mga pananaw niya sa pamamagitan ng isang malinaw na oryentasyong kontekstuwal at panlipunan sa kabila ng pagbabalatkayong taal nilang naiintindihan ang “panlipunang teorya.” Mayroon pa ngang sikat na iskolar sa kritisismong pampanitikan—yumao na rin—na nagbansag kay Volosinov bilang kasapi ng Eskwelahang Bakhtin (Bakhtin School), sa kabila ng pagkakaroon ng sariling identidad ng mga akda ni Volosinov, kumpara kay Bakhtin, bagaman napapaloob sila sa iisang lipunang Ruso (sumangguni sa Selden et al. 1997, 41-43). Nauna pa ngang inilathala ang libro ni Volosinov noong 1929 kumpara sa *Discourse in the Novel* ni Bakhtin noong 1934-35—bagaman inaamin kong mahinang argumento ito sa reduksiyong pampanahong karakter nito, isa pa, lumabas naman ang librong *Problems of Dostoyevsky’s Poetics* noon ding 1929. Isa ring awtor (Lechte) ang nagsabing sinulat ni Bakhtin nang kasama si Volosinov ang *Marxism and the Philosophy of Language*. Halos sisihin tuloy ng mga tagasalin ng nasabing libro si Stalin sa mga kaguluhang ito.

<sup>71</sup> Dapat lamang tandaan na ipinag-iiba ni Saussure ang semiotika sa semiolohiya (cf. Saussure 1916/1959, 16)



humihinto sa panimulang analisis ng “truth value” ng kahulugan ng isang salita (gaya ng ginagawa sa semantika) kundi sa kahalagahan ng mga salita sa isang perspektibang panlipunan.<sup>72</sup> Sa katunayan, ang salitang Ruso na “slovo” na ginagamit sa tinaguriang Bakhtin School ay maliwanag na may implikasyong panlipunan, alalaombaga’y iyong mga salitang ginagamit sa kasalukuyan gaya ng bigkas/pagsasalita at diskurso. Sa pananaliksik na ito, minabuti kong gamitin na lamang ang salitang “wika” o kung minsa’y “salita” dahil sa hindi lamang sakop nito ang panlipunang wika kundi kahit ang mga espesipikong susing salita. Samakatwid ay hindi na kailangang ipilit ang salitang “diskurso,” gaya ng iminungkahi ng isang nakatatandang guro sa akin, na maaaring maging dahilan pa ng pagkaka-identify sa pananaliksik na ito sa iilang sikat (lamang) na palaisip sa larangan ng limitadong diskursong analisis sa halip na sa pinupuntirya nitong pagsusuring batay sa tunggaliang panlipunan at ugnayang panlipunan. Hinggil pa rito, may mga dagdag na pananaw si Volosinov. Aniya, ang salita—hindi ko lang sigurado kung “slovo” ang ginamit ni Volosinov sa orihinal na akda niyang nakasulat sa Ruso—ay ang “ideological phenomenon par excellance” (pinakamahusay na penomenong ideohikal). Naniniwala siya na ito ang pinakadalisay at pinakasensitibong midyum ng interkursong panlipunan at sa gayo’y pinakapundamental na bagay na dapat analisahin sa pag-aaral ng mga ideolohiya. Ginamit ko ang lapit na ito sa pag-aaral ng mga espesipikong susing salita sa wika sa panahon ng Batas Militar.<sup>73</sup> Mahalagang natalakay ito ni Volosinov dahil mas madalas kaysa hindi ay napilitan akong lumunsad mula sa o kung minsa’y ilimita ang araling wika ng rehimeng batas militar sa antas ng salita.<sup>74</sup>

“Kung walang senyas, walang ideolohiya” (Volosinov 1973, 9). Sa isang iglap ay ibinubuod ng pahayag na ito ni Volosinov ang kaniyang pananaw hinggil sa wika at ideolohiya. Kaalinsunod nito, alalaombaga’y may direktang ugnay, tinangka niyang bigyang-linaw ang usapin hinggil sa ugnayan ng ideolohiya at ng materyal bilang palagiang batayan at lunsaran ng diskusyon at argumento ng sinumang kritikal at eskeptiko sa ideolohikal na oryentasyon, lalo na sa araling wika. Para matugunan ang eskeptisismong ito, ipinahayag ni Volosinov na anumang ideolohikal na produkto ay bahagi

<sup>72</sup> Kung hahanapan ng anti-thesis ang “truth value,” eh di, “social value” bagaman hindi sapat na naaarak ng tentatibong terminong ito ang diwa at lalim ng perspektibang panlipunan at tunggaliang panlipunan.

<sup>73</sup> Naging kombinyente rin sa akin ang realisyong ito dahil sa napilitan akong maging limitado ang pag-aaral (sa pag-aaral ng mga salita o semyotika) sa halip na maging sobrang lawak nito.

<sup>74</sup> May mahalagang pananaw si Stalin hinggil sa kahalagahan ng bokabularyo o salita bilang antas ng pagsusuri ng wika, nasa polyetong *Marxism and Problems of Linguistics* (1954) na antolohiya ng mga artikulo niya hinggil sa wika na nalathala sa pinamatnugutan niyang *Pravda* (Katotohanan), peryodikal ng Sentral na Komite sa Rusya. Mababanggit ko rin ang hinggil dito sa ikatlong tsapter.

ng realidad, gaya ng anumang pisikal na bagay o instrumento ng produksiyon o anumang produkto ng konsumo. Hindi tahasang naipaliwanag ni Volosinov ang kaniyang argumento hinggil sa ugnayan ng ideolohiya at ng materyal na bagay (kumpara halimbawa kay Althusser) pero kinikilala ko ito bilang isang kumon sensikal na turing sa nasabing ugnayan—marahil ay dikta ng obhetibong kondisyon ng mga panahong iyon, o marahil ding realidad na noon ang turing sa nasabing ugnayan. Pero ang mahalaga ay malinaw na ang wika ay materyal at isang ideolohikal na produkto. Ayon kay Volosinov, materyal na bahagi o kaputol ng realidad ang ideolohikal na sign at anumang penomenon na nagsisilbing ideolohikal na sign<sup>75</sup> ay mayroon nang materyal na katangian, maaaring sa pagiging tunog, pisikal na bagay, kulay, kilos o galaw ng katawan nito o anumang katulad nito. Animo’y para kay Volosinov, hindi na usapin ang materyalidad ng wika. Para bagang sinasabi niya na hindi na kailangang analisahin ito na animo’y ihinihiga sa dissecting table ang wika at hinihiwa ang tiyan para lamang malaman kung may puso ito at may bituka o para lamang malaman kung tao nga ito o tunay at materyal nga ito.<sup>76</sup>

Iaangat pa ni Volosinov ang argumento patungo sa pagpapahayag na “hindi lamang bahagi ng realidad ang sign, repleksiyon at repraksiyon din ito ng isa pang realidad” (Volosinov 1973, 10).<sup>77</sup> Madaling intindihin ang dalumat ng “repleksiyon.” Maaaring kasingsimple ng repleksiyon sa salamin ang pagkakaintindi rito. Alalaombaga’y yaong repleksiyon ng sanggol na nabanggit sa itaas sa mga pag-aaral ni Lacan. Sa gayo’y maaaring iangat ang araling wika bilang repleksiyon ng isang lipunan at ng dominanteng mga kaisipan (kabilang na ang mga teorya sa araling wika) at ng dominanteng ideolohiya nito. Maaaring magkaroon lamang ng hindi sapat na pagkakaunawa sa dalumat ni Volosinov ng “repraksiyon” kung isasagawa na ngayon ang talakay ko hinggil dito na mas detalyado ko namang tatalakayin sa susunod na tsapter. Sa ngayon, gagamitin ko muna bilang pampalinaw ang mismong mga paliwanag<sup>78</sup> ni Volosinov hinggil dito. Aniya, repraksiyon ang anumang “kahulugan na nangangahulugan nang labas dito” (Volosinov 1973, 9) o “kagamitan na nangangahulugan ng ibang bagay” (Volosinov 1973, 10). Samakatwid, ibang kahulugan. Ito na rin ang paliwanag kung bakit kinikilala

<sup>75</sup> Gaya marahil ng mga pinag-aaralan ng mga semyotisan.

<sup>76</sup> Masinop din ang talakay ni Stalin hinggil sa usaping ito sa polyetong *Marxism and Problems of Linguistics* (1972).

<sup>77</sup> Pansinin ang paghiram ko ng mga terminong “repleksiyon” at “repraksiyon” mula kay Volosinov bilang mga tunguhin para sa pananaliksik na ito.

<sup>78</sup> Bagaman gaya ng talakay, o ng salat na pagtalakay, niya sa ugnayan ng ideolohiya at materyal na wika, tila kumon sensikal din ang turing niya sa dalumat ng repleksiyon.

ni Copley kay Volosinov ang diyalohikong teorya ng komunikasyon. Malaki ang implikasyon ng dalumat na ito dahil malinaw—at mas malinaw na naipahayag kumpara sa mga naunang teorya kahit ng mambabasang-tugon—ang kapasidad ng tao na lumikha at sa kabilang banda’y makilala at mabasa ang multiplisidad ng kahulugan ng sign o ng signipikasyon. Ipinoposisyon din ng pahayag na ito ni Volosinov ang wika bilang instrumento ng produksiyon na maghahawan ng landas para mapadali ang pagtatalakay at pagpapaintindi sa mga pananaw ni Althusser sa susunod na tsapter hinggil sa reproduksiyon ng ugnayang panlipunan. Dahil na rin sa paghahawan ng landas na ito, nabigyan ng pagkakataon si Volosinov na sabihing narereprak din ng sign ang realidad. Aniya, “maaaring ito (sign) ay *distorsiyon* o katotohanan ng realidad, o maaari itong basahin mula sa isang bukod-tanging punto de bista” (Volosinov 1973, 10). Makapangyarihan ang implikasyon nito. Una, ipinapakilala ni Volosinov ang diyalektika na umiiral sa loob ng sign, una sa pamamagitan ng replektibo at repraktibong karakter nito, pangalawa, at hinggil sa repraksiyon, ang karakter ng sign na idistort ang realidad at sa kabilang banda nama’y ang kapasidad ng tao na mabasa ang tunay na anyo nito depende sa gagamiting punto de bista. Para sa akin, ang pag-aangat ni Volosinov sa wika tungo sa antas ng ideolohiya ang pinakamahalaga niyang kontribusyon sa araling wika.<sup>79</sup>Talaga namang napakahirap paghiwalayin ang dalawa, at anumang pagtatangka na gawin ito ay mistulang katraydoran sa salik-panlipunan ng tao. “May semyotikong halaga ang lahat na ideolohikal,” wika nga niya.

Gamit ang mga armas sa itaas, pinakakritikal ang moda ni Volosinov sa tunguhin na tinawag niyang abstraktong obhetibismo. Aniya, mula sa obhetibong punto de bista,<sup>80</sup> hindi sumasang-ayon sa anumang yugto ng prosesong pangkasaysayan ang sistemang sinkroniko, na sistemang ginagamit ng abstraktong obhetibismo. Para kay Volosinov, isang napakalaking pagkakamali ang paghihiwalay at pagbubukod ng wika sa ideolohikal na salik nito. Naniniwala siya na malalim na nakaugat ang ganitong proseso ng pagbubukod sa kaisipang lingguwistika sa disiplina ng pag-aaral ng wika na kung tawagin ay pilolohiya. Araling panitikan, partikular ng anumang nakasulat na teksto o tala, at mga kaugnay na larangan, ang pilolohiya. Ang pangunahing tunguhin ng disiplinang ito ay ang tukuyin ang awtentisidad, kung hindi man makuha ang orihinal na anyo, ng mga teksto, kaalinsabay

<sup>79</sup> Bagaman maraming mga susunod na palaisip ang magtutukoy rin nito kahit na maaaring hindi nila nabasa si Volosinov dahil mahalagang elemento ito ng kontradiksiyon.

<sup>80</sup> Pansining repraksiyon ito ng dalumat ng “obhetibismo” ng trend na tinawag niyang “abstraktong obhetibismo”

ng pagtukoy ng mga kahulugan nito. Dahil marahil sa kalumaan at animo’y patay nang mga wika sa mga sinaunang tekstong ito, itinuturing ni Volosinov na lipas na at dayuhan ang mga nasabing wika gayundin ang anumang pagtatangka na pag-aralan ang mga ito.<sup>81</sup> Ang ganitong klase ng araling wika aniya ang nagbunsod sa lingguwistika. Kung tutuusin, wala naman talagang masama sa pag-aaral ng mga lumang wika nang hindi naiiba sa pag-aaral ng mga lumang sibilisasyon o anumang lumang artepakto. Para sa hindi iilan, isa itong pagtuklas o muling pagtuklas ng nakaraang kultura at sibilisasyon.<sup>82</sup> Sigurado namang batid ito at sang-ayon dito si Volosinov. Dangan, bukod sa pagtatangka ng mga pilolohista-lingguwista na ihiwalay ang wika sa ideolohiya—na parang nakatatayo ito nang mag-isa—ang mga nasaksihan niyang pag-aaral ng mga kinamumuhian niyang pilolohista-lingguwista ay “walang aktibong pagkakaunawang ideolohikal” o mayroon lamang pasibong uri ng pagkakaintindi rito. At dahil sa kasalatan naman ng pagpapaliwanag o pagbibigay ng halimbawa ni Volosinov hinggil sa usaping ito, mapapaisip ang sinumang babasa sa kaniya kung bakit matindi ang dis-ilusyon niya sa “abstraktong obhetibismo.” Kumon sensikal ang kaniyang pagpapahayag na ang preokupasyon ng mga lingguwista noon ay ang pag-aralan ang wika hindi lamang bilang hiwalay sa kontekstong berbal at aktuwal kundi bilang nag-iisa, yari na, at monoglosiko. At sang-ayon ang mga pahayag at paniniwalang ito sa mga pangunahing sangay ng lingguwistikang kinilala ni Volosinov bilang *phonetics, grammar, at lexicon*.<sup>83</sup> Ang sumusunod ang walong krusyal na punto o mga katangian ng abstraktong obhetibismong inisa-isa ni Volosinov (naka-italiks) (Volosinov 1973, 77; akin ang salin), lakip din ang mga tangka kong mabigyang-linaw ang mga ito:

1. *Pinapahalagahan ang matatag na identidad ng mga anyong lingguwistika sa halip na ang kapasidad ng mga ito na magbago.* Nakatuon sa paglilista ng mga elemento (halimbawa ng isang salita) sa pagtatangkang mabigyan ang mga ito ng tiyak na identidad at kahulugan sa halip na kilalanin at intindihin ang kahulugang kontekstuwal ng mga ito.

---

<sup>81</sup> Sabi pa nga ni Volosinov sa *Marxism and the Philosophy of Language* (1973, 73), “The dead language the linguist studies is, of course, an alien language” (Sa katunayan, dayuhang wika ang patay na wikang pinag-aaralan ng lingguwista).

<sup>82</sup> Kung minsan pa nga’y nagiging reduksiyon ito sa pagtukoy ng identidad ng isang grupo o ng isang kultura.

<sup>83</sup> Pansinin na sa halip na “semantika,” pangkalahatang gramar ang isinama ni Volosinov. Para sa akin, kahinaan ito ni Volosinov. Bagaman malinaw ang limitasyon sa pagtukoy ng gramar lalo na kung isasaalang-alang ang politikal na implikasyon nito, mahalaga rin na tiyakin, lalo na sa mga naninindigan sa isang anyo ng teorya ng wika lalo pa’t tatawagin itong Marxista, ang limitasyon at kahinaan ng semantika. Sa kasalukuyan, mas madali nang tukuyin ang kahinaan nito. Nasa ikatlong tsapter ang elaborasyon ko hinggil dito.

2. *Pinapahalagahan ang abstrakto kaysa kongkreto.* Abstrakto ang mga salita dahil walang batayang materyal at historikal dahil sa pagiging ideal at sinkroniko/ahistorikal sa pagtukoy ng mga ito.
3. *Pinapahalagahan ang sistematisasyong abstrakto sa halip na pangkasaysayang aktuwalidad.* Dahil nga sa iniluwal ng mga pag-aaral ng mga patay na wika ang abstraktong obhetibismo, itinuturing nito na buo na at maaari nang isistematisa maging ang kasalukuyang mga wika kahit na nabubuhay pa ang mga ito. Samakatwid, patuloy na nagbabago.
4. *Pinapahalagahan ang mga anyo ng mga elemento sa halip na ang anyo ng kabuuan.* Bukod sa tunguhin na bumuo ng monoglosikong wika sa pamamagitan ng grammar, limitado rin sa hangganan ng antas pangungusap—ponemika, semantika, sintaks—ang abstraktong obhetibismo
5. *Pinapahalagahan ang reipikasyon (pagsasakongkreto) ng elementong lingguwistiko at kinakaligtaan ang dinamiko ng pagsasalita.* Pinaniniwalaang maaari at dapat na ihiwalay ang wika sa konteksto at kasaysayan nito para maging kongkreto ito at sa gayo’y maisagawa ang “siyentipikong” pag-aaral—na mistulang ihinihiga sa dissecting table.
6. *Pinahalagahan ang singularisasyon ng kahulugan ng salita sa halip na, at kinakaligtaan, ang buhay na multiplisidad ng kahulugan at aksent.* Sabi nga ni Volosinov, “lugar ng patuloy na tunggalian ng uri ang berbal na sign: palaging pakikitirin ng naghaharing uri ang kahulugan ng mga salita at gagawing ‘iisa ang tunog’ ng mga panlipunang sign” (Nasa Selden et al. 1997, 42; akin ang salin).
7. *May nosyon na isang yari nang artepakto ang wika na ipinapasa lamang sa mga susunod na henerasyon.* Dahil nga sa paniniwalang ang wika ay yari at hindi nagbabago na parang materyal na bagay, maaari itong ipasa sa susunod na henerasyon.
8. *Walang kakayahan na ikonseptuwalisa ang panloob na prosesong heneretibo ng wika,* dahil nga sa abstraktong katangian nito.

Isa na lamang ang kailangang linawin hinggil kay Volosinov. Hindi maitatatwang makabuluhan ang mga kontribusyong niya hindi lamang sa pilosopiya kundi, sa pangkalahatan, sa mga araling pangwika. Gayumpaman, hindi rin mapapasubaliang relatibong hindi kilala si Volosinov sa akademikong sirkulo. Marahil, at pangunahing marahil, dahil sa nilalansag nga nito ang

ipinapalagay niyang dominante ngunit di-siyentipikong sistema ng araling wika. Paano nga naman uusbong at makikilala ang isang taong pilit na iniluluklok sa gilid ang mga paninindigan dahil sa siya at ang mga pananaw nito’y “marginal” lamang. Pangalawa, kahit noong panahong inilalako pa lamang ni Volosinov ang mga pananaw niya, agad nang tinutulan ang mga ito lalo na sa panahon ng pamumuno ni Stalin sa Rusya dahil sa paglihis ng una sa linya ng Partido. Sa katunayan, kaugnay nito, ayon na rin kay Stalin, pinagmamalupitan at sinisiil ng mga nangungunang sirkulo ng tao sa lingguwistika sa Rusya kahit ang maliliit na kritisismo rito. Naniniwala si Stalin na lubhang idealistiko ang nananahang lingguwistika sa Rusya noon. Halimbawa ng paniniil ay ang pagtatanggal sa trabaho at pagbababa ng posisyon sa sinumang pupuna sa lingguwistika. Ito na rin ang dahilan kaya’t nagpasya si Stalin na buksan ang *Pravda*, peryodiko ng Partido, sa mga usapin hinggil sa wika at lingguwistika. Lumalabas na kabilang si Volosinov sa mga siniil na ito (cf. Stalin 1954, 30-32).

Noon nga lamang mga taong sitenta nakita ang libro at isinalin sa Ingles, pero si Volosinov ay hindi na rin natagpuan at kamuntikan pa ngang mapagkamalan na si Bakhtin din. Ano’t anuman, naniniwala ako na ganito na lamang ang dinanas ng intelektuwal na pamumuhay ni Volosinov dahil, una, kapos ang mga sulatin niya sa matalas na pag-ugnay sa pilosopiya ng wika sa relasyon at tunggaliang panlipunan na pangunahing pinagtutuunan ng isang matalas na Marxistang pilosopiya. Halimbawa, sa pagtatalakay niya hinggil sa ugnayan ng wika at ideolohiya, hindi niya napalitaw ang dominasyon ng naghaharing uri at ideolohiya sa superrestruktura ng kabuuan ng lipunan. Kahit na diskusyon pa lamang ito ng pilosopiya ng wika, nariyan pa na salat na nga sa mga progresibong aralin ang disiplina ng wika, kinakailangang sistematiko ang paglalagat ng anumang teorya, lalo na kung gumagamit ito ng isang malinaw na pamantayan (na Marxistang—gaya ng iginigiit ng kaniyang pamagat). Pangalawa, mayroong tendensiya ang kaniyang pagtatalakay na pakitirin ang diskusyon ng Marxistang pilosopiya ng wika, sa kahulihulihan, tungo sa sikolohiyang panlipunan na ang tunguhin ay maghanap ng obhetibong lapit sa *consciousness*.<sup>84</sup> Kaalinsabay nito ang itinuturing at pinaniniwalaan niyang pinakapundamental at pinakamahalagang tunguhin ng Marxismo na “bumuo ng isang tunay na obhetibong sikolohiya.”

Bilang pangkalahatang implikasyon ng mga inilistang katangian sa itaas na mahusay na nakabatay sa kontradiksyon, at maging ng mga kahinan

---

<sup>84</sup> Minabuti kong huwag gamitin ang salitang “kamalayan” dahil nais kong panatilihin ang esensiyang sikolohikal ng “consciousness” batay sa kalinangang Pilipino, kumpara sa “kamalayan” na may kargang politikal—sa esensiya ng tunggaliang panlipunan sa kahabaan ng kasaysayan ng bansa.

nito, mapapasubalian ang sinumang pupuna sa pananaliksik na ito at magsasabing napakaaga pa o hindi napapanahon dahil lamang sa hindi pa sistematisado ang wikang pambansa ng Pilipinas. Kaugnay nito, inuulit ko na bagaman ipinapakita ang limitasyon ng anumang uri ng araling wika na sumasandig sa sistemang inestablisa ng abstraktong obhetibismo, kinikilala ko ang batayang gawaing pinangungunahan nito. Gayumpaman, inuulit ko na hindi ang ganoong uri ng araling wika ang dapat na maging prioridad lalo't higit sa isang lipunang dumaranas ng matinding panlipunang krisis, lalo't higit kung abstraktong obhetibismong tunguhin ng araling wika ang nananaig sa pagtatangkang pakitirin ang kahulugan ng mga salita at gawing “iisa ang tunog” ng mga panlipunang sign.

Kaiba sa mga personaheng nauna ko nang binanggit, kay M.A.K. Halliday<sup>85</sup> (1925-) ko lamang nadama ang isang pagtatangkang papagkamayin ang lingguwistika sa mga uri ng pag-aaral na nagtatangkang lumihis sa mga pamantayang itinakda nito. Minarapat kong isipi na lamang ang pananalita ni Halliday para mapanatili ang obserbasyon niya. Aniya (Halliday 1978, 3):

Hindi natin mauunawaan ang kalikasan ng wika kung tatangkain lamang nating sagutin ang mga tanong na nililikha ng mga lingguwista hinggil dito. Para [kasi] sa mga lingguwista, ang wika ay isang bagay [object]—ipinapakahulugan ang lingguwistika, na sa tuwina'y iginigiit ni Saussure at ng mga kontemporaneo niya, dahil wika ang object ng pag-aaral nito; samantalang sa iba, isang instrumento ang wika, na maaaring gamitin upang malinawan ang hinggil sa *ibang* usapin. Isa itong valid at mahalagang pagkakaiba. Pero pagkakaiba ito ng mga tunguhin, at hindi ng sakop. Sa mga hardin kung saan nakakulong ang mga disiplina simula pa noong mga unang taon ng siglong ito [siglo 19], inangkin ng bawat isa ang karapatan na tukuyin hindi lamang ang mga tanong na dapat tanungin kundi maging kung ano ang mga dapat alalahanin para masagot ang mga ito; at para sa lingguwistika, tumungo ito sa paglikha ng mga sistemang elegante at nakapag-iisa na mayroon lamang limitadong implikasyon sa anumang *tunay* na usapin/isyu—dahil wala naman talagang ganoong hangganan ang object nito. Kailangan nating bigyang-pansin ang mga katanungan ng

---

<sup>85</sup> Unang nakilala si M.A.K. (Michael Alexander Kirkwood) Halliday noong 1950s sa Inglatera sa kaniyang mga pag-aaral sa tinatawag na sistemik na lingguwistika. Kinikilala rin sa kasalukuyan na “functionalist” ang lapit ni Halliday.



*iba*; hindi lamang dahil sa ipinapalagay nating pananagutan ito ng disiplina sa lipunan (bagaman sapat nang dahilan iyon), kundi dahil na rin sa lubos nating interes dito—higit nating maiintindihan ang wika bilang object kung ipapaliwanag natin ito batay sa mga kinahinatnan at mga resulta [ng pag-aaral] ng mga taong naniniwalang instrumento ang wika, o paraan para masagot ang ibang uri ng mga katanungan.<sup>86</sup>

Gayumpaman, hindi ako ganap na kumbinsidong isa lamang ako sa mga taong itinuturing ang wika bilang instrumento na maaaring gamitin para maliwanagan sa ibang usapin. Sumasang-ayon naman ako na paraan ang wika para masagot ang mga katanungan. Kinikilala ko rin naman ang retorika ni Halliday na mabigyan ng diin ang dalumat ng “iba” kumpara sa “hindi naiiba” o mainstream na lingguwistika o kalakarang lingguwistika—bagaman tunay namang hindi sapat at lito ang retorika niya—lubos akong naniniwala na higit pa sa instrumento lamang ang tingin ko sa wika. Mas mabibigyan ito ng linaw sa ikatlong kabanata.

Sa librong *Language as a Social Semiotic* (1978), na isang koleksiyon ng mga sanaysay na sinulat niya mulang 1972 hanggang 1976, nilinaw ni Halliday ang pinaniniwalaan niyang papel na ginagampanan ng wika sa lipunan. Aniya, semyotikang panlipunan ang wika. Nangangahulugan ito na ang mismong panlipunang realidad, na itinuturing din niya bilang kultura, ay edipisyo (edifice) na ng kahulugan o isa nang semyotikong konstrak. Ang wika, samakatwid, ay bahagi ng sistemang semyotika na bumubuo ng kultura. Dahil sa ganitong uri ng pagtingin hinggil sa wika, nababaklas ang dominanteng pagturing dito bilang sistema ng mga yunit, at sa pinakakumpleto nang pormasyon, bilang mga pangungusap. Samakatwid, inaangat ng paninindigang ito ni Halliday ang wika hindi lamang bilang tunog, salita, at pangungusap, kundi bilang teksto o diskurso. Sa pagpapakahulugan ni Halliday, ang diskurso ay ang pagpapalitan ng mga

---

<sup>86</sup> Akin ang salin maging ang diin at ang mga nakabrakat; kay Halliday ang isang nakasaknong. Ito ang orihinal, kung mamarapating basahin: “We shall not come to understand the nature of language if we pursue only the kinds of question about language that are formulated by linguists. For linguists, language is object—linguistics is defined, as Saussure and his contemporaries so often felt the need to affirm, by the fact that it has language as its object of study; whereas for others, language is an instrument, a means of illuminating questions about something else. This is a valid and important distinction. But it is a distinction of goals, not one of scope. In the walled gardens in which the disciplines have been sheltered since the early years of this century, each has claimed the right to determine not only what questions it is asking but also what it will take into account in answering them; and in linguistics, this leads to the construction of elegant self-contained systems that are of only limited implications to any real issues—since the object themselves have no such boundary walls. We have to take account of the questions that are raised by others; not simply out of a sense of the social accountability of the discipline (though that would be reason enough), but also out of sheer self-interest—we shall better understand language as an object if we interpret it in the light of the findings and seekings of those for whom language is an instrument, a means towards inquiries of a quite different kind.”



kahulugan sa iba't ibang kontekstong interpersonal, kontekstong nagiging dahilan para makilala ng mga kasapi sa interaksyon ang mga katangian ng register at para magkaintindihan ang bawat kasapi (Halliday 1978, 2).<sup>87</sup> Bibigyang-halaga rin ni Halliday ang papel ng wika hinggil sa estado ng tao sa lipunan bagaman mabuway ang argumento niya dahil hindi ito nakaangkla sa batayang tunggaliang panlipunan kaya nagmimistulang token ang papel ng wika sa ugnayang panlipunan. Ito lamang ang maaasahan kay Halliday dahil sa ang kaniya lamang batayan sa pangkalahatan ukol dito ay si Basil Bernstein. Si Bernstein ang lumikha ng pormulasyong *elaborated* at *restricted* na code na kaniyang tangka tungo sa makauring pilosopiya ng wika. Ginagamit ang code na masaklaw (*elaborated*) sa mga pormal na sitwasyon habang limitado lamang, partikular sa bahay, ang code na makitid (*restricted*). Halimbawa, nakakagamit kapuwa ng masaklaw at makitid na code ang mga anak ng gitnang-uring pamilya, samantalang makitid na code lamang ang kayang gamitin ng mga supling ng uring anakpawis (cf. Copley 1996, 24).<sup>88</sup> Panghuli, nagpahayag ng manipestasyon si Halliday hinggil sa pagkakaroon ng pundamental na katangian ng sistemang panlipunan sa wika. Partikular niyang tinukoy ang mga baryasyon sa wika (diyalekto at register). Aniya nangangahulugan ng pagkakaiba-iba (*diversity*) ng mga estrukturang panlipunan ang baryasyon sa diyalekto. Samantalang ipinapamalas naman ng baryasyon sa register ang pagkakaiba-iba ng mga prosesong panlipunan. Nangangahulugan ang register ng barayti ng wika na ginagamit sa isang espesipikong anyo ng komunikatibong luan (*communicative setting*). Halimbawa, mayroong pormal at di-pormal na register. Mayroon ding siyentipikong register. Para kay Halliday, at tulad ni Bernstein, tinutukoy ng register ang lugar ng tao sa estrukturang panlipunan. Nagbababala naman siya na hindi lamang ekspresyon ng estrukturang panlipunan at sistemang panlipunan ang wika. Mas angkop aniya na ituring ang wika bilang “aktibong simbolo” ng sistemang panlipunan.<sup>89</sup>

---

<sup>87</sup> Pansinin ang maingat na paggamit ng “mga kasapi” sa halip na “tagapagsalita-tagatanggap.”

<sup>88</sup> Hindi mahirap isipin ang halimbawang ito dahil kahit ang popular na kultura gaya ng pelikula ay nagpapakasasa sa paggamit ng mga semyotika ng romantisadong kalagayang panlipunan.

<sup>89</sup> Mahalaga rin, lalo na para sa isa sa mga tunguhin ng pananaliksik na ito (ang tukuyin ang posibilidad na gamitin ang wika bilang kontra-hegemonya), ang konsepto ni Halliday ng *anti-language* o kontra-wika na mas matatalakay sa diskusyon ko hinggil sa kontra-hegemonya at kontra-kultura sa ikatlong bahagi. Ang kontra-wikang ito ni Halliday ay isang uri ng tinatawag na “diskursong oposisyonal.”

## Bourdieu, Bakhtin, Foucault, at Althusser

Ngayon naman ay dadako ako sa maikling pagtalakay lamang sa apat na palaisip na nagbigay ng mga direktang makabuluhang ambag sa pagkakabuo ko ng mga idea hinggil sa mga usapin ng araling wika. Magiging maikli lamang ang pagtalakay ko sa kanila—na sana’y hindi naman akalaing pagbabawas ng importansiya—pangunahin dahil mahalaga, at sa gayo’y, kilala ang kanilang mga idea. Sa katunaya’y buod lamang ng kanilang mga pananaw at iyong mga may direktang kinalaman lamang sa aking pananaliksik ang mababanggit.

Una sa lahat, ibinabasura ni Mikhail Bakhtin<sup>90</sup> (1895-1975) ang tendensiya ng mga estrukturalista na analisahin ang mga teksto na parang nagsasariling yunit ang mga ito o walang pinagbabatayan o sinasandigang konteksto. Malaki ang magiging implikasyon nito sa araling wika. Dalawang pangunahing idea ni Bakhtin ang pinaniniwalaan kong makabuluhan hinggil dito. Ito ay ang teorya ng diyalohika (dialogics) at ang nosyon ng diwa ng karnabal. Hango ang idea ng diyalogo sa pag-aaral ni Bakhtin sa mga nobela ng Rusong nobelista na si Fyodor Mikhailovich Dostoyevsky (1821-1881). Lumalabas na mayroong estrukturang poliponiko (polyphonic) ang mga nobela ni Dostoyevsky gaya ng *The Brothers Karamazov* (1880) kumpara sa estrukturang monolohiko (monologic) ng mga nobela ni Leo Tolstoi (o Tolstoy) (1828-1910). Kung ang monolohikong panitikan at wika ay itinuturing na awtoritaryo dahil sa nagmumula lamang ang mga pananaw sa punto de bista ng iisang tao,<sup>91</sup> sa poliponiko o diyalohikong panitikan naman, at sa gayon, diyalohikong wika, iba’t ibang punto de bista ang naipapahayag batay sa iba’t ibang tauhan dito. Kung paghahambingin ang landas ng panitikan at wika, lalabas na konsistent ang ideang ito sa ipinapanukala kong paniniwala na: pasista ang anumang pagtatangkang pakitirin ang wika sa pamamagitan ng pagpapakitid sa sistema ng signipikasyon; proporsyonal at simbiotiko ang ugnay nito sa panitikan na nagtatangkang pakitirin ang mga pagkakataon na makapagpahayag sa pamamagitan ng paggamit ng monolohikong estruktura, gayundin ang “puwersahang imposisyon ng wika, at kaalinsabay nito, ang distorsiyon ng wika.”<sup>92</sup> Sa diyalohikong nobela kasi, maaaring magmutawi ng subersibong wika ang mga tauhan nang walang anumang interapsyon

<sup>90</sup> Gaya ni Volosinov, narediskubre lamang ang ambag ni Bakhtin ng mga Ruso noong mga taong sisenta hanggang sa kumalat sa Kanluran. Karamihan sa mga sinulat niya ay malalathala lamang, sa iba’t ibang wika, ilang dekada pa ang makakaraan matapos niya itong sulatin.

<sup>91</sup> Kaya nga ang tawag dito ni Selden ay “awtor/itaryo” (nasa Selden at iba pa 1997, 42).

<sup>92</sup> Minabuti kong hiramín kay Selden ang pormulasyong ito.

mula sa awtor (Selden et al., 1997, 42). At sa ganitong paraan, gaya ng sa *The Brothers Karamazov*, ang diskurso ng *iba* ay dahan-dahang pumapasok sa kamalayan at pananalita ng pangunahing tauhan (Lechte 1994, 9).<sup>93</sup> Pansinin halimbawa ang implikasyon sa wika ng pahayag na ito ni Bakhtin hinggil sa diyalo-hiko o poliponikong nobela:

Hindi matatagpuan ang awtor sa wika ng nagsasalaysay, hindi sa pangkaraniwang wikang literaryo na dahilan ng pagsalungat ng kuwento sa sarili nito...—bagkos, gumagamit ang awtor ng isang wika ngayon, at ng isa pang wika maya-maya, para maiwasan ang ganap niyang pagsuko sa alinman sa dalawang ito; ginagamit niya ang berbal na pagbibigayang ito, ang diyologo ng wika, sa lahat ng bahagi ng kaniyang likha, upang mapanatili niya ang pagiging neutral ng kaniyang wika, tagapag-awat ng bangayan ng dalawang tao. (Bakhtin 1981, 314; akin ang salin)

Masasabing ang pinakamalaking implikasyon nito ay ang pagbubukas ng nobela at ng ginagamit nitong wika tungo sa isang progresibong aktibidad ng pagpapalaya. Tigib na ng progresyon kahit ang simpleng pananaw na hindi na magmumula sa iisang entidad, sa pagkakataong ito sa wika ng awtor, ang signipikasyon. Iginigiit ng pamamaraang ito ni Bakhtin na ang wika at panitikan ay hindi lamang simpleng repleksiyon ng lipunan at ugnayang panlipunan, bagkos, ay kung papaanong sa pamamagitan ng wika ng panitikan maaaring kuyugin o bulabugin ang awtor/idad at maiparinig ang mga nasaisantabing pananaw. Samakatwid, malinaw na inilalatag ang idea ng kontra-hegemonya o sa mas konserbatibong pahayag, kontra-kultura, sa dinamikong punto na hindi lamang nagagamit ang wika bilang (instrumento ng) kapangyarihan ng naghaharing-uri, maaari rin itong gamitin ng nakararami bilang kontra-gahum. Bagaman hindi iilang kritiko pa rin ang nagsasabi na hindi naman ganito kasukdulan ang intensiyon ni Bakhtin sa kaniyang pag-aani ng idea ng diyalo-hikong nobela, ninanamnam ko ano't anuman ang kahalagahan nito sa dahilang maging ang pag-iisip ko ay nakuyug na rin. Hindi naman makakasama, lalo na sa konteksto ng dinamismo, ang magbago lalo pa't sang-ayon naman sa panlipunang paninindigan at lalo't higit sa diyalektong materyalismo. Isa pa, maaari ring gamitin ang nosyon niya ng karnabal upang pansamantalang maiangat ang kaniyang teorya palapit sa praktika.

---

<sup>93</sup> Nililina din ni Lechte na sa lingguwistika, tinatawag na “translingguwistiko” ang itinuturing at sa ngayo’y tinatawag at hinihiram ko na “diskurso” kung saan mayroong posibilidad ng pagkakaroon ng maraming kahulugang kontra sa iisang kahulugan.

Kapuwa mahalaga ang nosyon ni Bakhtin ng karnabal. Kaugnay sa disiplina ng araling wika, ito ang naghuhudyat na marami ring mukha (ambivalent) ang wika at maaaring maging instrumento ng kontra sa pamamagitan halimbawa—at isang sukdulang halimbawa—ng pagbibigay ng katawa-tawang rendisyon ng dominanteng wika.<sup>94</sup> Kaakibat kasi ng nosyon ng karnabal ang lohika ng ambibalensiya (ambivalence) o oposisyong binaryo (binary opposition) na kaalinsabay ng kontinyum ng kapangyarihan o ang hindi nagbabago at patuloy na manipestasyon ng kapangyarihan. Ang nosyon na ito ay bunga ng pag-aaral ni Bakhtin ng mga sinulat ni Rebelais at ng pag-aaral niya ng karnabal sa panahon ng Renaissance at mas mababasa sa librong *Rabelais and His World* (1965/1984). Base sa nabanggit na lohika, anumang seryoso, matibay, at mahigpit ay pinagtatawanan, pinalalambot, at pinaluluwag. Nababaligtad ang herarkiya, tumatalino ang mga tanga, naghihirap ang mga hari, nag-uututang-dila ang magkakatanggali gayundin ang totoo at pantasya at ang langit at impyerno, nilalapastangan ang sagrado, nagiging manonood ang aktor, nagdudulot ng paglikha ang destruksyon, at nagiging katumbas ng kamatayan ang muling pagsilang.<sup>95</sup> Gayumpaman, kinikilala ko pa rin ang pagiging lihis ng idea ng ambibalensiya sa mas mapagtakdang realidad at katiyakan ng tunggaliang panlipunan.

Noong sinusulat ko pa lamang ang kauna-unahan kong nalathalang kritikal na sanaysay,<sup>96</sup> masasabi kong malaki na ang naging impluwensiya ni Michel Foucault (1926-1984) sa aking pag-iisip—gaya ng karamihan sa mga petiburges na akademiko. Sa isang unibersidad na salat pa rin ang progresibong pagtingin lalo't higit sa araling wika, kasama na ang mga pag-aaral sa larangan ng panitikan, kasaysayan, arkeolohiya, pilosopiya at iba pa, napakadaling mahawa sa karamdamang inilalako ng mga pananaw ni Foucault. Dagdag pa ang marhinalisado—maaaring kinatatakutan dahil hindi maintindihan o kaya'y hindi maintindihan dahil kinatatakutan—pa ring pagsalubong sa anumang kaisipan at anyo ng pag-aaral na gumagamit ng mga salitang “diyalektikong materyalismo,” “tunggalian,” at “uri.” Kumbaga’y pansamantalang ikinukubli ng balatkayong intelektuwalisadong

---

<sup>94</sup> Halimbawa, sa panahon ng rehimeng batas militar, tinutuya ang “Bagong Lipunan” bilang “Bagoong Lipunan” o hindi kaya’y “Bagong Likuman.”

<sup>95</sup> Mga halimbawa ito nina Selden at Lechte.

<sup>96</sup> “Diskurso ng Piging ng Sentenaryo: Pagpapakahulugan sa Selebrasyon ng Sentenaryo at ng Piging ni Kapitan Tiago.” Nasa Ligaya Tiamson Rubin at iba pang patnugot. *Mga Piling Babasahin sa Wika at Panitikan*, 187-212. Lungsod Quezon: InfoQuest Printing and Multi-Media Services, 1998. Nauna kong binasa ang sanaysay na ito sa Internasyunal na kumperensiyang “1898 and the World: Contexts and Actors, Transitions and Transformations,” noong 9 Hunyo 1998, Bahay ng Alumni, Unibersidad ng Pilipinas.

maka-Foucault na analisis ang anumang pag-aaral na tumutunggali sa dominasyon.<sup>97</sup> Palagay ko’y ganoon na nga.

Inaangat ni Foucault ang usapin ng diskurso nang kaakibat ang penomenon ng kapangyarihan. Nangangahulugan na gamit at sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga proseso ng signipikasyon, maaaring madiskubre at mabunyag ang mga politikal at ideolohikal na kapangyarihan gayundin ang puwersang pang-ekonomiya na gumagabay at sumususog dito. Sa pamamagitan, samakatwid, ng ganitong uri ng mga pag-aaral o pagdidiskurso, narerealisa ang kapangyarihan ng diskurso lalo na sa anyo ng signipikasyon sa pamamagitan ng dominasyon sa anyo halimbawa ng eksklusyon (ng mga maysakit, sira-ulo, kriminal at iba pa) at mga itinatakdang pagbabawal at mga sistema ng restriksiyon (gaya ng dalumat ng pagpaparusa partikular sa sistema ng panoptikon)<sup>98</sup> sa lipunan. Sa pamamagitan din ng ganitong uri ng pag-aaral, narerealisa ang realidad ng kapangyarihan sa konteksto. Naniniwala ako na maganda at mapagpalayang panimulang kurso si Foucault, gayundin ang kaniyang pinagdaanang karanasan sa pagsalungat sa mga establisado at dominanteng larangan, para sa mga konserbatibong akademiko na napapaloob pa rin sa luma, romantizado, at metaporikal na eskwelahan ng balarila.

Kahinaan nga lang ni Foucault ang tendensiya niya na lubusang ikonteksto sa kasaysayan (historicise) ang mga kaalaman at kaisipan na umusbong sa mga kultura.<sup>99</sup> Kaakibat ng ganitong uri ng kaisipan ang paglilimita sa anumang progresibo at dinamikong tendensiya ng tao. Samakatwid, sa bias ng kasalukuyang pag-aaral, dahil sa kahinaan at pagkukulang ni Foucault na dalhin sa ugnayang panlipunan ang tunggalian sa kapangyarihan, walang nagiging lugar para mailunsad ang dalumat ko ng kontra-signipikasyon. Mapupunan lamang ang kakulangan na ito sa pamamagitan ng mga idea ni Althusser.<sup>100</sup>

---

<sup>97</sup> Malaki ang naging impluwensiya ng Marxismo kay Foucault, kasinlaki ng iba pang mga kaisipang nakaimpluwensiya sa kaniya. Gayumpaman, hindi rin niya ganap na natarok ang Marxismo lalo na ang ubod at ang kahusayan nito. Mayroon siyang reduksiyon na ang Marxismo ay nakalilikha lamang ng isang bersiyon ng bagay o ng “absoluto” matapos na i-survey ang mga larangan ng kasaysayan. Sumangguni rin sa Danaher et al. 2000, 10 at 11.

<sup>98</sup> Paborito kong talakayin sa mga klase ko ang dalumat at sistema ng panoptikon para mailarawan ang mga paraan kung paanong ginagamit ang kapangyarihan sa lahat ng pagkakataon at paanong hindi nagagamit ang kapangyarihan sa anumang pagkakataon (“power is everywhere and nowhere” ‘ika nga). Ang diskusyon ni Foucault hinggil dito ay nasa librong *Discipline and Punish: The Birth of the Prison* (1975).

<sup>99</sup> Adaptasyon ang pormulasyon na ito kina Danaher at iba pa, 2000: 5-7.

<sup>100</sup> Sa nauna kong borador, nakaligtaan kong bigyang-pansin na malaon nang nauna kay Althusser, nagsalita na sina Marx at Engels hinggil sa ideolohiya, pilosopiya at iba pa na binibigyan ko ng malaking pagpapahalaga sa bahaging ito ng papel. Mabuti na lamang at napaalala sa akin ito ng tagapayo ko sa pananaliksik na ito.

Bago dumako kay Althusser, mahalaga ring banggitin ang kahalagahan ni Pierre Bourdieu (1930-).<sup>101</sup> Partikular noong dekada sienta, tumutok si Bourdieu sa pag-aaral at pag-iimbestiga ng mga pamamaraan kung paanong napaghaharian ng isang uri sa mga lipunang kapitalista ang mga salik sa lipunan partikular ang edukasyon at kultura. At sa proseso ng mga pag-aaral na ito mahuhugot ang mahalaga niyang kontribusyon sa araling wika. Ipinapahayag ng tesis ng kaniyang intelektuwalisasyon na: hindi hayagang nakapangyayari ang dominanteng uri; hindi nito pinipilit na sumunod ang pinangyayarihan sa mga kagustuhan nito.<sup>102</sup> Naiiba lamang ang pananaw ni Bourdieu kay Althusser sa dahilang ang antas ng kaniyang analisis hinggil sa hindi pagkakapantay-pantay o pagkakaiba ng mga uri<sup>103</sup> ay mas estruktural kaysa, o hindi lantad kung hindi man walang halaga, antas ideolohikal. Alinsunod dito, naniniwala si Bourdieu na batay sa estadistika, hawak ng dominanteng uri sa kapitalistang lipunan ang kapangyarihang pang-ekonomiya, panlipunan, at simboliko, sa pamamagitan ng kapital pang-ekonomiya at kultural. Nananalasa umano ang kapangyarihang ito sa mga institusyon at gawing<sup>104</sup> panlipunan na nagrereprodyus din ng ganoong kapangyarihan.<sup>105</sup> Ang reproduksiyong ito, kaalinsabay ng hindi pagkakakilala o hindi pagkakabatid (*méconnaissance*) ng pagkakaroon ng di-pantay na ugnayan ang pinaniniwalaan niyang ugat ng wikang hindi siyentipiko at kumon sensikal. Ang dalumat ng reproduksiyong ito ay susi hindi lamang sa tinatahak na simbolikong analisis ni Bourdieu kundi lalo't higit sa mas primaryang usapin ng araling wika at usapin ng wika sa konteksto ng ugnayang panlipunan. Mas kinakitaan ko nga lamang ng higit na malinaw na paliwanag hinggil dito (reproduksiyon ng wika at kapangyarihan) si Althusser sa akda niyang "Ideology and Ideological State Apparatuses" (Nasa Althusser 1971). Matutunghayan ang diskusyon ko hinggil rito (reproduksiyon ng wika) sa susunod pang tsapter sa pagtalakay ko ng kuwestiyon at usapin ng papel ng at prinsipalidad at mapagpasyang papel ng wika at kultura sa lipunan.

---

<sup>101</sup> Magiging mas ekstensibo ang pagtalakay kay Bourdieu, una dahil, kumpara kay Foucault, relatibong di pa gaanong kilala si Bourdieu bagaman gusto kong kilalanin ang mahalagang kontribusyon niya, pangalawa, mahalaga ang kaniyang pagtatangka na tumutok sa araling wika maging ang mga puna niya sa dominanteng araling wika.

<sup>102</sup> Lagom ito ni Lechte, 1994: 45. Gayumpaman, pinapangalawahan ko ang pananaw ng tagapayo ko na nauna na itong binanggit ni Marx sa pagtukoy niya ng "false consciousness" sa *The German Ideology*. Kunsabagay, sa tingin ko'y nakalikha naman ako ng mahalagang pagdidistansiya sa pamamagitan ng pagpapanatili ng ilang terminolohiya ni Bourdieu.

<sup>103</sup> Wala ako sa kalayaan na gamitin ang terminong "kontradiksiyon ng mga uri" sa halip na "pagkakaiba ng mga uri" dahil hindi naman ganoon ang wika ni Bourdieu.

<sup>104</sup> Gawì ang salitang-ugat nito.

<sup>105</sup> Lechte 1994, 45.

Sa mga artikulo ni Bourdieu noong dekada sitenta at otsenta—na sa mga panahong ito’y aakalain nating gasgas at lipas na ang kahalintulad na mga mapanghamong pananaw—malinaw ang kaniyang puna at kritik sa pormal at estruktural na lingguwistika gayundin sa ibang larangan ng agham pantao na nagsasagawa ng mga pag-aaral sa wika. Aniya, masyadong abala ang mga ito sa madetalyadong pag-aaral ng baryasyon ng mga tunog at paggamit ng wika habang ihinihiwalay ang mga ito sa malawak na usaping teoretikal. Tinutukoy partikular ang lingguwistika, naniniwala si Bourdieu na binabalewala nito at hindi nito naiintindihan ang mga politikal at panlipunang konteksto at kondisyon sa pormasyon at gamit ng wika. Tutol si Bourdieu sa anumang anyo ng analisis na tumututok sa internal na konstitusyon ng teksto sapagkat naniniwala siya na tanging ang intelektuwal na ekspresyon lamang ng tagasuri ang lumilitaw sa ganitong uri ng pagsusuri.<sup>106</sup> Hindi maitatwang may tendensiyang dumanas ang ganitong uri ng pahayag ng mahabang argumentasyon lalo pa’t ipinasok ni Bourdieu ang konsepto ng intelektuwal. Gayumpaman, ang nais lamang na bigyang-halaga ni Bourdieu dito ay ang mabigyan ng sentral na papel ang “sosyo-historikal na produksiyon at resepsiyon” ng wika, at hindi lamang ang intelektuwalisasyon ng iisang tagasuri. Sentral ito sa argumentasyon ni Bourdieu sa dahilang hindi tulad ng ibang palaisip, lunsaran niya ang penomenong sosyo-historikal. Ito ang nagbigay-puwang kay Bourdieu na punahin ang mga tulad ni Levi-Strauss na lumunsad sa idea ni Saussure. Hindi rin nakaligtas kahit si Chomsky na aniya’y gumamit lamang ng ibang terminolohiya pero sa dugo’t lama’y disipulo pa rin ni Saussure.<sup>107</sup> Naniniwala si Bourdieu na sa tulong nina Saussure at Chomsky, nakalilikha ang mga lingguwista ng idealisasyon at piksiyon ng batas (*fictio juris*) na tinatawag niyang “ilusyon ng komunismong lingguwistiko.” Nangangahulugan ito na lumilikha ang mga lingguwista ng ilusyon ng pagkakaroon ng kumon na wika samantalang isinasawalang-bahala ang kondisyong sosyo-historikal na siyang tunay na nagtatakda ng dominante at lehitimong mga gawing lingguwistiko (Nasa Bourdieu 1982, 1-34). Maaalalang konsistent ito sa pahayag naman ni Volosinov hinggil

---

<sup>106</sup> Semyotiko at semiyolohikal na analisis ang tawag ni Bourdieu sa ganitong klase ng mga pagsusuri (maaaring ikumpara sa semiolohiya ni Saussure). Hindi pareho ang tinutukoy ni Bourdieu ditong “semyotika” kumpara kay Halliday. Matatandaan na idinaan na ni Halliday ang kaniyang “semyotika” sa isang prosesong lampas sa kinikilala at pinupuna ngayon ni Bourdieu na “semyotika” ni Saussure.

<sup>107</sup> Sa katunayan isa lamang si Bourdieu sa iilang palaisip na nabasa kong sumabak sa digmaan laban kay Chomsky sa relatibong maagang panahon. Inilathala din noon ni George Lakoff ang kaniyang “Presupposition and Relative Well-formedness” na sanaysay na bumabatikos sa tanyag na transformational grammar at criterion ng “well-formedness” ni Chomsky, na itinuturing noon bilang “ultimate standard” sa paghuhusga sa produksiyong lingguwistiko.



sa abstraktong obhetibismo halos anim na dekada na ang nakakaraan.<sup>108</sup> Sinegundahan pa nga ito ni Bourdieu na nagsabing masyadong abstrakto ang idea ni Chomsky na *competence*.<sup>109</sup> Ayon kay Bourdieu, ang competence ng tagapagsalita ay hindi lamang basta kapasidad na makabuo ng gramatikal na mga pangungusap, bagkos ito ay ang kapasidad na lumikha ng ekspresyon batay sa partikular na sitwasyon o pagkakataon. Tinatawag niya itong “praktikal na competence” (practical competence) na umano’y hindi hayagang iniaayon ng mga *tagapagsalita* at mga *tagapakinig* batay sa ugnayan ng kapangyarihan.<sup>110</sup> Dagdag dito, nakakawing sa praktikal na competence ni Bourdieu ang kapasidad ng tao na maipahayag ang kaniyang sarili, mapapaniwala ang iba, at gayundin, makapagpasunod. Mahalaga ang modipikasyong ito ni Bourdieu sa dalumat ng competence bagaman may kahinaan kung isasaalang-alang naman ang idea ng *ego cogito*.<sup>111</sup>

Pinaniniwalaan din na nagsagawa ng modipikasyon si Bourdieu sa speech act theory ni Austin. Naniniwala kasi si Austin na ang pagpapahayag ng tao ay maaaring “angkop” (*felicitous*) o “hindi angkop” (*infelicitous*) o naaayon o hindi naaayon sa kung sino ang nagsasalita o sa kumbensiyonal na pamamaraan. Ito ang nagbunsod kay Bourdieu na sabihing nakasalalay sa institusyon (gaya ng lugar, oras, at ahente) ang bisa ng anumang pahayag. Makabuluhan ito lalo na’t kung ang isasaalang-alang ay ang implikasyon sa semyotikong pag-aaral kung saan krusyal ang papel ng komunikatibong lunan at kung minsan, ang mismong komunikatibong lunan na ang nagiging pokus ng semyotikong analisis lalo na sa mga kontekstong tigib ang matinding krisis panlipunan partikular sa mga tinaguriang ikatlong daigdig.<sup>112</sup> Ilan pa sa mahahalagang pananaw at konsepto ni Bourdieu ay ang teorya niya ng

<sup>108</sup> Nabasa pa kaya ni Bourdieu si Volosinov?

<sup>109</sup> Bagaman hindi direktang proporsiyonal, mayroong tinatawag na *competence* at *performance* si Chomsky na maaaring ihambing sa *langue* at *parole* ni Saussure.

<sup>110</sup> Inaamin kong hindi rin malinaw sa akin kung ang ginamit na termino ni Bourdieu ay “tagapagsalita” at “tagapakinig” dahil maaaring interpre tasyon lamang ito ng mga patnugot at tagasalin mula sa Pranses ng mga sanaysay ni Bourdieu.

<sup>111</sup> Una kong ipinasok ang ideang ito sa Campoamor (1999, 27). Nangangahulugan ang *ego cogito* ng: kung nag-iisip ang tao at naniniwalang hindi dinidiktahan at may sariling malayang pag-iisip na tulad ng pinaniniwalaan nitong nararapat na ibinibigay sa kaniya sa isang ideal na lipunang demokratiko, awtomatikong sasang-ayon ito o hindi sasalungat sa anumang suhestiyon con dikta (o bise bersa) ng dominanteng ideolohiya, partikular ng estado at naghaharing uri.

<sup>112</sup> Sa katunayan, sa pag-aaral ko ng diskurso ng piging ng centennial celebrations noong 1998, sinabi ko na “Ang pagkabansa sa piging ng sentenaryo ay ilusyon at pansamantala namang nasususugan ng mga pisikal na manipstasyong minabuti ng estado bilang mga repleksiyon ng pagkabansa. Samakatwid, piging ng infrastruktura ang piging ng sentenaryo. Lumilikha ang estado ng mga malawak at idealistikong bisyon at konsepto ng pagkabansa. Dahil sa pagiging malawak at idealistiko’y kinakailangang magsagawa ng mga pagsasakongkreto na makikita natin sa sampung proyektong pang-infrastruktura ng National Centennial Commission, dagdag pa ang institusyunalisasyon ng mga araw ng watawat (flag day) at pagsuot ng barong (damit Filipiniana) tuwing Lunes. Gamit din ang mga infrastrukturang ito bilang pang-akit sa mga dadalo at panghikayat sa mga hindi dadalo o hindi interesado sa piging” (Nasa Campoamor 1998, 208).



praktika, ang dalumat ng *habitus* (na maaaring ikumpara sa “ideolohiya” ni Althusser at sa “panopticon” ni Foucault), praktikal na damá (practical sense), pangkatawan na hexis (bodily hexis), larangan/merkado/laro (field/market/game), at kapital.

Nagmimistulang pagbabalik sa mga inumpisahang trabaho ni Volosinov ang pagtatangka ni Bourdieu na bigyang-linaw ang pinaniniwalaan niyang praktikal na teorya ng pag-aaral hindi lamang ng wika kundi ng pangkalahatang teorya ng kaalaman.<sup>113</sup> Tinukoy ni Bourdieu ang dikotomiya ng subhetibismo at obhetibismo. Para kay Bourdieu, ang subhetibismo ay ang intelektuwal na oryentasyon sa lipunan na nagtatangkang alamin kung papaano nakikita ng mga indibidwal ang mundo na kanilang ginagalawan (Bourdieu 1991, 11). Tinutukoy ni Bourdieu bilang pamamaraan ng subhetibistang oryentasyon ang mala-mambabasang-tugon na pagsandig sa subhetibong karanasan ng bawat indibidwal<sup>114</sup> (o ng interpretatibong indibidwal). Sa kabilang banda naman ay ang obhetibismong oryentasyon na, gaya ng mga estrukturalista, naghahangad na bumuo ng obhetibong ugnayan, sa “siyentipikong” pamamaraan, ng estruktura ng mga gawi at ng mga representasyon (katulad ng sign o wika). Dahil sa mga limitadong katangiang ito ng dalawa, naniniwala si Bourdieu na kailangang umigpaw sa mga kakulangan ng mga nasabing oryentasyon, partikular aniya sa pangalawa (obhetibismo). Mahalaga ito sapagkat nangangahulugan na ang alternatibong teorya ni Bourdieu ay kinakailangan na hindi lamang umigpaw sa obhetibismo, bagkos, mahalaga rin na hindi ito dumausdos tungo sa subhetibismo o sumalalay sa sariling (subhetibistang) karanasan. Dito mas naging sistematiko sa palagay ko si Volosinov kumpara kay Bourdieu dahil sa pagtatangka ng una na gumawa ng diyalektikal na pagkukumpara sa (indibidwalistikong) subhetibismo at sa (abstraktong) obhetibismo na inilista ko sa bandang unahan ng bahaging ito.

Itinuturing samakatwid ni Bourdieu bilang alternatibong teorya o lapit ang tinatawag niyang “*habitus*.”<sup>115</sup> Nangangahulugan ito ng lupon ng mga “disposisyon” na nagpapakiling sa atin para kumilos at tumugon sa mga partikular na paraan. Maaaninag aniya sa *habitus* na ito ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng katangian ng panlipunang kalagayan ng mga indibidwal maging ng mga indibidwal na kapuwa nanggaling sa iisang

<sup>113</sup> Kung tutuusi’y dito naman talaga lulunsad ang anumang makabuluhang uri ng pag-aaral. Sa katunaya’y dito rin ako magsisimulang maglayag sa susunod na ikatlong bahagi.

<sup>114</sup> Maaaring ikumpara ito sa repertuwa ng kaalaman (repertoire of knowledge) nina McCormick, Walker, at Flower (Tignan ang McCormick et al. 1987).

<sup>115</sup> Sa katunayan, hindi neolohismo ang “*habitus*,” bagkos lumang termino pa nga ito. Kung pagbabatayan ang etimolohiya nito, huling bahagi pa ng siglo 18 ay ginagamit na ito bilang pantukoy sa mga pisikal na katangian ng tao (*Random House Webster’s Unabridged Dictionary* 1999).

saligan. Sa pamamagitan ng dalawang proseso nabubuo ang mga disposisyon ng indibidwal. Una, sa pamamagitan ng prosesong inkulkasyon (inculcation) o pagtatanim/pagkikintal sa isip (o sa katawan) na kinapapalooban ng mga karanasan sa panahon ng pagkabata kung kailan nakakamit ng indibidwal ang mga disposisyon na sa katagalan ng panahon ay nagiging natural na sa kaniya. Halimbawa dito ni Bourdieu ay ang pagtatanim sa isip (o katawan) ng mga wastong paraan ng pag-upo at wastong paraan ng pagkain na dala-dala ng indibidwal sa kaniyang pagtanda para maging pamantayang disposisyon sa kung paano kumilos (sa harap ng ibang tao). Ang pangalawang proseso naman ay tinatawag na estrukturado (structured). Nalilikha ang disposisyon sa prosesong ito sa pamamagitan ng hindi maiiwasang repleksiyon ng mga kondisyong panlipunan. Halimbawa, magkaiba ang magiging disposisyon ng tao na nagmula sa uring manggagawa, kumpara sa taong nagmula sa gitnang uri. Sa pamamaraang ito napapagtagpo ni Bourdieu ang prinoblema niya kanina hinggil sa maselang ugnayan ng subhetibismo at obhetibismo. Gayumpaman, hindi ako ganap na tiwala na nagtagumpay ang ganitong pamamaraan para mapatahan ang nagliligalig na tunggalian sa pagitan ng subhetibismo at obhetibismo. Magdudulot lamang ng tokenistang disposisyon ang ganitong uri ng pag-aaral lalo na kung isasapraktika na ang mga prosesong inkulkasyon at estrukturado. Sa kabilang banda, tagumpay ang habitus ni Bourdieu dahil sa kinikilala nito ang kontradisyong internal ng bawat indibidwal sa konteksto ng mga eksternal na kontradiksiyon sa sosyo-historikal na lipunang kaniyang ginagalawan, bagaman hindi niya tuwirang kinikilala ang nasabing mga kontradiksiyon. Sa kahuli-hulihan, hindi matagumpay ang tangka ni Bourdieu na isalin ang pang-aghantaong idea niya ng habitus tungo sa tinatawag niyang “lingguwistikong habitus” (Bourdieu 1982, 81). Ito ay dahil sa pundamental na dahilang imposibleng ikumpara ang estruktura ng habitus/disposisyon sa estruktura ng wika, na kapuwa umiiral sa magkaiba at hindi agad-agad na maikukumparang dinamika. Mahina, kung sa gayon, ang aspektong pangwikang tinangkang tunguhan ni Bourdieu.

Bilang karagdagan, sinasabi rin niya na ang mga disposisyon ay nananatili (durable), nagpapalitaw (generative) at naglilipat/nagbabago (transposable). Sa pagiging nananatili ng mga disposisyon, nangangahulugan na ang mga ito (partikular ang estrukturadong disposisyon) ay nakatanim na sa katawan at nananatili doon habang nabubuhay ang indibidwal.<sup>116</sup> Ang

---

<sup>116</sup> Pansinin ang kuwalipikasyon ni Bourdieu sa “katawan” at ikumpara sa kumbensiyunal na retorika at pormulasyon na “isip” ang ginagamit.

operasyon ng disposisyon na ito ay bago-ang-malay (pre-conscious) o hindi na nangangailangan ng malay na repleksiyon at modipikasyon (Nasa Bourdieu 1991, 13). Samakatwid, sinasagkaan nito ang palaging malay na paggawa ng mga naaayon sa batas gramatikal. Napapalitaw din at naililipat aniya ang mga disposisyon sa dahilang may kakayahan itong lumikha ng kalipunan ng mga praktika at mga persepsiyon kahit na naiiba sa larangang pinagmulan nito. Maihahalintulad, bagaman hindi tuwirang maaatributo, ito sa idea ng diyalohikong oryentasyon. Ipinapahiwatig din niya na hindi na kinakailangan ng malaandador na gabay na animo’y nangangailangan ng mekanikal at hakbang-hakbang na pagsasanay o pag-uulit-ulit para makakuha ng lisensya o matawag na kompetent ang indibidwal bago siya makapagpraktika at maging bahagi sa proseso ng persepsyon. Aniya, mayroong tinatawag na “praktikal na damá” (*le sens pratique*)<sup>117</sup> ang bawat indibidwal na ano baga’t pagtiwalag sa estriktong oryentasyong patuloy na ipinipilit sa usapin ng alalaombaga’y estriktong wika. Lalo pang maiintindihan ang ideang ito kung bibigyang-pansin ang tinatawag ni Bourdieu na “hexis ng katawan” (bodily hexis). Aniya, imbakan ang katawan ng mga nakakintal na pag-uugali (disposition) kung kaya nagiging natural na para rito ang mga pagkilos at pagtugon sa mga bagay-bagay (Nasa Bourdieu 1982, 13). Itinuturing niya ang katawan bilang lugar na sinaniban ng kasaysayan.

Nilililaw din ni Bourdieu na hindi lamang basta simpleng produkto ng habitus ang mga pagkilos at persepsiyon ng bawat indibidwal. Kaalinsabay ng habitus aniya ang mga espesipikong kontekstong panlipunan na tinatawag niyang field o larangan. Dito lulunsad ang limitasyon na napuna ko kay Bourdieu. Higit sa lahat, hindi mapagpalaya ang mga idea ni Bourdieu. Bagaman, mas madalas kaysa hindi at katulad ng mga palaisip na nauna ko nang tinalakay, limitado si Bourdieu ng mga obhetibong kondisyon ng kaniyang panahon, naniniwala ako na ang mapanghamong mga idea ng habitus, praktikal na pandama, at hexis ng katawan ay pinapawalambisa ng pagkukulang ni Bourdieu na kahit man lamang magmungkahi ng apirmatibong aksiyon, kumpara halimbawa sa mga aparato ni Althusser na tukoy ang mga ugat ng suliranin at puntirya ng pagkilos.

Malaking kagaangan sa isang pag-aaral na may kalikasang pioneer na katulad nito ang mabasa ang mga idea ni Louis Althusser (1918-1990). Kilalang-kilala si Althusser sa kaniyang malinaw na paglalalatag ng mga pananaw na tumataliwas sa maling paniniwalang ang Marxismo ay determinismong

---

<sup>117</sup> Literal na nangangahulugan hindi lamang na praktikal na pandama kundi na “ang praktikal na pandama.” Susing idea ito sa teorya ni Bourdieu.

pang-ekonomiya (economic determinism). Malaki ang implikasyon ng mga kaisipang ito ni Althusser sa anumang pag-aaral lalo na sa araling wika. Isang malawakang estrukturang panlipunan ng batayang pang-ekonomiya at superestruktura ang inilalarawan (o mas espesipiko, nililinao) ni Althusser. Estruktura ito na umaalpas at pumapaimbabaw sa abstraktong estrukturang ginagamit ng mga dominanteng pantas sa araling wika. Krusyal din ang diskusyon niya hinggil sa mga espesipikong elemento ng superestruktura, kung saan napapabilang ang wika, habang ibinabalik ang kapangyarihan sa mga elementong ito na muli't muli'y kumontra sa maling paniniwalang higit na mahalagang pag-aralan ang wika nang nakahiwalay sa lipunan. Si Althusser din ang nagmungkahi ng sintomatikong pagbabasa o paraan ng pag-analisa ng teksto. Nagsisilbing armas ito laban sa anumang padaskol-daskol at mababaw na pag-aaral lalo na sa krusyal na larangan ng aralin sa panitikan at wika. Malinaw na pansin ng pamamaraang ito ang pagkakawing-kawing sa mga problematiko para makamit ang tunay na kahulugan ng teksto<sup>118</sup>—samakatwid, hindi lamang sa pamamagitan ng pagbatid kung ano ang tunog, kung ano ang truth value ng isang salita, at kung ano ang wastong pagsasaayos ng mga salita. Mas matutunghayan ang pagpapahalaga ko sa mga kaisipan ni Althusser sa susunod na tsapter kung saan tatalakayin ko, sa konteksto ng araling wika, ang kahalagahan ng artikulo niyang “Ideology and Ideological State Apparatuses.”

Kabilang ang mga pananaw nina Althusser, Bourdieu, Foucault, Bakhtin, Halliday, Volosinov at iba pa sa ilang mga naging lunsaran ng mga mas bago-bagong teorya at perspektiba sa araling wika. Kabilang dito ang pragmatiks at kritikal na araling wika (critical language study) at maging ang malawakang diskursong analisis at politika ng wika.

## **Pragmatiks at Kritikal na Araling Wika**

Pilit mang ipinag-iisa o maling ipinag-iisa ng hindi iilang nagmamarunong na akademiko, magkaiba ang pragmatiks at pragmatika. Gayumpaman, magkaugnay ang dalawa lalo na kung pag-aaralan ang etimolohiya ng mga ito. Mas nauugnay ang una sa araling wika samantalang ang pangalawa ay mas sa pag-aaral sa pilosopiya, bagaman inaamin kong

---

<sup>118</sup> Sa katunayan, mistulang “bi-product” ito dahil sa ang pamamaraang ito ang ginamit niya sa pag-aaral ng siyensiya ng kasaysayan ni Marx na matutunghayan sa librong *Reading Capital* (1965/2015). Bago ito ay napapailalim ang teorya ng Marxismo sa mainit na mga puna't batikos lalo na ang reduksiyong determinismong pang-ekonomiya na kung tutuusi'y hindi lamang mababaw at padaskol-daskol na pagkakabasa sa Marxismo, bagkos, mali at wala ring batayan.

mulí na argumentatíbo ang pagtatangkang paghiwalayin ang dalawa. Tumutukoy ang “pragmatika” sa praktikal na punto de bista o mga praktikal na konsiderasyon (*Random House Webster’s Unabridged Dictionary* 1999). Ginagamit na ang salítang ito noon pa mang 1580s at 1590s na nagmula sa Latin na *pragmaticus* at Griyegong *pragmatikos* na nangangahulugang praktikal. Dito na rin maiuugat ang pilosopikal na kilusang “pragmatismo” noong 1860s na sa pangkalahata’y iginiit na sangkap ng esensiyal na pamantayan sa pagtukoy ng kahulugan, katotohanan, at halaga ang mga praktikal na konsekuwensiya o praktikal na bunga ng anumang gawain (*Random House Webster’s Unabridged Dictionary* 1999). Ang “pragmatiks” naman, na pagkaminsa’y ginagamit din para tukuyin ang mga praktikal na konsiderasyon<sup>119</sup> at ginagamit din ng larangan ng pilosopiya para tukuyin ang sangay ng semyotika na may kinalaman sa ugnayan ng mga salita, ekspresyon, at simbolo at gamit ng mga ito, ay sangay ng lingguwistikang nag-aanalisa ng wika batay sa konteksto, kasama na ang kaalaman at paniniwala ng tagapagsalita at ang ugnayan ng mga kalahok sa interaksíyon (*Random House Webster’s Unabridged Dictionary* 1999). Si Charles Morris ang kauna-unahang tao na nagtangkang bigyang-kahulugan ang pragmatiks. Sa librong *Foundations of the Theory of Signs* (1938), binigyang-kahulugan ni Morris ang pragmatiks bilang “pag-aaral ng ugnayan ng mga sign sa mga interpreter” (nasa Mey 1993, 35). Ayon kay Jacob Mey, na awtor ng librong *Pragmatics: An Introduction* (1993/2001), sa loob ng ilang dekada na rin matapos ang depenisyong ito ni Morris, nag-iba na ang mga terminolohiya sa araling wika partikular ng pragmatiks. Ibinigay niyang halimbawa ang “sign” na ngayo’y tinutukoy na bilang “mensahe” samantalang ang “interpreter” ay tinatawag na ngayong “tagagamit ng wika.” Kaya nga wasto ang tinutukoy ko kanina na maging sa araling wika ay may nananaig ding tunggalian, buhay na saksi nito ang mga araling gaya ng pragmatiks at kritikal na araling wika, lalo’t higit ang pananaliksik na ito.

Bilang isang sangay ng pormal na lingguwistika, kinikilala ng pragmatiks ang kakulangan ng iba pang nauna at establisadong mga sangay ng lingguwistika. Kung tutuusi’y mabaho ang kasaysayan ng pragmatiks, na sa unang tingí’y regresibo na para rito at sumasagka sa anumang pagtatangka nito na makausad o kahit makipag-umpugan man lamang sa mga dominanteng araling wika na pinakikisamahan nito. Maidaragdag pa na masyadong depensibo ang kinatatayuan nito na sa paniniwala ko’y kahit

---

<sup>119</sup> Kung sa bagay, pragmatik at praktikal din naman ang gawain ng pragmatiks na sangay ng lingguwistika at iba pang araling wika.

kailan ay hindi na magbabago—samakatwid ay hindi dapat na gamitin o kahit pamarisan ng anumang uusbong na progresibong araling wika.<sup>120</sup> Itinuturing pa nga na tungkulin ng pragmatiks na pag-aralan ang anumang itinapon ng mga lingguwista sa basurahan na mga kaalaman hinggil sa pang-araw-araw na gamit ng wika dahil sa itinuon ng mga ito ang kanilang atensiyon sa mga abstraktong katangian, sa halip, ng wika.<sup>121</sup> Pangunahin para sa mga lingguwista ang sintaks at semantika kung pag-uusapan ang analisis ng wika. Sa isang simpleng paghahalimbawa ni George Yule sa librong *Pragmatics* (1996), makikita ang kahinaan ng mga nasabing lapit (tignan ang Yule 1996, 3-8). Inilarawan niya kung paano aanalisahin ng lingguwista ang wika gamit ang pangungusap na “Tumakbo ang bibe papunta kay Maria at hinimod siya” (The duck run up to Mary and licked her). Ang sintaktika na naglalayong pag-aralan ang ugnayan ng mga anyong lingguwistika, aniya, ay magiging abala sa mga batas na tumutukoy sa wastong estruktura o sa angkop na pagkakasunod-sunod ng mga salita para makabuo ng pangungusap. Samakatwid, may pagkakamaling sintaks<sup>122</sup> ang pangungusap gaya ng “Papunta bibe Maria kay ang tumakbo.” Hahanapin din ng lingguwista ang batas na nagpapahintulot na maintindihan ang isang pangungusap kahit na may kulang na salita ito, gaya ng sa halimbawa na may kulang na “nito” sa “...at hinimod siya \_\_\_\_.” Makikita naman, aniya, ang kahinaan ng lapit na sintaktiko sa mga pagkakataong gaya halimbawa kapag nakipagtalo ka na hindi naman nanghihimod ang bibeng gaya ng aso. Idinagdag pa ni Yule na ituturing ng lingguwista, gamit ang nasabing lapit, na wasto ang pagkakaayos ng pangungusap na “Tumakbo ang bote ng ketsap kay Maria (The bottle of ketchup ran up to Mary).” Masasagot lamang ito ng lingguwista gamit ang semantika na tanging kumikilala sa mga entidad bilang buháy (animate) at hindi buháy (non-animate). Mababatid, aniya, ng lingguwista na dahil sa kailangang buháy ang subjek ng verb na “tumakbo,” maaaring gamitin ang salitang “bibe” pero hindi maaaring gamitin ang salitang “bote ng ketsap.” Pinagtutuunan din, aniya, ng semantika ang mga truth-condition (o kondisyon ng pagiging totoo) ng mga proposisyong ipinahayag sa isang pangungusap, na hindi nalalayo sa ginagawa sa matematikal na paggamit ng mga batas

<sup>120</sup> Inilalagay ko rin ang sarili ko sa isang predikamento dahil itinatakda rin ng diyalektika na sa anumang tunggalian ay mayroon talagang isang sangay o puwersa na dependsibo sa simula, at sa kalauna’y maaaring maglunsad ng opensiba, o hindi kaya nama’y tuluyang mabuwal. Pero, ibang usapin, sa palagay ko, ang oryentasyon ng kontradiksyon sa araling wika. Alalambaga’y hindi na kasinsimple.

<sup>121</sup> Kaya nga tinatawag din itong “pragmatics wastebasket.”

<sup>122</sup> Sa lengguwahe ng kompyuter, madalas na makikita lalo na ng mali-maling programer ang mga mensaheng “syntax error” na nangangahulugan na mali ang iniutos sa kompyuter pangunahin dahil mali ang ayos ng mga ginamit na simbolo.

sa induktibong pangangatwiran (rules of inductive reasoning). Halimbawa, tutukuyin bilang proposisyong  $p$  ang pahayag na “Tumakbo ang bibe papunta kay Maria,” at proposisyong  $q$  ang pahayag na “Hinimod ng bibe si Maria.” Sa batas ng induktibong pangangatwiran, kung totoo ang  $p$  at kung totoo ang  $q$ , totoo rin ang  $p \& q$  (pansinin ang paggamit ng “&” gaya ng sa paggamit sa pormal na pangangatwiran). Kapag mali ang alinman sa  $p$  o  $q$ , mali rin ang  $p \& q$ . Gayundin, kapag tama ang  $p \& q$ , nangangahulugan na tama rin ang  $q \& p$ . Pero, kung gagamitin ang pangungusap sa itaas, iba na ang pakahulugan ng pangungusap na “Hinimod ng bibe si Maria at tumakbo papunta sa kaniya”<sup>123</sup> batay sa pang-araw-araw na gamit ng wika. Nangangahulugan, aniya, na mas maraming sinasabi ang “at” na nagkakawing sa dalawang pangyayari. Ang ganitong uri ng realisasyon ay natutugunan lamang ng pragmatiks.

Noong una, at dahil na rin sa panghihikayat ng yumaong Jesus Fer. Ramos na gamitin ko ito, inisip ko na hiramín ang pragmatiks bilang pamamaraan sa pananaliksik na ito. Hindi naman naging mahirap ito dahil sa natutuwa ako sa kung paanong sa pamamagitan ng pragmatiks naisasakontekstong muli ang wika na sa una’t una’y nagpapamalas ng potensiyal nito na maging progresibo. Ayon pa nga kay Mey (1993, 10):

Dinamiko ang konteksto, na nangahulugan na, kapaligiran ito na patuloy ang matatag na pag-unlad, inuudyok ng patuloy na interaksyon ng mga taong gumagamit ng wika. Pinakadalisay na pragmatikong konsepto ang konteksto; gaya ng tao, proaktibo<sup>124</sup> ito...Sa kabilang banda, retroaktibo at estatiko ang isang wagas na deskripsiyong lingguwistiko: kinukunan lamang nito ng retrato ang pangyayari sa isang partikular na panahon... Walang dinamika sa purong deskripsiyon; hindi nito kailanman mahuhuli ang yaman ng kaunlarang nagaganap sa pagitan ng mga taong gumagamit ng wika.

Tinangka ko ring isapolitika<sup>125</sup> ang pragmatiks kaya hindi kataka-takang maakit at isulat ko sa aking mga tala halimbawa ang pahayag ni Mey na:

<sup>123</sup> Kung tutuusin, maraming implikasyon para sa araling wika sa Pilipinas at para sa araling Filipino hindi lamang ang pagsasalin, at kahirapan na isalin, ng mga halimbawang pangungusap ni Yule kundi maging ang tendensiya na maiba ang ginagamit na salita (gaya ng “papunta sa kaniya” sa halip na “papunta kay Maria” at pagkakaayos ng mga salita (gaya ng pagkakatagag sa unahan ng verb na “tumakbo” sa “Tumakbo ang bibe kay Maria” samantalang ang Ingles ay “The duck ran up to Mary” na kung magiging literal ang salin ay magiging “Ang bibe ay tumakbo kay Maria.” Pansinin din ang paggamit ng “himod” (hinimod) sa halip na ang mas gamiting “dila” (dinilaan) ng mga nakababatang Pilipino.

<sup>124</sup> Proaktibo ang anumang nagsisilbing paghahanda para sa, pamamagitan sa, o kontrol sa isang hindi inaasahang pangyayari o sitwasyon, lalo na ang mga negatibo at mahihirap na pangyayari (*Random House Webster’s Unabridged Dictionary* 1999).

<sup>125</sup> Itaas sa antas ng politika.



Ayos lamang na gamitin natin ang wika sa iba't iba at di-kumbensiyonal na pamamaraan, hangga't alam natin, bilang mga tagagamit ng wika, kung ano ang ginagawa natin. Samakatwid, maaari nating pabayaang ang ating mga sarili na magulat sa semantikal na pamamaraan,<sup>126</sup> kung may dahilan para dito, o kung sinasadya ito. (Mey 1993, 4)

Gayumpaman, napakatindi ng indbidwalistang tendensiya ng pragmatiks na alalaombaga'y bumabalik sa tradisyonal na indbidwalistang subhetibismo. Isa pa, mayroong mga espesipikong kaisipan ang pragmatiks na maituturing na regresibo, o sa sariling termino ni Mey, retroaktibo, para sa isang kilusan sa araling wikang nagtatangkang maging proaktibo. Partikular akong hindi sang-ayon halimbawa sa tinatawag na "cooperative principle" at sa mga maxim nito na animo'y naglilimita sa wika bilang instrumento ng ideal na interaksyon ng tao sa halip na lugar ng tunggalian—kumbaga'y ang tinagurian ni Lecerclé na *ireníc* (cf. Lecerclé 2006) at pangunahing limitasyon ng mga komunikatibong pilosopiya sa wika, halimbawa ang mga ideang pangwika ni Habermas sa dalawang bolyum ng *The Theory of Communicative Action* (1981/1984). Mayroon ding mga karagdagang puna sa pragmatiks si Norman Fairclough na susunod ko nang tatalakayin.

Isa si Fairclough sa mga kasalukuyang mananaliksik na hindi lamang hayagang pumupuna sa kahinaan at mga limitasyon ng pormal na lingguwistika,<sup>127</sup> kundi nagtatangka ring bumuo ng sariling pananaw at maging ng teorya hinggil sa analisis ng wika.<sup>128</sup> Para kay Fairclough, nagsisilbing (at tanging) kalakasan ng lingguwistika ang pagpapaunlad nito ng "kahanga-hangang listahan ng mga sistematikong pamamaraan sa paglalarawan ng wika" (Fairclough 1989, 6). At tunay nga namang ginagamit ng mga moderno o bago-bagong lapit sa araling wika ang mga nasabing pamamaraan, kasama na ang iminumungkahi ni Fairclough na critical language study (CLS). Katulad ng nilinaw ko na sa itaas, maging ako ay naniniwala sa kahalagahan ng mga pag-aaral at simulain gayundin ng pamamaraan ng pormal na lingguwistika.

---

<sup>126</sup> "Semantically shocked" ang termino ni Mey dito. Nangangahulugan ito ng mga pahayag na mali kung gagamitin ang lapit at pamantayang semantiko, gaya ng halimbawa ni Yule, na magiging dahilan para magulat tayo. Hindi ito nalalayo sa "kakaiba" o sa tawag ng mga estudyante, gaya ng parating ipinapahayag ni Nilo Ocampo, "pangit" na ispeleng—na sa pangkalahata'y dikta ng mga konserbatibong magulang—para sa mga inangking dayuhang salita sa wikang Filipino. Naaalala ko pa ang kuwento ng gulat, ngitngit at galit ng mga magulang ng mga arenian (Atenista) noong magsimulang *iFilipinays* ang *midyum* ng pagtuturo doon.

<sup>127</sup> Tinatawag ni Fairclough na "linguistics proper" ang araling wika na kinikilala naman ng kasalukuyang pananaliksik bilang pormal na lingguwistika o dominanteng araling wika. Matatandaang natalakay ko na sa unang bahagi ang hinggil sa pagtawag sa lingguwistika bilang "proper."

<sup>128</sup> Kadalasa'y lubhang pansarili ang maituturing na introspeksiyon ni Fairclough hanggang sa puntong nagiging masidhi na ang kaniyang pagnanasa na makalikha ng kakaibang teorya sa kabila ng pagiging hango nito sa iba't ibang kaisipan.



Nagkakaroon lamang ng suliranin hinggil dito sa mga pagkakataong nagiging dominante na ang papel nito hindi lamang sa araling wika kundi maging sa agham pantao at sa kapasidad ng wika na maging manipestasyon at anyo ng kapangyarihan ng estado at ng naghaharing uri. Bagaman hindi ito kinilala ni Fairclough—marahil dahil hindi naman magkahalintulad ang mga obhetibong kondisyon ng lipunan at araling wika sa Europa kung ikukumpara sa Pilipinas noong mga panahong iyon—inaalingawngaw pa rin niya ang mga mensahe at leksiyon na magmumula pa sa mga bibig nina Volosinov at Bakhtin. Kaya nga kataka-takang sa kabila ng lahat, manhid pa rin si Fairclough hinggil sa dominasyon ng lingguwistika at ng hegemonya ng mga “intelektuwal.” Gaya ng pahayag ng mga palaisip noon pang 1920s, pinoproblema pa rin niya ang pagtingin ng lingguwistika sa wika bilang isang potensiyal, isang sistema, at isang abstraktong competence<sup>129</sup> sa halip na tangkaing ilarawan ito bilang aktuwal na praktika. Talaga yatang manhid o namanhid na si Fairclough para makilala ang kalikasan ng pormal na lingguwistika.

Tinangka rin ni Fairclough na tayahin, bagaman maikli at payak lamang, ang iba’t ibang umuusbong na teorya at disiplina sa araling wika bukod sa lingguwistika. Kabilang na rito ang sosyolingguwistika, pragmatiks, at mga teoryang panlipunan/sosyal (Fairclough 1989, 6-14).<sup>130</sup> Kumpara sa lingguwistikang pinag-aaralan ang hindi nagbabagong sistema ng wika, pinag-aaralan aniya ng sosyolingguwistika ang panlipunang pagbabagobago ng gamit ng wika. Ang kahinaan aniya ng sosyolingguwistika ay ang tendensiya nito na gumamit ng mga pamamaraan na hindi nalalayo sa mga agham pangkalikasan (natural sciences). Hindi nga naman mapapabulaanan halimbawa ang paglalangutngot sa numero<sup>131</sup> ng sosyolingguwistika gaya ng sosyolohiyang ina nito. Mas makabuluhan ang puna ni Fairclough sa sosyolingguwistika na bagaman tinatalakay ng sosyolingguwistika ang mga uring panlipunan, hindi naman nito tiyak na tinutukoy ang mga puwersa ng pang-ekonomiyang produksiyon na mayroong magkaiba at antagonistikong tunguhin o pagtutunggalian na nagdedetermina ng lipunan at kasaysayan (Fairclough 1989, 7). Maaari na lamang nating isipin ang implikasyon ng argumentong ito sa wika at araling wika.

---

<sup>129</sup> Bagaman hindi malinaw na ipinahayag, kasama ang maka-Chomsky na lingguwistika sa tinutukoy rito ni Fairclough.

<sup>130</sup> Sinuri din niya ang Kognitibong Sikolohiya o kilala rin bilang agham sa AI o artificial intelligence, at conversation analysis at discourse analysis.

<sup>131</sup> Eksperimentong salin ko lang ito ng “number-crunching.” Tala: walang direktang sinabing ganito si Fairclough.

Nagbanggit din ng ilang mahalagang puna sa pragmatiks si Fairclough.<sup>132</sup> Aniya, masyadong indibidwalista ang pragmatiks. Nangangahulugan na ipinagpapalagay ng pragmatiks na nagmumula sa bawat indibidwal ang “aksiyon.” Maaaring iugnay ito sa nauna nang nabanggit na puna ko sa pragmatiks partikular sa idealistiko nitong pagturing sa interaksyon ng bawat indibidwal at kani-kaniyang “estrategiya” para makamit ang “tunguhin” o “intensiyon”.<sup>133</sup> Implikasyon din dito ang kawalan ng kakayahan ng pragmatiks na matugunan o maipaliwanag ang kolektibong kilos at wika sa konteksto ng moda ng produksiyon habang sumasandig ito sa pag-aangat ng isa o ilang indibidwal at indibidwalistang pananalita at pagkilos. Maiuugnay din ito sa pangkalahatang suliranin hinggil sa indibidwalistang subhetibismo. Kaakibat sa punto kong ito, itinuturo din ni Fairclough ang imaheng idealistiko at Utopyan ng pragmatiks sa interaksyong berbal—na tinukoy ko na rin nga kanina. Pinoproblema niya ang dalumat ng “speech act,” na nagmula pa kina Austin at Searle, sa dahilang hindi naman ito madaling gamitin para sa pag-analisa ng mga tunay na diskurso.

Naniniwala si Fairclough na nananatiling teoretikal ang mga bago-bagong teoryang panlipunan, partikular aniya ang “teorya ng ideolohiya,” at ang mga impluwensiya nina Foucault at Habermas (1929-).<sup>134</sup> Samakatwid, dahil aniya sa mga praktikal na pagkukulang, hindi maaaring gamitin ang mga ito sa mas partikular na diskurso. Mamarapatin ko na lang na hindi magsalita para kina Foucault at Habermas. Gayumpaman, hinggil sa “teorya ng ideolohiya,” palagay ko’y mahalaga na tangkain ko ang magbigay-linaw. Bilang panguna, naniniwala ako sa kahalagahan ng usapin ng ideolohiya lalo’t higit sa mga panahong ikinakawing ito sa anumang usapin na kaakibat ang wika. Hindi ko lamang mailugar ang idea ni Fairclough hinggil sa itinuturing niyang “teorya ng ideolohiya” na ano pa’t ngayon ko lamang narinig. Mayroon palang “teorya ng ideolohiya.” Marahil ay hindi niya gagap ang usapin ng ideolohiya. Siguro nama’y mali ako kapag sinabi kong hindi niya naiintindihan ang ideolohiya—bagaman hindi rin suntok sa buwan ang

---

<sup>132</sup> Dito’y ipinag-iba niya ang itinuturing niyang dalawang konsepsiyon o pagturing sa pragmatiks—Europeo at Anglo-Amerikano. Aniya, siyensiya ng paggamit ng wika ang sa Europeo samantalang ang Anglo-Amerikanong pragmatiks ay isa lamang sa ilang subdisiplina na nag-aanalisa ng wika, kabilang na ang sosyolingguwistika at sikolingguwistika. Ang pinupuna ni Fairclough sa libro niya ay ang huli. Matatandaang iyong huli rin ang inilarawan kong pragmatiks sa itaas samantalang hindi ko pa gaanong nagagagap ang itinuturing ni Fairclough na Europeong konsepsiyon.

<sup>133</sup> Kapuwa namin ginagamit at hinihiram dito ang ilang susing terminolohiya ng pragmatiks: *estrategiya*, *tunguhin*, *intensiyon*.

<sup>134</sup> Si Habermas ang nagsabi na mayroong dalawang uri ng diskurso, *estrategiko* at, katulad na nauna ko nang binanggit, *komunikatibo*. Nakatuon ang *estrategikong* diskurso sa mga *tunguhing instrumental* sa pagkakamit ng mga resulta. Samantala, nakatuon naman ang *komunikatibong* diskurso tungo sa pagkakamit ng pagkakaintindihan ng mga kalahok (sa interaksyon).

pagpapalagay kong ito. Gayumpaman, isa ang malinaw, ang ideolohiya ay batay sa at nagtutungo sa mga kongkretong praktika. Kung sang-ayon dito si Fairclough, saka ko lamang siya maiintindihan hinggil sa kaniyang reserbasyon kaugnay dito. Nais ko rin, samakatwid, na linawin, ang mapanlinlang at oportunistang kalikasan ng mga teoryang panlipunan hinggil sa mababaw na pagturing nito sa tunggaliang panlipunan. Marahil, ito rin ang ugat ng pag-aatubili ni Fairclough.

Ipinakilala sa halip ni Fairclough ang kaniyang tinatawag na critical language study o CLS. Aniya, “nag-aalok ito ng isang imahe ng kaayusang sosyolingguwistik na (hindi lamang) hinulma ng tunggaliang panlipunan (kundi ipinaghiwalay (din) ng hindi pagkakapantay ng kapangyarihan” (Fairclough 1989, 10). Sinusuri aniya nito ang mga “interaksiyong panlipunan sa pamamaraan na sumesentro sa mga elementong lingguwistiko nito at sa pamamaraan na naglalayong maipakita ang sa pangkalahata’y nakatagong pantukoy sa sistema ng mga ugnayang panlipunan, maging ng nakatagong mga epekto ng mga ito sa nasabing sistema.”<sup>135</sup> Hindi kataka-taka ang mga pananalitang ito lalo pa’t nanggaling sa isang taong itinuturing ang sarili bilang isang “sosyalista.” Sabi nga niya sa introduksiyon ng kaniyang libro, “hayaan niyong sabihin ko na nagsusulat ako bilang isang sosyalista na sa pangkalahata’y may mababang opinyon sa mga ugnayan sa aking lipunan at may pangako sa emansipasyon ng mga taong inaalipusta ng mga ito” (Fairclough 1989, 5). Samantala, nais kong ipabatid ang pangamba ko at pagkalito sa pahayag niya na mayroon siyang mababang opinyon sa mga ugnayan sa kaniyang lipunan (“low opinion of the social relationships in my society”). Nakababahala ang maling direksiyon ng kaniyang mababang opinyon na sa halip na itutok sa pinaniniwalaan niyang mga taong dahilan ng opresiyon at pumipigil sa emansipasyon, sumesentro, sa halip, ang mababa niyang opinyon sa ugnayan sa lipunan. Ang mismong ugnayan ngang ito ang dapat na talakayin sa halip na sikilin. Nakababahala din, sa gayon, ang malubha niyang pagpapabaya sa kaniyang paggamit ng wika.

Naniniwala si Fairclough na ang CLS ang maglalagak sa araling wika ng isang malawak na pagkaunawa ng araling panlipunan sa wika. Alalaombaga’y wala pang sinuman ang nakapagsakatuparan nito! Ito ang dahilan kung bakit duda ako sa pagkagamit ni Fairclough ng salitang “sosyalista” para ipakilala

---

<sup>135</sup> Pansinin na hindi ito nalalayo sa mga establisadong kaisipan ng diyalektikong materyalismo at pangkasaysayang materyalismo—kunsabagay, sa tantiya ko’y isa o dalawang beses lamang niya nabanggit si Marx at si Lenin sa kaniyang libro. Sa katunayan, replektibo nga rin ang ideang ito kahit sa simplistikong diskursong analisis. Hindi rin naman nalalayo ang sintomatikong pagbasa ni Althusser na kung tutuusi’y mas organisado pa nga.

ang kaniyang sarili. Marahil, para sa kaniya, ang “sosyalista” ay isang tao na naniniwala sa kahalagahan ng lipunan bilang isang perspektiba (sosyal-ista o maka-sosyal). Maaari rin namang isa siyang Sosyalista na hindi nag-aaral o nagbabasa para patalasin ang kaniyang ideolohiya. Ano’t anuman, hindi dapat balewalain ang ganitong uri ng pagpapabaya sa paggamit ng wika lalo na kung ang paksa ng pananaliksik ay ang kritikal na araling wika.<sup>136</sup>

Dahil sa naniniwala si Fairclough na ang mga naunang teorya sa wika ay hindi lamang limitado kundi walang pagbabalik sa praktika o pagsasapraktika, inilatag niya ang dalawang hangarin ng kaniyang libro at teorya ng CLS bilang, una, teoretikal, at pangalawa, praktikal. Sa hangaring teoretikal nito, naniniwala siya na makatutulong ang kaniyang libro’t teorya na maituwid ang mababang pagtingin at pagpapahalaga sa wika sa produksiyon, pagpapanatili, at pagpapalit ng mga ugnayang panlipunan. Hangaring praktikal naman nito ang maiangat ang kamalayan sa kung papaanong nakaambag ang wika sa dominasyon ng ilang tao dahil sa ang “kamalayan ang unang hakbang tungo sa emansipasyon” (Fairclough 1989, 1). Samakatwid, problematiko rin ang pagkaunawa ni Fairclough sa praktika. Ang pag-aangat ng kamalayan ay isang anyo ng pagsasapraktika, pero ang praktika ay umaalpas pa sa tinuringan niyang pag-aangat ng kamalayan.

Bahagi ng mga hangaring nabanggit ang paglulugar ni Fairclough sa ilang mahahalagang kaisipan at dalumat sa kaniyang teorya. Isa na rito ang diskurso na wala namang ipinagbago sa mga naunang idea hinggil dito. Samakatwid, sa pangkalahata’y hinihiram ni Fairclough ang pagpapakahulugan ni Foucault hinggil sa diskurso—wika bilang panlipunang gawaing tinutukoy ng mga estruktura sa lipunan. Maging ang tinatawag ni Foucault na “orders of discourse” o mga kumbensiyon na maiuugnay sa mga institusyong panlipunan ay ginagamit ni Fairclough.<sup>137</sup> Naniniwala si Fairclough na “diskurso” at hindi “wika” ang mas angkop na gamiting termino hinggil sa pag-aanalisa ng wika sa konteksto ng lipunan. Kaugnay dito, nauna ko nang naipaliwanag ang dahilan ng pagmamatigas ko na gamitin ang terminong “wika” sa kabila ng mungkahi ng isang senior faculty na gamitin sa halip ang terminong “diskurso”—samakatwid gaya ni Fairclough—para sa pamagat ng pananaliksik na ito na “Politika ng *Wika* at Araling *Wika* sa Panahon ng Diktadura.” Maaari ko pang idagdag sa kasalukuyan na redundant ang katagang “politika ng diskurso” sa dahilang

<sup>136</sup> Ayon pa kay Fairclough, ang CLS niya ay “kritikal” sa dahilang ito ay “nagpapakita ng mga koneksiyong maaaring nakatago/itinatago sa tao” (Fairclough 1989, 5).

<sup>137</sup> Kung tutuusin, mas kilala at impluwensiyal pa kay Fairclough si Foucault sa kabila ng pagiging “sosyalista” niya.

malinaw na sa signipikasyon ng diskurso ang politikal na kalikasan nito. Samantalang hindi agaran ang ugnay ng politika sa “wika” na dulot pa rin ng disensitasyon sa wika sa paulit-ulit na pagturing dito bilang “arbitrary” at “uni-accentual”—palagay ko nama’y sapat na ang pagtalakay ko hinggil dito. Para naman kay Fairclough ang “wika” ang pangunahing dominyo ng ideolohiya. Samantalang ang “diskurso” ay hindi lamang dominyo o lugar ng, kundi pusta (stake) sa tunggalian ng kapangyarihan (Fairclough 1989, 15) at kinakailangan na palaging pumaloob sa tunggaliang ito ang sinumang gumagamit ng kapangyarihan sa pamamagitan ng wika para panatiliin ang kanilang posisyon o hindi kaya nama’y para mawala o mabuwag ito (Fairclough 1989, 35). Noong una’y problematiko sa akin ang kahulugan ni Fairclough sa salitang “stake” dahil maaari itong tulos na alalaombaga’y habambuhay na nakatarak sa tunggaliang panlipunan. Gayumpaman, mas “pusta” o “tayâ” ang pakahulugan niya rito sa dahilang gaya ng sa pagsusugal, maaari itong lumago (hindi lamang mapanatili) at maaari rin namang matalo (mawala o mabuwag). Dagdag pa rito ang sinabi ni Fairclough na “...hinggil sa ‘kapangyarihan sa loob ng diskurso,’ lugar ng mga tunggalian sa kapangyarihan ang diskurso, (samantala) hinggil sa ‘kapangyarihan sa likod ng diskurso,’<sup>138</sup> ito ay ang pusta sa mga tunggalian sa kapangyarihan—dahil sa ang kontrol sa mga order ng diskurso ay isang makapangyarihang mekanismo para mapanatili ang kapangyarihan” (Fairclough 1989, 74). Hindi ito naiiba sa nauna ko nang idea na makapangyarihan ang uri na nakapagtatakda ng kahulugan ng mga bagay-bagay. Ipinakikilala naman niya ang tinatawag niyang “members’ reference” o MR na aniya’y dinidetermina ng lipunan at hinuhulma ng ideolohiya sa pamamagitan ng sentido kumon o awtomatikong karakter na nagbabalatkayo bilang katotohanan. Makabuluhan ang kaisipang ito lalo pa’t kinikilala ito bilang makapangyarihang mekanismo na nagpapanatili

---

<sup>138</sup> May kaugnayan ang tinuturing ni Fairclough na “kapangyarihan sa loob ng diskurso” sa mga makapangyarihang kalahok na kumokontrol at gumigipit sa mga kontribusyon ng mga walang kapangyarihang kalahok (sa interaksyon). Halimbawa ng panggigipit aniya ang panggigipit sa nilalaman, panggigipit sa mga ugnayan, at panggigipit para maging subjek (ang kalahok o ang pinangingibabawan)—pansinin na muling pumapasok dito ang dalumat ng subjek. Ang panggigipit sa kontent o nilalaman ay pagbibigay, halimbawa, ng limitasyon sa kung ano ang dapat o maaaring sabihin o gawin sa isang konteksto. Makatutulong kung babalikan ang wikang pormal at restriktibo ni Bernstein. Kaakibat nito ang panggigipit sa mga ugnayang panlipunan o panggigipit sa kung papaano (dapat) papasok, kung papapasukin, sa isang diskurso (diskusyon) ang kalahok sa interaksyon. Panghuli ang panggigipit sa pagiging subjek na tuwirang naglalagak sa kalahok bilang isang subjek o alalaombaga’y alalay o alagad. Samantala, ang idea ng “kapangyarihan sa likod ng diskurso” ay ang pag-uugnay-ugnay ng buong kaayusang panlipunan ng mga diskurso bilang isang tagong epekto ng kapangyarihan. Gagamitin kong halimbawa, bagaman hindi ko direktang iniugnay, ang ginawa kong pag-aaral hingil sa “modernisasyon” ng wika (tignan ang Campoamor 2000, C4).

ng mga ugnayan ng kapangyarihan.<sup>139</sup> Tinutukoy ni Fairclough dito na "...ang mga kumbensiyon na palagiang ginagamit sa diskurso ay kumakatawan sa mga paniniwalang ideolohikal na tinatanggap bilang simple nang 'sentido kumon,' na nakakapag-ambag sa pananatili ng mga ugnayang panlipunan" (Fairclough 1989, 77).<sup>140</sup>

Implikasyon samakatwid ng paglulugar ni Fairclough ng diskurso sa gawaing panlipunan na: bahagi ng lipunan ang wika; prosesong panlipunan ang wika; prosesong kinondisyon ng lipunan ang wika, at kinondisyon din ng iba (di-lingguwistiko) pang bahagi ng lipunan (Fairclough 1989, 22). Gamit ito bilang lunsaran, inilatag niya ang kinikilala niyang tatlong "dimensyon" o "yugto" ng kritikal na diskursong analisis. Ito ang magsisilbing hulmahan at blueprint ng hindi mabilang na mga libro sa komunikasyon at araling wika na may mga awtor na uhaw at sabik sa isang "kritikal" na oryentasyon para sa analisis ng wika habang magaling at epektibo namang nailalako ni Fairclough ang kaniyang CLS.<sup>141</sup> Deskripsiyon, interpretasyon, at eksplanasyon ang nasabing mga yugto. Yugto na may kinalaman sa pormal na katangian ng teksto ang unang yugto na tinatawag niya bilang deskripsiyon. Interpretasyon naman ang yugto na may kinalaman sa ugnayan ng teksto at interaksyon. Ang teksto aniya ay, una, ang produkto ng isang proseso ng produksiyon, produksiyon marahil ng itinuturing niyang mga ugnayang panlipunan, at pangalawa, iyon mismong rekurso o bagay na teksto sa proseso ng interpretasyon—samakatwid, iyong teksto (gaya ng libro o iba pang babasahin o bagay) na binibigyang-kahulugan. Gayumpaman, nililina niya na ang kahulugan para sa kaniya ng interpretasyon ay hindi lamang ang yugto ng pag-aanalisa kundi maging ang mismong prosesong interaksiyonal. Hindi ito bagong kaisipan dahil malaon nang nailinaw (kahit, halimbawa, ng teoryang mambabasang-tugon) na maging sa proseso pa lamang ng interaksyon ay mayroon nang nagaganap na interpretasyon. May kinalaman naman ang yugto ng interpretasyon sa ugnayan sa pagitan ng interaksyon at kontekstong lipunan. Aniya, inaalam at tinutukoy sa yugtong

---

<sup>139</sup> Tinatawag din itong "background knowledge" ng ibang pilosopo bagaman ayaw itong gamitin ni Fairclough dahil restriktibo aniya ito (Fairclough 1989, 141). Kung magkaminsan, at sa isang mas mambabasang-tugon na pagkaunawa, tinatawag din itong "repertoire of knowledge" (McCormick et al. 1987). Bagaman, at muli, mas malinaw ang kaisipan ni Althusser na "reproduksiyon ng ugnayang panlipunan" o "reproduksiyon ng relasyong panlipunan" na tatalakayin naman sa ikatlong bahagi.

<sup>140</sup> Basahin din ang tsapter 4 ng nasabing libro.

<sup>141</sup> Pinakamahusay na halimbaw naging masunuring tupa kay Fairclough ay ang *Critical Reading and Writing* (2000) ni Andrew Goatly na bagaman nagbabalatkayong tagapagtaguyod ng "functional grammar" ay malinaw namang maka-Fairclough. Mapapansing gumamit lamang si Goatly ng ibang kataga para sa tatlong bahagi ng kaniyang libro na malinaw namang umaalinsunod sa tatlong yugto ng kritikal na diskursong analisis ni Fairclough.

ito ng kritikal ng diskursong analisis ang mga proseso ng produksiyon at interpretasyon maging ang mga proseso ng mga epekto nito sa lipunan. Kung tatangkaing ibuod ang mga yugtong ito, makalilikha tayo ng ganitong talaan:

Unang Yugto	Deskripsiyon	Teksto	Ugnayan sa Pagitan ng Teksto at Superrestruktura
Ikalawang Yugto	Interpretasyon	Diskurso ng Teksto	
Ikatlong Yugto	Eksplanasyon	Kontekstong Panlipunan ng Teksto	

Naniniwala ako na pinakamahalaga, kung hindi man dapat dumeretso na roon, ang ikatlong yugto na sa paliwanag ni Fairclough ay may tunguhin na “ipakita ang diskurso bilang bahagi ng prosesong panlipunan, bilang panlipunang praktika, habang ipinapakita kung papaano ito dinidetermina ng mga estrukturang panlipunan, at kung ano ang mga reproduktibong epekto<sup>142</sup> ng mga diskurso sa mga estruktura” (Fairclough, 1989: 163).

Hinggil naman sa itinuturing ni Fairclough na pagbabalik sa praktika na ipinagmamalaki niya sa kaniyang teorya dahil hindi niya natagpuan sa ibang teorya, inilalatag niya ang tatlong pangunahing uri ng mekanismo. Aniya, kailangan ang mga mekanismong ito sa anumang lipunang naghahangad na makamit ang “koordinasyon” at “kumonalidad” ng praktika kaugnay sa kaalaman at sa mga paniniwala, mga ugnayang panlipunan, at mga identidad na panlipunan (Fairclough 1989, 75). Ang unang mekanismo aniya ay ang mga praktika at uri ng diskurso na unibersal na sinusunod at tanggap na dahil walang alternatibong maaaring maisip. Ang pangalawang uri ay sa pamamagitan ng pagtatanim (pagkikintal sa isip) kung saan nagkakaroon ng koordinasyon ng praktika sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan, sa tagong pamamaraan (o kapangyarihan sa likod ng diskurso).<sup>143</sup> Hindi naman din ito naiiba sa kumon sensikal na kaalaman, o yung tinatawag kong “nakasanayan na.”<sup>144</sup> Panghuli ay ang uring komunikasyon kung saan

<sup>142</sup> Maaaring ikumpara ito sa nosyon ni Althusser ng “reproduksyon ng relasyong panlipunan.”

<sup>143</sup> Maaari itong ikumpara sa “order ng diskurso.”

<sup>144</sup> Bilang paggigiit: “Wika din ang susi sa pagtuklas sa mga hindi nakikita at pagbaklas sa pagkamanhid ng tao. Sa pamamagitan nito, malalaman natin kung paano binubuo ng isang tao, isang grupo, isang uri, at maging ng isang kultura ang kaniya/kanilang mundo. Isang sistema ang wika na nadarama at naiintindihan ang kahulugan dahil sa kabisado na natin ang kumbensiyon o nakasanayan na ang paggamit nito. Sanay na tayong gamitin at intindihin ang wika, pero, mas madalas kaysa hindi, hindi tayo ang gumagamit at umiintindi rito. Bagkos, pinagamit at pinaintindi lang ito sa atin na bunga hindi ng fiat o batas kundi ng mahabang panahon ng ugnayang panlipunan. Samakatwid, trabaho natin at tunguhin natin na sanayin



nakakamit ang koordinasyon sa pamamagitan ng proseso ng debate o rasyonal na komunikasyon.

Kulang sa paglulugar at pagpapanahon—pagsasakonteksto—ang teorya at pag-aaral ni Fairclough. Iginigiit niya ang pangangailangan ng CLS at, sa gayon, ng diyakroniko, dinamiko, at panlipunang araling wika, pero maging ang pangunahin niyang librong *Language and Power* (1989) ay naghihikahos sa diyakroniko, dinamiko, at panlipunang pag-aaral at pagpoposisyon. Inaasahan ko, batay sa kaniyang pangunang paglalata sa unang tsapter ng libro, ang tipo ng pagsusuri na mas matalas dito. Hindi natarok ni Fairclough ang isang analisis ng wika na nakaangkla sa tunggalian ng uri at relasyong panlipunan sa kabila ng malinaw niyang pagtatangka na maabot ang ganitong uri ng pagsusuring panlipunan. Malaking bagay marahil ang impluwensiya ng kaniyang saligang “intelekuwal” at impluwensiyang “unang daigdig” dagdag pa ang hindi matalas na pagkadama at pagkatanto ng krisis panlipunan at krisis sa kalagayang pangwika. Umaalinsunod dito ang kaniyang pagpapabaya sa mga leksiyon at karanasan ng mga naunang idea na malinaw na makapag-aambag sana sa ikakabuti ng kaniyang teorya. Partikular na hinahanap ko, samakatwid, sa isang teorya ang maigting na ugnayan ng wika at tunggaliang panlipunan. Hindi man lamang napalitaw ni Fairclough ang malinaw na pagkakaroon ng batayang makauri sa ugnayan ng wika at tunggalian na ipinagpapalagay kong mahalaga para sa isang matalas na araling wika. Mas naging abala pa siya na ipahayag ang realidad ng MR at realidad ng mga order ng diskurso, samantalang hindi nililina ang ugat o kinikilala ang dahilan ng pagkakaroon ng ganoong uri ng mga aparato. Sa kabila nito, mayroon pa ring tendensiya si Fairclough na pagtilad-tilarin ang wika (lalo na sa pamamagitan ng unang yugto ng kritikal niyang diskursong analisis), na dulot naman ng saligang lingguwistika niya, habang iginigiit ang pangangailangan ng pagdidiskurso at pagsasakonteksto. Sa ganitong paraan marerealisa ang disbentahe ng eklektisismo, una, sa dahilang nililito kung hindi man nilulusaw nito ang anumang uri ng paninindigan mayroon, pangalawa, sa pagtatangka na ipagkasundo ang mga pagkakaiba at pagtutunggalian ng mga pagkaunawa at pananaw hinggil sa araling wika, nadi-desensitize tuloy ang tunggalian bilang isang realidad.

Bagaman kinikilala ko rin ang limitasyon ng purong panlipunang teorya, hindi ko pa rin maintindihan ang kahalagahan ng pangkalahatang pahayag ni

---

ang sarili sa pag-aanalisa ng wikang ipinagamit at ipinaintindi sa atin. Analisis ito na hindi nakabatay sa siyentipikong pamamaraan. Pagtuklas ito sa politika ng wika. Pagbuo ng mundo sa pamamagitan ng wika at hindi pagtirá sa mundong binuo ng iilan sa pamamagitan ng wika” (Campoamor 1999, 10).



Fairclough na ang mga ito’y nananatiling teoretikal o “hindi operasyonalisado (operationalized) sa analisis ng mga partikular na pagkakataon ng diskurso.” Bukod sa hindi rin naman nakapaglatag ng isang malinaw na paninindigan si Fairclough hinggil sa pagbabalik o pagtungo ng teorya sa praktika—dahil sa ganang akin ay teoretikal pa rin naman ang itinuturing na niyang praktika—hindi rin malinaw ang kahulugan nito lalo na ang pahayag na “mga partikular na pagkakataon ng diskurso”; samakatwid, nananatiling isang programa ng pananaliksik ang inihahain niya. Marahil ang tinutukoy dito ni Fairclough ay ang pakikipag-usap, o sa pinakamataas na antas, pakikipagtalastasan/pakikipagdiskurso habang hindi nakakabilang ang iba pang semyotikong entidad na kapuwa manipestasyon ng kapangyarihan ng dominanteng uri. Ano’t anupama’y wala ring malinaw na batayan ang paglalaan ng kahalagahan sa mga partikular na diskurso, bukod pa sa hindi naman malinaw na pakahulugan ng salitang “operationalized.” Hindi samakatwid ito malinaw na batayan ng kahinaan o kalakasan ng anumang perspektiba—ang pananatiling teoretikal. Una, dahil, ang teoryang nakatatayo sa sarili nitong paa—napapatunayan ng mga espesipikong praktika—ay hindi maituturing na mababang uri o mahinang teorya. Pangalawa, at susog sa una, madaling baklasin ang batayang ito ni Fairclough sa pamamagitan ng pagbabalik sa praktika ng teorya na batay rin sa praktika.

Binabawi ko samakatwid ang una kong sinabi na may pagtatangka na lumikha ng isang bagong teorya si Fairclough hinggil sa usapin ng araling wika. Sa ganang akin, matagal nang establisado ang mga ipinamumukha at ipinanunukala niyang idea, simula pa nang magsimulang umusbong ang mga idea ng mga sinaunang palaisip at nang naranasan ng kasaysayan na isiniyentipiko at isinateorya ni Marx, at isinapraktika at ipinagtagumpay, at pinalawig sa iba’t ibang sulok ng daigdig. Ang suliranin kay Fairclough ay ang pagpapahina niya, malay man o hindi o sadyang nagpapabaya o kamangmangan lamang, sa mga nasabing teorya dahil hindi niya ito isinasapraktika—na ebidente sa kaniyang retorika—at ni hindi nga siya naniniwala na maaari itong isapraktika. Sa pinakakonserbatibong turing, isa siyang oportunistang kataka-takang sinasanto at inaalingawngaw ng hindi iilang iskolar sa pamantasan.

## **Diskursong Analisis at Politika ng Wika**

Marami pang susunod na mga kontemporaneong palaisip na nagtatangkang bumuo o magsagawa ng pag-aaral sa wika na lumilihis

sa dominanteng trend ng lingguwistika, bagaman karamihan sa mga ito ay walang malinaw na pagtatangkang bumuo ng teorya at pilosopiyang pangwika. Kadalasa’y nagkakasya na lamang sila sa paggamit ng malawak na kategoryang “diskursong analisis” bilang metodolohiya at lapit sa kanilang pagsusuri. Kadalasan pa’y nauwi sa “conversation analysis” o pagsusuri ng pakikipag-usap ang antas ng pag-aaral nila na ano pa’t malayo na naman sa ugnayan ng lipunan maliban na lamang sa iilang aspektong pangkapaligiran na nakapagbibigay ng kakarampot na impluwensiya sa agarang komunikasyon lamang—halimbawa, busina ng sasakyan, tilaok ng manok, init ng panahon. Kinikilala rin bilang “cross-disipline” ang diskursong analisis dahil sa tumatawid ang ganitong uri ng pagsusuri sa ibang establisadong larang na gaya ng lingguwistika, sosyolohiya, antropolohiya, at kognitibong sikolohiya (Fairclough 1989, 11). Ang iba naman ay nagkakasya na lamang sa kategoryang “politika ng wika” bagaman hindi naman talaga tuwirang naiaangkla ang itinuturing na “politika” sa mga ugnayan sa lipunan—mas masahol, tumutukoy lamang sa kalakarang administratibo ng Estado (halimbawang gamit: partidong politikal, ambisyong politikal, at politikal na dinastiya).

Kabilang sa grupong ito si Roger Fowler (1939-1999)<sup>145</sup> na patuloy na naglalalag ng kaniyang mga idea hinggil, sa pangkalahatan, sa dalumat ng ugnay ng wika sa kapangyarihan (power) at kontrol. Para kay Fowler, kapangyarihang maituturing ang abilidad ng mga tao o ng mga institusyon na makontrol ang gawain at materyal na pamumuhay ng iba. Isa itong transitibong konsepto na nagpapakita ng di-pantay na relasyon ng tao. Hindi ito natural o obhetibo, bagkos, ito’y artipisyal, binuo ng lipunan na mayroong mga intersubhetibong realidad (nasa Van Dijk 1985, 61). Batay ang pananaw na ito sa librong *The Social Construction of Reality* (1966) nina Peter Berger at Thomas Luckmann. Kaugnay sa wika, naniniwala si Fowler na ang wika ang instrumento sa pagkonsolida at pagmanipula ng mga dalumat at ugnayan ng mga lugar ng kapangyarihan at kontrol gayundin ng iba pang lugar ng estrukturang panlipunan at ideolohikal (nasa Van Dijk 1985, 61). Dagdag pa niya, hindi lamang ginagamit ang wika sa pagpapatindi at paniniil ng nananahang mga posisyon ng awtoridad at pribilehiyo (gaya ng

---

<sup>145</sup> Kabilang sa mga librong inilathala ni Fowler ang *Linguistic Criticism* (1996), *Literature as Social Discourse: The Practice of Linguistic Criticism* (1981), *Linguistics and the Novel* (1977), *Essays on Style and Language* (1966), *A Dictionary of Modern Critical Terms* (1973), at *Style and Structure in Literature* (1975), at gayundin, kasama sina Robert Hodge, Gunther Kress, at Tony Trew na silang apat na bumuo ng isang school ng kritikal na lingguwistika, ang impluwensiyal na librong *Language and Control* (1979). Matatandaang sina Hodge at Kress ang mga awtor ng librong *Language and Ideology* (1979) ang unang edisyon).

utos at mga regulasyon), sa pamamagitan din ng wika patuloy na nabubuo ang mga istatus at papel na ginagamit na basehan ng mga tao para gumana ang kanilang kapangyarihan. Hinggil naman sa ugnayan ng wika at kontrol, batay sa libro niyang *Language and Control* (1979) kasama sina Hodge, Kress, at Trew, naniniwala si Fowler na may dalawang uri ng prosesong lingguwistikong ginagamit ng mga makapangyarihan para sa kontrol ng lipunan. Ang mga ito aniya ay ang mga direktibong praktika at ang mga konstitutibong praktika. Kabilang sa direktibong praktika ang mga malinaw na manipulatibong akto ng pananalita (speech act)<sup>146</sup> gaya ng utos, pakiusap, at proklamasyon. Samantala, ang mga konstitutibong praktika naman ay ang itinuturing niyang basehan ng idea ng panlipunang konstruksiyon ng realidad. Ang mga kinokonstrak na ito aniya ang mga institusyon, mga papel, at mga estado na nagpapanatili ng estruktura ng herarkiya ng lipunan at nagpapanatili ng boluntaryo at di-boluntaryong pagpapakaalipin ng mga taong napapabilang sa mababang orden. Ang papel naman aniya ng wika dito ay ang patuloy na pagpapahayag ng ideolohiya na naggigiit ng sistema ng mga paniniwala na naglelehitima ng mga institusyon ng kapangyarihan.<sup>147</sup> Sa libro naman niyang *Literature as Social Discourse* (1981), ipinaliliwanag ni Fowler ang itinuturing niyang panunuring lingguwistiko (linguistic criticism) pinaniniwalaan niyang kinapapalooban ng mga bagong direksiyon sa stylistics.<sup>148</sup> Ang mga paniniwalang ito aniya ay ang: (1) *pluralidad ng mga barayti ng wika* o ang paniniwalang hindi isang nagkakaisang entidad ang wika; (2) *wika bilang panlipunang produkto at panlipunang praktika* o ang paniniwala na mayroong diyalektikal na ugnayan ang wika at ang estruktura ng lipunan—produkto ng mga puwersang sosyoekonomiko at ng mga institusyon ang mga barayti sa paggamit ng wika; (3) *wika bilang semyotikong*

<sup>146</sup> “Speech Act” talaga ang ginagamit na termino ni Fowler batay sa pagkaunawa kina Austin at Searle. Pinaninindigan ito ni Fowler. Sa katunayan, sa listahan na tinatawag niyang “linguistic checklist” na matatagpuan sa Van Dijk (1985, 70-74), kabilang dito ang entri na “speech act” na aniya’y sa pamamagitan nito naipakita nina Austin at Searle na hindi lamang nagpapahatid ng proposisyunal na kahulugan ang pagbigkas (utterance), bagkos, nagkakamit din ito ng aksiyon sa pamamagitan ng wika.

<sup>147</sup> Noong una kong mabasa ang dalumat na ito ni Fowler ng direktibo at konstitutibong praktika, agad kong naisip ang repressive state apparatus (RSA) at ideological state apparatus (ISA) ni Althusser. Bagaman, maaaring ikumpara sa RSA ang direktibong praktika ni Fowler, hindi naman maaaring tawaging iisa ang konstitutibong praktika at ISA ni Althusser. Iisa lamang ang wika sa mga napapabilang na aparatong ideolohikal ng lipunan. Samakatwid, marami pang ibang uri ng aparato, at walang pretensiyon ang ISA na sa kahuli-hulihang wika (lamang) ang makapagpapasaya ng lipunan. Tinangkang linawin ito, sa kabilang banda, ni Fowler, sa pamamagitan ng pagbanggit na kaalinsabay ng iba pang sistemang semyotiko, gaya ng pananamit, sining, isport, palamuti, at iba pa, nagagawa ng wika ang nasabing pagpapanatili ng kapangyarihan. Samantala, ipinapanatili ni Fowler na ang wika ang pinakamahalagang sistema ng sign sa lipunan. Si Roland Barthes ay may kahalintulad din na nosyon.

<sup>148</sup> Lilinawin ko na rin na ang pakahulugan ng tinatawag na “stylistics” dito ay may malaking kinalaman sa panitikan. Ang stylistics ay isang pag-aaral o deskripsiyon sa pamamaraan sa paggamit ng wika (lingguwistikong ekspresyon) na maitatangi sa isang grupo o sa indibidwal, partikular sa mga manunulat. Mababasa ang mga paniniwalang nabanggit sa Fowler (1981, 20-22).

*panlipunan* o ang pagsandig ni Fowler sa paniniwala ni Halliday hinggil sa panlipunang pinagmulan ng kahulugan.<sup>149</sup> Aniya, batay dito, karamihan sa mga kahulugan ng wika ay bunsod ng mga pangangailangang panlipunan, pang-ekonomiya, teknolohikal, at teoretikal ng mga kultura; *kritisismo*, *dekonstruksiyon*, at *depamilyarisasyon* o ang paggamit ng panunuring lingguwistiko sa pagdekonstrak ng teksto para maintindihan kung papaano binubuo ng teksto ang teorya nito ng realidad, at sa ilalim ng anong uri ng panggigipit ng lipunan.<sup>150</sup>

Ilan pa sa mahahalagang akdang hinggil sa diskursong analisis ay ang antolohiya ng mga artikulo na *Ideologies of Language* (1990) na inedit nina John Joseph at Talbot Taylor. Isa sa mga pinakamakabuluhang pagtalakay sa librong ito ay iyong artikulong “That Obscure Object of Desire: A Science of Language (Iyang Hindi Malinaw na Bagay ng Pagnanasa: Isang Siyensiya ng Wika)” na sinulat ni Tony Crowley.<sup>151</sup>

Ayon kay Crowley, ang mga araling wika matapos ang panahon ng Pagkamulat (Enlightenment) sa Europa ay naglunsad ng dalawang bagong siyensiya. Unang sumulpot sa kalagitnaan ng siglo 18 ang sa kalauna’y tatawaging komparatibong pilolohiya (comparative philology). Nakabase ito sa paniniwalang napapailalim ang wika, tulad ng iba pang produkto ng kultura ng tao, sa pangkalahatang kamalayan ng kasaysayan. Dito na nga magmula ang paniniwala na ang wika ay repleksiyon ng kasaysayan/lipunan/kultura. Binaligtad ang pananaw na ito ng ikalawang siyensiya at ipinosiyon ang kasaysayan sa sinkronikong araling wika.<sup>152</sup> Pangkalahatang Lingguwistika (General Linguistics) na nga ang itinawag dito ng pangunahing palaisip na si Saussure.<sup>153</sup> Batay kay Crowley, ayon kay Saussure, para maging siyentipiko ang araling wika, kailangang isipin na “ang tanging bagay na pag-aaralan sa lingguwistika ay ang wika sa sarili nitong kapakanan.” Naniniwala si Saussure na hindi kinakailangan ang mundo (paligid ng wika) sa pag-aaral ng sistema ng wika. Dagdag pa rito, pinaniniwalaan niya na hindi nabibilang ang wika na hiwalay na orden ng mga bagay, bagkos, napapaloob ito (kasama

---

<sup>149</sup> Naging impluwensiyal din kay Fowler ang idea ni Halliday ng “anti-language” o kontra-wika na maaaring mabasa sa Fowler (1979).

<sup>150</sup> Kinikilala rin ni Fowler ang paggamit ng salitang demistipikasyon kaalinsabay ng kontra-wika ni Halliday.

<sup>151</sup> Lecturer sa English si Crowley sa University of Southampton at awtor ng librong *The Politics of Discourse: The Standard Language Question in British Cultural Debates* (1989). Matatagpuan ang artikulo sa Joseph at Taylor (1990, 27-50).

<sup>152</sup> Nililinaw rin nito samakatwid na hindi isinasawalang-bahala ni Saussure ang kasaysayan, iba lamang ang kaniyang pananaw hinggil dito (sinkroniko). Tinatawag naman ito ni Crowley na “static linguistics” na sa palagay ko nama’y malinaw nang naipapaliwanag ng ginamit niyang termino.

<sup>153</sup> Batay na nga sa *Cours de Linguistique Generale* (1916)

ang mundo) sa iisang ontolohikal na order. Sa katunayan, ipinagkakaiba ni Saussure ang bagay at salita. Aniya, bagay ang pinag-aaralan at hindi ang salita. Sa mga panahon kasing iyon, ang pag-aaral ng salita ay nangangahulugan ng paghugot ng kahulugang panlipunan at pagbabago ng kahulugan nito sa paglipas ng panahon.<sup>154</sup> Ayon na nga kay Crowley, dahil sa *Cours*, mula sa pagiging espekulong mundo, naging lugar/bagay sa mundo ang wika (reipikasyon) (nasa Joseph at Taylor 1990, 31).<sup>155</sup>

At dahil sa mga ito, ayon kay Crowley (nasa Joseph at Taylor, 1990: 30-31), “tulad ng ibang makamundong bagay, naging bukas ito (ang wika) sa mga pamamaraan ng obhetibo at siyentipikong pag-aaral...maaari na itong mapabilang sa mga bagay na may karangalang tawagin na siyentipikong bagay (na puwedeng pag-aralan).” At ganoon na nga ang naging kalakaran sa siyentipikong pag-aaral, hindi lang ng wika, kundi maging sa malawak na dominyo ng siyensiyang pantao. Tanging ang mga “mapagkakatiwalaang bagay” ang maaaring mapag-aralan kung may intensiyon na ituring ang pag-aaral na ito bilang isang siyentipikong pag-aaral. Ito ang mabalasik na kritisismo sa lingguwistikang kinakikitaan ko ng kahalagahan sa artikulong sinulat ni Crowley. Dalawa ang implikasyon nito. Una, isa si Crowley sa mga kontemporaneong palaisip sa Inglatera na patuloy pa ring nakikipagtunggali sa dominasyon ng “siyentipikong” araling wika. Pangalawa, maging hanggang sa kasalukuyan sa Europa, nananahan ang status quo at halos wala pa ring ipinagbago ang kaayusan kung ibabatay sa pagkakahalintulad ng mga puna gaya ni Crowley sa mga puna ng ilan sa mga pinakaunang kritik dito (gaya ni Volosinov).<sup>156</sup> Panghuli, dahil na rin sa dalawang unang implikasyon, hindi tuloy malayong isipin na pasista maging ang lingguwistikang Saussurean, kaugnay sa nabanggit ko na sa itaas. Maidaragdang pa rito ang puna ni Crowley na ang idea ng kaisahan o pagkakaisa ng mga lingguwista ay batay sa eksklusyon o ang wika, na kaiba sa mga diyalekto nito, ay iyong sinasalita ng kulturado (cultured) na mga tao at hindi ng iba. Magiging mahaba ang talakayan kung iisa-isahin pa ang implikasyon at politika sa kabila ng mga terminong “eksklusyon,” “diyalekto,” “kulturado,” at “iba” na matatalakay rin naman sa pagdidiskusyon ko ng politika ng wika sa panahon ng batas militar.

<sup>154</sup> Mga pag-aaral na ipinagpapatuloy pa rin naman hanggang ngayon tulad ng pag-aaral nina Raymond Williams (*Keywords*) at Geoffrey Hughes (*Words in Time*) at gayun na rin ng pananaliksik na ito.


<sup>155</sup> Karagdagang tala lamang hinggil sa dalumat ng reipikasyon: ang reipikasyon ay ang pagtrato sa isang idea na alalaombaga’y kongkreto o materyal ito. Samakatwid, nananatili itong idea. Ipinagpapalagay na tinatrato o itinuturing ng lingguwistika nang ganoon na lamang na materyal ang wika para lamang mapag-aralan ito sa isang “siyentipikong” pamamaraan. Maaari ring balikan ang pagtalakay ko kay Volosinov hingil sa katangian ng abstraktong obhetibismo. Matatandaang panglima ang reipikasyon sa katangian ng abstraktong obhetibismo.

<sup>156</sup> Kung tutuusin, maging ang puna ni Crowley hinggil sa idea ng siyentipismo ng lingguwistika ay maiiugap sa abstraktong obhetibismo ni Volosinov.

Ilan pa sa mahahalagang antolohiya ng mga babasahin hinggil sa diskursong analisis gayundin ng ilang panimulang pananaw hinggil sa politika ng wika ang ikaapat na bolyum ng *Handbook of Discourse Analysis* (1985) na inedit ni Teun van Dijk, *Language and Politics* (1984) na inedit ni Michael Shapiro, at *Social Anthropology of the Politics of Language* (1989) na inedit naman ni Ralph Grillo. Maaari ring konsultahin ang mga librong *Language, Bureaucracy and Social Control* (1996) nina Srikant Sarangi at Stefaan Slembrouck at *Language, Society and Power* (1999) na inedit nina Linda Thomas at Shân Wareing.<sup>157</sup>

## Lagom ng Apat ng Bugso

Samakatwid, kung susubukang organisahin o tiyakin sa pamamagitan ng tala ang pag-unlad ng kalakarang araling wika at apat na bugso ng mga tugon sa araling wikang taliwas o nakikitunggali sa naturang kalakaran, matatanto ang sumusunod:



<sup>157</sup> Ilalatag ko naman sa ikaapat na bahagi ang ilang mga miskonsepsiyon hinggil sa politika ng wika.



# IV

## MARXISTANG PILOSOPHIYA NG WIKA BILANG ANGKOP AT NAPAPANAHONG PARAAN NG ARALING WIKA<sup>158</sup>

*In the social production of their life, men enter into definite relations that are indispensable and independent of their will, relations of production which correspond to a definite stage of development of their material productive forces. The sum total of these relations of production constitutes the economic structure of society, the real foundation, on which rises a legal and political superstructure and to which correspond definite forms of social consciousness.*

*The mode of production of material life conditions, the social, political and intellectual life process in general. It is not the consciousness of men that determines their being, but, on the contrary, their social being that determines their consciousness. At a certain stage of their development, the material productive forces of society come in conflict with the existing relations of production, or—what is but a legal expression for the same thing—with the property relations within which they have been at work hitherto. From forms of development of the productive force these relations turn into their fetters.*

*Then begins an epoch of social revolution. With the change of the economic foundation the entire immense superstructure is more or less rapidly transformed. In considering such transformations a distinction should always be made between the material transformation of the economic conditions of production, which*

---

<sup>158</sup> Ilang bahagi ng kabanatang ito ay nailathala na sa Campoamor 2015.



*can be determined with the precision of natural science, and the legal, political, religious, aesthetic or philosophic — in short, ideological forms in which men become conscious of this conflict and fight it out. Just as our opinion of an individual is not based on what he thinks of himself, so can we not judge of such a period of transformation by its own consciousness; on the contrary, this consciousness must be explained rather from the contradictions of material life, from the existing conflict between the social productive forces and the relations of production.*

*No social order ever perishes before all the productive forces for which there is room in it have developed; and new, higher relations of production never appear before the material conditions of their existence have matured in the womb of the old society itself. Therefore mankind always sets itself only such tasks as it can solve; since, looking at the matter more closely, it will always be found that the tasks itself arises only when the material conditions of its solution already exist or are at least in the process of formation.*

*In broad outlines Asiatic, ancient, feudal, and modern bourgeois modes of production can be designated as progressive epochs in the economic formation of society. The bourgeois relations of production are the last antagonistic form of the social process of production — antagonistic not in the sense of individual antagonisms, but of one arising from the social conditions of life of the individuals; at the same time the productive forces developing in the womb of bourgeois society create the material conditions for the solution of that antagonism. This social formation brings, therefore, the prehistory of society to a close.”*

Marx,  
*Preface to a Contribution  
to the Critique of Political Economy,*  
1859

**B**agaman nauna nang naglatag si Saussure na bagay ang dapat na pag-aralan para maging siyentipiko ang pananaliksik, hindi naman nangangahulugan na kabaligtaran ang pananaliksik na ito. Tunay na siyentipiko ang pag-aaral kung mayroon itong materyal na batayan. Nasusukat naman ang pagiging materyal ng wika sa pag-aaral ng sistema ng mga yunit nito na nararanasan ng iba't ibang pandama natin. Higit pa rito, itinuturing ko na materyal ang wika<sup>159</sup> dahil ito ang manipestasyon kahit ng pinakaabstraktong pag-iisip. Gayumpaman, hindi inihiga ng pag-aaral na ito ang wika sa isang dissecting table para alamin kung ilan ang puso nito o gaano kabigat ang utak nito. Hindi rin itinuring na unibersal, arbitraryo, at mekanikal ang wika at walang naging pagtatangka na gumawa ng pag-aaral na patungo rito. Ano't anuman, naniniwala rin ako na ang kasalukuyang mga estruktural na pag-aaral sa lingguwistika (ponolohiya, morpolohiya, semantika at sintaks), tulad ng makailang beses nang nabanggit, ay mga batayang pag-aaral. Samakatwid, hindi pinagkakaabalahan ng pananaliksik na ito kung alin ang mahalagang paraan ng araling wika, halimbawa, mala-Saussure ba o iyong hindi? O mala-estruktural ba o iyong hindi? Usapin ito ng kung ano ang kailangan at primarya lalo na sa kalagayan ng kasalukuyang krisis sa kontekstong panlipunan at pangkultura (pangwika) ng Pilipinas. Sa katunayan, kinikilala ang pagiging nagsasariling siyensiya (independent science) ng lingguwistika dahil na rin sa mga espesipikong katangian ng wika.<sup>160</sup>

Kung papayagan akong hiramin ang mga termino, kaakibat na tungkulin ng pananaliksik na ito ang gawing “socially responsive” at “responsible discipline”<sup>161</sup> ang lingguwistika o anumang araling wika dahil, ayon na rin nga kay Terry Eagleton (Van Dijk 1985, 30), “hindi maaaring maging lugar ng tunggaliang ideolohikal ang wika para kay Saussure, kumpara kay Volosinov at Baxtin.”<sup>162</sup> Naniniwala ako na sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, hindi lamang matutukoy ang politika ng wika sa panahon ng batas militar, bagkos at higit na mahalaga, mapagtitibay ang kontra-argumento sa pinaniniwalaan kong tunay at mas kumpletong siyensiya ng wika at mailatag ang teoretikal na pundasyon nito sa konteksto ng Pilipinas.

<sup>159</sup> “object domain” naman ang terminong ginagamit ni Bourdieu (1991, 5).

<sup>160</sup> Para sa mas malinaw na pagtalakay hinggil dito, hintayan na lamang ang diskusyon sa ugnay ng wika sa base at sa superestraktura sa bandang hulihan ng tsapter na ito. Maaari ring basahin ang talakay ni Stalin hinggil dito sa *Marxism and Problems of Linguistics* (1972, 33).

<sup>161</sup> Mga termino nina Hodge and Kress (1993, x).

<sup>162</sup> Ang Baxtin na tinutukoy ni Eagleton ay si Mikhail Bakhtin. Nagsisilbing giya ng transliterasyon sa wikang Ruso ang letrang “x” para sa tunog na “h” (kung gayon, /bahtin/).

Noong una’y alangan akong gamitin ang terminong “reaksiyon” para tukuyin ang mga pagkilos na sumasagka laban sa pinaniniwalaan ng mga itong dominanteng papel ng lingguwistika sa araling wika. Nagkasya na lamang ako sa paghiram muna ng termino para sa ikadadali ng argumento. Gayumpaman, mas madalas kaysa hindi, at sa pamamagitan ng diyalektikal na pagsusuri, kinakailangan at hindi maiiwasan ang ugnay ng anumang tugon na kilusan sa nananahang hegemonya. Nagkakatalo na nga lamang ang mga pagtugon na ito sa kung papaano tinatrato, binabasa, at sinusuri ng mga ito ang naturang ugnayan, at kung ano ang ginagawa ng mga ito na hakbang para tangkain o hindi kaya’y sapat na matugunan kung hindi man basagin ang gahum ng sinasagkaan nitong bantayog ng kaisipan. Tulad ng nailinaw na sa diskusyon sa ikalawang tsapter, iilan lamang, kung hindi man wala, sa mga pagkilos na ito ang nakalikha ng malinaw na paninindigan at paniniwala na tumutugon sa ipinoproklama nilang paniniwala’t paninindigan na may direktang ugnay ng wika sa lipunan. Gayundin, wala o kapos ang naipamalas na paninindigan at paniniwala sa mga kaakibat nitong kabatiran gaya ng mahahalagang usapin ng materyalidad ng wika, pagbabalik sa praktika ng teoya sa wika, at kapasidad ng wika na maging instrumento o lugar ng kontrahegemonya. Naniniwala ako na maiuugat ang lahat ng mga pagtutuon na ito sa pamamagitan ng pagkilala at pagtutok sa ugnayan ng mga taong tanging gumagamit ng wika sa lipunan. Gayumpaman, hindi ako naniniwala at nagkukunwari na lumilikha na ako ng isang teorya ng wika sa dahilang ang isang kaisipan o pilosopiya hinggil sa wika na tumutugon sa direktang ugnay nito sa lipunan kailanman ay hindi magiging teorya, bagkos nga’y mananatili lamang na bahagi ng teorya sa lipunan. Ang teoryang ito ang magsisilbing gabay na teoretikal sa nasabing pilosopiya ng wika. Ang pagkukulang na kilalanin ang pormulasyong ito ang pangunahing pagkakamali ng mga nagkukunwaring teoretista ng wika.

Tatalakayin ko sa tsapter na ito ang kahalagahan ng isang Marxistang pilosopiya ng wika gayundin ang idea ko ng repleksiyon at repraksiyon ng wika<sup>163</sup> at ng hindi maiiwasang kontrahegemonya ng wika.

Makalipas ang panahong mulang 1989 hanggang 1991, magkakasunod na inaral, binatikos, at pinasubalian ng hindi iilang intelektuwal ang bisa ng kaisipang Marxista bilang lehitimong pananaw-mundo, habang itinakda naman ng iba ang maagang pagkamatay nito. Pumosisyon ang karamihan sa kanila sa itinuring nilang katapusan ng sosyalismo, “katapusan ng

---

<sup>163</sup> Modipikasyon ito ng idea ni Volosinov ng repleksiyon at repraksiyon.

kasaysayan,” at pinal na tagumpay ng kapitalismo. Umikot ang kritisismo sa itinuring na limitasyon ng Marxismo sa pagsandig sa panunuring pang-ekonomiya (lamang) habang lubhang pumapabor sa makauring pakikibaka. Kasabay ng “kalayaan” mula sa “dakilang naratibo” ang pagbulwak ng marami at hiwa-hiwalay na posibleng pamamaraan ng pagsuri sa lipunan (Butler et al. 2000, 96). Kabilang dito ang paglalaan, partikular sa hanay ng mga aminadong postmodernista, ng ibayong pagpapahalaga sa wika bilang lunsaran ng pagsusuri hindi lamang sa ideolohiya kundi lalo’t higit sa mga espesipikong tunggalian sa lipunan. Kadalasa’y ikinukubli ng ganitong uri ng pag-aaral ang makipot na pagsusuri gamit ang terminong “diskurso” na mistulang sumasandig sa isang aktibo at demokratikong talastasan.

Sa mga bansang gaya ng Pilipinas, bukod sa labis na pagkahumaling sa diskurso na kinondisyon ng mahabang tradisyon ng estrukturalistang lingguwistika, nakababahala ang pribilehiyong inilalaan sa wika bilang (tanging) panukat at lugar ng pakikipagtunggali. Mamamalas din ang parehong pagkabahala sa iilang sanaysay—o mga arikulong bumabanggit bagaman di-eksklusibong tumatalakay sa wika—ng mga “sinaunang” Marxista (gaya nina Volosinov at Bakhtin). Maisasama pa rito ang puna ng mga kontemporaneong Marxista hinggil sa mga araling tinatawag ding “bagong idealismo.”

Walang tangkang magkunwaring komprehensibo ang pananaliksik na ito. Sinusubukan lamang nitong himayin, organisahin, kilatisin, at muling igiit ang mga nabuo nang pananaw sa wika at pagsusuri ng wika na nakakawing sa tunggaliang panlipunan para magsilbing panimulang aralin at pagsasakonteksto ng Marxistang pilosopiya sa wika at araling wika.

## **Repleksiyon at Repraksiyon ng Wika**

Kabilang ang wika at kultura sa mga penomenong sumasalamin sa politika at ekonomiya ng isang lipunan. Halimbawa, maiuugat sa krisis na pang-ekonomiya ang krisis na kultural; maaaninag, bagaman hindi maiuugat, sa krisis na kultural ang krisis na panlipunan. Gayundin, ang mga puwersang dominante sa ekonomiya at politika ay mga puwersa ring dominante sa kultura. Kaya nga ang pagiging repleksibo sa kultura ng krisis pang-ekonomiya ang dahilan kung bakit bukambibig ng mga demagogo na ang kahirapan ng bansa ay resulta ng kultura. Hindi makabuluhan samakatwid na gawing basehan ng pagteteorya sa wika o kultura ang itaas na bahagi ng herarkiyang panlipunan. Silipin natin ang rebolusyonaryong sangay ng parehong lipunan.

Batay sa pagtalakay ng kilusang pambansa-demokratiko, “ang krisis ng kultura ng lipunan ay nakabatay at sumasalamin lamang sa krisis sa ekonomiya at politika ng malakolonyal at malapiyudal na lipunan” (Guerrero 1971). Nagaganap ang isang krisis kapag ang kontradiksiyon ay nagiging lantad o kung kailan malinaw na maibubukod ang mga puwersang dominante sa dinodominahan. Nakikita ang krisis sa ekonomiya sa pamamagitan ng lantarang kontradiksiyon sa relasyon sa lipunan. Nakikita naman ang krisis sa lipunan sa pamamagitan ng lantarang tunggaliang panlipunan, o mas espesipiko, lantarang tunggalian ng mga uri.

Krisis ding maituturing ang lantarang kontradiksiyon sa kultura. Sa perspektibang pambansa-demokratiko, partikular sa librong *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* o LRP (Guerrero 1970), dalawa ang pangunahing puwersa sa kulturang Pilipino. Pinakadominanteng puwersa sa kulturang Pilipino ang kulturang bitbit ng Estados Unidos o US at pumapangalawa rito ang Simbahang Katoliko, na kapuwa “...nagdadala sa dominanteng mga idea at nagkokontrol sa dominanteng mga makinaryang pangkultura sa malakolonyal at malapiyudal na lipunan.” Malinaw na, simula pa nang sakupin nito ang Pilipinas hanggang sa kasalukuyang imperyalistang pananaig nito sa huli, ipinalaganap at patuloy na iginigiit ng US ang liberalismo (burges at maka-imperyalista, samantalang nagkukubling demokratiko) at konserbatismo (sarado sa pagbabago) sa lipunang Pilipino sa pamamagitan ng sistema ng edukasyon, mass media at iba pang paraang kasama na ang mga ahensya nito sa Pilipinas. Ginagamit ng US ang mga ito para mapanatili at matugunan o maserbisyohan ang mga imperyalistang pangangailangan nito. Samantala, nakaangkop ang ideolohiyang piyudal ng Simbahang Katoliko sa ideolohiyang iyon ng modernong imperyalismong itinutulak ng US. Malawak ang impluwensiya ng simbahan sa kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagtuturo ng relihiyon, mga ritwal, sermon, panalangin, publikasyon, at maging ang pag-aangkop ng mga katutubong kaugalian sa kristyanismo. Matagal na ring nagkaroon ng relatibong estabilidad sa mga kontradiksiyong dulot ng mga ito, pero sa paglipas ng panahon ay lalong tumitindi at lumilitaw ang krisis. Dulot na rin ng pagtugon ng mga progresibo at makabayang kilusan sa matinding krisis sa ekonomiya at politika noong dekada 60 at 70, pinaniniwalaang malaki ang naging tagumpay ng anti-imperyalistang kilusan sa larangan ng politika at kultura sa pamamagitan ng bagong demokratikong kultura na “sumiklab at namulaklak” noong 1971 hanggang 1972 at bago pa nito, sa huling hati ng dekada sienta at nagruruk sa Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 (First

Quarter Storm).<sup>164</sup> “Malaking bilang ng mga nakapag-aral ang nag-umpisang magtanong, pumuna at tumanggi sa mga imperyalistang katangian ng kultura at edukasyon ng US. Napukaw sila ng krisis ng naghaharing sistema at nabigyan ng inspirasyon ng lumalaking kilusang masa.” Gayumpaman, matindi ang tindig at pagkakatahim ng US at Simabahang Katoliko sa kulturang anti-siyentipiko, anti-masa, at anti-nasyonal. Replektibo ito sa pagsalungat ng nabanggit na dalawang pangunahing puwersa sa industriyalisasyon ng bansa at sa pagpapanatili ng ekonomiyang agraryo nito.

Kaugnay sa wika, partikular sa araling wika, masasabing naging matunog at kaakit-akit sa mga burges (at petiburges) na akademiko at iskolar ang estruktural na lingguwistika. Bukod sa sistemang pensiyonado na nakapang-akit sa mga kauna-unahang iskolar ng wika—mas espesipiko, iskolar ng lingguwistika—ang pagkakaakit nila sa lingguwistika ay dulot din ng ideolohiya ng liberalismong burges at konserbatismong dala ng imperyalistang US na kung susuriing mabuti, at ayon na rin sa mga nauna nang diskusyon at paglilinaw, ay nagpapambuô o nagpapanatili sa isa’t isa. Maaalalang tinalakay ko na ang tendensiya ng lingguwistikang pakitirin ang kahulugan ng mga salita at gawing iisa ang bigkas sa mga sign na panlipunan para sa pagpapanatili ng kaayusan at distribusyon ng kapangyarihan at ugnayang panlipunan. Mahihinuhang sa mga nauna kong pag-aaral sa diskurso at politika ng wika ng lipunan nahubog at nabuo ang mga paniniwala at paninindigan sa wika at ang pangangailangan ng isang Marxistang pilosopiya hingil dito na konsistent sa matagumpay na progresibong kilusang panlipunan na sumasalungat naman sa sukdulang pananaig ng kulturang dulot ng imperyalistang US at Simbahang Katoliko. Kaakibat nito ang kasalukuyang proposisyong teoretikal na ang repleksiyon at repraksiyon ng wika ang nagbibigay at nagrereprodyus (muling lumilikha) ng politikal na kapangyarihan ng at sa dominanteng ideolohiya. Repleksiyon, o kung papaanong naipapahiwatig sa pamamagitan ng wika o anumang pormang pangwika/lingguwistiko ang realidad. Repraksiyon, o kung papaanong sa pamamagitan ng wika nalelehitima o nagagawang realidad ang mga ugnayan sa produksiyon at ang nilikha nitong kaayusang sosyopolitikal. Matatandaang ginamit sa salin ng libro ni Volosinov ang terminong “repraksiyon” na ngayo’y hinihiram ko dahil sa kuha nito ang pakahulugang nais kong iparating. Sa mga prinsipyo ng optika, nangangahulugan ang repraksiyon ng “pagbabago ng direksiyon ng ilaw kapag tumatama sa transparent na bagay sa isang

<sup>164</sup> Kaalinsabay ng mga ito ang bukung-liwayway ng padedeklara ng batas militar sa Pilipinas. Tinatangkilik sa kasalukuyan na noon pang 1966 nagsimula ang rebolusyong pangkultura sa Pilipinas.

anggulo, na di-pormal o di-perpendikular dito.” Mahalaga sa pagkakataong ito ang pagtalakay sa praktika, na ano pa’t hinahanap-hanap at hindi naman matugunan ni Fairclough, gayundin ang hindi maiiwasang pagtalakay sa kaugnayan ng panlipunang praktika sa (teorya ng) kaalaman.

## Wika at Teorya ng Kaalaman

Kinikilala sa kasalukuyan si Mao Zedong bilang isa sa pinakamapagkakatiwalaang palaisip dahil sa makabuluhan niyang mga pag-aaral sa teorya ng kaalaman (theory of knowledge) gayundin sa kontradiksiyong diyalektikal. Ayon kay Mao (Mao 1967, 296; akin ang salin):

Hindi nalilimita sa gawaing produksiyon ang panlipunang praktika ng tao, naisasakatuparan ito sa iba’t ibang pamamaraan—tunggalian ng uri, politikal na pamumuhay, tunguhing siyentipiko at artistiko...Sa mga anyong ito ng panlipunang praktika, ang tunggalian ng uri sa partikular, sa iba’t iba nitong anyo, ang naglalaan ng malalim na impluwensiya sa pag-unlad ng kaalaman ng tao...(Kaugnay nito) naniniwala ang mga Marxista...na sa kalaunan, hakbang-hakbang ding uunlad ang kaalaman ng tao, sa kalikasan man o sa lipunan, mula sa mababa patungo sa mataas na antas, mula sa mas mababaw patungo sa mas malalim, mula sa iisang panig patungo sa nakararaming panig.

Kagaya ng paniniwala ni Mao sa pag-ikid ng antas ng kaalaman ng tao, umiikid din ang antas ng pilosopiya at araling wika. Maaaring ihambing at gamitin sa pilosopiya ng kaalaman sa wika at araling wika ang tinatawag na “yugto ng pag-unlad ng kaalaman” para mas madali at lalo itong maintindihan. Aniya, ang mga yugtong ito ay ang sumusunod:

- I. Perseptuwal na Yugto ng Kognisyon o Yugto ng Kaalamang Perseptuwal
- II. Yugto ng Kaalamang Rasyonal o Lohikal
- III. Pagbabalik ng Idea sa Praktika

Ang empirisismo ay nananatili sa unang yugto ng kaalamang perseptuwal. Likas na katangian nito ang pagmamaliit sa gabay ng teorya kung kaya’t hindi nito nauunawaan ang esensiya ng mga bagay-bagay. Naniniwala ako na ang pormal at estruktural na lingguwistika ay nananatili sa unang yugtong ito ng pag-unlad ng kaalaman. Sa pangkalahata’y nangangahulugan na hindi ito



bumabalik sa praktika, dahil nga hindi ito umaalpas sa empirisismo, gaya ng napatunayan na sa ikalawang tsapter partikular ang paliwanag ni Yule (Yule 1996, 6-8).<sup>165</sup> Itinuturing na lubhang mahalaga ang praktika dahil sa mas mataas ito sa kaalaman (sa teorya), hindi lamang dahil sa “mayroon itong dignidad ng unibersalidad, kundi dahil sa kagyat na aktuwalidad o taglay na pangyayari” (Lenin 1929/1976, 205).<sup>166</sup> Sa mas praktikal na paliwanag ng Marxistang pilosopiya, hindi lamang umaasa ang teorya sa praktika, ang teorya rin ay nakabatay sa praktika na sa kalauna’y pagseserbisuhan nito. Ang unang yugto ng kaalamang perseptuwal ay yugto ng mga pandama at mga impresyon. Sa partikular ang mga naturang pandama ay ang pang-amoy, panlasa, pansalat, paningin, at pandinig. Sa yugtong ito, hindi pa nakabubuo ang tao ng mga dalumat—dahil nga sa mas mataas at mas malalim na antas na ang kailangan para makabuo nito—at hindi pa rin nakahuhubog ng kongkretong lohika (Mao 1967a, 297). Hindi kasi itinuturing na penomena ang mga dalumat. Nagdudulot at naghahatid kasi ang dalumat ng esensiya o ng totalidad at internal na ugnayan ng mga bagay-bagay. Sa pamamagitan ng kasabihang “pagsalubungin ang mga kilay para makabuo ng pakana sa isipan”<sup>167</sup> o sa wikang impormal, “hayaan ninyo akong pag-isipan ang mga bagay-bagay,” ay tinukoy ni Mao ang paggamit ng mga dalumat sa utak para makabuo ng mga pasya at mga hinuha.<sup>168</sup> Dito na pumapasok ang pangalawang yugto ng kaalamang rasyonal o kaalamang lohikal. Ito ang yugto ng pagkaunawa, pasya, at hinuha. Kung ang perseptuwal na kaalaman ay tumutukoy sa magkakahiwalay na aspekto, sa penomena, at sa mga eksternal na ugnayan ng mga bagay-bagay, ang kaalamang lohikal at rasyonal ay “humahakbang nang pagkalaki-laki” (Mao 1967a, 297)—dahil nga pagdadalumat na ito—para maabot ang kabuuan, ang esensiya, at ang mga internal na ugnayan ng mga bagay-bagay. Bukod pa sa pagkakaabot nito sa kabuuan at esensiya, isinisiwalat din ng lohikal at rasyonal na kaalaman ang mga internal na kontradiksiyon na bumabalot sa mundo. Ito ang yugtong tinangkang maabot, kung hindi man naabot, ng mga muling diniskubre at umusbong na aralin at disiplina sa araling wika noong dekada 60 at 70.

---

<sup>165</sup> Sumangguni sa naunang diskusyon hinggil sa pangungusap na “Tumakbo ang bibe papunta kay Maria at hinimod siya” (The duck run up to Mary and licked her).

<sup>166</sup> Maaari ring sumangguni sa Atienza (1992, 261) kung saan nagbigay si Monico Atienza ng pakahulugan ng salitang praktika (practice) batay kay Lenin.

<sup>167</sup> Ayon kay Mao ay hango sa tanyag na nobelang historikal ni Lo Kuan-Chung noong ika-15 siglo na *San Kuo Yen Yi* (Mga Kuwento ng Tatlong Kaharian).

<sup>168</sup> Dagdag dito, kung mas malalim na yugto ang pagbuo ng dalumat, hindi rin malayong isipin na sa pagbuo ng dalumat ay may iba-iba ring antas ng kalaliman. Batay ito sa karanasan sa pagdadalumat ng semantika at syntax gayundin ng bigong pagbubuo ng panlipunang teorya ng wika.



Nililina din ni Mao na sa kabila ng lantad na kuwalitatibong pagkakaiba ng perseptuwal at ng rasyonal, hindi magkahiwalay ang mga ito sa isa't isa, gaya ng napatunayan kong ugnayan ng mga "reaksiyon" o tugong pagkilos sa araling wika laban sa dominanteng lingguwistika. Ayon pa kay Mao (Mao 1967a, 299-300; akin ang salin):

Napagbubuklod ang mga ito batay sa praktika...kung hangad mo'y kaalaman, kailangan mong makilahok sa praktika ng pagbabago ng realidad. Kung nais mong malaman ang lasa ng peras, kailangan mong baguhin ang peras sa pamamagitan ng pagkain mo nito. Kung nais mong malaman ang estruktura at mga katangian ng atom, kailangan mong magsagawa ng mga eksperimentong pisikal at kemikal para mabago ang estado ng atom. Kung nais mong malaman ang teorya at mga metodo ng rebolusyon, dapat kang makilahok sa rebolusyon. Nagmumula sa direktang karanasan ang lahat ng tunay na kaalaman... Mayroong lumang kasabihang Tsino na nagsasabing 'Paano ka makakahuli ng mga batang tigre nang hindi pumapasok sa kuta ng tigre?' Pinapatunayan ng kasabihang ito ang praktika ng tao at ang teorya ng kaalaman.

Hindi nalalayo sa teorya ng kaalaman ang kalagayan ng araling wika. Ibig sabihin, hindi puwedeng ihiwalay ang araling wika sa realidad ng paggamit ng wika. At katulad ng pagiging mulat at pagiging organisado ng mga proletaryo sa mga tunggalian na pang-ekonomiya at politikal sa pangalawang panahon ng lipunang kapitalista, nakikinikinita ko na nagsisimula nang pumasok sa pangalawang yugto ng proseso ng pag-unlad ng kaalaman ang pag-aaral sa wika. Patunay rito ang mga patuloy na umuusbong na araling wika na mas panlipunan, at sa mas maiging pagkakataon, ang pagkakawing ng wika sa ugnayang panlipunan at sa tunggalian ng uri. Samantala, kung lalo pang ikakawing sa araling wika, mababasa naman sa mga rebolusyong teksto at pananalita at iba pang anyong propaganda na gumagamit ng makauring jargon ang halimbawa ng ikatlong yugto o yugto ng pagbabalik ng idea sa praktika. Ito ay sa dahilang sinulat ito ng mga taong patuloy na nagsasapraktika ng rebolusyong teorya. Bahagi ito ng tinatawag na "proletaryong rebolusyong pangkultura" o ang dakilang rebolusyong ideolohikal na lilipol sa ideolohiyang burges at magpapaunlad ng ideolohiyang proletaryo, lilipol sa makasariling interes at magpapayaman ng pampublikong interes. Ito samakatwid ang materyalistang diyalektikal na

teorya ng kaalaman at pilosopiya ng wika at araling wika. Lagi't lagi'y bahagi ng rebolusyong pangkultura ang usapin ng politika ng wika dahil hangad din nito ang kulturang pangmasa, siyentipiko, at pambansa na buod ng isang kulturang rebolusyonaryo at tanging tugon sa kulturang reaksiyonaryo na burges, mala-siyentipiko (abstraktong obhetibismo) at piyudal (mapamahiin), at kolonyal o imperyalista.<sup>169</sup>

## **Kontra-Hegemonya sa Wika**

Masidhi, samakatwid, ang pangangailangan ng kontra-hegemonya o kontra-kultura sa pagkakataong ito. Ang gahum (hegemony) ay isang politikal na pananaig ng isang estado sa isa pa (Williams 1976). Ang hegemonismo naman ay ang pananaig sa pamamagitan ng politikang “dakilang lakas” o “matinding puwersa” habang itinuturing na alternatibong termino nito ang imperyalismo. Kung isasakonteksto sa bansa, matatawag na hegemonismo ang imperyalismong US at hegemonya sa Pilipinas. Nangangahulugan ang “kontra” ng oposisyon o resiprosasyong kagaya ng sa direksiyon o pakay. Kung gagamitin ang depenisyong ito tungo sa pagpapakahulugan ng kontra-hegemonya sa Pilipinas, maaaring sabihin na ang kontra-hegemonya ay ang oposisyon o pagkilos laban sa nananahang hegemonya gaya ng pakikipaglaban sa imperyalismong US, burukrata-kapitalismo, at piyudalismo na mga saligang suliranin ng lipunang Pilipino. Samakatwid, ang kontragahum ay ang oposisyon o pagkilos laban sa nananahang gahum. Maaari itong ikumpara sa pananaw ni Antonio Gramsci na kontragahum ang (anumang) tumataliwas sa dominanteng idea. Bilang direktang pagsuway sa elitismong intelektuwal, naniniwala si Gramsci (1971, 323-377) na “pilosopo ang lahat ng tao” at sa gayo’y may kapasidad ng kontragahum. Mapapansin na hindi ko ginamit ang “resiprosasyon” (sa kontra-hegemonya) dahil kapag sinabing hegemonya o pananaig ay wala nang maaaring sabihing isa pang pananaig na resiprokal sa nauna maliban na lamang kung ganap nang napatalsik sa puwesto ang naunang hegemonya. Kung sa gayon, maaari lamang magkaroon ng pagkilos o oposisyon laban sa pananaig o hegemonya. Pinakamahusay na halimbawa ng kilusan o oposisyon laban sa hegemonya ay ang rebolusyonaryong

---

<sup>169</sup> Karagdagang punto hinggil sa dalumat ng “siyentipiko” mula sa isang sipi na sumulpot noon pang 1840: “Kung iisipin, tagahanap ng katotohanan si Leonardo—isang siyentipiko; tagagiit ng katotohanan si Correggio—isang artista” (Williams 1976, 234; akin ang salin). Bagama’t sa pangakalahata’y derogatoryo sa mga artista, malinaw na pinupunto nito ang kahalagahan ng pagiging siyentipiko ng politika ng wika dahil tinutukoy nito ang mga batayang kontradiksiyon sa lipunan at hindi lamang basta nagpupumilit ng saradong kaalaman. Nasa ubod ng politika ng wika ang paniniwala sa kalikasan ng kontradiksiyon kaya progresibo’t bukas ito sa pagtukoy ng kaalaman.

kilusan sa Pilipinas. Ang rebolusyon ay hindi lamang kinapapalooban ng paglipat ng lakas pampolitika at pang-ekonomiya (gaya ng EDSA 1 at EDSA 2) kundi ang pagpapatalisik at ganap na pagpapatalisik ng mga espesipikong hegemonya kabilang na ang implikasyon nitong traspormasyong panlipunan (gaya ng pagbabago sa uri ng estado). Samantala, ang pagpapaunlad ng kontradiksiyon ang magsusulong at magtutulak sa lipunan upang mahalinhan na ng bago ang isang lumang lipunan. Sa Pilipinas, isa sa mga kontradiksiyon o oposisyong ito ay ang pagsalungat sa mga nabanggit na saligang suliranin. Maidaragdag pa ang paniniwala ni Lenin na ang estruktura ng imperyalismo na nagpapaunlad ng kapitalismo ang siya ring magpapabagsak nito sa kalaunan. Ikinumpara niya ang imperyalismo sa isang tanikala, na ano man ang lakas ay humihina rin sa pamamagitan ng pinakamahinang hugpong nito. Tinutukoy ng mahinang hugpong na ito ang mahihirap na bansang gaya ng Pilipinas na biktima ng masidhing imperyalistang opresyon na sa kalauna'y magiging mitsa at pulbura tungo sa pagsalungat at rebolusyon. Batay na rin sa mga naunang pagpapakahulugan, ang kontra-kultura samakatwid ay isang kultura na nalilikhang batay sa at para sa pasalungat na tunguhin nito laban sa nananaig na kultura.

Tungo sa lalong paglilinaw ng dalumat ng kontra-hegemonya at kontra-kultura sa larangan ng wika, maaaring gamitin ang diskusyon ni Lenin hinggil sa ugnay ng pagpapakahulugan sa lohikang pormal at lohikang diyalektikal. Isinagawa niya ito sa pamamagitan ng pagtatangka niyang mabigyan ng kahulugan ang baso (tumbler):

Siguradong ang baso ay parehong silindro (cylinder) na yari sa bubog at isang bagay na ginagamit sa pag-inom. Pero humihigit pa sa dalawang katangian na ito (mayroon ang baso); hindi mabibilang ang mga ito, hindi mabibilang na mga medyasyon (mediacy o kalagayan na napapaloob ang kahulugan sa pagitan ng mga ibinigay na pakahulugan) at mga pakikipag-ugnayan ng mga (katangiang) ito sa buong mundo. Ang baso ay isang mabigat na bagay na maaaring gamitin para sa missile; puwede rin itong gamitin bilang paperweight, o sisidlan ng hinuling paru-paro, o mahalagang bagay na may nakaukit o nakadisenyong sining, at walang kinalaman sa pag-inom, o kung yari sa bubog, o kung silindrikal o hindi ang alinman dito....Dagdag pa, kung kailangan ko ngayon ng baso para makainom, hindi kinakailangang silindrikal ito, o yari ito sa bubog; ang mahalaga lamang na malaman ay kung may butas ito sa ilalim, o kung

mahihiwa nito ang labi ko kapag uminom ako, at iba pa. Pero kung hindi ko kailangan ng baso na pang-inom at kailangan ko naman ng anumang silindrong yari sa bubog, magkakasya ako sa isang baso, may bitak man sa ilalim o wala.<sup>170</sup> (Lenin 1983, 43-44; akin ang salin)

Nilinaw ni Lenin na gamit ang pormal na lohika, maaaring buuin ang mga pormal na depenisyong na naisasakatuhan sa pamamagitan ng paglista ng kung ano ang pinakakumon, o kung ano ang pinakamalinaw na katangian, at titigil na lamang sa ganoong gawain. Sa kabilang banda, iginigiit ng lohikang diyalektikal ang pag-alpas sa ganoong uri ng pagpapakahulugan—pag-alpas, kung gayon, sa gawain na pagtukoy lamang ng mga malinaw na katangian—kaya nga ito kinikilalang mas malalim na anyo ng lohika. Una, mahalaga aniya na suriin ang mga medyasyon at iba pang ugnay hingil sa signipikasyon. Hindi man daw ganap na makakamit ang ganoong uri ng pagsusuri, makakaiwas naman sa anumang pagkakamali sa pagpapakahulugan ang pagiging komprehensibo. Pangalawa, hinihingi rin aniya ng lohikang diyalektikal na tanggapin ang mga bagay bilang patuloy na umuunlad, nagbabago, at “kumikilos” (self-movement).<sup>171</sup> Pangatlo, kinakailangan aniyang iangkop ang buong karanasan ng tao para makamit ang puspos na depenisyong. Panghuli, pinanghahawakan ng lohikang diyalektikal na “ang katotohanan ay kongkreto sa lahat ng pagkakataon, hindi abstrakto.”

Malinaw na naipakita ng naturang diskusyon ang kaibahan ng diyalektikal na pagpapakahulugan at signipikasyon gamit ang Marxistang pilosopiya ng wika kumpara sa pormal na signipikasyong hindi nalalayo sa gawain ng lingguwistika. Nabanggit ko na tigib sa diyalektikal na pagpapakahulugan ang mga rebolusyonaryo (o kontra-hegemoniko at kontra-kultural) na mga akda. Isa sa mga pinakamahahalagang patunay dito ay ang materyal at ideolohikal na proposisyon hinggil sa signipikasyon/pagpapakahulugan ng mga patnugot ng librong *Lenin on Language* (1983), na

<sup>170</sup> Partikular na mababasa ito sa sanaysay ni Lenin na “Once Again on the Trade Unions, the Current Situation and the Mistakes of Trotsky and Bukharin” (1921). Hindi nalalayo sa halimbawang ito ang klasikal na suliranin sa pilosopiya na mabigyan ng kahulugan ang salitang “upuan.”

<sup>171</sup> Ang “self-movement” ay termino ni Georg Wilhelm Friedrich Hegel. Isa lamang ito sa mga halimbawa ng mga pagkakataong humuhugot pa rin ang mga Marxistang teoretista sa kaisipan ni Hegel, na unang nagpaunlad ng lohikang diyalektikal, habang kinikilala ang mga idealistikong kahinaan at limitasyon nito. Noong una’y ang salin ko nito ay “kumikilos nang sarili”, pero bukod sa hindi ganap na malinaw ang salin, ayaw ko ring magkaroon ng impresyon na ang isang bagay ay maaaring umuunlad nang independiyente sa mga kontradiksiyong internal at eksternal nito. Nilinaw din ito ni Lenin na nagsabing patuloy na kumikilos ang bagay kaugnay sa gamit at koneksiyon nito sa pumapaligid ritong mundo. Mayroon ding napakainteresanteng pagtalakay hinggil sa dalumat na ito ng pagbabago (change) sina Woods at Grant sa *Reason in Revolt* (1995), kung saan tinalakay nila ang kawastuhan ng diyalektikal na teorya gamit ang larangan ng siyensiya at ang mga natuklasang katotohanan dito.

nangalap ng mga sipi mula sa napakaraming akda ni Lenin.<sup>172</sup> Napakahalaga na banggitin, kung hindi man mapag-aralan, ng sinumang nagdadalubhasa sa wika ang halimbawang diskurso ng paglikha ng mga nabanggit na patnugot ng seksiyong “Mga Salita at Kahulugan ng mga Ito: Pagsiwalat sa Nilalaman ng Partikular na mga Dalumat at mga Termino.”<sup>173</sup> Hindi lamang kinikilala at malinaw na tinutukoy ng seksiyong ito ng libro ang repleksiyon at repraksiyon ng wika, bagkos binibigyang-daan din nito ang lehitimong papel ng kontra-hegemonya sa larangan ng wika. Halimbawa, sa pamamagitan ng pagtukoy ni Lenin sa repraksiyon ng mga susing termino sa loob ng makauring jargon ng naghaharing-uri, marereplek ang makasariling ideolohiya ng nasabing uri. Halimbawa ng mga ito ay ang pagbibigay niya ng kahulugan, o ng bago at rasyonal na kahulugan, sa mga terminong gamitin ng makauring jargon. Isa na rito ang salitang *kalayaan* na hindi lamang ginagamit ng naghaharing uri kundi, kagaya ng babangitin ni Lenin, maging ng mga (oportunistang) rebolusyonaryo. Ayon kay Lenin:

Mabuting salita ang salitang ‘kalayaan.’ Sinasalubong natin ito sa anumang pagkakataon: kalayaan sa pangangalakal, kalayaang magtinda, kalayaang ibenta ang sarili. At mayroong mga Menshevik at Rebolusyonaryong Sosyalista, na pinagugulo at binabaluktot ang salitang ‘kalayaan’ sa lahat ng diyaryo at sa lahat ng talumpati. Pero sila ay mga kriminal, mga puta ng kapitalismo, na nagtatangkang kaladkarin ang sambayanan patungo sa nakaraan. (Nasa Lenin 1983, 175)<sup>174</sup>

Mas interesante pa rito ang pagtalakay at paglilinan ni Lenin sa terminong *komyun* (commune) na alalaombaga’y hindi lamang tugon sa magaslawa na pagpapabaya sa gamit ng naturang termino kundi propetiko ring tugon sa mababaw at liberal-demokratikong pagkakaintindi rito ng mga “flower child” o “hippie” o “beatniks” at maging ang komyun sa Unibersidad ng Pilipinas noong dekada sitenta o ilang dekada makalipas na banggitin ni Lenin. Ayon sa kaniya:

Masyadong malaya ang paggamit sa kasalukuyan ng salitang ‘komyun.’ Kadalasa’y agad na dinedeklarang ‘komyun’ ang anumang gawaing sinimulan ng mga Komunista o mga gawaing

<sup>172</sup> Ang mga naturang editor ay sina P.N. Denisov at N.A. Kondrashov.

<sup>173</sup> “Words and Their Meaning: Revealing the Content of Certain Concepts and Terms.” Ikalimang seksyon ng Lenin (1983, 160-207).

<sup>174</sup> Nagmula ito sa artikulong “The Achievements and Difficulties of the Soviet Government” (1919) ni Lenin.

may partisipasyon nila, habang kadalasa'y nakaliligtaan na mahalagang mapanalunan ang *kapita-pitagang titulo* na ito sa pamamagitan ng mahaba at paulit-ulit na gawain, sa pamamagitan ng *praktikal* na pagkakamit ng tunay na komunistang pag-unlad. (Lenin 1983, 177-178)<sup>175</sup>

Binibigyang-daan din ng nasabing seksiyon ng *Lenin on Language*, at ni Lenin na rin, ang lehitimong papel ng kontra-hegemonya sa larangan ng wika. Partikular na mga halimbawa rito ang mga terminong social democracy, pananakop, diktadura ng proletaryado, Ispartasista, proletaryo, burges, tunggalian ng uri, burukrasya, paghihimagsik, organisasyong masa, boikot, nasyonalisasyon, pag-aari ng estado, kapesantehan, at iba pa. Sa pamamagitan ng paglilinaw sa signipikasyon ng mga nasabing terminolohiya, kaalinsabay na naisasakatuparan ang pagsisiwalat ng kakayahan ng wika na maging lugar ng kontrahegemonya sa pamamagitan ng makauring jargon.<sup>176</sup> Naisakatuparan ito mula sa paglilinaw ng mga kahulugan at gamit ng mga dalumat at termino—gaya ng pagpapaliwanag sa hindi wasto at hindi siyentipikong gamit ng salitang “Social Democracy”—hanggang sa malinaw na pagtatakda ng makauring jargon para sa mas nakararaming bilang ng mamamayang pinaghaharian. Nililinaw samakatwid ng seksiyong ito ng nasabing libro hindi lamang ang malaon nang pagsasapraktika ng mga Marxista ng iminumungkahi o iginigiit na pamamaraan ng araling wika, kundi, lalo't higit ang pag-aangat ng pagsusuri sa wika tungo sa antas na diyalektikal.

## **Diyalektikong Materyalismo sa Pagsusuri ng Wika**

Ang diyalektika o ang metodong diyalektikal ay hango sa ating karanasan at kaalaman sa obhetibong mundo at sa pag-aaral ng sarili nating proseso ng pag-iisip. Mahalaga ring ulitin na hindi ito ang agaran, mahikal at awtomatikong solusyon sa mga suliranin, bagaman mabisa itong gabay sa pagreresolba ng mga suliranin ng tao. Ang paninindigang ito at ang mga kabiguan ng mga nakaraang araling wika ang nag-udyok sa akin na gamiting

---

<sup>175</sup> Orihinal na matatagpuan ang naturang sipi sa “A Great Beginning” (1919) ni Lenin kung saan maaaring basahin pa ang karagdagan niyang paliwanag hinggil dito. Nakatutuwang minutawi rin ni Lenin na sa pamamagitan ng patakaran, dapat iwasan na ang madalas na paggamit ng salitang “komyun” para hindi maging kumon ang kahulugan ng termino.

<sup>176</sup> Sumangguni sa Apendiks I-1 para sa mga halimbawa ng makauring jargon na mapapansin sa diskurso ng iligal na mga manifesto, manuskrito at mga pamphlet na inilabas noong panahon ng Batas Militar sa Pilipinas para bakahin ang nananaig na pasismo.

gabáy ang diyalektika sa pagsusuri ng wika. Naniniwala ako na kung anti-pasista ang pananaliksik na ito, tugmang-tugma bilang kontra-hegemonya at kontra-ideolohiya na rin ang diyalektikal na materyalismo laban sa pasismo. Bukod sa pagiging mabisang pantapat laban sa siyensiyang pasista at “siyensiyang” pasista, mismong ang pasismo ay direktang reaksiyon sa mga panuntunan ng Komunismong ginagabayan ng diyalektikal at historikal na materyalismo.

Gaya ng sinulat ni Mao na “Hinggil sa Praktika,” naging mabisa at makabuluhang gabáy rin sa pagbubuo ng teoretikal na balangkas ng pananaliksik na ito ang kaniyang “Hinggil sa Kontradiksiyon” (Mao 1967b). Ayon dito, ang batayang batas ng diyalektikong materyalismo ay ang batas ng kontradiksiyon ng mga bagay, o ang batas ng kaisahan ng magkakasalungat (unity of the opposites). Isa ito sa dalawang dominante at magkasalungat na pananaw-mundo sa pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay. Iyong isa ay ang metapisika na umusbong mula sa hanay ng mga uring burges para salungatin ang diyalektikong materyalismo. Nakikita ng metapisika ang mundo bilang isang nakabukod, estatiko, at iisa ang pinapanigan. Kinikilala nito ang sanlibutan gayundin ang mga bagay at nabubuhay rito bilang nakabukod o nakahiwalay magpakailan man sa isa’t isa at hindi kailan man nagbabago. Ayon sa pananaw na ito, nagkakaroon lamang ng pagbabago ang bagay o buháy na entidad sa pamamagitan ng pagdami o pagbawas ng bilang o kantidad at pagbabago o paglilipat nito ng lugar. Argumento nito na maaari lamang ulitin ng isang bagay ang sarili niya at sa gayo’y hindi kailanman mababago tungo sa ibang anyo. Tinatawag na mekanikal na materyalismo ang ganitong moda ng pag-iisip noong siglo 16 at 17, at bulgar na ebolusyonismo naman noong siglo 18 at sa pagsisimula ng siglo 19. Hindi maipagkakaila na naging paborable ang nagharing kondisyon ng pag-iisip na dulot ng metapisika sa pag-usbong ng liberalismo at konserbatismong burges.

Sa kabilang banda, naniniwala naman ang diyalektikong materyalismo sa pag-unlad bilang kaisahan ng magkakasalungat o ang dibisyon ng pagkakaisa ng magkasalungat na kapuwa eksklusibo at ang resiprokal na ugnayan ng mga ito. Malinaw ang pahayag ni Lenin hinggil dito. Aniya, ang esensiya ng diyalektika ay ang paghihiwalay ng isang kabuuan at ang pagkilala sa magkakasalungat nitong mga bahagi (nasa Selsam at Martel 1963, 130-131).<sup>177</sup> Ang kaisahan ng magkakasalungat naman, aniya, ay ang “pagkilala

---

<sup>177</sup> Sumangguni rin sa “On the Question of Dialectics” ni Lenin.



o pagdiskubre sa mga kontradiksiyon, na kapuwa eksklusibo, sa mga tendensiyang magkasalungat sa lahat ng penomena at proseso ng kalikasan (kabilang na ang pag-iisip at lipunan).” Ayon pa kay Lenin, matamlay, tuyo, at walang búhay ang metapisika. Sa kabilang banda, buháy ang diyalektika dahil tanging ito lamang ang “susi sa paggalaw, ang susi sa paglundag, sa pagbasag sa patuloy na pagdaloy (continuity), sa transpormasyon tungo sa kasalungat, at sa destruksiyon ng luma at sa pag-usbong ng bago.” Kaya nga ito rin ang susi sa pagkilala sa mga bago at progresibong tunguhin sa araling wika. Pinapahalagahan din ng diyalektikong materyalismo ang internal na kontradiksiyon ng mga bagay-bagay sa halip na ang eksternal na kontradiksiyon. Maging ang pag-unlad ng lipunan ay dulot ng mga internal na dahilan.<sup>178</sup> Sa paghahalimbawa ni Mao, nagkaroon na ng maraming pagbabago ang bansang Tsina sa loob ng ilang daang taon at tumutungo na sa direksiyon ng bagong malayang Tsina bagaman wala namang naganap na pagbabago sa heograpiya at lagay ng panahon nito. Nababatay sa ganitong pormulasyon ang kalituhang dulot ng lehitimasyon na “diyalekto” o diyalekto (lamang) ang karamihan sa mga wika sa Pilipinas hindi dahil sa maliit ang bansa at hindi dahil sa kakaunti ang taong gumagamit ng mga ito—wala namang katapat na numero sa pagtukoy ng pagiging wika o diyalekto—kundi dahil sa imperyalistang layunin ng EU dito, batay sa abstraktong esensiya ng pananaig nito sa bansa.<sup>179</sup>

## Wika Bilang Panlipunang Penomenon

Bilang isang integral na bahagi ng lipunan, maaaring talakayin ang wika at ang pag-aaral nito sa antas ng pag-aaral ng kontradiksiyon at pag-unawa sa unibersalidad ng kontradiksiyon—nagaganap ang kontradiksiyon sa lahat ng proseso ng pag-unlad ng lahat ng bagay. Gayundin, may nagaganap na tunggalian mula umpisa hanggang katapusan sa proseso ng pag-unlad ng bawat bagay. Mabisa itong naipakita ni Lenin sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kontradiksiyon sa iba’t ibang larangang gaya ng matematika (diperensiyal at integral), mekanika (aksiyon at reaksiyon), pisika (positibo at negatibong

---

<sup>178</sup> Hindi rin naman isinawalang-bahala ni Mao ang mga eksternal na dahilan. Aniya, kung batayan ng pagbabago ang internal na mga dahilan, kondisyon naman ng pagbabago ang mga eksternal na dahilan. Halimbawa aniya, sa angkop na temperatura, nagbabago ang itlog patungong sisiw. Pero, walang temperatura na makapagbabago ng bato patungong sisiw dahil sa may kani-kaniyang batayan ang bawat isa na ito.

<sup>179</sup> Halimbawa, sa Philippine Census na 1939 na nagsilbing batayang materyal para sa pagresolba ng mga panlipunan at pang-ekonomiyang suliranin ng panahon, itinuring na diyalekto ang mga wika sa Pilipinas kumpara sa “wikang” Ingles.



elektrisidad), kemistri (kombinasyon at disosasyon ng mga atom), at agham panlipunan (tunggalian ng uri):

Sa matematika:	+ at -; diperensiyal at integral
Sa mekaniks:	aksiyon at reaksiyon
Sa pisika:	positibo at negatibong elektrisidad
Sa kemistri:	kombinasyon at disosasyon ng mga atom
Sa agham panlipunan:	tunggalian ng uri

Bilang isang panlipunang penomenon, pumapaloob ang wika bilang sangkap sa agham panlipunan at materyal sa pag-unawa at pag-aaral ng kontradiksiyon at tunggalian ng mga uri. Ito rin ang dahilan kung bakit napakapektibong instrumento ng diyalektikong materyalismo sa pagsusuri ng wika. Halimbawa, sa pamamagitan ng paggamit ng rehimeng batas militar ni Marcos ng katagang “Bagong Lipunan,” mababatid hindi lamang kung anong klaseng makauring jargon mayroon noon kundi maging ang kung papaanong ginagamit ang makauring jargon ng wika para malansi ang samabayanan. Itinuturing ni Marcos na “bago” ang lipunang kaniyang pinamamahalaan, bago rin umano ang mga politiko sa kaniyang administrasyon bagaman wala namang makikitang pagbabago lalo na sa internal na katangian nito. Sa pamamagitan ng diyalektikong materyalismo, matutukoy na walang bago sa bagong lipunan dahil wala ritong bagong proseso, walang bagong pagkakaisa, at walang mga bagong kontradiksiyon. Ipinaliliwanag ng unibersalidad ng kontradiksiyon na sa isang bagong proseso, “sumusuko ang lumang pagkakaisa at ang mga magkakasalungat nitong sangkap sa isang bagong pagkakaisa na may magkakasalungat ding sangkap” (Mao 1967, 318). Gayundin, nagwawakas ang lumang proseso at nagsisimula ang bagong proseso habang naglalaman ng mga bagong kontradiksiyon ang bagong proseso, na magsisimula ng sarili nitong kasaysayan ng pag-unlad ng mga kontradiksiyon.

Sa kabila ng unibersalidad nito, nililinaw din ni Mao na mayroong partikularidad ang kontradiksiyon sa bawat anyo ng paggalaw ng bagay. Mahalaga at kinakailangan aniya na obserbahan ang partikular na anyong ito o obserbahan ang kuwalitatibong kaibahan nito sa iba pang anyo ng paggalaw. Samantala, ang paggalaw ng bagay ay tinutukoy ng mga partikular na kontradiksiyon nito. Ang mga kontradiksiyong may kuwalitatibong pagkakaiba ay maaari lamang maresolba sa pamamagitan ng mga metodong may kuwalitatibong pagkakaiba. Halimbawa niya, nareresolba ng metodong rebolusyong sosyalista ang kontradiksiyon sa pagitan ng proletaryado at

burgesy. Nareresolba naman aniya ng rebolusyong demokratiko ang kontradiksiyon sa pagitan ng masa at ng sistemang piyudal. Nareresolba ng pambansang rebolusyuaryong digma ang kontradiksiyon sa pagitan ng mga kolonya at ng imperyalismo (imperyalista). Nareresolba ng kolektibisasyon at mekanisasyon ng agrikultura ang kontradiksiyon sa pagitan ng uring manggagawa at ng uring magsasaka. Nareresolba naman ng pagpuna at pagpuna sa sarili ang kontradiksiyon sa loob ng Partido Komunista. Panghuli, nareresolba ng metodo ng pagpapaunlad ng mga produktibong puwersa ang kontradiksiyon sa pagitan ng lipunan at ng kalikasan. Alinsunod dito, mababatid na ang kontradiksiyon sa paggamit ng wika ay sa pagitan ng wikang burges at wikang masa, at ang kontradiksiyon naman sa araling wika ay sa pagitan ng pormal at di-pormal na anyo ng pagsusuri. Mareresolba lamang ang kontradiksiyong ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga partikular na kontradiksiyon sa pamamagitan ng pagsiwalat ng esensiyang proseso nito. Sa pamamagitan ng pagtukoy ng pananaliksik na ito ng mga partikular na kontradiksiyon sa gamit ng wika at araling wika, kaalinsabay na pinapalitan nito ang proseso at nagkakamit ng mga bagong kontradiksiyon. Gayundin, kaalinsabay na naiintindihan ang kontradiksiyon sa pagitan ng batayang pang-ekonomiya at ng superrestruktura. Susing metodo rito samakatwid ang tinatawag na kongkretong pagsusuri ng mga kongkretong kondisyon. Kaakibat sa ganitong metodo ng pagsusuri ang pag-unawa sa mga espesipikong aspekto ng bawat kontradiksiyon, pagbatid sa mga kongkretong anyo na ginagamit ng bawat kontradiksiyon sa pakikipagtulungan at pakikipagtunggali nito sa kasalungat nito, pagbatid sa mga kongkretong metodong ginagamit nito sa pakikipagtunggali sa kasalungat nito, pagbatid kung kailan nagtutulungan at kung kailan nagtutunggali ang mga kontradiksiyon, at kung kailan nabubuwag ang pagtutulungan o interdependensiya (cf. Mao 1967, 323).<sup>180</sup>

Para kay Mao, ang unibersal at partikular ay nagkakaisa at ang unibersalidad at partikularidad ng kontradiksiyon ay likas sa lahat ng bagay. Bilang huling punto hinggil sa unibersalidad ng kontradiksiyon, nililinaw din ni Mao na sa pagsusuri ng isang bagay, mahalaga hindi lamang ang pagtukoy sa partikular at unibersal na kontradiksiyon, kundi maging ang pagtukoy sa interkoneksiyon ng dalawa. Aniya, sa pamamagitan nito lamang matutukoy ang unibersalidad at partikularidad gayundin ang interkoneksiyon ng dalawa

---

<sup>180</sup> Dito iniugnay ni Mao ang kahalagahan ng pagtukoy ng mga partikular na kontradiksiyon para maiwasan ang subhetibidad na sa mula't mula pa ay suliranin na ng araling wika. Gusto ko ring linawin na hindi nangangahulugang misnomer ang pagpili ko ng salita kapag sinabi kong nagtutulungan ang mga kontradiksiyon sa isa't isa. Batay lamang kasi ito sa direktang salin sa Ingles na "interdependence" na nangangahulugan na nakasalalay palagi sa dalawang magkasalungat na bagay o entidad ang kanilang realidad sa kabila at dahil sa kanilang pagtutunggali.

sa sinusuring bagay at ang mga interkoneksiyon ng bagay na ito sa iba pang mga bagay (Mao 1967, 329). Hinggil sa kasalukuyang pag-aaral, partikular na kontradiksiyon batay sa isang Marxistang pilosopiya ng wika ang wika at araling wika na masa at wika at araling wika na burges. Unibersal na kontradiksiyon naman ang tunggalian ng uri at tunggalian ng batayang ekonomiya at superestruktura. At dahil sa ang wika ay isang panlipunang penomenon, lubhang mahalagang ikawing sa lahat ng pagkakataon ang usaping wika at ang pag-aaral nito sa tunggalian ng mga uri. Bukod pa ito sa kawastuhan ng buod ng mga pananaw na aking sinasang-ayunan na: Tanging ang sistematiko at siyentipikong pamamaraan ng Marxismo lamang ang makatutugon sa “sistemang ganap” (totalizing system) ng global na kapitalismo.<sup>181</sup> Ang dalawang huling pangungusap na ito ang maituturing na pilosopiya at siyensiya sa larang ng wika sa kontekstong mapagpalaya.

Bukod sa partikular at unibersal na kontradiksiyon, mahalaga ring tukuyin ang prinsipal na kontradiksiyon sa mga kontradiksiyon. Tinutukoy o naiimpluwensiyahan ng realidad at pag-unlad ng prinsipal na kontradiksiyon ang realidad at pag-unlad ng iba pang kontradiksiyon. Ayon na nga kay Mao, sa isang lipunang kapitalista, prinsipal na kontradiksiyon ang kontradiksiyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Tinutukoy o naiimpluwensiyahan ng prinsipal na kontradiksiyong ito ang iba pang kontradiksiyon.<sup>182</sup> Sa bansang gaya ng Pilipinas na isang bansang malakolonyal at malapiyudal, masalimuot ang ugnayan ng prinsipal na kontradiksiyon sa mga hindi prinsipal. Halimbawa, malaon na bago pa man ang diktadura ni Marcos hanggang sa kasalukuya’y wala namang direktang kontrol ang US sa Pilipinas at wala namang malinaw o militaristikong opresyon na ipanapataw ang US dito—dahil na nga sa namumuno at naghahari ito sa pamamagitan ng politika, ekonomiya, at kultura—kaya patuloy na nakikipagsabwatan ang mga lokal na naghaharing uri sa nasabing imperyalista sa sabay na paniniil sa masang Pilipino. Samakatwid, sa kasalukuyan, masasabing prinsipal na kontradiksiyon na tumutukoy/tutukoy at nag-iimpluwensiya/iimpluwensiya sa iba pang kontradiksiyon ang nabanggit na kontradiksiyon sa pagitan ng imperyalismo (kasabwat ang lokal na naghaharing uri) at ng pagkilos ng masa laban dito. Sa ibang panahon, batay sa mga kongkretong kondisyon,

---

<sup>181</sup> Maaaring sumangguni sa mga artikulo nina Ellen Meiksins Wood, Fredric Jameson, Terry Eagleton at David McNally sa Wood at Foster 1997.

<sup>182</sup> Ang mga kontradiksiyong ito ay ang sumusunod: sa pagitan ng natitirang uring piyudal at ng burgesya, sa pagitan ng petiburges na magsasaka at ng burgesya, sa pagitan ng proletaryado at ng petiburges na magsasaka, sa pagitan ng mga monopolyang kapitalista at ng di-monopolyang kapitalista, sa pagitan ng demokrasyang burges at pasismong burges, sa pagitan ng mga bansang kapitalista at ng imperyalismo at mga kolonya.

gaya halimbawa ng pagkakaroon ng digmaan at iba pa, maaaring maiba ang prinsipal na kontradiksiyon. Ang mahalaga ay sapat na matukoy ang prinsipal na kontradiksiyong ito nang sa gayon ay maresolba ang mga suliranin.

## **Lugar ng Wika sa Ugnayan ng Batayang Pang-ekonomiya at Superrestruktura**

Isa sa mga pinakalaganap na misinterpretasyon sa kaisipang Marxismo ang hinggil sa ugnayan ng batayang pang-ekonomiya at ng superrestruktura. Bagaman nililina ng hindi iilan (isa na rito si Mao) na sa kahuli-huliha'y ang batayan o base pa rin ang mapagpasiya, mayroong panahong kung kailan nagiging pangunahin (prinsipal) at mapagpasiya ang mga pagbabagong superrestruktural (i.e., politikal at kultural). Hindi ito tumataliwas sa oryentasyon ng diyalektikal na materyalismo. Sa halip, umiiwas ito sa isang pag-iisip na materyalismong mekanikal o bulgar, na sakit ng maraming awtor na hindi lubos na nakauunawa sa Marxismo. Ayon nga kay Mao:

Kung nakasagabal na ang superrestruktura sa pag-unlad ng batayang pang-ekonomiya, nagiging prinsipal at mapagpasya ang mga pagbabagong politikal at kultura. Sa pagsasabi ba nito'y nilalabag natin ang materyalismo? Hindi. Dahil habang kinikilala natin na sa pangkalahatang pag-unlad ng kasaysayan na tinutukoy ng materyal ang mental at tinutukoy ng panlipunang katauhan ang panlipunang kamalayan, kailangan din natin—at tunay namang kailangan—na kilalanin ang reaksiyon ng mental sa mga materyal na bagay, ng panlipunang kamalayan sa panlipunang katauhan at ng superrestruktura sa batayang pang-ekonomiya. Hindi ito tumataliwas sa materyalismo; sa halip, umiiwas ito sa materyalismong mekanikal at matibay na sinasang-ayunan ang diyalektikal na materyalismo. (Mao 1967, 336; akin ang salin)

Napakahalaga ng pahayag na ito hindi lamang sa punto ng prinsipalidad, kundi lalo't higit sa usapin ng papel, at sa gayo'y prinsipalidad at pagiging mapagpasiya, ng superrestruktura kabilang na ang kultura, at kabilang na rin ang wika, kumpara sa batayang pang-ekonomiya. Dito ngayon lulunsad ang huling bahagi ng pagtatalakay sa tsapter na ito.

Kaakibat ng pagdadalumat ng papel na ito ang pagtutol sa nakagawian na ng maraming mananaliksik at manunulat na pagtukoy sa wika bilang isang espekulo lamang ng lipunan o hindi kaya'y sa reduksiyon dito bilang produkto ng pag-iisip ng tao. Minsan nang itinuring ni Friedrich Engels na sa pamamagitan ng paggawa ay pisikal na lumaki ang utak ng tao at nabuo ang wika. Sa mga makabagong siyentipikong paraan ng pagpapanahon, natuklasan na nauna ang mga kagamitan sa paggawa kaysa sa mga taong nakapaglalakad nang nakatayo at may mas malalaking utak na hudyat ng kakayahang makapagsalita. Ang kakayahang ito na makipagkomunika sa pamamagitan ng wika ang siyang tumutukoy sa ating pagiging tao (kumpara sa hayop, batay sa Lingguwistika) sa tinagal-tagal ng panahon. Higit dito, ang nasabing wika ang nagbigay sa atin ng kapangyarihan ng kamalayan. Ayon na nga kay Charles Darwin, "hindi maaaring makapagsagawa ng mahaba at komplikadong pag-iisip nang hindi gumagamit ng mga salita" (nasa Woods at Grant 1995; akin ang salin). Hindi naman nalalayo sa pananaw ni Darwin ang sinabi ni Volosinov na "maaaring iugat sa konseptuwal na balangkas ng diyalogo ng tao, na may papel bilang primordiyal na bukal ng pagkamalikhaing sosyal sa pangkalahatan, ang lahat ng kultural na disenyo" (Volosinov 1973, 4; akin ang salin).

## **Prinsipalidad ng Wika sa Estrukturang Panlipunan**

Yaman din lamang at napapag-usapan ang ugnayan ng wika at pag-iisip, napakahalaga ring tugunan ang pagtalakay tungkol sa papel at sa prinsipalidad at pagiging mapagpasiya ng wika at kultura sa estrukturang panlipunan. Hindi maitatatawa na maaaring magkaroon ng miskonsepsiyon o maling pagkakaintindi sa usapin at papel ng politika ng wika at Marxistang pilosopiya sa araling wika. Ngayon pa ma'y nais ko nang linawin na hindi tinatangka ng pag-aaral na ito na bigyan ang wika ng kapangyarihan na magtakda ng takbo ng pag-iisip ng tao, at gayundin at sa kabilang banda, paligayahin ang mga tao na may simplistikong reduksiyong "ekonomikong determinismo" na naglalagay naman sa wika at kultura sa isang estatiko at regresibong posisyon. Una kong tatalakayin ang dalawang unilateral na pagtingin/pananaw sa ugnayan ng wika at lipunan, na karaniwan (halos awtomatiko lalo na sa mga bagito sa araling wika, kung hindi man sa mga nagmamagalang sa araling wika) o unang naiisip kapag narinig ang kambal na salitang wika at lipunan.

Isa sa binabanggit kong unilateral na pananaw sa ugnayan ng wika at lipunan ay ang Sapir-Whorf na hipotesis (kilala rin bilang Whorfian hypothesis), sang-ayon sa dalawang lingguwista na kadalasang iniuugnay sa pananaw na ito, sina Edward Sapir (1884-1939) at Benjamin Lee Whorf (1897-1941).<sup>183</sup> Ipinapalagay nila na humigit-kumulang ay naghahanda ang katutubong wika ng isang tao ng serye ng mga kategorya na kaniyang ginagamit o gagamitin sa pag-uunawa sa kaniyang mundo. Ang mga ito rin anila ang pumipigil—sa gayon, kaalinsabay ng paggabay ng mga kategorya sa pag-unawa sa kaniyang mundo—sa kaniya na ikategorisa o unawain ang iba’t ibang penomena sa kaniyang paligid. Samakatwid, naapektuhan ng wika ang lipunan sa pamamagitan ng pag-impluwensiya o kaya’y pagkontrol nito sa pananaw-mundo ng mga taong gumagamit nito (cf., Trudgill 1974; Caroll ed. 1956).<sup>184</sup> Nangangahulugan na ang wika ang nagpapasya sa takbo ng pag-iisip ng tao. Ito ang dahilan kung bakit sa pamamagitan ng naturang hipotesis, madalas ang pag-ikot sa sirkulo ng akademya ng napakakontrobersiyal na argumento na: Walang dalawang kultura ang may parehong pagkakaunawa sa mundo. Gayumpaman, kinikilala ng hindi iilang mga iskolar ng wika—lalo na ng mga alagad ng sosyolingguwistika—ang kahinaan ng nasabing hipotesis lalo na sa pamamagitan ng kontra-argumento na maaari namang maalpasan ang mga itinuturing na kategoryang pumipigil sa tao na unawain ang kaniyang paligid. Halimbawa, mauunawaan din sa kalaunan ng mga dayuhan ang mga bagong salitang inihahain sa kanilang harapan bigyan lamang sila ng sapat na panahon para sapat na makilala ang kultura na noong una’y hindi nila maintindihan.<sup>185</sup> Nangangahulugan na hindi kinakailangang magpadalosalos sa paggamit ng Sapir-Whorf na hipotesis, na sa isang banda’y maaaring kilalanin bilang determinismong lingguwistiko, para maipaliwanag ang mga limitasyon ng tao sa pag-unawa ang kaniyang mundo. Sa kabila nito, kinikilala

<sup>183</sup> Si Edward Sapir ay isang Aleman na pilolohista at antropolohista na itinuturing bilang isa sa pinakamahahalagang personahe sa larangan ng antropolohikal na lingguwistika. Si Benjamin Lee Whorf naman ay isang Amerikanong lingguwista, na dahil sa mga ginawang pag-aaral sa wika ng mga American Indian ay naniniwala na walang dalawang kultura na iisa ang pagtingin sa mundo dahil itinatakdang wika ang pag-iisip ng tao.

<sup>184</sup> Malaking tulong din kung mahahanap ang librong *Language, Thought, and Reality: Selected Writings of Benjamin Lee Whorf* (1956) na inedit ni John B. Caroll.

<sup>185</sup> Hindi nalalayo ang idea ng Sapir-Whorf na hipotesis sa popular na oryentasyon sa paninindigan sa wikang kaugnay sa takbo ng pag-iisip ng isang kultura, maging sa mga industriyalisadong bansa sa kasalukuyan. Maaaring gamiting halimbawa ang patuloy na pag-uugnay ng wika sa mga tangkang unawain ang nasyonalismo sa Japan. Isang kilalang genre ng sulating makabayan sa Japan ang *nihonjinron* o mga sulatin na sa literal na kahuluga’y “diskusyon hinggil sa Hapones,” na isang malawak na anyo ng mga literatura na ginagamit ng mga elitistang intelektuwal doon para mahubog ang pagiging kakaiba ng kultura, lipunan, at pambansang katangian ng Japan. Isa sa dalawang itinuturing na haligi ng pagiging kakaiba ng kulturang Hapon ay ang kulturang lingguwistiko at komunikatibo. Naniniwala ang mga “popular na sosyolohistang” nagsusulat ng *nihonjinron* na kaya mahirap makipagtalastasan sa mga Hapon ay dahil sa kakaibang pananaw ng mga ito sa wika at paraan ng paggamit nito (tignan ang Yoshino 1992).

ko pa rin sa isang antas ang kabuluhan ng nasabing hipotesis lalo na sa mga usapin gaya ng propaganda kung saan malaki ang isinisilbing impluwensiya ng wika at iba pang sistemang semiyotika sa paraan ng pag-iisip ng tao.<sup>186</sup> Lalo pang marerealisa ito kung pag-aaralan at uunawain ang kalikasan ng sikolohiya ng tao na maaaring makondisyon ng wika sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagtatanim ng at sa pamamagitan ng wika, lalo't higit ng mga regresibong kaisipan dahil na rin sa relatibong mas mahirap na maikintal ito sa isipan.<sup>187</sup> Malaki kapuwa ang nagiging implikasyon nito sa usapin ng wika at araling wika. Gayumpaman, kung pananatiliin at pangigingibabawin ang paninindigan ng pananaliksik na ito, maiuugat pa rin sa tunggalian sa lipunan ang dominasyon sa kultura at wika, at hindi sa pagpapabaya na mapangibabawan ng reduksiyong lingguwistiko o determinismong lingguwistiko ang pangkalahatang sistema ng ugnayan ng wika at lipunan. Samakatwid, maiuugat at nakasalalay pa rin, sa kalaunan, ang sakop ng impluwensiya ng wika sa antas ng dominasyon ng nakapangyayaring ideolohiya at sa kahandaan o kahinaan ng pinangyayarihan sa konteksto ng ugnayan at tunggaliang panlipunan. Malinaw sa ngayon na hindi sapat na sabihin na mapagpasiya ang wika sa pag-unawa sa lipunan, habang maaari ring sabihin na produkto rin naman ito, sa kabilang banda, ng lipunan. Ang nalilikhang kaguluhan at kalituhan na ito ang isa sa pinakamalaking dahilan kung bakit, sa kabila ng patuloy na ingay na nililikha ng Sapir-Whorf na hipotesis, patuloy na nagiging problematiko ito at hindi maiangat-angat tungo sa isang teorya, kung minsan pa nga'y hindi na pinag-aaksayahan ng panahon ang pag-aralan pa nito.<sup>188</sup>

Isa rin sa unilateral na pagtingin na binabanggit ko, na kabaligtaran naman ng hipotesis nina Sapir at Whorf, ang pananaw na masasalamin sa

<sup>186</sup> Sesentro sana sa propaganda lamang ang pokus ng pagsusuri ng pananaliksik na ito. Gayun nga lamang, naniniwala ako, na isang malamyang proposisyon ang propaganda lalo na kung ang oryentasyon ng pag-aaral ay nakakiling sa isang progresibong pagsusuri ng wika. Dagdag pa, mayroong tendensiya na maging biktima ng reduksyonismong popular at tribyal ang pagsusuri ng propaganda, dahil na rin sa inilulugar sa politikal na kapaligiran ang popular na anyo o kultura. Samakatwid, ayaw kong makilala at malimita ang pananaliksik na ito bilang isang pagsusuri ng propaganda. Kilala man sa pagiging popular na anyo ng teksto, hindi naman din malinaw ang hangganan ng saklaw nito dahil maaaring sabihin na kahit ang isang buong libro ay propaganda rin—gaya ng libro ni Marcos na *Iginuhit ng Tadhana o Rendezvous with Destiny*. Mas masaklaw, mas tiyak, at mas wasto, samakatwid, bilang pokus ng pag-aaral ang wika, at sa mas partikular na pananalita, ang mga salita at ekspresyon ng makauring jargon ng wika sa Pilipinas.

<sup>187</sup> Sa isa sa mahahalagang artikulo ni Mao (1967c), may nabanggit siyang hinggil sa peligrong dulot ng sobrang de-kahong pagsusulat ng mga rebolusyonaryo. Aniya, "Hindi mahalaga kung nagsusulat ang isang tao ng de-kahong sulatin sa Partido na para sa kaniya lamang. Kapag ipinasa niya ito sa iba, nadodoble ang bilang ng mambabasa, hindi maliit ang nalilikhang panira...Kaya mahalaga na ibunyag at wasakin [ang gawaing] ito" (akin ang salin).

<sup>188</sup> Isa sa pinakahuling pag-aaral sa hipotesis na ito ay ang *Whorf Theory Complex: A Critical Reconstruction* (1996) ni Penny Lee.



wika ang kapaligiran dahil dinidetermina ito ng lipunan.<sup>189</sup> Nais ko nang ipauna ang limitasyon ng unilaterial na pananaw na ito dahil sa hindi nga nakasasapat, at tulad ng pinag-ulit-ulit ko na kanina, na sa ganitong antas lamang pag-aralan ang wika dahil marami pang salalayang umiikot sa usaping ito. Ano't anuman, kadalasang nalilimita sa pisikal at panlipunang kapaligiran ang hangganan ng sakop ng impluwensiya sa wika, o para maging mas espesipiko, sakop ng impluwensiya sa leksikon (o salita). Kadalasang halimbawa sa mga kanluraning teksto ang mga pag-aaral gaya ng sa salitang “snow.” Sa Ingles, anila, ay iisa lamang ang salitang ito pero para sa mga Eskimo, na ipinagpapalagay nilang napakahalaga na maipag-iba ang mga snow sa iba't ibang pagkakataon, ay higit sa dalawa ang termino para rito. Leksikalizado (o sa tingin ng hindi iilang lingguwista, sobrang leksikalizado) para sa mga Eskimo ang snow na puro, snow na tuyo, snow na malambot, at iba pang pisikal na katangian ng snow. Hindi ito nalalayo sa bigas na sa Pilipinas ay maraming termino batay sa pisikal na kalagayan (e.g. luto na o hindi).<sup>190</sup> Kaugnay nito, pinaniniwalaan din na masasalamain sa wika ang mas malawakang kapaligirang panlipunan. Madalas na halimbawa kaugnay nito ay ang pinaniniwalaang mahigpit na ugnay ng wika sa mga aspektong panlipunang gaya ng sistema ng mag-anak (kinship system) na siya ring dahilan kung bakit malapit na malapit ang ganitong uri ng pananaw sa ugnayan ng wika at lipunan sa hanay ng mga antropohista. Ang pananaw na ito ang ginagamit nila para maipaliwanag ang mga dahilan at proseso sa likod ng mga pangyayari na ang ibang wika ay nalilimita lamang sa leksikalisasyon ng malalapit na kamag-anak gaya ng anak, ama, ina, asawa, apo, at iba pa, samantalang may mga wika na mataas ang leksikalisasyon hinggil sa kamag-anak, gaya ng wikang Filipino na may termino para maipag-iba ang kasarian ng kamag-anak gaya ng lolo at lola, ate at kuya, tiyo at tiya o kahit ng katandaan o kabataan gaya ng kuya, diko, ate, ditse, at iba pa. Kadalasang iniuugnay ang antas ng leksikalisasyon (mataas o mababa) sa mga pagpapahalaga o halagang inilalaan ng isang sa mga aspektong panlipunan.

Isa na sa pinakaimpluwensiyal na pagkukuro na nauugnay sa usapin sa itaas ang napakinggan kong panayam ni Felipe de Leon ng Departamento ng Araling Sining noong nasa kolehiyo pa ako. Bilang isang estudyante ng

---

<sup>189</sup> Maiuugat pa rin ang kaisipang ito sa mga trend sa araling wika at lipunan na tinalakay na sa tsapter 2. Nangangahulugan na ang tinutukoy ko rito ay isa sa maraming pananaw lamang hinggil sa usapin ng wika at hindi isang malinaw na eskuwela o kilusan, at alang hindi teorya, kundi pagtingin o pananaw na bahagi ng hindi mabibilang na mga eskuwela at kilusan.

<sup>190</sup> Magandang halimbawa ring representatibong tula para sa diskusyon ng leksikalisasyon ng mahahalagang bagay sa isang lipunan ang tulang “Sining ng Pagtula” ni Jose F. Lacaba.



wika, napagtanto ko mula sa nasabing panayam na kung sasangguni nang malaliman sa perspektibang sosyokultural, mahihinuhang kapaligiran ang nagpapasiya sa pagbubuo ng mga salita. Hindi nalalayo rito ang tinatawag sa sikolohiya na “conceptual metaphor” o talinghagang konseptuwal na pinaniniwalaang mayroong batayang pisikal. Kung gayon, ang “masaya” ay may kinalaman sa katayuan o kalagayang “mataas” (mataas ang kilay at malaki ang mata, mataas ang ngiti, magaan ang pakiramdam at iba pa) at ang “malungkot” naman ay sa katayuan o kalagayang mababa (nakatungo ang ulo, pumapatak ang luha, mababa ang mga balikat, bagsak ang pakiramdam). Ito na rin ang dahilan kung bakit madali nating nahihiwatigan ang estadong sikolohikal ng tao sa pamamagitan ng pagsangguni sa proksemika at pagkilos at postura ng kaniyang katawan. Maidaragdag pa rito ang salitang “kuripot” na kadalasang iniuugnay sa mga Ilokano.<sup>191</sup> Ayon kay de Leon, mayroong kakikitaang batayang pisikal ang leksikong ito (kuripot). Aniya, kapansin-pansin sa mga katutubong sayaw ng mga Ilokano ang pagkamakipot at limitadong pagkilos ng mga mananayaw. Lalo rin daw kapansin-pansin ang paggalaw ng kamay, sa pagsayaw, na kadalasa’y papaloob ang pag-ikot.<sup>192</sup> Maaari rin daw gamiting halimbawa ng batayang pisikal ang mga awiting-bayan ng mga Ilokano, tulad ng “Manang Biday” at “Ti Ayat.” Kapansin-pansin umano sa mga awiting ito ang pagiging makipot o maliit ng sakop (range) ng tono—kaya madaling kantahin kahit ng mga hindi gaanong nabiyayaan ng magandang boses, at ayon na rin kay de Leon, dahilan kung bakit walang sumikat na Ilokanong mang-aawit. Naisip ko pa noon na kung ngayon ay sa entablado na lang nakikita ang mga sayaw o sa mga teyp, MP3, o Spotify na lamang naririnig ang mga kanta, makikita pa rin naman sa ibang batayang pisikal o pagkilos ng mga Ilokano ang naturang katangian at representasyon ng leksikon na “kuripot.” Halimbawa nito ang simpleng pagbabalat lamang ng manggang hilaw. Kapansin-pansin, na mas madalas kaysa hindi, papasok o papaloob ang direksiyon ng kutsilyo ng Ilokanong nagbabalat ng mangga. Iba pang usapin ang mga “magarbong” Bisaya, wika pa ni de Leon, na kakikitaan naman aniya ng kabaligtaran na mga batayang pisikal—magarbo, kaya papalabas ang kumpas at ikot ng kamay sa pagsayaw, at malalayo ang naaabot ng tono ng mga awiting-bayan, kaya maraming sumisikat na mang-aawit mula sa nasabing rehiyon, at kung mapapansin pa, gamit ang

---

<sup>191</sup> Gaya ng mga Marcos?

<sup>192</sup> Mahirap nga lang yatang tantyahin kung ano ang tiyak na kahulugan ng terminong paloob. Umiikot kasi. Mapapansing sa pag-ikot, matapos ang kalahating paggalaw ay palabas na rin ang direksiyon ng kilos o patutunguhan. Ang umiikot na pinto ay parehong ginagamit, halimbawa, sa paglabas at sa pagpasok ng mga tao.

halimbawa ko, papalayo naman ang kutsilyo kapag nagbabalat ng mangga.

Sa kabila ng mga ito, hindi nalilimita ang mga pag-aaral sa politika ng wika—gaya ng kasalukuyang pananaliksik—sa usapin ng determinismong lingguwistiko o, sa kabilang banda, sa usapin ng proseso ng pagdetermina ng wika batay sa kaisipan o pisikal na mga batayan. Kaya nga mahalaga ang politika ng wika at ang Marxistang pilosopiya nito, dahil sa umaalpas pa ito sa masyadong limitado, sarado, at deterministikong pagtatakda na iminumungkahi ng mga unilateral na pagtingin, bukod pa sa estriktong estruktural na oryentasyon na nauna nang tinalakay, at nagiging dahilan naman ng maling direksiyon ng mahahalagang isyung patungo sa pagiging abala na lamang sa kung papaano magbalat ng mangga ang mga Ilokano at Bisaya—kung paano magbalat ng mangga si Marcos na Ilokano at si Imelda na Waray. Sa kaakibat na usapin, hindi rin dapat ipagkalito ang mga uri ng araling gaya ng politika ng wika sa pagiging determinismong lingguwistiko dahil lamang sa nilalayan nitong pag-aralan ang wika sa konteksto ng lipunan. Walang batayan ang ganitong pagturing at haka-haka. Dagdag pa, ang kasalukuyang pag-aaral na may tunguhing tukuyin ang repleksiyon at repraksiyon ng wika at ang posibilidad ng wika bilang kontrahegemonya, gayundin ng hindi maiiwasang pagsusuri sa politika ng araling wika, sa panahon ng rehimeng batas militar, ay sumasandig sa isang Marxistang pilosopiya sa wika. Malayo sa mga tunguhin ng pananaliksik na ito na ilimita—o iangat sa antas na gaya ng nais iparating nina Sapir at Whorf—ang papel ng wika bilang tanging tagatakda ng proseso ng pag-iisip ng tao. Upang lalong mabigyang-linaw ang paninindigang ito ng kasalukuyang pananaliksik, at upang maisiwalat sa malinaw na pamamaraan ang kahinaan ng mga unilateral na pananaw sa wika, dadako ako sa huling bahagi ng tsapter na ito sa pamamagitan ng paglulugar ng wika sa ugnayang base at superestruktura.

Inilaan ni Volosinov ang isang tsapter ng kaniyang libro sa pagtatangka niyang resolbahin ang problema sa ugnayan ng base at superestruktura sa tulong ng wika. Aniya, sa pamamagitan ng “materyal ng wika,” mabibigyang-linaw sa signipikanteng antas ang suliranin sa ugnayan ng base at ng mga superestruktura.<sup>193</sup> Naniniwala siya na ang ubod ng suliraning ito ay uuwi at uuwi sa usapin ng kung papaano itinatakda ng base (aktuwal na pamumuhay) ang sign at kung papaano nirereplek at nirereprak ng sign ang aktuwal na pamumuhay na ito. Naniniwala si Volosinov na:

---

<sup>193</sup> Nagiging suliranin lamang ang ugnayan ng base at superestruktura sa mga taong hindi sumubok na intindihin ito. Ang tinutukoy na suliranin dito ni Volosinov ay ang pagkukulang na sapat na maintindihan ang nasabing ugnayan.

[A]ng mga relasyon sa produksiyon at ang kaayusang sosyopolitikal na nililikha nito ang tumutukoy sa buong hanay ng berbal na pakikiharap ng mga tao, [sa] lahat ng anyo at pamamaraan ng kanilang berbal na komunikasyon—sa trabaho, sa politikal na pamumuhay, sa pagkamalikhaing ideolohikal.... Tulad ng alam na natin, konstrak (construct) ang wika sa proseso ng interaksyon sa pagitan ng mga taong inorganisa ng lipunan. Samakatwid, kinondisyon ang mga anyo ng mga senyas lalo't higit ng organisasyong panlipunan ng mga kalahok gayundin ng agarang kondisyon ng kanilang interaksyon. Kapag nagbago ang mga anyong ito, magbabago [rin] ang senyas. Dapat na maging isa sa mga gawain sa pag-aaral ng mga ideolohiya ang pagsusuri sa panlipunang pamumuhay na ito ng berbal na senyas. Sa ganitong paraan lamang mahahanap ang kongkretong ekspresyon ng suliranin sa ugnayan ng senyas at ng pamumuhay (existence). (Volosinov 1973: 19-21; akin ang salin )

Pansinin ang malinaw na pagkakaiba ng unilateral na pananaw na nagsasabing dinidetermina ng pisikal at panlipunang kapaligiran ang wika sa tinutukoy ni Volosinov na mariing ugnayan ng ideolohiya at relasyong panlipunan at ng materyal na realidad ng sign. Gayumpaman, may ilang mga pagkukulang pa rin si Volosinov sa pagpapalitaw ng ugnayan ng base at superrestruktura at sa paglilinaw ng papel at lugar ng wika sa nasabing ugnayan. Sa isang estriktong pagpuna pa nga, hindi gaanong naiiba ang pananaw ni Volosinov kumpara sa mga unilateral na pananaw dahil mayroon ding unilateral na tendensiya ang kaniyang pananaw na sa pinakamasamang senaryo ay maaaring sumagka pa sa posibilidad ng kontra-hegemonikong wika sa kalaunan. Hindi mahirap sisihin si Volosinov sa ganitong pangyayari dahil sa impluwensiya noon pa man at sa patuloy na lumalakas na impluwensiya ng pananaw sa superrestruktura bilang prinsipal at mapagpasyang aspekto ng kontradiksiyon (kumpara sa batayang pang-ekonomiya). Isa nang malinaw na patunay nito ay ang pag-usbong at pagiging tanyag ni Althusser sa larangan ng pilosopiya. Kinikilalang neoMarxista si Althusser dahil na rin sa paglalaan niya ng bukod-tanging pagpapahalaga sa papel ng tinatawag niyang ideological state apparatus o ISA (ideolohikal na aparato ng Estado). Bagaman nilinaw na nina Marx, Engels, Lenin, at maging ni Mao (tulad ng tinalakay na sa itaas) ang hinggil dito, marahil ay pinakakinikilala sa usaping ito si Althusser bilang pangunahing personahe dahil na rin sa kaniyang makulit at kapagod-

pagod na mga sulatin hinggil dito. Sa katunayan, tinalakay pa ni Althusser sa pinakaimpluwensiyal niyang artikulong “Ideology and Ideological State Apparatuses” ang Marxistang teorya ng moda ng produksiyon partikular ang reproduksiyon ng mga pamamaraan sa produksiyon, reproduksiyon ng lakas paggawa (hindi nangangahulugan, ng mga puwersang produktibo), at reproduksiyon ng mga relasyon sa produksiyon. Ipinakilala rin niya ang idea ng transisyonal na deskriptibong teorya ng base at superrestruktura. Ilulugar ko ang wika sa pagtatalakay ng mahahalagang kontribusyong ito ni Althusser.

## **Lugar ng Wika sa Superrestruktura**

Hindi posible ang produksiyon kung hindi ito nagpapahintulot ng reproduksiyon ng mga materyal na kondisyon ng produksiyon. Ito ang tinatawag na reproduksiyon ng mga pamamaraan ng produksiyon (Althusser 1971, 128; cf., Bidet at Kouvelakis 2008 at Harvey 2010). At tulad ng reproduksiyon ng mga pamamaraan ng produksiyon, dumaraan din ang mga produktibong puwersa sa proseso ng reproduksiyon partikular ang reproduksiyon ng lakas-paggawa.<sup>194</sup> Hindi ito naisasakatuparan sa pamamagitan ng materyal na reproduksiyon ng lakas-paggawa dahil hindi ito naaayon sa kinakailangan o nakatakdang kondisyon. Sa halip, naisasakatuparan ang nasabing reproduksiyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa lakas-paggawa ng mga materyal na pamamaraan para mareprodyus nito ang sarili nito. Ang nasabing materyal na pamamaraan ay ang sahod, o ang presyong katapat ng lakas-paggawa bilang kalakal. Halimbawa, sapat lamang ang sahod na ibinibigay araw-araw sa mga manggagawa para maseguro na sila ay makakabalik sa pagawaan kinabukasan (at sa mga susunod na bawat araw ng trabaho). Bukod sa ganito, at kaugnay pa rin ng reproduksiyon ng lakas-paggawa, mahalaga na hindi lamang kompetente o karapat-dapat ang lakas-paggawa, kinakailangan din na may kakayanan ito na makagawa ng iba’t ibang uri ng gawain sa iba’t ibang antas (“diversely skilled”). Sa isang kapitalistang rehimen, naisasagawa ito, lalo na sa kasalukuyan, sa pamamagitan ng mga pamamaraang labas sa produksiyon (halimbawa, labas sa lugar ng pagawaan). Pinakamahalagang pamamaraan, bukod sa iba pang mga institusyon, ay ang sistema ng edukasyon. Hindi nga lamang ilang ulit na kinikilala halimbawa

---

<sup>194</sup> Isa sa mga pagtatalakay (na nasa Filipino) hinggil dito at sa pagtatalakay sa pagkakaiba ng lakas-paggawa kumpara sa mga produktibong puwersa ay mababasa sa EILER (1995, 424). Ang lakas-paggawa, kumpara sa produktibong puwersa, ay ang kakayahang gumawa o magtrabaho; ito ang binibili at sa esensiya ay nagiging pag-aari ng kapitalista sa loob ng panahon ng kontratang sahurang gaya ng sa kontratang walong oras kada araw na nagtatakdang ang likha ng manggagawa ay nagiging pag-aari ng kapitalista.

ang Kolehiyo ng Inhenyera ng Pamantasan sa pagpapaaral nito ng kabataang Pilipino na sa pagtatapos ng kolehiyo ay hindi man lamang makapagbuo ng makina o makaimbento ng high-tech na bentahang mekanikal; bukod pa sa katotohanang may sobrang produksiyon ng mga nagtapos ng inhenyeriya dahil hindi maangkupan ng di-industriyal na lipunang Pilipino. Sa halip, nagiging empleado lamang sila ng mga kompanyang transnasyonal at multinasyonal para magpanatili ng mga tumatakbong makina o hindi kaya para magpanatili sa pamamagitan ng administratibong pamamahala ng mga puwersang produktibo sa bansa. Ayon kay Althusser, sa pamamagitan ng sistemang edukasyon, natututunan ng mga estudyante ang “naaangkop na kaalaman” (habang wala namang nagaganap na paglilipat ng teknolohikal na kaalaman). Natututunan din aniya ang mga wastong asal o mga batas ng moralidad, kamalayang sibika at propesyonal, na sa katunaya’y mga pamantayan sa pagrespeto sa sosyo-teknikal na dibisyon ng paggawa at mga pamantayan ng kaayusang inestablisa ng dominasyong makauri. Panghuli, aniya, tinuturuan ang mga estudyante, lalo na iyong mga sa kalauna’y magiging kapitalista, kung ano ang “wastong pagsasalita ng wikang Pranses para wastong ‘mahawakan’ ang mga manggagawa...o kung paano ‘makipag-usap sa kanila’ sa wastong pamamaraan.”<sup>195</sup> Gayunma’y hindi naiiba ang proseso para sa ibang wika para sa ibang nasyon at konteksto ng produksiyon. Ito rin ang dahilan kung bakit hindi mahirap kilalanin ang ugnay ng politika ng wika sa Marxismo. At isa na nga ito—o ang hindi pagtalakay sa ganitong antas sa mga “siyentipikong” akda—sa pinakamalalaking pagkukulang sa masa ng mga estruktural na lapit sa araling wika. Sa kabila ng lahat, hindi mahirap iugnay ang wika at araling wika sa reproduksiyon ng lakas-paggawa—na nagsisiwalat ng esensiyal na reproduksiyon hindi lamang ng kakayahan kundi maging ng reproduksiyon ng “pagpapaalipin sa naghaharing ideolohiya o sa praktika ng nasabing ideolohiya”—at maging sa realidad na rin ng idelohiya na tinalakay na rin sa mga naunang tsapter. At kung lulunsad sa ginamit na halimbawa ni Althusser, hindi mahirap na iugnay ang papel ng wika sa reproduksiyon ng lakas-paggawa at ng produktibong puwersa kung isasaalang-alang ang direktang kaugnayan ng wika sa edukasyon. Hindi rin, samakatwid, mahirap na iangat ang antas ng pagkukumparang ito sa iba pang anyo ng pagkukumpara, lalo na sa mas masaklaw na panlipunang antas.

Kaakibat ng paglililaw sa kung ano ang kahulugan ng lipunan ay ang pagtatalakay sa ugnayan ng impraestruktura at ng superestruktura.

---

<sup>195</sup> Wikang Pranses ang tinutukoy dito ni Althusser dahil siya ay isang Pranses na ipinanganak sa Algeria, na dating kolonya naman ng Pransiya.

Para kay Marx, binubuo ng mga lebel ang anumang bagay o penomenon na mayroong estruktura. Itinuturing na “kabuuang panlipunan” ang “pagkakaisa” ng impraestruktura, o batayang pag-ekonomiya (ang “pagkakaisa” ng mga puwersang produktibo at ng mga relasyon sa produksiyon) at ng superestruktura, na mayroon namang dalawang lebel na, una, politiko-legal (batas at ang Estado) at pangalawa, ideolohiya (iba’t ibang ideolohiya, panrelihiyon, etikal, legal, politikal, at iba pa). Para kay Althusser, isang talinghaga o talinghagang pang-espasyo (spatial metaphor) ang naturang representasyon, una dahil sa pagmumungkahi nito na makita o gawing kakita-kita ang isang bagay o idea, at pangalawa, sa pagpapabatid nito na hindi maaaring tumayo nang mag-isa ang mas mataas (o nasa ibabaw) na lebel (na superestruktura) nang hindi sumasandig sa base. Ito na nga rin ang dahilan kung bakit nauuwi ang oryentasyong ito kadalasan sa reduksiyon o determinismong pang-ekonomiya. Pero nililinaw din naman ni Althusser, batay sa tradisyong Marxista at bukod pa sa inilatag kong paglilinaw ni Mao kanina, na bagaman sa kahuli-huliha’y tinutukoy ng base ang superestruktura, mayroong ibang talatuntunan ng epektibidad ang superestruktura. Nangangahulugan na may relatibong awtonomiya ito bukod pa sa resiprokal na aksiyon ng superestruktura sa base. Gayumpaman, naniniwala si Althusser na kung mayroong disbentaha sa tinatawag niyang “topograpiyang Marxista,” o ang naturang paggamit ng representasyon bilang estruktura ng lahat ng lipunan, ito na ay ang pagiging metaporikal nito. Samakatwid, aniya, nananatili itong deskriptibo. Sa katunayan, tinatawag niya itong “teoryang deskriptibo” na nililinaw naman niya na maaaring tanggapin bilang isang yugto, o transisyonal na yugto, na mahalaga rin sa proseso ng pagpapaunlad ng teorya. At naniniwala siya na mahalagang sapat na maintindihan ang mekanismo ng Estado para mapaunlad tungo sa isang teorya ang deskriptibong teoryang ito. Mahalaga aniya, kung gayon, ang pagdaragdag sa klasikal na depinisyon ng Estado at ng aparato ng Estado. Batay sa mga klasikal na tekstong gaya ng *Manifesto of the Communist Party* (1848/1970) o *Communist Manifesto*, malinaw ang pagkakaunawa sa Estado bilang isang represibong aparato, o “makina ng represyon na ginagamit ng mga naghaharing uri para maseguro ang dominasyon sa uring manggagawa, at nagpapahintulot din sa una na alipinin ang huli sa proseso ng ekstorsiyong surplus-valyu” (Althusser 1971, 137).

Nililinaw ni Althusser na walang kahulugan ang Estado maliban na lamang sa pagiging isang gamit o *function* ng “kapangyarihan ng Estado.” Dagdag dito, nililinaw aniya ng Marxistang teorya ng Estado, batay sa mga

klasiks ng Marxismo na: una, ang Estado ay represibong aparato ng Estado; pangalawa, dapat na pag-ibahin ang kapangyarihan ng Estado sa aparato ng Estado; pangatlo, may kinalaman sa kapangyarihan ng Estado at sa paggamit ng aparato ng Estado ang tunguhin, sa kalaunan, ng tunggalian ng uri—kaya nga nagiging gamit at gawain ng mga tunguhing makauri ang kapangyarihan ng Estado; pang-apat, kinakailangang agawin ng proletaryo ang kapangyarihan ng Estado para mawasak ang nananahang burges na aparato ng Estado—na klasikal namang tunguhin ng Marxismo. Bahagi aniya ng itinuturing niyang pagsusulong o pagpapaunlad ng teorya hindi lamang ang distinksiyon sa pagitan ng *kapangyarihan ng Estado at aparato ng Estado*, kundi maging ang pagkilala sa realidad ng tinatawag niyang *ideolohikal na aparato ng Estado* (ideological state apparatus o ISA) na malinaw na nasa kabilang panig ng (represibong) aparato ng Estado (repressive State apparatus o SA o RSA). Ang pormulasyong ito, samakatwid, ang idinadagdag o isinisistematisa ni Althusser sa anyong teoretikal.<sup>196</sup> Napapaloob sa SA o RSA ang pamahalan, administrasyon, army, pulisya, mga korte, mga kulungan, at iba pa. Represibo ang mga ito dahil sa gumagamit ito, sa kahuli-hulihan, ng dahas (pisikal man o hindi pisikal). Ang ISA naman ay binubuo ng hiwalay at espesyalisadong mga institusyon na, batay sa kaniyang empirikal na listahan, kinabibilangan ng ISA na panrelihiyon, ISA na pang-edukasyon, ISA na pampamilya, ISA na legal, ISA na politikal, ISA na trade-union, ISA na pangkomunikasyon, at ISA na kultural.

Bagaman mas malinaw at mas litaw sa dalawang huling ISA (ISA na pangkomunikasyon at ISA na kultural), hindi mahirap isipin na nasasakop ng wika (o mayroong malaking papel ang wika sa mga ito) ang lahat ng binanggit ni Althusser sa empirikal niyang listahan. Kung tutuusin, malaki rin ang papel ng wika maging sa RSA o kahit sa “kabuuang Marxista” na base at superestraktura. Yaman din lamang at naipakilala at naipasok ko na ang kabatirang ito, mamabutihin kong ipagpaliban muna ang diskusyon sa RSA at ISA ni Althusser para mabigyang-daan ang kapuwa makabuluhang pagtalakay ni Stalin sa ugnay ng wika sa base at superestraktura. Magiging mahalaga din naman ito sa mga susunod pang pagtalakay.

---

<sup>196</sup> Kinikilala na noon pa man ng mga “klasikal” na personahe ang tinatawag ni Althusser sa ngayon na ISA. Sa pahayag pa nga niya, “Malaon nang ipinasok ng mga klasik na Marxista ang mga mapagpasyang pag-unlad na ipinahihiwatig ng kanilang mga karanasan at mga pamamaraan, hindi nga lamang nasistematisa sa anyong teoretikal” (Althusser 1971, 142).



## Mga Espesipikong Katangian ng Wika sa Tunggalian

Hindi base at hindi rin superestruktura ang wika at hindi naman makatuwiran na ituring ito bilang intermedya ng base at superestruktura.<sup>197</sup> Kontrobersiyal ang paninindigang ito dahil maging ako ay napag-isip sa simula't simula pa hinggil sa kinalalagyan at papel na ginagampanan ng wika. Hindi rin naman nakatulong ang pakikipagsabayan ng reipikasyon ng wika na preokupasyon naman ng eskuwelang lingguwistika—na hindi ko rin naman sapat na matanggap. Halimbawa, hindi isang madaling gawain ang ilugar ang wika sa usapin pa lamang ng pagtatakdang materyal at konseptuwal—ang wika ba'y salik ng materyal o konseptuwal, o baka naman mismong materyal/konseptuwal na ang wika? Mauwi lamang ang kahapohapóng maghápong pag-iisip sa paglulugar sa wika bilang intermedyang penomenon—nasa gitna ng, kung hindi man nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa, materyal at konseptuwal. Alalaombaga'y ang papel na ginagampanan ng sign na “upuan” sa konsepto ng upuan at sa materyal na upuan. Sa kaugnay at mas masakop na usapin, mali naman, ayon kay Stalin na tangkilikin o ituring bilang intermedya ang wika sa usapin ng base at superestruktura. Aniya—at ito'y susog naman sa panlipunang pagtingin sa usapin ng wika at araling wika—napakahalaga na ituring ang wika bilang isang panlipunang penomenon:

Ang punto ay mayroong sariling espesipikong mga katangian ang mga panlipunang penomenon, dagdag sa kumong katangiang ito [o ang pagiging panlipunang penomenon bilang kumon na katangian], na nakapagpapaiba sa mga ito sa isa't isa at nakapagdudulot ng pangunahing pagpapahalaga ng siyensiya. Kinapapalooban ng paglilingkod sa lipunan sa pamamagitan ng ekonomiya ang mga espesipikong katangian ng base. Kinapapalooban naman ng paglilingkod sa lipunan ang mga espesipikong katangian ng superestruktura sa pamamagitan ng politikal, legal, estetiko, at iba pang idea, at paglalaan sa lipunan ng mga kaakibat na politikal, legal at iba pang institusyon. Ano, sa gayon, ang mga espesipikong katangian ng wika na mag-iiba rito sa ibang panlipunang penomenon? Kinapapalooban ang

---

<sup>197</sup> Si Joseph Stalin, na naglaan ng panahon para analisahin ang mga “suliranin” sa lingguwistika, ang unang nagsabi nito. Kung pag-iisipan, nakapagtatakdang may pangangailangan na banggitin ito. Pero hindi nakapagtatakdang isa sa mga obhetibong kondisyong nagdulot ng pangangailangang ito ay ang pagkukulang na ilugar ang wika sa moda ng produksiyon gayundin ang walang habas na pagluklok sa wika bilang bahagi ng, kung hindi man mismong, superestruktura.



mga ito ng pamamaraang pinaglilingkuran ng wika ang lipunan bilang pamaraan ng interkurso sa pagitan ng mga tao, bilang paraan ng pagpapalitang-kuro sa lipunan, bilang paraan para magkaintindihan ang mga tao at makoordina ang mga tao tungo sa sama-samang paggawa, kapuwa sa produksiyon at sa mga relasyong pang-ekonomiya, [makoordina] kapuwa sa politika at sa kultura, [makoordina] kapuwa sa panlipunan at sa pang-araw-araw na pamumuhay. (Stalin 1954/1972, 33; akin ang salin)<sup>198</sup>

Batay ang sipi sa itaas sa mga naunang artikulo ni Stalin, sa pahayagang *Pravda*,<sup>199</sup> hinggil sa wika. Sa pagpapaliwanag niya batay sa mga artikulong ito, ipinalagay niya na, taliwas sa popular na pagkakaunawa, kaiba sa superrestruktura ang wika. Batay aniya ito sa realidad na kapag nagbago o natanggal ang base, susunod na ang pagbabago at pagtatanggal ng superrestruktura. At kapag may umusbong na bagong base, uusbong din, na batay sa baseng ito, ang superrestruktura. Pero sa wika, halimbawa sa lipunang Ruso at wikang Ruso, pinasukan man ang mga lumang intitusyong politikal, legal, at iba pang institusyon ng mga bagong sosyalistang institusyon, nananatili ang batayang anyo ng wikang Ruso sa kung ano ito bago ang Rebolusyong Oktubre. Nadagdagan lamang aniya ang bokabularyo ng mga bagong salita at ekspresyon, na dulot ng pag-usbong ng bagong produksiyong sosyalista, pagkakaroon ng bagong estado, ng bagong kulturang sosyalista, ng mga bagong relasyon at moralidad na sosyalista. Nagbago din aniya ang kahulugan, kung hindi man nagkaroon ng bagong signipikasyon, ang mga salita at ekspresyon na dulot ng mga kaakibat na pag-unlad ng teknolohiya at siyensiya ng sosyalistang lipunan. Bagaman napatalsik ang kapitalistang base, hindi naman napatalsik o binago ang mga salita at sistemang gramatikal na wika, kung walang malawakang pagbabago na naganap.

Kinikilala ko ang kahusayan at kawastuhan ng paliwanag ni Stalin. Gayumpaman, maaaring umalpas sa ilang mga pormulasyon niya dahil sa maaaring maging bukal ang mga ito ng kalituhan hinggil sa kasalukuyang pananaliksik, o hindi sapat na maipaliwanag ng pag-angkop sa sistematisasyon ni Althusser. Una, sang-ayon ako sa mga paniniwala ni Stalin pangunahin na rin dahil sa batay ang mga ito sa praktika at sa mga obhetibong kondisyon ng kaniyang panahon. Pangalawa, hingil sa hindi pagkakabago ng mga batayang

<sup>198</sup> Hindi maitatitwa ang mahalagang kontribusyon ni Stalin sa araling wika. Ilan sa mga naunang tangkang pag-aralan ito ay ang Ellis at Davies 1951 at Meek 1951.

<sup>199</sup> Si Stalin ang patnugot ng pahayagang ito. Ipinasiya noon ni Stalin na gamitin ang pahayagan para maging lugar ng pagtatalakay hinggil sa ilang mahahalagang usapin hinggil sa wika.

salita at ng sistemang gramatikal, maaaring igiit na ang mga uri ng pagbabagong ito mismo ang pinagtutuunan, pinagkakaabalahan, at pinapahalagahan ng pormal na lingguwistika. Ang pagtutuo at pagpapahalaga namang ito ang siya ring ipinapanukala, sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, na alpasan at kaalinsabay ng pagmumungkahi ko, na pag-aralan ang wika na sang-ayon sa at kaakibat ng kawastuhan ng pangyayaring nagbabago ang mga bokabularyo (mga salita at mga ekspresyon) kaalinsabay ng mga pagbabago sa lipunan (base at superrestruktura)—na siyang puno't dulo ng (re)pormulasyon ko hingil sa repleksiyon at repraksiyon at sa posibilidad ng wika bilang lugar ng kontra-hegemonya o kontra-kultura. Pangatlo, kinikilala ko ang, at naninindigan ako sa, pag-iral ng wika kapuwa sa base at sa superrestruktura. Naiiba na lamang, bagaman hindi tumataliwas, ang oryentasyon ko hinggil dito batay sa kung ano ang kinatatayuan kong perspektiba. Sa isang estriktong politikal na pagtingin o pagturing sa wika, gaya ng ilang pagkakataon sa pananaliksik na ito, hindi mahirap na ilugar ang wika sa superrestruktura habang kinikilala ang hindi nito pagiging limitado bilang superrestruktura o ang pagkilala sa relatibong awtonomiya nito sa base. Halimbawa, ang wika ay isa sa mga pangunahing lugar ng dominasyon ng ideolohiya habang hindi naman sapat na nakapagdudulot ng represyon ang wika o sa kasing-epektibong pamamaraan. Pang-apat, at kaugnay sa pangatlo, bagaman pinaglilingkuran ng wika ang anumang uri, gaya ng pahayag ni Stalin sa kaniyang artikulo, maaaring paglilingkuran, kung hindi man paglilingkuran-at-paglilingkuran, ng wika sa pamamagitan ng makauring jargon<sup>200</sup> ang dominanteng uri, at sa kabilang banda'y maaari rin itong maging lugar ng kontra-hegemonya ng dinodominahang uri. Sumasang-ayon naman ang mga pahayag na ito sa pahayag ni Stalin na hindi gaya ng superrestruktura:

Direktang konektado ang wika sa produktibong gawain ng tao, at hindi lang sa produktibong gawain ng tao, kundi maging sa lahat niyang gawain sa lahat ng anyo ng trabaho, mula produksiyon hanggang sa base, at mula sa base hanggang sa superrestruktura. Dahil dito, agad at direktang *nirereplek* ng wika ang mga pagbabago sa produksiyon, nang hindi naghihintay sa mga pagbabago sa base. Dahil dito, higit na malawak at mas komprehensibo ang sakop ng aksiyon ng wika, na yumayakap sa lahat ng gawain ng tao, kumpara sa sakop ng aksiyon ng

---

<sup>200</sup> Usapin na lamang ito ng pagkakataon kung kailan at paano pinaglilingkuran ng makauring jargon ang naghaharing uri. Hingil naman sa araling wika, sa puntong ito'y napatunayan ko na, at hindi na kailangang palawigin pa ang pagtalakay, na maaaring paglilingkuran at pinaglilingkuran na nga ng araling wika ang interes ng naghaharing uri.

superestruktura. Dagdag pa, halos wala [pa nga] itong limitasyon.  
(Stalin 1972, 9; akin ang diin at mga braket)

Sang-ayon din ako sa paglilinaw ni Stalin na walang maituturing na makauring wika at mayroon lamang matatawag na makauring jargon o makauring diyalekto<sup>201</sup> dahil na nga sa pangyayaring parehong pinagsisilbihan ng wika ang lahat na miyembro ng lipunan.<sup>202</sup> Maliban na lamang ito sa mga bansang mayroong dayuhang wika na itinuturing na dominante dahil sa pagsisilbi nito sa pangkalahatang kapakanan pangunahin ng imperyalistang bansa, at sekondaryo, sa kapakanan ng lokal na naghaharing uri. Partikular itong nagaganap sa Pilipinas at sa wikang Ingles. Hindi nga lamang ito kinilala o napagtanto ni Stalin sa dahilang hindi naman naging ganap ang epektong gaya nito sa kaniyang lipunan, bagaman batid kong malawak din ang kaalaman niya hinggil dito. Gayumpaman, maaaring iangat ang usapin tungo sa hindi naiibang tunguhin ng mga grupo ng tao o ng (naghaharing) uri na gamitin ang wika para isulong ang kanila o kani-kanilang makasariling interes kaalinsabay ng pagpipilit sa pagpapagamit ng mga salita at signipikasyong bunga nito. Pinakaebidente ang pagnanasang ito at pagsasamantala sa wika, lalo't higit ng mga naghaharing uri, sa mga bokabularyo lalo na sa mga salita at ekspresyon, ng makauring jargon. Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga na pag-aralan, samakatwid, ang mga naturang jargon sa pamamagitan ng pagtukoy at paglinaw sa repleksiyon at repraksiyon nito. Samakatwid, sa paniniwala ni Stalin, maaaring bigyang-kahulugan ang makauring jargon o makauring diyalekto bilang “koleksiyon ng mga espesipikong salita na nagrereplek ng mga espesipikong panlasa ng aristokrasya o ng nakatataas na strata ng burgesya; ilang mga ekspresyon o pariralang may ipinalilitaw na kagandahang-asal at kagitingan at walang magaspang na mga ekspresyon at parirala (na nagmumula sa) pambansang wika” (Stalin 1972, 32).<sup>203</sup> Batay dito, mahihinuhang nililimita ni Stalin sa jargon ng naghaharing uri ang itinuturing niyang “makauring jargon.” Gayumpaman, sa kabila ng realidad

---

<sup>201</sup> Mamabutihin kong gamitin ang “makauring jargon” kaysa “makauring diyalekto” dahil sa mga politikal na dahilan. Ayaw ding gamitin ni Stalin ang “makauring diyalekto” at aniya’y mas wastong gamitin ang “makauring jargon” sa dahilang hindi niya binanggit (cf. Stalin 1972, 41).

<sup>202</sup> Na dahil din ng pangangailangang kilalanin ang wika ng nakararami bilang pambansang wika nang hindi pinakikialaman ng mga elitistang intelektuwal. Lilinawin ko rin sa puntong ito na hindi na usapin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pambansang wika.

<sup>203</sup> Tuwang-tuwa ako sa paggamit ni Stalin ng mga salitang “kagandahang-asal” at “kagitingan” o “refinement” at “gallantry” sa dahilang alalaombaga’y tinutuya niya ang dominanteng kultura ng kaniyang panahon nang hindi nalalayo sa pagtutuya at pagpuna ng Marxista-Leninista-Maoistang pananaw sa piyudal, patriyarkal at burgis na pananaw ng mala-kolonyal at mala-piyudal na lipunang Pilipino sa kababaihan.

ng dominasyon ng naghaharing uri sa kultura, at pagkakaroon ng kulturang burges, na dahilan sa gayon ng pagiging dominante kapuwa ng makauring jargon, naniniwala naman ako, at batay na rin sa mga naunang pahayag at patunay, na mayroong lugar sa wika ang kontra-hegemonya sa pamamagitan ng rebolusyonaryong paggamit nito na matatawag din namang makauring jargon.<sup>204</sup> May kinalaman din ito sa kaakibat at tinatawag na signipikasyong makauri o pagpapakahulugang makauri na isang anyo ng kontra-hegemonya. Naisasagawa ito sa pamamagitan ng alinman sa dalawa: una, pagbabago ng kahulugan o pagbibigay ng bago at rebolusyonaryong kahulugan sa mga umiiral na salita at ekspresyon ng naghaharing uri at sa pambansang wika; pangalawa, pagbibigay ng neolohismo o ng mga bagong set ng salita at ekspresyon na partikular na ginagamit sa kaakibat at kasabayang rebolusyonaryong pagkilos. Sa panahon ng rehimeng batas militar sa Pilipinas, kinailangan naman ng pangatlong anyo ng pagpapakahulugang makauri dahil na rin sa pagtatangka ng reaksiyonaryong puwersa na gamitin ang mismong rebolusyonaryong jargon at magnakaw ng mga salita rito, lalo na iyong mga popular at kaakit-akit (gaya ng “rebolusyon”). Sa pamamagitan ng pangatlong anyo ng makauring pagpapakahulugan, kinailangan na, alalaombaga’y, mabawi ang ninakaw o isalba ang binihag na mga salita (halimbawa, “rebolusyon” at “demokrasya”) at ekspresyon. Kung ikukumpara ang mga pangwikang gawaing ito sa araling pangkasaysayan, makikita naman ang pagpapakahulugang makauri sa mga tekstong pangkasaysayan na may sangay ng Marxismo o mala-Marxismo na tinukoy ni Ramon Guillermo sa kaniyang *Pook at Paninindigan: Mga Ugat ng Talastasang Sosyalista sa Rebolusyong Pilipino* (2000). Halimbawa na rito, aniya, ang *Ang Bagong Lumipas* (1977/1997) ni Renato Constantino, *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* (Guerrero 1970) ni Joma Sison, at *Revolt of the Masses* (1956) ni Teodoro Agoncillo (Guillermo 2000, 10). Gaya ng makauring pagpapakahulugan sa usaping pangwika, iginigiit ng mga ito ang paninindigang makauri ng mga pagpapakahulugang pangkasaysayan.

Tunay namang naimpluwensiyahan ng uri, burges man o proletaryado, ang wika sa pamamagitan ng pagpapasok dito ng mga salita at ekspresyon. Makikita na nga lamang ang kaibahan ng dalawang jargon (elitistang jargon<sup>205</sup> at proletaryong jargon) sa pamamagitan ng kuwalitatibong pagkukumpara.

---

<sup>204</sup> Puwede ring tawaging proletaryong jargon para maging mas espesipiko.

<sup>205</sup> Sa katunayan, maraming posibleng gamiting salita para sa reaksiyonaryong makauring jargon. Madalas kong gamitin ang “burges” na jargon pero puwede ring gamitin ang “elitistang” jargon, o “imperyalistang” jargon, o “piyudal” na jargon, at kahit “pasistang” jargon. Ang mahalaga ay ang tukuyin ang prinsipal na kontradiksiyon ng espesipikong bahagi ng kasaysayan o pinakamakikitid na anyo ng kaaway ng nakararami.

Bagaman hindi matatawag na proletaryong wika,<sup>206</sup> hindi nalalayo ang dalisay na tunguhin ng proletaryong jargon sa proletaryong kultura. Halos hindi na nga maiiwasan ang paggamit ng proletaryong jargon sa o kaalinsabay ng pagpupunyagi o pagsasapraktika ng proletaryong kultura. Ito na rin ang dahilan kung bakit nasususugan, at dahilan na rin kung bakit nilalagom nito, ang paniniwala ko sa kapasidad ng wika para maging lugar ng kontra-hegemonya na ebidente sa makauring jargon.<sup>207</sup> Hindi maiiwasang kaakibat naman ng pag-aaral o pagsusuri sa mga makauring jargon, burges man o proletaryo, ang pagbibigay-halaga o paglalaan ng pangunahing kahalagahan sa pagsusuri sa mga bokabularyo—na itinuturing na “materyales ng wika” o hindi kaya’y mga sangkap o sahog ng wika—na hindi naman nalalayo sa tinatawag na “keyword approach” sa ibang disiplina. Kaakibat din ang pagbibigay naman ng sekondaryong konsiderasyon, bagaman napakahalaga rin lalo na sa Pilipinas, sa paggamit ng wika—o kung Ingles o Filipino o Pilipino o bernakular kaya. At sa ganito, palagay ko’y sapat nang nalinaw ang ilang mga kagyat na usapin, kung kaya maaari nang balikan ang diskusyon sa (mga pagkakaiba ng) RSA at ISA.

---

<sup>206</sup> Una dahil sa wala namang kapasidad na maging ganap na wika ang iilang bilang ng salita o ekspresyon lamang, pangalawa, dahil sa ginagamit pa rin hindi lamang ng proletaryong jargon kundi maging ng burges na jargon ang grammar ng wikang kumon o ng wikang pambansa.

<sup>207</sup> Sumangguni sa Apendiks I-1 para sa mga halimbawa ng makauring jargon na mapapansin sa diskurso ng ilegal na mga manuskrito at mga pamplet na inilabas noong panahon ng Batas Militar sa Pilipinas para bakahin ang nananaig na pasismo. Mahalaga ang mga piling babasahing ito dahil representasyon ang mga ito ng kontra-hegemonya at proletaryong jargon sa ilalim ng represibo at ideolohikal na aparato ng estado.

## Wika at Reproduksiyon ng Relasyon sa Produksiyon

Mayroong mga limang mahahalagang pagkakaiba ang RSA at ISA. Una, mapapansin na mayroong iisang RSA kumpara sa pluralidad ng ISA, batay na rin sa pangyayaring hindi maaaring kilalanin bilang iisa ang mga nasasaad sa empirikal na listahan ni Althusser. Pangalawa, kung napapaloob sa pampublikong dominyo ang RSA, malaking bahagi naman ng ISA ay bahagi ng pribadong dominyo.<sup>208</sup> Pangatlo, batayang pagkakaiba naman ang paggamit ng RSA ng dahas, samantalang ideolohiya ang ginagamit ng ISA. Kaugnay ang pang-apat na pagkakaiba sa itinuturing ni Althusser na “double functioning” o dobleng pag-iral dahil sa paggamit ng aparato ng Estado (ng RSA at ng ISA) kapuwa ng dahas at ng ideolohiya. Ang pinagkaiba nga lamang, mas madalas na gumagamit ang RSA ng dahas kumpara sa ideolohiya, samantalang kabaligtaran naman ang ISA, dahil kahit papaano’y gumagamit din ito, ng represyon. Panglima, bagaman hindi talaga pagkakaiba, naniniwala si Althusser na ipinagsasanib ng ideolohiya, sa ilalim ng naghaharing ideolohiya ng naghaharing uri, ang mga pagkakaibang nabanggit. At dahil sa hawak ng naghaharing uri ang kapangyarihan ng Estado at sa gayon ang RSA, nangangahulugan na aktibo rin ito sa ISA. Gayundin, aniya, wala namang uri na makakahawak ng kapangyarihan ng Estado sa napakatagal na panahon nang hindi nagpapamalas ng hegemonya sa ibabaw at sa loob ng ISA (Althusser 1971, 146). Tandaan na nauna ko nang ipinalagay at inilugar ang wika at kahalagahan ng wika sa antas ng ISA. Kaya nga si Althusser ang unang nagsabi na hindi lamang pusta (stake) kundi lugar (site) din ang ISA ng tunggaling panlipunan.<sup>209</sup> Ganito, samakatwid, kalaki ang papel ng ISA, gayundin sa pangkalahatan, ng wika kung papahintulutan akong dalhin ang argumento sa ganitong antas.

Samakatwid, ayon kay Althusser, naseseguro ang reproduksiyon ng mga relasyon sa produksiyon sa pamamagitan ng legal-politikal at ideolohikal na superrestruktura. Sa mas tiyak aniyang pagpapahayag, “naseseguro ito sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan ng Estado sa mga aparato ng Estado, ang RSA sa isang banda, at ang ISA sa isa.” Lilinawin ko lamang na makabubuti kung isasakonteksto na sa puntong ito ang rehimeng batas militar ni Presidente Ferdinand E. Marcos. Ang papel samakatwid ng RSA ay ang seguruhin ang pisikal na reproduksiyon ng mga relasyon ng produksiyon

<sup>208</sup> Para sa karagdagang pagpapaliwanag ni Althusser ukol dito, sumangguni sa Althusser (1971, 144).

<sup>209</sup> Kung pamilyar sa mga pananalitang ito, o palitan lamang ng “wika” ang “ISA”, lilinaw kung bakit masidhi kong pinuna ang akademikong pang-aalipusta ni Fairclough sa tsapter 2.

o mga relasyon ng pagsasamantala, kaalinsabay ng pagseguro nito, sa pamamagitan ng represyon, sa politikal na kondisyon ng ISA. Kaya ngayon pa man, batay sa mga kongklusyong ito, ay kaiga-igaya nang tantuhin ang politika ng wika sa panahon ng rehimeng batas militar. Halimbawa, isa sa makapangyarihang puwersa ng naghaharing uri ang militar, lalo pa sa isang rehimeng batas militar. Pero hindi rin naman sapat na sabihin na ito lamang ang kapangyarihang isinasakatuparan. Mayroong pangangailangan, samakatwid, na gumamit ang naghaharing uri ng iba pang mekanismo para malehitima sa pamamagitan ng anyong ideolohikal ang nananahang paghahari, na awtoritaryo, at matulungan o mabawasan ang represyong militar. Ipagpalagay na halimbawa na tumaas kahit papaano ang antas ng kamalayan partikular ng mga estudyante bago pa man matapos ang eleksiyong 1969, hindi mahirap sabihin na hindi naging sapat ang ganap na kontrol ng militar, halos tatlong taon ang makalipas, na pinatunayan na rin: una, ng proporsyonal na pagdami ng lakas ng militar sa pagtaas ng bilang ng insureksiyon (CPP at MNLF); at pangalawa, lagi't lagi namang sumasandig sa ideolohikal na aparato ang anumang rehimeng militar kahit sa ibang bayan.

Samantala, ayon kay Althusser, dinodominahan ng iisang iskor ang ISA. Sa Pilipinas noong panahon ng rehimeng batas militar, mahirap sabihin na mayroong iisang iskor na nagdodomina. Halimbawa, sabi ni Althusser, sa isang lipunang may pormasyong mature na kapitalismo (mature capitalist social formation), edukasyon ang dominanteng ISA. Sa Pilipinas naman na malapiyudal at malakolonyal ang panlipunang pormasyon sa panahon ng batas militar (at hanggang sa kasalukuyan), naramdaman at nararamdaman ang dominasyon ng higit sa isang ISA—bukod sa edukasyon ay simbahan, komunikaasyon, kultura, politika, at pamilyang ISA—batay sa mga makauring jargon ng panahong iyon.

## **Hinggil sa Materyalidad ng Wika**

Ilang mga karagdagang panuto na lamang hinggil sa ideolohiya kaalinsabay ng ilang mga usapin sa wika, na sa palagay ko'y hindi sapat na naipaliwanag ng mga pagkilos sa araling wika maging ng mga nagkukunwaring ginagabayan ng teoryang panlipunan at ideolohikal na lapit sa tsapter 2. Ayon kay Althusser, representasyon ang ideolohiya ng pakikipag-ugnayan ng bawat indibidwal sa kanilang tunay na mga kondisyon ng pag-iral (existence). Gayumpaman, dagdag niya, bagaman hindi tunay na umaangkop sa realidad ang ideolohiya, o lumilikha lamang halimbawa ng



isang ilusyon, mayroon naman itong alusyon sa realidad kaya kinakailangan natin na suriin ito, gaya ng kahalagahan na suriin ang wika sa kahalintulad na antas, para madiskubre ang realidad ng mundo—o sa antas ng pagsusuri ng wika, para madiskubre ang ideolohiyang susi sa pagdiskubre ng realidad ng mundo. Dagdag pa rito, hindi tunay na kondisyon sa pamumuhay ang narerepresenta sa ideolohiya kundi ang relasyon ng tao sa mga kondisyon ng pamumuhay na inirerepresenta (ng naghaharing uri) sa kanila. Ito ang dahilan ng distorsiyon ng ideolohikal na representasyon ng tunay na mundo na pinakaeppektibo namang naisasagawa sa pamamagitan ng wika, dahil na rin sa komunikatibong katangian nito na napatunayan nang parehong nagsisilbi naman sa anumang uri sa lipunan. Gaya ng wika, mayroon ding materyal na pag-iral ang ideolohiya batay na rin sa materyal na pag-iral ng mga idea o ng mga representasyong bumubuo ng ideolohiya. Halimbawa na nga ang ISA at ang praktika nito na realisasyon ng ideolohiya. Ang wika, sa isang banda at sa kabila ng iba't ibang katangian nito, ay materyal ding pag-iral ng ideolohiya (ng naghaharing uri) bukod pa sa realisasyon na namumuhay ito sa mga aparatong Estado at sa praktika ng mga ito. Gaya rin ng wika, hindi tulad ng modalidad ng materyal na pag-iral ng bato o ng baril ang materyal na pag-iral ng ideolohiya dahil na rin sa maaari namang talakayin ang materyalidad sa iba't ibang esensiya.<sup>210</sup> Dagdag pa rito, naghain din ng apat na modalidad ng pagiging materyal si Althusser na batay sa kaniyang pahayag na “materyal ang pag-iral ng mga idea ng tao sa dahilang materyal na aksiyon ang kaniyang mga idea na isinuot sa mga materyal na praktikang ginagabayan ng mga materyal na ritwal na binibigyang-kahulugan naman ng materyal na aparatong ideolohikal na pinagkunan ng mga idea” (Althusser 1971, 169). Ang mga naturang modalidad ay ang sumusunod: una, *mga materyalidad ng displacement* o mga aktuwal na pagkilos na gaya ng pagkukurus sa simbahan; pangalawa, *mga materyalidad ng mea culpa* o alalaombaga’y mga sentrolateral o unilateral na pagsasalita (pagdarasal, pakikipagkamay) na maaaring walang pakikipagtalastasan na nagaganap o kaya nama’y simpleng di-berbal na komunikasyon; pangatlo, *mga materyalidad ng eksternal na diskursong berbal* o pakikipagtalastasang berbal (sa ibang tao); at panghuli, *mga materyalidad ng internal na diskursong berbal* (kamalayan) gaya ng pag-iisip o pakikipagkomunika sa sarili. Kaalinsabay ng at dagdag pa sa mismong partisipasyon ng wika sa mga modalidad na nabanggit, tinutukoy din ng

---

<sup>210</sup> Para sa karagdagang halimbawa kaugnay sa materyalidad ng ideolohiya, sumangguni sa Althusser (1971, 167-165). Maaari ring ikawing ang paghahalingbawa rito ni Althusser, partikular ang “pagkilos batay sa sariling mga idea (act according to his ideas),” sa ipinakilala kong idea ng “ego ogito” sa Campoamor (1999, 25).



makabagong araling wika ang lahat ng mga modalidad na ito bilang bahagi ng masaklaw na semyotika.

Bilang pagtatapos ng tsapter na ito, nais kong linawin na hindi naman dapat makita o kilalanin ang Marxistang pilosopiya at araling wika bilang simple at unilateral na reaksiyon lamang sa abstraktong obhetibismo dahil malaon na't naunang binuo ang mga teorya nito na may materyal na batayan at patuloy pang umiikid at hinahasa naman batay sa mga kasalukuyang obhetibong kondisyon at pagsasapraktika nito sa patuloy na pagtakbo ng kasaysayan. Samakatwid, walang batayan ang anumang gagawing pagkukumpara ng ganitong oryentasyon sa lingguwistika.

# V

# KALAGAYAN NG ARALING POLITIKA NG WIKA SA PILIPINAS

Ilang bagong aralin ang tinatawag ngayong araling politika ng wika. Nakatutuwa namang isipin na isa na itong praktika simula pa nang magkaroon ng kakayahan ang tao sa wika at sa kalauna’y umusbong ang mga puwersang produktibo na naging pundamental sa pag-unlad o pagbagsak ng lipunan at pagbuo ng iba’t ibang manipestasyon ng kamalayan ng tao.

## **Kasalukuyang Kalagayan ng Araling Politika ng Wika**

Hindi na rin lamang iilan ang nagtangkang magsagawa sa Pilipinas ng mga pag-aaral na may kinalaman sa politika ng wika. Kabilang na rito ang mga pag-aaral sa pagpaplanong pangwika nina Jesus Fer. Ramos at Pamela Constantino, sa kilusang pambansa-demokratiko sa wika ni Monico M. Atienza, sa patakarang pangwika ni Maria Ela Atienza, at sa wikang panturo ni Patricia Melendrez-Cruz. Sa kabilang banda, hindi naman mawawala ang mga pagtatangkang sumakay sa progresibong uri ng araling wikang ito. Pinakamalinaw na halimbawa ng nalilitong pag-aaral sa politika ng wika ang librong *Pulitika ng Wika* (1995) na antolohiya ng ilang mga artikulo na inedit nina Teresita F. Fortunato at Maria Stella S. Valdez—ilan sa mga artikulo rin ang sinulat nila.

Batay sa introduksiyon ng libro, na sinulat ni Fortunato, ginagamit ang librong iyon bilang batayang babasahin sa batayang asignaturang “Filione” o Filipino I sa De La Salle University (DLSU). Bilang kaagapay sa pagbabago ng nasabing kurso at kaalinsabay ng pagiging dekada 90, mahalaga aniya na makatugon ang mga tulad nitong asignatura sa mga “pagbago ng panahon, ng wika at ng gumagamit nito.” Nakasentro aniya sa kasalukuyan ang kursong ito sa “pagbibigay-halaga sa pag-angkin ng estudyante ng masteri sa sariling

wika (Filipino).” Makabuluhan naman aniya ang aspektong “linggwistics” at “sosyolinggwistics”<sup>211</sup> para magamit ng mga estudyante ang wikang Filipino sa pagtatamo ng kapangyarihan sa pagpapahayag.

Kung pagbabasehan ang mga naisagawa kong pag-aaral hindi lamang para sa politika ng wika kundi sa pangkalahatang araling wika, mahihinuha ang kahinaan ng iminumungkahi ni Fortunato na uri ng araling wika, “politika ng wika” pa naman niyang tinuringan. Tunay na ang politika ng wika ay napapanahon (umaayon sa mga pagbabago ng panahon) at nararapat (umaayon sa mga pangangailangan ng araling wika). Gayumpaman, masteri o kahusayan, sa kabuuan, ng gramar ng wika ang matutugunan kung lingguwistika ang pangunahing oryentasyong susundin. Samantalang malilimita naman ang mga estudyante sa mga teorya ng sosyolohiya, o sa pagpapagamit ng mga ito, kung ililimita ang kanilang oryentasyon sa sosyo lingguwistika. Ito ang nagiging suliranin kapag ang isang asignaturang gaya ng Filipino I ay nalilimita sa araling wika (ikumpara sa pag-aaral ng gramar) nang hindi isinasalang-alang ang antas ng kahusayan ng kritikal na pag-iisip ng mga estudyante—gaya ng wastong pagsasaalang-alang na sinasagawa ng Komunikasyon I sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) sa Unibersidad ng Pilipinas. Marahil ay nasihilaw lamang si Fortunato sa dulot na antas ng kahusayan ng lingguwistika at sosyo lingguwistika habang nananatiling biktima rin siya ng kakulangan ng kritikal na pag-iisip o simpleng kakulangan sa pagtitimbang ng mga akademikong opsiyon. Mayroon pa nga siyang ipinagmamalaking “transaksiyonal” na komunikasyon na aniya’y dahilan kung bakit politikal ang pagfi-Filipino—“Anumang pagfi-Filipino ang ating gamitin, nangangahulugan ito ng politika sapagkat transaksiyonal ang komunikasyon.” Sang-ayon ako sa antas ng politika na inihahatid ng wika pero ang “transaksiyonal” na kaisipan ni Fortunato ay may malinaw na simplistikong basehan, pangunahin dahil sa kaalwanan niyang isuklob ang politika ng wika sa ubod ng simpleng pagkukuro. Sa katunayan, hindi malinaw kung ano talaga ang tinutukoy niyang “transaksiyonal” dito. Mayroon akong alam na “transactive model” nina Hodge at Kress na nangangahulugan ng paglilipat ng mensahe mula sa “tagaganap” patungo sa “apektado.” Ginagamit din naman ang terminong ito sa diskursong analisis nina Loukia Sarroub pero bilang halimbawa lamang ng isang yugto ng komunikasyong tumutulay mulang lingguwistiko tungong di-lingguwistikong aktibidad (Sarroub 2004, 82). Ginamit din itong metodolohiya ni Frederick Douglass

---

<sup>211</sup> Mga ispeleng ni Fortunato.

Alcorn (2016) sa pagsusuri ng komunikasyon sa loob ng eskuwela, pero bagaman naggiigit ito ng relasyong puwersa (samakatwid, politikal) ay mas positibo, o sa termino ni Lecercle ay *irenic* (tignan ang Lecercle 2006, 60) sa halip na pang-tunggalian/kontradiksiyon ang umiiral na sentral na dinamika. Hindi ang mga ito ang tinutukoy ni Fortunato. Kumon sa kanilang lahat ang paggamit ng komunikasyon sa loob ng silid-aralan, pero hindi politika ang sentral na idea.

Sa unang bahagi ng libro, “Introduksiyon sa Kaligiran ng Wikang Filipino,” nililimita pa rin ng libro ang komunikasyon sa usapin ng “pinagmulan” at “tagatanggap” ng mensahe.<sup>212</sup> Hindi na ang kupás at limitadong uganyang ito ng transaksiyonal na komunikasyon ang dapat na pinagtutuunan ng pansin sa usapin at pag-uugnay ng komunikasyon sa politika. Kaalinsabay nito’y, itinuturing din ng libro na “hindi kongkreto ang lakas ng wika, at ito’y pangkaisipan” na dahil sa simula’t sapul ay mali ang pormulasyon at nakapagdudulot ng kalituhan. Dagdag pa, dahil dito’y nagiging gramarista kung hindi man moralistiko tuloy ang larang. Kaakibat nga raw nito ang “paggamit ng wika nang *buong ingat* dahil sa impluwensiyang naidudulot nito sa tumatanggap” (nasa Fortunato at Valdez 1995, 6; akin ang diin). Iginigiit pa nito na “bawat partisipant [sa komunikasyon] ay dapat gampanan ang kaniyang parte nang tama” (nasa Fortunato at Valdez 1995, 7).<sup>213</sup> Bagaman kinikilala ko ang pangkaisipang impluwensiya ng wika, mali naman na ilimita ang wika sa ganitong antas ng usapin. Una sa lahat ay panlipunang penomenon ang wika na nakabatay at sumasandig sa tunggalian ng uri. Walang lugar ang konserbatismo sa araling politika ng wika.

Higit na malala naman ang artikulong isinulat ni Ma. Stella Valdez, na katuwang ni Fortunato bilang editor ng libro. Sa artikulong “Wika at Realidad: Ilang Tala Tungkol sa Saklaw ng Semantics,” inilulugar pa rin ni Valdez ang semantika sa politika ng wika dahil sa kahulugan aniya nito na “nakafocus ang semantics sa pag-aaral ng kahulugan” (nasa Fortunato at Valdez 1995, 8). Palagay ko’y hindi lamang niya naintindihan ang kaniyang mga sinabi samantalang pinipilit na magpasok ng mga terminong gaya ng “semantika” sa kabila ng hindi naman ganap na pagkakaunawa rito. Una sa lahat, at palagay ko’y ugat na kakulangan ni Valdez kung bakit siya nalilito, walang lugar ang tao (user) sa semantika. Tulad ng naipaliwanag ko na sa tsapter 2 at 3, ang semantika ay ugnayan ng mga anyong lingguwistiko at ng mga entidad sa mundo kaalinsabay ng mga antas ng pagkatotoo ng mga

<sup>212</sup> Basahin ang unang tsapter na “Komunikasyon, Wika at Pulitika” sa Fortunato at Valdez, 1995: 3-7.

<sup>213</sup> Hindi ito naiiba sa antas ng pagpuna ko sa “cooperative principle” ng pragmatiks sa Tsapter 2.

anyong lingguwistiko. Hindi pinagkakaabalahan ng semantika ang “kung paano magsalita ang tao” o sa “atityud ng tao tungkol sa kanilang sinasabi” (nasa Fortunato at Valdez 1995, 8). Mali na nga ang lunsarang kaisipan, idinagdag pa ni Valdez na naniniwala ang mga semantisist na ang mga tao ay natatanging *nilikha* na may kakayahang lumikha ng *kaayusan* o *order* sa isang mundong napakagulo. Hindi ko mawari kung anong klaseng politika ng wika ang sinusubukang liwanagin ni Valdez. Kung sa bagay, sa palagay ko’y nalilito talaga si Valdez sa kung ano ang kahulugan hindi lang ng semantika kundi ng politika ng wika. Aniya, saklaw ng semantika ang pagsusuri sa sinseridad ng ating mga sinasabi. Ang antas ng sinseridad ay pumapasok sa tinatawag na *quality maxim* na tanging matatagpuan sa pragmatiks at hindi matatagpuan sa semantika kailanman. Wala namang ipinag-unlad ang sunod niyang artikulong “Mga Tala Tungkol sa Buhay-Filipino” kung saan nakabatay sa kultura ang kaniyang obserbasyon sa wika, samakatwid, pinaliliit sa kultura, sa halip na sa pangkalahatang sosyo-ekonomikong kalagayan, ang antas ng pagsusuri sa wika. Matatandaang tinalakay ko na sa tsapter 3 na hindi makabuluhan ang paglilimita sa wika sa mga hangganan ng kultura lamang. Sa kaugnay na argumento, itinuturing namang batayang aralin ni Magdalena C. Sayas sa artikulong “Sa Batangas: Ang Localays na Wika sa Salita” ang leksikon, ponolohiya, morpolohiya at “speech act.” Pero, wala namang pagtatalakay hingil sa “speech act” ang nasabing artikulo, sa kabila ng realidad na tanging dito na lamang mailulugar ang politika ng wika—maliban na lamang sa pagtatangka niyang talakayin ang kakaiba/natatangi na leksikalidad sa Batangas na mababaw na antas naman ng politika ng wika.

Bagaman kakikitaan ng kaunting pag-asa ang pangalawa at pangatlong bahagi ng libro na may titulong “Mga Isyu sa Wikang Pambansa” at “Riserts sa mga Larangan ng Wika,” lumalabas naman na walang malinaw na batayan ito sa kung ano talaga ang idea ng mga patnugot at ng mga awtor hingil sa politika ng wika. Bagaman tinatalakay ang papel ng kapangyarihan at tunggalian sa artikulong “Filipino ang Wikang Pambansa Natin,” napaglilito naman ang politika ng wika sa usapin ng wika ng burukrasya, na isa lamang sa mga aspekto ng politika ng wika.<sup>214</sup> Hindi rin naman ipinag-iiba, at mukhang walang pagtatangkang pag-ibahin, ng mga susunod pang artikulo sa bahaging iyon ang disiplina ng politika ng wika sa iba pang disiplina gaya

---

<sup>214</sup> Maikakategorisa ang aspektong politika sa wika sa dalawa. Una, ang paggamit ng wika sa politikal na kaligiran ng burukrasya. Halimbawa, ang paggamit ng wika sa panahon ng eleksiyon o ang pagkasangkapan dito upang maisulong ang agenda ng estado. Pangalawa, ang paggamit ng wika bilang kasangkapan ng dominasyong kabilang lamang ang burukrasya at estado. Kasama rito samakatwid ang iba pang relasyong puwersa (guro-estudyante, mayaman-mahirap, lalaki-babae, atbp.).

ng pagpaplanong pangwika, estruktura, at pagsasalin. Ang mga disiplina ring ito, at ang mga kakulangan ng mga ito, ang dahilan kung bakit kinailangan na magkaroon ng kahiwalay na disiplinang magdadala sa wika sa usapin ng panlipunang tunggalian.

Mayroon din namang mga kaiga-igayang punto ang libro lalo na sa pagpapahayag nito na ang “komunikasyon bilang proseso ay nangangahulugan ng ebolusyon at pagbabago” (Fortunato at Valdez 1995, 5), na ngangahulugang ibinibukas nito ang nasabing usapin sa pagdadalumat nila ng araling wika sa DLNU. Inilulugar din nito ang wika sa argumento na “politika ang instrumento sa paglikha ng kapangyarihan,” (Fortunato at Valdez 1995, 5), wala nga lamang sapat na pagpapalawig hinggil dito.<sup>215</sup>

Itinuturing nina Valdez na teksbuk sa Filipino I ang kanilang libro. Naniniwala naman ako na mas eklektikong babasahin ito kaysa teksbuk dahil wala namang malinaw na pinatutunguhan ang koleksiyon maliban na lamang sa pagtitipon ng mga artikulong iba-iba naman ang pinaninindigan. Higit sa lahat, hindi tapat at totoo ang libro sa pamagat nitong *Pulitika ng Wika*. Maituturing na isang anyo ng oportunidad ang anumang pagtatangkang sakyan ang patuloy ng umuunlad na anyo ng pagsusuri.

Naghahatid ng malaking implikasyon, at kaalinsabay nito, ng pagpukaw na rin sa atin, hingil sa kalunus-lunos na sitwasyon ng araling wika sa Pilipinas ang libro nina Fortunato at Valdez. Itinuturo nito sa atin, bagaman nasa negatibong pamamaraan, ang kagyat na pangangailangan ng progresibong pagsusuri ng wikang kaalinsabay ng pagpapaunlad ng isang progresibong uri ng araling wika. Sa kasalukuyan, nananatiling lingguwistika ang bukod-tanging araling wika na matatagpuan sa Pilipinas, bagaman may mahahalagang progresyon na rin ang ilang miyembro ng kaguruan partikular sa Departamento ng Lingguwistika sa Unibersidad ng Pilipinas samantalang naghahanap pa ng identidad ang isinusulong na disiplina sa DFPP. Ilang mga kolehiyo rin ang nagsasagawa ng pagtatangkang isanib ang wika at wikang Filipino sa pagsusuri sa kani-kanilang larang partikular sa agham pampolitika, sikolohiya, kasaysayan, at agham. Gayon nga lamang, nalilimita sa mga lugar ng espesyalisasyon ang pagsusuri sa wika kaya nagkakaroon ito ng sekundaryong konsiderasyon. Kaya nga bukod sa Departamento ng Lingguwistika, suliranin at tungkulin ng DFPP ang makalikha ng institusyonalisadong araling wika na umaalpas sa limitasyon ng kasalukuyang mga lugar ng espesyalisasyon nitong pagpaplanong pangwika, estruktura, at pagsasalin.

---

<sup>215</sup> Alalaombaga’y isa nang tanggap na disiplina sa Pilipinas ang politika ng wika bilang pormal na uri ng araling wika.

## Dominanteng Anyo ng Araling wika

Masasabing lingguwistika ang pangunahin, kung hindi man kaisa-isa o bukod-tanging disiplina ng araling wika na kinilala at kinikilala ng akademikong sirkulo sa Pilipinas. Dulot na rin ito marahil ng pagkakataon na tanging ito ang epektibong pamamaraang ginamit ng mga Amerikanong sumakop sa Pilipinas para masuri ang mga wika at wikain dito. Kaiba sa mga paraan ng pagsusuri, o kakulangan at kawalan ng pagsusuri na ginawa ng mga paring Espanyol, epektibong naanalisa ng mga Amerikanong iskolar ang wika sa Pilipinas. Sa lingguwistikong pananalita nga lamang, nangangahulugan ang pag-aanalisa ng wika sa literal na pagtitilad-tilad ng mga elemento nito.<sup>216</sup> Ibayo pang mapapalawig ang impluwensiya ng lingguwistika sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga pensiyonadong Pilipino papunta sa ibang bansa para mag-aral o magpakadalubhasa sa anumang mapiling aralin. Kauna-unahang pensiyonado na nag-espesyalisa sa araling wika si Cecilio Lopez na nakatapos ng doktorado sa lingguwistika noong 1928 sa Hamburg, Germany.<sup>217</sup> Dahil umano kay Lopez, nagkaroon ng aktibong partisipasyon ang mga Pilipino sa pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas kung kaya “maraming kaalaman ang utang natin sa kaniya” (nasa Gonzales et al. 1978, 97). Magiging malaki at nag-iisa ang impluwensiya ni Lopez sa araling wika sa Pilipinas, karagdagan sa impluwensiya ng Surian ng Wikang Pambansa.<sup>218</sup>

Itinatag ang Surian ng Wikang Pambansa (SWP) alinsunod sa Batas Komonwelt 184 na ipinagtibay ni Manuel L. Quezon noong 13 Nobyembre 1936. Ang pangunahing layunin nito ay ang pumili ng katutubong wika na gagamiting batayan sa pagpapalaganap at pagpapatibay ng wikang pambansa ng Pilipinas. Malaki ang impluwensiya ng lingguwistika sa tunguhing ito ng SWP pangunahin dahil sa ang tungkuling iniatang sa pamunuan nito ay ang “pag-aralan ang mga wika sa Pilipinas at piliin ang isa sa mga ito upang maging batayan ng wikang pambansa” (Batnag, 1).<sup>219</sup> Gaya ng inaasahan, ang pangunahing naging batayan ng tungkuling ito ay ang pagsasakatuparan ng

<sup>216</sup> Naaalala ko na nakabasa ako ng isang artikulo nina Monico M. Atienza at Roberto Tangco sa Philippine Collegian, noong nag-aaral pa ako, kung saan prinoblematisa at binatikos nila ang katawatawang reduksiyon ng hindi iilang mga akademiko at lingguwista na: hindi maaaring maging wika ng analisis ang pambansang wikang Filipino. “Filipino Bilang Midyum ng Analisis” ang titulo ng nasabing artikulo na lumabas sa dalawang magkarugtong na isyu ng Philippine Collegian, noong unang semestre AT 1994-1995. May kopya rin ng artikulong ito sa antolohiya ng mga babasahing Constantino at Atienza (1996 257-266).

<sup>217</sup> Mula sa artikulo nina Casel, del Corro, at Cruz sa librong Gonzales at iba pa (1978, 95-102).

<sup>218</sup> Taong 1954 hanggang 1955 lamang magiging direktor ng SWP si Lopez. Samantala, sa pamamagitan ng Executive Order 117 noong taong 1987, pinalitan ang pangalan ng SWP tungong Institute of National Language o Linangan ng Wikang Pambansa.

<sup>219</sup> Ang unang direktor ng SWP ay si Jaime C. de Veyra.

paghahanda ng gramatika at bokabularyo ng wikang napili. Tanging sa isang gradwadong pananaliksik ni Maria Ela L. Atienza ng Departamento ng Agham Pampolitika marerealisa ang relatibong mababaw na batayang lingguwistika ng tunguhin at dahilan ng tunguhin ng araling wika sa Pilipinas noong mga panahong iyon. Isinisiwalat ng pananaliksik ni M. E. L. Atienza na noon pa ma'y nakabatay na sa tunggalian sa lipunan ang isa sa tuwina'y naging sensitibong usapin ng pagtukoy sa wikang gagamitin bilang batayan ng pambansang wika—na tatawaging Pilipino makaraan ang ilang taon. Marerealisa rin ang kahinaan ng lingguwistikang matugunan ang dahilan kung bakit dapat o hindi dapat ang isang wika na maging lunsaran ng pambansang wika dahil sa batayang dahilan na kuwantitatibo ang konsiderasyon ng pagsusuri nito. Hindi samakatwid sapat na naipamalas ang mga konsiderasyong sosyo-ekonomiko at iba pang kuwalitatibong konsiderasyon.

Sa tulong ng SWP, Tagalog ang iprinoklama ni Quezon noong 30 Disyembre 1937 bilang batayan ng wikang pambansa. Hindi pa man nahihilom ang mga sugat na nilikha ng ginawang iyon ng pamunuan ni Quezon, inilathala naman noong 1940 ang tinaguriang grammar ng pambansang wika na *Balarila ng Wikang Pambansa* ni Lope K. Santos at ang tadyang nito na *Tagalog-English Vocabulary*.<sup>220</sup> Kapuwa hinulma ang mga ito mula sa grammar ng Ingles at naaayon sa pamantayan ng lingguwistika. Hindi matatawaran ang kahusayan ng mga nasabing libro. Pero hindi rin matatawaran ang malinaw na tangka ng dalawang libro at ng pamunuang nagtulak para rito na gawing lehitimo ang kawastuhan ng Tagalog bilang pambansang wika. Pinakamalapit na marahil sa isang politikal na pagsusuri sa kalikasan ng wikang pambansa noong mga panahong iyon ang mungkahing pambansang wika nina Wenceslao Vinzon sa batay sa mga wika sa Pilipinas.

Hindi magbabago sa pangkalahatan ang gawain ng SWP. Lalo pang naging matindi ang impluwensiya ng lingguwistika rito nang maging direktor nito noong 1954 hanggang 1955 si Lope. Hindi rin nagbago ang ganitong oryentasyon kahit na ang maging direktor nito ay ang manunulat na si Jose Villa Panganiban. Kinikilala ang termino niya sa opisina sa pamamagitan ng pagkakatathala ng *English-Tagalog Dictionary* at mga pagsasalin at pananaliksik na hinihiling ng mga tanggapang pampamahalaan at pampribado (Batnag wp, 2).

Pinaniniwalaang lumakas ang tradisyon ng pag-aaral na lingguwistika sa Pilipinas nang itatag sa Pilipinas ang sangay ng Summer Institute of Linguistics

---

<sup>220</sup> Masusunod pa ang mga ito ng hindi mabilang na mga pag-aaral na batay sa lingguwistika. Magiging ikalawang direktor ng SWP si Santos mula 1941 hanggang 1946.



noong 1953. Organisasyon ito ng mga misyonerong Amerikano na, gaya ng mga prayle, nag-aaral ng mga wika sa Pilipinas na batay sa lingguwistika para sa misyon nila sa kanilang relihiyon. Samantala, makalipas ng mahigit dalawang dekada lamang masusundan si Lopez ng iba pang magagawaran ng iskolarsyip sa pag-aaral na lingguwistika sa ibang bansa. Kabilang dito sina Bonifacio Sibayan noong 1954, Ernesto Constantino noong 1955, Fe Otones noong 1958, at Cesar Hidalgo noong 1960 na halos lahat ay nakapag-aral sa Estados Unidos. Sila ang mga bubuo ng kalaunang mga intelektuwal at intelihensiyang magtatakda ng araling wika sa Pilipinas (nasa Gonzales et al. 1978, 98). Ang mga ito ang dahilan kung bakit walang-pag-aatubiling ipinahayag sa isang artikulo nina Leith Casel, Anicia del Corro, at Emelita Cruz ng noo'y Department of Linguistics and Asian Languages ng Unibersidad ng Pilipinas, sa tulong ng pananaliksik ni E. Constantino, na "ang lingguwistikang Pilipino ay naging karugtong lamang ng lingguwistikang Amerikano...ang Pilipinas tuloy ang naging laboratoryo ng mga modelo, teorya at paraang popular sa Amerika" (nasa Gonzales et al. 1978, 99).<sup>221</sup> Ebidente anila ito sa mga disertasyong tumatalakay sa mga wika na ginawa sa mga unibersidad sa Estados Unidos.<sup>222</sup> Dagdag pa nila:

di kukulangin sa 46 na ang nakatapos ng doktorado sa lingguwistikang Pilipino mula 1947 hangang 1977. 26 sa kanila ang Pilipino. Sa bilang na ito, 19 ang maliwanag na gumamit ng modelong Amerikano kagaya ng tagmemics ni Kenneth Pike, grammar na transpormasyunal ni Chomsky, analisis ni Robert Lado sa pagtuturo ng wika at ng hereratibong grammar sa semantika ni Wallace Chafe. Nang bumalik sa Pilipinas ang karamihan sa kanila, hindi lamang sila nanguna at namuno sa kani-kanilang departamento sa iba't ibang institusyon kung hindi naging impluwensiyal pa sila sa kanilang disiplina at sa mga larangang nangangailangan ng kanilang kagalingan. Sa pagdami ng mga lingguwistang Pilipino buhat 1959, umunlad ang pag-aaral na lingguwistika kahit na maka-Amerikano pa rin ang mga pamamaraan" (nasa Gonzales et al. 1978, 99-100).

Dahil sa ipinagpapalagay na establisado na ng mga aralin at babasahing nakabatay sa (Amerikanong) lingguwistika ang pagtukoy sa pambansang

---

<sup>221</sup> Ang binabanggit nila ritong pananaliksik ni E. Constantino ay ang "Tagalog and Other Major Languages in the Philippines" na inilathala sa *Current Trends in Linguistics* noong 1971.

<sup>222</sup> Batay anila ito sa pag-aaral ni Cecilia C. Pastrana noong 1977 sa asignaturang *History of Philippine Linguistics* (Ling. 302) pinamagatang "Doctoral Dissertations on Philippine Languages Done in American Universities: 1947-1976."

wika, hindi na kataka-taka kung bakit sa panahon na bago lamang ipataw at habang isinasakatuparan ang batas militar sa Pilipinas, ang halimbawa na ng pamahalaan ay ang paglinang sa pambansang wika. Alinsunod sa konstitusyong 1973, Artikulo 9, Seksyon 3 (2), “ang Batasang Pambansa ay dapat na gumawa ng mga hakbang tungo sa paglinang at pormal na pag-angkin ng isang panlahat na wikang pambansa, na makikilalang Filipino.” Samantala, hindi rin kataka-taka kung bakit walang sapat na modelong lingguwistika noong mga panahong iyon ang makapagpaliwanag o sapat na makapagpakalma sa mga pagtatalo tungkol sa depenisyong ng “Filipino.” Sa mga panahong 1970 hanggang 1987, sa pamumuno ng manunulat, abogado at lingguwistang si Ponciano B.P. Pineda, naging preokupasyon ng SWP ang: (1) pagpapalaganap ng wika sa mga tanggapanang pampamahalaan; (2) pagsasagawa ng mga sosyolingguwistikong pananaliksik; (3) estandardisasyon at intelektuwalisasyon ng wikang pambansa; (4) pagbunsod ng edukasyong bilingguwal; at (5) paglathala ng mga panitikan at pagsasalang-wika (Batnag wp, 6). Bilang tagapagsaliksik ng politika ng wika, pangunahing naging interes ko sa mga ito ang ikalawang bilang sa naging mga gawain ng SWP. Maaaring mabasa ang detalye ng mga pag-aaral na ito ng SWP sa librong *SWP Sociolinguistic Researches* (Surian ng Wikang Pambansa 1987) na kinabibilangan ng anim hanggang siyam na mga pag-aaral. At tulad ng mga limitasyong inilinya ko sa tsapter 2 hinggil sa sosyolingguwistika, mapapansing salat sa pagsusuring panlipunan at lalong salat ang mga ito sa pagsusuring makauri habang ipinagmamalaki ang kanilang paglalangutngot sa numero, maliban na lamang sa kaisa-isa. Mahalagang pag-aaral iyong pinamagatang “Wika at Sosyo-Ekonomikong Pag-unlad ng Kanayunan” na umano’y naglalayong suriin kung papaanong ang persepsiyon sa wika at paggamit ng wika ay maiuugnay sa sosyo-ekonomikong pag-unlad. Gayumpaman, kulang ito sa progresibong pagsusuring gaya ng maaasahan mula sa isang proyekto at institusyong pang-estadong gumagamit ng kuwalitatibong pamantayan (sarbey). Bukod sa hindi nito iniuugat ang papel at lugar ng wika sa tunggalian sa lipunan, walang sapat na pagpapaliwanag o pag-iimplikasyon hinggil sa mga napagtanto nilang kaalaman hinggil sa paggamit ng wika ng mga Pilipino. Mas masahol pa, ang mga pag-aaral na gaya nito ang dahilan kung bakit napapaliit ang wikang pambansa bilang isa sa mga instrumento ng estado at ng naghaharing-uri para mapanatili ang kanilang dominasyon: “Lumilitaw sa pag-aaral na higit na ginagamit ng mga respondent ang Pilipino kaysa sa Ingles sa sumusunod: pagpapalaganap ng balita, pagsasaka, pangingsda, paghahayupan, paggugubat.” Ito na nga

mismo ang dahilan kung bakit Pilipino ang wikang inendoso ni Marcos hindi lamang sa pamamagitan ng batas at konstitusyon, kundi maging sa personal niyang mga talumpati.<sup>223</sup>

Mariin akong naniniwala na ang mga konsiderasyon sa itaas ang dahilan kung bakit, kahit hanggang sa kasalukuyan, may pagtatangka pa ring kuwalitatibong ipaliwanag ang kaangkupan ng wikang Filipino bilang wikang pambansa sa pamamagitan ng lubhang depensibong kilos na kaya pambansa ito ay dahil sa marami sa mga salita sa mga wika sa Pilipinas, na ipinapasok sa “diksiyonaryo” ng wikang Filipino, ay nagmula sa iisang nukleyus. Hindi ko alam kung ano ang mas nakatutuwa, ang magbilang kung ilang salita ang magkahalintulad sa buong Pilipinas, o ang magpakababa sa walang katapusang pagpapaliwanag sa dapat ay hindi na kinikuwestiyong papel ng Filipino bilang pambansang wika—ito naman ay kung sa simula’t simula pa lamang ay mayroon nang mga nakapaggiit sa paglulugar ng wika at ng araling wika sa batayang usapin ng tunggalian sa lipunan. Kahit na anong numero ang maabot, kahit na ilang libong salita ang maipasok sa diksiyonaryo at “pangarap na diksiyonaryo” ng wikang Filipino, kahit mabuo, sa wakas, ang grammar ng wikang Filipino, mananatili ang suliranin hangga’t hindi natutugunan ang salalayang suliraning dulot ng malapiyudal at malakolonyal na sistema sa Pilipinas at mga kaakibat nitong epekto hindi lamang sa wika, kundi maging sa araling wika.

## **Pauna sa Susunod na Kabanata**

Dahil sa malinaw na ring nailatag ang mga praktikal na batayan ng mga teoretikal na pagtalakay hinggil sa politika ng wika at ng araling wika, sa puntong ito ay mahalaga namang ibalik ang teorya sa praktika sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga espisikong pangyayari sa kasaysayan ng bansa na may pagpapartikularisa sa larangan ng wika. Partikular na tatalakayin sa susunod na kabanata ang lugar ng wika at araling wika sa kaso at sa ilalim ng rehimeng batas militar ng pamunuang US-Marcos. Partikular na pinili ang panahong ito, hindi lamang dahil sa kakontemporaneo nito ang pag-unlad ng araling wika at pag-usbong ng mga progresibong paraan ng araling wika, kundi dahil din sa panahong iyon pinakahayag na ipinamalas ng estado ang pasistang pamumuno nito. At una na sa mga mabubuong katanungan ay kung paano ginamit ng estado ang wika, partikular ang makauring jargon, sa pagpapanatili ng kapangyarihan at pagpapatindi ng pasismo.

<sup>223</sup> Sumangguni sa Apendiks I-2 para sa kopya ng mga ito.

Kinapapalooban ang susunod na tsapter ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi, na kinapapalooban ng unang termino sa pagkapangulo ni Marcos, ay nagsisilbing introduksiyon o paunang pagpapakilala ng signipikasyon ng pasistang pamahalaan. Panahon iyon kung kailan hindi pa tigib ang konstelasyon ng mga salita't neolohismong nag-uugnay sa wika at pasismo. Malaki ang impluwensiya ng obhetibong kondisyon ng panahong iyon kaya wala pang malinaw na kawing ang wika at pasismo. Noong panahong iyon kasi ay hindi pa kasinghalaga o kasimbigat ang pangangailangan ng sagadsaring pasista at makauring jargon kumpara sa pagsisimula ng ikalawang termino (dekada sitenta) at sa mismong panahon ng batas militar. Gayumpaman, titindi ang antas at anyo ng pagkaabalá ng pamahalaan sa makauring paggamit ng wika at semyotika lalo na bago magtapos ang unang termino ni Marcos at sa panahon ng pangangampanya para sa sumunod na termino. Hinggil naman sa mga krusyal na panahon sa pagitan ng Enero 1970 at Setyembre 1972 ang sumunod na bahagi. Mahalaga ang relatibong maikling panahong ito dahil ito ang nagsilbing preparasyon sa malawakang pagbabago sa kalidad ng balanse ng kapangyarihan at sa gayo'y pagtindi ng krisis at paglinaw sa mga kontradiksiyong panlipunan. Nakasentro naman ang ikatlong bahagi sa mismong panahon ng batas militar hanggang sa seremonyal na pagtanggap nito noong 1981. Lilinawin din sa huling tsapter na ito ang mga kahulugan at katangian ng pasistang pamumuno kaalinsabay sa pagtalakay sa kawing at bisa ng wika sa kaisipang ito. Kaugnay nito, ipapauna kong mapapansing tumitindi, sa loob ng tatlong bahaging nakabase sa mga espisipikong panahon, ang gamit ng makauring jargon at iba pang sistemang semyotiko depende sa tindi ng pangangailangan ng makauring tunguhin. Pinapauna ko na rin na bagaman hanggang 1981 lamang ang pag-aaral ay hindi naman nangangahulugan na sa praktika ay tinapos din ang pasistang pamahalaan at signipikasyon, tulad ng batid na ng nakararami.



# VI

## POLITIKA NG WIKA AT ARALING WIKA SA KASO NG REHIMENG BATAS MILITAR<sup>224</sup>

**N**aging lubhang makapangyarihan ang pamahalaan noong ipataw ang batas militar sa Pilipinas, dagdag pa sa kapangyarihan ng estado bago pa man isakatuparan ito. Kabilang sa mga makapangyarihang represibong aparato ng estado ang militar, mga politiko, hudikatura (partikular ang korte suprema), ekonomikong kapangyarihan at mga kroni, at ang umaalinsabay na suportang litaw (overt) at patago (covert) ng Estados Unidos (US). Samantala, ang militar ang naging pangunahing lokal na kapangyarihan ng rehimen na nauna nang nakinabang nang malaki sa pagkakaluklok ni Marcos sa pamamagitan ng mga dagdag na sahod at paglaki ng badyet na minsá'y umabot nang halos kalahati ng kaban ng bayan. Samantala, katulad ng mga katuwang na opisyal sa militar, nailuklok din sa posisyon ng kapangyarihan noong dekada singkuwenta at sisenta ang mga kaibigan ni Marcos. Sila ang mga itinuring na *bagong tao* sa kasaysayan ng politika sa Pilipinas (Magno 1998, 123-124). Nagmula sila sa gitnang-uri ng mga propesyonal at civil servant, para umano mahalinhang ang mga lumang mayayaman at tradisyonal nang nagdodomina sa politikang Pilipino (Magno 1998, 123-124). Karamihan sa mga bagong taong ito ay makakabilang din sa isang bagong grupo ng mga impluwensiyal na mangangalakal na magpapayaman sa pamamagitan ng mga pautang na ginagarantiyahan ng pamahalaan (behest loan). Nagtutulungan (symbiotic) ang ugnayan ng mga ito sa pagpapanatili ng panlipunang kalakaran (status quo). Isa-isa ring naluklok ang mga mahistrado at huwes na nakikisimpatya kay Marcos na magiging konsistente naman sa pagbibigay ng batayang konstitusyonal at hudisyal sa mga kahina-hinalang kautusan at pagkilos ng estado, lalo na ang pagdedeklara ng batas militar sa kalaunan. Sa kabila ng lahat na ito, ang US

<sup>224</sup> Bahagi ng kabanatang ito ay nailathala sa Campoamor 2007.

ay nagkibit-balikat lamang, dahil wala namang ibang inintindi ito kundi ang mga base militar at ang mga pang-ekonomiyang interes nito sa bansa na suportado pa ng programang dekontrol at iba pang paborableng programa't kondisyon para sa pananatili ng mga ito sa Pilipinas, na ipinagpatuloy lamang, kung hindi man pinataas ang kalidad, ni Marcos matapos ang iba pang mga pangulo ng bansa. Ipinatupad din ng pamahalaan ang mga patakarang idinikta ng International Monetary Fund (IMF) na gaya ng "floating exchange rate," "price control," at "credit restraint."<sup>225</sup>

Malaki ang naitulong ng makauring wika para maibsan ang poot at pasakit na dulot ng makapangyarihang pamahalaan. Malaki rin ang bahaging ginampanan ng iba't ibang sistemang semyotiko sa puntong ito—pangunahin na rito ang diskurso ng mga impraestruktura. Hinggil sa huli, hindi naman mababansagan sina Marcos, lalo na si Imelda, na mayroong *edifice complex* kung hindi nila naipatayo ang lubhang mamahaling Cultural Center of the Philippines (CCP), Philippine International Convention Center (PICC), Heart Center, International Film Center, San Juanico Bridge, Philippine Plaza Hotel at iba pa. Hindi ito bago kay Marcos dahil ginamit din niya ang diskurso ng impraestruktura para sa kampanya niya sa halalan para sa pangalawa niyang termino bilang pangulo. Ang propaganda niya ay *rice, roads, and school buildings* samantalang ang tema ng kampanyang iyon ay *PERFORMANCE*. Tunay namang nalampasan ng performance ni Marcos ang mga nagawang impraestruktura ng hinalinhan niyang pangulo na si Macapagal. Ang pitumpung kilometrong kalsadang naipagawa ni Macapagal ay mahigit isang libong kilometrong sementadong kalsada sa panahon ng unang termino (lamang) ni Marcos. Pinaniniwalaan pa ngang mas maraming naipagawang kalsada si Marcos sa pinagsama-samang 400 taon ng pamumuno ng mga Espanyol, kalahating siglo ng mga Amerikano, at 19 na taon na republika (Magno 1998, 128) o sa kabuuang humigit-kumulang na apat at kalahating siglo. Umabot sa 90,000 na silid-aralan naman ang naipatayo, kumpara sa 400 noong panahon ng pamumuno ni Macapagal. Diskurso ang impraestruktura dahil ilusyon lamang ang kaunlarang nais nitong ipahatid kung wala namang

---

<sup>225</sup> Mula sa manipesto ng Kabataang Makabayan na pinamagatang "Ibunsod Ang Malawakang Pakikibaka Laban Sa Imperyalismong Amerikano, Katutubong Piyudalismo, At Burukrata-Kapitalismo!" 17 Marso 1970. Nasa apendiks ang buong teksto. Ayon sa manipesto, ang "floating exchange rate" ay nagpababa sa halaga ng piso na umaabot ngayon ng P6.00 sa \$1.00; at dahilan sa ang mga pagawaan ay labis na umaasa sa mga makinarya at kagamitang inaangkat mula sa Estados Unidos ang halaga ng mga bilihin ay natural lamang na tumaas sapagka't ipinabalik ng mga kapitalista ang dagdag nilang gastos sa masa. Ang "price control" ang pumipigil ngayon sa mga kapitalista upang itaas ang halaga ng ilan sa kanilang paninda kaya't napipilitan silang ibaba ang suweldo ng mga manggagawa o magtanggap ng mga manggagawa. Ang "credit restraint" ay pumipigil sa kanila upang mangutang ng malalaking halaga kaya't kinakailangang bawasan nila ang produksiyon at magtanggap ng mga manggagawa.

sumusuportang batayang industriya para pondohan at suplayan ang mga ito. Kung kaya, sa unang termino ni Marcos, 72 porsiyento na mas mataas ang taunang depisito sa pangangalakal, kumpara sa termino ni Macapagal. Dagdag pa, ang mga probinsiya lang naman ng Ilokos at Leyte ang tunay na nabiyayaan ng impraestruktura.<sup>226</sup>

Kaalinsabay ng impraestruktura ang makapangyarihang impluwensiya ng tinaguriang *manipuladong prensa* (Pineda-Ofreneo 1986). *Development Press* naman ang pagpapatanggap (euphemism) ng pamahalaan para rito. Pinilit ang mga manunulat, maging ang mga potograpo, sa pamamagitan ng estriktong gabay sa pelikula, telebisyon, at pahayagan, na ipakita o ilathala lamang ang masasaya at makukulay na pangyayari samantalang ikinukubli ang kahirapan ng Pilipinas.<sup>227</sup> Ang mga lumabag dito’y sinasampalan ng mga multimilyong asunto, pagkakakulong, tortyur, kung hindi man pagpatay (Guillermo 1989, 202). Sinusugan at nalelehitima ng binansagang *thought control* ang mga establisadong aparato ng estado. Dagdag pa rito ang iba’t ibang opisina ng pamahalaan na may kani-kaniyang tungkulin sa pagpopropaganda sa pamahalaan.

Gayumpaman, ang aparato at sistemang seymotiko ng militar, politiko, mga hukuman at sistemang hukuman, ekonomiya, imperyalismo, at maging ng impraestruktura at pamamahayag ay sumasalalay pa rin sa mga praktika ng wika. Kung tutuusin pa nga, wika ang pinakaimportanteng senyas o sistemang seymotiko sa lipunan, dahil sa lubos itong kinapapalooban ng mga kumbensiyonal na kahulugan (ayon kay Fowler; nasa Van Dijk 1985, 64) bukod pa sa realidad na pinaglilingkuran nito ang sinuman, anuman ang grupo o uri, sa ideal o idealistiko mang lipunan.

## Makauring Signipikasyon

Noong 9 Nobyembre 1965 unang nahalal si Ferdinand Edralin Marcos ng Nacionalista Party (NP) bilang pinakamakapangyarihang lokal na indibidwal sa bansang Pilipinas. Ginamit niya bilang ningas at gasolina para manalo sa pambansang halalan sa pagkapangulo ang islogan na “This nation can be

<sup>226</sup> Ang probinsiya ng mga kalaban sa politika ni Marcos ay naiwanan na sa pagtatayo ng impraestruktura at nanatiling atrasado ang produktibidad: Batangas ng mga Laurel, Cebu ng mga Osmeña, Iloilo ng mga Lopez, Capiz ng mga Roxas ng Liberal Party (nasa Magno 1998, 173).

<sup>227</sup> Itinago din ang mga imahe ng kahirapan sa pagdaraos ng Miss Universe Pageant (21 Hulyo 1974) at ng pulong ng mga gobernador ng IMF-World Bank (Oktubre 1976) sa Pilipinas. Maaari namang matunghayan ang estriktong kodigo sa pamamahayag sa manuskrito ng Media Advisory Council na may pamagat na “Policies, Objectives, Organizational Set-up, Code of Ethical Conduct, Guidelines, Rules and Regulations for Mass Media” (Media Advisory Council W.p.). May kopya nito ang Filipiniana section ng UP Diliman Main Library.



great again” (magiging dakilang muli ang bayang ito). Minulto ang kalaban niyang si Diosdado Macapagal ng Liberal Party (LP), na tumakbo noon para sa ikalawang termino sa opisina, ng mga kapalpakan at kontrobersiya sa panahon ng pamumuno niya (1961-1965). Kabilang na rito ang isa sa pinakamalaking kontrobersiya at pagkasangkot na naganap sa bisperas ng halalan at may kinalaman sa dayuhang mangangalakal na si Harry Stonehill.<sup>228</sup> Ang kasong ito ang itinuturing na pinakamabigat na pasanin ni Macapagal noong eleksiyon ng 1965 lalo pa’t matagal na niyang ipinamumukha na ang administrasyon niya ay malinis at tapat. Napabigat pa ang situwasyon dahil sa *economic decontrol program*, o programang pang-ekonomiya na inestablisa ni Macapagal noong nagsisimula pa lamang siyang maging pangulo. Dahil sa programang ito, natanggal ang mga estriktong regulasyon ng pamahalaan sa mga dayuhang mangangalakal.<sup>229</sup> Samakatwid, sa tulong ng programang dekontrol, nanumbalik sa mga dayuhan ang pabor ng pangangalakal. Dagdag dito, nakatulong pa kay Stonehill ang naturang programa sa pagsabotahe niya ng ekonomiya ng bansa.<sup>230</sup> Samantala, nasa kabilang dulo naman ng mga pagpipiliang presidente si Marcos, ang pinakamahigpit na kalaban ni Macapagal. Isang batang-bata at kasumpa-sumpang personahe si Marcos sa konteksto ng relatibo nitong maagang politikal na pag-iral.

Nagsimulang ganap ang politikal na karera ni Marcos ilang taon matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. Hindi bago sa kaniya ang larangan ng politika dahil malaon na siyang nababad sa buhay-politika dahil na rin sa ang ama niyang si Mariano Marcos ay isa sa mga pinaka-impluwensiyal at pinakamakapangyarihang politiko sa Ilocos Norte. Ang ama rin niya ang umano’y nagturo sa kaniya ng mga wastong pamamaraan ng pakikidigma sa magulong pasikot-sikot ng politika. Kay Mariano nanggaling ang mga katagang “Don’t start a fight until you know you can win” (huwag magsimula ng away maliban lang kung alam mong mananaig ka) na mga katagang, ayon na rin mismo kay Marcos, ay hindi niya makalilimutan. Noong 1949, sa edad na 32, naging konggresista si Marcos sa Ilocos Norte sa ilalim ng Liberal Party. Makatapos ng ilang termino, naging senador naman siya noong 1959.

---

<sup>228</sup> May-ari ng US Tobacco Corporation na kinasuhan ng economic sabotage at pagkalao’y dineport sa ilalim ng administrasyong Macapagal.

<sup>229</sup> Matatandaang sinimulan o pinatindi ang mga estriktong regulasyon sa kalakal, relatibo sa mga dayuhan sa ilalim ng pamumuno ni Garcia (NP) sa pamamagitan ng Filipino First Policy. Proteksiyonista sa mga lokal na kalakal ang nasabing polisiya bukod pa sa nagpapataw ng mabigat na taripa sa mga dahuhang produkto (state-led growth).

<sup>230</sup> Kapansin-pansin na ni-minsan ay hindi naman ginamit ng pamahalaan sa ilalim ni Marcos ang terminong “dekontrol” bagaman ang mga nilalaman nito ay patuloy na sinunod o isinakatuparan.

Hindi kalabisan kung sasabihing bagaman hindi patigib ang konstelasyon ng mga salita't neolohismong nag-uugnay sa wika at pasismo, nagsilbing lugar ng pagsasanay kung hindi man lugar ng pagbibihasa ang pangangampanya sa halalang 1965 sa paggamit ni Marcos at ng mapagsamantalang uri ng wika at semyotika<sup>231</sup> para sa makauri nilang interes. Tulad ng mga nauna at susunod na mga politiko, sa loob at labas ng Pilipinas, malaki ang papel na ginampanan at ginagampanan ng wika at semyotika sa larangan ng politika.<sup>232</sup>

Pinaniniwalaang sakabilang tila napakahusay na estratehiya at makinarya ni Macapagal sa halalan, tinalo pa rin siya ng estratehiya at makinarya ni Marcos.<sup>233</sup> Kumon na kaalaman na maging noon pa mang senador si Marcos ay isa-isa na nitong pinalilitaw ang mga medalyang umano'y inani niya noong naging tenyente siya sa panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig. Batay sa mga ipinalabas na sinumpaang pahayag (affidavit) ni Marcos, umaabot sa mula 27 hanggang 33 umano ang medalyang iginawad sa kaniya noong panahon ng digmaan, bagaman karamihan sa mga ito ay nagsulputan lamang noong naging tagapangulo siya ng Senado (1961).<sup>234</sup> Malaki ang naitulong ng kasulatan o ng mismong mga medalyang ito kay Marcos noong 1965.<sup>235</sup> Sa kalaunan pa kasi marerealisa ng nakararami na imposibleng totoo ang mga medalya dahil karamihan sa mga ito ay nangailangan ng anuman sa dalawa: una, ng katangi-tangi/ ekstraordinaryong lakas mula kay Marcos; pangalawa, ng abilidad nitong tumungo sa dalawang magkaibang lugar sa

---

<sup>231</sup> Uulitin ko rito, bilang pagdirin, ang binaggit ko sa naunang bahagi hinggil sa pag-iiba sa propaganda at wika: Sesentro sana sa propaganda lamang ang pokus ng pagsusuri ng pananaliksik na ito. Gayon nga lamang, naniniwala ako, na isang malamyang proposisyon ang propaganda lalo na kung ang oryentasyon ng pag-aaral ay nakakiling sa isang progresibong pagsusuri ng wika. Dagdag pa, mayroong tendensiya na maging biktima ng reduksyonismong popular at tribyal ang pagsusuri ng propaganda, dahil na rin sa inilulugar sa politikal na kapaligiran ang popular na anyo o kultura. Samakatwid, ayaw kong makilala at malimita ang pananaliksik na ito bilang isang pagsusuri ng propaganda. Kilala man sa pagiging popular na anyo ng teksto, hindi naman din malinaw ang hangganan ng saklaw nito dahil maaaring sabihin na kahit ang isang buong libro ay propaganda rin—gaya ng libro ni Marcos na *Iginuhit ng Tadhana o Rendezvous with Destiny*. Mas masaklaw, mas tiyak, at mas wasto, samakatwid, bilang pokus ng pag-aaral ang wika, at sa mas partikular na pananalita, ang mga salita at ekspresyon ng makauring jargon ng wika sa Pilipinas.

<sup>232</sup> Kadalasan ay pagalingan na lamang ng makinarya at pamamaraan—maaaring sa pamamagitan ng pagpapaganda ng sariling imahe o kaya nama'y sa pagpapasama ng imahe ng kalaban o pagtatapon ng dumi at putik sa kalaban (mud slinging)—ang nagaganap.

<sup>233</sup> Ito ay sa kabila ng pangyayari na ang press secretary at pangunahing propagandista ni Macapagal na si Rafael Hechanova ay isang advertising executive bago lumahok sa gabinete ni Macapagal (Roces at Roces 1992, 22).

<sup>234</sup> Si Audie Murphey, na itinuturing na pinakapinarangalang sundalo ng US, ay ginawaran lamang ng kabuuang 27 medalya.

<sup>235</sup> Tignan ang apendiks II-1 at II-2 para sa retrato ng 27-taong gulang na si Marcos noong digmaan at retrato ng ilan sa 27 hanggang 33 medalyang inani niya. Wala pa umano sa mga medalyang ito ang Medal of Valor na pinakamataas na uri ng medalyang iginagawad ng Pilipinas sa isang sundalo. Pansinin din ang pinakamalaking medalya sa gitna na may katagang "American Defense," na tila paghihiwatig ng magiging kalakaran ng pamumuno ni Marcos at pakikipag-ugnayan niya sa Estados Unidos mula 1965 hanggang sa ganap na humiwalay ang Estados Unidos dito noong 1986. Ang mga retratong ito ay lumabas sa inilathalang talambuhay ni Marcos na *For Every Tear a Victory* at iba pang materyal na propagandang gaya ng *Marcos of the Philippines* (Bureau of National and Foreign Information 1975, 51, 60-61).

iisang panahon.<sup>236</sup> Nasapol ng dalawang magkaugnay na semyotikang ito ang sentimyento ng nakararaming Pilipino sa konteksto ng piyudal pa ring sistema, lalo na sa kanayunan at sa realidad ng metapisikal na interpretasyon pa rin sa kapaligiran. Panahon din iyon ng matinding krisis<sup>237</sup> ng bayan kung kaya kinakailangan noon ng isang “bayaning” magsasalba rito, pero, dahil sa matinding krisis, kinakailangang maging “ekstraordinaryo” ang bayaning ito.<sup>238</sup>

Dahil sa hihintayin pa ni Marcos ang panahon ng batas militar para maestablisa ang National Media Production Center at iba pang establisimyentong ideolohikal, na magsisilbing sandigan ng nakalimbag na propaganda, kinailangan niya noong 1965 na magkomisyon ng isang talambuhay na makatutulong sa pagluluklok sa kaniya sa pagkapangulo. Itinuring na opisyal na talambuhay ni Marcos ang librong *For Every Tear A Victory* na sinulat ni Hartzell Spence (1964).<sup>239</sup> Nakasaad sa dedikasyon nito na “...kung ipinanganak siyang puti ang balat sa lupain ng Amerika at hindi balat-kayumanggi sa Amerikanong Pilipinas, mapapabilang (siya) sa mga pinakadakilang bayani ng Amerika.” Kasabayan ng, kung hindi man malay na sagot o panabla sa, talambuhay na ito ang talambuhay naman ni Macapagal na pinamagatang *Macapagal: The Incorruptible* (Reynolds 1965). Sa kasaysayan ng bansa, tanging sa panahong ito lamang malawakang ginamit ang talambuhay bilang panitikan ng pagbubuhay ng sariling bangko at sa magkabilang-panig pa ng politikal na larangan. Higit pa rito, parehong panig ang nagpalabas pa ng kani-kanilang pelikulang bersiyon ng talambuhay.

<sup>236</sup> Dito na magsisimula ang iba’t ibang haka-haka hinggil sa kakaibang kakayahan ni Marcos. Isa sa mga pinakatanyag na paliwanag ay ang umano’y pagkakabigay ni Gregorio Aglipay kay Marcos ng anting-anting na ginamit ng huli sa pakikipaglaban sa giyera, at marahil, sa mga susunod pa nitong pakikipaglaban.

<sup>237</sup> Halimbawa, dahil sa programang dekontrol ng pamahalaan, kinailangang ibaba ang halaga ng piso. Dahil dito, lubhang tumaas ang mga presyo ng bilihin (cf. Magno 1998: 33).

<sup>238</sup> Binigyan ni Magno ng espesyal na konsiderasyon ang pagsabog ng bulkung Taal noong 28 Setyembre 1965 bilang kondisyon ng panahong iyon na naging impluwensiyal sa politikal na kaganapan. Dalawanlibong (2,000) tao ang namatay at milyong pisong ari-arian ang nasira (Magno 1998). Kaugnay ng kaisipang ito, malaon na ang kasaysayan ng Pilipinas at ng buong mundo sa paghahanap ng mapagbabalingang entidad mula sa mga katangi-tanging nilalang hanggang sa mga superhero. Matapos ang dalawang malalaking digmaang pandaigdig, lalo na matapos ang ikalawa na lubhang mapaminsala, sumikat ang mga komiks—pinakasikat ng midyum sa Pilipinas hanggang noong maagang mga taong nobenta—na nagpakilala ng mga superhero na gaya nina Captain America, Incredible Hulk, Superman at Superfriends, at marami pang iba. Sa Pilipinas naman, bukod sa mga dayuhang superhero, nilikha din sina Panday, Captain Barbel, at Darna. Ang ideang ito ay mula sa Roxas at Arevalo na *A History of Komiks* (1985). Gayumpaman, tulad ng kinokumpirma ng mga epiko natin, mahihinuhang mahaba na rin ang kasaysayan ng mga katangi-tangi/ekstraordinaryong nilalang (na hindi diyos). Dagdag pa, sa isang kartun na makikita sa isang isyu ng *Ulos* (Ulusin ng Pluma at Pinsel ang Kaaway), ginamit ang imahe ni Captain America para ipakita ang pakikialam ng Amerika (mukha ni Nixon ang nasa likuran ng maskara ni Captain America) sa usapin ng Pilipinas (tignan ang Roces at Roces 1992, 78).

<sup>239</sup> Gaya ng “Don’t start a fight until you know you can win,” minutawi naman ng ina ni Marcos ang mga wikang “for every tear a victory” (tagumpay sa bawat luha) nang mamatay ang kaniyang ama sa pakikipaglaban sa mga Hapon. Pero ayon kay Mijares (1976), kolaborador ang ama ni Marcos na naging sanhi ng pagkamatay nito. Sa kabila nito’y walang-tigil na iginiit ni Marcos na dapat na ituring na bayani ang ama niya.

Ipinalabas ni Marcos ang pelikulang *Iginuhit ng Tadhana* na iprinodyus ng 777 Film Productions na pag-aari ng pamilyang Maceda. Kinatanghalan ito nina Luis Gonzales (Marcos) at Gloria Romero (Imelda) at dinirehe nina Jose de Villa, Mar Torres, at Conrado Conde ng Sampaguita-Vera Perez Studios (Conde). Sinagot naman ito ng pelikula ni Macapagal na pinamagatang *Tagumpay ng Mahirap*. Dinirehe naman ito nina Lamberto Avellana, Eddie Romero, at Gerardo de Leon at kinatampukan nina Butch Josue (batang Diosdado) at Robert Arevalo (matandang Diosdado) (Avellana 1965). Kapansin-pansin ang paggamit ng dalawang kandidato sa mga terminong malapit kung hindi man kasingkahulugan at signipikasyon ng masang Pilipino. Ipinagtagumpay ni Macapagal ang subhetibo niyang pagturing sa mga dahilan kung paano siya umunlad, yumaman, umahon, at bumangon mula sa pagiging mahirap na mekaniko habang tila iminumungkahi na sa pamamagitan niya’y mahikal na mapauunlad, mapayayaman, paaahunin, at ibabangon ang bansa.<sup>240</sup>

Samantala, marahil dahil na rin sa pag-iwas ni Marcos at ng mapagsamantalang uri sa romantisadong nosyon ng pag-ahon mula sa kahirapan, mas pinili nilang gamitin ang *tadhana* bilang terminong makasasapat sa makauring tunguhin nila. Pinagsamantalahan nila ang lubos na metapisikal at konserbatibong dalumat na ito na ano pa’t bahagi rin ng damdamin at kalinangan ng nakararami, batay man sa pangunahing relihiyon o sa katutubo’t piyudal na kalinangan. Isang sipi ang magandang ipasok sa pagkakataong ito. Ayon sa isang sikat na pahayag ng Amerikanong peryodista na si Ambrose Bierce (1842-1914), ang *tadhana* ay “awtoridad ng mapaniil na pinuno para sa krimen at katuwiran (naman) ng hangal sa (kaniyang) kabiguan.” Tunay nga namang ginamit ng mapagsamantalang uri, maging sa katagalan ng batas militar, ang dalumat ng *tadhana* para gawing lehitimo ang mga krimen nito sa bansa. Gagamitin din nila ang terminong ito bilang pamagat ng serye ng pangkasaysayang libro na sinulat (o kinomisyon) ni Marcos. Sa isang bolyum nito, sinabi ni Marcos na “Pinili ko ang *Tadhana* bilang pamagat ng kasaysayang ito dahil naniniwala ako na ang kuwento ng mga tao ay hindi lamang pamana kundi isang *tadhana*; kondisyon at tunguhin nila ito, nakaraan nilang nagpapabatid sa kinabukasan.”<sup>241</sup>

<sup>240</sup> Kung sa bagay, mukhang epektibo pa rin ang makauring jargon na ito hanggang sa kasalukuyan. Sa isang pambansang eleksiyon, ginamit ni Manuel Villar ang mga katagang “ST” o “Sikap at Tiyaga, Sipag at Talino” para maipakita ang pag-ahon niya sa kahirapan at para ipamukha na kung magiging senador siya ay makatutulong siya nang malaki sa bansa.

<sup>241</sup> Nasa Vol 2 Part 1 ng *Tadhana*: viii. Kung tutuusin, makailang beses na ginamit ni Marcos ang terminong ito habang kabalintunaang ipinagmamalaki niya ang walang-humpay niyang pagbabaka sa estagnasyon o kawalan ng pagbabago—o ang walang-humpay niyang pagsusulong naman, sa kabilang banda, ng mga pagbabago.

Sa kabila nito, tigib din ng sariling romantisadong intonasyon ang buhay ni Marcos, gaya ng madalas na maririnig sa kampo niya noong eleksiyon ng 1965. Matatandaang noong 1939, pinatawan si Marcos ng kasong pagpaslang sa Laoag. Diumano’y pinatay ni Marcos si Julio Nalundasdan, na politikal na kaaway ng ama niya. Tinalo pa ni Nalundasan si Mariano sa lokal na eleksiyon noong 1935. Matapos ang ilang araw ay binaril si Nalundasan habang nagsesepilyo ito sa kusina ng bahay niya. Dahil sa motibong politikal at dahil sa katotohanang kilalang asintado si Marcos sa ROTC sa Unibersidad ng Pilipinas (UP), malaki at kapani-paniwala ang ebidensiya na siya ang pumatay kay Nalundasan. Naganap ang pag-aresto kay Marcos habang tinatapos nito ang kaniyang kursong abogasya sa UP. Ngunit sa kabila nito, nakakuha ng pinakamataas na marka si Marcos sa bar at kinailangan pa ngang pababaan ang marka niya dahil ayon sa mga hukom na nakakita ng eksamen ay imposible itong makamit ng sinuman. Bukod sa tagumpay na ito sa kabila ng pagluha, dinipensahan ni Marcos ang sarili niya dahil minabuti niyang huwag nang kumuha ng ibang abogadong magdedepensa sa kaniya. Sa kalauna’y naipanalo niya ang kaso at siya ay napawalang-sala.<sup>242</sup> Bagaman walang direktang ugnay ang kaganapang ito sa kasalukuyang pananaliksik, malaki ang ugnay nito sa pagkakaangkop at pagkakahulma ni Marcos sa formula ng popular na kalinangan ng mga Pilipino. Hindi na bago ang idea ng “mabuti ang inaapi” at “maganda pa ang daigdig” bilang dalawa sa apat na pormula ng pelikulang Pilipino na dinalumat ni Nicanor Tiongson (1977). Ang dalawa pa ay ang “maganda ang maputi” at “mabuti ang may palabas” na pareho namang isasakatuparan ni Imelda. Susing salita rito ang dalumat ni Imelda ng *kagandahan* at ang idea naman ng *edifice complex*.

Isa naman sa pinakaepektibong paraan ng naghaharing uri sa pagkakatagumpay sa eleksiyong 1965 ang signipikasyon at praktikal na implikasyon ng kasal ni Marcos kay Imelda Romualdez noong konggresista pa lamang siya noong 1954. Bukod sa pagiging beauty queen ni Imelda,<sup>243</sup>

---

<sup>242</sup> Si Jose P. Laurel ang punong husgado na ayon sa hindi iilang awtor ay nagkumbinsi sa mga kapuwa hukom ng korte suprema na pawalang-sala si Marcos. Ayon sa mga awtor, naisip ni Laurel na malaking kawalan kung makukulong lamang ang napakagaling na nilalang gaya ni Marcos. Isa pa, aniya, halos pareho ang karanasan nila ni Marcos, umano’y nakapatay rin si Laurel lalo na noong nakipagtulungan ito sa mga Hapon sa panahon ng digmaan, pero hindi siya nakulong. Ayon naman kay Bonner (1987), tatanawin ni Marcos bilang malaking utang na loob ito sa kalaunan. Noong namatay si Laurel noong 1959, naging trustee si Marcos ng Jose P. Laurel Foundation na itinayo para maipakilala ang patriyotikong hangarin ni Laurel (sa kabila ng kolaborasyon nito sa mga Hapon noong digmaan). Noong ibinaba naman ang batas militar, kabilang ang ari-arian ng pamilya Laurel sa mga hindi kinamkam ng pamahalaang Marcos. Maging si Doy na anak ni Laurel ay naging matalik na kaibigang politikal ni Marcos hanggang noong mga taong sitenta (Bonner 1987, 13-14).

<sup>243</sup> Tubong Leyte si Imelda na nanalo sa Mutya ng Maynila at sikat na mang-aawit noong kabataan. Para sa detalyadong talambuhay ni Imelda, maaaring basahin ang librong *The Untold Story of Imelda Marcos* (1969) ni Carmen Navarro-Pedrosa.

pamangkin din siya ng majority floor leader ng konggreso na si Daniel Romualdez. Diumano’y isang geo-politikal na gawain ang pagkakakasal sa dalawa. Ipinagsanib ng matrimonyang iyon ang politikal na lugar ng norte at timog. “Taga-timog si Imelda, taga-norte si Marcos.”<sup>244</sup>

Sa simula pa lamang ng pamumuno ni Marcos ay naging malinaw na sa pananalita ng pamahalaan ang patuloy na pagpapailalim nito sa kapangyarihan ng imperyalistang Estados Unidos. Noong senador pa lamang si Marcos, o bago siya naging presidente, at napapailalim pa siya sa Liberal Party,<sup>245</sup> isa siya sa mga pinakakritikal sa plano ni Macapagal na magpadala ng mga tropang Pilipino sa giyera ng Estados Unidos sa Indotsina. Sa kabila nito, isa sa mga unang ginawa niya nang maging pangulo siya ay ang Vietnam Aid Law (14 Hulyo 1966) na nagtatakdang magpadala ang Pilipinas ng military engineering batallion—sa kalauna’y tatawaging Philippine Civic Action Group o Philcag—sa digmaan sa Vietnam. Kasabay ng pagtungo ng Philcag sa Vietnam, tumungo naman si Marcos at Imelda sa US para sa isang opisyal na state visit. Hindi tuloy kataka-taka na sa bisitang iyon ay nangako si Presidente Lyndon B. Johnson ng 45 milyong dolyar na economic aid package at kagamitan para sa limang engineering batallion ng Armed Forces of the Philippines.<sup>246</sup> Sinundan pa ito ng Manila Summit isang buwan matapos bumisita si Marcos sa US. Sa summit na ito, pitong nasyon ang nangako ng kooperasyon para sa seguridad at kapayapaan ng Asya. Bukod sa Pilipinas, kabilang sa mga bansang lumahok ang Republic of Vietnam, Republic of Korea, Thailand, Australia, New Zealand, at Estados Unidos. Sa talumpati ni Marcos sa nasabing summit, malinaw na kinilala ni Marcos ang kahalagahan ng lokasyon ng Pilipinas dahil ito ay ang “krus na daan ng Kanlurang Pasipiko—bansa sa Asya na maraming pangkasaysayan at kultural na kawing sa Kanluran.”<sup>247</sup> Nagsilbi namang selyo ng pagkakaunawaan ng US at ng pamunuan ng Pilipinas ang pagbisita ng humaliling pangulo ng una (Richard Nixon) sa huli sa kasagsagan pa ng halalang 1969 kung kailan muling tumakbo si Marcos para sa pangalawang termino niya.

---

<sup>244</sup> Mula sa bidyo na pinamagatang *Batas Militar: A Documentary on Martial Law in the Philippines* (Foundation for Worldwide People Power 1998) ng Foundation for Worldwide People Power.

<sup>245</sup> Lumipat si Marcos mulang Liberal Party tungo sa Nacionalista Party matapos mabatid na nagpasya si Macapagal na tumakbo uli bilang pangulo ng bansa sa ilalim ng Liberal Party. Sa kumbensiyon ng Nacionalista Party, naipanalò ni Marcos ang pagiging standard bearer sa botong 777. Dito naman umano naging ganap na mapagpamahiin si Marcos.

<sup>246</sup> Dapat bigyang-pansin na ang mga tinaguriang economic aid package ay nasa anyo ng mga utang na pera, kung hindi man, kagamitan na utang din dahil nakatakda ring bayaran ng Pilipinas sa kalaunan. Ito ang mga salik ng pagkakatali ng bansa sa mga utos at kagustuhan ng dayuhang bansa at isa sa mga batayan ng kontradiksiyon sa pagitan ng imperyalista at kolonya.

<sup>247</sup> Talumpati ni Marcos noong 24 Oktubre 1966 (Marcos 1966a, 6).



Samantala, kasabayan ng pag-usbong ng mulat na kaisipan sa buong mundo at pag-usbong ng progresibong araling wika, sumiklab din sa Pilipinas ang iba't ibang uri ng kilusang panlipunan dahil na rin sa krisis panlipunan na malinaw na pinatindi at pinasahol ng ugnayang Marcos at US. Muling sumiklab ang aktibidad ng Huk simula nang paslangin ang alkalde ng Candaba, Pampanga na pangulo rin ng Anti-Huk Mayors' League noon. Isa ito sa 71 kaso na diumano'y may kinalaman ang Huk sa taong 1966. Binuo naman noong Pebrero 1967 ang Movement for the Advancement of Nationalism (MAN) na may linyang anti-imperyalista at anti-piyudal. Kalahok sa kilusang ito ang sektor ng mga guro, estudyante, magsasaka at manggagawa. Nagsisilbing patunay ito na maging ang mababang burgesya, at sa gayo'y hindi lamang ang masang Pilipino, ang tumutol sa paraan ng pamumuno ng mapagsamantalang uri. Kaugnay dito, taong 1967 din nang naganap ang masaker ng mga miyembro ng Lapiang Malaya, habang nagmamartsa patungong Malacañang. Sa bahagi ng Mindanao naman, taong 1968 nang inestablisa ang Bangsa Moro Liberal Organization (BMLO) at Muslim Independence Movement (sa kalauna'y tatawaging Mindanao Independence Movement) na sa unang tingin ay masasabing mga sesesyonistang kilusan pero maiuugat pa rin sa tunggalian ng uri ang mga hinaing. Gayumpaman, noong Disyembre 1968 pa marerealisa ang isang tunay at wastong kilusang may linyang makabayan at makamasa. Noon muling itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas o Communist Party of the Philippines (CPP) sa Gitnang Luzon at Preparatory Commission ng National Democratic Front (NDF). Susundan pa agad ito ng pagkatatag ng New People's Army sa pamumuno ng CPP.

Sa kalunsuran naman, patuloy ang mga protesta, partikular ng mga manggagawa, magsasaka, at ng mga estudyante. Hindi tuloy kataka-taka na bumuo pa si Marcos ng isang espesyal na yunit ng pulisya na mamamahala sa pangkalahatang riot control at internal security operation sa loob ng Greater Manila. Tumindi pa ang mga demonstrasyon nang ipinasa ng kongreso noong 1967 ang resolusyon na nagtatawag ng constitutional convention o concon. Ito ang unang malinaw na senyal na maaaring kahit sa kalagitnaan pa lamang ng termino ay nagbabalak na si Marcos na manatili sa posisyon nang lampas sa itinatakda ng umiiral na batas noon. Hindi naman nagkulang sa damage control mechanism ang pamahalaan hinggil dito. Sa katunayan, sa sumunod na taon ay inilathala ang ikalawang kinomisyonang talambuhay ni Marcos na pinamagatang *Rendezvous with Destiny* na sinulat ni Benjamin

Gray (1968).<sup>248</sup> Noong taon ding iyon, sa kaniyang kaarawan (11 Setyembre), pinalaya ni Marcos ang may 166 bilanggo, kabilang si Luis Taruc na supremo ng Huk at si Kamlon. Pinaniniwalaang paraan niya ito para mapahupa ang panliligalig ng mamamayang Pilipino partikular ang mga masa at ang mga Moro.

Tunay na naging maalab ang damdaming makabayan noong dekada sisenta. Sa bahagi ni Marcos, tinangka niyang sakyan ang nag-iinit na sentimyentong ito ng sambayanan. Sa una niyang termino, ginamit niya ang damdaming ito para gawing lehitimo ang mga kahina-hinala niyang programa at estratehiyang nakatulong lamang sa kapakanan ng iilan. Ipinag-utos niya ang pagsusuot ng barong Tagalog sa mga aktibidad, gawain, at selebrasyon ng pamahalaan.<sup>249</sup> Direktang ugnay naman sa pananaliksik na ito ang paggigiit at propagasyon niya sa paggamit ng Filipino bilang wikang pambansa.<sup>250</sup>

Sa pananaw ni Alexander Magno, isang manunuri ng politika, naging impluwensiyal sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Pilipinas noong dekada sisenta ang sumusunod: (1) *economic decontrol program* ni Macapagal; (2) cold war na nagbunsod ng partido komunista at sa kalauna'y pagkabiyaq nito at muling pagkatatag ng CPP; (3) Vietnam War na nagbunsod ng domestikong kontra-kultura na kinopya lamang sa kilusang kontra-giyera at "hippie" sa US; (4) pagdagsa ng mga dayuhang produkto at aliw (entertainment na gaya ng hollywood) na nag-udyok ng makabayang reaksiyon; at, (5) pagkabigay ng Britanya ng kalayaan sa Malay Federation (na sa kalauna'y tatawaging Malaysia) (Magno 1998, 74-75). Gayumpaman, gusto kong linawin na bahagyang sablay kung hindi man lubhang mababaw ang pagkaunawa ni Magno sa nasyonalismo noong mga panahong iyon. Lumalabas tuloy na reaksiyon lamang ang uri ng nasyonalismong Pilipino na nais niyang iparating. Nangangahulugan na ipinapamalas niyang wala itong anumang aktibo at diyalektikal na katangian. Halimbawa, higit na mas malaki ang kontribusyon ng mahabang kasaysayan ng tuloy-tuloy na rebolusyonaryong kilusan simula pa noong mga taong trenta (1930s) sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo noong mga panahong iyon. Maaari pa nga itong

---

<sup>248</sup> Inilathala din ang talambuhay na ito bilang paghahanda sa eleksiyon sa 1969. Si Benjamin Gray ay isang Ilokanong mamamahayag na awtor din ng iba't ibang artikulong maka-Marcos sa *Bannawag* noong 1949. Mayroon akong nakitang popular na bersiyon (piktoryal na bersiyon) ng talambuhay na ito na inilathala ng Raya Books noong 1978 at ipinakilala ni Francisco Tatad, pangunahing propaganda officer ni Marcos sa ilalim ng batas militar.

<sup>249</sup> Para sa mas detalyadong pagtalakay hinggil sa gamit ng barong Tagalog bilang lehitimasyon ng mababaw na dalumat ng pagkamakabayan, iminumungkahi ko na basahin ang artikulo kong "Diskurso ng Piging ng Sentenaryo: Pagpapakahulugan sa Selebrasyon ng Sentenaryo at ng Piging ni Kapitan Tiago" (Campoamor 1998, 187-212).

<sup>250</sup> Maaari ring basahin ang dalawang talumpati ni Marcos na matatagpuan sa Apendiks I-2.



ibase sa realidad na sa kahabaan ng kontemporaneong kasaysayan ng bansa, tanging sa rebolusyonaryong kilusan lamang makikita ang pagkamakabayang ginagabayan ng politikal na linyang tunay na naglilingkod para sa nakararami at nilalahukan o sinusuportahan ng pinakamaraming bilang ng mamamayan.

Ano't anuman, sa kabila ng patuloy na dumarami at umiinit na mga protesta at demonstrasyon, naging matagumpay si Marcos sa tangka niyang muling pagkandidato sa pagkapangulo noong 1969. At itinuturing na integral ang papel ng bahaging ito sa pag-aanalisa ng pambungad ng ugnayang wika at pasismo. Tulad nga ng binaggit na, nagsisilbing panimulang pakilala ito ng mga pag-aaralang aspekto ng lipunan at wikang Pilipino sa ilalim ng pamumuno ni Marcos. Isa naman sa pinakamahalagang batis ng uri ng makauring jargon at semyotika na nanaig noon ay ang inilabas na libro ng pamahalaan na pinamagatang *To Move a Nation to Progress: Achievements of President Ferdinand E. Marcos* (Maramag 1969?).<sup>251</sup> Ayon sa paunang salita ng nasabing libro:

*Conditions obtaining in the Philippines when President Marcos assumed office in 1966 would have daunted any leader of lesser determination. It was a nation in crisis and tragedy. He had inherited a country laid waste by a raided treasury, a corrupt bureaucracy, and inept leadership, and a people psychologically resigned to poverty both physical and of the spirit...A man of courage in crisis, President Marcos rallied the nation behind his Administration. Thus began a slow, arduous task of restoring the faith of the people. He said: 'We must rise from the depths of ignominy and failure. The task before us is to restore hope and faith in our capacity to master our destiny.'...This quiet and unobtrusive passion for achievement, now a hallmark of the Marcos Administration, has worked nearly miraculous results. Within a short span of four years, President Marcos has set an impressive record of achievements never before witnessed in our history. These achievements, some of which are recorded here in words and pictures, become even more formidable when set*

---

<sup>251</sup> Inedit at inayos ang librong ito ni Ileana Maramag samantalang ang mga retrato ay hango sa mga kinuha ng Malacañan Palace Photo Section. Sa palagay ko'y ito ang pinakaunang pagtatangka ng naghahari at mapagsamantalang uri na gamitin ang popular na anyo ng buklet (kaiba sa nauna nitong pagtatangka na dalawang talambuhay at isang pelikula) para iangat ang sarili nilang bangkô. Simula rin ito ng kakulangan mula sa kanilang panig na kilalanin ang mga pamantayan ng matalinong pagsusulat (scholarly writing). Isa sa pinakamalaking pagkakamali ay ang hindi paglilinaw sa ilang mahahalagang impormasyon hinggil sa publikasyon ng buklet. Walang indikasyon ang buklet kung kailan at saan ito inilathala o kung anong palimbagan ang naglathala nito. Malay na pagtatangka kaya ito tungo sa popularisasyon ng politika o simpleng pag-alintana sa mga batayang alituntunin ng pagsusulat?

*against the past decades of inaction and stagnation. (Maramag 1969?, 3)*<sup>252</sup>

Tunay namang walang ipinagbago ang mga winika nito sa tinagal-tagal na rin ng panahon. Hanggang sa kasalukuyan nga ay ginagamit pa rin ang marahil ay napakaepektibong estilo ng paninisi sa nakaraang administrasyon<sup>253</sup> habang iniilawan o sinasalungguhitan naman ang mga “impresibong listahan” o mga kabutihang natamo ng sariling administrasyon. Ang sumusunod ang mga ipinagmamalaking impresibong listahan ng administrasyon ni Marcos, ilan sa mga ito (o yung pinakamahahalaga) ay tatalakayin ko bilang panimulang pagkilala ng signipikasyon ng makauring tunguhin (nasa Maramag 1969?; akin ang salin):

1. Bagong tuklas sa Bigas (Rice Breakthrough)
2. Produksiyon ng Isda (Fish Production)
3. Produksiyon ng Gulay (Vegetable Production)
4. Pagpapalaki ng Manok, Baboy, at Baka (Poultry, Swine and Cattle Raising)
5. Mga Kalsada at mga Highway (Roads and Highways)
6. Mga Tulay (Bridges)
7. Mga Paaralan (School buildings)
8. Mga Sistema ng Irigasyon (Irrigation Systems)
9. Elektripikasyon sa Kanayunan (Rural Electrification)
10. Mga Daungan at mga Panganlungan (Ports and Harbors)
11. Mga Paliparan at mga telekomunikasyon (Airports and Telecommunications)
12. Reporma sa Lupa (Land Reform)
13. Mga Programang Pangkalusugan (Health Programmes)
14. Kagalingang Panlipunan (Social Welfare)
15. Mga Pangkulturang Minoridad (Cultural Minorities)
16. Pagpapaunlad ng Komunidad (Community Development)
17. Mga Industriya (Industries)
18. Kapayapaan (Peace and Order)
19. Mga Programang Mahabagin (Compassionate Programmes)
20. Mga Ugnayang Internal (International Relations)
21. Ang Unang Pamilya (First Family)

---

<sup>252</sup> Sa pahina 2 ng nasabing libro, ipinakita ang retrato ni Marcos na nakatayo sa entablado habang inaabot ang mga kamay ng napakaraming tagahangang nagtatangkang mahawakan siya habang ang mga nasa malalayo ay manghang-manghang nakatitig sa kaniya.

<sup>253</sup> At sa kalauna’y pag-uudyok ng pagbabago ng konstitusyon para lamang mapahaba ang termino sa pagiging pangulo. Ginawa ito ni Marcos, tatangkain naman ni Ramos, at maging ni Estrada.

Bilang panimula, idinidiin ng buklet ang suliranin ng bansa sa pag-aangkat nito ng bigas simula pa noong 1885. Umabot sa ruok ito noong 1965 kung kailan umangat ang bansa nang 570,000 metriko toneladang bigas. Nagdulot umano ito sa pagbagsak ng reserbang dolyar at pag-angat ng pangungurakot sa administrasyon ni Macapagal. At bilang kongkretisasyon sa pangunguna ni Marcos sa *mapangahas* na programa para makalampas sa krisis, dumami ang produktibidad sa pamamagitan ng paggamit ng ibang uri ng bigas na mabunga, ng ekspansiyon ng irigasyon para magkaroon ng dagdag na 300,000 ektaryang sakahan ng bigas, ng ekstensiyon ng pangmatagalang pautang sa mga magsasaka, at malawakang ekstensiyon ng serbisyong agrikultural. Ang mga kongkretong resulta nga naman ng mga ito ay “dramatiko.” Noong 1968, umangat nang 11 milyong kabang bigas ang produksiyon ng bansa. Bukod sa hindi na nangailangang mag-angat ang bansa, nagluluwas pa ito ng bigas tungo sa ibang bansa noong mga panahong iyon. Kaalinsabay ng bagong landas na ito sa pangangalakal at produksiyon ng bigas, lumaganap din ang mga retrato ni Marcos na nakasalakot, nakakamisa-tsino, at nakarolyo ang pantalong nagtatanim ng mga punla ng palay sa putikan habang nakangiti (kahit na nakayuko) sa ilalim ng matinding sikat ng araw.<sup>254</sup> Bukod sa kabalintunaang espesyal ang kaniyang kasuotan—bagong-bago at hindi naman talaga naisusuot ng mga ordinaryong magsasaka, lalo na ang mistulang mamahaling salakot sa ulo niya—imahe rin ito ng katunggaling dalumat ng katutubong awit na “Magtanim ay ‘Di Biro.”<sup>255</sup>

Marahil para maipamalas ang idea na matabihan ng masasarap na ulam ang umaasóng kanin at *miracle rice*, ipinagmamalaki rin ng buklet ang pagtaas ng produksiyon ng industriya ng pangingsda.<sup>256</sup> Kaalinsabay nito ang retrato ni Marcos na tangan ang lambat na punong-puno ng isda. At marahil, para lubusin ang rekado ng kumpletong pagkain ng nagugutom na mamamayan sa pang-araw-araw, umano’y pinaunlad din ng pamahalaan ang produksiyon ng gulay at pagpaparami ng manok, baboy, at baka. Malaki naman ang naging partisipasyon ni Imelda sa pagpapalaganap ng diskurso ng gulay at iba pang pananim sa pamamagitan ng kaniyang tinaguriang Home Garden Movement na nagpamahagi ng may 309,392 vegetable kit

<sup>254</sup> Mayroon ding kahalintulad na retrato si Imelda.

<sup>255</sup> Marahil ay sumunod lamang si Marcos sa orihinal na gumamit ng kosmolohikal na kaayusang ito na si Ramon Magsaysay, na mag-isang nagmemerito ng kahiwalay at kasing-halagang pananaliksik.

<sup>256</sup> Ayon sa buklet, ang 3.2% ng pambansang kita noong 1968 ay nagmula sa produksiyon ng isda. Naging dahilan din ito kung bakit naging pangunahing pinagmumulan ng protina ang isda sa Pilipinas. Sa kasalukuyan naman, ang galunggong na pangunahing ulam ng mahihirap at simbolo ng nagtitipid na mamimili hanggang sa rehimen ni Aquino ay napakamahal na at maaari nang ihanda sa pista.

sa 65 probinsiya na sa kabuuang nagkakahalaga ng 821,980 piso (Maramag 1969, 14).<sup>257</sup> Ipinagmamalaki rin ng buklet ang makahulugang pagdami ng mga nagpapataba at nagpapalaki ng mga hayop na gagamitin bilang pagkain ng mga Pilipino.

Bagaman mahalaga sa napakaraming magsasakang Pilipino ang lupang sakahin, tila itatakda rin ng unang termino ni Marcos bilang pangulo ang wastong paraan ng pagpapakita o pagpapamuk ha at pagpapaintindi ng kaunlaran ng bansa hindi lamang sa mamamayan nito kundi lalo't higit sa mamumuhunang nagbabalak na dumayo rito. Dahil sa ang bigas, isda, gulay, manok, baboy, at baka ay nauubos, bagaman nakatutugon sa pang-araw-araw na kalam ng sikmura, kaiba pa rin ang pangmatagalang bakas (o imprint) ng impraestruktura sa mundo ng signipikasyon at sa tunggalian sa loob ng wika. Wika nga, kauting bato, kauting semento, monumento. Malaki ang implikasyon ng lumang kasabihang ito dahil pinakamatingkad ang impraestruktura sa sistemang semiyotiko dahil hindi ito agad-agad na natitibag, sa gayo'y mas kongkreto at mas matibay—mas mamahalin nga lamang. Dito magsisimula ang diskurso ng impraestruktura bilang isa sa pinakamabisang instrumento ng hindi lantad na mapanupil o represibong aparato ng estado.

Matagal-tagal ko na ring tinangkang paunlarin ang tinatawag kong diskurso ng impraestruktura. Sa katunayan, sa papel na binasa ko sa isang komperensiya, binanggit kong “Lumikha ang estado ng mga malawak at idealistikong bisyon at konsepto ng pagkabansa (at) dahil sa pagiging malawak at idealistiko (ng mga ito) ay kinakailangang magsagawa ng mga pagsasakongkreto (sa pamamagitan ng impraestruktura).”<sup>258</sup> Ang malawak at idealistikong bisyon at konsepto na tinatangkang (literal na) isakongkreto ng estado ay ang kaunlaran ng bayan. At bilang direktang kawing sa eleksiyong 1969, hindi kataka-takang ang islogan ng mapagsamantalang uri sa pangunguna ni Marcos (bukod sa “Performance”) ay “Rice, Roads, and School buildings.” Lubhang naging epektibo ang kolektibong layon ng diskurso ng impraestruktura ng pamunuan ni Marcos kung kaya hanggang sa kasalukuyan, buhay na saksi ang mga nakakita at naalikabukan habang

---

<sup>257</sup> Kung sisilipin ang retrato ni Imelda at ang buo niyang kagandahan habang namimitas ng repolyo kasama ang dalawang bata at isang ale, hindi maiiwasang isipin ang imahe ng mga obra ng romantisistang pintor na Amorsolo. Nasa Maramag (1969, 15) ang tinutukoy na retrato.

<sup>258</sup> Mula sa “Diskurso ng Piging ng Sentenaryo: Pagpapakahulugan sa Selebrasyon ng Sentenaryo at ng Piging ni Kapitan Tiago,” papel na binasa ko para sa internasyonal na komperensiyang “1898 and the World: Contexts and Actors, Transitions and Transformations”, 9 June 1998, Bahay ng Alumni, Unibersidad ng Pilipinas. Ang buong teksto nito ay nasa Campoamor 1998.

ginagawa ang mahahabang tulay at kalsada noong dekada sienta.<sup>259</sup>

Sa pangkalahata’y kalsada, tulay, at eskuwelahan ang tinutukoy na impraestruktura sa unang termino ni Marcos. Lumalabas na mula sa panahon ng okupasyon ng mga Amerikano hanggang sa pamumuno ni Macapagal, o kabuuang 65 taon, ang haba ng kalsada (na naipagawa) ay umabot lamang sa 995 kilometro na kongkreto, 7,268 kilometro na aspaltado, 39,075 kilometro na *feeder road* (Maramag 1969, 21).<sup>260</sup> Ipinagmalaki ng pamahalaan na matapos lamang ang tatlong taon at apat na buwang pamumuno ni Marcos, nakapagkumpleto ito ng 1,244 kilometrong kongkretong kalsada, 1,820 kilometrong aspaltadong kalsada, at 2,185 kilometrong kalsadang graba. Dagdag pa rito ang isinagawang konstruksiyon ng Sandatahang Hukbo na 60,829 kilometrong kongkretong kalsada, 42,582 kilometrong aspaltadong kalsada, at 544,939 kilometrong *feeder road*.<sup>261</sup> Malinaw na minaliit ng mga ito ang administrasyon ni Macapagal na umano’y nakatapos lamang ng 70 kilometrong kongkretong kalsada, 458 kilometrong kongkretong aspaltadong kalsada, at 118 kilometrong *feeder road*.<sup>262</sup>

Kung tulay naman ang pag-uusapan, hindi rin pahuhulí ang kampo ni Marcos. Sa loob ng unang termino ni Marcos, lumalabas na 566 permanenteng tulay ay nailatag na may habang 16,397 metro sa kabuuan. Malinaw na batid ng pamahalaan ang kahalagahan ng impraestruktura lalo na sa pagpapatimo ng ugnay nito sa ipinamumukhang kaunlaran ng naghaharing uri lalo na’t natatabingan nito ang katotohanang yumayaman sila sa pamamagitan ng pagsasamantala sa nakararami. Patunay dito ang pahayag ni Maramag na “Maaaring mahirap makita ang ugnay ng bagong tulay sa kapakanan ng karaniwang tao. Gayunpaman, bilang batayan ng ekonomikong pag-unlad,

<sup>259</sup> Pansinin na kung tatanungin ang mga tao hinggil sa isang bagay na utang ng bansa sa pamumuno ni Marcos, hindi iilan ang walang-alinlangang magsasabi na utang ng bansa kay Marcos ang kaunlarang hatid ng mga naipagawa niyang mga kalsada, mga tulay, at mga gusali. Pansinin din ngayon pa lamang na bulto ng mga impraestrukturang kalsada ay mula sa unang termino ni Marcos. Sa mga susunod na termino at partikular sa ilalim ng batas militar, hahalinhan ni Imelda ang pag-aabala sa pagpapatupad ng diskurso ng impraestruktura, pangunahin sa pamamagitan ng mga gusali (na tatawaging edifice complex naman ang sobra-sobra at kompulsibo niyang pagtuon sa pagpapagawa, mula sa pagpapalano hanggang sa pagdedetalye).

<sup>260</sup> Ang *feeder road* ay anumang kalsadang ginagamit para madala ang pagkain sa taumbayan. Para masigurong nabibilang ang haba ng mga kalsada at tulay at bilang ng silid-aralan, nag-establisa ang mapagsamantalang uri ng Infrastructure Operations Center.

<sup>261</sup> Simula rin ito ng pagpapalapit ng Sandatahang Hukbo, na pangunahing puwersa ng kapangyarihan ng naghaharing uri, sa sambayanan/sibilyan sa pamamagitan ng pagmamando ng mga ito sa mga gawaing makatutulong nang malaki sa komunidad.

<sup>262</sup> Sa pagkakataong ito, tama ang titulo ng talambuhay ni Macapagal na *The Incorruptible* na lumabas noong nakikipagbuno pa ito kay Marcos sa pagkapangulo apat na taon na ang nakaraan, dahil naging lunsaran nga naman ng pangungurakot sa pamamagitan ng kickback ang mga impraestrukturang ipinagawa sa ilalim ng pamumuno ni Marcos. Kaugnay dito, hindi naman magkukulang si Macapagal sa pagtutukoy ng mga anomalya sa loob ng pamahalaan ni Marcos. Sa hanay ng mga makakanang elemento, isa si Macapagal sa mga pinakamasugid na kritiko ni Marcos. Maaari ring basahin ang sinulat niyang libro na *The Dictatorship in the Philippines* (1981).

binubuksan ng tulay—o ng mga kalsada—ang mga bagong lupa at ikinakawing ang mga bukirin sa mga palengke, na nagpapasigla sa pangkalahatang ekonomiyang aktibidad” (Maramag 1969, 28; akin ang salin).

Ang pinakasikat na tulay na ipinatayo ni Marcos ay ang San Juanico Bridge na nagkokonekta sa tinubuang bayan ni Imelda sa kalapit nitong isla (Samar at Leyte).<sup>263</sup> Tinagurian din itong “Bridge of Love” dahil balitang ipinatayo ito ni Marcos bilang regalo kay Imelda para sa wedding anniversary nila.<sup>264</sup> Kabalintunaan nga lamang na isa sa pinakakilalang paraan ng tortyur noong ibaba ang batas militar ay tinawag ding “San Juanico Bridge” (tignan ang Seagrave 1988, 248). Ang sumusunod ang mga umusbong na paraan ng tortyur sa ilalim ng batas militar: *submarine*, paglubog ng ulo sa inodoro o timba; *zap-zap*, pagkoryente sa ari o utong ng tao; *water-cure*, pagbuhos ng tubig sa ilong ng tao hanggang sa halos malunod ito; *baggy*, paglagay ng plasic bag sa ulo ng tao; *buttstroking*, pagbugbog sa likod ng tao sa pamamagitan ng riple; *telephone*, paghampas sa tenga sa pamamagitan ng palad; *Saigon roulette*, nagkakarga ng isang bala sa rebolber ang tagatortyur saka ipinapuputok sa binti ng tinortyur; at, *San Juanico Bridge*, pagpatong ng paa at ulo ng tinortyur sa dalawang magkahiwalay na kama saka pagbugbog dito sakaling mamuluktot ang katawan. Sa pagkakataong ito, tunay namang napalayo ang signipikasyon ng idea ng tulay mula sa orihinal nitong intensiyon na “pagbubukas ng mga bagong lupa at pagkakawing ng bukid sa palengke.”

Panghuling salik ng diskurso ng impraestruktura sa ilalim ng unang termino ni Marcos ay ang pagpapatayo ng mga paaralan. Mahalaga ito dahil kinokongkretisa nito hindi lamang ang idea ng pag-unlad, kundi lalo’t higit ang idea na hindi pinababayaan ng estado ang kabataan at ang pagpapaaral sa mga ito. Dagdag pa ang pagtatangkang makuha ang kapritso ng mga nagpoprotestang estudyante na patuloy na dumarami sa pagtatapos ng dekada sienta. Ayon nga kay Maramag, ang mga paaralang ito ay nagsisilbi “bilang panukat sa pagmamalasakit ng Presidente sa pag-unlad ng mga potensiyalidad ng kabataan at matatag sa paniniwala na pangunang kailangan ng ekonomikong pag-unlad ang edukasyon” (Maramag 1969, 32; akin ang

---

<sup>263</sup> Naging sikat din ang tulay na ito dahil bukod sa pagiging pinakamahaba, pinakamataas na tulay din ito na nilundagan ng dating stuntman na naging bidang artista na si Dante Varona sa pelikulang *Hari ng Stunt* (Caparas 1981). Sumikat si Varona sa pagpapakitang-gilas na iyon bagaman napabalitang naratay siya sa kama nang ilang araw dahil dito.

<sup>264</sup> Maaari pa ngang magsagawa ng interteksto rito gamit ang tulang “Ang Taj Majal” na pinag-aaralan naman sa kursong Humanidades I sa Unibersidad ng Pilipinas. Mababasa sa tulang ito ang tunggalian sa pagitan ng haring nag-utos ng pagpapatayo ng engrandeng palasyo bilang regalo sa pinakamamahaling asawa, at ng mga produktibong puwersang nagsakatuparan nito.

salin). Matapos ang apat na taong pamumuno ni Marcos, ipinagmalaki nito na 24,739 na paaralan ang naipatayo at dagdag na 72,713 na silid-aralan ang naipagawa sa buong kapuluan. Sa “panahon ng Administrasyon Liberal,”<sup>265</sup> 405 na paaralan lamang ang naipatayo sa loob ng apat ding taon.

Isa sa maituturing na diin ng diskurso ng impraestruktura ang tangka ng estado na itaas ang antas ng signipikasyong nais na iparating ng kongkretisasyon. Dito magiging bihasa ang kabiyak ni Marcos na si Imelda, at panimulang pakilala rin ng susi at mahalaga niyang papel sa rehimeng Marcos. Bukod sa pagtatangkang gawing kongkreto ang dalumat ng kaunlaran, tinangka rin niyang sakluban ng ipinataw na kagandahan at mababaw na kalinangan ang idea ng bato, semento, at monumento. Mula sa pagiging mahiyain, simple, at nerbyosong<sup>266</sup> unang ginang, namukadkad si Imelda sa pagiging isang malakas, magarbo, at mapusok na “isa pang president” (*the other president*—gaya ng turing sa kaniya lalo na noong dekada sitenta). Ilang buwan bago ang eleksiyong 1969, pinasinayaan ang Cultural Center of the Philippines (CCP). Bilang kinatawan ni Nixon, dumalo sa pagpapasinaya ang noo’y gobernador pa lamang ng estado ng California na si Ronald Reagan.<sup>267</sup> Ito ang unang hudyat ng edifice complex ni Imelda. Masusundan pa ito ng napakarami pang proyektong impraestruktural na lubhang napakamahal at impraktikal kung ihahambing sa uri ng ekonomiyang mayroon ang bansa sa panahon ng ikalawang termino ni Marcos at maging sa panahon ng batas militar.

Tatlo, kung tutuusin, ang mga pangunahing dahilan o pantukoy ng estado noong mga panahong iyon bilang mga indikasyon ng kaunlaran. Bukod sa pagtaas ng produksiyon ng pagkain at impraestruktura, maisasama rin ang dayuhang kalakal. Hindi direktang napapansin ng taumbayan ang dayuhang pangangalakal sa dahilang hindi naman nila ito nakakain o kaya ay hindi naman nakikitang ginagawa o itinatayong gaya ng mga gusali, o dinaraanang gaya ng mga kalsada at tulay, o pinapasukang gaya ng paaralan. Pero, malaki ang implikasyon nito sa hindi nakikitang larang, o konsepto, ng pambansang ekonomiya. Nagkaroon ng malaking guwang sa pagitan ng export at import noong mga panahong iyon. Karamihan sa mga inangat ng

---

<sup>265</sup> Kakatwa dahil noong mga panahong iyon ay hindi pa nakalilipat ng bagong pukyutan (Nacionalista Party) si Marcos dahil inakala niyang hindi na muling tatakbo si Macapagal at siya na ang hihirangang standard-bearer.

<sup>266</sup> Bukambibig lalo na sa kasikatan ni Imelda ang naranasan nitong nervous breakdown nang minsang hindi makayanan ang mga hamon ng pagiging asawa ng isang politiko. Naganap ito bago maging presidente si Marcos. Nang hawakan ni Marcos ang pinakamataas na lokal na posisyon ng kapangyarihan, pinalitan ang pasibong mental na kapansanan ng agresibong salimuot sa gusali (edifice complex).

<sup>267</sup> Simula rin ito ng di-matinag na pagkakaibigan nila ni Marcos.



Pilipinas ay mga yari nang produkto—karamihan upang suportahan ang mga proyektong impraestruktura—samantalang ang mga iniluluwas na kalakal ay hilaw o bahagyang naprosesong produkto lamang.

Bagaman relatibong naging epektibo sa mababaw na pagtingin ang estratehiya ng pamahalaan ng pagkokongkretisa ng kaunlaran, naging mitsa rin ito ng kritikal na pagbasa sa mga guwang at puwang ng makauring jargon at semyotika. Oo nga't umuunlad ang mga palay, gulay, hayop, kalsada, tulay, paaralan, at gusali ng bansa, pero kuwalitatibo lamang ang naturang pag-unlad. Wala namang naging malinaw na proyekto ang unang termino ni Marcos sa pagtatangkang lumikha o paunlarin ang mga batayang industriya ng bansa—dahil ang itinuturing nitong industriya ay pinatatakbo rin naman ng mga inangat na produkto—batay na rin sa dikta ng imperyalistang US.<sup>268</sup> Hindi naman inaalintana ng mapagsamantalang uri sa pamumuno ni Marcos at ng kaulayaw nitong dayuhang kapangyarihan na ang mga ginasta sa mamahaling impraestruktura at plasteradong pagpapaunlad ay kinuha rin sa mga utang na kabaligtaran ng nais nitong isakongkretong dalumat ng kaunlaran.<sup>269</sup>

## **Pagbabago, Disiplina, Demokratikong Rebolusyon at iba pang Diskurso ng Concon**

Sa kabila ng marami, sunod-sunod, at tuloy-tuloy na protesta sa muling pagtakbo ng mapagbalatkayong pamumuno, nahalal muli si Marcos at ang pangalawang pangulo nito na si Fernando Lopez.<sup>270</sup> Tinalo niya si Sergio Osmeña, Jr. ng Cebu matapos ang walang humpay nilang pagtatapunan ng dumi at putik. Kinikilala ang halalan na ito bilang isa, kung hindi man pinakamapait, pinakamagastos, pinakamarahas, at pinakamaruming eleksiyon sa kasaysayan ng Pilipinas.<sup>271</sup> At gaya ng nakaraang halalan, dumalo sa pagpapasinaya ang bise presidente ng US na si Spiro T. Agnew.

---

<sup>268</sup> Ang mga pangunahing industriya noong mga panahong iyon ay sigarilyo, tela at radyo na puro kontrolado ng mga dayuhang mamumuhunan.

<sup>269</sup> Pansinin din na sa ipinagmamalaking kahanga-hangang listahan ng administrasyon ni Marcos sa pahina 189-190, pang-17 lamang ang industriya na replektibo sa priyoridad na gawain ng pamahalaan.

<sup>270</sup> Ayon kay Mijares, kinailangan pang lumuha ni Imelda sa harap ni Lopez para lamang mapapayag ito na tumakbong muli bilang bise presidente ni Marcos. Mahalaga ang partisipasyon ni Lopez dahil sa yaman, impluwensiya, at kapangyarihan nito. Sa panahon ng batas militar, kung kailan ganap na humiwalay si Lopez dahil sa hidwaang politikal at pang-ekonomiya, marami sa mga ari-arian nito ang kinamkam ni Marcos at ng mga kroni nito. Ipinakulong din ni Marcos ang anak nito na si Eugenio Lopez, Jr.

<sup>271</sup> Batay sa mga datos pangkasaysayan, lumamang si Marcos nang halos dalawang milyong boto mula sa kabuuang siyam na milyong botante.



“To transform the nation—transform ourselves” (Para mabago ang bayan—baguhin natin ang ating sarili). Ito ang pamagat ng talumpati ni Marcos sa ikalawang pasinaya sa kaniya noong 30 Disyembre na naganap sa Luneta. Ito rin ang napiling tema ng estado para simulan ang pangalawang termino ni Marcos. Pansinin na ito rin ang simula ng diskurso ng pagbabago o transpormasyon na ano pa’t magiging sentral na idea sa kabuuan ng iilang taon sa loob ng pangalawang termino ni Marcos hanggang sa pagdedeklara niya ng batas militar o ng ipinagmamalaki niyang “Bagong Lipunan.”<sup>272</sup>

Kung babasahin ang teksto ng talumpati ni Marcos, malinaw na hindi naman niya iginigiit ang pagbabagong magmumula sa mamamayang Pilipino, na taliwas sa nais iparating ng pamagat ng talumpati. Mas magiging malinaw pa ang pormasyon at pagpapatimo ng dalumat ng pagbabago (ng sarili) sa mga susunod na talumpati at sulatin ng rehimen ni Marcos. Sa katunayan, sa isang talata lamang ng buong talumpati mababasa ang nilinaw niyang pagbabago na kailangang gawin. Gayumpaman, maging ang talatang ito ay nakatuon sa hanay ng pamahalaan at sa mga opisyal nito, at hindi nakatuon sa taumbayan. Hinggil dito, matatandaan na sa unang termino ni Marcos, naging usap-usapan ang marangyang pamumuhay ng unang pamilya at ng mga alipores nito. Ayon kay Marcos, “Itatakda ng Pagkapangulo ang halimbawa ng ganoong moralidad at oobligahin nito ang ibang sumunod. Hindi lamang ituturing na paglabag sa mga kawastuhang moral ang anumang gawaing marangya mula sa pamahalan, bagkos, isa itong gawaing papatawan ng pagkakatanggal sa opisina” (Marcos 1969b, 8; akin ang salin).<sup>273</sup> At bakit nga ba hindi? Sa kabila ng masidhing pagtatangka ng pamahalaan sa loob ng apat na taon ng unang termino nito na ipamukha na umuunlad ang bayan, patuloy na dumami ang naghihirap na Pilipino. Lumubog ang Pilipinas sa utang panlabas dahil sa walang-humpay na pagpapaunlad ng rice, roads, and school buildings kahit na wala namang batayang industriyang sumusuporta rito. Sa katunayan, batay sa mga estadistika, noong 1971, pinaghahatian ng 60 porsiyento ng populasyong Pilipino ang 25 porsiyento ng pambansang kita. At bunga na rin ng malinaw na mapagsamantalang sistema ng ekonomiya, lalala pa ito sa mga susunod na taon. Pagsapit ng taong 1979, 22.5 porsiyento na lamang ng pambansang kita ang pinaghahatian. Sa taong 1986, o pagkatapos

---

<sup>272</sup> Enero ng taon ding iyon unang ginamit ni Marcos bilang pangunahing konsepto ang salitang “bago” (new) sa talumpati niyang “New Filipinism” (Marcos 1969a).

<sup>273</sup> Matatandaan din na sa mga panahong iyon ay nangako si Marcos na ititigil na nila ni Imelda ang pagdaraos ng piging at ang pagkanta—lalo na ng sikat nilang dueto ng “Dahil sa Iyo”—para ipakita ang simpatya sa naghihirap na bayan at maging halimbawa ng pagtitipid. Iyon nga lamang, hindi rin naman natupad ang pangakong ito.

na matanggal si Marcos sa Malacañang, 2/3 ng populasyon ng bansa ang matatawag na mahirap (o nasa ilalim ng poverty line).

Halos kaalinsabay ng pagpapakilala at pagpapasok ng signipikasyon, makauring termino, at diskursong *bago* ang pagpapakilala rin ng signipikasyon, makauring termino, at diskursong *disiplina*. Sa katunayan, ito at ang epektibong pagpapatimo at pagpapagamit ng estado ng dalumat at kahulugan ng terminong disiplina ang dahilan kung bakit hanggang sa kasalukuyan ay umaalingawngaw bilang isa sa pinakamaalwang pantukoy ng kahirapan ng Pilipinas ang disiplina, o ang kakulangan o kawalan nito. Ito rin ang kumon sensikal na nagiging pangunahing dahilan pa nga kung bakit mayaman ang imperyalistang bansang gaya ng Japan. Sa panahon ng batas militar, islogan ang “Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan.”<sup>274</sup> Dagdag pa rito, mismong ang pamagat ng State of the Nation Address (SONA) ni Marcos noong 26 Enero 1970 na “National Discipline: The Key to Our Future” (Pambansang Disiplina: Susi sa Ating Kinabukasan) ay nakatuon din dito. Mababasa sa tekstong ito ang subhetibong pahayag ni Marcos na “Discipline is our salvation as a nation and the key to our future greatness” (Disiplina ang sasalba sa atin bilang bayan at susi tungo sa pagiging dakila sa hinaharap).

Sa napakahabang SONA na ito<sup>275</sup> tinalakay ni Marcos ang kalagayan ng ekonomiya ng bansa—partikular iyong mga may kinalaman ang pamahalaan sa nakaraang apat na taon—at ang mga tunguhin nito sa susunod pang apat na taon,<sup>276</sup> mga reporma sa lipunan at pagpapaunlad ng yamang-tao (partikular sa *peace and order*, kalusugan, hustisya, edukasyon, trabaho, *social welfare*, reporma sa lupa, pagpapaunlad ng komunidad, pambansang integrasyon, PANAMIN,<sup>277</sup> suliranin at pabahay sa kalunsuran, at siyensiya at teknolohiya), at mga repormang pampolitika (ugnayang panlabas, bagong konstitusyon, reporma sa eleksiyon, pambansang seguridad, at reorganisasyon ng pamahalaan). Sa isang-pahinang kongklusyon ng naturang teksto, at gaya ng talumpati niya sa pasinaya, wala namang direktang kawing ang pamagat ng teksto sa nilalaman nito dahil ni wala naman itong tinukoy na salita o ugnay man lang sa pangangailangan ng disiplina. Sa halip, hinikayat niya ang konggreso na maging “tunay na katuwang sa agarang gawain ng paglikha at pagbabago ng bayan” (Marcos 1970a, 81; akin ang salin). Nagsisimula na tuloy

---

<sup>274</sup> Ayon naman kay Ariel Ureta, isang artista, “sa ikauunlad ng bayan, bisikleta ang kailangan.” Nakulong si Ureta dahil dito.

<sup>275</sup> Umabot sa 90 pahina ang nakaprint na teksto, may kasamang apat na pahinang tala ng nilalaman at apat pang pahinang index.

<sup>276</sup> Hindi pa kasama rito siyempre ang pagpapatay ng batas militar.

<sup>277</sup> Presidential Assistant on National Minorities

akong magduda sa kung paanong nilalapatan ng pamagat ang mga panitikang pampolitika ng mapagsamantalang uri. Maaaring hindi lang talaga marunong gumawa ng pamagat ang sinumang naghahanda ng mga ito. Ano't anuman, maaaring pinamagatan lamang ang mga ito batay sa pangangailangan ng panahon. Nilulunod na kasi ng protesta ang reaksiyonaryong pamahalaan mula sa hanay ng pinagsasamantalang uri na kinapapalooban ng iba't ibang sektor ng lipunan. Sa ganitong pagkakataon pinakamaalwang gamitin ang politikal at sosyal na kargadong signipikasyon ng disiplina. Kung tutuusin pa nga, magiging bahagi ito, at magiging isa sa mga pambungad sa ugnayan ng wika at pasismo sa dahilang ang terminong disiplina ay kumbensiyonal at kumon sensikal nang instrumento ng signipikasyon ng pasistang ideolohiya. Pero sa mga panahong iyon, bagaman hindi malayo ang idea na ginagamit na ang signipikasyong iyon bilang paghahanda sa bayan sa pasistang pananaig ng batas militar na magsusulong at magpapanatili ng disiplina, mas ikinakawing pa rin ang diskurso ng disiplina sa pagiging rekisito nito tungo sa matagal-tagal nang hinahangad na kaunlaran ng bansa. Malaki rin ang naging implikasyon ng pormulasyong ito sa matagal-tagal nang pagtatangka ni Marcos na baguhin ang konstitusyong 1935.

Matapos ang SONA ni Marcos, nagdaos ng rali ang libo-libong estudyante sa pangunguna ng Kabataang Makabayan (KM) at National Union of Students of the Philippines (NUSP) at iba pang sektor sa labas ng Konggreso.<sup>278</sup> Humantong sa kaguluhan ang nasabing rali. Ilang araw matapos nito, muling nagdaos ng rali ang mga estudyante at iba't ibang sektor. Muling nagkagulo pero sa pagkakataong ito ay nakapagmando ang mga estudyante ng isang trak ng bumbero na ibinangga sa Gate 4 ng Malacañang. Anim na estudyante ang namatay.<sup>279</sup> Ang mahahalaga at makahulugang mga pangyayaring ito ang magiging simula ng First Quarter Storm o FQS. Ilang araw matapos ito, naglabas ng manipesto ang Movement for a Democratic Philippines (MDP) na may pamagat na “Massacre in Mendiola” na nagsasabing makikintal

---

<sup>278</sup> May magandang salaysay hinggil dito—at sa mahahalagang pangyayari bago ang batas militar—si Ceres S.C. Alabado sa pamamagitan ng nobela na pinamagatang *I See Red in a Circle* (1972). Ginamit ni Alabado ang panauhan ng kaniyang anak bilang pangunahing tauhan ng naturang nobela.

<sup>279</sup> Apat ang namatay ayon kay Brillantes (1987) at anim naman ayon kay Totanes (1988). Ang raling ito ay pinamunuan ng mga estudyante sa pamumuno ng KM at Samahan ng mga Demokratikong Kabataan (SDK). Ilan sa mga katunggaling organisasyon ng KM, partikular ang Malayang Pagkakaisa ng Kabataang Pilipino (MPKP), ang nagsabing walang katotohanan ang ipinamumukhang militansya ng KM dahil wala naman umanong namatay sa hanay nito. Pero batay sa isang manipesto ng KM na may petsang 17 Marso 1970—mababasa rin sa apendiks I-1 ang nasabing manipesto—anim na demonstrador nga ang namatay noong araw na iyon. Batay sa dokumento, “Si Marcos ang berdugo na pumatay kina Alcantara, Tausa, Roldan, Catabay, Inelda at Mejia sa malaki at militanteng demonstrasyon ng mga manggagawa, walang hanapbuhay at mag-aaral laban sa imperyalismong Amerikano, katutubong piyudalismo, burukrata-kapitalismo at pasismo noong ika-30 at 31 ng Enero.”

sa kasaysayan ng bansa ang Enero 30 bilang araw kung kailan narealisa ng taumbayan na “wala nang natitirang legal na paraan para makamit ang mapayapang transisyon...tungo sa isang tunay na demokratikong lipunan.” Naglabas din ng manipesto ang KM na nagsasabing “walang hangganan ang paniniil ng pasista at papet na rehimeng Marcos sa demokratikong karapatan ng sambayanan” (akin ang salin). Naging sunod-sunod pa ang malalaking demonstrasyon ng pagkadismaya sa rehimeng US-Marcos, sa Plaza Miranda, sa Malacañang, sa embahada ng US, at iba pang lugar. Hindi tuloy katakatak na noon pa lamang 27 Pebrero 1970 unang ipinahayag ni Marcos sa publiko ang tungkol sa Martial Law o Batas Militar. Binaggit ni Marcos ang katagang “martial law” sa isang pampublikong talumpati sa taunang komperensiyang pandistrito (district conference) ng Rotary International District 380 (Brillantes 1987, 87). Babanggitin niya ulit ito sa talumpati sa Lion’s Club noong 20 Marso 1970 at sa talumpati niya sa pagtatapos ng klase ng Philippine Military Academy (PMA) noong 22 Marso 1970 (Brillantes 1987, 89). Ayon din kina Enrile at Espino, bukas na tinatalakay ni Marcos ang plano niyang gamitin ang emergency powers para remedyohan ang sumasamang kalagayan sa kapayapaan at kaayusan (Brillantes 1987, 35). Kasabayan ng pagtukoy na ito ng mga tiyak na signipikasyon ng mga solusyon ang pagtitiyak din sa mga kategorya ng depenisyon sa mga sanhi ng suliranin (sa kapayapaan at kaayusan). Halimbawa, kaalinsaba’y ng pagbubuwag ng demonstrasyon ng mga estudyante sa US embassy o pag-raid ng mga eskuwelahan ang pagmamarka o pagtatatak sa mga piling unibersidad at kolehiyo bilang “prente ng mga gawaing makakaliwa” at ng mga estudyante at manggagawang nagrarali bilang *komunista*. Hindi katakatak na maging paranoid si Marcos dahil naging mabuwag ang unang taon (1970) ng ikalawang termino nito.<sup>280</sup> Sinimulan ito ng masaker sa Mendiola at tinapos ng raid sa arsenal ng Philippine Military Academy (PMA).<sup>281</sup>

Sa sumunod na taon, sunod-sunod ang naging pagtaas ng presyo ng langis na isa sa mga dahilan kung bakit naudyok ang mga mag-aaral sa UP na buuin ang Diliman Commune.<sup>282</sup> Sa loob ng ilang araw ay binarikadahan

---

<sup>280</sup> May nahanap akong maliit na libro (mas maliit pa sa palad) na mayroon lamang iilang pahina na nagsasalaysay sa kung papaano at gaano naging lubhang paranoid si Marcos at halos lahat ng nakikita niyang suliranin ay pinaghihinalaan niyang “komunista.” Ang pamagat nito ay ang *The Red Menace* na inilathala ng Malaya Books Inc.

<sup>281</sup> Binuksan ni Lt. Victor Corpuz, guro ng agham pampolitika sa PMA at opisyal sa konstabularya, ang armory ng PMA para sa mga rebeldeng NPA. Sumanib siya sa NPA pagkatapos. Class Baron ng PMA noon si Gregorio “Gringo” Honasan.

<sup>282</sup> Matatandaan na sa unang bahagi ng pananaliksik na ito, inilakip ko ang pahayag ni Lenin hinggil sa salitang *commune*. Maaari at hindi malayo na isa rin ang Diliman Commune sa pupunahin ni Lenin kung siya ay buhay pa sa mga panahong iyon (tignan dina ng Lenin 1983).

nila ang buong kampus.<sup>283</sup> Kinuha nila ang istasyon sa radyong DZUP at ginamit itong lugar para maisaere ang kanilang mga hinaing at ginamit ding oportunidad para maisahimpapawid ang mga kontrobersiyal na teyp na nairekord ni Dovie Beams sa mga panahong kasama niya si Marcos. Kinuha din ng mga estudyante ang UP Press at sa pamamagitan nito’y inilathala ang kontra-pamahalaang pahayagan na *Bandilang Pula*.<sup>284</sup> Tatlong buwan naman ang makalipas, sa araw ng paggawa, isang lider-manggagawa ang pinaslang sa Kongreso habang nagpoprotesta ang mga ito (Felicia 1995, 250). Sa sumunod na buwan ay naganap naman ang tinatawag na Manili Massacre kung saan pitumpung tao (kasama ang mga babae at mga bata) ang pinaslang ng grupong Ilaga<sup>285</sup> (daga) sa isang Mosque sa Manili, Carmen, Cotabato.

Binuksan ang unang sesyon ng concon noong 1 Hunyo 1971 sa kabila ng matinding kontrobersiya at sa kabila ng malinaw na pakikialam at pagmamaniplula dito ni Marcos. Samantala, makalipas ang halos tatlong buwan, binomba ang Plaza Miranda kung saan ginaganap ang miting de abanse ng mga tatakpong senador ng Partido Liberal para sa pambansang eleksiyon sa Nobyembre.<sup>286</sup> Sinuspinde ni Marcos sa sumunod na araw ang pribilehiyo ng writ of habeas corpus.<sup>287</sup> Ipinahayag din ni Marcos na idedeklara niya ang batas militar kung magpapatuloy ang atake ng mga “komunista.”<sup>288</sup> Hindi naman pinatawad ng hindi iilang delegado ng concon si Marcos. Dalampu’t dalawang delegado ang nagsampa ng resolusyong nagsasabing hindi dapat payagan si Marcos o sinumang kamag-anak nito sa ano pa mang darating na eleksiyong presidensyal.<sup>289</sup> Tulad ng inaasahan, hindi nagtagumpay

---

<sup>283</sup> Hindi malinaw kung ilang araw na hinawakan ng mga estudyante ang kampus o kung hanggang kailan nila naipanatili ang komyun. Ayon kay Totanes (1988), umabot lamang ang komyun nang tatlong araw. Ayon naman kay Brilliantes (1987), tumagal ito nang siyam na araw. Natapos ang komyun nang makubkob ng konstabularyo ang kampus. Marahil bahagi ng hindi malinaw na aspektong ito ang hindi malinaw na pagpapakahulugan o mababaw na pagpapakahulugan sa komyun, gaya ng puna ni Lenin.

<sup>284</sup> Babanggitin ang pahayagang ito sa Proclamation 1081 ni Marcos. Sa naturang proklamasyon, itinuring ng pamahalaan na banta ang makakaliwa/komunistang pahayagang ito. Sumangguni sa Apendiks II-3 para sa kopya ng naturang proklamasyon.

<sup>285</sup> Ang grupong ito ay kinapapalooban ng mga Kristiyanong inorganisa ng isang mayor sa lugar na iyon para pangalagaan ang kapakanan ng mga Kristiyano (laban sa mga Muslim). Nagbuo naman ang mga Muslim doon ng grupong Barracuda bilang tugon.

<sup>286</sup> Anim sa walong bakanteng upuan sa senado ang maipapanalo ng LP. Nasugatan ang mga kandidato ng Liberal Party sa pagkasenador na sina Jovito Salonga, John Osmeña, Eddie Ilarde, Ramon Mitra, at Eva Estrada Kalaw at mga opposition senador na sina Sergio Osmeña Jr. at Gerardo Roxas.

<sup>287</sup> 21 Agosto nang naganap ang pambobomba, 23 Agosto inanunsiyo ni Marcos ang suspensiyon ng writ (Proclamation Number 889). Sumangguni rin sa mga dagdag na Apendiks (Apendiks II-6) na “Timeline ng Rehimeng Batas Militar.” Literal na nangangahulugan ang *habeas corpus* ng “nasa iyo ang katawan.” Ang gamit nito ay ang makita ang mga biktima ng arbitraryong detensiyon sa pamamagitan ng pagpilit sa awtoridad na ipresenta sila sa harap ng korte. Kapag sinuspinde ito, maaaring mag-aresto ang gobyerno ng mga suspek at iditine ito nang walang takdang panahon kahit na walang kasong isinampa sa korte.

<sup>288</sup> Minsan, espesipiko pang tinatawag na “Peking-oriented Communist” (NMPC 1972?a, 14) para tukuyin ang oryentasyong Maoist ng mga aktibista.

<sup>289</sup> Concon Resolution No. 3167 na kinilala ring “Ban Marcos” resolution sa patnugot ni Napoleon

ang nasabing resolusyon. Dagdag pa, sinuportahan din kalaunan ng Korte Suprema ang suspensiyon ni Marcos ng writ sa pamamagitan ng kasong *Lansang vs. Garcia* (Lawphil.net 1971). Ginamit din ng estado ang kasong ito para ipamukha sa publiko na sumasang-ayon ang Korte Suprema sa pagkakaroon ng rebelyon sa Pilipinas. Nauna na ring napakinggan ng Korte Suprema at ginamit na basehan ang ulat ng mga intelihensiya ng militar na nagpapatunay na matindi ang opensiba ng mga “komunista” sa bansa. Sa kalauna’y papabulaanan naman ng ilang delegado ng concon na nakabasa sila ng nasabing mga ulat dahil sa malinaw na imbento lamang umano ang mga ito. Limitado ang nakabasa ng ulat dahil umano sa banta sa seguridad. Ang mga pangyayaring gaya nito ang dahilan kung bakit naging impluwensiyal din sa pagtatakda ng signipikasyon ng pamahalaan ang kilusang rebolusyunaryo. At dito na nga papasok ang idea na parehong pinaglilingkuran ng wika ang dalawang magkatunggaling uri.

Halimbawa, sa pamamagitan ng *Today’s Revolution: Democracy o TRD* (Marcos 1971a), tinangka ni Marcos na binyagan ng bagong kahulugan ang salitang *rebolusyon*. Maituturing na isa sa pinakamahalagang bukal at lunsaran ng politikal na pagsusuri ng wikang bago ang panahon ng rehimeng batas militar ang librong TRD ni Marcos.<sup>290</sup> Dito unang hinikayat ng reaksiyonaryong pamahalaan ang pangangailangang magkaroon ng tinatawag nilang *demokratikong rebolusyon*, gamit ang panlipunan konstrak na Bagong Lipunan. Sa kalagitnaan ng dekada sitenta, itinuring ang librong ito bilang kauntugang-bato ng *Philippine Society and Revolution* o PSR o ang salin nito na *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* o LRP ni Amado Guerrero (Guerrero 1970).<sup>291</sup> Lisa lamang sa dalawa ang bukambibig ng mga estudyante at aktibista. Kung tutuusin, madaling maintindihan ang mga letrang PSR o LRP samantalang walang politikal na sagsay ang mga letrang TRD. Ginamit ng pamahalaan ang librong TRD (o ang mga nilalaman nito) bilang instrumento sa paghahanda sa taumbayan sa napipintong constitutional convention o concon na ipinagtibay noong Agosto 1970.<sup>292</sup>

---

Rama. Nagsasaad ito ng “no presidential reelection and anti-dynasty proposal.” Matatalo ang proposal na ito sa botohan ng kumbensiyon sa botong 131-155 (Brillantes 1987, 54).

<sup>290</sup> Sa klasipikasyon ni Brillantes (1987), maituturing ang dokumentong ito bilang *opisyal na perspektiba* sa pagdedeklara ng batas militar. Nangangahulugan na nagmula ang perspektiba sa “opisyal” o awtorisado at awtoritatibong salik. Pangunahing nakasalalay ang anumang pagsusuri ng makauring jargon sa mga tinaguriang “opisyal” na materyales/babasahing gaya nito.

<sup>291</sup> Itinuturing na nom de guerre ni Jose Maria Sison, tagapagtatag ng Kabataang Makabayan at founding chair ng Communist Party of the Philippines.

<sup>292</sup> Ipinagtibay sa bisa ng RA 6132. Isinakatuparan ng RA 6132 ang Joint Resolution 2 ng Kongreso na nagtatawag ng kumbensiyong konstitusyonal. Ipinasa naman ito noong 16 Marso 1967. Isinampa naman ni Sen. Emmanuel Pelaez ang Senate Bill No. 77 noong Enero 1970 na nagsasaad ng eleksiyon ng 320 delegado sa concon. Magaganap ang halalang ito sa Nobyembre 1970. Umabot sa 2,482 ang bilang ng mga kandidato na nakatakdang magrebisa ng konstitusyong 1935.



Ayon sa TRD, kinakailangan na noon ng agarang pundamental na pagbabago sa lipunan kaya napipinto na ang rebolusyon (Marcos 1971a, xvii). Gayumpaman, ang rebolusyong tinutukoy niya rito ay malayo sa uri ng rebolusyong gaya ng sa Pransiya o sa Rusya na nagtataglay ng mas kumbensiyonal na pakahulugan ng naturang termino. Nakabatay kasi ang pagpapakahulugan sa monoglot o karakter ng wika ng pasismo. Ito rin kasi ang pakahulugan na ipinagpapalagay ng estado na magdudulot ng bentaha sa dalumat at praktika ng Bagong Lipunan. Dagdag pa niya, maaaring maganap ang rebolusyon sa deliberasyon ng concon (Marcos 1971a, xvi). Aniya, ito ang tinatawag na liberal na uri ng rebolusyon (kumpara sa tinawag niyang uring Jacobin<sup>293</sup>). Kaalinsabay nito ang pagbibigay niya ng kahulugan sa demokrasya bilang “digmaan ng mga idea...na naisakatuparan sa pamamagitan ng malaya at bukas na debateng pampubliko, sa pamamagitan ng polemika, kung nanaisin, hinggil sa plataporma at sa midya” (Marcos 1971a, vii; akin ang salin). Ipinagkaiba niya ito sa retorika ng *radikalismo* na umano’y nangingibabaw noon dahil na rin sa pagpapabaya ng administrasyon.

Pagkatapos na pagkatapos ng unang termino ni Marcos, naririnig na mula sa panig ng pamahalaan ang katagang *demokratikong rebolusyon*. Sa isang popular na polyetong inilathala ng National Media Production Center (NMPC 1972?a),<sup>294</sup> ipinaliwanag na ang tinutukoy na demokratikong rebolusyon ay:

Ang deklarasyon ng pananampalataya sa Demokrasya bilang tanging behikulo ng rebolusyonyong pagbabago ng isang bayan na bunga ng pagmamahal sa kalayaan...ikinukumpara ni Presidente Marcos ang karanasan ng Britanya sa karanasang Pranses at pinapaburan ang una bilang huwaran kung nangangahulugan ang rebolusyon ng hindi paglamon sa mga anak nito.” (akin ang salin)

Kinokondisyon ng mga pananalitang ito ang isang uri ng rebolusyong mapayapa at hindi tulad sa madugong rebolusyon sa Pransiya. Kaalinsabay ng gawaing ito ay ang pagrereprak ng nauna at gamitíng dalumat at termino ng rebolusyonyong jargon sa pagtatangkang agawin ang makauring tunguhin niyon tungo sa reaksiyonyong pananamantala. Kaalinsabay ng repraksiyong ito ang pagtatangkang ipakita na ang tinaguriang demokratikong rebolusyon ay

---

<sup>293</sup> Hindi sapat na ipinaliwanag sa TRD ang hinggil dito. Nangangahulugan ang Jacobin ng pagiging lubhang radikal lalo na sa larangan ng politika. Nag-ugat ang salitang ito sa isang radikal na kilusan noong panahon ng Rebolusyong Pranses na kilala sa paggamit ng dahas (reign of terror) lalo na noong 1789-1794.

<sup>294</sup> Ang kulminasyon ng nasabing teksto ay ang 1972 summit meeting.

salamin ng pagkalinga ng pamahalaan sa mga mamamayan nito, kaalinsabay ng pagpapatimo ng kahalagahan ng pagbabago ng konstitusyon. Ayon sa polyeto, “sa konstitusyunal na estadong ito, dumarami nang dumarami ang taong nakapapasok sa *uring namamahala*<sup>295</sup> at mga bumobotong indibidwal” (akin ang diin at salin).

Kahanga-hanga naman, bagaman may ilang hindi naaangkop, ang sa kalauna’y magiging malinaw na diskurso ng segregasyon ng dalawang nagtutunggaling uri ng demokratikong rebolusyon gaya ng ipinupunto ng TRD. Ang sumusunod ay buod na hinggil dito:

#### DEMOKRATIKONG REBOLUSYON

liberal/konstitusyunal ↔ Jacobin/sosyal/komunista

#### PAMAMARAAN

pagbabago/mapayapa/institusyunal ↔ *karahasan* (terorismo)

#### BATAYAN

sentro ↔ masa

#### SOLUSYON

demokratisasyon ↔ sosyalisasyon

#### PAG-AARI

regulasyon/demokratisasyon ↔ abolisyon

#### PANAHON

moderno/bago ↔ lumang kaalaman (old wisdom)

#### KASAYSAYAN

nasyonalista ↔ natutunan sa karanasan ng ibang bansa

#### IMPLUWENSIYA

Mabini ↔ Marx

---

<sup>295</sup> Isa sa mga naunang pagtatangkang bigyan ng neolohismo ang piksiyonal na pamumuno o pagsangkot ng mamamayan sa pamumuno ng bansa—dalumat na hindi naman naisasakatuparan sa ilalim ng ekonomiyang nakabatay sa pribadong pag-aari. Sa kalaunan, partikular sa ilalim ng batas militar, ang gagamiting termino ay “barrio” o “barangay (democracy).”



Hindi katakataka ang pagbibigay at paggamit ng *opisyal na perspektiba* ng mga pagpapakahulugan at mga retorikal na kontradiksiyong ito lalo na kung papansinin ang deiktikong praktis sa TRD. Ang deixis ay isang katangiang hinihiram ko sa disiplina ng pragmatiks na nagpapahintulot na *tumuro* o *magturô* sa pamamagitan ng wika (*ito, iyan, ikaw, ako*). Maaaring gamitin ang kaisipang ito para mapasidhi ang idea ng ugnayan ng kapangyarihan at wika—lahat ay may kapangyarihan na tumuro o magturô, pero hindi lahat ay maaaring tumuro o magturô; sa kahuli-hulihan, ang naghaharing-uri lamang, lalo na ang pasista, ang may pinakamakapangyarihan at pinakamapagsamantalang kakayahan na gumawa nito. At para makamit ang ganitong uri ng karanasan, mahalagang isalin ang ideang mikropragmatikong (micropragmatic) ito tungo sa politika ng wika nang sa gayon ay maiangat ang kapasidad ng isang senyas patungo sa isang instrumentong politikal. Halimbawa, ang salitang *komunista* ay ginagamit na deixis para sa mga miyembro ng New People's Army (NPA), maging sa mga miyembro ng nagraring estudyante, at kahit pa nga sino kung isasaalang-alang ang pagkakaroon ng suspensiyon ng kasulatan ng habeas corpus. Kaalinsabay nito ang pagtukoy sa mga miyembro ng NPA bilang banta sa kapayapaan at sa nauna nang nakongkretisang kaunlaran, sa pamamagitan ng makauring jargon at iba pang sistemang semyotiko, lalo na ng nakabubusog na pagkain (bigas, ulam, at gulay) at impraestrukturang nasasalat, nakikita o natitirahan. Lalo pang magiging makapangyarihan ang kaisipang ito kapag ipinaris ang deixis ng wikang gaya ng *terorista*, kaalinsabay ng isang kongkretong sistemang semyotikong gaya ng pagbobomba, partikular sa Plaza Miranda noong 21 Agosto 1971 (cf. Marcos 1971a, xiv). Lalo pang magiging kabahabaha ito kung bibilangin ang at ipamumukha sa mga tao ang bigat, grabidad, at dami ng pambobomba. Isang listahan halimbawa (na ibibilang din sa dokumento ng Proclamation 1081) ang sumusunod:

The Executive had information and reports—subsequently confirmed, in many respects, by the abovementioned Report of the Senate Ad Hoc Committee of Seven—to the effect that the Communist Party of the Philippines does not merely adhere to Lenin's idea of a swift armed uprising; that it has, also adopted Ho Chi Minh's terrorist tactics and resorted to the assassination of uncooperative local officials; that, in line with this policy, the insurgents have killed 5 mayors, 20 barrio captains and 3 chiefs of police; that there were fourteen (14) meaningful bombing incidents in the Greater Manila Area in 1970; that the

Constitutional Convention Hall was bombed on June 12, 1971; that, soon after the Plaza Miranda incident, the NAWASA main pipe at the Quezon City-San Juan boundary was bombed; that this was followed closely by the bombing of the Manila City Hall, the COMELEC Building, the Congress Building and the MERALCO sub-station at Cubao, Quezon City; and that the respective residences of Senator Jose J. Roy and Congressman Eduardo Cojuangco were likewise, bombed, as were the MERALCO, *main office* premises, along Ortigas Avenue, and the Doctor's Pharmaceuticals, Inc., Building, in Caloocan City. (tignan ang Apendiks II-3)

Lalo pang nakababahala ito sa dahilang hindi na nga nakontrol ng mga inestabilisang Barrio Self-Defense Unit, na may tanging tungkuling anti-subersiyon, sa kanayunan ang mga itinuturong komunista, nagpapalaganap pa ang mga naturang komunista ng *terrorismo—pagpatay, pananakit*—sa mga mamamayan sa kalunsuran sa kabila ng malinaw na pruwebang pamahalaan din naman ang pasimuno sa mga ito.<sup>296</sup> Dito ngayon mahalagang ipasok ang pakahulugan sa opisyal na perspektiba. Nangangahulugan ito ng paggamit ng opisyal o ng pamahalaan ng sarili nilang perspektiba para bigyan ng kahulugan ang mga bagay-bagay. Pero bahagi ng pagbibigay ng perspektibang ito ay ang kanilang imperatibo o pangangailangan. Hiniram ko ito sa tinatawag ni Alex Brillantes na “ruler’s imperative perspective” (Brillantes 1987, 89). Napakamakabuluhan nito sa dahilang para makapagbigay ng utos, kahit wala pang direktang kontrol,<sup>297</sup> ang isang naghahari ay nangangailangan ng

---

<sup>296</sup> Partikular ang paramilitar na grupong Monkees. Ang Monkees ay bayaring death squad ng pamahalaan na responsable sa pagpaslang ng mga operatibang Huk at dahilan ng di-mabilang na kaguluhan noong 1970 at 1971 lalo na sa kanayunan. Nagmula ang pangalan sa isang sikat ng Amerikanong rock group na nilikha bilang reaksiyon ng mga prodyuser sa telebisyon sa tinaguriang British Invasion o dominasyon sa US ng mga rock group na mula sa Britanya, gaya ng Beatles, Rolling Stones, at The Who. Nakatutuwa ito dahil ayon kay Bonner (1987, 126), kinilala namang Beatles ang mga unit ng Huk na nakikipaglaban sa mga Monkees. Gayumpaman, naririnig na ang grupong “Monkees” kahit noong kampanya ng eleksiyong 1969, (sumangguni sa Seagrave 1988, 217). Pinakasikat marahil na kanta ng Monkees ang “I’m a Believer” na ginagamit sa kasalukuyan sa isang patalastas, at ng Walt Disney Films sa pelikulang *Shrek*. Sa mga manipestong matatagpuan sa Apendiks I-1, makailang beses na mababanggit ang grupong Monkees bilang isa sa mga epektibong instrumento ng pagpapanatili ng kapangyarihan ng mga mapagsamantalang uri.

<sup>297</sup> Pansamantala kong ipinag-iiba ang utos (command) sa kontrol sa dahilang sa panahong ito (maagang dekada sitenta) mahalagang linawin ang mga terminolohiya na magbubukod sa mga kaaway at sa mga kakampi. Kaiba naman sa panahon ng batas militar kung kailan relatibong kontrolado na ng estado ang kalayaan ng bawat mamamayan, na bagaman hindi absoluto sa realidad, nakasasapat paminsan na hindi na gamitan ang mga tiyak at kumbensiyonal na mga senyas na gaya ng wika, dahil kumon sensikal na ang mga ito.

kumbensiyonal na mga senyas para dito.<sup>298</sup> Bagaman inaamin ko na noong una ay malamya ang turing ko rito dahil wala naman talagang politikal at kongkretong batayan ang naturang perspektiba, naniniwala naman ako na sa larangan ng usapin sa wika, malaki ang maiaambag nito.

Sinabi ni Brillantes na noong 27 Pebrero 1970 pa unang binanggit ni Marcos ang salitang “batas militar.” Kalauna’y sasabihin niya na, “kailangang pansinin na ibinaba ang batas militar halos dalawa at kalahating taon dahil... ang mga eksaktong lugar na itinuro ni Marcos bilang siguradong target ng pananabotahe (at pambobomba) ay mismong mga lugar na sinabotahe at binomba. Sa katunayan, espesipikong itinuro sa Preambular na bahagi ng Proclamation 1081 ang mga insidente ng pambobomba.<sup>299</sup>” Inakusahan ng mga miyembro ng oposisyon ng konggreso si Marcos na siya mismo umanong lumikha ng klima ng takot at kaguluhan para ihanda ang tao sa posibilidad ng batas militar. Tunay namang naging epektibo ito dahil naging paksa ng kuro-kuro ang nasabing relatibong bagong terminong batas militar habang kasabayang ipinapatimo ang demokratikong rebolusyon.

Kaakit-akit na sa mga subjek lalo na sa nakapangyayaring uri ang bagong pakahulugan sa rebolusyon at demokrasya. Pero, dadagdagan pa ito ng patuloy na pagtukoy sa pagkakaroon ng banta ng mga terorista sa kaayusan at kaunlaran. Sa pagbibigay ng estado sa bawat Pilipino ng impormasyon ukol sa pangangailangan ng bagong konstitusyon, kung hindi man ng bagong estruktura ng pamahalaan, nalelehitima ang paniniwala ng bawat Pilipino sa ego-cogito. Nangangahulugan ito (ego cogito) na kung nag-iisip ang Pilipino at naniniwala silang hindi sila dinidiktahan at may sariling malayang pag-iisip na tulad ng pinaniniwalaan nilang nararapat na ibinibigay sa kanila sa isang ideal na lipunang demokratiko o rebolusyonaryo, sasang-ayon o hindi sasalungat ang Pilipino sa iminumungkahi o anumang mga pagbabago sa pamamahala. Dulot ang paniniwalang ito (ego-cogito) ng takot sa banta o paparating na sigwa na mas madalas kaysa hindi ay itinalaga o inestablisa ng pamahalaan at ng sandatahang hukbo. Latak (sediment) naman ang paniniwalang ito na nakabatay sa pananaw-mundo ng militar na nagpapakilala ng isang daigdig ng karahasan. Kaalinsabay nito ang pagnanasa ng estado na ayusin at organisahin o muling konsolidahin ang pinaniniwalaan nilang watak-watak na bansa sa pamamagitan ng paghahanap

---

<sup>298</sup> Gaya ng “sit,” “stay,” “down,” at “play dead” sa aso. Pansining sa Pilipinas, walang sapat na pagtatangkang isalin ang mga naturang salita na alalaombaga’y sa Ingles lamang makaiintindi ang mga aso.

<sup>299</sup> Gaya ng inilista sa itaas.

ng kumon na kaaway na magbubuklod sa mga mamamayan nito.<sup>300</sup> Higit dito, nagiging produkto rin ng dalumat ng kumon na kaaway ang pagkabuklod ng pamunuan sa pinamumunuan sa pamamagitan ng tila pagwawalambisa ng kapangyarihan nito sa nakararami. Samakatwid, nagsisilbing retorikal na instrumento ang banta para kumbinsihin ang mamamayan. Sa pamamagitan nito, nalelehitima ang kapangyarihan ng iilang makapangyarihan o sentro sa isang nasyon. Higit pa rito, mas nagiging makapangyarihan ang sentro habang tumataas ang kapangyarihan ng militar nito. Ito ay sa dahilang ang militar, lalo na sa rehimeng batas militar, ang pangunahing tagapataw ng tunguhin, sa anyo ng mga batas at polisiya, ng estado—at sa gayon ng kagustuhan ng iilang nagpapalakad ng isang organisasyong politikal. Nakikita ng estado na kailangan ng pagbabago sa paraan ng pamamahala pero hindi naman ito madaling ipilit o sapilitang isubo sa mamamayan kahit pa sa antas ng diktadura, o gaya ng mangyayari sa taong 1972, sa pamamagitan ng batas militar. Sa huli, ang mismong mamamayan na, na puno ng pinaghalong pangamba at galit (sa *kaaway*), ang magpupumilit at mangangatwiran para sa mga tangkang pagbabago ng estado na isang ganap na bagong anyo ng pananakop at demonstrasyon ng kapangyarihan ng katunggaling uri.

Kung babalikan ang ilustrasyon ko ng buod ng dalumat ng mapagsamantalang uri ng “demokratikong rebolusyon,” mapapansing ipinahihiwatig ng categoryang “solusyon” at “pag-aari” ang pagpapanatili ng kanilang interes (sa gayo’y pananatili ng lokal na ugnayang panlipunan) at interes ng Estados Unidos (sa gayo’y pananatili ng imperyalistang ugnay nito sa Pilipinas). Malilinawan pa ang huli sa pamamagitan ng pagbaligtad ng Korte Suprema sa mga desisyong Quasha at Lusteveco sa taong 1972.<sup>301</sup> Ito ang dahilan kung kaya’t nanatili ang mga elitistang interes sa pagbubuo (o kabiguan na makatukoy) ng pambansang wika at pananatili ng dominanteng posisyon ng wikang Ingles sa panahon ng batas militar. Ano pa’t malaking pagbaligtad ito sa categoryang “kasaysayan” at “impluwensiya” sa segregasyon ng demokratikong rebolusyon. Kung tutuusin, hindi naman kailanman

---

<sup>300</sup> Sa TRD, na pangunahing ginamit bilang paghahanda sa concon, tinukoy na kumon na kaaway ang mga komunista, maging ang oligarkiya o mga lumang politiko. Pero sa Proclamation No. 1081, pansining babanggitin na lubhang kailangan ang pagdedeklara ng batas militar dahil pangunahin sa mga komunista. Mawawala ang pagtuon sa oligarkiya.

<sup>301</sup> Sa desisyong Quasha ng korte suprema, napatunayang ilegal ang lahat ng pribadong agrikultural na lupa na pag-aari ng mga Amerikano mulang 1946 hanggang 1974: “under the ‘Parity Amendment’ to our constitution, citizens of the United States and corporations and business enterprises owned or controlled by them can not acquire and own, save in cases of hereditary succession, private agricultural lands in the Philippines and all other rights acquired by them under said amendments will expire on 3 July 1974” (Lawphil.net 1972a). Dagdag pa rito ang napagpasyahan ng korte suprema sa Lusteveco Decision na lahat ng kompanya sa sektor ng ekonomiya ay reserbado para sa mga Pilipino lamang, at hindi puwedeng maging direktor at punong tagapamahala ang mga dayuhan (tignan ang Lawphil.net 1972b).

naging tunguhin ng reaksiyonaryong pamahalaan ang pagkakapantay-pantay at pagkakaisa. Replektibo ito sa wika. Anti-thesis ng kapangyarihan ang pagkakaisa, ayon nga kay Fowler (nasa Van Dijk 1985). Masaklaw ang paggamit ng iba't ibang grupo o uri sa diskurso/wika/terminolohiya o partikular sa makauring jargon bilang pagpapakilala sa antas sa lipunan, o uri ng hanapbuhay, o tuwirang panlilinlang sa mga hindi nakaiintindi ng jargon na iyon. Samakatwid, hindi kailanman magkakaroon ng pagkakaisa hangga't may pagkakaiba sa wika at sa pagkakaintindi nito.

Lubhang makapangyarihan ang categoryang “panahon” lalo pa't ang segregasyon ay sa pagitan ng *moderno* at *luma*.<sup>302</sup> Maaaring maging kasingkahulugan ng mga ito ang *abante* at *atrasado*, depende sa kung ano ang konteksto ng paggamit ng mga ito. Dito rin papasok ang dalumat ng neolohismo o paglikha ng mga bago at abstraktong termino para makumbensiyonalisa o maging kumon sensikal ang isang malawak na dalumat o hindi malinaw na idea. Bukod-tanging katangian ang pagiging hitik sa neolohismo ng isang pelinghenetiko at pasistang rehimeng gaya ng Bagong Lipunan. Kailangan kasi ng puspusang pagpapaliwanag sa mga hindi maintindihan o mahirap intindihing mga konsepto, kaya nagiging praktikal ang paggamit ng neolohismo. Ilang halimbawa rito ang mga propagandang Bagong Lipunan, Love Bus, Save Gas, Keep Manila Clean, sa ikauunlad ng bayan disiplina ang kailangan, Smiling Martial Law, at Compassionate Society. Kaya nga hindi rin mahirap na bumuo ng kontra-kultura o kontra-hegemonyang gaya ng Bagong Likuman, delagaydos, tonggresman, senatong, edifice complex, Gulangan Archipelago, Laban, New Scourge, sa ikauunlad ng bayan bisikleta ang kailangan.

Dagdag sa demarkasyon at segregasyon ng bago at luma at ang malinaw na paggamit ng dalumat at signipikasyon ng rebolusyon, at sa gayo'y paglapastangan sa obhetibong kondisyon ng diyalektikong materyalismo at materyalismong historikal, tinangka ring ireprak ng pamunuan ni Marcos ang dalumat at signipikasyon ng pagpapanibagong-hubog. Sa pamamagitan nito pinakamaginhawang nakita ng lupon ng intelihensiya ng naghaharing uri na maaaring magkapitalisa sa pamamagitan ng paglalagom ng mga elemento ng pagbabago, disiplina, rebolusyon, at segregasyon sa konteksto ng pagbabagumbuhay. Sa librong *Bagumbuhay sa Lipunan*, ginamit ni Marcos ang mga idea ni Apolinario Mabini sa pagtatangkang linawin ang mahirap intindihin (dahil nga walang pundasyong praktikal at teoretikal) na

---

<sup>302</sup> Para sa mas masaklaw na diskusyon ukol dito, sumangguni sa Campoamor 1999.

idea ng rebolusyon. Hiniram niya ang dalumat ng rebolusyong panlabas at rebolusyong panloob ni Mabini. Ayon kasi kay Mabini:

Upang maitayo ang karampatang gusali ng ating pagpapanibagong panlipunan, dapat nating baguhin hindi lamang ang ating institusyon kundi maging ang ating mga gawi at kaisipan. Kailangang magkaroon ng rebolusyong panlabas at rebolusyong panloob sa pamamagitan ng pagtatatag ng ating edukasyong moral sa isang lalong matibay na sandigan at pagtitiwalag sa ating mga sarili ng masasamang bisyon na karamihan ay minana natin sa mga Espanayol. Kung ito ay hindi matutupad, ang ating bayan ay mahahati at lalong maghihirap dahil sa giyera sibil at mga kagusutang panloob hanggang ito ay lubusang mawala, at maging ang masaganang dugo ng ating mga martir ay hindi kayang pigilin ito. (Mula sa *La Revolución Filipina* ni Mabini; nasa Marcos 1971b, 1 at 6)

Batay sa mga naipakitang halimbawa ng repraksiyon sa itaas, maaaring makabuo ng ilang malinaw na implikasyon. Una, malinaw na nananahan ang kontra-hegemonya sa maagang panahon ng pasistang pamumuno. Pangalawa, malakas ang impluwensiya nito kung kaya't nakita ng reaksiyong pamahalaan ang kahalagahan na ireprak ito, dangan, dahil sa oportunistang layon nila ay nalulustay ang mga pundasyong praktikal at teoretikal ng rebolusyong diskurso. At pangatlo, mismong ang mga praktikal at teoretikal na pundasyon ang magtatakda, sa pamamagitan ng kahuli-hulihang praktika, ng kawastuhan ng paggamit ng mga espesipikong yunit ng wika, gaya ng salita, sa tulong ng makauring tunguhin sa loob ng isang tunggalian.

Malinaw naman na hindi si Marcos ang nakaisip ng mga naturang idea, lalo na ang nakaisip na hiram ang mga ito sa bayaning tulad ni Mabini. Pero sa kabila ng malinaw na katotohanang may makinayang intelektuwal at intelehensiya sa likod ng lahat ng mga ipinagpapalagay na pahayag ni Marcos, alalaombaga'y, sa punto nang ito naabot ang rurok ng hipokresya at balahurang pagpapabaya hindi lamang sa kalinangan ng sinaunang rebolusyon kundi maging ng kontemporaneong rebolusyong kilusan. Isipin lamang na ang isang pamahalaan na sa unang araw ng panunungkulan ay nangako ng pagbabago sa mismong hanay ng pamunuan lalo na sa pamamagitan ng pag-iwas sa anumang anyo ng marangyang pamumuhay, ngayon ay nagbibigay ng libreng panayam hinggil sa pagbabagumbuhay sa

pamamagitan ng rebolusyong panloob. Ano pa nga ba ang maaasahan sa isang pamahalaang inirereprak ang persepsiyon ng sarili nitong taumbayan sa pamamagitan ng pagbabalik dito ng sisi at sa pamamagitan ng mapanlinlang na *demokratikong rebolusyon* na ngayon ay pinagtatangkaang ikawing at ilugar sa mahaba at mabungang kasaysayan ng himagsikang Pilipino. Ayon pa sa naturang libro:

Gaya ng layunin ng rebolusyong panloob ni Mabini, ang Demokratikong Rebolusyon sa kasalukuyan ay isang pagbabangon laban sa kahinaan ng bayan—sa katamaran, sa pagwawalambahala, sa oportunismo at pagsasamantala, at sa kabulukan ng lipunan. Ito ay isang himagsikang mapayapa na isinagawa upang maiwasan ang isang madugong rebolusyon na kasasangkutan at kikitil ng buhay ng magkakapatid. (Marcos 1971b, 10)

Gayumpaman, gaya ng TRD, mas malaking dahilan kung bakit inilabas ang *Bagumbuhay sa Lipunan* ay ang bigyang-hustisya ang pangangailangan ng concon: “Ngayong 1971, ang *sambayanang Pilipino ay umaasa* na ang kanilang mga inihalal na 320 delegado sa Kumbensiyon para sa Saligang Batas na nagdaraos ngayon ng mga pagpupulong sa Maynila ay susulat ng isang Saligang Batas na makatutugon sa maraming suliranin ng isang bansang malaya, nagsasarili, at patuloy sa kaniyang karapatdapat na kaunlaran, isang Saligang Batas na Pilipino at maningning na tanglaw tungo sa demokratikong pagbabagumbuhay ng sambayanan at ng bansa” (Marcos 1971b, 19; akin ang diin). Ganito pa man kaaga ay kapaki-pakinabang na ang idea ng ego-cogito.

Bukod sa pagiging abala sa tunay na kahulugan ng concon, naging paksa din ng usap-usapan ang batas militar. Kaya nga kinailangan pa ng malawakang kampanya sa pamamahagi ng impormasyon at repraksiyon ng kahulugan nito. Nagkaroon pa ng espesyal na isyu ang *Manila Times* hinggil dito, samantalang unang ginamit lamang ni Marcos ang salitang ito sa isang talumpati niya noong Pebrero 1970. Marahil, akmang tunay ang batas militar sa pag-establisa ng pambansang pananakop sa pamamagitan ng Bagong Lipunan. Matatandaang nagpataw din ng batas militar, bagaman sa lubhang naiibang anyo, ang Estados Unidos at Hapon nang sakupin ng mga ito ang Pilipinas.

Ang mga ito ang malinaw sa puntong ito: Una, ang pagbababa ng batas militar ay bunga ng kagustuhan ni Marcos na manatili sa kapangyarihan, na



hindi rin ganap na naisakatuparan sa pamamagitan ng concon. Pangalawa, ipinipilit ng mga kaganapan sa pandaigdigang sistemang kapitalista na panatilihin ang sa pangkalahata'y pang-ekonomiya at pangmilitar na seguridad ng US sa Pilipinas. Pangatlo, nakaimpluwensiya rin ang mga tunggalian sa loob ng dominanteng uri para sa kapangyarihan. Panghuli, nagtangka ang mapagsamantalang uri na biguin ang anumang tangka ng anumang sektor sa lipunan na pabagsakin o pababain sila sa dominanteng politikal at pang-ekonomiyang lugar nila sa lipunan.

### **Limang Ismo: Imperyalismo, Pyudalismo, Pasismo, Ikaw Mismo, Misis Mo**

*My Countrymen:*

*As of the 21<sup>st</sup> of September, I signed Proclamation No. 1081 placing the entire Philippines under martial law. This Proclamation was to be implemented upon my clearance, and clearance was granted at 9:00 in the evening of the 22<sup>nd</sup> of September. I have proclaimed martial law in accordance with powers vested in the President by the Constitution of the Philippines.*

*The proclamation of martial law is not a military take-over. I, as your duly elected President of the Republic, use this power implemented by the military authorities to protect the Republic of the Philippines and our democracy. A republican and democratic form of government is not a helpless government. When it is imperiled by the dangers of a violent overthrow, insurrection and rebellion, it has inherent and built-in powers wisely provided for under the Constitution. Such a danger confronts the Republic.*

*I have used the other two alternatives of calling out the troops to quell the rebellion and suspending the privilege of the writ of **habeas corpus**. But the rebellion has not been stopped. I repeat it has worsened. Thus it was discovered that when the suspension of the privilege of the writ of habeas corpus was lifted on January 11, 1972, the organization of the Communist Party had expanded their area of operation as well as increased their memberships.*



*All other recourse have been unavailing. You are all witnesses to these. So we have fallen on our last line of defense.*

*You are witnesses to the patience that we have shown in the face of provocation. In the face of abuse and license we have used persuasion. Now the limit has been reached. We are against the wall. We must now defend the Republic with the stronger powers of the Constitution.*

*To those guilty of treason, insurrection, rebellion, it may pose a grave danger. But to the citizenry whose primary concern is to be left alone to pursue their lawful activities, this is the guaranty of that freedom.*

*All that we do is for the Republic and for you. Rest assured we will continue to do so.*

*I have prayed to God for guidance. Let us all continue to do so. I am confident that with God's help we will attain our dream of a reformed society, a new and brighter world.<sup>303</sup>*

Nangyari na ang kinatatakutan ng nakararami. Idineklara ng naghaharing uri ang batas militar. Dahil sa walang materyal na batayan, hindi naging matagumpay o mabunga ang diskurso ng concon para sa kapakanan ng imperyalista at ng mga lokal na kakutsaba nito. Nagpatuloy ang mga anti-imperyalista at anti-piyudalistang sentimyento na lalo namang ikinabahala ng rehimeng US-Marcos. At sa kabila ng patuloy na humihigpit at patuloy na lumalalang paniniil ng naturang rehimen, hindi nanamlay ang mga progresibo at rebolusyonaryong pagkilos bagkos ay lalo pa ngang tumingkad. Maraming implikasyon ang mga kaganapang ito. Una, sa panahong iyon ay lalong tumindi ang antas ng pasismo lalo pa't tanging ito lamang ang pinakaepektibong sandata ng reaksiyonaryong pamahalaan para panatiliin ang kalakaran ng lipunan—o mapanatili sa kanila ang kapangyarihan partikular ang kontrol sa mga puwersa ng produksiyon at sa ugnayang panlipunan. Pangalawa,

---

<sup>303</sup> Mula ito sa teksto ng ipinahayag ni Marcos sa telebisyon hinggil sa pagpapataw ng batas militar noong 23 Setyembre 1972 sa ganap na ika-8 ng gabi. Matatagpuan ang kopya nito sa Apendiks II-4. Pormal niyang ipinahayag na inilalagay niya ang bansa sa ilalim ng batas militar simula ika-9 ng gabi ng Setyembre 22. Umabot sa 53 (Senador, Konggresista, delegado ng concon, estudyante, at mamamahayag) ang inaresto nang gabing iyon. Isinara rin ang mga estasyon ng radyo at telebisyon.

kaalinsabay ng pagtindi ng krisis at ang kaakibat nitong pagtindi ng antas ng marahas na pamumuno, umangat din ang kalidad ng mga progresibong pagkilos pangunahin sa rebolusyonaryong hanay, at pangalawa sa hanay ng mga repormista at ng simbahan. At sa mga pagkakataong gaya nito, hindi dapat pinalalampas ang oportunidad na analisahin ang wika sa konteksto ng digma at matinding guwang sa pagitan ng dalawang magkatunggaling uri o bansa.

Sa itaas ang halimbawa ng isang makauring jargon. Sa pamamagitan nito, at sa mga susunod na manipestasyong gaya nito, maaaring tukuyin kung paanong ginagamit ng nananahang ideolohiya ang wika para paglingkuran ang mga makauring tunguhin nito. Kapansin-pansin na mula sa paggamit ng wika para pagaangin ang loob ng sambayanan hinggil sa pagbabago ng konstitusyon, tumutungo na sa pagkakataong ito ang naghaharing uri sa pagpapaintindi ng paniniil at sagadsaring paggamit ng pangunahing puwersang militar nito. Isang malinaw na pagkakaiba nga lamang sa pagkakataong ito ang pagiging iba ng konteksto ng signipikasyon. Sa pagkakataong ito, radikal na nagbago rin ang kalidad ng politikal na kapangyarihan ng naghaharing uri na ginagabayan at sinusuhayan ng pinakaepektibo at pinakamapanupil/ represibo nitong anyo ng kapangyarihan—ang militar.

Mahirap bigyan ng malinaw na pakahulugan ang terminong pasismo o pasista pangunahin na rin dahil sa katotohanang wala naman itong batayang uri<sup>304</sup> at wala itong partikular na palaisip na matutukoy para gawing lunsaran hinggil sa pag-aaral nito. Gayumpaman, hindi maaaring ipawalambisa ang pananahan nito dahil ginagamit naman ito sa larangan ng wika, o sa mas tiyak na pagpapahayag, ginagamit ang terminong ito para tukuyin ang mga tiyak na katangian ng isang penomenong panlipunan. Mas madalas nga lamang na ginagamit ito sa makauring intensiyon ng nasabing termino. Noong una, lalo na sa panahon ng kadakilaan ng mga tunguhing Pasista ni Mussolini at Nazismo ni Hitler, ang makauring intensiyon ng termino ay naglilingkod sa mapagsamantalang uri.<sup>305</sup> Gayumpaman, sa mas kontemporaneong panahon, at partikular sa mga bansa sa ikatlong daigdig, mas ginagamit na ang terminong ito para tukuyin sa pamamagitan ng pinakapayak na senyas na “pasista” ang pakahulugang nagsasamantala sa pamamagitan ng mapanupil at marahas na pamamaraan. Naging derogatoryo na kasi ang termino para sa mga reaksiyonaryo, lalo na sa kasalukuyan, bunga na rin ng malagim na

<sup>304</sup> Mariing pinapabulaanan ito ng awtor na si Mihaly Vajda sa librong *Fascism as a Mass Movement* (1976). Naniniwala siyang may ugat na gitnang uri ang pasismo.

<sup>305</sup> Isa na rin ito sa mga dahilan kung bakit hindi ako sumang-ayon kay Vajda nang binabasa ko ang libro niya.

karanasan sa panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig; samantalang mabisang armas, tiyak at payak na termino ng pagpapahatid ng pakahulugan naman para sa rebolusyonaryong tunguhin at maging sa mga kontra-kulturang tangka ng sinuman, sa konteksto ng mapaniil na kapaligiran.

Sa isang sikat na serye ng kartun ni Nonoy Marcelo na *Ikabud sa Bulletin Today* (1983) halimbawa, makikita ang hubad na pagtatangkang sagkaan ang nananaig na kalakarang panlipunan sa pamamagitan ng praktikal na paglalaro ng mga salita at tunog (nasa Roces at Roces 1992, 93). Sa isang isyu ng *Ikabud*, mayroong dagang nagrarali sa harap ng mag-asawang pinuno ng Daglandia (munting mundo ng mga daga). Ayon sa lalaking pinuno, “Kado!!! ‘No ba talagang dinedemo-demo n’yo, ha?!?’ / “‘Yung limang “ismo” pa rin po, Bos Meyor Peter!’... “Nagdedemo kami laban sa Imperyalismo, Piyudalismo, Kolonyalismo, Misis mo...Ikaw Mismo!!!” Medyo sumablay lang si Marcelo sa pangatlong ismo dahil hindi dapat Kolonyalismo ang terminong ginamit niya dahil mas tiyak ang pakahulugan ng dalumat ng naunang binanggit na Imperyalismo. Kapansin-pansin naman sa mga polyetong laban sa pamahalaan ng mga progresibong grupo bago ibaba at sa panahon ng batas militar ang mga islogang “Ibagsak ang Imperyalismo, Piyudalismo, at Pasismo” kung hindi man “Ibagsak ang Imperyalismo, Piyudalismo, at burukrata-Kapitalismo” na ano pa’t itinuturing na mga pangunahin at salalayang suliranin ng bansa.<sup>306</sup> Bagaman ang pangalawang pangkat ng mga salalayang suliranin ang pinakaangkop at pinakawastong pagkakaanalisa sa lipunan dahil sa nakabatay ang pagtukoy nito sa kritikal na pag-aaral ng lipunan at tunggalian ng uri, hindi kataka-takang naging kumon sensikal at gamitin ang terminong “pasista” o “pasismo” sa mga panahong iyon. Pangunahin na ngang dahilan nito ay ang realidad na ang nananaig na paraan noon para mapanatili ang kalakarang panlipunan ay koersiyon.

Isa sa mga pinakaepektibo at komprehensibong pag-aaral hinggil sa Pasismo ang librong *Fascism* (1995) na inedit ni Robert Griffin. Ayon sa librong ito, ang pasismo ay “isang genus ng ideolohiyang politikal na ang mitikong ubod (mythic core), sa iba’t ibang permutasyon nito, ay isang palinghenetikong anyo ng populistang ultranasyonalismo” (Griffin 1995: 4; akin ang salin). Para ganap na maintindihan ito, nililinaw ni Griffin ang siyam na mahahalagang katangian ng henerikong pasismo. Pansinin na dahil sa walang malinaw na personahe o iskolarsyip ang pasismo, kinakailangang humantong ang pagbibigay-kahulugan sa pamamagitan ng paglilista ng mga

---

<sup>306</sup> Maaari ring basahin ang “Radical Papers” na matatagpuan sa Apendiks I-1 ng pananaliksik na ito.

katangian nito, gaya ng pagbibigay ng intensiyon at ekstensiyon ng kahulugan ng ibang mga konsepto. Ang mga naturang katangian ay ang sumusunod:

1. kontra-liberal
2. kontra-konserbatibo
3. may tendensiyang umiral bilang karismatikong anyo ng politika
4. kontra-rasyonal
5. sosyalismong pasista
6. may ugnay sa totalitarianismo
7. iba't iba ang ugat ng panlipunang suporta
8. rasismong pasista (fascist racism)
9. internasyonalismong pasista

Bagaman malayo sa uri ng pasismo na nanaig sa Italya (Pasismo<sup>307</sup>) at Alemanya (Nazismo) ang pasismo sa Pilipinas, kakikitaan pa rin ng ilang salalayang elemento ng pinag-ugatang pasismo ang nanaig noong panahon ng pamumuno ng rehimeng US-Marcos, partikular sa ilalim ng batas militar. Dahil na rin sa naging negatibo na ang konotasyon ng pasismo, itinuturing na abortibong pasismo ang nanaig sa bansa simula pa sa pamumuno ni Roxas, samantalang ang pinakamalinaw na representatibo nito ay ang rehimeng US-Marcos noong dekada sitenta.

Pinaniniwalaang kontra-liberal ang pasismo dahil nananawagan ito ng muling pagsilang (regeneration) ng pambansang komunidad sa pamamagitan ng magiting na pakikipaglaban sa mga itinuturing nitong kaaway. Sa pamamagitan nito, tinatalikuran nito ang anumang anyo ng liberalismo. Replektibo ang ganitong oryentasyon batay sa mga panitikan ng estado sa ilalim ng batas militar at maging bago pa man ito ipataw. Pinakamalaking halimbawa nito ang deiktikong gamit ng wika na nagsimulang ginamit ng estado noong iginigiit nito ang pangangailangan ng pagbabago sa konstitusyon. Sa pagtatanggol sa *concon*, malinaw na itinakda ng kampo ni Marcos ang tinatawag nilang *oligarkiya* at mga makakaliwang elemento, partikular ang paksiyong Maoist bilang mga tiyak ng banta at kaaway ng bansa. Maginhawa at maluwag na ituro ang mga ito dahil ang una ay likas na kaaway ng nakararaming mahihirap na Pilipino, samantalang ang pangalawa ay patuloy na kinondisyon at dinulutan ng signipikasyon bilang mamamatay, terorista, mambobomba, at marahas. Gayumpaman, kapansin-pansin na pagdating sa bisperas ng pagpapataw ng batas militar, sumentro ang pamahalaan sa pagtukoy sa iisang kaaway lamang. Dadalang na sa retorika

<sup>307</sup> Nakakapital ang “p’ sa pasismo rito. Pantukoy ito sa kilusan sa Italya noong dekada 30 para ipag-iba sa henerikong pasista sa kalaunan.

ng pamahalaan sa panahon ng batas militar, kung hindi man mawawala sa talaan ng mga termino sa makauring jargon nito, ang pagtuturô gamit ang terminong “oligarkiya” bilang mga kaaway. Hindi ito isang bagong estratehiya ng mapagsamantalang uri dahil alam nito na magiging pinakaepektibo ang mga kilos nito kung pupuntiryahin ang pinakamakitid na kaaway. At dahil sa lubhang mapanupil na katangian ng batas militar, pinakamaalwan na nga na piliin at ituro (sa pamamagitan ng deixis) ang mga “komunista” bilang pangunahing kaaway ng bayan.

Kasabay ng paulit-ulit na pagigiit na ginawa na niya ang lahat ng kaniyang makakaya at sa katunaya’y ginamit na niya ang dalawang paraan para mabawasan ang karahasan at banta ng komunismo—pagdedeploy ng militar at pulisya at pagtatanggal ng pribilehiyo ng writ ng habeas corpus— at ngayo’y wala nang ibang paraan kundi ideklara ang batas militar, hindi nagkulang si Marcos sa paglilinanaw sa karahasang pinangunahan ng kaaway ng bansa.<sup>308</sup> Sa opisyal na dokumento ng proklamasyon ng batas militar (Proclamation No. 1081),<sup>309</sup> inisa-isa niya ang detalyadong mga plano ng CPP gayundin ang mga ginawa nitong krimen sa loob ng nakaraang ilang taon. Ang sumusunod ay hango ng nasabing dokumento sa kongklusyon na isinagawa ng Korte Suprema:<sup>310</sup>

The Executive had information and reports—subsequently confirmed, in many respects, by the abovementioned Report of the Senate Ad Hoc Committee of Seven—to the effect that the Communist Party of the Philippines does not merely adhere to Lenin’s idea of a swift armed uprising; that it has, also adopted Ho Chi Minh’s terrorist tactics and resorted to the assassination of uncooperative local officials; that, in line with this policy, the insurgents have killed 5 mayors, 20 barrio captains and 3 chiefs of police; that there were fourteen (14) meaningful bombing incidents in the Greater Manila Area in 1970; that the Constitutional Convention Hall was bombed on June 12, 1971; that, soon after the Plaza Miranda incident, the NAWASA main pipe at the Quezon City-San Juan boundary was bombed; that this was followed closely by the bombing of the Manila City

<sup>308</sup> Hindi nalalayo rito, sa kasalukuyan, sa kasagsagan ng kontrobersiya ng Balikatan exercises sa Zamboanga at Basilan, umaani rin ng kontrobersiya ang pagpapahintulot ng pamahalaan na maipalabas ang isang bidyo ng Abu Sayyaf habang pinupugutan ng ulo ang dalawa umanong sundalo. Maraming naniniwala na ginagamit lamang ang naturang bidyo para mabawasan ang protestang sumasalubong sa mga Amerikanong makikilahok sa Balikatan.

<sup>309</sup> Matatagpuan ang kopya nito sa Apendiks II-3.

<sup>310</sup> Nailakip ko na sa naunang bahagi ng papel na ito ang unang talata ng sipi.

Hall, the COMELEC Building, the Congress Building and the MERALCO sub-station at Cubao, Quezon City; and that the respective residences of Senator Jose J. Roy and Congressman Eduardo Cojuangco were likewise, bombed, as were the MERALCO, *main office* premises, along Ortigas Avenue, and the Doctor's Pharmaceuticals, Inc., Building, in Caloocan City.

The reorganized Communist Party of the Philippines has, moreover, adopted Mao's concept of protracted people's war, aimed at the paralyzation of the will to resist of the Government, of the political, economic and intellectual leadership, and of the people themselves; that conformably to such concept, the Party has placed special emphasis upon a most extensive and intensive program of subversion by the establishment of front organizations in urban centers, the organization of armed city partisans and the infiltration in student groups, labor unions, and farmer and professional groups; that the CPP has managed to infiltrate or establish and control nine (9) major labor organizations; that it has exploited the youth movement and succeeded in making Communist fronts of eleven (11) major student or youth organizations; that there are, accordingly, about thirty (30) mass organizations actively advancing the CPP interests, among which are the Malayang Samahan ng Magsasaka (MASAKA), the Kabataang Makabayan (KM), the Movement for the Advancement of Nationalism, the Samahang Demokratiko ng mga Kabataan (SDK), the Samahang Molave (SM), and the Malayang Pagkakaisa ng Kabataang Pilipino (MPKP); that as of August, 1971, the KM had two hundred forty-five (245) operational chapters throughout the Philippines of which seventy-three (73) were in the Greater Manila Area, sixty (60) in Northern Luzon, forty nine (49) in Central Luzon, forty-two (42) in the Visayas and twenty-one (21) in Mindanao and Sulu; that in 1970, the Party had recorded two-hundred fifty-eight (258) major demonstrations, of which about thirty-three (33) ended in violence, resulting in fifteen (15) killed and over five hundred (500) injured; that most of these actions were organized, coordinated or led by the aforementioned front organizations; that the violent demonstrations were generally

instigated by a small, but well-trained group of armed agitators; that the number of demonstrations heretofore staged in 1971 has already exceeded those of 1970; and that twenty-four (24) of these demonstrations were violent, and resulted in the death of fifteen (15) persons and the injury of many more.

Subsequent events x x x have also proven x x x the threat to public safety posed by the New People's Army. Indeed, it appears that, since August 21, 1971, it had in Northern Luzon six (6) encounters and staged one (1) raid, in consequences of which seven (7) soldiers lost their lives and two (2) others were wounded, whereas the insurgents suffered five (5) casualties; that on August 26, 1971, a well-armed group of NPA, trained by defector Lt. Victor Corpus, attacked the very command post of TF Lawin in Isabela, destroying two (2) helicopters and one (1) plane, wounding one (1) soldier; that the NPA had in Central Luzon a total of four (4) encounters, with two (2) killed and three (3) wounded on the side of the Government, one (1) BSDU killed and three (3) KM-SDK leaders, an unidentified dissident, and Commander Panchito, leader of the dissident group were killed; that on August 26, 1971, there was an encounter in the barrio of San Pedro, Iriga City, Camarines Sur, between the PC and the NPA, in which a PC and two (2) KM members were killed; that the current disturbances in Cotabato and the Lanao provinces have been rendered more complex by the involvement of the CPP/NPA, for, in mid-1971, a KM group headed by Jovencio Esparagoza, contacted the Higa-onan tribes, in their settlement in Magsaysay, Misamis Oriental, and offered them books, pamphlets and brochures of Mao Tse Tung, as well as conducted teach-ins in the reservation; that Esparagoza was reportedly killed on September 22, 1971, in an operation of the PC in said reservation; and that there are now two (2) NPA cadres in Mindanao.

It should also be noted that adherents of the CPP, its front organizations are, according to intelligence findings, definitely capable of preparing powerful explosives out of locally available materials; that the bomb used in the Constitutional Convention

Hall was a 'Claymore' mine, a powerful explosive device used by the U.S. Army, believed to have been one of many pilfered from the Subic Naval Base a few days before; that the President had received intelligence information to the effect that there was a July-August Plan involving a wave of assassination, kidnappings, terrorism and mass destruction of property and that an extraordinary occurrence would signal the beginning of said event; that the rather serious condition of peace and order in Mindanao, particularly in Cotabato and Lanao, demanded the presence therein of forces sufficient to cope with the situation; that a sizeable part of our armed forces discharges other functions, and that the expansion of the CPP activities from Central Luzon to other parts of the country, particularly of Manila and its suburbs, the Cagayan Valley, required that the rest of our armed forces be spread thin over a wide area.

Dagdag pa rito ang umano'y nasamsam ng pamahalaan na dokumentong pinamagatang "Regional Program of Action 1972" ng Komite Sentral ng CPP, na isang detalyadong buwanang iskedyul ng mga gawain ng kilusan. Halimbawa, para sa buwan ng Setyembre hanggang Oktubre, ito ang mga umano'y mga nakatakdang gawain:

Increase intensity of violence, disorder and confusion:

1. Intensify sabotage and bombing of government buildings and embassies and other utilities:
  - (a) Congress
  - (b) Supreme Court
  - (c) Con-Con
  - (d) City Hall
  - (e) US Embassy
  - (f) Facilities of US Bases
  - (g) Provincial Capitols
  - (h) Power Plants
  - (i) PLDT
  - (j) Radio Stations



2. Sporadic attacks on camps, towns and cities.
3. Assassinate high government officials of Congress, Judiciary, Concon and private individuals sympathetic to puppet Marcos.
4. Establish provisional revolutionary government in towns and cities with the support of the masses.
5. With the sympathetic support of our allies, establish provisional provincial revolutionary governments.

Ang kakatwa rito ay batay na rin mismo sa retorika ng pamahalaan noong ibahagi ni Marcos ang SONA nito noong Enero ng taong 1970, o kulang-kulang dalawang taon lamang ang nakalilipas, malinaw na ipinahayag nito na dahil sa tagumpay ng programang pangkabuhayan at pambansang pagpapaunlad ng pamahalaan, signipikatibong bumaba ang bilang ng mga rebelde at madali nang pamahaláan ang kalagayan ng kapayapaan at kaayusan ng bansa (Marcos 1970a). Ang totoo, mas madalas kaysa hindi, nakabatay o pinagseserbisyuhan sa pangkalahatan ng retorika ng estado ang makauring interes nito. Bukod dito, nakabatay sa lugar at panahon palagi ang kalalabasan ng makauring jargon. Halimbawa, sa panahon ng eleksiyon, kung bagong kandidato ang magsasalita, epektibo ang pagpapahayag ng kapalpakan ng nakaraang administrasyon. Samantala, mahalagang banggitin naman ang mga tagumpay ng nakaraang administrasyon kung tatakbong muli. Gayun nga lamang, sa konteksto ng pagpapataw ng pasistang batas militar sa ilalim din ng nananaig na administrasyon, nagiging pasista rin ang anyo ng wika sa dahilang ang signipikasyon ay dito lamang (sa sentro) maaaring magmula, lalo pa't sarado ang ibang natitirang guwang ng kontra-hegemonya. Pinatutunayan nito ang nauna ko nang pahayag na iginigiit ng naghaharing uri ang wikang monoglosiko, sinkroniko, at awtoritaryo dahil kaalinsabay ng pagpapakitid ng kahulugan ng mga salita (tungo sa nais nilang maging pakahulugan ng mga ito) ang pagtindi ng kanilang kapangyarihan. Krusyal na impluwensiya rito ay ang praktika ng pagpapakitid o paglilinaw sa tiyak at iisang kaaway ng nananahang ideolohiya, at sa gayon, ng ideolohiya ng bansa at ng panahon.

Umaalinsunod ang kalakaran ng sentralisasyon at pagsalalay ng pambansang pagpapakahulugan sa makauring jargon at diskursong politikal ng mapagsamantalang uri sa mga praktikal na implikasyon ng sentralisasyon,

sa kabilang banda, ng sandatahang hukbo. Dahil sa ang rehimeng nananahan noon ay isang rehimeng militar—sa kabila ng ilang beses na paggigiit noon ni Marcos na sibilyang kapangyarihan ang nananaig—tuwirang nakasalalay ang pamahalaang batas militar sa konsolidasyon at sentralisasyon ng sandatahang hukbo. Maging ang pulisya ay ipinailalim ng pamahalaan sa sentralisasyon. Bago ang pagdedeklara ng batas militar, nasa ilalim ng kontrol ng sibilyan ang mga pulis—sa opisina ng lokal na pamahalaang gaya ng gobernador at mayor. Pero sa panahon ng batas militar, isinama ito sa militar sa ilalim ng pamumuno ng Philippine Constabulary (PC).<sup>311</sup> Gaya ng sentralisasyon ng pagpapakahulugan, mahalaga sa rehimeng batas militar ang sentralisasyon ng sandatahang hukbo at pagsasanib dito ng pulisya para sa patuloy na pananaig ng nananamantalang uri. Samakatwid, may tendensiyang bumagsak ang rehimen, hindi lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pagkilos, kundi maging sa pagkakawatak-watak o diskonsolidasyon ng militar o di kaya’y pagkakaroon ng kakayahan ng malalakas na tao (*strongmen*)<sup>312</sup> na humawak ng puwersang militar at paramilitar. Pangunahing puwersang nagbabanta ng diskonsolidasyon noon ay ang Reform the Armed Forces Movement o RAM na isang paksiyon sa loob mismo ng organisasyon na karamiha’y mga batang opisyal na nagtapos sa Philippine Military Academy mulang 1971 at sa gayo’y hindi pa nakararanas ng aktuwal na pakikibaka. Ito ang pinaniniwalaang dahilan kung bakit kadalasa’y iba ang pananaw ng mga naturang batang opisyal. Bukod dito, masyado rin kasing pinaburan ng pamahalaan ang mga llokanong opisyal ng pamahalaan na ikinainis ng mga hindi llokanong opisyal. Kabilang pa sa mga banta sa hinahangad ng pamahalaan na sentralisasyon ang mga militar na naiiba ang pananaw sa kung paanong dapat talunin ang mga insurekto lalo na ang CPP at MNLF. Ayon sa paksiyong ito ng mga opisyal, hindi maaaring talunin ang mga insurekto sa pamamagitan ng kumbensiyonal na pakikidigma dahil taktikang gerilya ang ginagamit ng mga ito. Panghuling grupo ng mga banta sa sentralisasyong militar ang mga probinsiyal na kumander ng militar na naging lokal na politiko na at sa gayo’y walang intensiyon na isuko sa militar ang kakukuha pa lamang na bagong sibilyang anyo ng kapangyarihan. Ilang mga awtor<sup>313</sup> ang mahigpit na kumikilalang ang pangunahing dahilan sa pagbagsak

---

<sup>311</sup> Ginamit na batayan sa integrasyong ito ng mga pulis sa militar ang nakasaad sa kaaapruha pa lamang na konstitusyong 1971. Sa Artikulo XV Seksyon 12 ng naturang konstitusyon, binanggit na “The State shall establish and maintain an integrated national police force whose organization, administration, and operation shall be provided by law.”

<sup>312</sup> Termino itong ginamit nina Abinales at Migdal na matatagpuan sa libro ni Abinales (1998).

<sup>313</sup> Si Patricio Abinales (1998) sa palagay ko ang pinakamasugid rito.

ni Marcos ay ang diskonsolidasyon ng militar lalo na sa pamamagitan ng unang paksiyon na RAM. Gayumpaman, maaari ring ituring na regresibo ang pananaw na ito dahil malinaw na isa lamang sa dahilan ng pagbagsak ng rehimeng US-Marcos ang naturang diskonsolidasyon. Sa kabuuang mas naging mapagpasya ang nagkakaisang pagkilos ng masang Pilipino sa tulong at gabay ng tuloy-tuloy at umiikid na pag-unlad ng kilusang rebolusyonaryo sa pagpapatalik kay Marcos sa Malacañang.

Isa sa mga kabalintunaan ng mga katangian ng pasismo ay ang pagkakaroon din nito ng aspekto ng kontra-konserbatismo. Pinaka-replektibo ito sa wika sa pamamagitan ng paggamit ng katagang *bago*. Halimbawa, tinawag na *New Italy* ang organisasyong panlipunang inasam ng mga Pasista, *Germany Awake* ng mga Nazi, *Greater Britain* ng British Union of Fascists, at *New Men* (omul nou) ng Iron Guard.<sup>314</sup> Sa Pilipinas, bagaman maaaring maisip na patetiko ang pagkukumpara, dahil sa lawak (o kitid) ng impluwensiya at padaskol-daskol na iskolarsyip nito, tinaguring *Bagong Lipunan* naman ang organisasyong panlipunang tinungo, na malaon nang ipinakilala ng pamahalaan sa pagsisimula pa lamang ng dekada sitenta. Gayumpaman, maaaring bigyang-halaga ang pagtatangkang ito sa simpleng dahilan na wala nang sumunod na pangulo ng bansa na nangahas na gumamit ng kahalintulad na pambansang tunguhin. Ang mga kaalinsabay na bisyon o tunguhin ng mga susunod na pangulo ay mas nakaukol sa taon ng pagtatapos ng kani-kanilang termino. Halimbawa ang Philippines 2000 ni Ramos at Angat Pinoy 2004 ni Estrada. Gayumpaman, gaya ng Bagong Lipunan, lahat ng mga tunguhing organisasyong panlipunan ay matatayog at malalawak ang hinahangad na imposible rin namang makamit. Ipinapakita lamang na wala naman talagang ipinagbago ang Bagong Lipunan. Matagumpay na maipaliliwanag ito ng sulatin ni Mao na “On Contradiction.” Ayon kay Mao, para maituring na bago ang isang bagay, kinakailangang kinapapalooban ito ng mga bagong proseso, bagong pagkakaisa, at ng mga bagong kontradiksiyon, gaya halimbawa ng maisasakatuparan ng isang tunay na rebolusyong nakabatay naman sa materyal na kahabaan ng kasaysayan (Mao 1967, 318). Hindi napapabilang dito samakatwid ang mga mala-bagong anyo ng sistemang panlipunang gaya ng “Bagong Lipunan” at “bagong politiko” dahil sa nananatili naman sa kalakaran ang mga lumang ugnayang panlipunan.

Kaalinsabay ng muling paggamit ng diskurso ng bago ang hayagang pagbibigay-halaga sa pinaniniwalaang mga dakilang kapanahunan (epoch)

---

<sup>314</sup> Ang Iron Guard ay isang Pasistang organisasyon sa Romania na pinasinayaan noong 1927.

ng nakaraan at ng mga bayaning kumakatawan dito. Dito pumapasok ang babad na partisipasyon ng intelihensiya ni Marcos sa katauhan ng mga akademista at historyador na nagkasyang magsulat nang gamit ang pangalan ni Marcos. Ito rin ang paliwanag kung bakit biglaang pumapasok sa eksena ang kadakilaan ng rebolusyong panloob at panlabas ni Mabini, gaya ng nabanggit ko na sa itaas.<sup>315</sup> Gayundin ang walang kamuwang-muwang na paggamit ng terminong *Maharlika* sa napakaraming okasyon, sa kabila ng litaw na kakulangan sa sapat na pagkakaintindi sa naturang termino. Batay sa mga pananaliksik ni William Henry Scott na matutunghayan sa librong *Cracks in the Parchment Curtain* (1982), hindi agad-agad na nangangahulugang pribilehiyadong sangay ng lipunan ang mga maharlika, bagkos sila ay mga mandirigma na napapailalim din sa mas mataas na kapangyarihan o estrata sa lipunan at sa gayo'y may limitasyon sa kapangyarihan at impluwensiya. Gayumpaman, dahil sa walang-habas na paggamit sa salita, na ano pa't isa ngang katangian ng pasistang jargon kaalinsabay ng pagtatangka nitong sentralisahin ang pagpapakahulugan, nakalilikha tuloy ang mapagsamantalang uri ng bagong pakahulugan para rito. Lumalabas na umaabot sa hanggang anim na magkahiwalay na pagkakataon na ginamit ang nasabing salita nang may direktang kaugnayan si Marcos. Una, sa *Ang Manga Maharlika* na grupo umano ni Marcos noong naging "bayaning" sundalo ito noong 1943 sa kasagsagan ng ikalawang digmaang pandaigdig (Bonner 1987, 17). Pangalawa, sa *Maharlika Hall*, na isang malaking bulwagan sa Malacañang noong naging pangulo si Marcos (Bonner 1987, 17). Pangatlo, sa *Maharlika Highway*, na isang mahabang highway at dating tinatawag na Phil-Japan Friendship Highway (Canoy 1980, 233-234). Pangapat, sa katawagang *Maharlika*, na minsang ninais ni Marcos na ipalit sa pangalan ng Pilipinas. Panglima, sa *Maharlika*, na isang full-scale jungle epic na pelikulang prinodyus ni Luis Nepomuceno at kinatanghalan nina Dovie Beams (Evelyn) at Paul Burke (Marcos). Ipinagbawal ang pagpapalabas nito sa Pilipinas dahil na rin sa eskandalong ipinalabas ni Beams noong Enero 1970.<sup>316</sup> Panghuli, sa *Maharlika Broadcasting Services*, na isang network sa radyo at telebisyon na pag-aari ng pamahalaan (Canoy 1980, 233-234).

---

<sup>315</sup> Hindi pa nga ako magtataka kung ginamit ng mga naturang intelihensiya ang mga pagkakataong iyon para malathala ang mga pananaliksik o pananaw na matagal-tagal na ring nananatiling naaalikabukan sa kani-kanilang aklatan o isipan. Bigla-bigla sa loob ng napakahabang panahon, maaari na nilang mailabas ang mga nakatagong idea, nasa pangalan nga lamang ng pangulo ng bansa. Hindi tuloy nakapagtataka na sa dami ng mga matatagpuang sulatin na nasa ilalim ng pangalan ni Marcos, kailangang piliin lamang ang sa ipinapalagay na mahalaga para sa pananaliksik na ito.

<sup>316</sup> Dahil sa eskandalong ito, nagkaroon ng ibang dimensiyon ang pakahulugan ng kantang "Pamulinawen." Ito kasi ang kinanta ni Marcos sa rekording ni Beams ng kanilang pagtatalik.

Marahil bilang sagarang pag-alinsunod sa idea ng pagbibigay-halaga sa pinaniniwalaang mga dakilang kapanahunan ng nakaraan at pagtatangka na gawan ito ng kongkretong manipestasyon, nangahas si Marcos—ang kaisa-isang pangulo ng bansa na nangahas—na gawan ng mga bolyum ng librong pangkasaysayan ang bansa. Naisakatuparan niya ito sa pamamagitan ng serye ng mga librong pangkasaysayan na pinamagatang *Tadhana*. Tunay namang nilalayan noon ng proyektong ito na maipabasa ang dakilang kapanahunan sa kasaysayan ng Pilipinas. Batay sa orihinal na plano, kapapalooban sana ang nasabing serye ng apat na makakapal na bolyum. May katuwang na yugto ng kasaysayan ang bawat bolyum. Nakatuon ang unang bolyum sa mga pundasyon ng kulturang Filipino (ca. 250,000 BC hanggang 1565). Ang pangalawa ay sa pormasyon ng pambansang komunidad (1565 hanggang 1896). Ang pangatlo ay hinggil sa pangakong estado (1896 hanggang 1946). Samantalang ang huli ay tatawaging “tungo sa Bagong Lipunan (1946 hanggang kasalukuyan) (Marcos 1982, vii-viii). Pansinin na ang nakatadhang kulminasyon ng kasaysayan ng bansa batay sa librong *Tadhana* ay ang Bagong Lipunan. Ayon na rin kay Marcos, “I like to believe that what we achieved in 1896 is crucial to our development as a people. Furthermore, it seems to me that from the Revolution ensued a “new society” for the Filipinos. Every distinct epoch, in fact, entailed its own “new society,” so that our history may be viewed as essentially a series of new societies, each bringing change, if only in texture, mood or pattern” (Marcos 1982, viii). Malinaw na mababaw at kuwalitatibong pagbabago lamang ang pagkaintindi ni Marcos sa signipikasyon ng bagong lipunan, lalo na ng rebolusyon. Mangyari pa nga’y lumalabas na napagkakalito niya ang dalumat ng rebolusyon sa idea niya ng bagong lipunan hanggang sa puntong naniniwala siyang ang ipinapanukala niyang Bagong Lipunan ay kapapalooban, o kinapalooban na, ng kuwalitatibong mga pagbabago—sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga bagong proseso, pagkakaisa, at kontradiksiyon. Ano’t anuman, mukhang hindi natapos ang planong serye ng libro dahil sa apat na bolyum na tinutukoy, dalawang bolyum lamang ang matatagpuan sa mga aklatan. Ang mga ito ay ang bolyum 1 na inilathala noong 1980 at ang bolyum 2 na may tatlong bahagi at inilathala noong 1976 hanggang 1977.<sup>317</sup>

---

<sup>317</sup> Ipinagmamalaki ni Marcos ang serye ng librong pangkasaysayan na ito. Aniya, “As president, I have had access to information not available to the professional historian and have met with men who made history but never wrote the story behind such history” (Marcos 1982, 1).

Maituturing din na sa isang banda ay may bahagyang karismatikong pagtatangka sa anyo ng politika ang Bagong Lipunan ni Marcos.<sup>318</sup> Maaalalang nagsimula ang mariing paniniwala ni Marcos na sa numero ng kumbensiyon ng Nacionalista Party ay siya ang nahirang na standard-bearer para sa eleksiyong 1965 sa botong 777. Pinaniniwalaan din na ang sekreto ni Marcos na pambihirang lakas na nagbigay sa kaniya ng may 27 hanggang 33 medalya ay ang anting-anting na ipinagkaloob sa kaniya ni Gregorio Aglipay. Malayo man ang mga ito sa idea ng pre-pasismong Nietzsche na superman, master morality, at beast of prey, naging sapat naman ito para maipakilala ang karismatikong katangian ng persona at ng pamumuno ni Marcos. Hindi nga lamang humantong ito sa pag-iinhinyerong panlipunang batay sa mga teknokratikong modelo ng planadong lipunan, gaya ng isinakatuparan sa Europa (Griffin 1995, 6.). O kahit sa pagkakaroon ng mga litaw na simbolong maikukumpara sa *littorio* ng New Italy at *Hakenkreuz* (swastika) ng Third Reich.<sup>319</sup>

Kontra-rasyonal din ang Bagong Lipunan ni Marcos. Bagaman mahusay nitong naibabandila ang kahalagahan ng nasyonalismo, wala namang batayan ang pagteteorya nito dahil hindi nito naisasakonteksto ang itinuturing nitong mga teorya sa kasaysayan ng bansa o sa nagaganap na tunggalian ng mga uri. Dito na rin pumapasok ang anyong sosyalismong pasismo ng Bagong Lipunan. Isa halimbawa sa mga pinaka-nakagugulat na tunguhin ng Bagong Lipunan ang pagdedeklara sa buong bansa bilang lugar ng repormang agraryo. Gayumpaman, dahil sa mas kontra-Marxismo ito kaysa sosyalista, batay sa mga pag-aaral, sa loob ng mahigit dalawampung taon ng pamumuno ni Marcos, ni walang isang porsiyento ng ipinangako niyang lupa sa mga magsasaka ang naipamahagi sa mga magsasaka.

Matama namang naisakatuparan ng Bagong Lipunan sa ilalim ng pamumuno ni Marcos ang ilan pang katangian ng pasismo. Ito ay ang kawing sa totalitarianismo at ang paniniwala sa komposisyon ng suportang panlipunan nito. Habang tumatagal ang pamumuno ni Marcos bilang kinatawan ng mapagsamantalang uri, lalong lumalakas ang kaniyang nag-iisang kapangyarihan sa tulong ng pag-eestablisa ng mga impluwensiya

---

<sup>318</sup> Maaari ring iugnay ang karismatikong katangiang ito sa promulasyon ni Agpalo ng tinatawag niyang “Pangulo Regime.” Isa aniya itong anyo ng pamahalaan na nakabase sa metapor ng katawan na kinapapalooban ng isang panlipunang halaga. Dagdag pa niya, ang esensiya ng naturang rehimen ay ang pagkakaroon ng dominanteng ehekutibo, na mas makapangyarihan sa lehislatibong sangay. Kabilang sa anyo ng pamamahala na ito ang komyunal na rehimeng pangulo (bago ang pananakop ng mga Espanyol), ang pamumuno ni Bonifacio bilang supremo, ni Aguinaldo bilang diktador, at ang mga pangulong mula kay Quezon hanggang kay Marcos (Agpalo 1999).

<sup>319</sup> Naniniwala ang mga tagasunod ng Third Reich o Pangatlong Imperyo na iyon ang kasunod ng dalawang naunang imperyo ng Holy Roman Empire at ng German Empire ng 1871-1918.

niya sa sandatahang lakas, sa kongreso, at sa Korte Suprema. Ang mga ito ang pinaniniwalaan niyang dapat pagmulan ng tinagurian niyang mga bagong tao. Kinikilala ni Griffin ang kahalagahan ng pagpasok sa katangiang ito ng elementong militarismo at *male chauvinism* kung saan hindi naman nagkulang si Marcos. May kakaibang dimensiyon nga lamang ang sobinismong naghawan ng landas sa makapangyarihang unang ginang ng bansa. Usap-usapan ng hindi iilan na matapos na kumalat sa buong bansa ang balita hinggil sa relasyon ni Marcos kay Beams, unti-unting naging dominante si Imelda sa Malacañang. Nangahas pa nga itong magtungo sa mga “Komunistang” bansa para makipag-usap sa mga pinuno nitong hindi naman lubos na ikinatuwa ng mga Amerikanong tagataguyod ni Marcos. Sa katunayan, noon din nagsimulang umusbong ang lalo pang lumalakas na kapangyarihan ni Imelda sa pamamagitan ng paghawak niya sa maseselang posisyon sa pamahalaan. Noong 6 Nobyembre 1975, sumumpa si Imelda bilang Gobernador ng Maynila. Kabilang sa konseho ng bagong-likhang Metropolitan Manila Commission ay isang gobernador, isang bise gobernador at tatlong komisyoner. Sa konsehong ito mag-uulat ang lahat ng mga alkalde sa kamaynilaan. Nagsilbi ring hudyat ito ng kung sino ang papalit kay Marcos sa kalaunan sa pagkapangulo—bukod kay Enrile, nangangahulugang nakalinya na rin si Imelda. Nauna nang responsable si Imelda sa pagpapatayo ng Folk Arts Theater (FAT) at Heart Center, at pagpapadaos ng Miss Universe at labanang Ali-Frazier (na ayon sa mga teknokrata ni Marcos ay wala naman talaga sa plano).

Malinaw na hindi magtatagumpay ang Bagong Lipunan, o mas espesipiko, ang rehimeng batas militar ni Marcos kung hindi dahil sa napakaraming salalayan kung saan malaki ang naging bahagi ng wika at araling wika. Habang isinasakatuparan sa Pilipinas ang batas militar, patuloy naman na natututo ang Estados Unidos sa mga karanasan nito sa iba’t iba nitong papet na rehimen. Partikular na natuto ang US sa praktikal na mga implikasyon ng giyerang inilunsad nila sa kalagitnaan ng dekada sienta sa Indotsina. Dalawang mahahalagang kaalaman ang napulot nila rito. Una, na ang direktang pakikialam sa kalagayan ng ibang bansa, halimbawa, sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga puwersang militar, ay nagdudulot at nag-uudyok lamang ng mga makabayang sentimyento ng mga sinasakop, at mas malala at mas espesipiko, ng anti-imperyalistang damdamin mula sa kanila. Pangalawa, na nagdudulot ng negatibong epekto ang naturang agresyon sa kapangyarihan ng US at maging sa pagiging kompetetibo nito sa buong mundo (Pomeroy 1974, 94). Ito ang mga kaalamang nagbunsod



ng mga estratehiya o taktika na noong 1969 ay inangat na tungo sa pagiging doktrina.<sup>320</sup> Kinilalang *doktrinang Nixon*, mayroon itong sentral na katangian na may kinalaman sa tinatawag na *Asyanisasyon*. Sa pamamagitan nito, inililipat sa mga *tuta* o sa lokal na pamunuan ang mas malaking reponsabilidad ng pagpapanatili ng estabilidad sa mga “hindi pa napalalayang” lugar (Pomeroy 1974, 93). Sa pangkalahata’y nangangahulugan ang estabilidad ng isang unilateral na kaayusang paborable sa mga interes ng US sa mga neokolonya nito gaya ng Pilipinas. Dahil sa wala na silang direkta o *overt*<sup>321</sup> na presensiya o ugnay sa Pilipinas, maaari na nilang ipasa ang responsabilidad, hirap, at suliranin ng supresyon sa taumbayan at (paninisi) sa mga kaalyado nito sa neokolonya. Pangalawa, nakababawas ito sa mga gastusin ng pagpapadala ng militar at kagamitan para kalabanin ang mga nagbabantang elemento sa kanilang mga ekonomikong interes sa bansa.<sup>322</sup> Pangatlo, nakapagbibigay ito ng puwang sa US na mag-low profile sa pakikialam nito sa ibang bansa kaya nababawasan ang tendensiya na maging target ito ng mga sentimiyentong makabayan habang ipinagpapatuloy at pinatitindi nito ang eksplotasyon sa ekonomiya ng bansa. Sa katunayan, mas paborable sa interes ng US ang pagkakaroon ng diktadura sa neokolonya nito dahil sa mas nagkakaroon ito ng mahigpit na kapit sa bansa. Ang susing idea kasi dito ay hangga’t nakabubuti sa kanilang mga pang-ekonomiyang interes, natitiis ng US ang anumang anyo ng pamumuno mayroon ang lokal na pamunuan ng kanilang nasasakupang bansa, gayundin ang uri ng pamumunong nananaig at mga anyo ng eksplotasyon sa mamamayan.

Tinatawag din na *covert action*, kinakapalooban ang relatibong tahimik na pakikialam ng US ng mga *black propaganda* o, sa eupemistikong pagturing, *transnational politics* (politikang transnasyonal), ayon sa piniling terminolohiya ni Frank R. Barnett, na pangulo ng National Strategy Information Center (Guillermo 1989, 111). Kinapapalooban ang mga gawaing patago o kovert ng di-bayolente o maamong (benign) aktibidad gaya ng pagbibigay ng payo at pondo sa mga politiko, lider manggagawa, at mga editor at ibang intelihensiya. Samakatwid, nangangahulugan ito ng pagtatangka ng isang gobyerno na impluwensiyahan ang isang estado o teritoryo nang hindi

---

<sup>320</sup> Nangangahulugan ang doktrina ng dogma, o tenet, o anumang bagay na itinuturo.

<sup>321</sup> Maaaring ihambing ang Nixon Doctrine sa tinatawag ni Alice Guillermo na *covert presence* (Guillermo 1989).

<sup>322</sup> Ayon kay Pomeroy, maaari na ring sa pamamagitan ng doktrinang Nixon ay tanggalin na ng US ang mga base militar nito sa Pilipinas (Pomeroy 1974, 94). Gayumpaman, minsan ay mas mahalaga pa sa US ang mga base militar nito sa Pilipinas kaysa sa mga ekonomikong impraestruktura at interes nito dito. Pinatutunayan ito ng panayam ni Bonner kay Henry Byroade na embahador ng US nang magdeklara si Marcos ang batas militar sa bansa (tignan ang Bonner 1987).



nailalantad ang direktang pagkakasangkot nito (nasa Guillermo 1989, 112). Bagaman lantad at alam naman ng mga progresibong grupo ang pakikialam ng US sa takbo ng bansa, gaya ng pagtukoy sa imperyalismo bilang isa sa salalalayang suliranin simula noon, mas nakatuon ang gawaing patago ng US sa pagseguro na hindi mapatutunayan sa teknikal na aspekto ang pakikialam nito sa mga kolonya nitong gaya ng Pilipinas (nasa Guillermo 1989, 112). Ang tagumpay ng ganitong kalakaran ay nakasalalay, sa pangkalahatan, sa kooperasyon ng mga lokal na opisyal at ng mga kamag-anak nito, kasama na ang mga propesyonal, mamamahayag, at mga lider manggagawa, katulong ang pagmamatyag at pagmamaniobra ng mga ahente ng US (Guillermo 1989, 112).

Alinsunod sa pagtugon sa kategoryang kasaysayan (sa segregasyong ipinakita sa TRD) ang pagtangkilik ng estado sa wikang Pilipino. Nilinaw noong 1973 ni Marcos ang patakarang pangwika sa edukasyon nang may tiyak na koordinasyon sa Surian ng Wikang Pambansa (Marcos 1973a). Gayumpaman, nakapanghihinayang na hindi naging ganap ang pagpapaunlad sa wikang Pilipino sa kabila ng pagturing sa sarili ng estado na nasyonalista ito—kumpara sa naging pag-unlad ng wika at panitikan sa mga katutubong wika lalo na ng Tagalog noong panahon ng pangingibabaw ng militar na pamahalaan ng Hapon sa Pilipinas. Maging ang mga pagtatangka sa pagsasalin ay hindi naman naging malaki ang ambag sa wika at panitikan dahil kadalasan, ang mga naisasalin ay mga libro o artikulo ng propaganda ng Bagong Lipunan sa pangunguna ng National Media Production Center. At ito ang dahilan kung bakit hindi pa rin hawak ng isang dapat ay independienteng bansa (simula noong 4 Hulyo 1946) ang sarili nitong kapalaran at patuloy na pinagsasamantalahan ng kapangyarihang kolonyal.

Tulad ng nauna nang binanggit, umaalinsunod ang kalakaran ng wika at maging na pag-aaral nito sa pangkalahatang anyo ng politika at ekonomiya ng bansa. Matatandaang ito rin ang dahilan kung bakit hindi ako ganap na sumang-ayon kay Stalin sa pananaw niya na pinaglilingkuran ng wika ang magkabilang dulo ng nagtutunggaling uri. Partikular sa mga kolonya at neokolonya, kadalasa'y pinaglilingkuran ng dayuhang wika ang interes ng dayuhan o imperyalista, kasama na ang lokal na katuwang ng mga ito. Sa Pilipinas, pinangangatawanan ito ng wikang Ingles.

Dahil na rin sa makabayang pagbabalatkayong batay sa pangangailangan na panatilihin kung hindi man patindihin ang kapangyarihan ng estado, maging ang wikang kumon ay ginagamit na ring bentaha para mapanatili at mapatindi ang naturang kapangyarihan. Halimbawa, karamihan sa mga librong nasa

ilalim ng pangalan ni Marcos ay sumailalim sa isang malinaw na intensiyon at programa ng mga pagsasalin. Kung mayroong ilalathalang librong gaya ng *The Democratic Revolution in the Philippines* (1977a), nangangahulugan na mayroon ding lalabas na saling librong *Ang Demokratikong Rebolusyon sa Pilipinas* (Marcos 1977b).<sup>323</sup> Mayroon pa ngang lalabas na bersiyong Ilokano o Cebuano at iba pang bernakular na wika.

Mas makabuluhan pa marahil sa usapin ng nasyonalismo at wika sa panahon ng rehimeng batas militar ang pagtatangka nitong gumamit ng mga lumang termino (bilang mababaw na patunay sa pagtangkilik sa pambansang kalinangan) para sa mga bagong intensiyon at karanasan. Halimbawa, naging malawakan ang paggamit ng mga salitang bayan (palayan ng Bayan), barangay (Kabataang Barangay, *demokrasyang barangay*<sup>324</sup>), barrio (Barrio Self-Defense Unit at mga proyektong nakabase sa barrio), at gaya ng nauna nang binanggit, Maharlika. Tandaan din ang paghiram ni Marcos sa eksternal at internal na rebolusyong minutawi ni Mabini. Gayundin ang pagtatangka ng estado na hikayatin ang partisipasyon ng taumbayan sa mga usaping pambansa. Noong una’y binalak ni Marcos na idaan sa isang plebisito ang pagpapatibay sa konstitusyong 1973 pero dahil lumalabas na maraming tumatanggi rito, ginamit niya ang paraang reperendum sa pamamagitan ng mga citizen’s assembly. Sa ganitong paraan, kahit ang mga hindi marunong bumasa, o kahit nga ang pipi’t bingi ay maaaring magtaas na lamang ng kamay sa isang tinaguriang *modernong* eleksiyon sa loob ng Bagong Lipunan.<sup>325</sup> Dalawa ang antas ng gamit ng diskurso ng citizen’s assembly noong mga panahong iyon. Bukod sa paglelehitima ng mapanlinlang na anyo ng aktibong partisipasyon ng mamamayan sa lehislyasyon, lubha rin itong naging epektibo gaya ng ipinahihiwatig ng madalas na paggamit ng pamamaraang ito ng pamahalaan. Hindi bababa sa apat na pagkakataon kung kailan ginamit ang naturang pamamaraan noong dekada sitenta: una noong 10-15 Enero 1973 na nagratipika ng konstitusyon<sup>326</sup>; noong 27 Hulyo 1973 kung kailan iniulat na 90.7 porsiyento ng mga bumoto ang nagsabing gusto nilang manatiling pangulo si Marcos maging matapos ang 1973; noong 27 Pebrero 1975 kung

---

<sup>323</sup> Isinalin ito ni Domingo M. Quimlat, na Editor-in-Chief ng *The Balita* noong panahon ng batas militar.

<sup>324</sup> Termino ni Belinda Aquino (nasa Bresnan 1986, 89-90).

<sup>325</sup> Hindi tuloy maiiwasang sumagi sa isip ang naganap sa Tejeros halos isandaang taon na ang nakalilipas. Sa librong *The Centennial Countdown* (1998), sinabi ni Ambeth Ocampo na naganap ang kauna-unahang dayaan sa eleksiyon sa Tejeros nang mapatalsik sa pagiging pinuno ng Katipunan si Bonifacio at pumalit sa pamamagitan ng boto, ng nakararaming miyembro ng Magdalo, si Aguinaldo. Sa simula’y balota ang napagkasunduang sistema ng botohan, pero nang dumilim-dilim ay hindi na rin sinunod ang sistemang ito.

<sup>326</sup> Tignan ang kontra-hegemonya nito sa Apendiks I-1 na pinamagatang “Sa Ikauunlad Ng Bayan, Isip Ang Kailangan!”

kailan 87.5 porsiyento ang napaulat na bumoto ng “yes” sa tanong na dapat ba o hindi dapat magpatuloy si Marcos sa pagiging pangulo<sup>327</sup>; at panghuli noong 16 Oktubre 1976 na nagpahintulot sa pagpapatuloy ng batas militar.

Halos lahat ng mga librong sinulat (o nasa ilalim ng pangalan ni Marcos) ay nakasalin hindi lamang sa Filipino kundi maging sa iba pang wikang bernakular. Nagmemerito ng kahiwalay na makabuluhang pananaliksik ang kalakaran ng pagsasalin sa panahon ng batas militar. Mayroon pa ngang pagpapalagay na, bagaman hindi ginamit ang pagkakataon upang palakasin ang wikang pambansa, sunod sa panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig o pananakop ng Japan sa Pilipinas, sa panahon ng batas militar sa ilalim ni Marcos umunlad at muling nabuhay ang iskolarsyip sa araling wika at paggamit ng wikang kumon, na nagsisilbing perk na lamang ng opresibong pamumuno nito. Bukod pa rito siyempre ang realidad na nakaimpluwensiya nang malaki ang kapaligirang mapaniil sa pagkakaroon ng higit na kritikal na pagsusuri at pananaliksik sa kalinangan at lipunan kabilang na ang pagsusuri at pananaliksik sa wika. Maaari pa ngang isipin na may direktang ugnay ang pag-unlad sa araling wika sa kung anong uri at antas ng represyon mayroon ang isang bansa. Halimbawa, ayon na rin sa mga pag-aaral ni Pamela Constantino, lumalabas na dahil sa pagsandig sa kapangyarihan ng pulisya sa Indonesia, mas napipilitang gamitin ng mamamayan ang pambansang wika nito na Bahasa Indones. Sa ganang Pilipinas, hindi naman ito ganap na pinagsamantalahan ng pamunuan ni Marcos, bagkos ay nagiging usapin lamang para sa kaniya sa pamamagitan ng mga komemoratibong panahong gaya ng linggo ng wika o iba pang kaugnay na okasyon.<sup>328</sup> Ayon pa sa isa niyang talumpati:

Hindi kaila sa inyo ang ginawa ko ukol sa ating wika. Sa pagtanggap na opisyal ng mga embahador o sugo ng ibang bansa ay wika natin ang aking ginagamit. Iyan ay hindi lamang pagsunod sa kaugaliang pandaigdig kundi tanda ng pagkilala sa sarili nating wika. Ibig nating ipakilala na bilang isang bansang malaya at nagsasarili ay mayroon tayong sariling wika na ikinararangal natin. Kung sa pakikipagharap sa isang dayuhan na hindi marunong ng ating wika ay ginagamit ko ang ating wikang pambansa, lalong dapat na gamitin ito sa pakikipag-usap sa isang kababayan. Iyan ang dahilan kung bakit hangga’t

<sup>327</sup> Tignan ang kontra-hegemonya nito sa Apendiks I-1 na pinamagatang “The Referendum and The Question of Conscience.” Kasunod nito ang salin sa Filipino.

<sup>328</sup> Basahin ang dalawang talumpati ni Marcos sa Apendiks I-2.

maaari, kahit sang panig ng ating bansa, ang ginagamit ko ay ang wikang Pilipino. (Marcos 1973a)<sup>329</sup>

Kung tutuusin, umaalinsunod ang hindi pag-unlad ng pambansang wika sa ilalim ng diktadura sa dahilang mayroon itong tendensiya na palakasin—sa halip na bawasan—ang dayuhan o imperyalistang dominasyon sa bansa. Mas magiging epektibo naman ang tendensiyang ito sa ilalim ng pasistang pamumuno sa pamamagitan ng batas militar na gaya ng napatunayan na ng hindi iilang totalitaryong bansang kinanlong ng imperyalistang US.

Hindi bagong politikal na penomenon ang batas militar sa Pilipinas. Hindi lamang ito naging sapat na kumon sensikal noong dekada sitenta dahil sa malalayo ang agwat ng panahon kung kailan nagkaroon ng batas militar sa Pilipinas, o maging ang kaugnay nitong gobyernong militar. Bibihira na sa loob ng ilang magkakasunod na henerasyon ay sumulpot ito. Halimbawa, unang sumailalim ang bansa sa batas militar noong 30 Agosto 1896 nang ideklara ni Gobernador-Heneral Ramon Blanco ang estado ng digmaan sa pagitan ng mga puwersang Kastila at Katipunan sa mga lugar na Maynila, Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, Tarlac, Laguna, at Batangas.<sup>330</sup> Idineklara rin ito ni Gobernador-Heneral Camilo Polavieja noong 24 Disyembre, 1896 (Brillantes 1987, 30). Napailalim ang bansa sa militar na gobyerno nang sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano noong 4 Pebrero 1899 hanggang sa ideklara ni McKinley ang pananaig ng pamahalaang sibilyan noong 4 Hulyo 1901. Muling napailalim sa militar na pamumuno ang bansa noong sakupin ito ng Japan simula 2 Enero 1942 hanggang sa sumuko ang Japan sa US noong 15 Agosto 1945. Tinawag noong *reokupasyon* ang pagbabalik ng mga sundalong Amerikano sa mga bansang Burma, Malaysia, Indonesia, at Vietnam. Samantalang sa Pilipinas, tinawag na *the liberation* ang naturang pagbabalik.<sup>331</sup> May dulot na implikasyong panlipunan ang naturang pag-aanalisa ng mga susing salita. Dahil sa sobrang lugmok na kalagayan ng bansa, matapos ang digmaan—halimbawa, napulbos ang Maynila dahil sa tuloy-tuloy na pagkanyon ng US dito para mapaalis ang mga Hapon—nakita ng US na magiging pabigat na lamang dito ang Pilipinas kung patuloy itong magiging kolonya. Simula noon ay magiging neokolonya na ito.

<sup>329</sup> Mula ito sa artikulong “Ang Wikang Pambansa sa Bagong Lipunan” ng Marcos (1973a, 3-7). Nasa orihinal na wika ito at wala sa wikang Ingles. May bersiyong Ingles pero isinalin lang mula sa Pilipino.

<sup>330</sup> Hindi pa kasama rito ang mga naunang naestablisang commandancia politico-militar sa iba’t ibang rehiyon at probinsiya na may katangiang batas militar.

<sup>331</sup> Nasa artikulo ni Theodore Friend sa Bresnan (1986, 15-16).

Bukod sa mga batas militar at militar na pamamahala, itinuturing ding presedente ng batas militar nang 1972 ang pagsuspende ni Quirino ng kasulatan ng habeas corpus noong 1953 sa pagtatangka ng kaniyang administrasyon na makaangkop sa mga banta ng Huk. Dagdag pa rito ang mismong pagsuspende ni Marcos ng naturang kasulatan noong 1971. Malaking bahagi ng pagpapatimo ng dalumat ng batas militar ang mga pahayag at preparasyon para rito ng pamahalaan na tinatawag ngang “ruler’s imperative perspective.”

Samakatwid, maaaring ilagom ang antas ng kapangyarihan ni Marcos sa pamamagitan ng paglilista ng mga mapanupil o represibong aparato nito para mapanatili ang kalakarang panlipunan. Pangunahin na rito ang militar na dahil sa pananatili ni Marcos bilang pangulo sa loob ng dalawang termino ay napunan niya ng mga kakilala o kababayan (Ilokano). Gaya ng militar, napunan din ni Marcos ng mga kakilala ang hudikatura, lalo na ang Korte Suprema, dahil sa karamihan sa mga hukom ay matatanda na at malapit nang magretiro nang maging presidente si Marcos. Kabilang din dito ang tinagurian niyang “bagong tao” sa larangan ng politikang kaiba umano sa tinukoy niyang oligarkiya sa TRD dahil sa hindi gaanong dominante ang mga ito noong maging pangulo siya noong 1965. Karamihan sa mga ito, kung hindi man lahat, ay naging kakutsaba rin niya sa mga pang-ekonomiyang pandarambong na kung tawagin ay kapitalismong kroni—pangunahin sa mga bloke ng tabako, asukal, niyog, at ilegal na pagtotroso. Kinapalooban ito ng paglikha ng isang bagong grupo ng mga makapangyarihang mangangalakal na nakalikha ng imperyo sa pamamagitan ng mga pautang na ginagarantiyahan ng pamahalaan (behest loans) kung hindi man ng mga dayuhang pautang o *malambot* na pautang. Ang ideang ito ng kroniyismo at bagong tao ay nagsisilbing pambalanse sa tradisyonal na makapangyarihang pamilya. Pinakamahalaga naman sa lahat ay ang kababanggit lamang na suporta ng US na pinatindi pa ng programang dekontrol na sinimulan ni Macapagal at ng pagbaligtad ng Korte Suprema sa desisyong Quasha at Lustevecó.

Sa mga mapanupil o represibong aparato ng estado, pinakamalinaw na naging sentro ng makauring signipikasyon ang militar. Sinasagot na kasi ng diskurso ng *bago* at sa isang banda ng pakikipagtunggali ng pinangyayarihang uri sa tradisyonal na mga piyudalista ang pagtugon sa resyonalisasyon ng pagkakaroon ng kroni sa Bagong Lipunan. Nasasakluban naman ng lehitimong pagkukubli ang hudikatura. Nararasyonalisa rin ang pakikialam ng US sa pamamagitan ng mga gawaing patago nito at sa pamamagitan na rin ng pamamatnubay ng doktrinang Nixon. Samakatwid, nangailangan

ang militar, batay na rin sa malalagim na kasaysayan ng mga nakaraang batas militar at militar na pamahalan—kadalasa’y marahas na dayuhang pananamantala—ng malaliman at tiyak na pagpapakahulugan at paglalaan ng kapaki-pakinabang na signipikasyong batay sa makauring paggamit ng wika at semyotika, dagdad pa sa pinansiyal at pisikal na pagpapalalim ng kapangyarihan nito.

Nagsimulang buuin ni Marcos ang kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng militar noong hirangin niya ang kaniyang sarili bilang kalihim ng depensa noong 9 Nobyembre 1965, kasabay ng pagiging pangulo ng bansa. Sa pamamagitan nito, napailalim sa kaniyang direktang kontrol ang pagtatalaga ng mga susing posisyon sa militar. Magiging makabuluhan naman ang kontrol na ito sa ilalim ng batas militar.

Krusyal ang papel ng militar sa pagpapanitili ng balanse ng kapangyarihan lalo na sa ilalim ng batas militar. Sa katunayan, ito ang pangunahing anyo ng kapangyarihan ng rehimeng batas militar. Sa ilalim nito, nag-iba ang hugis ng militar mula sa isang propesyonal at apolitical na ahensiya ng estado tungo sa purong politikal na instrumento nito (Abinales 1998). Kapansin-pansin din ang pag-usbong ng napakaraming anyo ng paramilitar na grupo mula sa hanay o batay sa patnubay ng militar.<sup>332</sup> Sa ilalim ng rehimeng batas militar, nagkaroon ito ng malalim na pagkakakawing sa ehekutibong sangay ng pamahalaan.<sup>333</sup> Alagang-alaga ni Marcos ang militar lalo na ang mga kababayan niya na umani ng matataas na posisyon sa karera ng propesyong militar. Dagdag pa, ilang araw matapos ideklara ang batas militar, ipinatupad ni Marcos ang 150% pagtaas ng buwanang batayang sahod ng mga opisyal ng AFP (mula 2nd Lieutenant hanggang Heneral).

Gayumpaman, sa ilalim ng diskurso ng batas militar kung saan ang militar ang pangunahin at pisikal na kalahok sa pagpapatupad ng mga alituntunin ng diktadurang pamahalaan, hindi maiiwasan na maging lubhang negatibo ang tingin dito ng taumbayan.<sup>334</sup> Magkagayon man, hindi naman ganap na nagkulang ang estado na gumamit ng makauring jargon para magsilbing repraksiyon ng patuloy na sumasamang imahe ng represyong militar.

---

<sup>332</sup> Gaya ng Monkees.

<sup>333</sup> Kahit nga ang PSC o Presidential Security Command na pinamunuan ni Gen. Fabian Ver, dating drayber ni Marcos, ay naging ganap na command na sa ilalim ng pamumuno ni Marcos. Nangangahulugan itong mas maraming personel at kagamitan, kabilang na ang mga tangke. Sa kasalukuyan, PSG o Presidential Security Group ang tawag dito.

<sup>334</sup> Ang 5th CSU (Constabulary Secondary Unit) ang itinuturing na pinakakilalang yunit na pangtortur (torture unit) sa panahon ng batas militar. Pinangunahan ito ng matagal nang ahente ng Central Intelligence Agency (CIA) na si Col. Ishmael Rodrigo ng Green Beret.

Isa sa mga pinakatanyag na propagandista ng militar ay si Gen. Jose M. Crisol.<sup>335</sup> Nakapaglathala siya ng dalawang libro: *The Red Lie* (1954) at *The Armed Forces and Martial Law* (1980). Black propaganda ang una laban sa rebolusyonaryong kilusan samantalang ang pangalawa, na makabuluhan sa bahaging ito ng pananaliksik, ay patungkol sa mga gawain ng sandatahang hukbo ng bansa sa konteksto ng batas militar.

Sa ilalim ng batas militar, walang-patumangga ang pagpapahayag ng estado na “binasag na nito ang hulma ng reaksiyonaryong pamamaraan at binago na nito ang tradisyonal na papel ng militar” (Crisol 1980, 6). Diumano’y tapos na ang mga araw ng tinatawag na “barracks soldier” dahil hindi lamang instrumento ng digmaan ang militar kundi instrumento rin ng kapayapaan. Nililinaw rin nito na naintindihan ng militar ang sensitibong usapin ng karapatang pantao. Ipinagtanggol nito ang mga military tribunal<sup>336</sup> dahil naniniwala ito na nakalikha ito ng kasabay na administrasyong hudisyal na gaya ng sa katuwang nitong mga korteng sibil. Wala rin umano itong nilabag na makatarungang proseso na itinakda ng Konstitusyon.

Ipinagmamalaki rin ng estado ang training course na ibinibigay sa lahat ng mga opisyal at enlisted personel ng sandatahang lakas. Tinaguriang *Tanglaw*, o akronim ng “Tanod at Gabay ng Lahi at Watawat,” nilayon nito na maturuan ang mga sundalo ng mga prinsipyong makatao para sa paglilingkod sa bayan, sa halip na makalikha ng mabangis na robot na ang tanging kaya ay durugin ang mga kaaway ng pamahalaan. Nilinaw rin nito, gaya ng makailang beses nang binaggit ni Marcos sa Proclamation No. 1081, na patuloy na napailalim sa kapangyarihang sibilyan ang militar. Kaugnay nito, ang pinakamahalaga at pinakaepektibong anyo ng pagpapabago ng imahe ng militar ay ang pagpapalapit nito sa mamamayan sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga gawaing pangunahing pakikinabangan ng mamamayan. Matatandaang sa panahon pa lamang ng unang termino ni Marcos, mas maraming nagawang kalsada at tulay, at naipatayong paaralan ang mga

---

<sup>335</sup> Nagtapos sa PMA noong 1941. Naging deputy chief of intelligence ng USAFFE noong ikalawang digmaang pandaigdig. Ginawaran ng Gold Cross dahil sa ipinakitang gilas sa Bataan. Naging battalion commander ng Bicol Guerilla Brigade sa kasagsagan ng Resistance Movement. Inindoktrinahan sa Infantry School ng Fort Benning sa US noong 1945 at naging guro sa PMA pagkatapos. Inatasan siya ng noo’y kalihim ng depensa na si Ramon Magsaysay bilang hepe ng Civil Affairs Office ng Department of National Defense (DND). Malaki ang naging papel niya sa pagtulong kay Magsaysay na pahinain ang mga Huk at sa pangangampanya nito sa pagkapangulo. Naging hepe ng National Bureau of Investigation at sa kalauna’y naging pinakabatang Undersecretary ng National Defense sa ilalim ni Magsaysay. Naging kalihim ng depensa sa ilalim ni Pangulong Carlos P. Garcia. Nanungkulan bilang assistant ni Marcos sa Civic Action at sa kalauna’y inatasan bilang undersecretary ng Home Defense at Chairman ng National Police Commission (NAPOLCOM).

<sup>336</sup> Ipinapaloob ang mga nahuhuling rebelde o insurekto—o sinumang naging banta sa pambansang seguridad o kalahok sa mga operasyon ng kriminal na sindikato—sa tribunal na ito na tinawag ding “kangaroo court” sa panahon ng rehimeng batas militar.



engineering battalion ng militar kumpara sa mga katuwang nitong sibilyang opisina. Kahit nga ang mga ipinadalang sundalo ni Marcos sa Vietnam ay hindi naman mga kombatant na tropa kundi mga sundalong inhinyero.<sup>337</sup>

Gayumpaman, dahil na rin sa realidad ng patuloy na umiikid na realisasyon ng tunggalian sa lipunan at sa mga banta sa kapangyarihang dulot ng patuloy na lumalalang krisis panlipunan, mahalaga para sa estado hindi lamang ang pagseguro at pagpapanatili ng mga mapanupil nitong aparato para mapanatili sa gayon ang kapangyarihan at dominasyon nito. Mahalaga rin para rito ang pagpapanatili ng tuloy-tuloy na aparatong ideolohikal kung saan malaking papel ang ginagampanan ng wika.

Ilan sa mga pinakaepektibong ideolohikal na aparato sa panahon ng rehimeng batas militar ang sumusunod: Office of Media Affairs, Development Academy of the Philippines, University of Life, Philippine News Agency, Ministry of Tourism, Presidential Center for Strategic Studies, Cultural Center of the Philippines, Writers' Union of the Philippines, Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas, Channel 4 na pag-aari ng pamahalaan, at National Media Production Center. Kaalinsabay ng mga ito ang represibong pagpapasara ng mga impresa at estasyon ng radyo at telebisyon na kritikal sa pamahalaan. Karamihan sa mga ito ay napunta sa kontrol ng mga kroni at kamag-anak ni Marcos. Kontrolado naman ng mga kamag-anak at kaibigan niya ang mga sumulpot na midya sa kalaunan.<sup>338</sup>

Sa kabila ng makapangyarihang ideolohikal na aparato ng estado, wala nang hihigit pang pinakamakabuluhan at pinakaepektibong uri ng kontra-hegemonya o kontra-kultura kung hindi ang mga rebolusyonaryong jargon na matatagpuan sa mga rebolusyonaryong sulatin.<sup>339</sup> Hindi nauubusan ng lakas ang rebolusyonaryong pagkilos sa kabila ng patuloy na repesibong atake at ideolohikal na pakikipagtunggali ng naghaharing uri. Sa katunayan, proporsyonal ang paglakas nito sa lalong paggigiit ng kapangyarihan ng

---

<sup>337</sup> Pansining hanggang sa kasalukuyan ay ginagamit ang ganitong kalakaran sa pagpapaliwanag sa sensitibong papel ng militar sa lipunang sibilyan. Halimbawa, sa Balikatan 02-1, makailang ulit na iginiit ng pamahalaan na ang mga Amerikanong sundalong dumating sa Mindanao ay puro mga tagapayo lamang at hindi combatant—gaya ng mga sundalong ipinadala sa Indotsina bago sumiklab ang digmaan doon.

<sup>338</sup> Halimbawa nito ay ang *Focus Philippines* na isang magasing inilathala ng matagal nang kaibigan ng mga Marcos na si Kerima Polotan—ang unang isyu ay lumabas noong 18 Nobyembre 1972. Maisasama pa rito ang *Review* na isang pampanitikang magasin na inilathala ng anak na babae ni Adrian Cristobal, na dating tagapagsalita ni Marcos. Panghuli ang *Who* na inilathala naman ni Hans Menzi na may-ari din ng *Manila Bulletin*. Sa tatlong ito, itinuturing na pinakaprogresibo na ang huli, relatibo sa panahon, dahil sa pag-uulat nito ng ilang mga pang-aabuso sa karapatang pangtao, ng mga grupong katutubo na tumutol sa mga proyekto ng pamahalaan, ng mga damdamin ng publiko hinggil sa kalagayang panlipunan, at ng mga editorial na kung minsang'y kritikal sa pamahalaan. Bunga nito, kadalasang napapatawag ng militar ang ilan sa mga manunulat nito. Isinara ang *Who* nang mamatay si Menzi.

<sup>339</sup> Matutunghayan sa Apendiks I-1 na "Radical Papers" ang ilang halimbawa ng mga ito.



naghaharing iilan. Sa panahon ng pasistang batas militar, kung kailan naipapamalas ang pinakamakapangyarihang anyo ng opresyon, patuloy na namuhay at lumago ang progresibong mga pananaw. Sa hinaba-haba ng kasaysayan ng pasismo, naipamalas ng mismong ideolohiyang minsá'y tinangka nitong buwagin ang pagpapatupad sa ilang mga makabuluhang ideang nanatiling ideal para sa pasismo.

Sa rebolusyonyong pagpapakahulugan, sa ilalim ng papet na republikang gaya ng Pilipinas, lumilitaw at umiigting ang pasismo, o ang “paggamit ng karahasan ng estado laban sa mamamayan.” Ang pasismo sa bayan ay nakaugat sa burukratang kapitalismo na itinayo ng imperyalismong US sa ilalim ng papet na republika. Ang mga burukrata-kapitalista ay umaasa pangunahin sa paggamit ng karahasang militar para supilin ang pakikibaka ng sambayanan at pangalagaan ang interes pangunahin ng imperyalistang US at ng mga lokal na kakutsaba nito, pati na rin ang sarili nitong interes. Samakatwid, kung lalagumin ang pakahulugan sa pasismo, batay sa makauring jargon o makauring gamit ng wika, nangangahulugan ang pasismo, una, ng walang pakundangang paggamit ng puwersang militar para supilin ang mamamayan, at pangalawa, ng realidad na mayroon itong makauring katangian at naglilingkod kung gayon sa makauring interes ng mapagsamantalang uri. Kung pagbabatayan ang kasaysayang batay sa rebolusyonyong pagsusuri rito, lumalabas na matagal nang ginagamit ang dalumat ng pasismo sa bawat republika para supilin ang mamamayan at para serbisyohan ang kung anong makauring interes mayroon ito. Halimbawa, sa panahon ng papet na rehimen ni Roxas, kung kailan nananahan na at lumakas pa ang pasismo, sinalakay ng mga armadong elemento ang masang magsasaka para maibalik sa mga panginoong maylupa ang kapangyarihan. Naganap noon ang itinuturing na pinakamasahol na krimeng pasista sa panahong iyon o ang masaker sa Maliwali at Masico. Panahon naman ni Quirino nagsimulang kalabanin nang husto ng pamahalaan ang masa maging ang mga lehitimong kilusang panlipunan. Samantala, sa kalunsuran idineklarang ilegal ang mga organisasyon at kilusang progresibo ng mga manggagawa at ginipit kung hindi man sinalakay ang mga progresibong samahan ng mga intelektuwal. Tinapos naman ng papet na rehimen ni Magsaysay ang madugong pagdurog sa rebolusyonyong kilusan. Sa panahon ding ito ipinakana ni Magsaysay, sa ilalim ng patnubay ng US, ang Batas na Anti-Subersiyon. Pinairal ang batas na ito sa panahon ng pamumuno ni Garcia na naglunsad ng malawakang kampanyang kontra-rebolusyonyo. Tinampukan naman ng mararahas na pagsupil sa pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka, at estudyante ang

rehimen ni Macapagal. Sa panahon na ng rehimeng US-Marcos umabot sa sukduhan ang pasismo. Lumaganap sa panahong ito ang militarisasyon at binuo ang maraming yunit na kontra-insureksiyon. Pinaniniwalaan din na matinding kinamuhian ng mamamayan ang estado dahil sa mga masaker, pagkidnap, maramihang pagdakip, pamamaslang, panggagahasa, panununog, at pangingikil, sa kanayunan at sa kalunsuran. Maliwanag na ebidensiya ng pasistang panunupil ang pagbubuo ng mga *task force* laban sa mga progresibong kilusan, pagsuspende sa kasulatan ng habeas corpus para malayang masakal ang rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan at kalunsuran, at ang mismong paghaharing militar na sinimulan noong 21 Setyembre 1972.

Sa kabila nito, naging makabuluhan ang mga umusbong na kontra-hegemonya sa hanay mismo ng mga pinakadirektang apektado ng pasismo ng reaksyonaryong pamahalaan. Direkta rin nilang tinukoy ang mga salalayang suliranin ng bansa habang kinakalaban ang mga prinsipal at pangkalahatang manipestasyon ng mga ito. Sa pagbubukas ng dekada sitenta, lubhang tumindi ang pasistang gawain ng pamahalaan kung kaya replektibo sa mga sulating progresibo at rebolusyunaryo ang pagtatangkang bigyan ng signipikasyong kontra-kultura at kontra-hegemonya ang kalakarang panlipunan. Pinakaepektibo at pinakamasigasig na matatagpuan ito sa mga sulatin at pahayag na lumaganap noong mga panahong iyon.<sup>340</sup>

Kung tututukan ang pagtatangkang bigyang-kahulugan ang pasismo, mababatid na mayaman sa literatura ng protesta at kamalayang panlipunan ang naturang mga manipesto. Sa katunayan, maaga pa ma'y kinilala na ng mga ito ang maagang pagsasabwatan ng imperyalistang US sa mga mapagsamantalang uri sa pagpapairal ng mga ito ng pasismo sa buong bansa. Ayon sa isang pahayag ng Kabataang Makabayan (KM), "Pasismo ang siyang huling sandata ng imperyalismong Amerikano at ng mga kasabwat nitong naghaharing uring mga asendero, komprador-burges at burukrata-kapitalista sa kanilang kawalang pag-asang pagpupumilit na manatili sa kapangyarihan upang maipagpatuloy ang pagsasamantala sa mamamayang Pilipino" (Kabataang Makabayan 1970).<sup>341</sup> Ang mga pahayag na gaya nito ang naghain ng mga wastong pagsusuri sa nananaig na kalakarang panlipunan maging bago pa man idineklara ang batas militar sa Pilipinas. Hindi malayong ikumpara ang mga ito sa pagtatangka ni Lenin tungo sa lalong paglilinaw ng dalumat ng kontra-hegemonya at kontra-kultura sa larangan ng wika

<sup>340</sup> Sumangguni sa Apendiks I-1 para sa mga piling halimbawa ng mga ito.

<sup>341</sup> Matutunghayan sa Apendiks I-1 ang buong kopya ng pahayag na ito.

at sa pag-uugnay ng pagpapakahulugan sa lohikang pormal at lohikang diyalektikal.<sup>342</sup> Halimbawa, sa mga pahayag na ito matatanto ang popular na anyo ng matalas na panunuring panlipunang gaya ng pagtatangkang bigyang-kahulugan ang sistemang malakolonyal at malapiyudal sa lipunang Pilipino:

Ang lipunan natin sa kasalukuyan ay mala-piyudal at mala-kolonyal. Ito ang ugat ng kahirapan at kaapihan ng masang Pilipino.

Mala-piyudal sapagka't ang relasyon sa kabuhayan sa mga bukirin ay ang pag-aari ng malalaking lupain ng mga panginoong maylupa at ang pagsasamantala nila sa mga magsasaka, sa isang panig at ang pagpapatulo ng pawis at kaapihan ng mga magsasaka, sa kabilang panig. Ang bunga ng pagsasaka at pagpupunyagi ng masa ng magsasaka ay sinasarili at kinakamkam ng mga mapagsamantalang panginoong maylupa.

Mala-kolonyal sapagka't ang relasyon sa kabuhayan sa mga lungsod ay ang pag-aari ng iilang imperyalistang Amerikano at mga kasabwat nitong mga burukrata-kapitalista at komprador na Pilipino ng kapital o kagamitan sa paggawa at ang pagsasamantala nila sa mga manggagawa, sa isang panig at ang patuloy na paggawa ng mga produkto at pagpapakahirap ng mga manggagawa naman, sa kabilang panig. Ang pangunahing batayan ng ating mala-kolonyal na lipunan ay ang maigting na pagkakahawak ng mga imperyalistang Amerikano sa mahahalagang bahagi ng ating kabuhayan gaya ng mga minahan at industriya sa langis at gasolina. Dagdag pa rito, ang mga komprador at burukrata-kapitalistang Pilipino ay tagapagluwas lamang ng mga hilaw na sangkap mula sa mga bukirin at tagapagbili naman dito sa ating bansa ng mga produkto ng imperyalistang Amerikano na inaangkat ng una mula sa Estados Unidos. Gaya rin sa mga bukirin, ang bunga ng paggawa ay kinakamkam ng mga imperyalistang Amerikano at mga kasabwat nito.

Sa ating lipunan, ang naghaharing uri at nagsasamantala sa masa ay ang mga imperyalistang Amerikano at mga kasabwat nitong mga komprador, burukrata-kapitalista at panginoong maylupang mga Pilipino. (Kabataang Makabayan 1970)

---

<sup>342</sup> Maaaring balikan ang diskusyon sa unang bahagi, lalo na ang pagtatangka ni Lenin na bigyang-kahulugan ang salitang baso.

Noong 25 Enero 1971, tinapatan ng MDP ang SONA ni Marcos sa pamamagitan ng paghahain nito ng sarili nitong SONA na may pamagat na “The True State of the Nation.” Sa harapan ng pahayag ito, nakalarawan ang isang adaptasyon ng Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitecto (NPA) na Spoliarium ni Juan Luna. Sa larawang ito, malinaw na pinagmamasadan lamang ng “Imperyalismong Kano, burukrata-kapitalismo, at Piyudalismo” ang mga “binusabos na masang Pilipino” habang hinihila ang mga bangkay nito. Sa naturang pahayag din malinaw na ipinabatid ng MDP na si Marcos ang pangunahing burukrata-kapitalista at pasistang papet sa lipunang Pilipino, na nagpatindi ng pasismo at militarismo sa kanayunan at kalunsuran, kaalinsabay ng patuloy na pagsasamantala ng Imperyalismong US sa sambayanang Pilipino, na pinalala pa ng panlilinlang ng pamunuan ni Marcos. Samakatwid, umaalinsabay sa kalakaran ng signipikasyon ng reaksiyonaryong pamahalaan ang malinaw na kontra-kulturang ipinaabot ng mga rebolusyonaryong puwersa na tanging pinakaepektibong tumuligsa at bumaka sa ideolohikal na labanan at kontradiksiyon sa ilalim ng rehimeng batas militar. Hindi naman mananamlay ito sa patuloy na pagtindi ng pasismo—bagkos ay sumidhi pa nga—gaya ng pananamlay ng mga katuwang nito sa sektor ng mga repormista (kadalasa’y mga politikal na kaaway ni Marcos o marhinalisadong “oligarkiya”) at sa sektor ng simbahan (na muli lamang sisigla noong 1976) na kapuwa rin naglunsad ng kani-kanilang opensiba laban sa pamahalaan, dangan ay nanamlay nga kung hindi man naglahong kaalinsabay ng hindi matiis na paniniil.

Sa mga panahong tumindi ang pasistang pamumuno, napilitan ang mga progresibong grupong kumilos nang palihim. Bagaman hindi na kasindali gaya nang dati para sa mga rebolusyonaryong puwersa ang ideolohikal na pagbaka sa reaksiyonaryong pamahalaan, hindi naman tinantanan ng mapagsamantalang uri ang paggamit ng makauring jargon para sa mga makauring tunguhin nila. Kung sa unang tatlong taon ng pamumuno ay sumentro ito sa mga diskurso ng demokrasya at mamamayan, rebolusyon, at bago naman sa kalagitnaan ng dekada sitenta, tumutok ang pamahalaan sa pagpapalapit lalo ng sentimiyento ng sibilyan sa institusyong militar. Taong 1976 inestablisa ang Civilian Home Defense Force (CHDF) kung saan mismong mga sibilyan na ang pumapapel bilang tanod ng sarili nilang bayan o baryo at sa gayo’y nagiging ganap nang bahagi ng burukrasya. Kaalinsabay din nito ang patuloy na pagpapatimo na sa ilalim ng batas militar, patuloy na umuunlad ang bayang Pilipino. Pangunahing diskursong impraestruktural ng pamahalaan ang planta nuklear, na sinimulang itayo noong Pebrero

1976, at ang pulong ng lupon ng mga gobernador ng IMF at World Bank noong Oktubre 1976. Dalawang gusali pa nga ang ipinatayo para lamang dito. Itinirik ang Philippine International Convention Center (PICC) sa isang reclamation area. Samantala, ang Philippine Plaza Hotel na titirahan sana ng mga gobernador ay hindi naman natapos sa takdang panahon. Maaaring imahe iyon ng tunay na kalagayan ng bansa. Para naman maipakita sa buong mundo na normal at matatag ang pamahalaan, nilikha ni Marcos noong 10 Setyembre ang Batasang Bayan (Legislative Advisory Council) sa pamamagitan ng dekreto. Nagpulong ito makaraan lamang ang kulang-kulang dalawang linggo. Kinabibilangan ito ng mga miyembro ng gabinete, 91 na miyembro ng komiteng tagapagpaganap ng Association of Local Councils, at mga miyembrong “maaaring pag-atasan ng pangulo paminsan-minsan,” gaya ng mga delegado ng Kabataang Barangay. Naging miyembro din si Imelda, gobernador ng Maynila, samantalang si Marcos ang nagpadaloy ng pulong. Pinaniniwalaang nilikha ito ni Marcos dahil na rin sa pangamba niya na mapuna ng internasyonal na komunidad na walang lehislatibong institusyon ang bansa, lalo na’t may pulong ang IMF sa Pilipinas noong taon ding iyon. At makalipas ang halos dalawang taon, pinasinayaan naman ni Marcos ang Interim Batasang Pambansa (Interim National Assembly) at ibinandila ang pagtungo ng bayan sa “normalisasyon.” Dagdag dito, dalawang taon pa uli ang makalipas, noong 30 Enero 1980, ginanap ang unang lokal (probinsiyal at munisipal) na eleksiyon simula nang deklarasyon ng batas militar. Dinomina ng sariling partidong KBL ang posisyon na gobernador (69 sa 73), bise gobernador, mayor (1,550 sa 1,560), at bise mayor. Samantala, gaya ng ipinangako nang magwagi sa ikalawang termino sa pagiging presidente, mistulang ipinalabas naman ng pamahalaan na mapagmatyag pa rin ito sa pangungurakot ng mga opisyal ng pamahalaan. Marso 1977 nang ipinahayag ng BIR ang plano nitong imbestigahan, at kasuhan kung kinakailangan, ang humigit-kumulang 200 milyonyong tumatakas sa pagbayad ng buwis. Samantala, bago matapos ang taon, ipinahayag ni Marcos ang paglikha niya ng Tanodbayan, o ombudsman, at ng Sandigang Bayan, na isang espesyal na korte para sa mga kaso ng pangungurakot. Kapuwa pinahihintulutan ng konstitusyong 1973 ang dalawa at hanggang sa kasalukuya’y nananatili sa pamahalaan. Bago naman matapos ang tao’y nilinaw ng pamahalaan ang paglilingkod nito sa US dahil inaprobahan noong 1979 ang US military bases agreement hanggang sa alisin ang batas militar noong 1981, at maging hanggang sa kasalukuyan.

# VII

## MGA KONGKLUSYON AT IMPLIKASYON

**N**amumuhay tayo sa isang lipunang malapit nang bumagsak. Nasa lahat ng sulok ang mga ebidensiya ng kabulukan. Itinatangis ng mga konserbatibong reaksiyonaryo ang pagkakawasak ng pamilya at epidemyang droga, krimen, karumal-dumal na karahasan at iba pa. Ang tangi nilang sagot ay ang pagpapatindi ng represyon ng estado—dagdag na pulis, dagdag na kulungan, mas mabigat na parusa (Woods and Grant 1995).

Kahalintulad ng winikang ito ang naging konteksto ng pagpapataw ng batas militar sa Pilipinas. Tuwirang mga represibong aparato ng estado na nalelehitima ng mga polisiya at konstitusyon sa pamamagitan ng at gamit ang wika, o mas partikular, ng burges (na makauring) jargon. Lalo pang narerealisa ang tunay na ideolohikal na kapangyarihan sa loob ng wika kapag ginamit na itong paraan para mapanatili ang status quo sa lipunan o, sa mas angkop na pahayag, maisakatuparan ang reproduksiyon ng relasyong panlipunan. Kaya nga wika ang susi sa pagtuklas sa mga hindi nakikita at pagbaklas sa pagkamanhid ng tao rito. Sa pamamagitan ng wika, malalaman kung paanong binubuo ng isang tao, isang grupo, isang uri, at maging ng isang kultura ang kaniya at kanilang mundo. Isang sistema ang wika na nadarama at naiintindihan ang kahulugan dahil sa kabisado na ng tao ang kumbensiyon o nakasanayan na ang paggamit nito. Sanay na ang taong gamitin at intindihin ang wika, pero, kadalasan nama'y hindi tayo ang gumagamit at umiintindi nito. Bagkos, kumbaga'y pinagamit at pinaintindi lang ang mga elemento nito sa tao na bunga hindi ng batas kundi ng mahabang panahon ng ugnayan, organisasyon at kondisyong panlipunan (Campoamor 1999, 3). Nagpapatingkad pa rito ang pagpapalaganap ng isang uri ng araling wika na may oryentasyong mala-siyentipiko, piyudal, burges, kolonyal, at imperyalista. Isang oryentasyon na hindi dapat isinasawalang-

bahala. Samakatwid, inákong trabaho ng pananaliksik na ito na analisahin ang paggamit ng wika at araling wikang ipinaintindi sa isang pasistang estado. At umaasa itong unang hakbang pa lamang ito ng serye ng mga pananaliksik at pagsisikhay sa araling wika, partikular sa wikang pambansa at sa mga kaugnay na aralin.

Bilang kaakibat at paglalapat ng pagsusuri sa politika ng wika at politika ng araling wika, pinag-aralan din ng pananaliksik na ito ang politika ng makauring jargon o retorika ng diktadura ni Ferdinand Marcos. Hindi naman maikakaila ang pagkakaroon ng nasabing jargon. Bukod sa natural na tendensiya na magkaroon ng iba't ibang anyo ng wika ang isang tao o grupo, mismong ang uring gumagamit at nagpapagamit nito ang nagpapatotoo ng retorika.<sup>343</sup> Halimbawa, noong hulihin ang pangunahing propagandista at itinuturing din noong una bilang “devil’s advocate” ni Marcos na si Primitivo Mijares, inakusahan ito ng umarestong opisyal ng militar ng “pagbabalita nang hindi naaayon sa retorika ng Bagong Lipunan.”<sup>344</sup> Samakatwid, kagyat na sinagot ng pananaliksik na ito ang panawagan ng hindi iilang mga umuusbong na iskolar ng wika, gaya ng ipinahayag nina Hodge at Kress (1993, viii) at gayon na rin ni Volosinov, sa pangangailangan ng lapit sa araling wika na gagawing pangunahing salalayang argumento ang paglalahok at pagtangkilik sa puwersa o kapangyarihan bilang kondisyon sa panlipunang pamumuhay at nakabatay sa teoryang panlipunan. Bagaman marami nang naisulat patungkol sa batas militar at pasistang pamumuno at malaon nang nailatag ang mga makinarya at estruktura nito, sinariwa ng pananaliksik ang mga nasabing estruktura sa perspektiba at sa pamamagitan ng materyang wika. Hindi simpleng koinsidente lamang ang magkasabay na pag-unlad at pag-usbong ng mapanupil na anyo ng pamamahala sa Pilipinas at ng mga progresibong araling wika, ginagabayan man ang mga ito ng kaisipang Marxista o iba pang demokratiko at makabayang kaisipan na impluwensiyal noong dekada sienta at sitenta hanggang sa kasalukuyan.

Ang pananaliksik na ito ay pag-aaral hindi lamang ng politika ng wika at politika ng araling wika. Pag-aaral din ito ng mga praktikal na implikasyon ng politika ng wika sa ilalim ng rehimeng batas militar, partikular noong dekada sitenta. Higit pa ang pananaliksik na ito sa pagsusuri ng isang

---

<sup>343</sup> Maaaring sumangguni sa Apendiks II-6 para sa mahalalaga at susing mga termino.

<sup>344</sup> Si Mijares ay presidente rin ng National Press Club at Chairman ng Media Advisory Council. Inakusahan si Mijares noong Disyembre 1972 ni Col. Noe S. Andaya, hepe ng Office of Civil relations ng AFP. Nangyari ito nang minsang masita ng nasabing opisina ang kolum ni Mijares na “PM Views” sa diyaryong *Daily Express*, na pagmamay-ari ng mga Marcos. Pinaniniwalaan noon na lahat ng sinusulat ni Mijares ay mga “kaisipan ni Marcos.” Ang “PM Views” noong araw ay itinuturing na “President Marcos Views” sa halip na “Primitivo Mijares Views” (Mijares 1976, 17-18).



panlipunang penomenon at ng kaakibat nitong aralin na napapailalim sa represibo at ideolohikal na pambansang rehimen at maging unibersal na pananaw. Sinuri nito ang lugar ng wika sa loob ng isang klima ng takot at pananakot. Ang panahon ng digmaan ang “pinakamabisang laboratory,” gaya ng sinabi nina Hodge at Kress (1993, xiii), para pag-aralan lalo’t higit ang wika nang hindi nalalayo sa impluwensiya nito sa mga inobasyon at makabagong teknolohiya.<sup>345</sup> Itinuturing maging ni Marcos na nasa estado ng digmaan ang Pilipinas noong ipinatupad niya ang batas militar. Ito aniya ang dahilan kaya hindi makaintindi ang mga dayuhang peryodista. Ang mga dayuhang peryodista kasi ang tanging may kakayahan, noong simula, na mag-ulat sa pamamagitan ng pangmadlang midya, ng mga negatibong pangyayari sa Pilipinas.

Hindi maaaring ipaghiwalay ang wika at ideolohiya. Sinuri ng librong ito ang mga ideolohikal na wika (sa pamamagitan ng teksto at diskurso)<sup>346</sup> para matukoy ang mga paraan kung saan ipinapanatili o muling nililikha ng kahulugan at signipikasyon ang ugnayan at dominasyon (ng estado). Binasa ang mga “linguistic feature”<sup>347</sup> o sign o termino at ekspresyon ng makauring jargon sa isang sistemang ideolohikal (pasismo). Kaakibat nito ang paniniwala na ang wika ay nagpapahayag ng at inoorganisa ng espesipikong ideolohiya. Isinapraktika ang paniniwalang ito sa pag-aanalisa ng diskurso para tukuyin ang ideolohiya na napapaloob dito. Sa kaso ng kasalukuyang pananaliksik, sinuri ang wika at mga makauring jargon ng batas militar, bagong lipunan, at diktadura para matukoy ang pasistang ideolohiyang nasa likuran nito.

Tinawag ni Frederick J. Newmeyer na “autonomous linguistics” ang isang di-ideolohikal at “value-neutral” na araling wika. Sa pamamagitan ng ganitong uri ng pag-aaral, iwinawaglit, aniya, ang anumang politikal na halagang ikinakabit sa (unibersal na) gramat. Ipinapahiwatig ni Newmeyer ang mala-agnostiko niyang pananaw na *nolo contendere* o “hindi ko nais makialam” (nasa Joseph at Taylor ed. 1990, 1). Kung tutuusi’y mas malala pa ito sa ginawang reipikasyon at pagbibigay ng “phantom objectivity”<sup>348</sup> o abstraktong obhetibismo sa wika ng mga pormal at estruktural na lingguwista.

---

<sup>345</sup> Tinalakay ang impluwensiya ng digmaan sa teknolohiya at wika sa Campoamor (1999, 11).

<sup>346</sup> Ipinagkaiba ni Gunther Kress (nasa Van Dijk 1985, 27, 29) ang teksto at diskurso. Ang “teksto” aniya ay nakabatay sa diskusyong lingguwistika para tukuyin ang porma o kahulugan. Ang “diskurso” naman ay nakabatay sa diskusyong sosyolohikal. Sa librong ito, “wika” ang ipinasya kong gamitin sa halip na “diskurso” (i.e., politika ng wika).

<sup>347</sup> Terminong sa discourse analysis na nangangahulugan ng sign ng isang termino sa loob ng isang sistemang ideolohikal. Mayroon itong tiyak na kahulugan na nakukuha sa kinatatayang lugar nito sa isang sistema ng iba pang mga termino, ayon kay Gunther Kress (nasa Van Dijk 1985, 30). Ayon naman kay Marx, “pinapalsipika ng wika ng pasismo ang realidad.”

<sup>348</sup> Terminong ni Lukacs (nasa Joseph at Taylor ed. 1990, 31).



Sa kabilang banda, eklektiko ang pamamaraan nina Joseph at Taylor (1990, 5) sa librong *Ideologies of Language*. Anila, tunguhin ng librong iyon na hamunin ang anumang ideolohiya ng wika at lingguwistikang naniniwalang iisang lapit sa wika lamang ang siyentipiko at nararapat na pag-aralan ng mga seryosong akademiko. Gayumpaman, ang libro nina Joseph at Taylor ay mas akademiko kaysa agnostiko, mas manipestasyon ng dis-ilusyon sa mapagbalatkayong siyentipikong landas ng pormal na lingguwistika. Pero ang eklektisismo ay isang kalunos-lunos na dahilan o palusot sa hindi pagiging kritikal at kawalan ng pansarili at panlipunang paninindigan. Alam din ito nina Joseph at Taylor dahil sa sila rin mismo ang nagsabi na “napakamakapangyarihang puwersa ng ideolohiya, pinakamakapangyarihan sa lahat ng kultura ng tao.” Kaya nga hindi ang eklektikong lingguwistika, hindi ang nagsasariling lingguwistika, at hindi lamang ang pormal at estruktural na lingguwistika ang nararapat na gamiting pamamaraan sa araling wika. Kaya nga politika ng wika na gabay ng Marxistang pilosopiya ng wika ang ginamit na pamamaraan at paksa sa pag-aaral na ito. Tanging sa pamamaraang ito lamang matutukoy ang angkop na siyentipikong oryentasyon sa nagbabalatkayong siyentipikong oryentasyon. Tanging sa pamamaraang ito lamang maisasakatuparan hindi lang ang batayan kundi maging ang agaran at nararapat, at siyentipiko, makabayan, at makamasang araling wika. Dagdag dito, hindi maiiwasan na maging ideolohikal at kumiling sa espesipikong halagahin dahil ang pag-aaral ng ugnayan ng pasismo, wika, at araling wika ay isa nang proposisyong ideolohikal na anti-pasista—sa pangyayaring ang dominanteng araling wika sa Pilipinas sa kasalukuyan ay pasista ring dulot ng regresibong posisyon nito sa papel ng kasaysayan bilang tagatukoy ng pamamaraang “siyentipiko” sa pag-aaral ng wika habang walang pagtatangkang ilugar ang wika sa tunggalian at relasyong panlipunan. Maaari pang idagdag ang kabatirang ang wika ng sistema o pagwiwika ng sistema ang naghaharing wika—partikular ang wikang Ingles o jargon, sa kabilang banda, kung isasaalang-alang ang wikang pambansa/kumon.

Dominante naman sa usapin ng wika sa panahon ng rehimeng batas militar ang makauring anyo ng wika ng pasismo. Maaaring puwersahan ang imposisyon o pagpapagamit ng mga partikular na salita at dalumat, pero may kapasidad din ang estado na ipagpaliban nang bahagya ang pagpapagamit ng mga ito sa wika hanggang sa ang mamamayan na mismo ang gumamit at gawing kumbensiyon ang diskurso. Kaalinsabay ng iba pang sistemang semyotiko, pinakaimportanteng senyas ang dominanteng mga anyo ng diskurso at wika na naglehitima ng kapangyarihan ng estado at nakapangyayaring

uri kaya nga itinuturing ang wika na lugar ng patuloy na tunggalian ng uri. Patuloy naman ang paggigiit ng naghaharing uri sa wikang sentralisado, monoglosiko, singkroniko, at awtoritaryo dahil kaalinsabay ng pagpapakitid ng kahulugan ng mga salita (tungo sa nais nilang maging pakahulugan ng mga ito) ang pagtindi ng kanilang kapangyarihan. Nakakamit ang ganap na kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsasanib ng wika at mapanupil na aparato, o ng monoglosiko at awtoritaryong wika na naglelehitima sa represibong aparato ng estado at ng militar.



# APENDIKS I-1

## Radical Papers

Kopya ang sumusunod ng mga nasaliksik kong pahayag ng mga organisasyon ng mga estudyante, manggagawa, at propesyonal noong panahon ng batas militar. Itinuturing na mahahalaga ang mga papel na ito dahil marerealisa sa mga ito ang nakasulat na anyo ng makauri, kung hindi man rebolusyunaryong signipikasyon. Limitado ang mga nakasulat na radikal at rebolusyunaryong jargon dahil sa paniniil ng pamahalaan lalo na sa unang bahagi ng batas militar.

Natagpuan ko ang mga ito sa University of the Philippines Diliman Main Library. Ang batayan ng pagkakanap sa mga ito ay ang librong inilathala ng Filipiniana Special Collections Project Staff na *Philippine Radical Papers in the University of the Philippines Diliman Main Library* (1998). Pinagsama-sama ko ang mga nasabing pahayag batay sa sumusunod na panahon—para lamang sa mas madaling pagkakakilanlan sa mga ito:

1970-1971  
1972-1980  
1981-pataas

Ipinapanatili ko ang pantukoy na “Radical Papers” bilang pagkilala sa iskolarship ng Filipiniana Special Collections Project Staff ng UP Diliman Main Library.

# RADICAL PAPERS

## 1970-1971

### *MPKP MANIFESTO*

January 26, 1970

### **THE SAD STATE-OF-THE NATION**

It is time for another State-of-the-Nation address, the first in the second term of Mr. Marcos as President of our neocolonial republic. Once again he will boast of his “achievements,” while imploring the people to accept his austerity programme and render the utmost sacrifices in pursuit of his elusive “great again” society. But there are many disturbing facts and ominous trends in the country under his administration that Mr. Marcos will surely hide from the people.

Aware of the reactionary pressures behind his administration, we of the MALAYANG PAGKAKAISA NG KABATAANG PILIPINO (MPKP) have no illusion whatsoever that Mr. Marcos will take advantage of his position as the first reelected President to pull the country out of the disastrous path of neocolonial development. We have no faith in people at the top. We do not trust those who enjoy power, prestige and privileges in the present system. Change can only come from the people themselves, particularly those who are the most oppressed.

Believing that they alone have the power to change the course of our nation’s history and achieve national and social emancipation, MPKP calls for a mighty wave of mass action to deal with the following problems:

1. The Fascist Menace. History teaches us that wherever and wherever the ruling classes lose confidence in their ability to rule in the old ways and to arrest the rising tide of popular discontent, they seek refuge in fascism.

We observe clear indications of a fascist trend in the Philippines today. In the rural areas the peasants are continuously harassed by the Monkees and the Special Forces. Under the guise of restoring peace and order in Central Luzon, Mr. Marcos has virtually legitimized the Monkee marauders by converting them into a para-military unit called the Home Defense Force. The PHILCAG mercenaries who were sent to Vietnam for what the Symington Report describes as “a handsome fee of \$45 million” are now going to Central Luzon to reinforce the Monkees and the Special Forces for the purpose of terrorizing the militant peasantry.

In the urban areas the fascist trend is represented by the American-trained riot squads of the Police and PC. They are used to break workers’ strikes and beat up anti-imperialist student demonstrators. Rumours are also floating around that a shadowy political figure who is related to one of the richest men in Asia is building up a private army along the lines of Hitler’s storm-troopers. This character is known to be smuggling large quantities of the most modern weapons and his hoodlums are allegedly trained by army personnel.

The Marcos administration is also politicizing the armed forces. The National Defense College and the staff schools of the various services give political orientation courses for selected members of the officer corps. Several graduates of these quasi-military academic institutions who have retired or gone on leave from the armed forces now occupy key positions in government corporations and strategic industries. These indicate the infiltration by military men of the decisive points in Philippine society.

There is also another programme, initiated by Mr. Marcos, of recruiting student leaders to intelligence agencies and using them to infiltrate progressive youth organizations. These hirelings of the status quo engage not only in espionage work, but also in outright provocations aimed to push these organizations along a disastrous adventurist line and to sow dissensions in the ranks of genuine anti-imperialist groups. Just the other day they again circulated a slanderous leaflet against MPKP, charging it of subversion and denigrating its leaders.

2. Economic Sabotage. While loudly professing his commitment to economic nationalism, Marcos has also placed well-known “little brown Americans” to highly sensitive positions. For instance, the lawyer of United Fruit and Dole is put in charge of an important government department. The Board of Investments is headed by a notorious pro-American bureaucrat who shamelessly declares in public his “theory” that massive influx of foreign

capital will solve our country's economic ills. And according to sources close to Malacañang, the American-controlled World Bank and International Monetary Fund had a hand in the appointment of the new Central Bank governor.

While the Americans boys have their way in the formulation of economic policies, Mr. Marcos has forced out the few critics of foreign investments and neocolonial economy from his administration. Only a few days ago, acting under pressure from the Sugar Bloc, Mr. Marcos employed his overwhelming power in the legislature to nationalize economists from the Congressional Economic Planning Office.

3. Bogus Land Reform. Mr. Marcos proudly claims that his administration has earnestly implemented the Land Reform Code. But the peasants who are supposed to be its principal beneficiaries know the truth too well. Firstly, they know that funds set aside for land reform is very insignificant compared to the enormity of the agrarian problem. Secondly, that the greater bulk of funds actually allocated for land reform is used for salaries and representation expenses of Land Authority functionaries. Thirdly, that the new leaseholders, due to scarcity of credit, are now heavily indebted to usurers and their economic status is hardly better than it was under the oppressive tenancy system. And, fourthly, that numerous loopholes were deliberately written into the Land Reform Code which causes greater instability in the lives of tenants.

In order to evade land reform in the proclaimed land reform areas, the landlords have registered their haciendas as "mechanized farms" or "real estates." Once classified as such, the haciendas are then exempted from land reform. Not only that, the landlord gains the right to evict a number of their tenants. It is significant that in the so-called land reform areas, there is also a marked rise in rural unemployment. Evicted tenants join the ranks of sisantes, peasants who have no land to till and who must therefore work for extremely low wages from tenants who are themselves impoverished.

4. Worsening Economic Conditions of the Masses. After the grand splurge in the last elections, Mr. Marcos tries to restore a semblance of economic stability at the expense of the masses. Thousands have already lost their jobs and many more are scheduled for dismissal. The prices of all prime commodities are rising almost daily, while the rate of wages is frozen. His much publicized decision to give away his "wordly possessions" is nothing but a peurile gesture to assuage the suffering masses and cover up the monstrous deception.

MPKP calls on the people, particularly the youth, to launch a wave of mass activity against the neocolonial system. Only through mass action is it possible to stop fascism and create favorable conditions for a truly democratic order. The masses alone can solve the problems of the masses. But the masses must act. The masses must refuse to be deceived by the propaganda tricks of Mr. Marcos and his image-builders.

ALL POWER TO THE PEOPLE!  
BUILD PARLIAMENT IN THE STREETS!  
STOP FASCISM AND CRUSH IMPERIALISM!  
ON WITH THE NATIONAL DEMOCRATIC STRUGGLE!

MALAYANG PAGKAKAISA NG KABATAANG PILIPINO (MPKP)



## OR A PEOPLE'S CONSTITUTION

The MALAYANG PAGKAKAISA NG KABATAANG PILIPINO (MPKP) demonstrated the whole day of January 26 for the cause of national democracy, and to further expose imperialism, feudalism and fascism.

It did not and it does not support the slogan of "non-partisan constitutional convention." However attractive to many who are fed up with the two bourgeois parties, such a slogan is empty, futile, and therefore misleading. Merely to disqualify senators and congressmen or even to prohibit candidates for the constitutional convention under the two bourgeois parties will not make the convention any less partisan. As a matter of fact, it is more likely that the involvement of feudal and comprador bourgeois elements will be more direct, and U.S. imperialism will play a more obvious role in forcing the convention to enshrine the "vested rights" theory in our fundamental law.

Filipino executives of the Philippine-American Life Insurance Co., Sycip-Gorres-Velayo, the Stonehill business empire and other firms closely associated with U.S. monopoly capital have already announced their intention to run, presumably with the financial blessings of their masters. It is a well-known fact that these instruments of U.S. imperialism are also the ones that finance and control the two bourgeois parties, so that the outward abstention by the latter will not make political alignment in the convention any different from the partisan alignment in the present Congress.

The slogan of "non-partisan constitutional convention" is deliberately designed to create illusion about the convention and to conceal the truth that the convention, whether openly partisan or not, will reflect the bankruptcy of the present political system. It is important that this illusion be demolished even before the election of convention delegates.

Another illusion which must be destroyed is that we change the essential character of the political system by the simple process of changing the constitution. The nature of the political system, the content of the constitution and its manner of implementation are a reflection of the neo-colonial socio-economic system in our country.

We must therefore rally the masses in a relentless struggle against neo-colonialism. The election of delegates and the convention itself may, however, be good opportunities to accomplish this principal task; but this could only be accomplished if we dispel all illusions in the minds of the masses.

Since the slogan of “non-partisan constitutional convention” has the effect of promoting rather than dispelling these illusions, MPKP vehemently rejects it. Instead MPKP calls for a People’s Constitution that will declare illegal and obsolete the power of imperialism, feudalism and capitalism, and project the concept of people’s power. The People’s Constitution should be a rallying program of the struggle for national democracy.

FIGHT FOR THE PEOPLE’S CONSTITUTION!!  
ON WITH THE NATIONAL DEMOCRATIC STRUGGLE!!  
ALL POWER TO THE PEOPLE!!

\*\* MALAYANG PAGKAKAISA NG KABATAANG PILIPINO (MPKP)  
January 30, 1970

## **FIGHT FASCISM JOIN THE FEBRUARY 12 DEMONSTRATION**

Kabataang Makabayan joins the demonstration today in various schools and communities in the Greater Manila and in different cities and provinces all over the country. KM likewise joins the demonstration at Plaza Miranda by student, youth and labor groups who refuse to be intimidated by rumors of possible violence to be instigated by “agitators” and “infiltrators”.

KM enjoins all the patriotic Filipinos, students, youth, workers, peasants and professionals to rise in a unified mass action today in righteous indignation against the unabashed show of state violence against the people in the January 26 and January 30-31 demonstrations. Six human lives were claimed by the Marcos fascist puppet regime and hundred were mercilessly clubbed, gassed, maimed and fired upon with high powered guns in an effort to suppress the democratic revolutionary actions of the students, youth, and workers. This naked show of fascist violence by the state all the more clearly underscores the need for the people to rise up in more vigorous and militant mass actions to expose the bankruptcy of the neo-colonial state and its puppetry to US imperialism.

There is no reason for the militant students, youth and workers to fear the rumors of possible violence to be instigated by so-called “agitators” and “infiltrators”. These rumors were maliciously planted by the military under instructions by the fascist puppet Marcos in a vain attempt to intimidate the students, youth and workers into calling off the Feb. 12 demonstration at Plaza Miranda. This clever tactic of the puppet Marcos and the reactionary armed forces is a ploy to disarm the revolutionary youth and inspired by Marcos’ effort to put a stop to his increasing unpopularity. For the people to believe in the Marcos lie that he is “being pushed to the right” by anti-Marcos, anti-imperialist and anti-feudal mass actions is to grant him the privilege of not belonging to the reactionary right at all. On the contrary, his entire term in the past four years is a clear proof of the fact that he is the chief agent of US imperialism, domestic feudalism and bureaucrat capitalism in our society.

Marcos’ fear of an imminent coup d’etat is a calculated move to instill fear among the youth and force them to tone down if not to put a stop to their democratic revolutionary mass actions. The puppet Marcos regime is still relatively well entrenched to deserve a CIA-inspired coup d’etat. Furthermore, a CIA-inspired coup d’etat is least imminent now that known CIA agents have been implanted in strategic cabinet posts through the recent cabinet reshuffle.

What is needed is for the youth to organize the people and arouse them to rise up in condemnation of the oppression and exploitation perpetrated by US imperialism, domestic feudalism and bureaucrat capitalism.

The fascist Marcos regime deserves the just condemnation of the people for perpetuating the worsening conditions in the country brought about by utter puppetry to US imperialism coupled by an over-zealous fascism in suppressing the democratic rights of the people. In view of this, we must see through the pseudo-left-inspired tactic of shifting the people's revolutionary actions against Marcos to "dissipated attacks against various forces." This is nothing but a deliberate attempt to co-opt the revolutionary movement and is ultimately designed to exonerate Marcos from all the fascist acts committed by the state against the people.

We should never be misled by the right opportunist claim that the people's revolutionary struggle against the Marcos fascist puppet regime is a "personal" attack against Marcos, which is being peddled about by pseudo-revolutionaries who fall for the Marcos "nationalist" line lock, stock and barrel. Events have shown that Marcos is rightist and bad enough to deserve the condemnation of the Filipino people. As partisans for national democracy at this historical stage, we should be wary of more clever moves by the enemy to becloud or divert the issue of puppetry and fascist brutality of the Marcos reactionary regime.

We must always bear in mind that Marcos stands as the chief agent of U.S. imperialism and domestic feudalism in our society. As such, his interests can never be identical with the interests of the Filipino people. If we are misled by his "benevolence" and "left" slogans, we actually prejudice the interests of the people which will nullify all our efforts to advance the cause for national democracy.

Last January 30-31, the demonstrators learned, with the aid of bullets and truncheons of the police and armed forces of the state, that the reactionary state is but an instrument of coercion employed by the exploiting class to suppress and oppress the people.

The heroic fight of active self-defense that the 50,000 demonstrators put up shows that the people can no longer be cowed by the military, might of the state. The death of our brothers in the struggle only make us more determined in the fight for national freedom and liberation.

We cannot allow the maiming, murder, mass arrest and torture of our fellow students and countrymen go unredressed and unpunished.

FILIPINO PEOPLE UNITE! CARRY THE NATIONAL DEMOCRATIC  
STRUGGLE THROUGH TO THE END!  
DOWN WITH FASCISM!  
DOWN WITH U.S. IMPERIALISM!  
DOWN WITH FEUDALISM!  
LONG LIVE THE STRUGGLE FOR NATIONAL DEMOCRACY!

Statements of Kabataang Makabayan on the Occasion  
of the Rally Against the Mendiola Massacre of January 30-31  
12 February 1970

## **PEOPLE'S VIOLENCE AGAINST STATE VIOLENCE**

The servile spokesmen of the ruling classes are becoming desperate indeed. Hysterically fearful of the significant political gains of the people's forces struggling for national democracy, the defenders and apologists of the neocolonial establishment seek to place the burden of violence upon the shoulders of the Filipino oppressed masses.

There is the malicious propaganda line that the militant national-democratic forces are responsible for so-called "vandalism" which occurs as an "aftermath" of the people's rallies and demonstrations. There is the misleading theme about "anti-human" leftists and radicals who believe in violence as a means to their ends. There is the witch-hunting device of projecting "The hard core communist who advocates violent anarchy" whose force must thus be met by force. There is the subtle concoction of an issue between violent and peaceful revolution.

All these are vile but futile attempts to mask the violence inflicted on the Filipino people by the classes and strata that so far rule the Philippines.

MALAYANG PAGKAKAISA NG KABATAANG PILIPINO will say to all of you insatiable exploiters—American imperialists, compradores, feudal landlords, pro-imperialist and reactionary capitalists, reactionary clerics, treasonous imperialist puppets and agents: Your greedy hands are stained with the sweat and blood of the people!

You violently and mercilessly crushed the Filipino people's revolutionary forces in order to take the place of the Spanish colonizers. You have violently and continuously squeezed your profits and wealth from all the working people, ruthlessly stunting their bodies and maiming their spirit. You have violently mutilated and murdered militant workers, peasants, intellectuals, youth and students. You have violently harassed progressives, radicals, leftists, revolutionaries, depriving them and the masses they lead of freedom and civil liberties. You have violently kept yourselves in power and authority by means of deception, terrorism and corruption. You have pitted brother against brother, and not satisfied with your regular armies and police you have developed private armies and special forces with license to kill. You have maintained the neocolonial-bourgeois state and impose the rule of neocolonial-bourgeois law by force of arms. You have always resorted to

fascist repression and brutality as a last resort against the revolutionary masses. You have just raided, assaulted, clubbed and shot down demonstrators in cold blood.

It is an oppressed and exploited people who have the right to meet force with force. It is the violent aggression of foreign and native exploiters that has always compelled the exploited masses to resort ultimately to self-defense and counter-offense. The logical opposite of neocolonial-bourgeois violence is people's violence.

The oppressed masses do not desire violence for its sake. The people do not go into violent actions irresponsibly and indiscriminately. The national-democratic forces do not plan or participate in or condone acts of "vandalism" or violent attacks on the persons and properties of individuals who are not their violent enemies. These are the isolated deeds of provocateurs, looters and thrill-seekers, or of emotional and extremist elements whose wrath is understandable but whose leaders are duty bound to guide them into a recognition of the distinction between enemies and friends.

Provocateurs must be identified and exposed as the mercenary tools of the imperialist-fascist-puppet factions now intensely engaged in their own fierce competition for neocolonial power and authority. Extremist and anarchistic elements must be led into the correct revolutionary line, or consciously isolated should they prove to be intractable. To avoid this task, even as we expose and resist neocolonial violence, is to allow the gains of the national-democratic movement to be undermined.

RESIST NEOCOLONIAL VIOLENCE!  
EXPOSE MERCENARY PROVOCATEURS!  
STRUGGLE AGAINST ANARCHISTS!  
ALL POWER TO THE PEOPLE!

\*MALAYANG PAGKAKAISA NG KABATAANG PILIPINO  
(MPKP)

**IPAGPATULOY ANG PAKIKIBAKA LABAN SA IMPERYALISMONG  
AMERIKANO, KATUTUBONG PIYUDALISMO AT PASISMO!  
BUONG LAKAS NA ITAGUYOD ANG MGA DEMONSTRASYON  
AT IBA PANG PANGMASANG KILUSAN TUNGO  
SA PAGKAKAMIT NG PAMBANSANG DEMOKRASYA!**

Mabilis na sumusulong ang pakikibaka ng mga mamamayan upang makamit ang pambansang demokrasya. Ang masa ng mga manggagawa at kabataan sa lungsod at magsasaka sa bukirin ay buong pagkakaisang nag-aalsa sa kanilang matatag na paglaban sa imperyalismo, piyudalismo at sa papet at pasistang pamahalaang Marcos.

Sa buong bansa ngayon, ang mga demonstrasyon at iba pang pangmasang kilusan tungo sa pambansang demokrasya ay masidhing umuunlad bilang pagpapatunay sa lumalagong kamalayang rebolusyonaryo ng mamamayang Pilipino na nakikihamok upang malipol ang masasamang puwersa ng pagsasamantala at panunupil.

Nababatid ng Kabataang Makabayan ang pangangailangang maipagpatuloy ang pakikibaka tungo sa pambansang demokrasya kahit na pinasisidhi ng papet at reaksiyonaryong pamahalaang Marcos ang paggamit ng mga pasistang taktika upang mapigil ang walang kahulilip na rebolusyonaryong pag-aalsa ng inaaping mamamayan.

Pasismo ang siyang huling sandata ng imperyalismong Amerikano at ng mga kasabwat nitong naghaharing uring mga asendero, komprador-burges at burukrata-kapitalista sa kanilang kawalang pag-asang pagpupumilit na manatili sa kapangyarihan upang maipagpatuloy ang pagsasamantala sa mamamayang Pilipino.

Hindi na maikukubli ang angking kahinaan ng papet na pamahalaang Marcos, na sinusuhayan ng imperyalismong Amerikano. Bunga ito ng patuloy na pagkawala ng tiwala ng masa ng mamamayan, isang katangiang kinakailangan ng isang pamahalaan upang magtagumpay.

Inutil at patuloy na humihina dahil sa walang puknat na pakikibaka ng mga puwersang pambansang demokrasya, ang papet at reaksiyonaryong pamahalaang Marcos ay gumagawa ng makahayop at pasistang krimen laban sa masa ng mga manggagawa at magsasaka, tulad ng pagpaslang, asasinasyon, pagkidnap, pananakit at iba pang uri ng brutalidad ng estado, at pananakot laban sa mga estudyante at kabataang demonstrador noong Enero 26 at 30 at sa malalaking Kongreso ng Bayan noong Pebrero 12, 18 at 26.

Ang pagpapasabog ng tear gas sa mamamayan ng Sampaloc, San Miguel



at iba pang distrito ng Maynila noong Pebrero 18 at 26 upang palabasin at saka pagpapaluin, maging bata o matanda, ay isang pagpapakita ng dahas ng pasismo.

Ang ginawang pagsalakay at pagyurak sa kalayaang akademiko ng Philippine College of Commerce ay kalilipas na halimbawa ng pasistang panunupil ng papet at reaksiyonaryong pamahalaang Marcos upang takutin at pasunurin sa kaniyang nais ang mga militanteng estudyante, progresibong propesor at intelektuwal. Ang mga bahaging ito ng ating lipunan, bilang masigasig at tagapagpalaganap ng mga kaisipang pambansang demokrasya ay siyang kasunod na biktima ng mga kontra-rebolusyonaryong hakbang ng pasista at papet na si Marcos.

Ang makahayop na katangian ng ginawang pagsalakay at pag-aresto sa mga estudyante at mga guro ng PCC ay nagdulot lamang kay Marcos at sa kaniyang kapuwa papet na si Villegas ng galit ng mamamayan. Habang ito ay dapat na magsilbing mahigpit na babala sa mga estudyante at progresibong intelektuwal na ang pasismo ay walang pinipiling biktima sa mabangis nitong pagsalakay, ito ay dapat ding maging dahilan upang mapakilos ang masa sa pagsumpa sa kamatayan ng mga kalayaang sibil at tuwirang pagyurak sa kalayaang akademiko.

Dahil sa pasismo, walang iba pang hakbang na makatuwirang maipamalas ng masa ng mamamayan kundi ang ipagpatuloy ang mga pangmasang kilusan tungo sa pambansang demokrasya.

Samakatwid, ang Kabataang Makabayan ay buong lakas na nakikiisa sa Martsa ng Mamamayan Laban sa Pasismo ngayong araw na ito upang ipahayag ang isyu ng pasismo, ang kamatayan ng mga kalayaang sibil at ang pagyurak sa kalayaang akademiko.

Ang Kabataang Makabayan ay buong lakas ding nakikiisa sa welga ng mga tsuper bilang pagtutol sa kapabayaang pamahalaan, terorismo ng pulisya at labag sa batas na paghuli at pangungulekta ng “tong” o “lagay”.

Matibay na naniniwala ang Kabataang Makabayan na ang masa ng mamamayan lamang ang makapagdudulot ng radikal na pagbabago sa ganitong lipunang mala-piyudal at mala-kolonyal sa pamamagitan ng mga pangmasang demonstrasyon at iba pang rebolusyonaryong pagkilos.

Sapagka't ang pambansang demokrasya ay hindi makakamit hangga't hindi nawawasak ang mga puwersa ng pagsasamantala at panunupil, ang Kabataang Makabayan ay buong tatag na nagpapahayag na ito, bilang taliba ng kilusang rebolusyonaryo ng kabataan, ay walang humpay na kikilos at masigasig na makikiisa sa mga pang-masang kilusan upang malupig nang

ganap ang imperyalismong Amerikano, katutubong piyudalismo at burukrata-kapitalismo.

MAGPAKATATAG! MAKIBAKA, HUWAG MATAKOT!  
IBAGSAK ANG PAPET AT PASISTANG PAMAHALAANG MARCOS!  
IBAGSAK ANG IMPERYALISMONG AMERIKANO, KATUTUBONG  
PIYUDALISMO AT BURUKRATA-KAPITALISMO!  
MABUHAY ANG PAKIKIBAKA PARA SA PAMBANSANG  
DEMOKRASYA!  
MABUHAY ANG MGA MANGGAGAWA, MAGSASAKA, KABATAAN  
AT PROGRESIBONG INTELEKTUWAL!

Kabataang Makabayan  
Marso 3, 1970

## **IBUNSOD ANG MALAWAKANG PAKIKIBAKA LABAN SA IMPERYALISMONG AMERIKANO, KATUTUBONG PIYUDALISMO AT BURUKRATA-KAPITALISMO!**

*Ang Nakikita Natin sa Bansang Pilipinas sa Kasalukuyan*

Laganap at marubdob ang pagdarahop ng masang Pilipino. Patuloy ang mabilis na pagtaas ng halaga ng mga bilingin. Maramihan ang pagtitiwalag sa mga manggagawa at maliit na kawani ng mga pribadong korporasyon at ng pamahalaan. Parami nang parami ang mga walang hanapbuhay. Hikahos at gutom ang mga manggagawa at walang hanapbuhay sa lungsod, lalong-lalo na ang mga magsasaka sa mga bukirin. Libo-libo ang mga pulubi at mga namumulot ng basura na halos ay hindi na makagulapay sa karukhaan.

Sa kabila ng ganitong pagdaralita at kaapihan, patuloy ang pagpapasasa ng kakaunti sa bunga ng paggawa at yaman ng bansa. Walang humpay ang pagsasamantala ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka sa bukirin, ang panghuhuthot ng mga imperyalistang Amerikano at ng mga kasabwat nilang mga komprador, burukrata-kapitalista at mga ahente nito sa mga manggagawa sa lungsod.

Hindi kinakatawan ng pamahalaan ang kapakanan ng nakararaming mamamayan sapagka't ang pamahalaan ay kasangkapan lamang ng mga naghaharing uri (imperyalistang Amerikano, komprador, burukrata-kapitalista at mga ahente nila) upang mapagsamantalahan at apihin ang masa ng mamamayan. Maging ang mga hukuman ay nagsisilbing tagapagtanggol lamang ng mga interes ng mga naghaharing uri at alipuris nila.

*Ang Mala-piyudal at Mala-kolonyal na Kaayusan ng Pambansang Kabuhayan*

Ang lipunan natin sa kasalukuyan ay mala-piyudal at mala-kolonyal. Ito ang ugat ng kahirapan at kaapihan ng masang Pilipino.

Mala-piyudal sapagka't ang relasyon sa kabuhayan sa mga bukirin ay ang pag-aari ng malalaking lupain ng mga panginoong maylupa at ang pagsasamantala nila sa mga magsasaka, sa isang panig at ang pagpapatulo ng pawis at kaapihan ng mga magsasaka, sa kabilang panig. Ang bunga ng pagsasaka at pagpupunyagi ng masa ng magsasaka ay sinasarili at kinakamkam ng mga mapagsamantalang panginoong maylupa.

Mala-kolonyal sapagka't ang relasyon sa kabuhayan sa mga lungsod ay ang pag-aari ng iilang imperyalistang Amerikano at mga kasabwat nitong mga burukrata-kapitalista at komprador na Pilipino ng kapital o kagamitan sa paggawa at ang pagsasamantala nila sa mga manggagawa, sa isang

panig at ang patuloy na paggawa ng mga produkto at pagpapakahirap ng mga manggagawa naman, sa kabilang panig. Ang pangunahing batayan ng ating mala-kolonyal na lipunan ay ang maigting na pagkakahawak ng mga imperyalistang Amerikano sa mahahalagang bahagi ng ating kabuhayan gaya ng mga minahan at industriya sa langis at gasolina. Dagdag pa rito, ang mga komprador at burukrata-kapitalistang Pilipino ay tagapagluwas lamang ng mga hilaw na sangkap mula sa mga bukirin at tagapagbili naman dito sa ating bansa ng mga produkto ng imperyalistang Amerikano na inaangkat ng una mula sa Estados Unidos. Gaya rin sa mga bukirin, ang bunga ng paggawa ay kinakamkam ng mga imperyalistang Amerikano at mga kasabwat nito.

Sa ating lipunan, ang naghaharing uri at nagsasamantala sa masa ay ang mga imperyalistang Amerikano at mga kasabwat nitong mga komprador, burukrata-kapitalista at panginoong maylupang mga Pilipino.

#### *Ang Naghaharing Uri sa Kabuhayan ay Naghahari rin sa Politika*

Kung ating susuriin ang ating mga balakyot na politiko sa kasalukuyan ay makikita nating mula sila sa mga uring mapagsamantala gaya ng mga komprador, burukrata-kapitalista, at panginoong maylupa na tuwirang nakikipagsabwatan sa imperyalismong Amerikano. Silang mga nagsasamantala sa masa ng mamamayang Pilipino sa panig ng kabuhayan ay sila ring nang-aapi sa masa ng mamamayang Pilipino sa larangan ng politika. Kung gayon, maliwanag na ang kapakanan at interes nila ang itataguyod ng kanilang uri sa politika kahit na ang ganito ay maging dahilan ng kaapihan at pagdarahop ng masa.

Sa kasalukuyan, ang pasistang papet na si Marcos ang pangunahing ahente ng imperyalismong Amerikano sa Pilipinas at punong kinatawan ng mga mapagsamantalang uring Pilipino tulad ng mga komprador, burukrata-kapitalista, at panginoong maylupa.

#### *Ang Nabubuwal na Imperyalismong Amerikano at Umiigting na Pasismo sa Pilipinas*

Ang pangunahing katangian ng pamahalaan ng pasistang papet na si Marcos sa ngayon ay ang umiigting na pasismo laban sa masa ng mamamayang Pilipino.

Si Marcos ang berdugo na pumatay kina Alcantara, Tausa, Roldan, Catabay, Inelda at Mejia sa malaki at militanteng demonstrasyon ng mga manggagawa, walang hanapbuhay at mag-aaral laban sa imperyalismong Amerikano, katutubong piyudalismo, burukrata-kapitalismo at pasismo

noong ika-30 at 31 ng Enero. Siya rin at ang kaniyang kapuwa papet na si Villegas ang kumitil sa buhay ni Sta. Brigida nang ilunsad ang Martsa ng Mamamayan noong ika-3 ng Marso.

Si Marcos din ang nagbuo ng “special forces” ng “Monkees”, ng “Barrio Home Defense Forces”, ng “strike forces” at ng “Barrio Defense Units”. Ang mga pasistang puwersang ito ng malakolonyal na pamahalaan ang nananakot, nagsasamantala, at pumapatay sa masa ng mga magsasaka at sibilyan sa Gitnang Luzon. Ang mga pasistang puwersang ito ang berdugong upahan ng mga panginoong maylupa na nanunupil at umaalipin sa masa ng mga magsasaka. Sila ang mga galamay ng katutubong piyudalismo na nilalayong wasakin ng kilusan para sa pambansang demokrasya.

Ang umiigting na pasismong ito ng pamahalaan ng pasistang papet na si Marcos ay bunga lamang ng mga suliranin at kontradiksiyon ng imperyalismong Amerikano. Habang umiigting ang mga kontradiksiyon sa Estados Unidos na kinakikitaan ng kilusang mapaglaya ng mga Negro, ng pag-aalsa ng mga mag-aaral, pagtaas ng halaga ng mga bilihin, at pagbaba ng produksiyon sa kabuhayan, ang imperyalismong Amerikano ay lalong nalalapit sa kaniyang libingan. Dahilan sa malaking paggugol at sunod-sunod na pagkatalo nito sa kaniyang mga pananalakay sa Asya, Aprika at Amerika Latina, ang kabuhayan ng Estados Unidos ay patuloy na lumulubog.

Bunga ng krisis sa kabuhayan at pananalapi ng imperyalismong Amerikano, hindi na kayang matustusan nito ang kaniyang mga kolonya at mala-kolonya gaya ng Pilipinas. Dahilan dito, patuloy na lumulubha ang krisis sa kabuhayan at pananalapi sa Pilipinas. Lalong pinagsasamantalahan at inaapi ng masa ng nakararaming mamamayan.

Habang naaapi at naghihikahos ang masa, magpapatuloy silang magkakaisa at kikilos upang lansagin ang mapagsamantala at mapang-aping pamahalaan ng pasistang papet ng imperyalismong Amerikanong si Marcos.

At dahilan nga sa patuloy na malawakang pagkilos ng masa laban sa imperyalismong Amerikano, katutubong piyudalismo at burukrata-kapitalismo, lalong humihigpit ang pasismo at paninikil ng pasistang si Marcos laban sa masa na nagnanais maitatag ang pambansang demokrasya.

### *Ang Pananalakay ng Imperyalismong Amerikano sa Kabuhayang Masa*

Dala ng labis na paglabas ng dolyar sa ating bansa na pinalala ng patakarang dekontrol ni Macapagal sa utos ng International Monetary Fund (IMF), ang mga lokal na papet na pinamumunuan ng pasistang si Marcos ay muling nagpatupad ng mga patakarang idinikta ng IMF gaya ng “floating

exchange rate”, “price control”, at “credit restraint”. Ang mga ito’y isinaksak sa sikmura ng sambayanang Pilipino bilang kapalit ng mga inutang na dolyar ng pasistang papet na pamahalaan ni Marcos sa IMF at iba pang bankong Amerikano.

Kinailangang mangutang ngayon ni Marcos sapagka’t bumaba ang reserbadong dolyar ng Bangko Sentral dahil sa kaniyang labis na paglustay ng salapi ng bayan noong nakaraang halalan at sa patuloy na paglabas ng malalaking tubo (super-profits) ng mga imperyalistang Amerikano sa Pilipinas. Ito’y dala pa rin ng malakihang pag-angkat (importation) ng mga produktong galing sa Estados Unidos at ng mga “kickbacks” ng mga politiko na nagkakahalaga ng daan-daang milyong dolyar.

Ang “floating exchange rate” ay nagpababa sa halaga ng piso na umaabot ngayon ng P6.00 sa \$1.00; at dahilan sa ang ating mga pagawaan ay labis na umaasa sa mga makinarya at kagamitang inaangkat mula sa Estados Unidos ang halaga ng mga bilihin ay natural lamang na tumaas sapagka’t ipinabalik ng mga kapitalista ang dagdag nilang gastos sa masa. Ang “price control” ang pumipigil ngayon sa mga kapitalista upang itaas ang halaga ng ilan sa kanilang paninda kaya’t napipilitan silang ibaba ang suweldo ng mga manggagawa o magtiwalag ng mga manggagawa.

Ang “credit restraint” ay pumipigil sa kanila upang mangutang ng malalaking halaga kaya’t kinakailangang bawasan nila ang produksiyon at magtiwalag ng mga manggagawa.

Maliwanag na kung ang mga sundalong Amerikano ang ahenteng militar ng Estados Unidos sa pananakop at pagsasamantala sa ibang bansa, ang IMF naman ang kaniyang ahente sa pagsakal sa pananalapi ng mga maliit na bansa at sa pagpapalaganap ng diktadurya ng dolyar.

### *Wasakin ang Imperyalismong Amerikano at Katutubong Piyudalismo!*

Ang paraan sa pagkakamit ng tunay na kalayaang pangkabuhayan at pampolitika ay nasasalalay sa pakikibaka laban sa imperyalismong Amerikano, katutubong piyudalismo at burukrata-kapitalismo. Upang maitatag ang isang matibay na kabuhayang bansa at kaayusang pampolitika para sa masa, kinakailangang magkaroon ng industriyalisyong demokratiko nasyonal at rebolusyong agraryo na maisasagawa lamang sa ilalim ng isang pambansang demokratikong pamahalaan.

Kinakailangang magkaisa ang mga manggagawa, magsasaka, walang hanapbuhay, tsuper, vendors, mga mag-aaral at progresibong intelektuwal

upang bakahin at durugin ang mga imperyalistang Amerikano, panginoong maylupa, komprador at burukrata-kapitalista.

KABATAANG MAKABAYAN  
MARTSA NG MAHIHIRAP NA MAMAMAYAN  
MARTES, IKA-17 NG MARSO, 1970

*MPKP-BRPF Joint Manifesto*  
16 September 1970

## **COMBAT FASCISM ON ALL FRONTS!**

The *Malayang Pagkakaisa ng Kabataang Pilipino (MPKP)* and the *Bertrand Russell Peace Foundation (BRPF, Phil. Council)* express their support for the Anti-Fascist People's March and People's Congress on September 17, 1970. The indiscriminate suppression of the people's democratic rights by the puppet Marcos regime has only served to fan the flames of discontent and organised resistance on the part of the oppressed masses against the Filipino ruling classes and their masters---the American imperialists. It must be borne in mind that the resort to fascist methods by the Marcos regime does not weaken the people's national democratic movement but rather strengthens it a hundredfold. The unawakened sectors of the masses are only made to see the naked and brutal force of the state's repressive arm being used against those who desire nothing more than the liberation of the workers and peasants from neo-colonial and semi-feudal servitude. The ruling classes composed of the American imperialists, the reactionary capitalists, feudal landlords and compradors are digging their own graveyards. The invincible might of People's Power will only have to push these exploiters and oppressors into the very graves they themselves dug to achieve the longed-for emancipation of the people. Into the dust-pile and rubbish of history the ruling classes rightfully and historically belong; such is the fate of all those who try to roll back the wheel of history through violence in order to maintain that which can no longer be maintained.

*MPKP* and *BRPF* call on all progressive sectors and classes of Philippine society to realise the extent to which the Filipino ruling classes through their military arm, have conducted a systematic campaign of suppression, particularly against the political dissenters and progressive organisations.

There is the now internationally known case of Federico Maclang who, after languishing for 19 years in prison for rebellion, the maximum penalty of which is only 12 years, still finds himself behind bars facing six separate charges of murder and illegal detention. The Supreme Court has already declared that the charges of murder, kidnapping, robbery, etc. cannot be complexed with rebellion since these "crimes" are necessarily covered by "simple rebellion." These charges for common crimes against Fred Maclang have been pending since 1956 in the Malolos, Bulacan CFI Branches I and



II. Since then, there have been a lot of dilly-dallying and buck-passing by the judges involved, each one disclaiming over the cases.

This tactic of the militarists of splitting charges against political dissenters is of course done to circumvent the Supreme Court's rejection of the theory of rebellion complex with common crimes. The stupid and hollow minds of these militarists is only made more apparent if we consider that rebellion is necessarily accompanied by violent acts.

There is the case of the brilliant Huk military commander Casto Alejandrino, who faces charges of violation of the Anti-Subversion Law and rebellion. He was captured in 1960, his warrant of arrest was served six months later, and up to now he has not yet even been arraigned! Another military commander, Agaton Bulaong is charged with violation of the Anti-Subversion Law. His case has been pending with the Supreme Court for ten years now.

The cases of Silvestre Liwanag (Commander Linda Bie) and Benjamin Cunanan (Commander Hizon) again deserve attention. The military arm of the ruling classes has only vulgarised its vile intentions by charging both not with rebellion but with common crimes!

There is of course Dr. Jesus Lava, a medical practitioner driven to revolutionary activity because he saw that his "mission as a physician which is to save human lives cannot be fully accomplished without first instituting fundamental social, economic, and political changes." Dr. Lava has eleven (11) pending cases for rebellion, violation of the Anti-Subversion Law and common crimes.

The recent case of Nilo Tayag, who is lucky to have been immediately arraigned is added proof that Marcos is merely following the footsteps of his predecessors, and is actually being more repressive and fascist.

In a neo-colonial and semi-feudal society, where economic and political power is in the hands of the very few, it is but natural to have a double standard of justice—one for the ruling classes and another for the oppressed classes. The ruling classes never exercise fascism against members of their own classes. Whenever a member of the landlord, capitalist or comprador classes commits a crime, the judicial arm of these classes is lenient with him and his case is swiftly resolved, as the saying goes, "mabilis pa sa pari". But when the violation of state laws involve a peasant, a worker, or any poor citizen, the full force of the "law" is brought down against him, and there is no leniency.

*MPKP* and *BRPF* denounce the double standard of justice in the country; denounce the continued exploitation of the masses by the American imperialists, and Filipino ruling classes; denounce the fascism of the puppet Marcos regime; and most of all denounce the violence inflicted by the ruling classes upon the workers and the peasants in a vain effort to maintain the present status quo.

“The question is always to confront the violence of the ruling classes with the violation of the exploited and oppressed classes!”

PEOPLE’S VIOLENCE v.s. STATE VIOLENCE!

FREE ALL THE POLITICAL PRISONERS!

DOWN WITH THE FASCISTIC NEO-COLONIAL SYSTEM!

*\*MALAYANG PAGKAKAISA NG KABATAANG PILIPINO (MPKP)*

*\*BERTRAND RUSSELL PEACE FOUNDATION (BRPF, Phil. Council)*

## IBUNYAG AT KALABANIN ANG PACISMO SA LIPUNAN AT SA PAMANTASAN

Ang pagkakapiit kina Tayag, Co, at Sabilano at ang iba pang balakyot na panggigipit sa kilusang pambansang demokratiko ay malinaw na pagpapatibay sa pasistang panunupil na pinaiiral ng mga naghaharing uri sa ating lipunan: imperyalistang Amerikano, komprador, asendero, at burukrata-kapitalista. Ito rin ay nagpapatunay na sa ilalim ng pamamahala ng pasistang tutang si Marcos, ang may pagmamalasakit sa kapakanan ng inaaping masang Pilipino ay siyang pinagtutuunan ng karahasan ng estado. Likas lamang sa mga naghaharing uri ang maghangad na mapanatili ang kanilang yaman at kapangyarihan sa ating bulok na lipunan. Kaya't anumang pagsalungat ay pilit na susupilin sa pamamagitan ng hukuman o ng punlo at armas. Dahil sa masidhing pagnanasang ito ng mga mapagsamantalang uri sa ating mala-kolonyal at mala-piyudal na lipunan ang mga karapatan ng mamamayang Pilipino ay patuloy na niyuyurakan habang marahas na pinipigil ang lumalawak at lumalakas na pagsalungat sa bulok na kaayusan.

Dito na lamang sa ating pamantasan ay patuloy na nag-uugat ang pasismo o ang pagsupil ng karapatang sibil ng ating mamamayan sa pamamagitan ng dahas. Ang UPROTC bilang pangunahing galamay ng reaksiyonaryong Hukbong Sandatahan (AFP) ay nagpupumilit na maligawlandas ang karamihang mag-aaral upang sila'y ibulid sa pagiging kaaway ng sambayanang Pilipino. Ito ay kanilang nais tamuhin sa pamamagitan ng reaksiyonaryong kurikulum at pananaw, programa para sa "ranger training," at tuwirang pananakot sa katauhan ng mga mag-aaral. Nguni't kailanman ay huwag nating kalilimutan na kung ang AFP ang numero unong pasistang puwersa sa ating bansa, ang UPROTC naman ang siyang numero unong pasistang puwersa dito sa ating pamantasan. Dahil dito, hindi kataka-takang maglatang ang galit ng mga mag-aaral sa ROTC at sa mga panatikong alagad nito. Kabakahin ang ROTC at ang mga panatikong alagad ng estado!

Datapwat ang buktot na reaksiyonaryong layunin ng pasistang estado na pigilin ang mabilis na pagsulong ng pambansang demokratikong kilusan sa ating pamantasan ay isinasakatuparan hindi lamang sa tuwirang pagsupil kundi maging sa di-tuwirang pagtatangkang buwagin ang lumalawak at lumalakas na pagkakaisa ng mga progresibong mag-aaral. Isang katibayan ay ang kanilang paggamit ng ilang mga "Malacañang boys" sa loob ng kapulungan ng mga kapatiran (IFSC) upang magpakana ng mga gulo sa pamantasan nang sa gayon ay kanilang mailihis ang pansin at gawain ng mga mag-aaral at mga

progresibong samahan mula sa kanilang mga lalong mahahalagang tungkulin sa ating lipunan. Ang panlihis na taktikang ito ay lubhang nakaliligalig sa mga masang mag-aaral sa kanilang mga gawain sa pamantasan pati na sa lipunan. Ito rin ay isang munting sagabal sa mga progresibong samahan. Wasakin ang reaksyonaryong puwersa sa pamantasan!

Iisang katotohanan lamang ang maaaring malinawan mula sa mga pangyayaring ito – na ang nagbabalatkayong estado na pinamumunuan ng pasistang si Marcos ay hindi titigil hangga't ang lakas ng pambansang demokrasya ay hindi nasusupil.

MAGKAISA AT MAKIBAKA! MAKIISA SA MASANG PILIPINO!  
PALAYAIN SI TAYAG, CO, AT SABILANO!!  
DURUGIN ANG REAKSIYONARYONG PUWERSA SA LIPUNAN AT  
PAMANTASAN!  
MAKIBAKA PARA SA PAMBANSANG DEMOKRASYA!!!  
ANTI-FASCIST PEOPLE'S MARCH  
SEPTEMBER 17, 1970  
STUDENT CULTURAL ASSOCIATION OF THE UNIVERSITY OF THE  
PHILIPPINES (SCAUP)

## THE TRUE STATE OF THE NATION

On January 25 of this year, the chief fascist puppet of U.S. imperialism in this country will dish out his annual "State of the Nation" address before a joint session of Congress.

Through heavily surrounded by assorted mercenaries and protected outside by fully armed battalions, Ferdinand Edralin Marcos will insist that the people are still behind him, that he does not fear them. Despite a recent jeepney strike over oil and gasoline price increases that only accentuates the general economic crisis, Marcos will tick off fake statistics about economic "progress" and "stability" under his corrupt administration. Confronted outside by a massive demonstration of revolutionary workers, peasants and students, who are supported by sympathetic businessmen, professionals, and disgruntled politicians, Marcos will claim authority by denouncing "Maoist" elements, warning the independent press, and sounding off once more his empty threat of martial law.

On that date, the MOVEMENT FOR A DEMOCRATIC PHILIPPINES (MDP), a broad alliance of fifty national democratic organizations of workers, peasants, students, professionals and youth, will lead another historic rally to expose before our people the *true* state of the nation. All progressive Filipinos should shed any trace of vacillation and commit themselves to militantly fight Marcos as chief fascist puppet of U.S. imperialism, and join the broader struggle for national democracy.

### *Marcos Is Number One Bureaucrat Capitalist and Fascist Puppet*

Ferdinand E. Marcos has earned a criminal's name for himself, not as a genuine president of the Filipino people, but as the number one puppet of U.S. imperialism and all ruling classes, as well as the most fascistic and most ruthless of all local bureaucrat capitalists (corrupt politicians). Through his own deeds and words, he has exposed himself to be the number one political defender of the ruling classes and an enemy of the people and the nation.

He has amassed so much personal wealth and power that he can be called the "richest man in Asia". His immorality extends beyond political corruption into his personal life. He has alienated members of his own cabinet, like Vice-President Lopez, turned against his own party members, and virtually silenced the Opposition, although they are all fellow big names within the ruling classes. The independent press has rallied together against his hack writers, tabloids like *Government Report*, and his Press Office.

Businessmen are up in arms over his huge kickbacks, massive election overspending, devaluation of the peso, vested interest in practically every economic enterprise today, and use of government funds and powers to enrich himself and silence critics in the business sector with strong-arm tactics.

*Fascism and Militarism Has Intensified Under Marcos*

At the same time, Marcos continues to slavishly lick the boots of the American monopoly capitalists in his desperate desire to continue serving them as chief fascist puppet. In the recent jeepney strike alone, he unabashedly stood up for the oil imperialists, strike-breaking, dilly-dallying over the just and reasonable demands of the strikers, and eventually dispersing a rally on this issue last January 13 with fascist violence that claimed the lives of three adherents of national democracy. Even before this, in attempting to crush anti-imperialist resistance and intimidate the masses, Marcos has escalated and intensified militarism and fascism, using U.S.-trained troops, U.S. weapons, and U.S. funds and technical advice.

Militarism continues unabated with military men infiltrating practically all traditionally civilian areas of activity, i.e., infrastructure construction, public health maintenance, garbage disposal, etc. Aside from notorious assassination units like the BSDU, Barrio Home Defense Forces, "Monkees" and the like, other fascist instruments have been set up as the "provincial strike forces" and lately, the United Intelligence Operations Group (UIOG) in Greater Manila specifically to harass and arrest activists. The AFP is granted an enormous appropriation of P740 million for 1970-71, not including funds re-channeled from other budget items, as well as funds for intelligence, "national emergency", and the President's purse. Even students and out-of-school youth are being recruited into the militarist campaign by the ROTC, PMT, and so-called Home Defense centers which stress counter-guerilla warfare training.

Nearly a score of student activists have been killed by mercenary troops, while thousands more of students, workers, and peasants have been maimed, tortured, or arrested. Nilo Tayag, national chairman of *Kabataang Makabayan*, is behind bars on the strength of a fascist law, the Anti-Subversion Act, while Sixto Carlos, national chairman of *Samahang Demokratiko ng Kabataan*, last January 13 narrowly escaped assassination by two carloads of troopers. And of course, there is always the threat of martial law which Marcos keeps dangling as a Damocles' sword over the heads of the people, although such

a threat daily becomes emptier with the growing armed might of the genuine people's army and mobilization of more and more citizens for revolution.

*U.S. Imperialism Continues To Exploit the People*

The economic basis for widespread unrest remains the intensification of U.S. imperialist oppression and exploitation of our people. The rapidly rising prices of basic commodities is due to the colonial character of our trade, characterized by dependence on exported raw materials and imported manufacturers, and control of our strategic industries and credit sources by U.S. monopoly capital. We still remain chained to international imperialist economic policy, through such agencies as the International Monetary Fund and private U.S. banks which imposed the disastrous devaluation of the peso. We are still victims of an imperialist scheme to keep us agricultural, feudal, and dependent, prevented from achieving real progress through the keystone policies of genuine land reform and nationalist industrialization.

US imperialism faces so many major losses elsewhere that it seeks to recover by tightening its stranglehold on our economy. Thus, for example, its tactic against anti-imperialist public clamor is to bog down the puppet Marcos government into enormous debt. From the beginning to midway of last year, our internal debt rose from P4.7 billion to P6 billion, external debt from \$1.5 billion to \$1.9 billion. Inflation caused by this is aggravated by excessive government spending on non-productive purposes, and this excess supply of the peso only buttresses local landlord-compradors by encouraging production of raw material exports (sugar, coconut, logs, abaca, minerals, etc.) and internal distribution of manufacturers from the United States and Japan.

Peso devaluation, initially spurred by Marcos' election overspending, is a trick of international usury to increase the value of our external debt and make it harder to repay. Moreover, this IMF imposition automatically inflates the value of local U.S. assets, which can then never be bought out in the stock market as hoped for by nationalist reformists. Now the U.S. dollar can grab more raw materials at lower dollar costs, take over dollar-starved local enterprises dependent on imported capital goods, spare parts, fuel, and raw materials, and make more profits from importation of finished products.

U.S. imperialism, moreover, is recruiting militarist Japan and social-imperialist Soviet Union to back up its imperialist depredations. Japan has made the Philippines its raw material base and become the biggest foreign investor here next only to the United States. Japanese monopoly firms have

expanded here, particularly in public construction, sugar mills, mines, and even a local nutrition plant. Through reparations and regional arrangements like ASPAC, Japan is adding her monopoly capital to the Americans'. At the same time, Soviet social-imperialism is being invited here under the guise of "trade and diplomatic relations", to participate in the exploitation of our people.

#### *Marcos' Government Aggravates Economic Crisis*

All along, Marcos keeps issuing the hypocritical call for "austerity" and "self-discipline". This is just an excuse to lay off government employees and reduce high-priced public services, increase taxes which ultimately oppress the masses through higher prices, and subject the peso to rapid devaluation. The dollar loans incurred from IMF, World Bank, and private U.S. banks have only been used to cover the increasingly large deficits incurred by the colonial pattern of trade, the local borrowing, remittance of profits, and foreign payments of U.S. firms, the servicing of accumulated loans, and as payments for imported construction equipment and engineering services which are not used to expand local manufacturing but go instead to Marcos overpriced infrastructure program.

Unemployment has worsened, with ten to sixty-five percent of laid-off employees in government and private offices. Though the new minimum wage is P8 for industrial and P4.75 for farm workers, these represent increases by only 33% and 30.28%, respectively, while the peso had devaluated by 61.5%. A third devaluation looms ahead, moreover.

Land reform is a sham. From 1963-70, the Land Bank got only P13 million from the national budget, compared to billions for the military and assorted "classified funds". Landless peasants cannot buy land at exorbitant government-set redistribution prices, and the peasant economy remains backward and scattered. Mining speculators, timber concessionaires, and others continue to exploit the minorities in the hinterlands.

In an attempt to institute palliatives for this crisis, assorted counter-revolutionaries and down-right clerico-fascists are coming up with ideas like "profit-sharing" for industry and "state farms" and "cooperatives" for agriculture. It is obvious that state-run farms will dismally fail where the State is itself the political tool of the landlords. As for profit-sharing, this is a trick of the capitalists to grab their workers' wages as shares of stocks and still retain control of their corporations. It is also a trick for U.S. imperialism to create the illusion of reducing their equity of "going public".



Such discredited ideas are being put forth by the clerico-fascists of the CIA and the American Jesuits, as well as the front organizations of the Lava dynasty. They are only attempts to stave-off the national democratic revolution that will crush all reaction and establish prosperity for the greater majority.

*National Democratic Activism Irresistibly Advances*

Toward this end, militant mass actions by revolutionary workers, peasants, and students and other progressive sectors of our society have proliferated, while growing numbers of students go to the barrios and factories to work among the workers and peasants and live with them.

Through a series of militant demonstrations last year, the basic enemies of our people were exposed as U.S. imperialism, local feudalism, and bureaucrat capitalism. The MDP was consolidated into a broad alliance of national democratic groups with the active sympathy of progressive businessmen and professionals. National democracy as an alternative to a semi-feudal and semi-colonial status was formally launched upon public consciousness. Increasingly, broader and broader sectors of the middle class and national capitalists were and continue to be won over to the strengthening alliance of workers, peasants, and students.

At the same time, counter-revolutionary ideas and groups are being discredited. The Constitutional Convention is gradually being exposed as mainly a mere gathering of the political agents of the ruling oligarchy to rewrite a document that is basically meaningless in view of exploitation and oppression that characterize the present state. Most of the delegates can only be expected to stand up for their particular class interests, and the very machinery of political selection and suffrage in this country guarantees that they shall speak up for reactionary interests.

The clerico-fascists have once again exposed their political and ideological bankruptcy by refusing to join in the historic January 25 State of the Nation Rally and advocating instead a cowardly “keep-off-the streets” campaign. They have openly made a break with the national democratic movement whose vocabulary, methods, and goals they have been all the while passing as their own. They are the special detachments of the reactionary segment of the Church to preserve her vested economic and political power by all devious means, as well as frequent tools for intrigues spread by the CIA.

Despite such pseudo-revolutionary pretenders and the intensifying fascist suppression of activism, the national democratic movement continues

its unremitting propaganda in behalf of people's revolution. It continues to expose the cultural network of schools, the press, mass media, and commercial literature as designed to lull the people with falsehoods and discredit the revolutionary movement in both city and countryside. It continues its assault on all feudal, colonial and anti-democratic ideas which blind or distort reality before the people. All the while, nationalist, scientific and mass ideas and principles embodying national democratic culture are being disseminated as the ideological weapon of the Filipino toiling masses to destroy cultural enslavement and fight for cultural identity.

*The Main Trend Today Is Revolution*

Talk of armed revolution fills the air, illustrating the extend of popular experience and interest in this political struggle. Even within the Armed Forces of the Philippines, already disintegrated by corruption and the unremitting blows of revolutionary action, men like Lt. Victor Corpus show the way for enlightened enlisted men and officers to desert their anti-Filipino duties and join the real army of the people.

There is now a people's army for the revolutionary toiling masses who wish to engage in armed struggle in the countryside. There is now a fast-developing movement of activist youth engaged in the national democratic cultural revolution from the cities, conducting mass actions and mass work to expose the enemies of the people and arouse the masses. There is now the united front of workers, peasants, students, businessmen, professionals, and youth to fight U.S. imperialism, feudalism and bureaucrat capitalism and establish a national democratic Filipino state.

The main trend today is revolution. It is the child of the degenerate, corrupt, semi-colonial and semi-feudal order that shall soon be beaten down by the revolutionary masses. It is the cause around which all progressive Filipinos rally in behalf of national liberation and democracy.

DOWN WITH U.S. IMPERIALISM, DOMESTIC FEUDALISM, AND  
BUREAUCRAT CAPITALISM!

DOWN WITH MARCOS—FASCIST PUPPET OF U.S. IMPERIALISM!

EXPOSE THE SEMI-FEUDAL AND SEMI-COLONIAL STATE OF THE  
NATION AND RESOLUTELY STRUGGLE TO ESTABLISH A  
NATIONAL DEMOCRATIC FILIPINO STATE!

EXPOSE AND OPPOSE THE CLERICO-FASCIST CLIQUE OF RAUL  
MANGLAPUS AND HIS AMERICAN JESUIT MASTERS!

LONG LIVE THE INVINCIBLE UNITY OF ALL PROGRESSIVE CLASSES,  
SECTORS, ORGANIZATIONS, INDIVIDUALS AND OVERSEAS  
FILIPINOS WHO ARE OPPOSED TO U.S. IMPERIALISM AND ITS  
RUNNING DOGS!

MAKIBAKA, HUWAG MATAKOT!!!

-- Movement for a Democratic Philippines (MDP)

Address: 31-B Arayat St., Cubao, Quezon City  
(January 25, 1971)

## ANG “CONSTITUTIONAL CONVENTION” AY PALABAS LAMANG NG NAGHAHARING-URI

Sa Hunyo 1 ay sisimulan ang pinakamalaking sirko ng dekada – ang Kumbensiyong Pangkonstitusyonal. Ito ay gaganapin sa pagnanais ng mga naghaharing- uri na kinabibilangan ng mga kapitalistang dayuhan, mga sakim sa lupang asendero at mga bulok na politiko upang iligaw ang paniniwala ng masang Pilipino na ang kanilang paghihirap ay maiibsan sa pamamagitan ng mga batas na nakasulat sa papel.

Sa mga susunod na araw ang mga manikin ng mga imperyalistang Amerikano, asendero-komprador, burukrata-kapitalista at kleriko-pasista ay walang gagawin kundi ipagtanggol ang interes ng kakaunting naghaharing uri upang lalong patindihin ang pagsasamantala nila sa bayan.

Sa kabila ng mga kahirapang dinaranas na ng masang Pilipino sa ilalim ng kasalukuyang mapang-api at mapagsamantalang lipunan, ang mga naghaharing-uri ay nagkukunwang mabibigyan ito ng lunas sa pamamagitan ng isang papel na walang katuturan.

### Ang Kasalukuyang Saligang Batas

Ang mga pangunahing suliranin ng isang mala-piyudal at mala-kolonyal na bansa ay ang imperyalismo, piyudalismo, at burukrata-kapitalismo na siyang dahilan ng lahat ng kahirapang ating nararanasan. Ang mga suliraning ito ay hindi malulunasan sa pamamagitan ng isang kumbensiyon lamang.

Kung ating susuriin ang mga nakasulat sa ilalim ng kasalukuyang Saligang Batas, na bunga ng isang kolonyal na lipunan, ay lubos nitong iginigiit ang pananatili ng Pilipinas bilang isang agrikultural na bansa— isang bansang tambakan ng mga labis na produkto, kuhanan ng mga hilaw na sangkap, kuhanan ng murang paggawa, pahingahan ng mga sundalong Amerikano at base-militar ng imperyalistang Amerikano sa pananalakay sa Timog-Silangang Asya. Ito ang nagbibigay ng katakot-takot na pribilehiyo sa mga imperyalistang Amerikano kung kaya ang iilang monopolyo-kapitalistang dayuhan, mga asendero-komprador at mga bulok na politiko ay nakapag-aari ng mga dambuhalang negosyo ng langis at gasolina, goma, minahan, pataniman, gamot at iba pa. Dahilan na rin sa Saligang Batas na ito kaya nakapananatili rito, hindi lamang ang mga negosyo dahil sa “Parity Rights” kundi pati na rin ang 23 base militar ng Amerikano na nagsisilbing tagapangalaga ng kanilang “business interests”.

Nakita natin ang patuloy na panghuhuthot ng mga dayuhan sa ating

mga likas na kayamanan; ang tuluyang paghahari ng mga asendero sa mga lupain; ang pagwasak sa ating mga unyon; ang pagpatay sa ating mga kasama sa piket line at ang pananatili ng lakas pampolitika at pangkabuhayan sa kamay ng kakaunting naghaharing uri. Buong kalayaan nilang nagagawa ang lahat ng kanilang naisin. Ang lahat ng institusyon ng estado ay kanilang lubos na nagamit laban sa interes ng nakararaming mamamayan. Sa madaling salita, ang Saligang Batas na ito ang nagsilbing legal na kasangkapan upang ang masang Pilipino ay lalong pahirapan at pagsamantalahan.

### Ang Unti-Unting Pagkamulat ng Masang Pilipino

Sa harap ng mapaniil na lipunan, ang masang Pilipino ay unti-unting namumulat sa tunay na kalagayan ng bansa. Kanilang nauunawaan na ang mga suliraning nakabalot sa pang-araw-araw na kabuhayan ay di malulutas sa pamamagitan ng mga patapal-tapal at pakitang-taong pakikiramay sa kahirapang kanilang dinaranas. Lubusan nilang natatanto na nasa pagkakaisa lamang ng masang Pilipino ang lunas. Lubusan ng tinatanggap ng masang Pilipino na sa pamamagitan lamang ng pagsasakamay ng lakas pampolitika nila makakamtan ang tunay na kalayaan at demokrasya.

Ang katotohanang ang pamahalaan ay hindi isang pamahalaan para sa masa, kundi pamahalaang para sa naghaharing uri ay lubusan ng nalantad sa masang Pilipino.

Sa kadahilanang nagnanais ang sambayanang bigyan ng lunas ang kanilang kahirapan, sa pamamaraang kanilang nauunawaan, ay lubos na nagpayanig sa mga naghaharing uri. Ang sari-saring palabas, itimang propaganda at paninira sa mga kilusang nagnanais ng pagbabago ay di tumatalab. Ang pagkalantad ng kanilang panloloko, kawalanghiyaan at kahayupan ay nagbigay puwang sa pagkalantad ng tunay na suliranin ng masa at ito'y tinutugunan ng masa ng mga maka-rebolusyonaryong hakbangin na magbibigay ng tunay na lunas upang lubusang makamtan ang tunay na kalayaan at kapayapaan. Dahilan dito, buong lupit na sinisikap ng mga naghaharing-uri na supilin ang di-mapipigilang pagtaas ng antas ng pakikibaka sa pamamagitan ng punglo.

Sa isang desperadong hakbang, kanilang inilunsad ang isang malaking zarzuela-ang Kumbensiyong Pangkonstitusyonal. Ngunit ating nakita na ang nakaraang halalan ng mga delegado para sa kumbensiyon ay tulad din ng "normal" na pamamaraan ng halalan na batbat ng panlililang, pananakot, panunuhol at pagpatay. Nakita rin nating ang sanlibong pakawala ng mga naghaharing-uri upang ang mga ito ay kanilang magamit sa pagpapanatili ng

kanilang kapangyarihan at ng kanilang maipagpatuloy ang pagsasamantala at pang-aapi.

Nang matapos ang halalan ay nanguna sa talaan ng mga delegado ang taga-tilaok ng imperyalismong Amerikano, mga dating buwaya sa ating pamahalaan, mga suwapang na kapitalista, mga kampon ng simbahan, mga dilawang lider-obrero at mga taong maka-sarili na nakikianod sa agos ng nasyonalismo upang makamit ang makitid nilang layuning panatilihin ang kasalukuyang balangkas ng ating lipunan na sila ay madaling nakapagsasamantala.

Sa ngayon pa lamang ay mapapansin na natin ang pagkakaroon ng mga grupo na kumikilos upang mapanatili ang kanilang interes katulad halimbawa ng “lobby” ng mga bandidong Kumintang na Intsik sa pagka-mamamayan. Dapat din nating asahan na ang mga imperyalistang dayuhan ay hindi papayag na ang kanilang mga “special privileges” ay mawala. Walang pasubaling muling makikialam na naman sila sa muling pagbalangkas ng ating Saligang Batas sa pamamagitan ng mga maniking pinakawalan nila sa kumbensiyon. Ang pangingibabaw na naman ng salapi ay lubusan nating inaasahan. Ang mga tagapagsalitag ito ng mga “vested interests” ay tiyak na gagawa ng mas mabubulaklak na batas upang matakpan ang mga buktot nilang hangarin.

Ngunit ano mang kagandahan ng kasulatang kanilang ililimbag, maging ito man ay ang pinakamagandang saligang batas sa buong daigdig, wala rin itong kabuluhan habang ang lakas pampolitika at kabuhayan ay nasa kamay ng kakaunti.

### Ang Tunay na Katubusan ng Ating Kahirapan

Ang masang Pilipino ay naghihirap hindi dahil sa luma na ang ating Saligang Batas. Tayo ay naghihirap sapagkat ang ating lipunan ay kontrolado ng .01% (humigit-kumulang 56 pamilya) lamang ng ating lipunan na kinabibilangan ng imperyalistang Amerikano at asendero-komprador at burukrata-kapitalista.

Ang Kumbensiyong Pangkonstitusyonal ay hindi kailan man makapipigil sa patuloy na pagtaas ng halaga ng mga bilihin; hindi ito makapagbibigay ng hanapbuhay sa sambayanan; hindi nito maililipat ang lupain sa mga magsasaka; hindi nito mapapabuti ang kalagayan ng mga manggagawa sa loob at labas ng pagawaan: at hindi rin nito mapupukso ang katiwalian sa pamahalaan. Ito ay magsisilbing legal na instrumento upang lalong patindihin ang kanilang pagsasamantala at pagpapahirap sa masang Pilipino.

Ang isang tunay na Kumbensiyong Pangkonstitusyonal na magbibigay kalutasan sa suliranin ng masang Pilipino at magtatanggol sa interes ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang uri ng pinagsasamantalahan at maisasagawa lamang kapag nakamit na natin ang Pambansang Demokrasya.

WALA SA PAPEL ANG ATING PAG-ASA, SA ISANG MAKABAYANG  
PAGKAKAISA LAMANG MAGKAKARON NG LAKAS ANG URING  
API-  
LAKAS NA SIYANG MAGIGING SANDATA TUNGO SA TUNAY NA  
KALAYAAN AT DEMOKRASYA!!!

Pahayag ng:  
KATIPUNAN NG MGA SAMAHAN  
NG MGA MANGGAGAWA (KASAMA)

Hunyo 1, 1971

## **GABAY SA PROPAGANDA HINGGIL SA PAGESUSPENDE NG WRIT NG HABEAS CORPUS AT PAGBABALA NG PASISTANG SI MARCOS HINGGIL SA PAGPAPAIRAL NG BATAS MILITAR**

Sinuspende ng pasistang papet na si Marcos ang writ ng habeas corpus noong ika-21 ng Agosto, hating-gabi, tatlong oras at kalahati lamang makalipas ang terorismong pagpasabog sa Plasa Miranda. Sa mga sumunod na araw, maraming mga pangyayari ang naganap. Ang mga pangunahing kritiko ng administrasyong Marcos, kasabay ng ilang kilalang pinuno ng mga pambansang demokratikong samahang pangmasa ay sunod-sunod na pinagdadampot. Ang pagsususpende ng pribilehiyo ng writ of habeas corpus ang pinakamalupit na gawain sa ilalim ng madudugong kamay ng pasistang papet na si Marcos. Ito ang kaniyang huling baraha bago niya tuluyang ideklara ang batas militar.

Sapagkat ang mga demokratikong karapatan at kalayaang sibil ng sambayanang Pilipino ay unti-unting sinisikil, tiyak na lumilinaw ang kahalagahan ng patuloy na paglalantad sa tunay na anyo at maiitim na hangarin ng pasistang papet na si Marcos. Mahalagang maanyayahan natin ang lahat ng manunulat, ang lahat ng mamamayang nagmamahal sa bayan, mga propesyunal na mamahayag, mga tagapagsalita sa radyo, mga mag-aaral na makabayan, na ituloy ang pakikibaka sa larangan ng propaganda. Ang sumusunod ay mga detalye na maaaring gumabay sa ating pagpapaliwanag sa mga kasamaan ng sabwatang E.U.-Marcos.

### **I. ANGLAHAT NG ITO AY KABILANG SA ISANG SISTEMATIKONG PLANO NG REHIMENG E.U.-MARCOS NA PAIRALIN ANG MILITARISASYON KASABAY NG PAGTATAG NG PANGMATAGALANG PASISTANG DIKTADURYA SA ILALIM NG PASISTANG PAPER NA SI MARCOS.**

Ang lahat ng ito ay bahagi lamang ng maitim na pakana ng pangkating E.U.-Marcos. Mahalagang paulit-ulit nating banggitin ang mga krimen at madugong rekord ng papet pasistang Marcos.

- A. MGA MASAKER na siya ang may pangunahing panagutan: Lapiang Malaya, Jabidah, Capas, Mendiola, Unang Plasa Miranda Masaker, Masaker ng Araw ng Paggawa (Mayo 1), Cotabato Masaker at Ikalawang Plasa Miranda Masaker;
- B. PAGBUO NG MARAMING PARA-MILITARY UNITS AT ARMADONG GRUPO tulad ng Monkees, BSDU, Special Forces, Ilaga, private army ni Marcos, METROCOM, UIOG, PC atbp. kasabay ng pagpalaya



ng mga butangero mula sa piitan upang magsagawa ng gulo at pananakot;

- C. PAGHAKOT NG BUWAYANG BADIYET PARA SA Sandatahang Lakas ng Pilipinas (1.4 Bilyong piso);
- D. SISTEMATIKONG PAGDAKIP SA MGA kilalang pinuno ng mga pambansang demokratikong samahan tulad nina Charlie del Rosario, Nilo Tayag, Leoncio Co, Alfonso Sabillano, Luzvimindo David, Crispin Aranda at pagdakip na rin sa mga inosenteng tauhan gaya ni Francisco Sison;
- E. PAGPATAY SA MAHIGIT 34 NA AKTIBISTA tulad nina Alcantara, Catabay, Roldan, Sta. Brigida, Dasmarinas, Macalde, Bolano, Doong, Inelda, atbp.;
- F. PAULIT NA PAGTAKOT SA SAMBAYANAN hinggil sa pagbagsak ng batas militar at pagsuspende ng writ of habeas corpus;
- G. SISTEMATIKONG ASASINASYON SA MGA PANGUNAHING KRITIKO NG ADMINISTRASYON;
- H. PAGGAMIT NG TERORISMO SA HALALAN; kasabay ng mga gawaing nakatuon upang sanayin ang sambayanan na tanggapin na ang militar ang siyang nagpatakbo ng pamahalaan;
  - 1. Pagsugod ng militar sa mga proyektong “civic-action” – mga gawaing maaari namang matugunan ng mga sibilyan at
  - 2. Pagpasok ng mga teknokrat-militar sa pamahalaan tulad nila Enrile, Ople, Crisol, Maceda.

Kailangang idiin natin kung sino talaga ang may kakayahan bombahin ang rally ng LP. Sino ba ang may madugong rekord ng kontra-rebolusyonaryong karahasan? Walang iba kundi si Marcos!

II. Si Marcos at si Hitler ay magkatulad! Ang mga taktikang ginagamit ni Marcos at ng kaniyang barkada ay pawang mga taktikang ginamit rin nina Hitler sa kanilang pagpapairal ng pasismo sa Alemanya. Sapagkat si Marcos ang makabagong Hitler, hindi lamang niya kinopya ang mga gawain ni Hitler, kundi pinagsusumikapan pang daigin ito.

A. SINIPING PANGUNGUSAP MULA KAY ADOLF HITLER:

“The treats of our country are in turmoil, the universities are filled with students rioting and rebelling; communists are seeking to destroy our country... We need law and order... The Republic will fall... Elect us and we shall restore law and order.”

B. Upang makuha ang kapangyarihan, si Goebells, ang propaganda chief ni Hitler ay idiniin ang pangangailangan ng pagsagawa ng isang “communist rebellion”. Ni-“raid” nila ang himpilan ng Partido Komunista ng Alemanya at kunwa’y nakadiskubre raw ng plano na magsagawa ng rebelyon ang mga subersibo at manunog ng mga gusali.

K. Si Hitler ay hindi kumuha ng kaniyang suweldo upang palabasin siya ay isang tagapaglingkod ng bayan.

D. Upang patunayan na mayroon ngang isang komunistang pag-aalsa, sinunog niya mismo ang Reichstag (ang kongreso ng Alemanya) at ikinalat na ang mga subersibo ang siyang gumawa nito at patuloy na pinagdadampot hindi lamang ang mga pinaghihinalaang kasapi ng Partido Komunista, kundi lahat ng mga may sama ng loob sa administrasyon.

E. Ang pasistang Hitler ay may islogang pinagkakalat bilang pangalan ng kaniyang pormal na paghawak ng kapangyarihan. Ito ay ang NATIONAL SOCIALISM (NAZI) na parang gamot sa lahat ng karamdaman ng bayan ngunit hindi naman niya pinaliwanag kung ano ang mga detalye nito.

G. Ang pormal na pagkuha ng kapangyarihan ng mga pasistang puwersa ay ginawa bago mag-eleksiyon sa Alemanya.

H. Una’y sinabi ni Hitler na walang dahilan upang mag-alala sapagkat ang hinahabol niya lamang ay ang mga subersibo. Ngunit pagkatapos nito ay sinunod-sunod na niya ang iba maliban sa mga tagapagtaguyod ng Partido Nazi.

A. SINIPING PANGUNGUSAP MULA KAY MARCOS:

“Lawless elements... have entered into conspiracy and have in fact joined and banded their forces together...(to) supplant our existing political, social, economic and legal order... lawless elements have created a state of lawlessness and disorder affecting public safety and the security of the state... public safety requires that immediate and effective actions be taken in order to maintain peace and order...”

B. Ilang oras lamang makaraan ang pagbomba sa LP rally at ni walang ebidensiya ay sinalakay nila ang PCC at nagtanim ng mga ebidensiya tulad ng mga baril at kunwa’y nakapulot raw sila ng mga subersibong babasahin. Ang lahat na ito’y gawa-gawa lamang.

K. Nais ng pasistang Marcos na daigin si Hitler. Hindi lamang niya tinanggihan ang pagkuha ng suweldo, ngunit ibinigay pa niya ang lahat ng kaniyang pag-aari sa isang pundasyon, Ang Ferdinand E. Marcos Foundation.

D. Upang daigin si Hitler, hindi lamang ni Marcos pinasabog ang rally ng Liberal at pinagkalat na ito ang simula ng rebelyon, ngunit ipinangako na niyang may susunog ng Maynila. Binomba pa niya ang Maharnilad, Comelec, Nawasa at iba pa, habang patuloy na pinagdadampot ang mga pangunahing kritiko ng kaniyang bangkaroteng pamahalaan.

E. Ang diktador na si Marcos ay may ibang pakana. Ito’y ang kaniyang “Democratic Revolution”. Ang islogang ito ay ni hindi niya pinaliwanag ang kahulugan, basta’t lahat ng suliranin ng bayan ay pinapangako niyang malulutas nito.

G. Ang pormal na suspende ng pribilehiyo ng writ ay isinagawa ngayon, ilang linggo na lamang bago mag-eleksyon.

H. Si Marcos ay nagsasabi na wala dapat mag-alala. Ngunit kapag nalipol ang mga radikal ay susunod-sunurin na niya ang lahat (Oposisyon, mga moderato, independiyente, mga makabayan o sinumang tutol sa administrasyon niya.)

### III. ANG PAGSUSPENDE NG PRIBELIHIYO NG WRIT OF HABEAS CORPUS AY ANG PINAKABAGONG KAHANGALAN NG PASISTANG PAPET NA SI MARCOS!

Maraming pangyayari matapos ng pahayag ni Marcos na nagbibigay-larawan na ang mga ito ay kabilang sa maitim na pasistang pakana na likidajin ang mga progresibo at magtatag ng diktaturyang militar sa pamamatnubay ng rehimeng E.U.-Marcos.

1. Bakit pinahayag lamang ang pagsuspende noong Lunes, Agosto 23, nang sa katunayan ay noong Sabado pa pala ay suspendido na?
2. Paano niya nahulaan na ang mga radikal ang may pananagutan sa gawaing iyon, tatlong oras lamang makalipas ang pagbomba?
3. Siya mismo ang nagdidiin na kayang-kaya ng militar ang kahit ano mang uri ng rebelyon, nguni't ngayon ay parang nais niyang ipalabas na nawalan na siya ng paghawak sa sitwasyon kaya't sinuspende ang writ at nais pang magdeklara ng batas militar. Siya mismo ang nagsasabi na walang panganib nguni't sinuspende niya ang writ.
4. Sinasabi niyang mayroon siyang kaalaman hinggil sa isang sabwatan tungkol sa pagbobomba ng LP rally nguni't bakit walang seguridad ang naturang rally?
5. Sinasabi niya na ang mga LP ay may ugnayan sa mga subersibo, nguni't bakit niya sinasabi na ang mga subersibo ang siyang bumomba sa rally?
6. Bakit lahat ng pangunahing kritiko ng administrasyong Marcos ay ikinulong ng walang ebidensiya, si Aquino ay hindi ikinulong?
7. Malinaw sa mga kontradiksiyong ito na may maitim na plano si Marcos na pairalin ang batas militar at tuluyang kaltasan na ang sambayanang Pilipino ng kanilang mga demokratikong karapatan at kalayaang sibil.

### IV. MATATAG NA MAGKAISA UPANG KABAKAHIN ANG PASISTANG BARKADANG E.U.-MARCOS! PALAWAKIN ANG ANTI-PASISTANG NAGKAKAISANG HANAY!

Anyayahan natin ang lahat ng sektor, ang lahat ng uri ng mamamayan, moderato, politiko, independiyente, Kristiyano, Muslim, o ano man na magkaisa laban sa pagkitil ng kalayaang sibil at demokratikong karapatan ng mga mamamayan.

Ang batayan ng pagkakaisa ay ang paghiling na iangat ang pagsuspende ng pribilehiyo ng writ; matatag na pagtutol sa patuloy na militarisasyon at

pagpapalaya sa mga political prisoners tulad nina Luzvimindo David, at iba pa.

Idiin natin ang pangangailangan ng aktibong pakikibaka sa mga pasistang pakana ng barkadang E.U.-Marcos. Ipakita natin sa kanila na ating pagkakaisa ay batay sa prinsipyo at ito'y tunay na pagkakaisa sa lahat ng uri ng mamamayang tumatanggap ng Anti-pasistang linya. Kung maaari ay paliwanagan natin sila hinggil sa papel ng E.U. na siyang sumusulsol sa pasistang papet na si Marcos.

Ipaliwanag natin ang kahalagahan ng matatag na pagkakaisa upang ipagtanggol ang ating kalayaang sibil. Anyayahan natin silang sumali sa Citizen's Movement for the Protection of our Democratic Rights, sa MDP, o iba pang organisasyon. Anyayahan natin ang sambayanan na mag-organisa at magbuo ng samahang pangkalayaang sibil sa mga komunidad.

**PANGIBABAWIN ANG KAPANGAHANAN AT MATATAG NA ORGANISAHIN ANG MASA!** Mahalagang mawaksi natin ang pagkakami at ipagpatuloy ang panawagan sa sambayanang Pilipino na magbuo, mag-organisa at aktibong bakahin ang laganap na pasismo.

Ipaliwanag rin natin sa kanila na ang mga tunay na progresibo at ang mga tunay na pambansang demokratiko ay hindi tinatanggap ang linyang anarkismo o terorismo.

Inaasahang makapagsulat tayong lahat ng mga liham sa patnugot, mga pader-sulat o peryodikit kasunod ng gabay na ito. Kumilos na tayo ngayon, tumawag tayo sa mga programa sa radyo, tumungo sa mga telebisyon, magsulat ng mga manipesto at ating gamitin ang tunay na mga isyu at ang mga tunay na kalagayan. Anyayahan natin silang kumilos at sumali sa mga pangmasang aksiyon.

**PATATAGIN AT PALAWAKIN ANG ANTI-PASISTANG  
NAGKAKAISANG HANAY!**

**SI MARCOS ANG PANIBAGONG HITLER NG PILIPINAS!  
BUONG TAPANG NA KABAKAHIN ANG MILITARISASYON!  
MATATAG NA IPAGLABAN ANG KALAYAANG SIBIL!**

## **IBUNYAG AT LABANAN ANG MAITIM NA PAKANA NG REHIMENG MARCOS NA SIKILIN ANG DEMOKRATIKONG KARAPATAN NG MAMAMAYAN**

Unti-unting humihigpit ang paniniil ng mga kamay ng estado. Ang pagsuspende ng karapatan ng writ of habeas corpus ay bahagi lamang ng planong pagbababa ng martial law.

Malaon nang ibinabanta ang pagbababa ng martial law. Lagi na lamang natin itong naririnig kasunod ng mga kaguluhan at pagmamasaker na pakana rin ng pasistang pamahalaan ni Marcos. Maalaalang pinag-isipan na ito ng Hitler ng Pilipinas pagkaraan ng madugong masaker noong Enero 30-31, noong Enero 25 at ngayon nga, pagkaraan ng pambobomba sa rally ng mga Liberal ay ginawa na niya ang unang hakbang ang pagsuspende ng karapatan ng writ of habeas corpus.

Sa likod ng lahat ng mga kaguluhan at pagpatay-Lapiang Malaya masaker, Jabidah masaker, pagpatay sa mga Muslim, Mendiola masaker. May Day masaker, Plaza Miranda masaker: Una at Ikalawang Yugto— ay maliwanag na makikita na natin ang utak nina Crisol at Enrile at ang madugong kamay ni Marcos.

Ang mga makabayang tulad nina Nilo Tayag at Charlie del Rosario ay hinuli o pinapatay. Sa loob lamang ng nakaraang tatlong araw ay ginawa ng pasistang estado ang lahat ng paraan upang buwagin ang lahat ng uri ng pagtutol. Halimbawa, ang pagbomba sa Plaza Miranda at ang sumusunod na pagdakip sa mga makabayang sina David, Prudente, Arienda, Carlos, Hilario, atbp.

Ang mga sumunod pang pambobomba sa iba't ibang gusali ng pamahalaan: Maharnilad, Comelec, Meralco, tubo ng tubig sa San Juan, ay ibinintang sa mga “Komunista” at mga makabayang aktibista upang gawing makatuwiran ang paghuli sa mga aktibista at ang pagsuspende ng karapatan ng writ of habeas corpus at susunod na ang martial law.

Pataksil pa ang pagkasuspende ng karapatan. Noong Sabado pa raw ng hatinggabi ito ginagawa, samantalang nang ipaalam sa sambayanan ay Lunes na ng tanghali. Ang lahat ng ito ay bahagi ng pagbababa ng martial law at militarisasyon ng bansa at upang magbigay-daan sa pagtatatag ng isang diktaduryang rehimen sa ilalim ni Hitler-Marcos.

Subali't ang mamamayan ay hindi maging kimi sa pagtutol sa karumaldumal na pakanang ito ng estado. Ipagpatuloy natin ang walang takot na pagmumulat sa sambayanan. Ang pagsasawalang-kibo ay nangangahulugan

ng pagtanggap ng planong pasismo ng estado at tahasang pagsang-ayon sa pagsasamantala at pang-aapi ng pamahalaan.

TUTULAN ANG PASISMO SA ESTADO!!!  
IBAGSAK ANG MGA SALIGANG SULIRANIN NG BANSA—  
IMPERYALISMO, PIYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO!!!  
MABUHAY ANG MASANG PILIPINO!!!  
MABUHAY ANG PAMBANSANG DEMOKRASYA!!!

Pahayag ng:

SDK SAMAHANG DEMOKRATIKO NG KABATAAN – RIZAL III  
(Muntinlupa, Parañaque, Las Piñas, Taguig)

KM KABATAANG MAKABAYAN - TIMOG KARATIG MAYNILA  
MAKIBAKA  
MOLABE  
KKD

Ika-25 ng Agosto, 1971

## FEARLESSLY EXPOSE THE FACTS ABOUT THE FASCIST-MARCOS US - IMPERIALIST PLOT OF COUNTER - REVOLUTION

### I. What is the Grand Plot Behind the Latest Maneuvers of the Fascist-Puppet Marcos and his US Imperialist Masters?

It is now all too clear that the fascist-puppet Marcos is ruthlessly determined to silence and eliminate all opposition to his repressive and violent regime. In a clever though desperate move to lend legal cover to his regime's unsurpassed record of unspeakable-crimes against the Filipino masses, Marcos, in suspending the privilege of the writ of habeas corpus, has clearly perverted a constitutional provision to suit his fascist intents.

That the fascist-puppet Marcos has systematically employed all the instrumentalities of the fascist state to brutally suppress all opposition to his regime is a well-known fact. The Filipino masses will never forget the Lapiang Malaya and Jabidah massacres, the Mendiola massacre and the continuing suppression of militant students and professors, the massive poll terrorisms, and lately, the massacre of our Muslim brothers, to mention but a few landmarks of brutality and violence perpetrated by the Marcos regime.

Today, the Marcos fascist state machinery has been fully harnessed to destroy and silence the ever growing mass opposition to his violent regime. The recent arrests of well-known student militants like Luzvimindo David, Secretary-General of the Kabataang Makabayan; nationalist educators like Pres. Nemesio Prudente and radical professors like Sixto Carlos of the PCC; the raid on the PCC campus and the headquarters of progressive organizations; and the arrest order for some 700 known militants from the ranks of the students, teachers, and workers clearly speak of a massive Marcos-US Imperialist plot to crush all progressive and revolutionary opposition.

While it is clear that the immediate target of the Marcos-US Imperialist conspiracy is the silencing of progressive and revolutionary organizations, every Filipino must likewise realize that Marcos is fully bent on suppressing the people's basic democratic rights like the right to free speech, and free assembly. Of course, we do realize that in our exploitative, semi-feudal and semi-colonial system, all these supposedly basic democratic rights have long been the monopoly of the local ruling classes.

### II. How does the Plaza Miranda bombing incident tie in with the Marcos-US Imperialist Plot to Destroy all Progressive-Revolutionary Opposition?

Reactionary - puppet regimes which are unable to solve the growing

contradictions inherent in an exploitative, class-divided society invariably make use of the following tactics to forestall their inevitable collapse:

Firstly, there is the unbridled use of military power, terror and violence to suppress and cow a rising revolutionary movement. In regimes like the Philippines with a democratic-legal facade, terror and violence are used to create an atmosphere of chaos and disorder to justify the suspension of the normal legal and constitutional procedures.

Secondly, there is the frenzied attempt to create a convenient scapegoat for the intensifying contradictions of the regime. This is demanded by the need to deflect the attacks against the regime as well as by the frantic need to put up a false but convenient symbol for national unity in order to blunt the internal class contradictions.

The LP proclamation rally last August 21 provided the consummate student of fascism, the fascistoid Marcos, the classic ingredients for such a confrontation and take-over. The gathering of the leading members of the LP opposition, in effect, provided Marcos and his cohorts, a rare chance to literally shoot two birds with one shot: firstly, a chance to decimate the LP opposition; secondly, a chance to give him the full legal excuse to crush the national democratic organizations by conveniently heaping the blame on these organizations. Perhaps, that fatal bomb at Plaza Miranda was another of those things ordained by fate.

### III. The National Democratic Movement and all its militants have always Condemned Anarchistic Violence and Terror.

Anarchistic violence and terror like the Plaza Miranda bombing is the very antithesis of the patient, arduous, and sustained political work engaged in by national democratic militants. The anarchist, bomb-throwing radical is a pure product of the counter-revolutionary propaganda dished out by the piteous intellectual hacks of Malacañang and the CIA. Even the most idiotic of Malacañang agents must know by now that it is patient political work among the oppressed Filipino masses by learning and integrating with them and serving them fully, which has made the national democratic organizations the most hated enemy of the Marcos regime and its imperialist allies. What will the national democratic movement gain by resorting to the indiscriminate use of violence and terror which only harm the masses of our people as dramatically proven by the Miranda incident? For what the movement seeks to eliminate is not the presence of some unsavoury individuals but the very



system of productive and social relationships which give rise and perpetuate a class of individuals who exploit the many.

On the contrary, it is not a fact that it is the Marcos regime in the whole history of the Filipino people which has given rise to the most violent confrontations among our people and the most brutal suppression of basic democratic rights? It is not a fact that it is under the Marcos regime that the Filipino masses have suffered the worst economic crises? History is a brutal chronicler of the truth. Even now, its brutal judgment is fast gnawing away at the crumbling Marcos regime.

#### IV. Why is American Imperialism behind the fascist Marcos plot to Destroy the Progressive-Revolutionary Movement?

Historically, American imperialism has always instigated and supported the suppression of revolutionary movements all over the world, particularly in the colonial and semi-colonial countries of Asia, Africa, and Latin America. This posture is dictated by three basic objective and historical necessities brought about by the workings of the capitalist system itself, of which the United States today is the leading representative. Its counter-revolutionary activities is dictated firstly, by the need to preserve its sources of vital raw materials; secondly, to preserve and enhance its market and investment outlets; and thirdly, to preserve the world-wide, exploitative capitalist system as a whole, particularly in the midst of the ever surging and triumphant anti-imperialist and socialist revolutions all over the world today.

The national democratic movement has always maintained that Marcos is the chief puppet of American imperialist interests in the country. This is dramatically proven by the fact that under his regime, our country has incurred an external debt of no less than 1 Billion, 965 million \$ (Central Bank, 1970 data) to the leading imperialist countries and corporations. It is also the chief puppet Marcos who had to devalue our peso upon pressure by his imperialist masters to the great detriment of our local producers, businessmen, workers and the Filipino masses as a whole.

Being completely under the effective control of the imperialist financing institutions and corporations, the ever subservient and loyal marionette of American imperialist interests is now proving himself a most forceful protector of American imperialist interests. Who can now doubt that his ruthless drive to destroy the national democratic movement and all progressive, democratic opposition enjoy the full blessings of his imperialist masters? Who supplied the guns and the bullets that mowed down our unarmed peasants in the

countrysides and our Muslim brothers in the South? Who financed and trained the police, the military and the para-military units who are today being used to suppress all progressive forces? Who are the leading men in the Marcos regime today? Are they not the same men who have been trained in American institutions, financed by American foundations, well-steeped in the values and ideology of American capitalism, the technocratic elites who must now equally answer for their complicity in the crimes of Marcos against the Filipino masses?

#### V. What is to Be Done?

Indeed, these are truly historic, revolutionary times. Never before has it been so compellingly necessary for every self-respecting Filipino to involve himself directly and actively in the historical process that is now unfolding before us. All of us shall be judged ruthlessly and brutally by History for he spares no one. What have we done when the forces of reaction dared to trample our basic democratic rights and freedom? Did we speak in the name of Freedom? Did we strike a blow against reaction and oppression? Did we keep silent and complacently viewed the murderous stream of events.

There is only one meaningful historic task left for all of us who refuse to pay lip service to Freedom and Democracy and who firmly believe that through the collective conscious action of the oppressed masses of our people, we can transform and transcend the historical circumstances that now appear as fetters to all of us. For in the end, we shall smash all reaction.

1. Forge and consolidate the strongest possible united front of all anti-fascist and anti-imperialist groups in your respective neighborhoods.
2. Continue to militantly expose the facts about the Marcos-US imperialist conspiracy of counter-revolution.
3. Use all available means to counter the propaganda and lies of the Marcos fascist machinery.
4. Exert continuous political pressure on the fascist Marcos regime by organizing massive mass political actions to impress the fact that the masses of the Filipino people will resolutely resist all attempts at establishing a fascist dictatorship.
5. Agitate for the unconditional lifting of the suspension of the writ of habeas corpus and the unconditional release of all persons arrested during the duration of the suspension of the writ.

Samahan ng Mga Guro sa Pamantasan  
Malayang Kapulungan ng mga Makabayang Samahan  
Katipunan ng mga Gurong Makabayan  
Samahan ng mga Makabayang Mag-aaral sa Batas  
Malayang Kilusan ng mga Mag-aaral sa Sining at  
Agham  
Samahan ng mga Progresibong Manunulat  
Progresibong Kaisahan ng mga Manggagawa sa UP  
Revolutionary Alliance of Students of Politics  
UP Anti-ROTC Movement  
Kilusang Kristiyano ng Pilipinas  
August 26, 1971

## LABANAN ANG MAITIM NA BALAK NG PASISTANG PAPET NA SI MARCOS NA IDEKLARA ANG “MARTIAL LAW”!

Muli tayong namamahayag sa mga lansangan at liwasan upang ipahayag ang ating mariing pagtutol at paglaban sa pasistang papet na diktadurya ni Marcos.

Maliwanag na ngayon na may masamang pakana ang pasistang papet na si Marcos na maglikha ng kaguluhan, ligaligin ang bayan, ibintang ang mga kaguluhang ito sa mga “komunista” nang sa gayon ay maideklara niya ang “martial law.” Ang pakay ay panatilihin sa kapangyarihan ang pasistang papet na si Marcos upang tuluyan niyang mawasak ang kalayaang sibil at demokratikong karapatan ng sambayanan.

Ang mga palatandaan tungo sa deklarasyon ng “martial law” ay lubhang malakas:

1. madugong pagsabotahe ng rally ng proklamasyon ng Partido Liberal;
2. pagdukot o pagdakup sa mga pangunahing makabayang mamamayan, tulad nina Luzvimindo David, Dr. Nemesio Prudente, Roger Arienda, labintatlong propesor at iba pang masugid na yumayakap sa simulain ng pambansang demokrasya;
3. sunod-sunod na pagpapasabog ng bomba sa City Hall, COMELEC, NAWASA at iba pang gusali na pilit na ibinibintang sa mga “komunista” kahit na ang mga ito ay kagagawan ng pasistang papet na pangkating Marcos;
4. madalas na pagbabanta ng deklarasyon ng “martial law” sa mga pahayag sa radyo at telebisyon ng pasistang papet na si Marcos;
5. at panibagong tangka na sunugin ang Maynila at dukutin ang ilang mga lider ng pamahalaan.

Ang mga pangyayaring ito ay hindi ngayon lamang naganap. Noong panahon ni Hitler, sa Alemanya, ang mga Nazi ay lumikha ng sunod-sunod na karahasan at kaguluhan tulad ng pagsunog sa Reichstag, ang kanilang kongreso, upang ibintang ang mga ito sa mga komunista at Hudyo. Ang mga komunista at Hudyo ay ginagawang bagsakan ng sisi ni Hitler tungkol sa mga problema ng Alemanya noon. Pagkatapos, iniluklok si Hitler bilang pasistang diktador ng Alemanya at tuluyang sinupil ang demokratikong karapatan ng mamamayan.

Sa ganitong pagkakataon ay hindi tayo dapat matakot. Ito ay pagpapatunay lamang na ang sambayanang Pilipino ay namumulat na at ang

kilusang mapagpalaya ng bayan ay mabilis na nagtatagumpay. Samantalang ang pasistang papet na rehimeng Marcos at ang mga imperyalista at piyudal na amo nito ay patungo na sa hindi mapipigilang pagbagsak.

Matatag at mapangahas na pakikibaka lamang ng sambayanan ang makapipigil at makawawasak sa maitim na pakanang ito ni Marcos, ang pasistang papet na diktador ng Pilipinas, sa pakikipagsabwatan sa CIA at iba pang kaaway ng bayan.

Durugin ang pasistang papet na diktadurya ni Marcos!

Ibagsak ang sabwatang CIA-Marcos laban sa kalayaang sibil at demokratikong karapatan ng sambayanan!

Ibalik ang habeas corpus!

Palayain sina Luzvimindo David, Nemesio Prudente, Roger Arienda at iba pang makabayang mamamayan!

Itaas ang bandila ng nagkakaisang hanay ng mga progresibong uri at sektor ng lipunan laban sa pasismo!

Itaguyod ang pambansang demokratikong rebolusyon!

Mabuhay ang masang Pilipino!

Makibaka, Huwag Matakot!

KABATAANG MAKABAYAN

Agosto 27, 1971

## **BROADEN THE PEOPLE'S UNITED ANTI-FASCIST FRONT!**

"Like Nero who burned Rome and blamed the Christians and Hitler who burned the Reichstag and blamed the communists, Mr. Marcos takes his cue."

Was it not Goebbels who told Hitler that a concocted "communist rebellion" is necessary in order to consolidate power and eliminate all opposition?

Perhaps many of us still hold that illusion that we should go on normally with our business of the day for it is not us who are on the guillotine but only the "subversives." Like Hitler during his rise to power, of course the "communists" were the first to be massacred because they were the most resolute. But the social democrats followed. And individual opportunists were rounded up.

The same is true in our country. Only it is refined and more cunning. Mr. Marcos hits two birds with one stone. With all of the opposition leaders incapacitated and with the crackdown on the most organized and determined national democrat dissenters – the path to military take-over is wide open.

For is it not the Marcos regime which has perpetrated the most heinous massacres in the country? We could only recall the Jabidah, Capas, Culatingan, January 30, January 13 (Plaza Miranda), Labor day and Cotabato massacres.

For is it not the puppet regime which has launched a systematic militarization campaign? The executive secretary, the NWSA, the National Housing Corporation and many other strategic officers are held by military men. In fact the military prettification campaign is in full swing with their participation in the "democratic and green revolutions".

Let us not blindfold ourselves. Let us face the naked truth. For time will come that if one protests against the rising of prices one is immediately branded a communist.

Let us raise high our heads, our fists, and resolutely oppose the fascist schemes of the puppet of US imperialism. Join the "Anti-fascist" March of the CITIZENS' MOVEMENT FOR THE PROTECTION OF DEMOCRATIC RIGHTS (CMPDR).

**BROADEN THE ANTI-FASCIST UNITED FRONT!!!**

**HOLD HIGH THE BANNER OF CIVIL LIBERTIES!!!**

**OPPOSE MILITARY TAKE-OVER!!!**

**DARE TO STRUGGLE DARE TO WIN!!!**

– UP Student Council

September 1, 1971

## **WAKASAN ANG PAGDARAHOP AT PASISMO, IBUKOD AT DURUGIN ANG MGA KAAWAY NG BAYAN, MAGKAISA AT MAKIBAKA PARA SA PAMBANSANG DEMOKRASYA!**

### **PAGDARAHOP**

Mga kababayan, di-lingid sa atin ang nabubulok na katangian ng kasalukuyang lipunan.

Patuloy na nagbulusok ang halaga ng piso dahil sa di-makatarungang mga kondisyong ipinataw ng International Monetary Fund (IMF) ng imperyalismong Kano bilang kapalit ng mga pautang nito upang pagtakpan ang labis na paggastos noong halalang 1969 ng pamahalaang Marcos. Bunga ng “floating rate” na ito, na inaasahan ng marami’y magiging “ten to one” pa sa taong darating, patuloy na bumababa ang isinasahod ng mga manggagawa’t empleyado. Bukod pa rito’y maging ang mabibili ng lumiliit na ngang sahod na ito ay kumakaunti dahil sa pumanaw na halaga ng piso. Nababawasan pa ang mga trabaho at marami ang pagawaang napipilitang magsara.

Ang halaga ng pangunahing mga bilingin, lalo na ang bigas at pagkain, ay patuloy na tumataas. Sa katunayan, magmula sa dalawang sunod-sunod na pagtaas ng imperyalistang Kano sa halaga ng napakahalagang mga produkto sa langis at gasolina noong Enero at Pebrero, mahigit siyento-singkuwenta porsiyento (150%) ang itinaas ng mga presyo sa pamilihan. Ito’y sapagka’t nobenta y dos porsiyento (92%) ng mga industriyang pinagmumulan ng ating mga pang-araw-araw na pangangailangan ay umaasa sa langis at gasolina.

Hindi pa natutupad ang Agricultural Land Reform Code, na mismo ito’y marami ang pagkukulang, maliban sa iilang maliliit na palayan. Ang magbubukid na nagdidilig sa lupa ng sariling pawis, luha, at dugo ay walang sariling lupa, walang tinig sa pamahalaan, walang katiyakan sa pamumuhay, walang tanggol sa pangangamkam at pagmamalabis ng kapangyarihan, walang pag-asang paaralin ang mga anak at walang pagkakataong umahon mula sa kumunoy ng pagkalubog sa utang at kapariwaraan.

### **...AT PASISMO**

Natural lamang sa tao, gaano mang kababa ang katayuan sa buhay, na magdamdam sa ganitong pangyayari at piliting bakahin ang iilang nang-aapi sa kaniya!

Nguni’t ano ang itinugon ng pamahalaan? Ang kamaong bakal ng pasismo!

Sa loob ng anim na taon lamang ay napakarami nang masaker ang naganap — sa Lapiang Malaya, Jabidah, Cotabato, Tarlac, Porac, Culatingan, Angeles, Mendiola, Plaza Miranda, Kalookan, at marami pa. Di na mabibilang ang mga lider-aktibista at lider-obrerong pinagdarakip, pinabugbog, at pinatay ng mga kakutsabaha't halimaw ng pasistang pamahalaang Marcos. Namumugaran sa kanayunan ang mga pribadong hukbo ng mga politiko't asendero sa mahigpit na pakikisabwatan sa mga armadong maton ng “paramilitary units” tulad ng Special Forces, BSDU, Monkees, BHDF, Ilagas, at iba-iba pa. Mahigit kalahati ng pambansang badyet ang iniuukol sa Sandatahang Lakas ng Pilipinas.

Ang pagkitil ng ating mga karapatang pangsaligang-batas ay karaniwan na lamang. Kung ang manggagawa'y bumubuo ng unyon, sila'y pinagbabawalan. Kung ang magsasaka'y magtatayo ng samahan sa pagtatanggol sa kanilang karapatan, ito'y marahas na pinawawasak ng asenderong gahaman samantalang tahimik na sumasang-ayon ang mga hukuman. Sa kalupitan ng pamahalaan sa mga kabataan, sukdulang nagpalabas ito ng itimang propaganda sa radyo-telebisyon na binabansagan silang mga “subersibo”, “komunista”, at kung ano-ano pa.

Umabot na ang “klima ng karahasan” sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon sa kasukdulan nang bombahin ang pamamahayag sa Plaza Miranda ng Partido Liberal noong Agosto 23. Nguni't sa halip na pagdarakpin ang mga may-kagagawan nito, ginamit pa itong dahilan upang bawiin ni Pangulong Marcos ang pribilehiyo ng kasulatang habeas corpus! Hindi pa yata nasiyahan sa kaniyang ginawa ay nagbabanta pa ang Pangulo na magdedeklara siya ng “martial law” — isang hakbang na bubuhay muli sa lagim na umiral noong panahon ng pananakop ng Hapones.



## MGA KAAWAY NG BAYAN

Pinakamakapangyarihan sa mga kaaway na ito ng bayan ay ang tinaguriang imperyalismong Amerikano. Ito’y hindi tumutukoy sa masa ng Amerikano na katulad din nati’y walang kapangyarihan at pinagsasamantalahan sa sariling bansa.

Ang pinakamalaking industriya sa atin ay nasa kamay ng imperyalistang Kano —langis at gasolina, bakal, goma, makinarya, gamot, atbp. —bukod pa sa malalaking minahan, trosohan, at plantasyon sa Mindanao. Ang kalakihan ng puhunang Amerikano ay sumisikil sa maliliit pa lamang na negosyong Pilipino, kung kaya’t hindi maunlad at masarili ang ating ekonomiya. Inaagaw pa ng imperyalistang Kano ang milyon-milyong pisong mga pautang sa ating mga bangko mula sa negosyanteng Pilipino upang ipuhunan sa sarili nilang mga korporasyon o subsidiyaryo. Nguni’t ang limpak-limpak na itinutubo nila rito ay hindi nila isinasalin muli sa ating ekonomiya kundi iniluluwas sa Estados Unidos — isang dahilan sa pagpanaw ng halaga ng piso.

Ang mga asendero ay nakatali sa imperyalistang Kano, sapagka’t ang kanilang itinatanim ay yaon lamang na kakaunting halamang binibili sa Estados Unidos at binabayaran sa dolyar. Isang dahilan ito ng kawalan ng bigas, sapagka’t dumarami ang mga palayang ginagawang taniman ng asukal na naipagbibili sa labas ng bansa. Isang dahilan din ito ng kawalan ng industriya at hanapbuhay sa atin, sapagka’t napakikinabangan ng imperyalistang Kano ang manatili tayong tagapagluwas lamang ng kailangan nilang mumurahing mga hilaw na sangkap (abaka, asukal, kopra, troso, mga mineral) at tagapagbili naman ng mas mahal na tapos na produkto mula sa kanila.

Ang mga Kumintang na Intsik ay tagapag-gitna (middlemen) lamang sa ating pakikipagkalakalan sa Estados Unidos (export-import trading), o di kaya’y tagapagtinda naman ng mga produktong gawa sa Estados Unidos o gawa rito ng mga subsidiyaryo ng mga korporasyong Amerikano. Ang malalaking kapitalistang Pilipino ay namamahala sa mga bangkong pinagmumulan ng mga pautang sa mga imperyalista, o di kaya’y humahawak sa mga subsidiyaryo (assembly plants, bottling and packaging factories, atbp.) at pinoporsyentuhan sa tubo.

Ang ating mga bulok na politiko sa pangunguna ng tutang si Marcos, kung hindi sila nagnanakaw sa kaban ng bayan, ay buong kawalang-hiyaang ipinaiilalim ang pamahalaan at pambansang kapakanan sa mga imperyalistang Kano, tulad ng pagsang-ayon sa “floating rate” at pagtaas sa halaga ng langis

at gasolina; pagkunsinte sa laganap na pagpatay ng kapuwa Pilipino sa loob ng base militar; pagpapailalim ng AFP sa JUSMAG at US A.I.D.; at pagtaksil sa pambansang kasarilan sa pamamagitan ng mga tratado't kasunduan sa Estados Unidos.

## **ANG PAMBANSANG DEMOKRATIKONG HIMAGSIKAN**

Bunga ng labis-labis na pagkasala sa mamamayan ng mga imperyalista't mga tuta nito ay nanginginig sila sa takot sa lakas ng pagkakaisa ng sambayanan. Kaya't ang lahat ng paraan ay gagawin nila upang wasakin ang ganitong pagkakaisa.

Nguni't hindi matatakpan nang habang-panahon na lamang ang mapait na katotohanan. Lilitaw at lilitaw ito upang imulat at pakilusin ang masang Pilipino. Kaya nga't nagmamartsa ngayon ang kabataan at nagpapatuloy sa kanilang mga rally at demonstrasyon. Kasabay naman ng kabataan sa kalunsuran ay ang ating lingid na puwersa sa kanayunan. Sa kanayunan ay nag-iipon at nagpapalaganap ng lakas ang tanging puwersa lamang na makawawasak sa sandatahang puwersa ng pang-aapi at magiging sandigan ng pambansang demokratikong lipunan!

## ANG PAMBANSANG DEMOKRATIKONG LIPUNAN

Ang bagong lipunang ito ay hindi komunismo, sapagka't sa halip na patayin ang kapitalismo, ito'y lalo pang palalakasin at palalaganapin upang lansagin ang dayuhang imperyalismo at paunlarin ang ating ekomiya tungo sa pagpaparami ng industriya at pagpapalawak ng kalakalan.

Ang pamahalaan namang ito ay tunay na naiiba sa kasalukuyan sapagka't ito'y kumakatawan sa interes ng nakararami, hindi ang kakaunti, at kung gayo'y umaasa, hindi pumipigil, sa pagsasandata ng sambayanan. Sa bawat baryo ay maghahalal ng mga kinatawan sa kongresong pambayan; ang mga kongresong pambayan ay maghahalal naman ng mga kinatawan sa kongresong panlalawigan, at tuloy-tuloy na hanggang sa paghalal ng pambansang Rebolusyonaryong Kongreso ng Bayan na siyang magiging pangunahing kasangkapan ng paghahayag at pagsasakatuparan ng kapasiyahan ng sambayanan.

Sa kanayunan naman ay isasalin sa kongkretong katotohanan ang malaon nang pangako ng mga politiko ng "lupa sa mga walang-lupa". Kung wala nang labis na lupa ang tao, wala na siyang labis na yaman, at kapag wala na ito'y wala siyang kakayahang mandaya o manakot tuwing halalan.

Tunay na kalayaan, tunay na kasarinlan, tunay na kariwasan at kaunlaran — ito ang kahulugan ng pambansang demokratikong lipunan. Demokrasyang hindi lang para sa iilan, kundi para sa buong bansa, pambansa!

### ITAGUYOD ANG SAMPUNG MGA KAHILINGAN NG MAMAMAYAN:

1. Isabansa ang dambuhalang puhunang Amerikano, lalo na sa langis, at paunlarin ang katutubong mga industriya at kalakalang Pilipino!
2. Hanapbuhay sa mga walang hanapbuhay at mas mataas na sahod sa mga manggagawa at empleyado!
3. Lupa sa mga walang-lupa!
4. Ibaba ang halaga ng pangunahing mga bilihan, lalo na ang bigas!
5. Paunlarin ang kabuhayan ng iba't-ibang mga sector sa lipunan: mga pambansang minoritya, mangingisda, guro, kababaihan, atbp.!
6. Ibalik ngayon din ang pribilehiyo ng kasulatang habeas corpus!
7. Palayain ang lahat ng bilanggong politikal at bigyang-katarungan ang lahat ng biktima ng pasismo!
8. Itigil ang militarisasyon: bawasan ang badyet ng AFP, lansagin ang mga para-military units at private armies, ipamahagi ang mga armas

sa masa, itigil ang paninikil ng mga progresibong mamamayan,  
ipagbawal ang martial law!

9. Pataksikin ang lahat ng sundalo at ahensiya-militar ng Estados Unidos!
10. Lipulin at wasakin ang pasistang pamahalaang Estados Unidos-Marcos!!

—MOVEMENT FOR A DEMOCRATIC PHILIPPINES  
(MDP)

Oktubre 20-24, 1971

# RADICAL PAPERS

1972-1980

## THE TRUE STATE OF THE NATION

The year 1972 is a grim one for the Filipino people. A succession of economic crises is overrunning Philippine society due to the intensified exploitation of the people by foreign monopoly capitalists, big landlords and traders and corrupt politicians. To preserve the exploitative system, political suppression is likewise intensifying and the Marcos regime and his US imperialist masters are laying the grounds for military dictatorship.

### I. Intense Hardships for the Filipino People

The clearest indication of the worsening economic situation is the rapid increase in the prices of all commodities. On top of the 30% increase in the general price index over last year is the inflationary pressure of the more than P800 million injected into the country's money supply during the 1971 elections, raising prices at least 25% higher than the pre-election level. The prices of essential goods are, on the average, two times those of last year.

The price of the country's number one staple food, rice, has shot up to P4.50 and the acute rice shortage has forced the National Economic Council to authorize the importation of 437,000 tons of rice to solve the shortage and 500,000 tons more to keep the rice prices at their present and already high level. Because many of our rice lands have been converted by landlords to plantations and export crop farms to satisfy the imperialist greed for cheap raw materials, the rice shortage shall surely worsen in the coming years.

A major factor which has increased and is again threatening to increase further the rate of price increase is the oil price hike demanded by the 100%

foreign-owned cartel of oil monopolies. The demanded oil price hike, which is as good as approved due to US-Marcos collusion, ranges from 9.6% to 18.8% and is the fourth since March 1970. The oil price increase shall raise industrial, agricultural, transportation and house costs. The prices of all other products will surely follow.

The student masses are, in addition, faced with another round of tuition fee increases. The unjust 15-20% hike imposed by over 81 schools and colleges is an additional burden which the masses of students and parents cannot shoulder. And even as the tuition fees are hiked, education remains colonial and therefore harmful to national interests.

Filipino laborers are confronted with still another crisis — low wages, underemployment and unemployment. Millions of agricultural workers and manual laborers receive sub-human wages while hundreds of thousands of government workers are underpaid because of the hopeless bankruptcy of the government. As the cumulative effects of the US-dictated peso devaluation and the colonial trade continue to kill of our native industries, mass lay-offs are impending. Out of every ten Filipinos, three are either unemployed or underemployed.

The peasant masses continue to reel under the evils of landlordism such as unjust sharecropping and usury. The peasants' demand for land remains unfulfilled by the landlord-dominated state, which saw fit to appropriate for its bogus land reform program a measly P23.2 million, most of it for the pockets of bureaucrat capitalists.

US imperialism has likewise ordered the Philippine government to raise P1 billion more taxes to generate the necessary counterpart funds for the imperialist loans which have been rammed down the throats of our people. Imperialism has saddled the Marcos regime with new debts — \$200 million from the World Bank, \$65 million from the Japanese militarists and \$23.4 million from the Asian Development Bank. At this very instant, every one of the 38 million Filipinos has been pawned by Marcos to international usurers at P300 per head.

The colonial pattern of trade, strengthened by the peso and the dollar devaluations, continues to drain the country of more than \$50 million yearly. Precious capital continues to flow out as our top exports remain cheap agricultural raw materials while our imports, expensive finished products. American capital has also merged with Japanese capital in a two-pronged plot to expand its Philippine market. The local puppets, on the other hand, are planning to expand our colonial trade to social-imperialist countries as Russia.

Imperialist investments in the Philippines also suck out capital. Remitting out \$7 for every \$1 brought in and further encouraged by the *de facto* extension of the Laurel-Langley Agreement in the form of Investments Incentives Law, foreign investments continue to expand at the rate of more than 20% yearly, eating up our native industries. To-date, 100% of US investments in the Philippines are pure profits, their original investments having long been recovered and returned to US.

## II. Preparations for the Establishment of Military Dictatorship

As the economic crises in our society intensify and the people's struggle gathers momentum, Marcos has resorted to more brutal and suppressive measures, taking several more steps towards dictatorship. The event which proved this beyond doubt was the suspension of the privilege of the writ of habeas corpus, which started a renewed effort by the US-Marcos regime to crush the people's resistance against its rule. More than 3,300 Muslims, 5 youths and 10 farmers have been massacred. Kabataang Makabayan leaders Nilo Tayag, Leoncio Co and Luzvimindo David and MDP spokesman Gary Olivar are still detained.

Second only to the fascist Chief Executive himself, the legislative branch loudly seconded the writ suspension. In a unanimous decision, the Supreme Court likewise echoed every note of the Malacañang line and upheld the suspension. The Constitutional Convention chose to remain silent but moved to allow Marcos to remain as chief puppet by blocking the "Ban Marcos" proposal and passing the parliamentary system — a pro-Marcos ploy. Indeed, the writ suspension has exposed the state and all its institutions as the instrument of the ruling classes of corrupt politicians, big landlords and traders and imperialists.

Military preparations for a US-Marcos dictatorship continue unabated. In addition to Marcos' private army of Special Forces, Monkees, UIOG, and other terrorist units, the armed forces shall undertake a two-year program of expansion to add 33,000 more troops at the cost of P300 million more yearly. The armed forces is now receiving intensive training on martial law, civilian rights during military rule, crowd handling and other topics useful only in a militarized society ruled by a dictatorship.

The civilian bureaucracy is teeming with Marcos-appointed and imperialist-supported military men. Rejected J. Enrile is back at his National Defense post. Aside from Annapolis graduate Executive Secretary A. Melchor,



ten more military men belong to Marcos' executive staff. More and more military officer are taking up public and business administration, economics, mass communications and other courses, pointing to a general preparation of the military for civilian functions.

Carefully engineered events to justify the declaration of martial law continue to occur. Marcos puppets have openly called for the imposition of martial law after raiding 8 Ilocos Sur town terrorizing the populace and blaming the New People's Army and the Communist Party. The pattern is clearly emerging: Marcos will terrorize the people with his secret army, blame the Communists, and then, suppress the protest movement in the cities.

Obviously, Marcos, under the careful direction of US imperialism, is bent on prolonging his rule and is now carefully laying the solid foundations for a military dictatorship.

### III. The People's Rejection of the US-Marcos Rule

The collective decision of the whole population was expressed during the 1971 elections when US-Marcos candidates, US-Marcos fascism and US-Marcos dictatorship were resoundingly rejected by the people.

But beyond legalist maneuvers and paper ballots, great mass movements are likewise unfolding to oppose the intensification of imperialist and feudal exploitation and the impending military dictatorship of the puppet Marcos. Through the writ suspension the people asserted their rights and thwarted the dictatorial plan of the US-Marcos regime. Alliances have been and continue to be formed in opposition to manifest forms of exploitation such as the tuition fee hikes, the oil price increase and other issues directly affecting the masses.

At this time when the fascist puppet Marcos shall once more dish out a sugar-coated image of Philippine society to deceive the people, we present the ten basic demands of the people to solve poverty and stop political suppression.

1. Lower the price of oil, rice and other basic goods and freeze taxes
2. Repeal Anti-Subversion Law and free all political prisoners
3. Nationalize the oil, mining and other basic industries
4. Reduce the military budget and channel the funds to hospitals and schools
5. Increase wages and jobs for the jobless
6. Stop genocide against the national minorities
7. Freeze tuition fees and democratize the Philippine educational system

8. Abrogate all unequal treaties imposed by US imperialism
9. Land to the tillers
10. Filipinize the wholesale trade.

Fight Poverty – Oppose Oil Price Hike!

Fight Fascism – Repeal Anti-Subversion Law and Free the Political Prisoners!

MOVEMENT FOR A DEMOCRATIC PHILIPPINES (MDP)  
January 24, 1972

## TERRORIST BOMBINGS — PRELUDE TO MARTIAL LAW

The militarization of our society continues and the threat of martial law remains. The groundwork for a military take-over has been laid down and the US-Marcos-Lava clique through its stage-managed terrorist activities have continued in preparing public opinion for this evil scheme.

The recent bombing at Joe's Dep't Store which caused the death of one and serious injuries to 24 innocent civilians and City Hall bombing wounding two women operators are evidently part of the pattern of calculated terrorist acts to further sow confusion among the people.

Take a look at the past events:

Aug. 21, 1971 — Plaza Miranda. Two bomb explosions disrupt a Liberal Party Proclamation Rally killing 6 innocent civilians and wounding scores of others and all but wiping out the Liberal Party Senatorial ticket. Thereafter, successive bombings occur at the Supreme Court, Comelec, a Meralco power station, a Nawasa pipeline at the residence of Sen. Roy and many other places.

Didn't Mr. Marcos, with his bloody record of 78 massacres blame the "subversives" for these bombings. Weren't these events Marcos' justification in suspending the writ of habeas corpus and ordering the arrest of national democratic personalities? (What is surprising is that the junior-fascist Lavaite gang HMB-MPKP who braggingly admitted these terrorist bombings were never for a time hounded by the fascist state. This fact bolsters its posture as a junior-fascist partner of the US-Marcos clique).

This year, we are seeing the same pattern: the Philsugin was bombed, so were the PLDT, the YSTAPHIL, another NAWASA pipeline and the latest being the Carriedo and City Hall bombings. What is new this time is that these fascist crimes are accompanied by intensified state fascist propaganda. *The Daily Express'* predictions and AFP and DND press releases glaringly tally with what has happened and what is currently going on. What is worse is that the fascist Marcos does not hesitate to involve innocent lives to further his militarization scheme and create the grounds not only for the inevitable suspension of the writ but the total militarization of the country through martial law.

But the Filipino people cannot be deceived into believing Malacañang fabrications nor be cowed by the threat of martial law. More than ever, the broad masses of the Filipino people stand united in denouncing the fascist acts of the US-Marcos-Lava clique to further its militarization scheme.

EXPOSE AND OPPOSE THE TERRORIST BOMBINGS OF THE US-  
MARCOS-LAVA CLIQUE IN PREPARING THE GROUND  
FOR MARTIAL LAW!!

JOIN THE RALLY AGAINST MILITARIZATION TODAY, MONDAY,  
SEPT. 11, AT PLAZA MIRANDA!!

KABATAANG MAKABAYAN – UP  
SEPT. 11, 1972

(Assembly: Arts & Sciences steps, 12:30 PM)

## ANG KAMAY NG E.U.-MARCOS SA PAMBOBOMBA

PINATUTUNAYAN NG nagaganap na pambobomba na patuloy na isinasagawa ng Estado, tuwiran o sa pamamagitan ng mga upahang-pakana, ang brutalidad laban sa masang Pilipino. Ang tunguhing ito ng panlipol o masaker ay masinop na naisasagawa laban sa mga magsasaka sa kanayunan. Sa Maynila, ito’y pinatutunayan nang naganap na masaker sa Lapiang Malaya; sa Kongreso noong 1970; sa Mendiola; sa Congreso noong May Day, 1971, sa US Embassy, sa Kalookan at sa Plaza Miranda na kung saan tinangkang lipulin ang oposisyong legal.

Ang naganap sa Carriedo at sa City Hall ay pagwawakas ng serye ng pagpapasabog sa mga gusaling publiko at komersiyal, samantalang may mga naganap ding pagsabog sa pook-publiko at MERALCO sa Ortigas Avenue.

Sa harap ng ganitong pangyayari, ipinahayag ni Marcos at ng militarya na nalalaman nila na magaganap ang ganitong pambobomba batay diumano sa hawak nilang Planong Hulyo-Agosto ng NPA.

Nakikita natin ngayon na muli na namang tinatakot at ginugulo ni Marcos at ng militarya ang masang Pilipino. Kaagad na idineklara tulad sa kaso ng pambobomba sa Plaza Miranda na ang mga nagaganap na pagsabog ay bahagi ng NPA plot. Salungat sa ikinakalat na ito ni Marcos at ng militarya, ang motibo ng pambobomba at terorismo ay lumilina na sa masang Pilipino. Sa pamamagitan ng paghahasik ng takot at kaguluhan ay inaasahan ni Marcos at ng militarya na masusugpo ang legal na oposisyon sa Estado. Sa diumano’ng pagsisiwalat na ginawa ng Kalihim Juan Ponce-Enrile, iniuugnay niya sa pagkilos ng NPA di lamang ang mga nagaganap na pambobomba, kundi pati na rin ang Operation Tulong — isang proyektong tumutulong sa mga nasalanta ng baha; ang mga demonstrasyon o karapatan ng mamamayang magpahayag ng mga karaingan at pagtutol; at ang ilang pambansang demokratikong samahan o ang karapatan ng mamamayang magpulong at mag-organisa. Bukod dito’y iniuugnay pa rin niya ang pagtutol ng mga mag-aaral laban sa pagtaas ng matrikula bilang bahagi ng NPA plot samantalang ang malinaw na ipinakikita nito’y ang pakikipagsabwatan ng mga manghuhuthot na institusyong diploma mills sa pangkating Marcos-Enrile at militarya.

Sa pagnanais na takutin ang mamamayan upang huwag nang tumutol sa mga nagaganap na pagpatay sa mga karaniwang mamamayan at legal na oposisyon, hindi lamang nawalan ng wastong-katuwiran si Marcos at ang militarya kundi lumabag pa sa “due process”. Walang ingat na kinondena

ang mga mamamayan at mga samahan samantalang ni hindi nag-abala si Marcos at ang militarya na magharap ng ebidinsyang nagpapatunay na hindi sila, sa katotohanan, ang may gawa-gawa ng di-umano'y Hulyo-Agostong plano ng NPA.

Mahigpit naming tinututulan ang patuloy na pagpatay sa mga karaniwang mamamayan. Sa kasalukuyang administrasyon, naipagpapakasakit ang buhay ng mga Pilipino; upang patunayan lamang ang pagsasagawa ng ilang balak ni Marcos at ng mga imperyalistang Amerikano upang mapanatili ang kanilang pagpangyarihan.

Sa katotohanan, dumalas ang pambobomba at pagsabog nang matuklasan ng papet na administrasyon ang kawalan nito ng popularidad sa mamamayan sa ilang mga pagkakataon: (1) sa naganap na baha na kung saan tumindi ang galit ng masang Pilipino sa lantarang inutil at bangkaroteng administrasyon; (2) sa talakayan sa Con-Con tungkol sa Ban-Marcos Resolution at ang pananakot sa mga delegado upang huwag itong pagtibayin; at (3) nang ang mulat na sambayanan ay tumugon sa desisyon ng Korte Suprema na nagpahayag na labag sa batas ang pag-aari ng mga Amerikano ng mga lupang agrikultural.

Malinaw, samakatwid, ang tunay na motibo sa mga kaguluhang nagaganap. Ang paghahasik ng terorismo sa Maynila ay isinasagawa upang takutin ang mamamayan nang sa gayo'y isuko ang kanilang mga karapatang sibil at tanggapin ang pamamalakad ng pasistang rehimeng Marcos-US.

Sa harap ng ganitong pananakot at panlilinlang — ang sagot ng sambayanang Pilipino'y higit na pagkakaisa.

LABANAN ANG MILITARISASYON AT MARTIAL LAW!!!  
IBAGSAK SI MARCOS AT ANG KaniyaNG MGA BERDUGO!!!  
MAGKAISA'T LABANAN ANG DIKTADURANG US-MARCOS!!!  
ILANTAD ANG SABWATANG US-MARCOS-LAVA!!!

SAMAHAN NG MGA GURO SA PAMANTASAN (U.P.)  
11 Septiyembre, 1972

## VIGOROUSLY OPPOSE MILITARY RULE!

The recent raids on the headquarters of national democratic organizations and the arrest of some of their members have been conducted just immediately after the series of bombings which President Marcos has linked to so-called subversive elements. In effect the recent raids and arrests escalate the repressive measures being waged by the Marcos administration to meet a false contingency. Indeed, there are indications that the Marcos administration itself is creating an artificial emergency to justify those very repressive measures:

1. Malacañang released to the press the news of the alleged impounding of two carloads of ammunitions, hinting these came from subversive elements;
2. The PC and the Secretary of the National Defense have themselves denied the truth of this allegation;
3. Malacañang has also been responsible for the release of information on a series of kidnappings, alleging that these were conducted by subversives;
4. The supposed kidnap victims themselves have denied this.

And while Marcos and the military have consistently insisted that the series of bombings in Greater Manila were the work of subversive elements, the Manila Metropolitan Police has come up with findings that, on the contrary, these bombings were the handiwork of an extortionist syndicate. One of those arrested in connection with the Carriedo bombing and the aborted Good Earth Emporium bombing was a PC sergeant, a topnotcher in a PC special course on explosives handling.

Objectively, therefore, the conditions in society do not warrant the escalation of military rule that is now being imposed in the country, particularly, in the Greater Manila Area. The activities of the military lately pose a dangerous trend to freedom-loving citizens: the accusation and arrests of so-called subversive element appear to be directed at the legal opposition in the country and against political dissenters – members of the Liberal party, members of the media of the administration, progressive organizations, students, and youth activists. We cannot help but view these trends with concern in relation to the intellectual life of the University and its academic freedom. The areas of dissent in our society are being circumscribed. Our civil rights are being curtailed – it might only be a matter of time before these military incursion into the freedom of critical discussion transgress on the

academic life of the University whose constitutionally guaranteed freedom is interwoven into the fabric of civil rights and democracy.

In the name of the academic freedom of the University of the Philippines and the concept of civil rights to which we are committed, we request President Salvador P. Lopez to convoke the faculty assembly to discuss the implications of recent events and in order to give a collective expression of solidarity with the Filipino people against military rule and the blatant disregard of democratic rights.

SAMAHAN NG MGA GURO SA PAMANTASAN (SAGUPA – UP)  
Sept. 18, 1972



## BUKAS NA LIHAM SA LAHAT NG PILIPINO

Mga Kababayan,

Ang matagal na nating hinihiling na huwag sanang matuloy, ang matagal nang banta ng pamahalaang Marcos na pagdedeklara ng “martial law” o batas-militar, ay nangyari na nga.

Noong Huwebes, Setyembre 21, 1972, ay pinirmahan ng Pangulong Marcos ang Proklamasyon 1081, na nagpapailalim sa buong Pilipinas sa diktaduryang militar. Pagkatapos ng isang kunwari’y pag-ambus sa walang-lamang kotse ni Sekretaryo Enrile noong Biyernes ng gabi, sinimulang isagawa ang malawakang pagsikil sa mga karapatan at kalayaang sibil ng mga mamamayan.

Madaling araw ng Sabado nang lusubin ng mga armadong maton ni Marcos ang mga estasyon ng radyo-telebisyon at ang mga opisina ng diyaryo, at pilitin ang mga ito na huwag magbibigay ng anumang balita sa mga mamamayan. Sa estasyon ng Iglesia ni Kristo sa Quezon City, ang mga security guard ay basta na lang pinagbabaril at isa ang pinatay ng Metrocom, pagkatapos sarhan ang radio transmitter. Tanging ang mga estasyon ng radyo-telebisyon na kontrolado ni Marcos ang naiwang “on the air”.

Sinimulan ding paghuhulihin ang mga kilalang lumalaban sa rehimeng Marcos. Sina Senador Diokno, Aquino at Mitra ay pawang nakakulong na; gayundin ang ilang mga peryodista at kolumnista tulad nina Max Soliven at Ernesto Granada. Nakapiit na rin ang ilan pang lider ng mga aktibista, tulad nina Nelin Sta. Romana at Sonny Coloma ng Kilusang Kristiyano ng Kabataang Pilipino.

Ang lantarang pandarahas na ito ng diktaduryang Marcos ay lumikha ng malaking pagkabahala sa sambayanan. Tayo ang tuwirang napeperhuwisyo ng paninikil ng pamahalaang Marcos. Lalo pang tumataas ang presyo ng mga bilihan, habang mabilis na sinisimot ng mga maykaya ang mga supermarket at grocery. Wala tayong matanggap na balita sa radyo, pahayagan, telegrama at sulat na hindi sinensor ni Marcos at mga tauhan niya. Ang ating paggalaw ay pinipigilan ng “curfew”, mga “checkpoints” at pagkontrol sa transportasyong panlupa, pandagat at panghimpapawid.

Ang mga manggagawa ay kailangang magtiis sa kaapihan, pagka’t hindi maaaring magwelga o magpiket man lang. Ang mga empleyado ng gobyerno ay kailangang sumunod sa lahat ng ipag-uutos ni Marcos, kung hindi’y maaari silang makulong o mapatay. Ang mga mamamayan ay inaalisan ng karapatang mamahayag at tumutol sa anumang gawin ng pamahalaang

militar ni Marcos. Ang sinumang mapagsuspetsuhan ay walang abug-abog na dadakpin at ikukulong, at hindi matutulungan ng diktador na si Marcos.

Bakit pinahihirapan ng pamahalaang Marcos ang mga Pilipino? Ang sagot sa tanong na ito’y alam na ng karamihan sa atin. Nalalapit na ang 1973, na dapat matapos na ang panunungkulan ni Marcos bilang presidente. Gusto niyang manatili sa kapangyarihan, at gusto niyang solohin ang kapangyarihan. Matagal na niyang pinaghandaan ito, at ngayon nga’y pinipilit na niya itong isagawa.

Tuwiran ang pakikipagsabwatan ng rehimeng Marcos sa mga dayuhang kapitalista. Inaprobahan niya ang muling pagtataas ng presyo ng langis at gasolina, at iba pang mga produkto ng mga dayuhan. Pinayagan niyang lumabas ng Pilipinas ang asukal, kahit tayo ang naubusan. Ipinagtanggol niya ang “parity rights” ng mga kapitalistang Amerikano, at ang malayang paggamit ng mga base-militar ng mga Kano sa Pilipinas. Sa madaling salita, nagpapatuta siya sa mga dayuhang interes na sumisipsip sa dugo nating mga Pilipino.

Marami na sa atin, mga kababayan, ang nagigising sa katotohanang ito. Ang mga manggagawa, magsasaka at kabataan ay buong tapang na tumututol sa sabwatang ito ng mga mapagsamantala. Sa kanayunan at kalunsuran ay libo-libo na ang nagkakaisa upang labanan ang rehimeng Estados-Unidos-Marcos. Ang malaking takot sa nagkakaisang mamamayan ang nagtulak sa pamahalaang Marcos na umasa sa kaniyang mga armadong maton sa AFP.

Pinipilit tayong takutin ng mga duwag na mapagsamantalang ito. Ang kabangisan ay ginagamit nilang pantakip sa kanilang tunay na kahinaan. Ano ang dapat nating gawin?

Dapat nating tutulan ang diktaduryang militar ng E.U.-Marcos. Nagkikisay na ang halimaw; ilang matinding dagok na lang at tuluyan na itong mapupuksa. Ang kailangan ngayon ay tibayan natin ang ating loob, palakasin ang ating pagkakaisa at mariing tutulan ang paglabag ng batas-militar sa ating mga demokratikong karapatan. Itakwil ang mga makabagong Hapon!

Paano magagawa ito? Ipasa natin sa iba ang sulat na ito. Kausapin natin ang ating mga kaibigan at kakilala tungkol dito. Gamitin natin ang telepono para maipaliwanag ang mga nangyayari. Maraming paraan; pag-isipan natin.

Sa atin nakasalalay ang pagpapalaya sa ating mahal na bayan, at ang ating pagkakaroon ng magandang kinabukasan!

-- Liga para sa Kalayaang Sibil ng mga Pilipino (LAKAS-PILIPINO)  
Setyembre 24, 1972

## BAGONG LIPUNAN—PANLOLOKO NG REHIMENG EU-MARCOS

Matapos ideklara ang batas militar, paulit-ulit na ibinabalita sa *Daily Express* at mga istasyon sa radyo at telebisyon ng KBS na si Pangulong Marcos daw ay magtatatag ng isang “New Society” o Bagong Lipunan. Sa bagong lipunang ito makakamtan daw ng mga mamamayan sa isang pamahalaang isasakatuparan ang kanilang mga mithiin. Sa bagong lipunang ito makakamit daw natin ang pambansang kaunlarang ipinangako niya noong siya’y mahalal noong 1965 at 1969.

At upang maisakatuparan ang mga layunin ng “New Society” isinasagawa ni Pangulong Marcos ang mga sumusunod:

1. Pagreorganisa ng pamahalaan. Ito raw ay kailangan upang mabago ang ating kabuhayang pampolitika, pang-ekonomiya at pang-sosyal. Ito raw ay mahalaga upang ang pamahalaan ni Marcos ay makapaglingkod sa sambayanan (ginagamit pa niya ang pananalita ng mga pambansang demokratikong samahan) nang hindi masyadong nabibigatan ang mga mamamayan sa buwis. Bahagi rin ng pagreorganisa ang paghuli at pag-alis sa tungkulin sa mga bulok na politiko at tauhan ng pamahalaan.
2. Pagsasakatuparan ng Land Reform Code at pagdedeklara sa buong bansa bilang isang land reform area. Ito ay naglalayong makamtan raw ng mga magsasaka ang lupang nararapat lamang na sa kanila.
3. Paglilipol sa lahat ng mga kriminal sa ating lipunan.
4. Pagpapairal ng isang bagong anyo ng mga mamamayan – maikling buhok sa mga lalaki tulad sa militar at mahabang damit para sa mga babae.

Lahat ng mga pagbabagong itong kabilang sa mga “General Orders”, “Letters of Instruction”, at “Guidelines”, ay maisasakatuparan daw nang mahusay at walang pagyurak o pagsikil sa anumang karapatan ng mga mamamayan.

Subali’t bago tayo lubusang maniwala sa mga sinasabi ni Marcos at Tatad sa *Daily Express*, KBS at VOP, suriin muna nating mabuti ang tunay na kalagayan sa ating kapaligiran bago at matapos ideklara ang Martial Law.

Bago ideklara ang Martial Law nakita natin na ang buong sambayanang Pilipino ay unti-unti ngang namumulat sa katotohanang ang kabuhayang pang-ekonomiya, pampolitika, at pangsosyal ng Pilipinas ay kontrolado at patuloy na pinagsasamantalahan ng Imperyalistang Estados Unidos, ng mga katutubong komprador, at ng pamahalaang pinamumunuan ng

mga naghaharing-uring pinangungunahan ni Marcos. Ipinakita ng mga mamamayan ang kanilang masidhing pagnanais na magkaroon ng isang tunay na pambansang demokratikong lipunan sa pamamagitan ng kanilang sama-samang pagkilos at pagtutol sa bawa't hakbang ng pangkating EU-Marcos laban sa masang Pilipino tulad ng Writ Suspension, Medicare Bill, pagtaas ng presyo ng langis at iba pang bilihin, pambobomba sa Plaza Miranda at Carriedo, pagbubuwag sa mga welga, at iba pa.

Makikita natin na ang pagdedeklara ng Martial Law ay hindi upang mapabuti ang pamumuhay ng mga mamamayan kundi upang pigilin sa pamamagitan ng dahas at panloloko ang pagkakamulat at pagkakaisa ng lahat ng sektor ng lipunang Pilipino. Ang batas militar ay kailangan din upang mapanatili ang kontrol at pagsasamantala ng pangkating EU-Marcos sa sambayanang Pilipino.

Sapagka't malinaw na ang sakim na pakay ng rehimeng EU-Marcos, malinaw din na ang bawa't hakbang ng pamahalaang Marcos ay isang panloloko at dagdag na pagpapahirap sa masang Pilipino.

1. Sa reorganisasyon ng pamahalaan tinanggal niya ang mga kawaning maliliit at mga kaaway niya sa negosyo. Ang mass lay-off ng mga kawaning sibil ay isinasagawa upang matustusan ang mahigit sa P250 M kakulangan sa badyet militar bilang dagdag sa sahod ng mga sundalo. Marami sa mga inaresto ay nasa Crame upang bigyan ng proteksiyong militar laban sa masang Pilipino tulad ng sugar baron na si Antonio Roxas Chua, mga huwad na labor leader Lacsina at Cid, mga mapagsamantalang politikong sina Ablan, Puzon, Crisologo, Imperial, at Bocalan. Kung talagang nais ni Marcos ang isang epektibong reorganisasyon bakit di niya tanggalin sa tungkulin sina Enrile, Diaz at Tanabe na utak ng dimabilang na masaker, pamamaslang, at pagnanakaw at ang mga nasa pamahalaan na malakas at malapit sa kaniya.
2. Ang pagdedeklara sa buong bansa bilang isang land reform area ay isa na namang panloloko sa ating mga magsasaka sa mga kanayunan. Bakit hindi mapaalis ang mga imperyalistang kano sa mga lupaing tulad ng mga base-militar sa Pampanga at mga pananiman ng Dole at Del Monte? Sino ba ang pinakamalaking land-grabber sa Ilocos, Antipolo, Pasig, at Davao? Ang Land Reform Code ay isang batas na maraming butas na lulusutan ng mga nagmamay-ari ng mga malalaking lupaing sinasaka.

3. Lilipulin daw ang lahat ng mga kriminal sa ating lipunan. Sino ang nagnakaw ng milyon-milyong salapi at ginto ng pamahalaan at idineposito sa Switzerland? Sino ang nagnakaw ng Golden Buddha? Sino ang nagpapatay sa mga libo-libong kabataang namamahayag at mga kababayan natin sa Cotabato? Sino ang bumomba sa Plaza Miranda, Carriedo, NAWASA, at City Hall? Malilipol kaya ng pamahalaan ang kriminal na barkadahang Estados Unidos-Marcos?
4. Gustong ibaling ni Marcos ang suliranin ng mga mamamayan mula sa tiyan tungo sa buhok, mga mukhang disente nga tayong lahat nguni't wala namang laman ang ating sikmura. Dapat din daw maging kagalang-galang ang mga kababaihan. Igalang ba nila ang mga kababaihang pinagsamantalahan nila?

Kung ating bibigyan ng pansin ang lahat ng mga nangyayari sa ating kapaligiran lalo nating matutuklasang ang rehimeng EU-Marcos ay gumagawa araw-araw ng panloloko at karahasan laban sa masang Pilipino. Pilit nilang ikinakaila na ang mga militar ang pumuputol sa buhok ng mga kalalakihan. Subali't mismo sa Daily Express noong Setyembre 24, 1972 nakalarawan ang PC Metrocom na may hawak na Armalite na pinuputol ang buhok ng mga pasaherong lalaki sa isang dyip. Sinisikap din nilang ikubli ang kanilang karahasan at pagyurak sa kalayaang sibil sa mga kanayunan kung saan sa Nueva Ecija lamang mahigit na isang libong mga kabataan at magsasaka ang nakapiit sa mistulang "concentration camp" sa Fort Magsaysay.

Hindi maaaring ikaila ng pangkating EU-Marcos na bilang tugon sa kanilang karahasan at panloloko, ang sambayanan ay patuloy na magbabangon, magkakaisa, at sama-samang kikilos upang ilantad at wakasan ang maitim na balak na napapaloob sa New Society ng barkadahang EU-Marcos laban sa masang Pilipino.

Pagsama-samahin natin ang ating mga lakas, kumilos tayo sapagka't sa ating pagkilos lamang makakamtan ang tunay na Bagong Lipunan, ang Pambansang Demokratikong Lipunan.

Liga Para Sa Kalayaang Sibil ng mga Pilipino  
(LAKAS-PILIPINO)  
Oktubre 3, 1972

Pakipasa lamang ang manipestong ito o kaya'y talakayin lamang ang nilalaman ng manipesto sa ating mga kaibigan. Salamat po!

## VIGILANCE AGAINST FASCIST TERRORISM

The KAMP Administration was marred with terrorism and deception – a clear manifestation of its bankruptcy and, as events unfolded, a prelude to the full-scale militarization of U.P. It is well to review KAMP's history of violence.

Last year's presentation of candidates was abruptly ended by a smoke bomb, flying bottles, and stones. Investigations headed by Dean Malay, Ortega's fraternity brod, placed the blame on KAMP, specifically to Salvador Tui, an Alpha Phi Betan.

Barely three hours after the incident, manifestos accusing the SM were distributed at the UP extension in Manila.

*A Free Collegian*, an out-and-out black propaganda, came out, attacking both SM and Dean Malay, the latter for having declared them guilty of the University Theatre smoke bombing.

On the eve of the elections, KAMP junior-fascists splashed slogans purportedly of the national democrats, all over the campus – Mao! Destroy Book worship! Fight Liberalism! – on blackboards, walls, and stairways.

Thus, the KAMP came into power.

Shortly after its assumption of office, the spineless council, passed the infamous 6-0 despite three plebiscites favoring the 3-3, in blatant disregard of the students' will.

On the eve of last year's anti-ROTC rally, 9 activists were mauled and arrested by the "citizen police" (Vanguards) led by one Javier, who was then supposed to have graduated and should be out of UP.

Various tactics were used to install the military in campus. One was the "Jamming" pot session held at the UP Theatre. Later reports refuted the presence of even one UP student among those arrested.

Another was the series of fraternity intrigues and rumbles where the KAMP fraternities played the leading roles in intrigues and instigations.

And the tripartite agreement was forged between Q.C. Police Chief Karingal, Lopez and Ortega, legalizing the entry of the military into this once-sacred campus.

The recent pressure on Bobby Crisol to withdraw from the SM slate clearly manifests Malacañang's direct intervention in this year's campus elections.

A renewed flare-up of fascist-terrorist violence is expected in this year's elections, paving the way for a "justified" militar intrusion in U.P., as a Malacañang junior counterpart in the campus tries to avert a likely debacle.

What guarantees a clean, honest and peaceful elections? Only a vigilant studentry.

STUDENT CULTURAL ASSOCIATION OF U.P. (SCAUP)

Oct. 9, 1972

# “SA MAPANGLAW NA SANDALI NG ATING INANG BAYAN.”

## KATIPUNAN NG MAMAMAYAN PARA SA KALAYAAN

Enero 18, 1973

ITO ANG PINAKALAT NI MARCOS NA “RESULTA” NG “CITIZENS’ ASSEMBLIES.”

### KATIPUNAN NG MAMAMAYAN (CITIZENS ASSEMBLY)

Nayon ng \_\_\_\_\_  
Bayan/Lunsod ng \_\_\_\_\_  
Lalawigan ng Batangas

### KATIBAYAN NG RESULTA NG PANGSANGGUNI

\_\_\_\_\_

Petsa

1. Sangayon ba kayo na ang Citizens’ Assembly o Katipunan ng Mamamayan ang maging saligan ng malaganap na pamahalaan sa pagpapasiya sa mga isyu na pambayan?  
S - Opo, upang palawakin ang saligan ng pakikilahok ng mamamayan sa pamahalaan.
2. Pagtitibayin ba natin ang Bagong Saligang Batas?  
S - Opo, nguni’t hindi naming gusto na magkaroon ng asamblea na ad interim o pansamantala. Kung magkakaroon man, ay hindi na nalolooban ng pitong (7) taon pagkatapos mapagtibay ng asamblea ng mamamayan ang Bagong Saligang Batas.
3. Nais po ba ninyong idaos ang plebesito upang pagtibayin ang Bagong Saligang Batas?  
S - Hindi po, ang boto ng mga asamblea ng mamamayan (Citizens’ Assemblies) ay dapat nang kilanlin ng isang plebesito ukol sa Bagong Saligang Batas. Kapag pinagtibay ang Asamblea ng Mamamayan ang Bagong Saligang Batas, iyan ay aariing pagpapatibay sa Bagong Saligang Batas.
4. Nais ba ninyong magdaos ng eleksiyon sa Nobyembre, 1973 tulad ng itinatadhana sa Saligang Batas ng 1935?  
S - Hindi po. Sawang-sawa na po kami sa napakaraming eleksiyon. Suyang-suya na po kami sa pulitika at sa naaaksayang gugol diyan.
5. Kung hindi magkakaroon ng eleksiyon sa 1973, kailan ninyo gustong idaos ang susunod na eleksiyon?  
S - Pitong (7) taon po pagkaraang mapagtibay ang Bagong Saligang Batas. Ang pagpapaubaya ng ganitong panahon ay kailangan ng Pangulo upang maitayo ang katatagan ng bansa sa ilalim ng kaniyang palatuntunan sa reporma at manumbalik ang normalidad.
6. Gusto ba ninyong magpatuloy ang Martial Law?  
S - Opo, gusto namin na si Pangulong Ferdinand Marcos ay mayroong lalong malawak na kapangyarihan sa pagtupad ng kaniyang tungkulin. Gusto namin siya ay malakas at matatag upang maisagawa ang kaniyang mga reporma at mapanumbalik agad ang katiwasayan sa bansa. Kung ang iba pang mga hakbang ay hindi magtagumpay, gusto naming ideklara ni Pangulong Marcos ang pamahalaang revolucionario na tumutunton sa bagong constitution na walang asamblea ad interim.

\_\_\_\_\_

Pangalan  
Kapitan del barrio  
Barrio

SUBSCRIBED AND SWORN to before me this \_\_\_\_\_ day of \_\_\_\_\_, 1973, affiant exhibited to me his/her Residence Certificate No. A-\_\_\_\_\_ issued at San Luis, Batangas on \_\_\_\_\_.

\_\_\_\_\_

Administering Officer



## SA LAHAT NG PILIPINONG NAGMAMAHAL SA KALAYAAN

KABABAYAN:

Wala nang plebisito.

Wala nang eleksiyon.

Wala nang katapusan ang pagka-diktador ni Marcos — kung susunod tayo sa kaniya, kung papaalipin tayo sa kaniya.

Noong unang ipatong niya sa atin ang martial law, sinabi niyang hindi ito magtatagal. Noong tinanong siya sa TV, sinabi niya sa buong mundo na may halalan sa 1973. Nito lamang nakaraang buwan sinabi niyang igagalang niya ang pasiya ng bayan sa plebisito.

Nguni't anong nangyari? Nang lumitaw na malakas ang vote NO, ay bigla niyang ipinagbawal ang malayang pangangampanya. Ngayon, pinalalabas niyang YES ang NO. Hindi na raw kailangan ang plebisito sa dahilang aprobado na ang konstitusyon. Hindi na raw kailangan ang eleksiyon. Hindi na kailangan ang kongreso. Kahit na ang mga delegadong nagpatuta dahil sa pangakong isasali sa Interim Assembly ay tinadyakan na ni Marcos. Hindi na rin niya kailangan.

Si Marcos na lamang ang kailangan ng bayan? Ito ang ipinalalabas niya sa Daily Express. At tayo pa raw — ang nakararaming mamamayan sa Pilipinas — ang nagpasiya nito sa mga “Citizens’ Assembly”!

Sukdulan na ang panloloko ng diktador na si Marcos! Sinasakal na tayo ay iniinsulto pa! Papatayin ni Marcos ang anumang nalalabing kalayaan at demokrasya dahil sa tayo na rin ang may kahilingan nito!

Nananawagan kami sa sinumang Pilipinong nagmamahal sa kalayaan.  
TUTULAN NATIN AT LABANAN ANG BERDUGO NG BAYAN — ANG DIKTADOR NA SI MARCOS!  
IBANGON NATIN ANG KARANGALAN AT KALAYAAN NG PILIPINAS!

Sa araw na mabasa mo ito, inaanyayahan ka naming magpasiya — tulad ng maraming kapuwa natin Pilipinong nakapagpasiya na. Isumpa nating hindi tayo titigil hangga't hindi nagagapi ang mga kaaway ng bayan at kalayaan.

Bilang unang hakbang, buuin mo ang mga kaibigan at kamaganak mo sa isang lihim na grupo, isang BUKLOD NG KALAYAAN — tatlo o higit na katao. Magpulong kayo at magpasiya. Magplano kayo ng kaagad ninyong maisasagawa — gumawa ng maraming kopya ng pahayag na ito at iba pang mga pahayag, maniktik sa kilos ng mga kaaway at iba pang galamay ni

Marcos, magbuo ng marami pang mga BUKLOD. Maingat kayong makipagugnayan sa iba't ibang BUKLOD na buo na o binubuo pa.

Sa simula ay mukha tayong maliit at mahina. Nguni't alalahanin natin ang pinagmulan ng lumang Katipunan at ang pakikipaglaban sa mga Hapon. Oras na magsimulang kumilos ang bayan, lalaki at lalakas ang ating hanay. Wala man tayong sapat na armas ngayon upang humarap sa mga armas ng Metrocom o PC, sa pag-oorganisa natin at patuloy na pagmumulat sa sambayanan ay makakahawak rin tayo ng baril upang isagot sa mga baril ng diktadurang Marcos. Gipitin man tayo sa Maynila ay malawak ang kanayunan at kabundukan na kung saan natin sa pamamagitan ng hukbo ng mamamayan lulunurin ang mga galamay ni Marcos.

Sa Linggo, Enero 21 sa ganap na alas-dose nang tanghali ay magkakaroon ng isang tunay na asemblea ng bayan para sa kalayaan — isang Kongreso ng Bayan at Misa ng Bayan para sa kalayaan. Dito natin sa ilalim ng bubong ng simbahang Sta. Cruz ilalahad ang ating mga hinaing. Makakasama natin ang ilang tanyag na lider-sibiko, mga delegado, mga komentarista, mga pari at madre na hindi susuko kay Marcos.

Manindigan tayo. Dalhin natin ang ating mga kamaganak sa pagsisimba nating ito sa Sta. Cruz sa Linggo. Ang manahimik na lamang ay isang karuwagan, isang pagsuko sa pang-aalipin, isang pagtraydor sa kinabukasan ng ating mga anak.

Ang bayan nating Pilipinas ay may maningning na kasaysayan sa kabayanihan. Sa harap ng pang-aapi at pambubusabos, ang sagot nating lagi'y pagtutol at paghihimagsik. Panahon na upang magpasiya. Panahon na upang kumilos. Panahon na upang lumaban!

**MABUHAY ANG SAMBAYANANG PILIPINO! IPAGTANGGOL ANG KALAYAAN NG BAYAN!**

January 29, 1973

What has happened to the University of the Philippines after martial law?

- (1) Upon entering the University– checkpoint and inspection at the University Avenue
- (2) Upon entering the Faculty Center, Arts and Science Bldg., Library and Law– inspection
- (3) Policemen in uniform and plain clothes patrolling the AS and FC corridors and comfort rooms, and parking lot, the main street, etc., and eavesdropping in classes
- (4) Informer– students and military– students planted inside classes
- (5) Selected Works of Mao Tse-Tung, Philippine Society and Revolution, books on contemporary China taken out of circulation in the Main Library and other libraries
- (6) Cutting short of study on Philippine and Chinese history in Philippine History and Asian Civilization classes to avoid discussion of “critical” periods like the Philippine situation which would entail the analysis of current political issues
- (7) Janitor-agents with “master keys” proliferating inside FC
- (8) Mysterious robberies and/or forced entries at the FC almost weekly, sometimes nightly
- (9) Impending closure of UP Tarlac for its “subversive” activities
- (10) Reorganization of the University according to the PCSPE plan without democratic discussion of the students, faculty and workers
- (11) Sudden increase in dormitory rates, food prices, tuition fee without any prior consultation with students
- (12) No student organizations, newspapers, activities like symposia, film-showings, teach-ins, etc.
- (13) Arrests of:

F. LANSANG	ISWCD	E. DEVEZA	AS
H. ABAYA	Imc	F. NEMENZO	AS
H. COLOMA	BA	Z. SALAZAR	AS
J. ROCAMORA	ASIAN CENTER	R. DIZON	AS
E. PACHECO	ENGINEERING	L. STA. ROMANA	AS
D. ILIO	ENGINEERING	C. ARIAS	AS
V. MANARANG	AS	D. CALDERON	
R. PUNONGBAYAN	AS	P. CALLANTA	
F. LACANILAO	AS	M. FERIA	AS
C. ROQUE	AS	O. GELVESON	AS

E. ALBANO AS F. de LEON, Jr. AS

- (14) Cameramen taking pictures of "suspicious" students and faculty members
- (15) On-the-spot checks of students

Is this the university we want?

Is there academic freedom indeed under such condition?

Faculty of the University, unite to assert your democratic rights and uphold academic freedom!

#### WHAT CAN BE DONE?

- (1) Organize faculty members, students, friends, and relatives into groups of 3 or 4 to join the just struggle against the Marcos fascist dictatorship
- (2) Solicit financial aid to support the underground movement
- (3) Help in the distribution of propaganda materials
- (4) At all times try to arouse the political consciousness of everyone you know to mobilize them for the resistance
- (5) Coordinate activities with activists and progressive elements in the campus
- (6) Reproduce this paper and pass it on to trusted friends

DILIMAN COMMUNITY AGAINST US-MILITARY DICTATORSHIP

## SA IKAUNLAD NG BAYAN, ISIP ANG KAILANGAN!

### Bakit “NO”?

Tanong : Bakit ako boboto ng NO? Baka arestuhin pa ako.

Sagot : Sekreto ang botohan. Malaya kang sumulat ng anuman.

Tanong: Sayang lamang ang boto ko. Baka ang NO ay gawing OO.

Sagot : Kung tayo ay magbabantay, hindi tayo malalamangan.

Tanong: Bakit NO ang ating iboboto? Hindi ba’t ang konstitusyon na ito ay bago?

Sagot : Ang bagong konstitusyon ay marami pang kakulangan at marami pa din ang maaaring baguhin:

1. Ayon sa transitory provisions, ang pansamantalang National Assembly ay may kapangyarihang baguhin pa ang anumang bahagi ng Konstitusyon.
2. Ayon na rin dito, ang lahat ng “orders, proclamations, instructions, etc.” na ginawa at gagawin pa ng kasalukuyang Pangulo ay kasama sa Konstitusyon.

Bakit pa tayo kinokonsulta, kung ang Konstitusyon ay kayang baguhin pa?

Tanong: Bakit NO ang iboboto? Di ba’t ang Konstitusyon ay para sa mamamayan?

Sagot : Anumang magandang parte ng Konstitusyon, matatali lamang ang bayan sa mga hindi kanais-nais na bahagi nito at sa “transitory provisions”.

1. Bago umiral ang Konstitusyon, mayroon munang transitory provisions. Pansamantala ang pangalan, ngunit maaaring manatili magpakailan pa man.
2. Ayon dito, sosolohin ng kasalukuyang Pangulo ang lahat ng kapangyarihan mula sa kasalukuyan hanggang sa bagong Konstitusyon: kapangyarihan ng Presidente, Prime Minister, Speaker at Commander-in-Chief ng Army.
3. Kaniya pa rin ang kapangyarihang palitan ang sinuman Juez ng Korte Suprema at sinumang opisyal o empleado ng gobyerno. “Casual” tuloy ang labas nilang lahat.
4. Ayon dito, lahat ng delegadong bumoto para sa transitory provisions ay magiging miyembro ng pansamantalang

National Assembly.

- (a) Mapagsamantala ang mga delegadong ito. Sila'y inihalal upang baguhin ang Konstitusyon, hindi upang maging Kongresista.
- (b) Sa suweldo lamang nila ay makukuha na ang bayan. Kasama ng mga Senador at Kongresista, mahigit na 400 silang sasahod ng tig-P60,000 isang tao, hindi pa kasama dito ang walang "limit" na "allowances" nila na maaaring umabot sa P200,000.
- (c) Tapos na ang trabaho nila, ngunit patuloy pa ang suweldo. Tuloy pa rin ito kahit hindi sila tawagin ng Pangulo o Prime Minister para mag-sesyon.

Anumang magandang parte ng Konstitusyon ay pang-akit lamang upang ang transitory provisions ay di natin tanggihan.

Tanong: Kung wala ang transitory provisions, OK ba ang Konstitusyon?

Sagot : Hindi pa rin. Maraming parte ang masama – di dapat tanggapin ng mga nakakaunawa.

1. Ayon sa bagong Konstitusyon, hindi lamang Juez ang pwedeng mag-issue ng search warrant. Kahit sinong opisyal ay pwedeng mabigyan ng gayong kapangyarihan. Lalong madaling pasukin at halughugin ang ating mga pamamahay.
2. Ayon sa bagong Konstitusyon, mas malaki ang karapatan ng dayuhan na magtamasa ng ating likas na kayamanan.
3. Kung papalitan ang sistema ng pamahalaan at gagawing parliamentary na lamang, wala na tayong karapatang maghalal ng ating Pangulo. Mas lalong magiging magastos ang halalan at mas madaling mamayani ang diktadura dahil mas madaling bilhin ang mga delegado.

Tanong: Papaano kung manalo ang boto nating NO?

Sagot : May halalan sa Nobyembre 1973. Ang kasalukuyang Presidente'y di na pwedeng kumandidato. Magiging bago na ang ating Pangulo.

ANG PANG-AABUSO AY IWASAN: TRANSITORY PROVISIONS AY TANGGIHAN!

NO TAYO SA PLEBISITO!!!

NO TAYO SA PLEBISITO!!!

## BAGONG LIPUNAN

Isang “Bagong Lipunan” ang itinataguyod ng pamahalaan. Napakaganda ng lipunang itong inilalarawan. Wala na ngang higit pang magiging kanais-nais kaysa sa lipunang itong nagpapayaman sa mga may-akda at mga tagapagtaguyod nito gayong halos lampas-leeg ang dinadanas na paghihirap ng masang Pilipino.

Sa gitna ng kahirapang dinadanas ng masa, nakukuha pang mag-Bagong Anyo ang Reyna Imelda— tumungo sa Estados Unidos at bumili ng sangkatutak na alahas, atbp., mga dyamanteng nagkakahalaga ng libo-libong dolyar.

Malilinis ang mga daanan sa Kamaynilaan at karatig-pook. Kung gaano kalinis ang mga ito ay ganoon din kalinis ang mga bituka ng masang Pilipino.

Sapat nang katibayan ang mga pagngingitngit at paghihinakit ng masa laban sa pamahalaan upang ituring na huwad ang Bagong Lipunan na inilalarawan sa mga pahayagan at mga programang pantelebisyon at pansahimpapawid na kontrolado ng diktador.

**ILANTAD ANG HUWARANG BAGONG LIPUNAN NG DIKTADOR!**

**IPAGLABAN ANG KALAYAAN AT MGA KARAPATANG SIBIL!**

**IBAGSAK ANG DIKTADURYANG ESTADOS UNIDOS-MARCOS!**

Jan. 1974

1974 marks our second new year under martial law and today, more than ever, do we see the US-Marcos dictatorship buckling down under the heavy weight of the crises it is undergoing. In a desperate attempt to stave off the serious repercussion of these crises on its foundation, the US-Marcos dictatorship is now scrambling for vicious schemes with which to prolong the suppression and exploitation of the Filipino people.

The Filipino people are already reeling under serious inflation, shrinking peso value and skyrocketing prices. Yet, the US-Marcos dictatorship if only to show its subservience to US imperialism had to increase the price of gas a third time since the declaration of martial law giving the Middle East conflict as a convenient excuse.

To complicate matters, foreign investors are being lured into the country with attractive incentives. As a result, foreigners exploit the country's natural resources, make huge profits and take advantage of the cheap labor of the country. The foreign countries then invest only a small capital but rake out enormous profits out of the country in terms of dollars; thus, depleting us of our dollar reserves.

A concrete example is the RP-Japan treaty, an analogue of the Laurel-Langley agreement. By this the Japanese can exploit our natural resources and be paid for it through the profit they get.

The Filipino's share of the country's wealth gets even smaller when funds are channeled to the armed forces to buoy up support for the dictatorship which otherwise would be non-existent.

Trying to deviate the country's attention from the present crises, various socio-economic and cultural "reforms" short of substance are being devised. At one time, we had Samahang Nasyon, certificates of land transfer and Masagana 99 ostensibly to help increase rice production. But where is the rice and low rice price? We are an agricultural country but ironically we don't have enough rice for our people. At another time, we had the "great" sports activities in a frantic effort to whitewash the worsening condition of the military dictatorship. MICAA, Asian trackfest, Asian Cagefest, etc.

Abroad, international objection to martial law has been consistently registered both by Filipino compatriots and foreigners. The gravity of the resentment was such that Tatad had to fly to US to establish the Philippine Office of Information and News Trust (POINT) in order to counteract bad publicity for the New Society.



Hence, we had the Balikbayan scheme which seeks to present a made-up image of the Philippines.

In the face of all these, the Filipino masses have shown their firm opposition to the dictatorship: limited mass actions, underground papers, person-to-person discussion are rampant; on the part of the workers, slowdowns and mass leaving; on the part of the peasants, scores have joined the resistance in the countryside which scored many victories against the puppet armed forces.

The day is not far when will find the Marcos dictatorship six-feet beneath the ground along with the total collapse of US imperialist master in this land.

HERALD THE NEW YEAR BY WAGING OPPOSITION TO THE US-MARCOS DICTATORSHIP!

Ipasa pagkabasa.

## THE REFERENDUM AND THE QUESTION OF CONSCIENCE

WE, Citizens of the Republic of the Philippines, having come from various provinces of Mindanao and Sulu, and having considered and discussed the forthcoming REFERENDUM scheduled for January 30, 1975 (postponed to February 27, 1975), hereby state that:

- 1) Judging from the experiences of the so-called "REFERENDUMS" of January 1973 and July 1973, **it is impossible to have an honest REFERENDUM during Martial Law.**

Hence, in order to have a REFERENDUM that would truly reflect the will of the Filipino people, **it is first necessary to put an end to Martial Law and all its constraints upon human liberty.**

- 2) To have any REFERENDUM **worthy of the name**, the following safeguards must be strictly enforced:
  - a) Free public discussion of the vital issues involved in the REFERENDUM **at least 90 days** before the actual voting.
  - b) Every citizen be given the opportunity to freely express his views, to know the views of others, to discuss these views in private conversation, in public assemblies, by means of printed materials, radio broadcasts, and other forms of communication.
  - c) The entire conduct of the REFERENDUM, including the power to supervise the voting, the canvassing, and the publishing of the results should be entrusted to a non-partisan, reputable body to be manned by three citizens whose reputation for competence, integrity and impartiality must be beyond question.

NOW THEREFORE, having thoroughly studied the present situation, we have come to the conclusion that because the above safeguards to basic human freedom and the sanctity of the ballot are **NOT** present for the forthcoming February 27 REFERENDUM, we hereby declare:

- 1) **That we cannot allow ourselves to participate in another mockery of Democracy**, and hence,
- 2) **That our conscience compels us to BOYCOTT the forthcoming REFERENDUM.**

SIGNED in the City of Cebu, this 9<sup>th</sup> of January, 1975.

Bishop Jesus Varela

Ozamis

Bishop Francisco Claver

Malaybalay

Trinidad	Tagum
Sister Mary Elaine, SPC	Isabela, Basilan City
Sister Mary Incarnation, SPC	Marbel, South Cotabato
Alix Ceferino Gordoncillo	Surigao
Fr. Paul D. Cunanan	Davao City
Sis. M. Fe Mendoza, SPC	Cotabato City
Mary Leon R. Borondo	MISSSA
Arsenio Jesena	Bukidnon
et al.	

APPROVED by the Mindanao-Sulu Secretariat for Social Action, Cebu City, January 9, 1975.

ENDORSED UNANIMOUSLY by the Association of Major Religious Superiors of Men in the Philippines and the AMRS of Women in the Philippines, Bacolod City, January 11, 1975. Also endorsed by the clergy, sisters, and the Bishop of the Imus, Cavite Diocese.

## ANG REFERENDUM AT ANG KONSIYENSYA

KAMI, pawang mga mamamayang Pilipino, na nanggaling sa iba't ibang lalawigan ng Mindanao at Sulu, matapos naming talakayin at pagtalunan ang REFERENDUM na nakatakdang idaraos sa Enero 30, 1975 (Nota — Iniliban ito sa Pebrero 27, 1975), ay nagpapahayag ng sumusunod:

- 1) Batay sa ating naging karanasan sa umano'y "REFERENDUM" noong Enero, 1973 at Hulyo, 1973, napagkilala nating **imposibleng magkaroon ng tunay at tapat na REFERENDUM habang umiiral ang Martial Law.**

Samakatwid, upang magkaroon ng isang REFERENDUM na tapatang maglalarawan sa tunay na niloloob ng sambayanang Pilipino, ang **pangunahing kailangan ay wakasan muna ang Martial Law at ang lahat ng mga paghihigpit nito sa mga kalayaan ng tao.**

- 2) Upang magkaroon ng isang tunay na REFERENDUM, dapat pairalin at sundin nang lubusan ang mga sumusunod:
  - a) Malayang pagtalakay at pagtatalong pangmadla tungkol sa mga importanteng isyung saklaw ng REFERENDUM.
  - b) Bigyan ang bawat mamamayan ng pagkakataong malayang makapagpahayag ng kaniyang mga kuro, makaalam sa mga kuro ng ibang tao, makapagpaliwanagan sa mga kapuwa tao sa salitaang pribado, sa mga pagtitipong pangmadla, sa pamamag-itan ng mga babasahing nakaimprenta, mga broadcast sa radyo, at iba pang mga paraan ng komunikasyon.
  - k) Ang buong pangangasiwa sa REFERENDUM, kasama ang kapangyarihang sumubaybay sa botohan, sa bilangan, at sa paglalathala ng mga resulta, ay dapat ilagay sa kamay ng isang pangkat na mapagkakatiwalaan at walang kulay lapian, na bubuuin ng tatlong mamamayang ang reputasyon sa kakayahan, katapatan at katarungan ay hindi matututulan.

DAHIL DITO, matapos naming mapag-aralan ng lubusan ang kasalukuyang situwasyon, nagkaisa kami sa kongklusyon na, sapagkat ang mga naturang kondisyong kailangan upang mapangalagaan ang likas na kalayaan ng taong-bayan at ang kalinisan ng halalan ay **WALA** sa darating na REFERENDUM na idaraos sa Enero 30 (Nota —Pebrero 27), ipinahahayag namin sa pamamagitan ng Manipestong ito:

- 1) **Na hindi kami makapapayag na makilahok sa isa na namang paglapastangan sa demokrasya;** at dahil dito,

2) **Na iniaatas ng aming konsiyensya na aming i-“BOYCOTT” ang darating na REFERENDUM.**

NILAGDAAN sa Siyudad ng Cebu, ngayong ika-9 ng Enero, 1975.

Obispo Jesus Varela	Fr. Paul D. Cunanan
Obispo Francisco Claver	Sr. M. Fe Mendoza, RGS
Sister Mary Elaine, SPC	Mary Leon R. Birondo
Sister Mary Incarnation, SPC	Arsenio Jesena
Alic Ceferine Gordoncillo	AT IBA PA.

PINAGTIBAY ng “Mindanao-Sulu Secretariat for Social Action” sa pulong na idinaos sa Siyudad ng Cebu, noong Enero 9, 1975.

KINATIGANG walang tutol ng “Association of Major Religious Superiors of Men in the Philippines” at “Association of Major Religious Superiors of Women in the Philippines”, sa pulong na idinaos sa Bacolod City, Enero 11, 1975. Kinatigan din ng mga sisters, clergy, at Obispo ng Imus Diocese.

## **“PRAYER SERVICE” PARA SA IKA-APAT NA ANIBERSARYO NG MARTIAL LAW**

### Pambungad na Awit:

#### PANANAGUTAN

Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang

Walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang

Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa

Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling Niya.

1. Sa ating pagmamahalan at paglilingkod sa kaninuman

Tayo ay nagdadala ng balita sa kaligtasan. (Ref.)

2. Sabay sabay ngang mag-aawitan ang mga bansa  
Tayo'y tinuring ng Panginoon bilang mga anak.

### Panimula:

Ang mga Hebreo ay tinawag ng Panginoon upang tumanggap ng pananagutan, hindi lamang para sa nalikhang daigdig, kundi pati sa kasaysayan; at walang sistemang pang-politiko o pang-ekonomiya man ang makapag-alis sa kalayaang tugunan ang pananagutang ito. Ipinagdiwang nila taon-taon ang kanilang karanasan ng kalayaan, isang paala-ala na ang Diyos ay hindi nagnanais na ang mga tao ay magsawalang kibo na lamang sa ilalim ng rehimeng diktador. Ang Kaniyang kalooban ay manatiling malaya ang tao sa paglahok sa paghubog ng Lipunan.

Ngayon, sa panahon natin, ang katotohanang ito, batay sa Bibliya, ay muling natutuklasan sa pamamagitan ng mga dokumento ng Santa Iglesya laban sa sistemang diktador at pang-aapi sa mga tao.

Dito, sa sarili nating bansa, nararanas natin ang “Martial Law” at ngayon ay inaalaala natin ang ika-4 na anibersaryo-apat na taon ng pang-aapi at pang-yuyurak sa karapatan at dangal ng tao.

Tayo ay naniniwala na sa lahat ng dako ng ating bansa ang mga tao ngayon ay nagpipilit maangkin ang kanilang mga karapatang sila’y tratuhing mga taong may sapat na pag-iisip: saan mang may paglalaban sa mga institusyong yumuyurak sa kanilang pagkatao, saan mang may pakikibaka at pagtanggì pag sila’y ariing mga batang kulang sa pag-iisip, saan mang sila’y nag-nanais magbalikat ng pananagutan para sa kanilang kasaysayan. Sa lahat ng mga lugar na ito sinasabi ng Diyos, “PALAYAIN ANG MGA TAO KO.”

Nawa'y sa pagtitipon-tipon at pag-sasama-sama natin ngayon tayo'y magkaroon ng lakas na maisakatuparan sa ating buhay ang paniniwalang ito.

Pagbati:

- Leader: Panahon na upang gumising sa pagkakahimlay.  
People: Ang kalayaan ay nalalapit na.  
Leader: Magtiwala sa Magandang Balita.  
People: Ang kaharian ng Katarungan at Kalayaan ay nalalapit.  
Priest: Ang pag-ibig ni Hesukristo,  
Ang katarungan ng Panginoon, at  
Ang Kalayaang handog ng Espiritu Santo  
Mapasainyo at sa lahat ng mga Pilipino.  
People: At mapa saiyo rin.

Penitential Rite:

- Priest: Nang tayo'y palayain ni Kristo, ninais Niya na tayo'y manatiling malaya. Sa aming mga pagkukulang dahil sa takot, upang ipagtanggol ang aming kalayaan, Panginoon, maawa ka sa amin.  
People: Panginoon maawa ka sa amin.  
Priest: Kami ay nagpapakasakit at nakikibaka sapagkat umaasa at nagtitiwala kami sa Panginoon. Para sa aming mga pagkukulang, dahil sa aming kahinaan at kawalan ng pag-asa sa pagtitiwala sa iyo, Kristo maawa ka sa amin.  
People: Kristo maawa ka sa amin.  
Priest: Huwag ninyong pabayaang mawala ang katapatan ng inyong pagmamahal sa isa't isa: gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang katangiang tinanggap ng bawa't isa. Para sa aming pagkukulang dahil sa aming pagkalimot at pagka-makasarili sa paglilingkod sa aming kapuwa, Panginoon maawa ka.

PAMBUNGAD NA PANALANGIN:

Ama, sa aming pagtitipon-tipon at pagsasama-sama, ipinagdiriwang namin ang aming pakikipaglaban tungo sa tunay na kalayaan kay Kristo.

Ituwid mo ang aming mga isip at mga puso, tulutan mong dinggin namin ang Iyong tinig na nagmumula sa mga paghihirap at pag-asa, sa mga tao, lalong-lalo na sa mga pinaka-aba at pinakamaliit naming mga kapatid.

Pangunahan mo kami sa landas ng tunay na paglilingkod at pagmamahal na sa ami'y itinuro ng Iyong-Anak.

Palakasin mo kami sa aming paninindigang wasakin ang makasalanang kalagayan at mapang-aping estruktura.

Liwanagan mo kami sa aming gawaing lumikha ng isang malaya, marangal at makatarungang lipunan, upang kami'y mamuhay bilang mga tunay na anak ng kalayaan at nang sa gayon ay ipagdiwang namin ang liwanag ng iyong pakikiisa sa amin, magpakailan man.

Ito'y aming hinihingi sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon.

#### Unang Pagbasa: (Is. 10, 1-3)

Sa aba ng mga gumagawa ng masasamang kautusan at ng mga sumulat ng labag sa katarungan, upang ilayo sa hukuman ang mga maralita at sugpuin ang karapatan ng mga taong aba ng aking bayan, upang pagnakawan ang mga balo at pag-samantalahan ang mga ulila! Ano kaya ang inyong gagawin sa araw ng kaparusahan at ng kapahamakang manggagaling sa malayo? Sino ang lalapitan ninyo sa paghingi ng saklolo at kanino ninyo iiwan ang inyong kayamanan?

#### Salmo Responsoryo:

Leader: Kayong mga nagdaragdag ng bahay sa bahay, nagkakabit ng lupa hanggang sa kadulu-duluhan, kayo lang ba ang tanging nabubuhay sa gitna ng lupain?

People: Sa lahat ng ito, O Panginoon, iligtas mo kami.

Leader: Mapalad ang mga naaapi, tatamuhin nila ang kaharian ng langit.

People: Sa lahat ng mga ito, O Panginoon, nagpapasalamat ang iyong bayan.

Leader: Sa aba ng mga tumatawag sa mabuti na masama, at sa masama ng mabuti, na inaaring dilim ang liwanag, at ang liwanag ay dilim, at inaaring matamis ang mapait, at mapait ang matamis.

People: Sa lahat ng mga ito, O Panginoon, iligtas mo ang iyong bayan.

Leader: Mapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katarungan sapagkat bubusugin sila.

People: Sa lahat ng mga ito, O Panginoon, nagpapasalamat ang iyong bayan.

Leader: Kayong mga nag-aakalang marurunong at inaaring mahinahon ang sarili, sa mga sumasang-ayon sa masama dahil sa mga suhol, at nagkakait ng katarungan.



People: Sa lahat ng mga ito, O Panginoon, iligtas mo ang iyong bayan.  
 Leader: Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa gawang matuwid sapagkat kanila ang kaharian ng langit.  
 People: Sa lahat ng mga ito, O Panginoon, nagpapasalamat ang iyong bayan.  
 Leader: Makibaka hanggang kamatayan para sa katotohanan.  
 Pari: At ang Panginoong Diyos ay makikibaka sa iyong panig.  
 Leader: Ang naghahasik ng kabutihan ay aani ng kasawian.  
 Pari: Ang poot ng Panginoon ay mapapasa Kaniya.

Ikalawang Pagbasa: (Mt 10: 17-20;26;28;32-33)

Mag-ingat kayo, sapagkat may mga taong magkakanulo sa inyo sa mga hukuman; at hahagupitin nila kayo sa mga sinagoga. Dahil sa akin, ihaharap kayo sa mga gobernador at mga hari, at magpapatotoo kayo sa harapan nila at ng mga Hentil. Kapag nililitis na kayo, huwag kayong mabalisa tungkol sa sasabihin ninyo o kung paano ninyo sasabihin. Pagdating ng oras, ito’y ipagkakaloob sa inyo. Sapagkat hindi kayo ang magsasalita kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang magsasalita sa pamamagitan ninyo.

Kaya huwag kayong matakot sa kanila. Walang natatago na di malalantad, o nalilihim na di mabubunyang.

Huwag ninyong katakutan ang pumapatay ng katawan nguni’t hindi nakapapatay ng kaluluwa.

Ang sinumang kumikilala sa akin sa harapan ng mga tao ay kikilanlin ko rin sa harapan ng aking amang nasa langit. Nguni’t ang magtatwa sa akin sa harapan ng mga tao ay, itatwa ko rin naman sa harapan ng aking amang nasa langit.

Panalangin ng Bayan:

People: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.  
 Leader: Para sa mga may kapangyarihan, sibil at militar. Upang kanilang maunawaan na ang kanilang kapangyarihan ay nanggagaling sa mga tao at ang kapangyarihang ito ay gagamitin para sa ikabubuti ng tao at hindi laban sa tao.  
 People: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.  
 Leader: Para sa mga nawalan ng kanilang karapatan at kanilang kalayaan, dahil sa imposisyon ng Martial Law, lalong-lalo na sa mga napipiit o nagtatago upang muli nilang makamit ang kanilang karapatan at kalayaan.

People: Panginoon dinggin mo ang aming kalayaan.

Leader: Para sa ating mga kapatid na Muslim at Kristiyano, lalong-lalo na sa Mindanao at Julu: upang sila’y tumigil ng pakikidigma sa isa’t isa at magkaisa sa pakikibaka sa kasamaan, para sa lahat ng Pilipino at sangkatauhan – kawalang katarungan, kahirapan, at kamangmangan - - -

People: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

Leader: Para sa isang tunay na repormang pangsakahan: para sa tunay na pangangalaga sa karapatan ng ating mga “mahihirap” para sa isang tapat na pagmamalasakit sa kalagayan ng ating maliliit na manggagawa upang sila ay mabigyan ng wastong sahod, para sa pagbabalik ng kanilang kalayaang makapag-organisa at mag-aklas kung kinakailangan; para sa makatarungang halaga at paghahati para sa magsasaka at mangingisda; para sa mga maralitang tagalunsod para sa katarungan at kalayaan; para sa mga “political detainees” para sa pangkalahatang katarungan at karangalan.

People: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

Leader: Para sa ating lahat, manggagawa, mangingisda, propesyonal, lahat ng tao, babae at bata, Kristiyano at di-Kristiyano, upang ang ating karapatang mag-organisa, mag-salita, at kumilos ng malaya ay mabalik sa atin, nang sa gayon ay magamit natin ang ating kalayaan, sa pagbubuo ng sambayanang mapayapa, mapagmahal at nagmamalasakit sa isa’t isa.

People: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

Leader: Para sa lahat ng mga natitipon dito, at para sa sangkatauhan, na tayo’y di lamang manalangin para sa katotohanan at katarungan, kung di kumilos din tayo para sa kanila, na laging gagamitin ang biyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

People: Panginoon dinggin mo ang aming panalangin.

Priest: Panginoon, ito ang mga panalangin ng iyong mga tao, na naghahanap ng pagkakaisa at pagmamahal para sa lahat, na hindi nagnanasa ng pang sariling kapakanan o karangalan, dahil dito ay batid naming pakikinggan mo ang aming panalangin at tulungan mo kaming maging makatotohanan ang aming panalangin.

Ama Namin:

Pagbati ng Kapayapaan: Ipakita nating tayo ay nagkakaisa sa pamamagitan ng paghati ng kapayapaan sa isa't isa.

Katapusang Panalangin:

Ama, winika Mo: Maglakas loob kayo, kayong mga mamamayan. Huwag kayong matakot. (Hq. 2:4-5) Bibigyan ko kayo ng bagong puso at ipagkakaloob ko sa inyo ang bagong diwa. (Ezk. 36:26)

Nawa'y ang biyayang tinanggap namin ay magbigay ng bagong lakas sa kaluluwa at katawan upang ipahayag at isagawa ang pagpapanumbalik, pagpapairal, at paggalang sa tunay na kalayaan, katarungan at dangal ng mga Pilipino at ng lahat ng tao.

Pangwakas Na Awit:

ANG BAYAN KONG PILIPINAS

Ang bayan kong Pilipinas  
Lupain ng ginto't bulaklak  
Pag-ibig ang sa kaniyang palad  
Nag-alay ng ganda't dilag  
At sa kaniyang yumi at ganda  
Dayuhan ay nahalina  
Bayan ko binihag ka  
Nasadlak sa dusa.

Ibon mang may layang lumipad  
Kulungin mo at pumipiglas  
Bayan pa kayang sakdal dilag  
Ang di magnasang makaalpas  
Pilipinas kong minumutya  
Pugad ng luha't ko't dalita  
Aking adhika  
Makita kang sakdal laya.

Kay hirap mabuhay sa sariling bayan  
Kung ika'y alipin ng mga dayuhan  
Ang bayang sinisiil  
Bukas ay babangon din  
Ang silanga'y pupula  
Sa timyas ng paglaya.

## IPAGTANGGOL ANG BUHAY

“Kung nais mo ng kapayapaan, ipagtanggol ang buhay.”

Iyan ang tema ng Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan sa taong 1977 na sinimulan ni Papa Paulo VI. Magandang pakinggan. Mahusay na tema. Subalit walang kabuluhan kung hindi maiuugnay sa mga kongkretong pangyayaring nagaganap sa ating kapaligiran.

Kapayapaan! Buhay! Sino ba ang hindi nagnanais ng mga iyan?

Sa ilalim ng kasalukuyang Batas Militar, 95% mamamayang Pilipino ang pinagkakaitan ng karapatang ipagtanggol ang buhay at kapayapaan. Talamak sa ngayon ang kahirapan. Malala na talaga ang krisis pang-ekonomiya. Higit sa lahat, ibayong panlililang at pananakot ang sagot ng pamahalaan sa daing ng taumbayan. Kongkreto itong masasaksihan sa kalagayan ng mga sumusunod na sektor.

Ang mga maralitang tagalunsod. Winawasak ang kanilang bahay nang walang makataong relokyon. Hindi sila isinasama ng pamahalaan sa mga pagpapalano ng mga proyektong nakakaapekto sa kanila. Sila ang mga Pilipinong “squatters” sa sarili nilang bayan.

Ang mga mag-aaral. Pinipigilan silang makisangkot sa mga makabuluhang pangmasang pagkilos; mahigpit sa sini-sensura ang mga pahayagang pangkampus at pinagbabawalang magbuo ng mga tunay na konsehong pang-mag-aaral.

Ang mga manggagawa. Hindi sapat ang tunay na sahod nila upang tugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan. Inalisan sila ng seguridad sa trabaho at ipinagbawal ang kanilang karapatang magbuo ng mga sariling unyon at ang karapatang magwelga.

Ang mga relihiyoso. Sila ay tinatakot, ibinibilanggo, idinideporta sapagkat itinataguyod nila ang pagkamit ng kalayaan, katarungan, at paggalang sa dignidad ng taumbayan bilang bahagi ng kanilang pagkilos at pananampalataya.

Ang pambansang minorya. Patuloy silang tumatanggap ng banta ng pagpapalayas mula sa mga mang-aagaw ng lupa at ng bantang relokyon bunga ng mga proyekto ng pamahalaan.

Ang mga magsasaka. Naghihirap sila ngayon dahil sa lubhang nakapipinsalang hatian-ng-ani sa kabila ng ipinagkakalat na reporma sa lupa ni Marcos.

Ang mga batilyos. Sila, ang sa kasalukuyang panahon, ang mga kagyat na suliraning hinaharap kaugnay ng pagbubukas ng Philippine Fisheries

Port Project sa darating na Enero 15, 1977. Sa pagbubukas nito, libo-libong mamamayan ang maaapektuhan. Ang mga batilyos ay mawawalan ng mga trabaho at sila ay papalitan ng mga makabagong makinarya. Ang kanilang mga tirahan ay tatanggalin upang bigyan-daan ang pagbubukas ng naturang proyekto.

Sa harap ng ganitong kalagayan, ang Samahan ng Nagkakaisang Batilyos, Samahang Pangnayon at iba pang sektor na apektado ng proyekto ay MAHIGPIT NA TUMUTUTOL SA PAGBUBUKAS NG PHILIPPINE FISHERIES PORT PROJECT.

Hahayaan na lamang ba nating dahan-dahang makitil ang buhay ng ating mga kapatid? Magsasawalang-kibo na lamang ba tayo sa harap ng ganitong mga pangyayari?

IPAGTANGGOL ANG BUHAY!

IPAGLABAN ANG DEMOKRATIKONG KARAPATAN!

PAIGTINGIN ANG PAGKAKAISA NG MGA MANGGAGAWA,

MAG-AARAL, MARALITANG TAGALUNSOD, MAGSASAKA,

RELIHIYOSO, PAMBANSANG MINORYA AT IBA PANG NAAPING

SEKTOR NG ATING LIPUNAN!

ALISIN ANG BATAS MILITAR!!!

\*\*\*\*\*

Dumalo sa isang SIMPOSIYUM sa Linggo, Enero 9, 1977, 2:00 ng hapon sa Sacred Heart Parish ng Kamuning, Scout Ybardolaza Kamuning, Lunsod Quezon.

KAILANGAN KA NG IYONG KAPATID. KAILANGAN KA NG ATING BAYAN!!

## THE MARTIAL LAW REGIME IS CRISIS-RIDDEN!!

April 18, 1977

At no time as today has the Marcos regime been so threatened. The problems it has tried to keep at bay are on rampage.

In the economic sphere, external debt has risen to \$5.6 billion. Balance of payments deficits for 1977 is projected to hit \$200 million, excluding Central Bank borrowing to jack up reserves. Addicted to borrowing, the regime continues to importune loaning agencies for more money. This has prompted US ambassador William Sullivan to issue a warning that the Philippines is nearing the 20% borrowing limit. Hot denials by NEDA chief Gregorio Sicat merely served to underscore the regime's plight.

The budget for 1977 is short by P3.5 billion, while the spectre of another devaluation of the peso looms larger in the horizon. A sure indicator of this financial squeeze is a recently announced BIR crackdown on millionaire tax evaders — a group the regime had previously amnestied.

Despite this, non-productive entities like the military get top cuts in the budget. The country's sugar economy has crashed. Fourteen thousand hotel rooms are virtually empty — the massive amount of money poured into them gone down the drain.

Martial law created the political atmosphere for a beautiful and wonderful relationship. Pres. Marcos through his unlimited powers widened the floodgates of our economy to the ravages of US multinational corporations. The US, on the other hand, strengthened the repressive martial law apparatus by flooding the regime with tremendous military and economic aid.

However, both partners know that political repression, if carried long enough will lead to a rapid development of political consciousness and nationalism. To avert a Nicaraguan experience to happen in this part of the Pacific, the ruling elite and the behemoths of global capitalism realized the pressing need to “relax” the tight political atmosphere.

But before they “scrap” martial law, the political machinery must have to be perfected. And after eight years, the task of institutionalizing dictatorship has been completed. There is no more need for the “emergency measure”. Because even if the Chief Executive “erases” martial law, he will continue to enjoy tremendous powers.

For according to the martial law-framed 1973 Constitution, even with the termination of the “crisis situation”, the incumbent head of the state will still control the reins of the government as President, Prime Minister and



Commander-in-Chief of the AFP. Amendment 6 of the Constitution also empowers the President to make laws even after the lifting of martial law. But even if he does not avail of such legislative grant, everybody knows that what the man in Malacañang says the Batasan does.

Thus the military, the bulwark of the martial law government, will continue to play a formidable role. For how can we expect the military to retreat to the sideline when many of them now occupy strategic posts in the government and business corporations: when parliamentary units and a sophisticated network of intelligence units now penetrates all aspects of our political life?

The lifting of martial law does not likewise mean the restoration of the people's democratic rights and freedom.

Where is press freedom when the various media councils will continue to operate as "regulatory" bodies empowered to issue and revoke licenses of publications and broadcast stations? Or even if media councils are to be abolished, can we expect a vigilant and "responsible" press when the entire media industry is owned and controlled by relatives and cronies of the Chief Executive?

Where is freedom of speech and due process of law when persons arrested for crimes of "subversion, rebellion, sedition, unlawful use of publication, public alarms and scandals", whether innocent or not, cannot avail of our courts for freedom?

Where is the right to personal security and the liberty of abode when anybody suspected of "subversion" can be subjected to arbitrary arrests and detention and unreasonable searches and seizures?

How can the workers unshackle themselves from the chain of low wages and subhuman working conditions when their legitimate right to strike (at least in vital industries) will continue to be suppressed?

The tragedy is that the reality of martial law will not end with its lifting.

We must always keep in mind that martial law is only an aspect of a larger problems. It is the result, not the cause. In fact, even the total dismantling of the martial law apparatus will not mean the ultimate panacea to the problems confronting the Filipino people. The structural control of foreign monopoly capitalist and their local allies of our economic systems stands as the fundamental problem of our society.

LEAGUE OF COLLEGE COUNCILS  
Student Council Members:  
College of Arts and Sciences  
School of Economics  
College of Engineering  
College of Fisheries  
College of Law  
Institute of Social Work and Community  
Development  
College of Home Economics  
Institute of Mass Communication

The Lifting of Martial Law  
(a TRIBUTE)

- MILITARY(ZATION) STILL EXIST FOR THE REGIME TO RELY UPON
- ALWAYS OUTNUMBERED BUT NEVER OUTFOUGHT IN THEIR  
GALLANT  
REPLY
- RIGHTS, CIVIL AND HUMAN, ARE DENIED FROM THE MASSES OF  
PEOPLE
- TO JUST GIVE WAY TO "TRIPARTITE" POWERS OF N<sup>th</sup> MULTIPLE
- IMPERIALISM CAUSES AND MAINTAINS THE COUNTRY'S ECONOMIC  
DEPENDENCY
- ADVOCACY OF THE FEUDAL SYSTEM WORSENS SOCIAL INEQUALITY
- LONG TERM PROGRAMS DECORATE THEIR SO-CALLED "NATIONAL  
DEVELOPMENT"
- LAND REFORM IMPLEMENTATION APPEALS TO THEIR IDEA OF  
"TENANT UPLIFTMENT"

A ALWAYS INTRODUCING TECHNOLOGY BUT ALL ENDS UP IN  
BANKRUPTCY

W EALTH OF COUNTRY? WHY DON'T WE INVESTIGATE THE  
BUREAUCRACY?

L IE!  
I LLUSION!  
F RAUD!  
T RAP!  
E XPLOITATION!  
D ECEPTION!

## PAHAYAG NG SAPUL SA PAG-AALIS NG BATAS MILITAR

Nitong mga nagdaang araw, sunod-sunod na pahayag ang binitiwang Pangulong Marcos tungkol sa aniya’y “pag-aalis ng batas militar” bago matapos ang Enero. Ayon sa kaniya, aalisin na rin ang mga restriksiyon sa kalayaang sibil at ilang kapangyarihang “pangkagipitan” tulad ng kapangyarihang magpatibay ng batas, na kaniyang hinawakan sa ilalim ng Proklamasyon Blg. 1081. Ang mga hukumang militar daw ay bubuwagin at lahat ng mga kasong dating isinusumite rito ay ipapasa sa mga hukumang sibil. Maraming detenidong pampulitika ang palalayain; aalisin ang mga presong militar at lahat ng nananatiling nakabilanggo ay ililipat sa pambansang piitan. Nangako si Marcos ng ganap na normalisasyon sa bansa habang muli niyang binubuhay ang ilang beses nang nabigong panawagan niya para sa “pambansang pagkakaisa at pagkakasundo”.

Hindi mahirap makita na ang “pag-alis” sa batas militar na ito ay isa na namang panibagong panlilinlang sa mamamayan. Ang ipinangangalandakan niya ng ilang kapangyarihang magpatibay ng batas ay paimbabaw at walang katuturan. Walang pagkakaibang malilikha sakaling ang kapangyarihang ito ay ganap na ipasa sa tinatawag na “interim batasang pambansa” na lantad na sa lahat ng isang huwad na lehislatura at instrumento ng rehimen. Dagdag pa, ang Amyenda Blg. 6 sa Saligang Batas ng Pilipinas at magpairal ng batas sa “kalagayang gipit” o sa sitwasyong sa kaniyang paghuhusga’y hindi mabisang makakaangkop ang “interim batasang pambansa”.

Sa esensya ang kapangyarihang awtokratiko ng rehimen ay hindi mababago. Patuloy ang pagkawala ng tunay na demokrasya sa bansa. Wala ring binabanggit tungkol sa di-pantay na pakikipagkasunduan ng Pilipinas sa E.U. at sa iba pang imperyalistang bansa. Ang “pag-alis” ng batas militar ay hindi rin magbibigay solusyon sa di-makataong katangian ng piyudal na sistemang pagsasaka sa bansa, habang patuloy ang pagpapasasa sa yaman ng mga naghaharing-uri sa pagod at hirap ng nakararami.

Samakatwid, ang “pag-aalis” ng batas militar ay huwad, walang katuturan, at hindi nagbibigay-solusyon sa saligang suliranin ng bansa. Hindi magtatagumpay ang panlilinlang na ito ng rehimen, hindi habang panaho’y maloloko ang sambayanang Pilipino, hindi habang panaho’y magsasawalang-kibo ang mga Pilipinong sinasamantala ng sistemang mapang-api.

ILANTAD ANG HUWAD NA PAG-AALIS NG BATAS MILITAR.

ISULONG ANG PAKIKIBAKA PARA SA PAMBANSANG KALAYAAN  
AT DEMOKRASYA.

— Samahan sa Agham Pampulitika

## MARTIAL LAW LIFTED TODAY(?)

Enero 17, 1981. Sabado. Pag-gising mo pa lang hinanap mo na ang pang-umagang pahayagan. Parang walang anumang binasa mo ang naglalakihang mga titik na biglang bumalandra sa harap mo.

Bukod sa bahagyang pagtataas ng kilay wala ni anumang emosyon ang nabakas sa iyong inaantok pang mukha. Para bagang sanay na sanay ka nang makakita ng ganoong balita. Bago pa man sumapit ang araw na iyon, kung ilang balita tungkol sa “normalisasyon” na ang iyong nabasa. Tuwing tataas ang presyo ng langis o tuwing may malaking gulo ay bigla na lang sisingit ang balitang kesyo babalik na raw tayo sa normal na sitwasyon (abnormal kung gayon sa kasalukuyan). Kesyo ito palang si Koyma ay maawain at talagang aalisin na ang batas militar. Kesyo malapit na nga raw talagang aalisin na ang batas militar. Kesyo malapit na raw talagang tatanggalin ang batas militar. Kesyo kung ano-ano pang mga nakakasawa nang kalokohan. Tila malamig na tubig na ibubuhos sa ‘yo kapag ika’y biglang nag-iinit (sa galit).

Kaya sa umagang iyon, hindi na kataka-taka kung hindi ka man magulat sa mga nakahilata na titik ng balitang pormal na “pag-aalis” ng batas militar. Pero sa loob-loob mo naguguluhan ka at nagtatanong. Parang gusto mong maniwala na tunay nang inalis ang Proc. 1081, pero alam mong hindi ito totoo. Alam mong hindi ito pwedeng alisin. Ang tusong matsing ay tusong matsing (lalo’t kung ito’y lagang unggong ng isang dambuhalang tulad ni Uncle Sam). Sapat na ang walong taon ng Proc. 1081 upang mabatid na ang lahat ng idineklara (idinikta) ng rehimeng US-Marcos ay walang nagawa at magagawang mabuti sa mga kababayan mong patuloy na lumulubog sa kumunoy ng implasyon (17%-IBON Sept. 30, ’80), kawalang hanap-buhay (1,500 manggagawa sa Timex ang na lay-off noong 1980, Business Day July ’80), standing debt (\$11,049, IBON Sept. 15, ’80), kababaan ng sahod (minimum wage – P13.50), misappropriasyon, PD 823 (ban sa welga), harassment, demolisyon, sex tours, torture, salvaging at napakarami pa. Ang Proc. 2045 na pormal na “nag-alis” sa batas militar ay hindi na rin naiba sa mga PDs na hindi na mabilang-bilang sa dami. Hungkag. Anti-mamamayan. Nagsisilbi lamang sa interes ng ilang naghahari at ng mga dayuhang may malaking puhunan dito.

Tunay na isyu? Imperyalismo—ang paghihimasok at pagkontrola ng mga dayuhan sa ekonomia, pulitika, at kultura ng isang maliit na bansa (hal. Estados Unidos sa Pilipinas). Peudalismo—ang pagkakaroon ng malalaking panginoong maylupa na umaalipin sa mga magsasaka upang higit na

mapagsilbihan ang interes ng imperyalista at mga lokal na kakutsaba nito (komprador-panginoong maylupa) sa pamamagitan ng paggawa ng mga batas na nagsisilbi sa interes nila. Ang pinakamarahas na anyo ng Burukrata-Kapitalismo ay ang paggamit ng dahas upang supilin ang tumututol na sambayanan (ito naman yung pasismo).

Parang ang bibigat naman ng mga iyon, ano? Puro ismo. Mapapakamot ka marahil ng ulo kung naririnig mo ang ganitong mga pananalita. Sobrang bigat. Pero hindi ka naman talaga dapat pang mag-pakagulo sa sangkatutak na ismo. Magmasid ka lang sa paligid mo mauunawaan mong walang nagawa ang walong taon ng Proc. 1081 at lalong walang magagawa ang “pag-aalis” dito. Marami pa rin ang nagugutom, nagtitiis sa tagpi-tagping yero’t karton na barong-barong sa pusali ng “city of man”, namamatay na luwa ang mata sa gutom (kahit pa nga green revolution, family planning at kung ano-ano pa), dumaranas ng maka-hayop na uri ng pamumuhay. Sa loob-loob mo pareho kayo ng ibig sabihin ng aktibista mong kaibigan. Ang kaibahan nga lang ay mas militante ang iyong kaibigan (naipapaliwanag niya ang mga isyu at lumalahok siya sa mga aksyong masa). Organisado rin at kumikilos ng tila may malinaw na patutunguhan ang iyong kaibigan. Samantalang ikaw, hanggang pagmamasid ka lang. Madalas tinatanong ang sarili kung kasama ang mga kabarkada naglalabas ng sama ng loob at galit sa ganitong sistema (pabulong pa at baka may kung sinong elemento ang makarinig). Alam mong may mali sa lipunan, at alam mo rin kung bakit may mga ganitong katiwalian, pero magulo pa rin sa ‘yo ang kasagutan. Gusto mong kumilos, pero saan ka magsisimula. Dati-rati kasi nung hindi mo pa binibigyan ng pansin ang mga panlolokong dumaraan sa ‘yong harapan, matiyagang ipinaliliwanag ng iyong kaibigan ang mga nararapat gawin upang mabago ang ganitong lipunan. (Pero ano nga ba namang kritikal na panunuri ang papasok sa utak ng isang “martial law baby” na walang alam kung hindi mag-disco, mag-CB o nang isang Pilipino na kay tagal nilason ang isipan ng daan-daang taon ng kolonyalismo at pagiging peudal ng mga Kastila ang mas bagong neokolonyalismo ng mga Kano. Pero ngayong natauhan ka na, wala na ang iyong kaibigang matiyagang magpaliwanag. Sa huling liham sinabi niya na nasa pakikibaka sa kabundukan at kaparangan ang pag-asa ng mga susunod sa henerasyon at sana raw magkita kami kapag naglaho na ang mga usok ng punlong umatas sa mga kalaban ng bayan. Kapag umiral na ang pambansang demokrasya.

Pebrero 5, 1981, Huwebes. Sa pagtanggap mo sa pahayag na ito, higit sanang maging malinaw ang mga hakbang na gagawin mo sa saligang

pagbabago ng lipunang Pilipino. Sana'y maging malinaw na hindi mo pwedeng baguhin mag-isa ang mundo. Kailangan makilahok ka sa pakikibaka ng mas malawak sa masang Pilipino. Maging malinaw rin sana ang mga adhikain ng rebolusyonaryong kilusan.

Lumilitaw sa pagsusuri ng kasaysayan at ng mga kasalukuyang pangyayari na may tatlong batayang problema sa ating lipunang mala-kolonyal na ay mala-peudal pa – imperyalismo, peudalismo at burukrata – kapitalismo. Sapagkat nakabaon ang mga ito sa mismong ugat ng lipunan at sapagkat hindi ipagkakaloob ng mga naghahari-hariang uri ang kapangyarihan sa isang matahimik na pakikipag-usap, kinakailangang ang masang Pilipino na mismo ang puwersahang lumutas sa imperyalismo, peudalismo at burukrata-kapitalismo. Sa kasalukuyan, ilulunsad ang isang digmang bayan ng malawak na hanay ng uring anak-pawis upang pabagsakin ang mga salot ng lipunan at upang maitayo ang isang lipunang malaya. Itinataguyod ng digmang bayang ito ang mga makabayan at demokratikong karapatan ng mga Pilipino – kalayaang magsalita, mamahayag, mag-organisa, mag-pulong, manampalataya at pambansang pagpapasya sa sarili.

Kinikilala ng rebolusyonaryong kilusan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang matatag at malapad na prenteng pambansang demokratiko. Lahat ng anti-imperyalistang demokratikong puwersa ay pinag-iisa ng rebolusyonaryong kilusan upang mapabagsak ang diktadurang pasistang E.U.-Marcos. Inilalantad at tinututulan ng prenteng ito ang tunay na may pakana na kahirapan ng bayan—ang imperyalismong E.U.

Upang mabaka ang pag-iral ng peudalismo itinataguyod ang isang tunay na reporma sa lupa kung saan mapapalaya ang uring magsasaka sa pagkakatali nito sa peudal na pagsasamantala.

Sinusuportahan din ng rebolusyonaryong kilusan ang pambansang minority sa kanilang pakikibaka para sa sariling pagpapalaya at demokrasya. Mahigpit na ikinukundina ang sistematikong pagpatay ng bayarang militar sa mga kapatid nating minority.

Ang krisis pang-ekonomiya na lumalapa sa sambayanan ay hindi lamang sanhi ng mga krisis ng pandaigdigang kapitalistang sistema, kundi pati na rin ng mga sobrang kapritso ng pasistang militar-Marcos. Sa pagpapabagsak ng tatlong saligang suliranin magagawang mapaunlad ang kabuhayan ng mga mamamayan at mapangangalagaan ang kapital ng bansa laban sa dayuhang monopolyo-kapitalismo.

Nilalabanan ng ngipin sa ngipin ang pag-iral ng kolonya, peudal at pasistang kultura at ibayong pinaunlad ang isang makabayan, siyentipiko at

makamasang kultura.

Ang lahat ng ito'y mahalaga sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Ngunit kung wala ang masugid na pagsangayon, suporta at ibayong pakikilahok ng masang Pilipino sa armadong pakikibaka at sa rebolusyonaryong kilusang masa magiging mahirap ang landas ng paglaya.

Sa tagumpay ng rebolusyon nararapat makapagtayo ng isang pamahalaang kuwalisyon na kinikilala sa lahat ng mga puwersang nagpabagsak sa pasistang diktadurang E.U.-Marcos at pagbibigay sa kanila ng pagkakataong makilahok sa mga pampulitikang gawain.

Nararapat ding litisin ng sambayanan ang mga kasampakat ng pasistang papet para sa kanilang mga kasalanan at krimen laban sa mga mamamayan at pagkatapos ay malapatan ng karampatang kaparusahan.

Nililinaw rin na ang pakikibaka ng mga Pilipino ay hindi hiwalay sa pakikibaka ng iba pang naaaping mamamayan ng mundo. Kaya't mahalaga na makipag-isa at makipagtulungan tayo sa lahat ng rebolusyonaryong mamamayan ng mundo upang mapalaya ang sandaigdigan sa tanikala ng imperyalistang pang-aapi at pag-sasamantala.

Masarap isipin na ang sambayanang Pilipino at ang lahat ng iba pang nabubusabos ngunit ngayo'y lumalabang tao sa mundo ay patuloy na umaani ng tagumpay sa kanilang anti-imperyalistang armadong pakikibaka. Unti-unting lumilitaw ang lakas ng uring proletaryado sa paghugis ng kasaysayan. Tiyak na ang tagumpay at nababanaagan na ang bandilang pula ng maaliwalas na bukas.

(BANDILANG PULA, Rebolusyonaryong pahayagang masa sa Pamantasan ng Pilipinas, Enero 30, 1981). Kabataang Makabayan



## **“BAGONG REPUBLIKA”: BAGONG GIMIK (O, PASISMONG LALONG PINATINDI)**

Sa tugtog ng awiting “Aleluya”, pinasinayahan sa ikatlong pagkakataon si G. Marcos bilang presidente ng Pilipinas noong Hunyo 30, 1981. At magarbong iprinoklama ang pagdating ng “bagong republika”.

Ngatal sa galit ang mamamayang Pilipino. Anong “bagong republika”? Ang mga bagong krimen, ang mas malubhang krimen, ng rehimeng E.U.-Marcos sa mga mamamayan?

Aleluya, para saan?

Para sa mga masaker, tulad ng naganap sa Daet, Camarines Norte noong Hunyo 13? Apat ang patay, 40 iba pang nasugatan nang paputukan ng PC ang raling boykot na noo’y isinasagawa.

Para sa pahaba nang pahabang listahan ng pamamaslang, tortyur, at “salvaging”?

Para sa mga pang-aaresto at pagbibilanggo sa malabong paratang na “subersyon”, tulad ng ginawa kay Padre Pepito Bernardo sa Baler, Aurora at sa dalawang tauhan ng Simbahan sa Cabagan, Isabela noong Agosto 15?

Si Padre Bernardo ay trinatang kriminal, ang kaniyang ulo’y pilit na inilubog sa kubeta upang “pagtapatin” at kinasuhan batay sa gawa-gawang ebidensiyang itanim sa altar ng simbahang kaniyang pinaglilingkuran. Ang dalawa nama’y ikinulong, pinagkaitan ng “due process” at isang linggo ang lumipas bago sila natagpuan.

*PAGDOBLE, PAGTRIPLE NG PASISMO.* Kung may bago man sa “bagong republika”, ito’y ang pagdoble, pagtriple ng dating kalupitan, ang “pagpapaganda” sa dating mga estruktura, ang pagpapatindi at pagsisistematisa sa mga dating patakaran. Lisang salita ang tanging makapagpapahayag sa lahat ng ito: PASISMO, ang dating pasismong ginawang mas masahol at matindi.

Bunga ang pasismo ng krisis sa kabuhayan, ng ibayong pagmonopolisa at pagsasamantala sa larangan ng kabuhayan. Ang kalupitang militar ay rurok ng pasismo pero lamang ito ang kaniyang mukha. Pasismo rin ang sistematikong pagkontrol sa mga tao sa pulitika, ang pagpapakilos sa mga barangay halimbawa, at ang pagkontrol sa kanilang kaisipan. Lahatangpanig ang epekto ng pasismo. Tumatagos ito sa kabuuan ng lipunan.

Biktima tayo ng pasismo noon pa man. Pinatindi lamang ito nang ipataw ang isang lantarang diktadura noong 1972. Ngayon, sa “pag-aalis” ng batas militar at pagpoproklama ng “bagong republika”, ito’y lalong pinatitindi at

higit pa, ginagawang permanenteng institusyon sa bansa. Dati’y ibinabando ang pasismo bilang isang “hakbanging pangkagipitan” ng isang “pang-krisis na gobyerno”. Ngayon, pinatatanggap ito sa atin bilang “normal” na bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay. Takip-silim noon. Ngayo’y hatinggabi na.

Si Hitler at ang kaniyang mga kakulay, na pawang mga kinatawan ng malaking burgesya sa kanilang mga bansa, ang nagpakilala ng pasismo sa daigdig nang pasimulan nila ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa digmaan sa pananakop ng ibang bansa nila inihanap ng solusyon ang problema ng kanilang bansa sa kabuhayan at pulitika. Para ito magawa, mahigpit nilang kinontrol ang kanilang kababayan na labis din nilang sinamantala para tumaas nang todo ang produksyon. Ang mga sumalungat o pinaghihinalaang sumasalungat ay pinatay na lamang at sukat o dili kaya’y pinarusahan sa makahayop na paraan sa mga *concentration camp*.

*PASISMO AT IMPERYALISMO.* Kaiba ang pasismo, *Philippine-style*, sa Nazismo ni Hitler dahil ang ating bansa ay hindi imperyalista. Sa katunayan tayo ang alipin ng imperyalismo—ng imperyalismo ng Estados Unidos. Ang pasismo sa Pilipinas ay bunga ng imperyalistang dominasyon at pagsasamantala.

Gumigiray sa ekonomiya at humihina at nabubukod sa pulitika, kahit na siya pa rin ang numero unong *superpower* sa daigdig, pinatitindi ng Estados Unidos ang pagsasamantala, ang paghuthot ng mas malaking tubo, sa kaniyang mga mala-kolonya. At muli nitong pinalakas ang kaniyang makinaryang pandigma para patuloy na makapaghari sa kaniyang saklaw ng impluwensiya sa harap ng agresibong pagkilos ng kaniyang karibal na *superpower*.

Subalit ang pagpapahigpit na ito ng imperyalistang dominasyon ay sinalungat ng malalakas na kilusang mapagpalaya ng mga mamamayan. Kaya’t itinayo ng Estados Unidos ang mga diktadura sa mga bansang ito. Tignan ang timog Korea, ang Taylandya. Pinalitaw ng Estados Unidos ang mga tirano, mga Hitler na tipong mala-kolonyal.

Subalit kinondena ng buong mundo at ng mamamayang Amerikano mismo ang mga diktadurang itinataguyod ng Estados Unidos. Ngayo’y pilit na ginagawang “lehitimo” at “demokratiko” ang mga ito. Ayon sa isang dokumento ng U.S. Army:

“Mas mabuti para sa pangdaigdigang reputasyon ng E.U. kung ang mga rehimeng sinusuporta nito ay magpapakita ng mga prosesong demokratiko o kahit man lang mga palamuting demokratiko...”

Kaya't sa Pilipinas, pinakana ng diktadurang E.U.-Marcos ang huwad na pag-aalis ng batas militar, ang mga huwad na plebisito at eleksyon, ang huwad na parlamento na tinawag na Batasang Pambansa.

At ang "bagong republika". Bagong gimik upang ibenta ang luma at nabubulok na produkto.

*BAGONG MUKHA NG PASISMO.* Pundamental ang pasismo sa diktadurang E.U.-Marcos. Esensyal ito sa kanilang masugid ngunit walang-kahihinatnang pagsupil sa lumalakas na kilusan ng mamamayan para sa pambansang kasarinlan at demokrasya.

Sa ilalim ng "bagong republika", sinisistematisa ng rehimeng E.U.-Marcos ang pasismo sa burukrasya, sa hukuman at batas, sa lehislatura, sa edukasyon at kultura, at sa militar. Kasabay nito ang malaking kampanya sa panlilinlang upang pagtakpan ang pasistang halimaw na nakakubli sa likod ng mga "repormang demokratiko".

\*Nang huwad na alisin ang batas militar, pinagtibay ni G. Marcos ang *Public Order Act* at *National Security Code* na nagbibigay sa kaniya ng malawak na kapangyarihang ipaaresto at ipakulong ang sinumang mamamayan sa anumang dahilan.

\*Pagkatapos, katulong ang sunod-sunurang Batasan, binago ni G. Marcos ang ilang probisyon ng sarili niyang konstitusyon upang bigyan ng proteksyon ang kaniyang sarili at ang kaniyang mga alagad sa mga legal na aksyong umuusisa sa kanilang mga ginawa sa ilalim ng pormal na pag-iral ng batas militar at maging pagkatapos nito. Inamyenda rin ang konstitusyon upang palawakin ang kapangyarihan ni Marcos ng gumawa at ipatupad ang batas.

\*Pagkakuha ng "sariwang basbas" sa huwad na eleksyong presidensyal, nireorganisa ng diktador ang gabinete, ngunit hindi naman nagbago ang mga mukhang nasa puwesto, liban sa dagdag pang mga bata ng Kano.

\*Inaprobahan ang *Judiciary Act*, na lumusaw sa lahat ng korte maliban sa Korte Suprema, upang maging mas masunurin ang hukuman sa diktador at papasukin ang mas marami pa niyang alagad.

\*Pinag-isa ang 250,000 sundalo at 75,000 elemento ng *Integrated Commission for Home Defense Forces* sa ilalim ni Hen. Fabian Ver. Laging una sa prioridad ng diktadurang E.U.-Marcos, nakakuha ang militar ng P7.1 bilyon badyet sa taong 1981, maliban sa iba pang pondo na patagong inilipat sa militar.

Sa ganitong mga paraan binabago nang husto ang buong estruktura ng gobyerno at batas, at lalong pinalalakas ang militar upang bigyang-

daan ang mas grabeng pananalakay sa mga karapatang pang-ekonomiya at demokratiko ng mamamayan.

*PANANALAKAY SA MAMAMAYAN.* Sinasalakay na ng diktadurang E.U.-Marcos ang mamamayan sa lahat ng larangan:

\*Isinabatas ang *Cabinet Bill No. 45*, upang lalong supilin ang mga karapatan ng mga manggagawa at pagsamantalahan sila nang higit pa ng mga dayuhang monopolyo kapitalista.

Mas masahol pa ang batas na ito sa PD-823—mahigpit pa ring ipinagbabawal ang welga sa mga industriyang mahalaga sa mga imperyalista at itinatali ng mas maraming restriksyon ang karapatang magwelga. Sa kabilang banda, binibigyan ng batas na ito ang kapitalista ng lubusang kapangyarihang magsara ng pagawaan at magtanggap ng mga manggagawa, bilang sandata sa lumalakas na militanteng kilusang paggawa.

\*Malapit nang aprobahan ang *Education Act of 1980*. Binibigyan nito ang Ministri ng Edukasyon at Kultura ng malaking kontrol sa disenyo at nilalaman ng kurikulum. Tinatangka nitong linangin ang pasistang pag-iisip at kultura sa mga kabataan, katulad ng ginawa ni Hitler sa kabataan sa Alemanya.

Samantala, umiigting ang militarisasyon sa mga kampus habang itinataas muli ang matrikula. Napilitang umurong nang kaunti ang diktadura sa harap ng malakas na kahilingan ng mga estudyante para sa pagbabalik ng mga konseho at publikasyon ng mga mag-aaral. Subalit ang pamumuno nito’y inagaw ng mga alagad ng diktadura mula sa mga estudyante sa iba’t-ibang paraan.

Sa hanay ng mga guro, nagmamadaling nangako ang diktador ng pagtataas ng sweldo ng mga guro sa mga eskwelang publiko na nagbabantang magwelga, gayong hindi na ito maisisingit sa badyet, na ang kalakha’y nakalaan sa militar at imprastruktura. Subalit binantaan niya ang mga guro hindi sila dapat magwelga sapagkat sila’y mga empleyado ng gobyerno.

\*Mahigpit pa rin ang *sensura sa media*, lalo na sa mga malalaking diaryong hawak ng mga tuta ni Marcos. Hinahayaang lumabas ang mga progresibong publikasyon na maliliit ang sirkulasyon pero kapag nagkaroon ng pagkakataon, kinakaltas ang ilang artikulong tumutuligsa sa rehimen. Sa kabilang banda, tumitindi ang panggigipit sa mga peryodista, sa kanilang karapatang imbestigahan at ilathala ang katotohanan, tulad ng nangyari sa mga kaso ni Letty Magsanoc at Ador Reyes.

\*Lalong *minomonopolisa ang negosyo ng sasakyang pampasahero* sa pamamagitan ng sapilitang pag-“phaseout” ng mga dyipni at minibus sa

Kamaynilaan. 60,000 tsuper ang mawawalan ng trabaho. Dumating na ang 2,000 sa 5,000 bus na inangat ng gobyerno. Matatapos na rin sa 1984 ang *Light Rail Transport* sa kahabaan ng Taft Avenue, ang pangunahing linya ng dyipni sa ngayon.

\*Papalaking buwis, na karamiha'y ipinapataw sa patagong paraan katulad ng "Pag-ibig Plan," ang kumakain sa maliit nang kita ng karaniwang mamamayan, habang binababa ang mga taripa sa dayuhang produkto at buwis sa dayuhang negosyo.

\*Ang darating na *eleksyon ng barangay* at ang "kilusang kabuhayan at kaunlaran" ay mga pagtatangkang magtayo ng base ng mga ahente at alagan ng diktadura sa antas ng baryo sa pamamagitan ng mga espesyal na pribilehiyo at benepisyong pang-ekonomiya para sa iilan. Matatandaan ang mga organisasyon at mga "kilusang masa" ni Hitler na nakatuon sa paggamit ng ilang bahagi ng mamamayan laban sa buong mamamayan.

Ganito ang mukha ng "bagong republika." Sa likod nito'y ang katotohanan ng higit na pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayang Pilipino ng imperyalismong E.U. at mga lokal na kasabwat nito.

*PAGSULONG NG KILUSANG MASA.* Labis na ang pagdurusa ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng pasistang diktaduryang E.U.-Marcos. Subalit, sa pagsapit ng ika-siyam na anibersaryo ng diktadura, may dahilan sila para ikagalak.

Ang kilusan ng mamamayan para sa pambansang paglaya at demokrasya ay higit na lumawak at lumakas.

Sa loob ng walong taon ng batas militar, milyun-milyong magsasaka ang nagbalikwas. Nagwelga ang mga manggagawa sa daan-daang pabrika. Daan-daang libong estudyante ang lumahok sa kilusang protesta. Higit na dumami ang mga guro, nars at iba pang propesyonal na namulat sa kaapihan nila at ng buong bayan. Kay rami ng mga taong simbahan na nanindigan para sa mamamayang nakikipaglaban para sa kanilang karapatan.

Lumalim ang pag-unawa ng mga mamamayan sa ugat ng kanilang mga suliranin at sa landas na dapat nilang tahakin para makamit ang kalayaan, katarungan, kasarinlan at kasaganaan.

Sa Setyembre 21, 1981, ating sariwain ang mga tagumpay sa pakikibaka ng mamamayan laban sa pasistang diktadurang E.U.-Marcos. Kaalinsabay nito, ating patibayin ang lakas ng mamamayan laban sa bagong pananalakay ng rehimen, maging mapagbantay at buong-tapang na isulong ang pakikibaka sa mas mataas na antas.

ILANTAD ANG “BAGONG REPUBLIKA”, ANG BAGONG PAKANA  
PARA GAWING INSTITUSYON ANG PASISMO SA BANSA!  
LABANAN ANG PASISTANG PANANALAKAY SA MAMAMAYAN!  
ISULONG ANG PAKIKIBAKA NG BAYAN PARA SA PAMBANSANG  
KASARINLAN AT DEMOKRASYA.

Alyansa ng Bayan  
Setyembre 1, 1981

## FASCISM: TEAR GAS, TRUNCHEON AND MORE

It was simply dubbed as the March to Malacañang, Part III. But it will go down in history as a very revealing testimony to the Marcos Regime's undeclared war against its own people.

Last Friday, July 6, 1984, thousands of students once more trooped to the streets to bring their legitimate demands to the people and to the President himself. Faced with the worst economic crisis since World War II, the students are demanding, among others, for a halt to all school fee increases and the transfer of military budget to education. However, the government has its own way of answering the call – through the violent use of tear gas and truncheons. Jeepney-riding military commandos, lobbing tear gas in all directions, and with the support of truncheon-wielding anti-riot squads, efficiently dispersed the unarmed students who scampered for their lives. When the smoke of the battle cleared, most students and even innocent bystanders were injured. Some are missing... others in a state of shock.

To those who joined the march, it was indeed a very important lesson in fascism. The violent character of the Marcos regime could only be appreciated in its socio-historical context. It could be traced to September 21, 1972. With the declaration of Martial Law, Congress was closed. The mass media was muzzled. Strikes were banned. Political parties, progressive labor unions, militant students organizations and all other nationalist organization were demobilized. Ventilation of legitimate dissent was suppressed.

The rise of fascism in Philippine politics precisely represents the victory of the class fraction within the Philippine ruling class, which is sympathetic to foreign monopoly capital and committed to the export-oriented industrialization program for the country. Hence the concentration of power in the Marcos regime provided with the most favorable political atmosphere for the dominance of foreign investment in the economy. Fascism could never be explained without understanding imperialism. Such is the dynamics of the US-Marcos dictatorship.

However, state violence is not all there is fascism. The use of repression by the state through its coercive machinery – military and police forces – is only the aspect of fascist character of the Marcos regime. The other side of it is the propagation of its ideology of deception, couch in such slogans as "ISANG BANSA, ISANG DIWA."

The Marcos regime conveniently hides behind the facade of "national security." The primacy of the state over the individual is an essential element

of this doctrine. Hence, human rights could just as easily be sacrificed on the altar of national security. The suppression of the march to Malacañang speaks for itself.

Juxtaposed with fascism's iron fist is the velvet glove. The regime foists upon the masses a false consciousness which obfuscates their minds away from basic issues of inequality, poverty, dependence, and oppression. This deceptive ideology features authoritarianism as best suited to Philippine society in fostering economic development.

SAPUL opposes the continued propagation of a fascist ideology which justifies the suppression of our human rights. We condemn the use of state violence to quell legitimate protest actions. The Mendiola incident could only spur us all the more all the more to expose the fascist character of the Marcos dictatorship and the imperialist interests it serves.

--- SAMAHAN SA AGHAM PAMPULITIKA  
( S A P U L )  
September, 1984



## THE STATE AND FASCISM IN THE PHILIPPINES

By J. L. Sison

We define the terms state and fascism before we start to situate them in the Philippine context.

We are familiar with the state as the highest, most encompassing and most powerful social and political organization in our society. Its manifestation is the government with its executive, legislative and judicial agencies. We are also familiar with sovereignty as the most essential element or attribute of the state. However, as far as the Philippine state is concerned, sovereignty remains a mere formal concept, negated as it is by U.S. imperialist domination.

Under the concept of modern bourgeois democracy, which we learned from our political science courses, the state is presumed to be the repository of the sovereign will of the people rather than of divine will as it was thought to be in earlier epochs; and as such, it has the authority to exact obedience from the citizenry, without distinctions as to class, property, belief, etc., etc.—as an authority above all social classes.

When we examine the development of the state from a scientific viewpoint, what becomes evident is that it is in reality an instrument of domination by one class or a combination of classes that is in control of the material means of production of society or of the material base of society—its economy. It has been essentially an instrument of class coercion consisting mainly of the army, the police, the courts and the prisons.

The essence of the state as a coercive instrument becomes fully evident in the conflict of the exploiting and the exploited classes. Notwithstanding the existence of civil institutions (universal suffrage, etc., etc.) in an exploitative society, the coercive character of the state surfaces even when the exploited or the ruled classes struggle mainly for reforms; and it certainly comes out in extremely brutal forms when the ruling system by its own crisis is in the throes of collapse and the exploited classes rise up to undertake social revolution.

The State is the class dictatorship of the dominant or the exploiting class over the ruled or the exploited classes. The state has not existed from all eternity. Primitive society had no notion of the state or of state power. The state only came into being at a definite stage of the development of society when its economic base necessitated the cleavage of society into classes and that cleavage necessitated the development of the state.

The state arose from the need to keep class antagonisms in check and, at the same time, from the struggle between the classes. The state that emerges is that of the victorious class; of the class that has become economically dominant and because of the means offered by this dominance also acquired political dominance and thereby the means of oppressing and exploiting the vanquished class/classes (Read from 233 to 236: Origin of the Family...)

We see that the state is the product of a historical process. Each state of the development of the productive mode since the advent of civilization gives rise to a corresponding state structure which in turn revolutionizes the mode, begins to negate the structure and so on. (Slave state/slavery; feudal state/feudalism; bourgeois state/ capitalism; prolet/socialism).

The state is the class dictatorship of the exploiting class over the exploited classes—the ruling class/es over the ruled class/es. It is in response to the prior class dictatorship of the bourgeoisie that proletarian revolutionary parties in socialist and capitalist countries call for the dictatorship of the proletariat over the bourgeoisie while guaranteeing democracy for the people.

In its progressive stage of historical development, the bourgeoisie was responsible for the advance of modern democracy as they confronted the feudal state. But in the bourgeoisie's moribund stage, it retrogresses into the most backward and antidemocratic forms of rule. Thus, we have fascism as the product of a moribund bourgeoisie faced with a rising revolutionary movement of the people (the ruled classes).

Fascism is big bourgeois tyranny. In its European flowering, it is the open rule of terror by a monopoly bourgeoisie whose power is concentrated in the hands of an autocrat. As tyranny of the bourgeoisie, fascism originated in Italy in 1919 in the wake of World War I. Mussolini organized the Facisti to counter the rising working class movement and proposed the establishment of an autocratic system of government to defend the interests of the Italian capitalist class as well as the big landowning class under the banner of anticommunism and of recovering the lost glories of imperial Rome.

Mussolini came to power in 1922 with the support of the Italian exploiting classes and, of course, the army and police — the coercive instruments of these classes and of their state. The class character of the Italian capitalist state did not change. Only the democratic trimmings of the bourgeois state were rudely brushed away and in its place the despotism of Mussolini was installed, which meant control through outright military force or an open rule of terror combined with deception that necessitated the rigid curtailment of press freedom; regimentation of industry and finance in

favor of a monopoly bourgeoisie in support of the fascist autocrat; and the wholesale curtailment of individual freedom to safeguard state security.

From that time on, the term fascism has been applied to bourgeois autocracies and seemingly personal dictatorship that have arisen. Thus, it was applied to dictatorship of Hitler in Germany; Franco, in Spain; Salazar, in Portugal; and so on. The term has also become applicable to autocrats in the Third World today and who rule in the interest of the imperialists or the international bourgeoisie and the local exploiting classes in their service.

As they unleash naked force against the people, fascist dictators or autocrats utter incantations about some mythical golden past and promises of paradise. Thus, Hitler spoke of a superior Aryan race and national socialism (meaning the dominance of the German monopoly bourgeoisie) and a Third Reich — a new order that would last a thousand years.

### The State in the Philippines

The highest form of the state that developed in precolonial Philippines was the Sulu Sultanate. It was based on a patriarchal type of slavery and pre-feudal serfdom. It was ruled by a sultan whose authority to rule was a god-given prerogative deriving from his “divine” origins of lineage from Mohammed. The sultan was the head of a state system with a hierarchy of religious and lay personnel. He had a sizeable army and a fleet to maintain the rule of the slave owners, landlord and traders.

The colonial and feudal state established by Spain in the archipelago was an extension of the sovereignty of the Spanish monarch, which not unlike that of the Sulu sultan, was also presumed to be god-given. The colonial state had as its foundation the development of a feudal mode of production by Spanish lay conquistadores and by the friar and native landlords. At the peak of the colonial state authority, was the governor-general who derived his authority from the Spanish king. He imposed colonial authority through an army of Spaniards augmented by local conscripts.

The state was a theocracy—a union of Church and State—a extension of the feudal state in Spain. The colonial lay authorities combined with the friars in a relationship of check and balance. In practice, the friars became preponderant in the administration of local affairs as they also became feudal lords with extensive temporal holdings (property). The native principalia, who were retained as assistants in colonial administration, were limited to the level of *gobernadorcillo* and were practically mere acolytes of the friars.

The Philippine revolution of 1896 started the Filipino people on the

road to forming a nation-state independent of Spanish colonial power. A Filipino system of government and its main component, a Filipino army, was being formed in the process of revolutionary struggle by a nascent Filipino bourgeois intelligentsia leading the masses of peasants and the poor in Manila and other urban centers, including workers and artisans.

The state was to have been liberal democratic, as conceived by the revolutionaries of 1896, and had as its social basis the newly emergent native bourgeoisie—a class that arose from the rapid expansion of foreign and domestic trade based principally on feudal agriculture but in combination with some local manufacturing (tobacco, sugar, etc.) as well as in increased educational for the children of the native and mestizo landlords, merchants and other privileged classes in Spanish colonial society. This state was about to take full shape upon the defeat of the Spanish colonialists in 1898 and as a matter of fact it found its legal expression in the Malolos Constitution of 1899.

But U.S. imperialism launched a war of aggression against the Filipino people in 1899 and succeeded in overwhelming the fledgling Philippine state by destroying and disintegrating the Philippine revolutionary army and by coopting the liberal bourgeoisie, the local landlords and other propertied elements.

The US established its own colonial state, imposing US sovereignty on the Philippines and proceeded to transform the feudal mode of production into a semifeudal mode in the process of adapting it to the needs of U.S. imperialism. U.S. imperialism or monopoly capitalism was in a position to promote the rise of a local comprador big bourgeoisie, retain the landlord class and provide opportunities for the rise of bureaucrat capitalism through an expanded educational system and administrative bureaucracy.

While gradually giving positions to Filipinos in the national government, the U.S. governor-general and his subordinates made sure that policies from the US government were followed. The US had full control of the armed forces to maintain political control.

The new colonial power did not only have the prowess to overwhelm the Filipino people in an armed confrontation; it also had a mastery of bourgeois liberalism and the capability to coopt the liberal democratic ideology of the newly-risen Filipino elite that led the revolution of 1896 but whose economic base was weak, as indicated by its inability to solve the problem of feudalism in a comprehensive way. The US colonialists cultivated a pro-imperialist type of liberalism by conceding some liberal reforms short of respecting the sovereign rights and interests of the Filipino people.

It suited imperialist purposes to develop a semifeudal economy dependent on “free trade” (in more accurate terms, the unequal exchange of Philippine raw materials—mainly agricultural—and foreign (US) manufacturers). The US imperialists made direct and indirect investments to extract superprofits from the Philippines; and these investments were mainly trade-and-agriculture-related. The US colonial regime expropriated most of the friar estates but allowed Filipino landlordism to flourish. As the economy developed into semifeudalism, a comprador or mercantile big bourgeoisie gained political and financial ascendancy over the landlord class in general. The public school system was expanded and bred US clones to man the bureaucracy and the professions. Thus, US monopoly capitalism found accommodation with domestic feudalism and decadent bourgeois culture, with feudal patriarchy and clericalism.

Throughout the period of direct U.S. colonial rule, the popular demand for national independence and democracy could not be suppressed. In the 1930s the US conceded a 10-year transition to indirect rule. In 1935, a constitution was drafted and ratified, with all the trimmings of liberal democracy.

Eventually, the US granted nominal independence to its Philippine colony in 1946. The regime became semicolonial (i.e., substantially subservient to the US but nominally free) and was founded on a semifeudal economy (in other words, basically agrarian and dependent more than ever on the export of raw materials and the import of finished and semifinished products from the US). On the whole, the US retained its economic, political, military and cultural dominance in the Philippines.

To continue exercising its political control over a nominally independent state, the US retained its military bases in blatant transgression of Philippine sovereignty and territorial integrity; and made the Armed Forces of the Philippines dependent on US strategic planning, military supplies, indoctrination, intelligence and higher officer training. The US masterminded the suppression of the revolutionary movement of workers and peasants which had emerged from World War II.

The government of an ersatz Philippine state was passed on to a coopted bureaucracy of bureaucrat capitalists who represented the interests of the exploiting classes of big compradors and landlords but the US retained its strategic control of the main component of state power—the Armed Forces of the Philippines.

The illusion of national independence and democracy was maintained through electoral contests of politicians within a two-party system dominated

by the class interests of the big compradors and landlords. Through this system under US patronage, reactionary politicians became bureaucrat capitalists, using the power and facilities of the state to amass private assets in land and capital.

The US also retained strategic control and influence over the cultural and educational system. It has used all the major means of communication, information and education to promote an ideology of anticommunism which attacks the national democratic cause by misrepresenting it as communism.

Under the pro-US puppet republic that was established in 1946, the Marcos regime proved to be the most subservient to its US imperialist master, the most violent and the most corrupt. It has plunged the semicolonial and semifeudal society into new depths of crisis by intensifying the contradictions in this society and thus resulting in the resurgence of the anti-imperialist movement. The domestic crisis has combined with the vicious attempt of U.S. imperialism to shift the burden of its own crisis to its Philippine semicolony.

### Fascism in the Philippines

Philippine semicolonial and semifeudal society which is afflicted by US imperialism, feudalism and bureaucrat capitalism, is a society in chronic crisis. The U.S.-directed clique of compradors and landlords led by Marcos brought upon itself the more intensified crisis of 1970 to 1972 in an attempt to suppress the newly resurgent anti-imperialist movement that had begun to catch the people's imagination. Marcos seized upon the crisis and engineered a coup against the semicolonial republic by proclaiming martial law on September 22, 1972 and establishing an autocracy—a fascist dictatorship.

By using a position to which he had been elected within the ruling system, Marcos (much like Hitler did) unleashed the armed forces into which he had previously planted his loyalists in commanding position by declaring martial law under the commander-in-chief provision of the 1935 Constitution—interpreting this provision in such a way as to justify the concentration of absolute, unlimited and supreme executive, legislative and judicial power on his single person.

He raised the banner of anticommunism and national security, exaggerated the strength of the newly resurgent revolutionary movement (concocting a so-called "July-August Plan"), concocting assassination attempts against his person and other members of his clique by so-called Rightists and claimed to save the republic which he was in fact destroying.

To further rationalize his coup, he waxed eloquent about forming a new society while giving strong assurances to his \_\_\_\_\_ the U.S. government and multinational firms that the Philippines and the Filipino people was open to them for plunder as much as they pleased while pretending to engage in land reform which in fact proved to be a cover for the massive transfer of landownership to himself and to his cronies.

The democratic rights of the people were wantonly violated. All actual and latent opposition to the martial law regime were brutally suppressed. Workers, peasants, students, teachers, journalists, artists, other professionals, anti-Marcos politicians, businessmen, religious, etc. were arbitrarily arrested and detained, tortured and murdered.

Military campaigns were intensified in the countryside against the revolutionaries led by the CPP and the Muslim minority led by the MNLF. Workers were deprived of their right to strike and together with other urban poor were subjected to frequent zoning raids in urban communities.

Congress was padlocked, the judiciary castrated. The transfer of ownership and control of the mass media to Marcos relatives and dummies was accomplished through outright seizure by force; erstwhile allies like the Lopezes were dispossessed. All the political parties were banned; worse, the Constitutional Convention was coerced into making a constitution to Marcos' liking and advantage and he had this approved by imaginary citizens' assemblies in an atmosphere of terror.

The open rule of terror only meant that the crisis of the ruling system had reached a point that the ruling class could no longer rule in the old way. But under the new regime, the land problem has worsened as the fascists and foreign agribusiness corporation have been grabbing public and private lands and intensified their plunderous activities in the countryside. With the peasant masses being rapidly dispossessed and with the absence of industrial development to absorb the resulting surplus labor, social unrest and the armed struggle have spread and intensified.

**Miss Universe Pageant:** ginanap sa Pilipinas noong Hulyo 1974. Libo-libong maralitang tagalungsod ang hinaras para “mapaganda” ang Metro Manila.

**Monkees:** bayaring death squad ng pamahalaan na responsable sa pagpatay sa mga operatibang Huk at dahilan ng kaguluhan noong 1970 at 1971. Nagmula ang pangalan sa isang sikat ng Amerikanong rock group na nilikha bilang reaksiyon ng mga prodyuser sa telebisyon sa tinaguriang “British Invasion” o diminasyon sa US ng mga rock group mula sa Britanya, gaya ng Beatles, Rolling Stones, at The Who. Nakatutuwa ito dahil ayon kay Bonner (1987, 126), kinilala namang “Beatles” ang mga unit ng Huk. Gayumpaman, naririnig na ang grupong “Monkees” kahit noong kampanya ng eleksiyong 1969 (Seagrave 1988, 217).

**Movement for a Democratic Philippines:** binubuo ito ng malawak na alyansa ng may 50 pambansa-demokratikong organisasyon ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, estudyante, at propesyonal.

**Movement for the Advancement of Nationalism (MAN):** binuo noong Pebrero 1967 na may linyang anti-imperyalista at anti-piyudal.

**Movement for Free Philippines (MFP):** grupong anti-Marcos na nakabase sa US.

**New Scourge:** pantuya sa New Society.

**normalization:** nagtawag si Marcos ng cabinet meeting noong 11 Mayo 1973 para talakayin ang “measures towards normalization.” Nilikha ang MAC (PD 191)—kaya wala na si Enrile sa censorship. Nilikha din ang Department of Tourism (PD 189, May 11, 1973) para i-promote ang industriya ng Pilipinas, at National Defense College of the Philippines (PD 190 May 11, 1973). Ibabalik din sa Department of Foreign Affairs ang pag-screen sa mga aplikasyon ng travel documents (at alisin sa kamay ni Enrile).

**Oplan Sagittarius:** emergency plan para sa Mindanao; si Romeo C. Espino, AFP Chief of Staff, ang orihinal na nagplano. Kalauna’y kinonekta ito (halimbawa ni Aquino) sa napipintong pagdedeklara ng Martial Law (cf. Mijares 1976, 141-144).

**Oplan Mystique:** proseso ng reipikasyon kay Marcos. Marcos bilang “Tagapagligtas.”

**order of battle:** listahan ng mga aarestuhin; pinakauna si Aquino (Mijares 1976, 62)

**Palayan ng Bayan:** kasabayan ng Green Revolution (tignan). Bahagi ito ng inilunsad na programa ni Imelda sa panahon ng Martial Law sa dahilang itinuturing na prinsipal na tungkulin noon ang pagtataas ng agrikultural na produktibidad ng bansa (Magno 1998, 184). Target nito ang kultibasyon ng 130,000 ektaryang lupa para makalikha ng walong milyong kaban ng palay at mais.

**pamulinawen:** nakateyp na kanta ni Marcos kay Dovie Beams

**pelikula:** *Marked by Fate o Iginuhit ng Tadhana*, pelikulang ipinalabas para kay Marcos para sa eleksiyong 1965.

**Philippine International Convention Center (PICC):** proyekto ni Imelda para sa 1976 IMF-WB Conference; nagkahalaga ito ng \$150 milyon.

**Philippine Plaza Hotel:** proyekto ni Imelda para sa 1976 IMF-WB Conference pero hindi natapos sa takdang panahon.

**propaganda:** ayon kay Mijares, ang dalawang ito ay dalawang nakasisilaw na improbasyon ni Marcos sa propaganda: (1) rebelyon ng mga Muslim partikular ang kay Maas Bawang at ang “meeting in Luuk”; (2) Huk dissidence – Benjamin Sanguyo (Cmdr Pusa ng Central Luzon) at ang isyu sa NPA sa tulong ng MAC at DPI.

**Plaza Miranda:** (tingnan ang Mijares 1976, 145).

**Rolex 12:** tingnan ang entri na “twelve apostles.” Umano’y binigyan ni Marcos ang 12 taong ito ng relong Rolex. Inamin naman ng isa sa mga ito sa kalaunan na peke ang mga relo.

**sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan:** islogan sa ilalim ng Bagong Lipunan.

**Sandigang Bayan:** espesyal na korte na nilikha ni Marcos kasabay ng Tanodbayan bago matapos ang taong 1977 bilang patunay sa kampanya niya laban sa pangungurakot (Wurfel 1988, 137).

**San Juanico Bridge:** regalo kay Imelda para sa wedding anniversary; tinagurian ding “bridge of love.” Tingnan din ang “tortyr.”

**Save Gas:** islogan sa ilalim ng Bagong Lipunan.

**senatong:** pantuyang pantawag sa mga senador matapos mailabas ni Quintero ang payola scandal (Magno 1998, 134). Tingnan din ang “tonggresman.”

**sentralisasyon ng militar:** isa sa mga mekanismo ni Marcos bilang paghahanda sa pagdedeklara ng Martial Law. Sumangguni rin sa “mekanismo.”

**seven wise men:** inner group kumpara sa twelve apostle / Rolex twelve. Kinabilangan ito nina Marcos, Sec. Juan Ponce Enrile, Gen. Fabian C. Ver, Gen. Tomas Diaz, Gen. Alfredo Montoya, Gen. Romeo Gatan, at Col. Eduardo Cojuangco (Brillantes 1987, 40).

**slogan:** “Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan”

PLEDGES (seven-point reform program)

Peace and Order

Land reform

Economic Reforms

Development of New Moral Values

Government Reorganization

Educational Reforms

Social Reform

PROD, Presidential Regional Officers for Development

CODE, Coordinating Offices for Program Execution

Magkokoordina ang dalawang ito sa implementasyon ng PLEDGES

**Smiling Martial Law:** isa pang pantawag ni Marcos sa Martial Law.

**Superstition:** kilala si Marcos sa pagiging sobrang mapamahiin nito (Seagrave 1988, 82).

**Tagumpay ng Mahirap:** pelikulang ukol kay Macapagal na nilikha bilang tugon sa pelikula ni Marcos na *Iginuhit ng Tadhana*; dinirehe ni Lamberto Avellana, Eddie Romero, at Gerardo de Leon; Butch Josue (batang Diosdado), Robert Arevalo (matandang Diosdado) (Avellana et al. 1965).

**tanod:** barangay brigade.

**Tanodbayan:** opisina ng ombudsman na nilikha ni Marcos kasabay ng Sandigang Bayan bago matapos ang taong 1977 bilang patunay sa kampanya niya laban sa pangungurakot (Wurfel 1988, 137).

**tonggresman:** pantuyang pantawag sa mga kongresista matapos ibunyag ni Quintero ang payola scandal (Magno 1998,134). Tignan din ang “senatong.”

**tortyur:** **submarine**, paglubog ng ulo sa inodoro o timba; **zap-zap**, pagkoryente sa ari o utong ng tao; **water-cure**, pagbuhos ng tubig sa ilong ng tao hanggang sa halos malunod ito; **baggy**, paglagay ng plastic bag sa ulo ng tao; **buttstroking**, pagbugbog sa likod ng tao sa pamamagitan ng

riple; **telephone**, paghampas sa tenga sa pamamagitan ng palad; **Saigon roulette**, nagkakarga ng isang bala sa rebolber ang tagatortyur saka ipinapuputok sa binti ng tinortyur; **San Juanico Bridge**, pagpatong ng paa at ulo ng tinortyur sa dalawang magkahiwalay na kama saka pagbubugbog dito sakaling mamaluktot ang katawan (tingnan din ang entri na “San Juanico Bridge”) (Seagrave 1988, 248)

**transitory provision:** idinagdag ni Marcos sa draft charter ng concon nang isakatuparan ang PD 1081 na nangangahulugan na mananatili sa opisina ang incumbent habang binubuo pa ang bagong sistema ng pamamahala. Samakatwid, nalusutan pa rin ang pangako ni Marcos na hindi na siya tatakbo para sa ikatlong termino (Magno 1998, 137).

**twelve apostles:** kasingkahulugan ng “Rolex 12.” Kinapapalooban ito ng sumusunod na tao: Juan Ponce Enrile, Secretary, National Defense; Gen. Romeo Espino, Chief of Staff, Commander ng mga Major Service; Maj. Gen. Rafael Zagala, Commanding General ng Philippine Army; Maj. Gen. Fidel Ramos, Chief ng Constabulary; Maj. Gen. Jose Rancudo, Chief ng Air Force; Admiral Hilario Ruiz, Flag-Officer in Command ng Navy; Maj. Gen. Fabian Ver; Col. Ignacio Paz (na magiging Brig Gen.), Chief ng Intelligence, Joint General Staff; Brig. Gen. Tomas Diaz, First PC Zone; Col. Alfredo Montoya (na magiging Brig. Gen.), in Command ng METROCOM, Col. Romeo Gatan, Provincial PC Commander ng Rizal at Special Projects Officer; at Col. Eduardo Cojuangco, inirekol para sa aktibong serbisyo sa Armed Forces for Special Projects (Brillantes 1987, 37-38).

**war hero:** Lieutenant si Marcos sa Bataan noong WWII na umano’y nakatanggap ng mula 27 hanggang 33 medalya.

**Westinghouse Nuclear Power Plant:** pinakamatabang nag-iisang kontrata na napadpad sa Pilipinas. Umabot sa \$1.1 bilyon ang budget na umabot sa \$1.8 bilyon matapos ang ilang pagpuna sa kaligtasan at umabot sa \$2.2 bilyon noong 1984.

# APENDIKS II-6

## TIMELINE NG REHIMENG BATAS MILITAR MARTIAL LAW TIMELINE

Ihahanda ni  
Gonzalo A. Campoamor II

### 1962

John L. Austin. *How to Do Things with Words*.

### 1964

Nobyembre 30 Itinatag ang Kabataang Makabayan (KM).

### 1965

Enero Nagsimula ang pangangampanya para sa eleksiyon sa pagkapangulo. Ipinalabas ang pelikulang *Iginuhit ng Tadhana*. Tumulong si Imelda sa kampanya sa pamamagitan ng “Blue Ladies.” Nakuha din ni Marcos ang suporta ng Iglesia ni Kristo (Totanes 1988). Battle cry ni Marcos—“This Nation can be Great Again” (Mijares 1976).

Setyembre 28 Sumabog ang bulkang Taal. Umabot sa 2,000 katao ang namatay at nasira ang mga sityo sa paligid nito.

- Nobyembre 9 Tinalo ni Marcos si Macapagal para maging ikaanim na pangulo matapos ang digmaan. Pumangatlo lamang si Raul Manglapus ng Party for Philippine Progress. Naging pangalawang pangulo naman si Fernando Lopez. Itinalaga ni Marcos ang sarili bilang concurrent na kalihim ng National Defense (Brillantes 1987, 90)
- Disyembre 30 Sumumpa si Marcos, 48 taong gulang, bilang pangulo ng bansa, sa Luneta Grandstand. Dumalo ang Bise Presidente ng US na si Hubert Humphrey.

## 1966

- Itinayo ng Asian Development Bank (ADB) ang bago nitong punong tanggapan sa Maynila
- Pebrero Itinanghal sa Davao ang Philippine American Assembly sa pangunguna ng American Assembly at Philippine-American Society. Tinalakay ng 70 pinuno sa kalakalan, pinansiya, pamamahala, pamamahayag, at edukasyon ang mga mutwal na suliranin.
- Hulyo 14 Pinirmahan ni Marcos ang Vietnam Aid Law na nagtatakdang magpadala ang bansa ng Philippine military engineering battalion sa digmaan sa Vietnam. Naging kontrobersiyal dahil noong senador pa lamang siya, tutol si Marcos sa bill nito.
- Hulyo Muling sumiklab ang aktibidad ng Huk simula nang paslangin ang alkalde ng Candaba, Pampanga na pangulo din ng "Anti-Huk Mayors League" sa Pampanga. Isa ito sa 71 kaso ng pagpatay na may kinalaman ang Huk sa unang walong buwan ng 1966.
- Agosto Inaprobahan ng Kongreso ang 35 milyong pisong pondo para sa Philippine Civic Action Group (Philcag) patungong Vietnam.

- Setyembre Tumungo sa Vietnam ang unang contingent ng engineering battalion. Tumungo naman sa US sina Marcos at Imelda para sa isang opisyal na pagbisita.
- Setyembre 6 Administrative Order 21 na nagbibigay ng insentibo para makaakit ng mga dayuhang mamumuhunan. Malaki ang isinagawang pagpapaliwanag ng pamahalaan para iseguro sa taumbayan na ang mga negosyong dayuhan ay ipapailalim sa estriktong regulasyon (Magno 1998, 77). [Unang malinaw na manipestasyon ito ng pagsuway ni Marcos sa sarili at pagkain niya sa mga sinabi niya laban sa “decontrol” ni Macapagal.]
- Setyembre 14 Kinausap ni Marcos si Presidente Lyndon B. Johnson at ang Kongreso sa US. Nangako ang US ng 45 milyong dolyar na economic aid package.
- Oktubre 24-25 Idinaos ang Manila Summit kasama ang US, Australia, New Zealand, South Vietnam, Thailand, at South Korea. Kasama rin si Presidente Johnson na nangakong susuportahan ang kapayapaan at kaunlaran sa Asya partikular sa Vietnam. Nagdaos ng demonstrasyon ang KM, Unibersidad ng Pilipinas (UP), at Lyceum of the Philippines.

## 1967

- Pebrero 8 Binuo ang Movement for the Advancement of Nationalism (MAN) kalahok ang mga sektor ng guro, estudyante, magsasaka, at manggagawa, na naghihikayat na maging malaya sa pagsandal sa mga dayuhan lalo na sa US. May linya itong anti-imperyalista at anti-piyudal.
- Marso 16 Ipinasa ng Konggreso ang joint resolution 2 na nagtatawag ng concon.
- Mayo 21 Masaker ng Lapiang Malaya nang patungo silang Malacañang. Ikinulong sa National Mental Hospital ang lider na si Valentin de los Santos.



- Hulyo Nilikha ang METROCOM.
- Agosto 8 Itinatag ang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) kasama ang Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Thailand, at Singapore.
- Nobyembre Nanguna si Aquino sa eleksiyon sa pagkasenador. Dinomina ng Nacionalista Party ang eleksiyon.

## 1968

- Inistablisa ang Bangsa Moro Liberation Organization (BMLO).
- Inilathala ang *Rendezvous with Destiny* ni Benjamin Gray.
- Marso Kontrobersiya ng Jabidah Massacre.
- Mayo Ipinahayag ni Datu Udtog Matalam, dating gobernador ng probinsiya ng Cotabato, ang pagkakabuo niya ng Muslim Independence Movement (kalauna'y tatawaging Mindanao Independence Movement). Hindi niya talaga hinangad ang kalayaan kaya kalauna'y hiniling na lamang niya ang self-government sa loob ng isang sistemang pederal.
- Setyembre Isinampa ni Arturo Tolentino ang bill na nagtatakda sa Sabah bilang bahagi ng teritoryo ng Pilipinas. Isinabatas ito ni Marcos.
- Setyembre 11 Kaarawan ni Marcos. Pinalaya niya ang 166 bilanggo, kasama ang dating supremo ng Huk na si Luis Taruc na isang social democrat. Kasama rin sa pinalaya si Kamlon na nakita bilang gesture ng rekonsilyasyon sa mga Muslim.
- Nobyembre Binitawan ni Gen. Carlos P. Romulo ang pagkapangulo ng UP para palitan si Narciso Ramos bilang kalihim ng Department of Foreign Affairs (DFA). May kinalaman umano

ito sa pagkabigo ni Ramos na maangkin ang Sabah.

Disyembre 26 Muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (Communist Party of the Philippines o CPP) sa Gitnang Luzon sa teoretikal na pundasyon ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

## 1969

Marso 29 Nagsanib ng puwersa sina Joma Sison at Bernabe Buscayno, Kumander Dante, para itatag ang New People's Army (NPA) sa pamumuno ng CPP.

Hulyo 26 Bumisita si Nixon na nagsabing nasa kamay ng Asya ang sarili nitong seguridad.

Setyembre 10 Pagpapasinaya ng Cultural Center of the Philippines (CCP). Dumalo ang noo'y Gobernador ng California na si Ronald Reagan at asawa (Nancy) bilang kinatawan ni Nixon.

Nobyembre 11 Muling nahalal sina Marcos at Fernando Lopez sa kampanyang "Marcos means more rice; Marcos means more roads." Tinalo ni Marcos si Sergio Osmeña Jr. ng Cebu. Kinikilala ang eleksiyon na ito bilang isa sa pinakamapait, pinakamagastos, pinakamarahas, at pinakamaruming eleksiyon sa kasaysayan ng Pilipinas.

## 1970

Enero Dovie Beams scandal

Enero 23 Isinampa ni Sen. Pelaez ang Senate Bill No. 77 na nagsasaad ng eleksiyon ng 320 delegado sa Concon.

Enero 26 State of the Nation Address (SONA) ni Marcos sa Kongreso sa Legislative Building sa Maynila. Nagrali ang mga estudyante sa pamumuno ng National Union of Students of the Philippines (NUSP) at KM sa labas ng gusali. Nagkagulo nang lumabas si

Marcos patungong Malacañang. Marami ang nasugatan. Sa libro ni Brillantes (1987), dito nagsimula ang FQS.

- Enero 30 Bigo ang dayalogo sa pagitan ni Marcos at Edjop (NUSP) na humihiling ng non-partisan na concon at pangako ni Marcos na hindi na muling tatakbo sa halalan. Lumahok sa rali ang UP at Philippine College of Commerce (ngayo'y PUP) sa pamumuno ng mga guro (Magno 1998,144). Nagkagulong muli. Ibinangga ng mga estudyante ang isang trak ng bumbero sa Gate 4 ng Malacañang. Apat (Brillantes 1987 151) o anim (Totanes 1988) na estudyante ang namatay sa "Battle of Mendiola." Ayon sa press, ito ang hudyat ng simula ng FQS.
- Pebrero 1 Naglabas ng manipesto ang Movement for a Democratic Philippines na may pamagat na "Massacre at Mendiola" na nagsasabing makikintal sa kasaysayan ng bansa ang Enero 30 bilang araw na narealisa ng taumbayan na "wala nang natitirang legal na paraan para makamit ang mapayapang transisyon...tungo sa isang tunay na demokratikong lipunan."
- Pebrero 2 Manipesto ng KM na nagsasabing "the Marcos fascist puppet regime knows no bounds in suppressing people's democratic right."
- Pebrero 10 Ginawang Secretary of Defense si Juan Ponce Enrile na noo'y Secretary of Justice. Nakipagpulong si Marcos sa mga lider estudyante ng Movement for a Democratic Philippines.
- Pebrero 12 Malawakang demonstrasyon ng mga estudyante na kumokondena sa Mendiola Massacre. Ginanap din ang mga teach-in sa Plaza Miranda.
- Pebrero 18 Inatake ng mga 3,000 estudyante ang US Embassy matapos ang People's Congress sa Plaza Miranda. Nagpatuloy ang mga protesta at riot hanggang sa tag-init.
- Pebrero 27 Unang pampublikong pahayag ni Marcos tungkol sa Martial

Law o Batas Militar. Binanggit ni Marcos ang katagang “martial law” sa public speech sa taunang District Conference ng Rotary International District 380 (Brillantes 1987, 87). Babanggitin niya ulit ito sa talumpati sa Lion’s Club noong 20 Marso 1970 at sa talumpati niya sa magtatapos na klase ng Philippine Military Academy (PMA) noong 22 Marso 1970 (Brillantes 1987, 89). Ayon din kina Enrile at Espino, bukas na tinatalakay ni Marcos ang plano niyang gamitin ang emergency powers para remedyuhan ang sumasamang kalagayan sa kapayapaan at kaayusan (Brillantes 1987, 35). Nabuwag ang demonstrasyon ng mga estudyante sa US embassy.

Ni-raid din ang Philippine College of Commerce sa umano’y pagiging “prente ng makakaliwang mga gawain.”

- |           |  |
|-----------|--|
| Marso     | Unang lumabas ang peryodikal na <i>Government Report</i> .   |
| Marso 2   | Welga ng mga drayber ng jeep na nagdedemanda ng pagtaas ng pamasaha at katapusan sa pangongotong.  |
| Marso 3   | People’s march sa Maynila sa pangunguna ng Movement for a Democratic Philippines.  |
| Marso 17  | Martsa ng mga maralitang tagalungsod sa Maynila.   |
| Abril 5-7 | Malawakang protesta laban sa pagtaas ng presyo ng langis at riot ng mga estudyanteng anti-Amerikano.   |
| Mayo 1    | Araw ng Paggawa. Dineklara ni Marcos na naging mapagtimpi siya at hindi bumaling sa emergency powers niya na suspendihin ang writ o magpataw ng ML. Pero handa umano siyang gamitin ito. |
| Mayo 20   | Protesta ng mga estudyante at manggagawa laban sa pamahalaang Marcos at pakikialam ng US sa Vietnam.   |
| Agosto 24 | Naipasa ang Concon Act sa bisa ng RA 6132 (na nag-iimplementa ng joint resolution 2 ng Kongreso na ipinasa   |

noong 16 Marso 1967 na nagtatawag ng Concon.)

Nobyembre 10 Halalan sa 320 delegado mula sa 2,482 kandidato para sa concon na magrerebisa sa Konstitusyong 1935.

Nobyembre 26 Simula ng tatlong araw na bisita ni Pope Paul VI. Nabigo ang asasinasyon sa kaniya ng Bolivian na si Benjamin Mendoza.

Disyembre 29 Binuksan ni Lt. Victor Corpuz, guro ng agham pampolitika sa PMA at opisyal sa konstabularyo, ang armory ng PMA para sa mga rebeldeng NPA. Sumanib siya sa NPA. Class Baron ng PMA noon si Gregorio "Gringo" Honasan.

## 1971

Itinatag ni Nur Misuari ang Moro National Liberation Front (MNLF).

George Lakoff. "Presupposition and Relative Well-formedness." Sanaysay na bumabalikwas sa kilalang transformational grammar at criterion ng "well-formedness" ni Chomsky, na itinuturing noon na ultimate standard sa paghuhusga sa produksiyong lingguwistiko.

Itinayo ang Heart Center

Enero 1 Ipinahayag ng Price Control Council ang pagtaas ng presyo ng langis.

Pebrero 1 Diliman Commune na nagtagal nang tatlong araw (Totanes 1988) o siyam na araw (Brillantes 1987) matapos pasukin ng konstabularyo. Pagbarikada sa buong kampus. Kinuha ang estasyong DZUP at UP Press na naglathala ng *Bandilang Pula*. Ni-raid and DZUP nang iere ang mga teyp ni Dovie Beams. Pambansang strike ng mga drayber ng jeep sa pamumuno ng Pasang Masda bilang protesta sa pagtaas ng presyo ng langis.

Marso Pagtaas ng presyo ng langis. Ito umano ang dahilan ng pagkakaroon ng Diliman Commune (Magno 1998).

- Mayo 1 Masaker sa Kongreso. Napaslang si Liza Balandó, lider-manggagawa (EILER 1995, 250).
- Hunyo Manili Massacre. 70 lalaki, babae, at bata ang pinaslang sa isang Mosque sa Manili, Carmen, Cotabato ng mga Ilaga (daga) na itinatag ng mga alkalde. Bilang sagot, nagbuo ang mga Muslim ng grupong Barracuda.
- Hunyo 1 Pagbubukas ng concon sa Manila Hotel. Nahalal na presiding officer ang dating pangulong Carlos P. Garcia. (NB: Maaabutan ng batas militar ang concon). Habang nagtatalumpati si Marcos, 17 ang nag-walk out at tatlo ang sadyang hindi dumalo bilang protesta sa pakikialam at impluwensiya ni Marcos sa concon.
- Hunyo 11 Nahalal ang dating Pangulong Carlos P. Garcia bilang Presidente ng concon laban kay Tiofisto Guingona
- Hunyo 14 Namatay si Garcia sa atake sa puso. Pumalit sa kaniya si Macapagal na nagwagi laban kina Raul Manglapus at Jesus Barrera.
- Agosto 21 9:13 n.g., pagbomba gamit ang dalawang granada sa Plaza Miranda. Nasugatan ang mga kandidato sa pagkasenador na sina Jovito Salonga, John Osmeña, Eddie Ilarde, Ramon Mitra, at Eva Estrada Kalaw at mga senador ng oposisyon na sina Sergio Osmeña Jr. at Gerardo Roxas. Ito rin ang gabi na sana'y ipapahayag ni Rogelio Roxas ang ukol sa mga nalalaman niya hinggil sa Golden Buddha.
- Agosto 22 Pinirmahan ni Marcos ang pagsususpende ng pribilehiyo ng writ of habeas corpus (Proclamation No. 889).
- Agosto 23 4 n.g., nito lamang ipinahayag ni Marcos ang suspensiyon ng pribilehiyo ng writ of habeas corpus.
- Agosto 24 Ipinahayag ni Marcos na ipapataw ang Batas Militar kung magpapatuloy ang atake ng mga "komunista."

- Setyembre 1 Inilipat sa Philippine Navy ang Sangley Point Naval Station.
- Setyembre 16 22 delegado ang nagsampa ng concon Resolution No. 3167 na nagsasaad ng “no presidential reelection and anti-dynasty proposal” (Brillantes: 53). Matatalo ang proposal sa botohan ng kumbensiyon, 131-155 (Brillantes 1987, 54).
- Oktubre 10 Sa programa sa telebisyonong *Meet the Press*, tinuligsa ni Marcos ang pagkilos na “ban Marcos” sa concon.
- Nobyembre 7 Eleksiyon para sa Kongreso o eleksiyong Senatoryal. Naipanalo ng Partido Liberal ang anim sa walong upuan, na umano’y dulot ng simpatya ng tao.
- Disyembre 1 Sinuportahan ng Korte Suprema ang suspensiyon ni Marcos ng pribilehiyo ng writ of habeas corpus sa kasong *Lansang v Garcia*.

## 1972

- Enero 6 Nakipagpulong si Marcos sa 40 piling delegado ng concon, kasama ang sa kalauna’y magiging kontrobersiyal na si Quintero.
- Enero 7 Inalis ni Marcos ang suspensiyon sa writ (Brillantes 1987) dahil na rin sa patuloy na mga rali at demonstrasyon laban sa suspensyon.
- Enero 12 Ibinalik ni Marcos ang pribilehiyo ng writ of habeas corpus maliban sa mga nakadetina na (Totanes 1988). Nagsimula na rin ang “Ilokanisasyon” ng militar nang iniretiro niya ang 18 heneral, 20 koronel, at 13 tenyente koronel para iluklok ang mga kakilala niya. Naging kalihim ng national defense si Enrile, na natalo sa halalan sa pagkasenador.
- Pebrero 10 Kinausap si Quintero ni Marcos na humihingi ng suporta laban sa proposal na ban Marcos. Sinabi ng huli na kaya

niyang magdeklara ng batas militar at wala namang magagawa ang concon.

- May 19                      Quintero Expose/Payola Scandal. Ibinunyag ni concon delegate Eduardo Quintero ng Leyte, isang sakiting 72 taong gulang na retiradong diplomat, na tumanggap siya at iba pang delegado ng pera mula kay Marcos. Nagsimula pa umano ito noong Marso 1971 at bilang kapalit gagawin nila ang gusto ni Marcos. Sa kabuuan ay tumanggap umano siya ng P11,150 (Magno 1998, 133-134).
- Mayo 31                     Itinanggi ni Marcos ang expose ni Quintero. Ni-raid ang bahay ni Quintero ng mga ahente ng NBI na nakadiskubre ng P379,320, umano'y payoff money para sa expose.
- Hunyo                        Ayon kay Mijares (1976), ganito pa lamang kaaga ay nais na ni Imelda na maging pangulo ng Pilipinas. Ito umano ang dahilan ng pag-aaway ni Marcos at ni Imelda sa isang pribadong yate.
- Hunyo 4/5                    Operasyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa pagkadiskubre ng M/V Karagatan sa Palanan Isabela. Hulyo 2 pa ito sa libro ni Mijares (1987).
- Hulyo 7                        Bumoto ang concon na gawing parlamentaryo ang presidensiyal na anyo ng pamahalaan.
- Agosto 19                    Sa **desisyong Quasha** ng korte suprema, napatunayang ilegal ang lahat ng pribadong agrikultural na lupa na pag-aari ng mga Amerikano mulang 1946 hanggang 1974. Dagdag pa rito ang napagpasyahan ng korte suprema sa **Lusteveco Decision** na lahat ng kompanya sa sektor ng ekonomiya ay reserbado para sa mga Pilipino lamang, at hindi puwedeng maging direktor at top management personnel ang mga dayuhan.
- Setyembre                    Ang mga miyembro ng Korte Suprema na hindi pa nagreretiro (o hindi pa napapalitan ng mga mahistrado na sumasang-ayon



sa batas militar), kasama na ang mga mas mababang hukom, ay ipinagbitiw sa tungkulin na itatago lamang ni Marcos kung sakaling kailanganin sa kalaunan (Wurfel 1988, 133).

- Setyembre 2 Sa isang panayam sa telebisyon, kinompirma ni Marcos ang pagkakaroon ng “July-August” terror plan ng CPP-NPA. Kabilang umano dito ang asasinasyon sa kaniya at sa iba pang opisyal.
- Setyembre 5 Binomba ang Joe’s Department Store.
- Setyembre 10 AFP Loyalty Parade. Binalaan ni Marcos ang mga komunista na “gumagamit ng dahas para sapilitang makalimutan ng mayorya sa taumbayan ang kanilang tradisyon at kultura.”
- Setyembre 11 Dalawang bomba ang sumabog sa main office ng Manila Electric Company; Privilege Speech ni Concon delegate Voltair Garcia ukol sa tumataas na antas ng militarisasyon sa bansa.
- Setyembre 12 Pulong ng National Security Council sa Camp Aguinaldo.
- Setyembre 13 Dineklara ni Marcos sa midya na maaari niyang gamitin ang kapangyarihang batas militar. Na-predict ng militar ang patuloy na pagbobomba. Pulong ni Marcos kasama ang “twelve apostles” sa Pangarap Park Malacañang. Halos gabigabi mula nito ay magpupulong sila hanggang Setyembre 21.
- Setyembre 15 Sa privilege speech ni Aquino, sinabi niyang ipinabatid sa kaniya ng mga batis sa AFP ang tungkol sa Oplan Sagittarius (Totanes 1988). Sa libro ni Mijares (1976), Setyembre 20. Kay Seagrave (1988) at Brillantes (1987), Setyembre 13. Ito diumano ay ang planong kontrol ng Philippine Constabulary (PC) sa buong bansa at hudyat ng simula ng batas militar (Brillantes 1987, 155).

- Setyembre 16 Ibinunyag ni Marcos na nakikipagpulong ang LP sa CPP para sa isang planong konsolidahin ang kanilang puwersa sa propaganda, logistics, at suportang armas.
- Setyembre 17 Ayon kay Marcos, ipinasya niyang ibaba ang ML.
- Setyembre 19 Dine-classify ni Marcos ang report ni Enrile na nakipagpulong si Aquino kay Joma Sison.
- Setyembre 20 Nakipagpulong si Byroade, embahador ng US, kay Marcos. Dalawang bomba ang sumabog sa Quezon City Hall, lugar ng Concon. Nakipagpulong si Marcos sa Armed Forces general staff, kasama si Enrile, Justice Secretary Vicente Abad Santos, at Solicitor General Estelito Mendoza. Humihiling ang armed forces ng emergency powers (batas militar) para maisaayos ang lumalalang siwasyong pangkapayapaan.
- Setyembre 21 Pinirmahan ni Marcos ang Proclamation No. 1081. Sa isang kumbensiyon ng mga historyador, sinabi ni Marcos na pinirmahan niya ito noon pang 17 Setyembre. Pinaniniwalaang pinalitan lamang ni Marcos ang petsa para makaangkop sa paniniwala nito sa mga numero. "Save the Republic and Build a New Society" (Mijares 1976)
- Setyembre 22 Diumano'y inambush ang convoy ni Enrile bandang 8:45 n.g. (Mijares 1976) o 8:10 n.g. (Brillantes 1987, 156). Noong 1986, matapos ang pag-aaklas sa buwan ng Pebrero, inamin ni Enrile na pakana lang ang nasabing ambush. 9:00 n.g., clearance ni Marcos na ipatupad ang batas militar. Umabot sa 53 (senador, konggresista, delegado ng concon, estudyante, at mamamahayag) ang inaresto nang gabing iyon. Pinadlak ang mga estasyon ng radyo at telebisyon.
- Setyembre 23 Kabilang sa mga naunang inaresto sina Aquino (12:10 n.u. sa Manila Hilton), Diokno, at Mitra, mga pablisar na Joaquin Roces at Teodoro Locsin, mga mamamahayag na Max Soliven, Luis Beltran, at Amando Doronila, at brodkaster na Jose Mari Velez. News blackout. 8 n.g., pormal na ipinahayag

ni Marcos na inilalagay ang bansa sa ilalim ng Martial Law simula 9 n.g. ng 22 Setyembre.

- Setyembre 24 Nagpadala ng kinatawan si Marcos sa mga base militar ng US para iseguro sa mga ito na hindi naman gaanong maaapektuhan ng batas militar ang mga base.
- Setyembre 25 Inisyu ni Marcos ang PD 1 na Integrated Reorganization Plan
- Setyembre 27 Dineklarang land-reform area ang buong Pilipinas sa pamamagitan ng PD 27. Nagpadala ang American Chamber of Commerce ng komunikasyon kay Marcos na bumabati ng “success in your endeavors to restore peace and order, business confidence, economic growth...We assure you of our confidence and cooperation in achieving these objectives.”
- Oktubre 1 Araw ng pagpapatupad ng 150% pagtaas sa buwanang batayang sahod ng lahat ng opisyal ng AFP (mula 2<sup>nd</sup> Lt. hanggang Heneral).
- Oktubre 21 Inatake ng may 1,000 na nagpakilala bilang Mindanao Revolutionary Council for Independence ang Marawi. 75 katao ang patay. Sinimulan na rin ni Nur Misuari at ng kaniyang Bangsa Moro Army (BMA) ang operasyon sa Sulu, Cotabato, at Zamboanga. Inisyu ni Marcos ang Presidential Decree No. 27 (land reform program).
- Nobyembre 29 Inaprobahan ng concon (wala ang 11 miyembro na nakakulong na) ang bagong konstitusyon. Kinonstitusyonalisa nito ang mga atas ni Marcos sa ilalim ng batas militar sa Transitory Provisions (Brilliantes 1987, 55)
- Disyembre 7 Tangkang pagpatay kay Imelda sa isang awarding ceremony. Nagsampa ng petisyon sa korte suprema si Charito Planas ukol sa hindi pagiging konstitusyonal ng PD 73 o plebisito sa 10-15 Enero para aprobahan ang konstitusyon. Isa lamang

ito sa napakaraming pagsasampung hinggil sa kikilalaning  
“kaso sa plebisito.”

- Disyembre 8 Petisyon ni Pablo Sanidad
- Disyembre 11 Petisyon nina Gerardo Roxas  
Petisyon ni Eddie Monteclaro  
Petisyon ni Sedfrey Ordonez
- Disyembre 12 Petisyon nina Vidal Tan  
Petisyon nina Jose Diokno at Benigno Aquino
- Disyembre 14 Petisyon ni Jacinto Jimenez  
Petisyon ni Raul Gonzales
- Disyembre 16 Petisyon ni Ernesto Hidalgo
- Disyembre 17 Iniutos ni Marcos na pansamantalang suspindehin ang mga epekto ng batas militar (hanggang 7 Enero 1973) para malayang makapagdebate ang mga tao ukol sa panukalang konstitusyon.
- Disyembre 23 Inanunsyo ni Marcos ang pagsuspende sa plebisito sa 15 Enero 1973.
- Disyembre 27 Nakipagpulong si Marcos sa korte suprema sa Malacañang
- Disyembre 31 Ipinalabas ni Marcos ang PD 86 na nagtatakda sa citizen's assembly bilang isang institusyong politikal (Magno 1998, 175) o pagkonsulta sa taumbayan ukol sa mga katanungang pampubliko. Nakaiwas sa usapin ng plebisito.

## **1973**

- Enero Unang paggamit ni Marcos ng salitang “barangay” (Mijares 1976, 98).

- Enero 3           Iniutos ni Marcos na patayin si Lim Seng sa pamamagitan ng firing squad. Nasaksihan ito sa telebisyon. Ito ang una at huling pagbibitay sa pamamagitan ng firing squad. Inilathala sa *Bulletin Today* ang mga katanungan sa Citizens' Assembly.
- Enero 7           Inanunsiyo ni Marcos sa radyo at telebisyon ang pagbawi sa limitadong debate ukol sa panukalang konstitusyon. Inisyu ni Marcos ang General Order No. 20 na nagpopormalisa ng pagpapaliban ng plebisito.
- Enero 8           Nagsimulang makipagpulong ang mga gobernador at alkalde sa mga kapitan at lider komunidad para sa mekaniks ng Citizens Assembly.
- Enero 10          Inilathala ang mga dagdag na tanong sa diyaryo
- Enero 11          Anim pang dagdag na tanong ang inilathala sa diyaryo
- Enero 10-15      Sa bisa ng PD 73 (Brillantes 1987, 57), ginanap ang reperendum sa pagpapatibay ng bagong konstitusyon sa pamamagitan ng citizen's assembly. Ginanap ito sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay ng mga residenteng may edad 15 pataas. Ituturing na korum na ang 20% na paglahok.
- Enero 15          Mosyon ni Vidal Tan sa korte suprema na huwag munang ianunsiyo ang resulta ng reperendum sa dahilang ilegal, walang bisa, at walang saysay ito.
- Enero 17          Pagdinig ng korte suprema sa kasong ratipikasyon. Ipinahayag ni Marcos sa pamamagitan ng Proclamation 1102 na niratipikahan na ng citizen's assembly ang bagong konstitusyon.
- Enero 22          Takdang pulong ng 8<sup>th</sup> session ng konggreso. Hindi pinapasok sa session hall sina Senador Roxas, Padilla, Salonga, Laurel, Mitra, at Kalaw sa dahilang nagdesisyon ang "taumbayan" na huwag nang magpulong ang konggreso sa bisa ng

reperendum noong 10-15 Enero. Desisyon ng korte suprema na nagbubuwag sa mga petisyon sa mga “kasong plebisito.”

Abril 24 Itinatag na ang National Democratic Front (NDF), political arm ng CPP na inatasang bumuo ng alyansa sa mga militanteng grupo.

Mayo Inilunsad ni Marcos ang Masagana 99. Programa ito na magpapautang sa mga magsasaka para bumili ng lupa. Binuwag ang inisyal na sistemang sensorship pero napalitan naman ng sistema kung saan si Marcos mismo ang na-iisyu ng mga lisensiya sa midya kada anim na buwan (Wurfel 1988, 123).

May 11 Nagtawag si Marcos ng pulong ng gabinete noong 11 May 1973 para talakayin ang “mga hakbang tungo sa normalisasyon.” Nilikha ang Media Advisory Council (MAC) sa pamamagitan ng PD 191—kaya wala na si Enrile sa sensorship. Nilikha din ang Department of Tourism (PD 189) para itaguyod ang industriya ng Pilipinas, at National Defense College of the Philippines (PD 190). Ibabalik din sa Department of Foreign Affairs ang pag-aaral sa mga aplikasyon ng travel documents (at alisin sa kamay ni Enrile).

Hulyo 27 Ikalawang reperendum sa kung sang-ayon ang taumbayan na magpapatuloy si Marcos bilang pangulo nang lampas sa 1973. Sa ulat ng pamahalaan, 90.7% ang bumoto ng “yes.”

Agosto 27 Hindi kinilala ni Aquino ang militar na tribunal na maglilitis sa kaniya.

Nobyembre Nakatakdang buwan ng eleksiyon sa pagkapangulo pero hindi natuloy dahil sa deklarasyon ng batas militar.

## 1974

Napili ang Pilipinas bilang host ng 1976 IMF-WB conference. Dalawang taon ang magiging paghahanda para dito para maging imahe

ng estabilidad, kaunlaran, dinamismo, at kagandahan ang bansa. Ayon sa libro ni Mijares (1976), nangahulugan ito ng pagtayo ng 14 na 5-star hotel para sa 6,000 kalahok pero dalawa lang ang natapos at 3,000 lang ang dumating.

- Pebrero Sinunog at inokupahan ng MNLF at BMA ang Jolo sa loob ng dalawang araw. Higit sa 10,000 katao ang nawawala. Hindi naglaon ay muling nakuha ang Jolo.
- Marso Lumantad ang Japanese straggler na si Lt. Hiroo Onoda, 52, sa Lubang Island sa Mindoro. Inalok siya ni Marcos ng general amnesty.
- Marso 17 Pinawalambisa ng korte suprema ang lahat ng petisyon dito na kumikuwestiyon sa konstitusyonalidad ng batas militar.
- Mayo 1 Ipinagtibay ng rehimen ang bagong labor code. Nagsaad ito na bawal ang welga, bawal ang mangalap ng pondo para sa welga, sapilitang arbitrasyon at iba pang kontra-manggagawang probisyon (EILER 1995, 253)
- Hunyo Ginanap sa Marawi City ang unang Filipino All-Muslim Congress.
- Hulyo 3 Natapos ang parity rights amendment ng Laurel-Langley Trade Act. Samakatwid, bawal nang mag-ari ng lupa at kumuha ng yamang kalikasan ang mga Amerikano. Ipinasya ni Marcos na huwag munang galawin ang status quo sa loob ng isang taon.
- Hulyo 21 Miss Universe sa Pilipinas. Ayon sa pamahalaan, kumita ng P117 milyon ang ginastos nitong P40 milyon.
- Agosto 24 Ni-raid ng militar ang Sacred Heart Novitiate ng mga Heswita sa Novaliches sa paghahanap kay Joma Sison. 21 katao ang inaresto at idinitene, kabilang si Fr. Jose Blanco.

- Setyembre Desisyon ng korte suprema na sumusuporta sa pagbababa ni Marcos ng batas militar (Brillantes 1987, 35).
- Setyembre 1 Sagot sa raid, pinetisyon ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) kay Marcos na tapusin na ang Martial Law. Pinamunuan ni Cardinal Sin ang mga Katoliko sa isang public prayer.
- Setyembre 11 Iniutos ni Marcos ang pagpapalaya kay Diokno.
- Setyembre 16 Opisyal na ipinakilala ni Marcos ang 12 tao (Rolex 12) na sinabihan niya sa balak niyang pagbababa ng batas militar noong 1972 ilang araw bago ito pirmahan (Brillantes 1987, 37-38).
- Setyembre 20-  
Oktubre 2 Binisita ni Imelda ang People's Republic of China. Kinita niya ang mga pinuno nito kasama na si Mao para kilalanin ng pamahalaang Pilipinas ang pamahalaan ni Mao. Ayon kay Bonner (1987), hindi si Mao ang kinita ni Imelda kundi ang asawa lamang nito na si Chiang Ching.
- Setyembre 21 Presidential Decree No. 557. Kinilala ni Marcos ang sistemang barangay. Dineklara rin niya ang 21 Setyembre, anibersaryo ng Martial Law, bilang Barangay Day.
- Oktubre 1 Pinirmahan ni Felicisimo Macapagal, secretary-general ng PKP ang memorandum of cooperation kay Marcos para diumano isulong ang kumon na tunguhin.
- Nobyembre 9 Matapos ang 18 buwan, hinati ang MAC para maging Print Media Council at Broadcast Media Council sa pamamagitan ng PD 576.
- Nobyembre 14 Sinimulan ni Eugenio Lopez Jr. ang hunger strike na sinundan ni Sergio Osmeña bilang protesta sa matagal nilang detensiyon sa salang tangkang pagpatay kay Marcos.



- Disyembre 11 Inanunsiyo ni Marcos sa telebisyon ang pagpapalaya sa 622 bilanggo—bagaman 475 lamang sa mga ito ang bilanggong politikal (Wurfel 1988, 124).
- Disyembre 17 Nag-isyu ng menipesto ang isang grupong ekumenikal (karamihan ng miyembro’y protestante) sa pamumuno ni Senador Jovito Salonga na nananawagang alisin na ang batas militar at ibalik ang kalayaan sa pamamahayag (Wurfel 1988).

## 1975

Nilegalisa ni Marcos ang sugal.

Naging isponsor ang Pilipinas ng “Declaration against Torture” na inampon ng General Assembly ng United Nations.

- Enero 11 Nagkakaisang inaprobahan ng Association of Major Religious Superiors in the Philippines (AMRSP) ang isang menipesto na humihiling ng 90 araw na malayang diskusyon bilang paghahanda sa reperendum (Enero). Nakasaad din dito ang paghiling nila na pamahalaan ang reperendum ng kagalang-galang at walang kinikilingang grupo (Wurfel 1988).
- Pebrero 20 Ipinahayag ni Primitivo Mijares sa isang press conference sa San Francisco ang depeksiyon niya sa pamahalaang Marcos. Napunta rin sa US Congress ang kaso niya laban kay Marcos.
- Pebrero 27 Ikatlong reperendum kung sang-ayon ang taumbayan sa pamamaraan ng pagpapamalas ng kapangyarihan ni Marcos sa pag-isyu ng mga dekreto at proklamasyon, at kung nais nilang magpatuloy si Marcos. Ayon sa pamahalaan, 87.5% ang bumoto ng “yes.” Orihinal na nakatakda ang reperendum na ito nang Enero 1975, pero ipinagpaliban sa 27 Pebrero dahil na rin sa mga pagbatikos dito lalo na sa kakulangan ng panahon para makapagtalakay (Wurfel 1988, 120)

- Abril 4 Simula ng 40 araw na hunger strike ni Aquino bilang protesta sa pagsasailalim sa kaniya sa military tribunal.
- Hunyo Bumisita si Marcos sa China para pormalisahin ang relasyon dito.
- Hunyo 17 Nagsimulang tumestigo si Mijares sa US Congress.
- Hulyo Presidentila Decree 757. Pinagsama-sama ang pitong iba't ibang ahensiya ng gobyerno para maging National Housing Authority na mag-aasikaso sa lahat ng aktibidad sa publikong pagpapabahay.
- Setyembre Binuwag ni Marcos ang mahigit sa 2,000 na opisyal, kasama ang mga miyembro ng gabinete, hepe ng mga bureau, mga mahistrado, mga piskal, at iba pa dahil umano sa pakikipaglaban niya sa katiwalian. Gayumpaman, madidiskubre sa kalaunan na karamihan sa mga tinanggal ay retirido na o kaya nama'y patay na. Hindi kaya nama'y wala lamang sapat na koneksiyon ang mga aktuwal na sinibak (Wurfel 1988, 137).
- Oktubre 24 Welga ng mga manggagawa sa La Tondena Inc. Unang lantarang paghamon ito sa diktadura (EILER 1995, 254-255). Pagkawasak sa pasistang diktadura sa siyudad (Sison at de Lima 1998, 123). Hinuli ang mga welgista. Sumaklolo ang mga progresibong madre at pari kaya nabigyan ng publisidad. Hudyat din ito ng muling pagbangon ng kilusang welga (EILER 1995).
- Nobyembre 6 Sumumpa si Imelda bilang gobernador ng Maynila. Kabilang sa board ng bagong likhang Metropolitan Manila Commission ay isang gobernador, isang bise gobernadora, at tatlong komisyoner. Dito mag-uulat ang mga mayor sa kamaynilaan. Nagsisilbi rin itong hudyat ng kung sino ang papalit kay Marcos, Imelda o Enrile. Matatalaga si Ismael Mathay, Jr. bilang Assistant to the Governor o Vice Governor noong Pebrero 1979.

Nauna nang responsable si Imelda sa pagpapatayo ng Folk Arts Theater (FAT) at Heart Center, at Miss Universe at labanang Ali-Frazier (na ayon sa mga teknokrata ni Marcos ay hindi naman planado talaga).

## 1976

Nilikha ang Civilian Home Defense Force (CHDF).

Inatasan ng Roma si Archbishop Jaime Sin bilang Cardinal—pinakabata sa kasaysayan ng Roma (Wurfel 1988, 219).

Taon kung kailan matatapos ang termino ng lahat na binotong opisyal. Kaya pinaniniwalaang pinagseserbisyonan nila ang presidente. Pinag-aralan ng Department of Local Government and Community Development ang mga ginawa ng mga lokal na opisyal. Pagsapit ng 1977, 31 alkalde at gobernador, at 400 konsehal ang tinanggal at hinalinhan ng mga presidential appointee (Wurfel 1988, 139).

- Pebrero Pinirmahan ang kontrata sa nuclear power plant.
- Abril Lumabas ang libro ni Mijares. Kinamkam ang mga kopya nito at walong buwan ang makalipas, nawala si Mijares at nakita namang patay ang anak niya.
- Agosto 26 Nadakip si Bernabe Buscayno, Kumander Dante, sa Mexico, Pampanga. Ipinahayag na nadakip na rin noong Hulyo pa si Lt. Victor Corpuz, Kumander Dencio.
- Setyembre 2 Inisyu ni Marcos ang PD No. 991 na nagtatawag ng pambansang reperendum sa Oktubre 16.
- Setyembre 10 Nilikha ni Marcos ang Batasang Bayan (Legislative Advisory Council) sa pamamagitan ng dekreto. Nagpulong ito makaraan lamang ang kulang-kulang dalawang linggo. Kinabibilangan ito ng mga miyembro ng gabinete, 91 miyembro ng executive committee ng Association of Local

Councils, at mga miyembrong “maaaring pag-atasan ng pangulo paminsan-minsan,” gaya ng mga delegado ng Kabataang Barangay. Naging miyembro din si Imelda, gobernador ng Maynila. Si Marcos ang nagpadaloy ng pulong. Pinaniniwalaang nilikha ito ni Marcos dahil na rin sa pangamba niya na mapuna ng internasyonal na komunidad na walang lehislative institusyon, napipinto pa naman ang pulong ng IMF sa Pilipinas sa susunod na buwan (Wurfel 1988, 128).

Oktubre                    Ginanap sa Pilipinas ang pulong ng board of governors ng IMF at WB. Ginawa ang Philippine International Convention Center (PICC) sa reclamation area para lamang dito. Gayundin ang Philippine Plaza Hotel na hindi naman natapos.

Oktubre 12                Binuwag ng Korte Suprema ang mga petisyon na kumikuwestyon sa bisa ng PD 991.

Oktubre 16                Ikaapat na referendum sa bisa ng PD 991 at PD 1033 (Brillantes 1987, 62) kung sang-ayon ang taumbayan na magpatuloy ang Martial Law (at manatili si Marcos kung gayon) at plebisito sa siyam na amendment sa konstitusyon kabilang na ang amendment na nagpapahintulot sa paglikha ng Batasang Pambansa (National Assembly). Iniulat ng pamahalaan na 86.7% ang bumoto ng “yes.” Pinakakontrobersiyal sa mga amendment ang ika-6 na nagsasabing: “Whenever in the judgement of the President (Prime Minister), there exists a grave emergency or a threat or imminence thereof, or whenever the interim Batasang Pambansa or the regular National Assembly fails or is unable to act adequately on any matter for any reason that in his judgement requires immediate action, he may, in order to meet the exigency, issue the necessary decrees, orders or letters of instruction, which shall form part of the law of the land.” Pinaniniwalaan din na sa halip na magdulot ng patuloy na lehitimasyon, unti-unti umanong kinaiinisan ng publiko ang simbolikong “konsultasyon sa sambayanan.” (Wurfel 1988, 121). Ginamit ding paraan ang referendum (plebisito) na ito para mapalitan ang Batasang Bayan ng bagong interim

na asamblea na tatawaging Batasang Pambansa o tinatawag ding “Legislative Council” para maipag-iba sa “National Assembly” (Wurfel 1988, 129).

Nobyembre Binisita ni Imelda ang Libya sa imbitasyon ni Col. Muammar Khadafy/Kaddafi. Pokus ng usapan ang gulo sa Mindanao.

Disyembre 23 Pinirmahan ang Tripoli agreement sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas, MNLF, at secretary-general ng Islamic Conference. Nananawagan ang kasunduan ng tigil putukan sa Mindanao at awtonomiya ng 13 probinsiya rito. Hindi pa natukoy dito ang nilalaman ng awtonomiya.

## 1977

Tinatayang umabot na sa 70,000 na Pilipino ang nakukulong simula nang ideklara ang batas militar dahil sa kanilang politikal na akdtibidad o paniniwala (Wurfel 1988, 124).

Ibinalik ni Marcos sa lokal na ehekutibo ang bahagi ng impluwensiya sa pulisya. Ayon kay Wurfel, marahil ay bumubuo lamang si Marcos ng politikal na mga tagasunod bilang paghahanda sa eleksiyong 1978 para sa IBP (Wurfel 1988, 142).

Marso Ipinahayag ng BIR ang plano nitong imbestigahan, at kasuhan kung kinakailangan, ang humigit-kumulang 200 milyonyong tumatakas sa pagbayad ng buwis.

Hunyo Interbyu ni Aquino kay Marcos na tumagal nang dalawa't kalahating oras.

Agosto 22 Ipinahayag ni Marcos ang amnestiya sa mga “subersibo” at inalis ang travel ban at curfew sa ilang estableng lugar.

Setyembre Sa isang ambush, pinatay ng mga MNLF si General Bautista at mga kasamahan nito sa Sulu. Nagtapos ang tigil-putukan dito. Nanumbalik ang malawakang labanan (Wurfel 1988, 161).

Oktubre Eskapo nina Geny Lopez at Serg Osmeña na tumungo sa US.

Nobyembre 10 Ipinahayag ng pamahalaan ang pagkahuli kay Joma Sison.

Nobyembre 25 Hinatulan ng kamatayan ng military commission si Aquino, at mga kapuwa akusado na Buscayno at Corpuz sa salang paglabag sa Anti-Subversion Law at iba pang kaugnay na pagpatay. Pero, dahil umano sa pagkahalal kay Carter, hindi natuloy ang pagbitay.

Bago matapos ang taon, ipinahayag ni Marcos ang paglikha niya ng Tanodbayan, o ombudsman, at ng Sandigang Bayan, na isang espesyal na korte para sa mga kaso ng pangungurakot. Kapuwa pinahihintulutan ng konstitusyong 1973 ang dalawa (Wurfel 1988, 137).

## 1978

Taon kung kailan na-harrass si Imelda sa US Congress

Pebrero Inirehistro ni Marcos ang isang bagong partidong Kilusang Bagong Lipunan (dahil na rin sa galit niya sa lumang sistemang politikal o hindi kaya'y sa kawalan ng mga partido sa panahon ng Martial Law—kaya nga nagpasya na ang LP, noong 3 Pebrero, sa pamumuno ni Jovito Salonga at Gerry Roxas na huwag makilahok sa itinuturing na walang kuwentang proseso. Gayumpaman, kinabibilangan din ito ng mga politikong mula sa lumang sistema (Magno 1998, 177). Pero ilang mga miyembro ng Partido Liberal ang makikilahok sa eleksiyon para sa IBP sa pamumuno ni Aquino at tiket na LABAN o Lakas ng Bayan, bagaman sa 21 na puwesto lamang ng Maynila (Wurfel 1988, 131).

Marso 23 Lumabas ang isang komentaryo ng pangunahing kolumnista na si Ernesto Granada sa *Times Journal* na nagsasabing “The observation of many is that the New Society has not cleansed the bureaucracy of undesirables...Indeed, [a] purge should start with...the cabinet” (Wurfel 1988, 137).

- Abril 6 Malawakang noise barrage sa Maynila bilang suporta sa oposisyon sa IBP (LABAN). Ayon kay Sison (nasa Sison at de Lima 1998, 123), naganap ito sa gabi ng eleksiyon. Ang orihinal na panawagang limang minutong pag-iingay ay tumagal nang buong gabi. Tinawag naman itong “riot” ni Marcos (Wurfel 1988, 132).
- Abril 7 Eleksiyon para sa Interim Batasang Pambansa. Unang pambansang eleksiyon ito simula nang ibaba ang batas militar. Sa pamumuno ni Aquino na nasa kulungan, bumuo ang oposisyon ng Lakas ng Bayan o Laban, na may kumpletong 21 kandidato para sa Maynila. Dalawang beses nang ipinangako ni Marcos ang eleksiyon na ito na dapat ay noon pang Marso 1977 at Agosto 1977 ginanap. Napilitan si Marcos na isulong ang eleksiyon dahil na rin sa umabot na sa internasyonal na publiko ang hinggil sa mga paglabag niya sa karapatang pantao at dahil na rin sa panggigipit ng Kongreso ng US sa kaniya (Wurfel 1988, 129).
- Abril 8 Resulta ng eleksiyon. Kilusang Bagong Lipunan, 187 seats, Pusyong Bisaya, isang semi-opposition party, 13 seats. Sa Maynila, lahat ng 21 seats sa pangunguna ni Imelda ay nakuha ng KBL.
- Abril 9 Malawakang protesta sa pandaraya sa eleksiyon. Pinamunuan ni Lorenzo Tanada, chairman ng LABAN, ang martsa ng 600 katao. Kasama sa mga inaresto matapos nito sina Tanada, Aquilino Pimentel, Francisco Rodrigo, at Teofisto Guingona na kinasuhan ng sedisyon (Wurfel 1988, 132).
- Mayo 2 Bumisita si USVP Walter Mondale para isulong ang kalayaan at demokrasya.
- Hunyo 12 Pagpapasinaya sa IBP (“move for normalization”) at isinumpa si Marcos bilang Prime Minister ng asamblea dagdag sa posisyon niya bilang pangulo. Isang bagong parliamentary building ang itinayo para dito. Nilikha rin ang Ministry of

Human Settlements at itinalaga si Imelda bilang minister kaya nagkaroon ng cabinet rank si Imelda.

Ipinahayag rin ni Marcos ang succession decree na nagsasabing kung sakaling mamatay siya o hindi makagampan ng tungkulin, papalit na PM ang deputy PM at papalit na pangulo ang speaker ng asamblea. Walang binanggit si Marcos sa papalit sa deputy PM na si Imelda ang ipinipilit ng KBL (nasa sa Bresnan 1986, 97).

Hunyo Inestablisa ang Human Development Mutual Fund na mas kilala sa pangalang PAG-IBIG.

## 1979

World recession na dulot ng pangalawang oil shock. Krisis sa Pilipinas na bunga ng pagbagsak ng internasyonal na pamilihan para sa mga eksport ng bansa. Lumaki ang pangungutang ng rehimen para mabayaran ang dating utang.

Ebidente sa itsura ni Marcos sa telebisyon na mayroon itong karamdaman. Pinaniniwalaang ang dahilan ng mga sugat, ng namamagang mukha, at ng kakaibang itsura ng mga daliri ay ang systemic lupus erythematosus.

Enero 7 Inamendahan ang US military bases agreement. Nangako ang US ng 500 milyong dolyar sa Pilipinas sa loob ng susunod na limang taon. Dahil sa amiyendang ito, sumuporta ang MFP ni Manglapus sa armadong pakikibaka.

Mayo 7 Assembly election sa dalawang Muslim region. Binoykot ito ng mga sumusuporta sa MNLF. Nakuha ng KBL ang lahat ng puwesto.

Mayo 7- Hunyo 1 United Nations Conference on Trade and Development (UNCTAD) sa PICC.



Oktubre 28 Naglabas ng resolusyon ang simbahan na nagdedemanda ng katapusan ng Martial Law.

Nobyembre Ipinatigil ni Marcos ang paggawa sa nuclear power plant ng Westinghouse Electric Corporation sa Bataan na nagkakahalaga ng 1.1 bilyong piso.

Disyembre 24 Inaresto si Eduardo Olaguer, pangulo ng *Business Day*, na inakusahang mastermind ng Light-a-Fire Movement, na may kinalaman sa pagsabog sa Sulo Hotel, Floating casino sa Maynila, at mga Rustan's Department store, mga pag-aari ng mga Marcos o ng crony nito.

## 1980

